?? : ???????? ???? (?x?)

by Mastah_K

Completed


MASTAH_K
FAVORITE
Girl
A WATTPAD NOVEL

Table of Contents

1. CHAPTER 1
2. CHAPTER 2
3. CHAPTER 3
4. CHAPTER 4
5. CHAPTER 5
6. CHAPTER 6
7. CHAPTER 7
8. CHAPTER 8
9. CHAPTER 9
10. CHAPTER 10
11. CHAPTER 11
12. CHAPTER 12
13. CHAPTER 13
14. CHAPTER 14
15. CHAPTER 15
16. CHAPTER 16
17. CHAPTER 17
18. CHAPTER 18
19. CHAPTER 19
20. CHAPTER 20
21. CHAPTER 21
22. CHAPTER 22
23. CHAPTER 23
24. CHAPTER 24
25. CHAPTER 25
26. CHAPTER 26
27. CHAPTER 27
28. CHAPTER 28
29. CHAPTER 29
30. CHAPTER 30 - ? ???

31. CHAPTER 31
32. CHAPTER 32
33. CHAPTER 33
34. CHAPTER 34
35. CHAPTER 35
36. CHAPTER 36
37. CHAPTER 37
38. CHAPTER 38
39. CHAPTER 39
40. CHAPTER 40
41. CHAPTER 41
42. EPILOGUE
43. SPECIAL I
44. P.U

CHAPTER 1

SHARA JANE

TIRADOR NG MGA BEBE GROUP CHAT

Pogandang Iris
Wassap mga bugok, ano na? bukas na.

Bugok na keyboard
Narcissist, ganda ka? nakakadira ka. Sino nagpalit ng pangalan ko?!

Pogandang Iris
Galit ka na naman, ako nagpalit bakit? papalag ka? papalag ka? sampalin kita.

Bugok na keyboard
Bwesit ka, wag ka magpapakita sa akin!

Axel pangit
Alam ko naman hindi ako kagandahan, bakit kailangan nyo pa ipamukha?

Sj cutie
Anong meron bukas?

Bugok na keyboard
Bobo babe, klase na bukas!

Sj cutie
Ay ou nga, sorry na at ba't ka galit. Papasok pala tayo? ?

Axel pangit
Siguro? ?

Pogandang Iris
Ou o hindi? Wag nalang? ?

Sj cutie
Shuta BAHAHAHAHAHAHAHAHAH.

Bugok na keyboard
Wag ka na pumasok Iris, wala ka rin naman natututunan sa school at puro lang kalibugan alam mo.

Axel pangit
Ooooooo ?

Pogandang Iris
Ulol, kasalanan ko ba at maraming nagkakagusto sa akin? porket wala sayo, galit ka agad.

Bugok na keyboard
Ewwww fckgirl ka. ?

Axel pangit
Tagtuyot, may didiligan.

Pogandang Iris
Hays, ako lang to. Swerte naman ng magiging jowa ko.

Sj cutie
Ay shala sksksk.

Bugok na keyboard
Nakakadiri, kinikilabutan ako sayo. Siguro kahit ikaw nalang natitirang hayop sa mundo hindi parin kita jojowain.

Pogandang Iris
Hindi talaga kasi wala rin akong balak ligawan ang isang bugok na tulad mo.

Bugok na keyboard
Mas bugok ka!

Sj cutie
Pota kayo BAHAHAHAHAHAHAHHAA

Axel pangit
Kailan kaya kayo titino. ????

Pogandang Iris
Pag nagkajowa ka na. Uy, balita ko maraming magagandang chikas jan sa PU ??

Sj cutie
Nugagawhen?

Axel pangit
May kikiringkingin. ?

Bugok na keyboard
Baka bukas may babae na agad yan, pustahan.

Pogandang Iris
Tapos balita ko nasa PU yung quadruplets nag aaral ngayon na mga Ponferrada. ?

Sj cutie
Langya naman ng emoji mo riri BAHAHAHAHHAHAHAHAHAHAHA.

Axel pangit
Ang tanong Ri, mapapansin ka kaya?

Bugok na keyboard
hays, kaya ikaw babe mag ingat ka. Marami pa naman mabilis ma attach sayo dahil jan sa ugali mo.

Sj cutie
Ha? Hakdog aah aah.

Axel pangit
??

Pogandang Iris
Tangenang yan HAHAHAHAHAHAHA.

Axel pangit
Landian lang daw walang jowaan.

Sj cutie
Sus, kabalbalan nyo.

Pogandang Iris
May problema ako :(

Axel pangit
Sige Ri push mo yan, support kita.

Bugok na keyboard
Walang may pakialam Iris.

Sj cutie
yeeee BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH

Bugok na keyboard
Y U C K!

Pogandang Iris
Maka yuck ka, akala mo talaga di ako pinatungan. ??

Axel pangit
HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA

Bugok na keyboard
Ulol, pakyu madafakah.

Sj cutie
Oh baka mag LQ na naman kayo. Sige na matutulog na ko, goodnight girls.

Bugok na keyboard
Goodnight babe.

Pogandang Iris
Wet dreams. ???

Axel pangit
Gage ka ri, ????

Sj cutie
Gege, see you tomorrow.

*

Kinaumagahan ay maaga akong nagising dahil sa tunog ng alarm clock, pagtingin ko sa oras-shit! It's still 6am in the morning. Agad ko hinanap ang phone upang padalhan ng mensahe ang mga kaibigan.

Sj cutie
Morning girls, may pasok na ba?

Pogandang Iris
Baliw ka ba, topic natin yan kagabi. Goodmoaning. ?

Sj cutie
Ay, naalala ko na. ?

Bugok na keyboard
Goodmorning babe, papasok ba kayo? wag na?

Axel pangit
Nasa school na ko.

Sj cutie
Gago? ang aga mo naman ata? ?

Pogandang Iris
Orientation lang naman meron ngayon. Sige, tapos bar tayo mamayang gabi.

Bugok na keyboard
Lasenggera!

Pogandang Iris
Inaano na naman kita, aga-aga badtrip ka na dear.

Axel pangit
Bilisan nyo na, 8 am mag start ang orientation.

Bugok na keyboard
K.

Sj cutie
May regla ka ba ?

Bugok na keyboard
Wala, na bu-bwisit lang ako kay Iris,

Sj cutie
BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH

Pogandang Iris
Luh, inano kita?

Bumangon na ako at inayos ang kama bago naligo at inasikaso ang sarili. Simpleng outfit lang suot ko at hindi naglagay ng make up dahil di ko na yun kailangan. Well, konting pulbos lang okay na yun.

"Good morning baby," bati ni mommy sa hapag habang nagbabasa ng newspaper at kakapr.

"Good morning po, where's Dad?" tanong ko, wala kasi si papa at di ko alam kung saan na naman nagpunta.

"Maaga umalis, bukas pa uuwi." hindi na ako nagtanong kung saan nagpunta at sanay na rin ako kahit wala sila.

"Excited ka na ba sa bago mong papasukan?" tanong ulit ng ina ko habang abala ako sa kakalamon ng pagkain.

"Hmm medyo." tipid kong sagot.

"I'm sorry mom, kailangan nyo pa tuloy lumipat dahil sa akin." sabi ko.

"It's fine anak, para sa ikabubuti mo rin naman to. I'm really happy at may mga tapat kang kaibigan, para mo narin mga kapatid yon." napangiti ako sa kanyang sinabi, mahal ko mga yun kahit mga siraulo.

Pagkatapos kumain ay agad akong nagpaalam sa kanya at hiniram ang kotse ni dad, wala pa kasi ako sariling kotse kata hiram na lang muna sa ngayon. Sa totoo lang excited ako, ano kaya magiging buhay namin sa bagong school?

I checked my wrist-watch and it's already 7:01am, mabuti walang traffic kaya madali lang ako nakarating. Sobrang namangha ako pagpasok ng school dahil sa lawak at ganda ng paaralan.

Dumiretso ako sa parking lot at halos wala ng space sa sobrang dami ng mga sasakyan, puro pa sports cars!

All I can say is "WOW" sobrang ganda!

"Baaaaaaaaaaaabe!" shit! muntik pa ako mapatili dahil sa pag gulat ni Kb.

"Tangena kb!" bulyaw ko at pinitik ang noo nya.

"Aww babe, masakit!" nakangusong reklamo nya kaya agad ko syang niyakap at hinalikan sa noo. "I'm sorry for scaring you." sabi pa nya. Kahit maloka tong si Kb ay siya ang pinaka sweet sa aming apat.

Wala siya pakialam kung nasa public kami o wala. She's the type of person na gagawin kung ano ang gusto nya.

"It's fine, so where are they?"

"Nauna na sa registrar para kunin ang schedule natin." hinawakan nya ako sa kamay at kinaladkad upang sunduin ang dalawang ugok na nasa registrar.

Parehong kurso kinuha naming apat. BSBA kinuha namin, di ko alam bakit yan din kinuha nila kung di naman talaga yun ang gusto nilang kurso.

"S!" tawag ni Iris at tumatakbong papalapit sa amin.

"O, schedule mo." agad ko kinuha ang schedule ko at nagpasalamat.

"Gago! daming magandang chikas akong nakita! hindi talaga ako nagkamali sumama mag-aral dito. May humingi pa nga ng number ko, poganda ko kasi masyado." tumaas ang mga kilay namin ni Keyboard

dahil sa sobrang hangin nitong kaibigan namin.

"Malamang binigay mo, malandi ma diba?!" isar na sumbat ni keyboard. Jusko 'tong dalawang to talaga, di ko alam kung may something sa kanila e.

"Syempre! grasya na lumapit hihindi pa ba ako?" mayabang nitong sagot kaya nasapak sya sa ulo ni keyboard.

Bago paman sila mag bardagulan ay pumunta na kaming auditorium para sa magaganap na orientation.

.
.
Several Hours later.

"Sayang, wala ang quadruplets tsk." kanina pa to si Iris panay reklamo, ano ba meron sa quadro at ata na atat siya makita.

"As if naman mapansin ka ng mga yun. High standards and maintenance mga tulad non, hanggang pangarap ka nalang duh!" pagmamaldita ulit nitong katabi ko. Natawa nalang kami ni Ag dahil sa bangayan nilang dalawa.

"Hmm we'll see about that keyboard " sagot nya kasabay ang pagkindat.

We decided to go home first since maaga pa para mag bar. 8pm usapan namin at 5pm palang so may time pa ako matulog.

*

Nagising ako bandang 7pm. I decided to prepare my clothes and take a shower para makaalis na. Matapos maligo ay nag bihis na ako, I'm wearing a white cropped top shirt and maong short shorts with matching white shoes para comfortable.

Simple lang ako, I like oversized shirts at hindi ko rin hilig ang maglagay ng make up sa mukha. Wala talaga akong plano magsuot ng ganito tonight but since pinilit ako nong tatlo ay wala na akong nagawa.

I'm a boyish type of girl at mas prefer ko yung tomboy style outfits pero straight talaga ako. Sa pananamit lang ako hindi straight.

-

Pag pasok ko sa bar marami ng mga tao. Grabe 8pm palang yan ha? sobrang dami ng tano, ano pa kaya namaya? Siguro babaha ng mga tao dito. Hinanap ko agad table nila KB at di nag tagal nakita ko rin naman kaya diretso ko na silang nilapitan. Nasa may bandang dj box pala table na napili nila.

"Hoy!" sigaw ko sa kanila dahil sa lakas ng tunog. Grabe ha, di man lang ako hinintay at nag unahan na sa pag inom.

"Babeeee!" salubong ni kb sa akin dahil abala sa usapan ang dalawa.

"Anong iinumin mo babe?" tanong nya.

"Kahit ano, wag lang beer." I said at agad

nitong tinawag ang waiter para umorder.

Lumalalim na gabi at parami na ng parami ang mga tao sa bar. 11:45 na at exact 12 midnight may event na magaganap which is BODY SHOTS!!

Medyo marami narin ang na inom naming apat. Hindi pa naman ako nalalasing, matagal ako malasing pag hindi beer. Pero itong dalawang babaeta nasa harapan ko may pagka tipsy na.

"Good evening, dear guests! Are you ready for tonight's event?!" sigaw ng Dj kanina na ngayon ay may hawak ng mic.

"So, for tonight, each table should present two participants for our body shots event. Para may twist, ipapares kayo sa katabi nyong table! Are you ready?!" aniya at lumakas ang hiyawan ng mga tao.

"Now, please choose your people at umakyat dito sa stage. Lahat kayo kailangan mag participate at ang tatanggi ay x10 ang babayaran. Hindi lang yun, lilinisin nyo rin ang mga kalat sa bar." tanginang yan at mukhang na scam pa customers.

"Eww babe, hindi ako sasali! pero ayaw ko maglinis!" reklamo agad ni keyboard sa akin.

"K and S, please kayo nalang, nahihilo na talaga ako." pabor ni Ag,

What the freak? mapapasubo pa ata kami ni keyboard ngayon since kami lang medyo nasa tamang pag iisip pa.

"Hays, fine! but you have to treat us tomorrow!" wala naman kami ibang choice, ayaw ko rin maglinis no!

"What?! Me?! magbabayad nalang ako, kahit x100 pa yan!" kulang nalang manaksak tong si keyboard sa sobrang gigil habang nakatingin sa dj,

"Sus, tara na!" sagot ko.

"Ayaw ko! baka manyak pa maging partner ko. Alam mong kinasusuklaman ko mga lalaki." pagma maldita nya sabay krus ng mga braso.

Chineck ko naman agad katabi naming table at nakitang puro babae rin sila. Hindi ko lang masyado maaninag mga mukha since sobrang dilim sa side nila.

"Look, walang lalaki sa kabilang table so you'll be fine." sabi ko sabay turo sa kabilang table. Wala na siyang nagawa kundi tumayo at sumunod sa akin.

"Alright! Kumpleto na lahat ng participants natin tonight. Here, we prepared a roulette to spin. Simple lang gagawin, kung saan nakatutok ang arrow-doon nyo ilalagay ang tequila." nilabas ang roulette na sinasabi nya kasabay ang hiyawan ng mga tao.

Tangena amp, sana lang talaga masakto sa hindi medyo sensual na part mapili ko.
After explaining, nagsimula ang event at hinihintay nalang namin ni Kb turn namin.

Grabeng hiyawaan ng mga tao kada body shots na nagaganap. Napapalunok nalang ako sa mga nakikita ngayong gabi, unang beses ko makasali sa ganitong event kaya kinakabahan ako-lalo na't hindi ko rin alam kung sino magiging partner ko.

Why am I being nervous? I don't know why pero shit! ang lakas ng kabog ng puso ko.

Matapos ang mahabang paghihintay ay ngayon oras na namin ni kryboard para umakyat ng stage.

"Okay! these are our last participants! table 68 and 69, please come up on stage." the heck? 68-69?

I heaved a sigh and mentally slapped my face.

Habang paakyat ng stage ay hindi ko alam bakit ang lakas ng kabog ng puso ko like shit, parang sasabog. I don't know if it's because of nervousness or excitement, tsk hays bahala na si spiderman.

Nasa stage na kami ni keyboard at hinihintay nalang namin ni keyboard mga pares na makaakyat. Nakayuko lang ako habang nilalaro ang mga daliri kasi di talaga ako mapakali.

"Wow! we have twins here at hindi lang basta-basta dahil sobrang gaganda nila?" after sabihin ni dj yun ay mabilis akong nag angat ng ulo. And there, I saw a very beautiful woman.

Ang gaganda nilang dalawa pero mas malakas ang karisma nong partner ko!

The woman standing in front of me was wearing a perfect sexy backless dress with a perfect shape of face and body. She has a long straight hair, matangos ilong, singkit ang mata na sobrang bumagay sa mukha nya tapos ang labi nito na parang hugis puso.

All I can say is that, she's so freakin perfect! kahit na naka poker face lang sya ay hindi yn nakakabawas sa taglay niyang kagandahan. Let's say, mas nagmukha pa itong attractive sa mga mata ko.

Pota amp! she caught my attention. Am I turning Gay now? pero straight ako? pero okay lang din kung sa kanya ako mabaliko? willing po ako maging bakla lord.

"Wooooooooo!!" hiyawan ng mga tao, kami lang ata puro babae partners.

Tinignan ko yung partner ni keyboard at ang ganda rin bwakinangsheyt!

Binalingan ko ang katabi na ngayon ay nakanganga. Langya naman tong si keyboard, sana lang wag nya kaming ipahiya na dalawa.

"You might catch a fly." bulong ko sa kanya sabay sara ng medyo nakaawang nyang bibig.

"Wooohooo, go Sj! go Kb!" biglang sigaw ng dalawang bruhiltang kaibigan namin.

"Okay ladies, go to your partners and spin the roulette. After that, you decide kung sino ang lalagyan ng tequila at gagapang rawr!" inang dj, parang tanga naman to. Ang mga tao naman ngayon todo sigawan na.

Una nag spin sila keyboard at ang bruha maswerte kasi sa leeg ang gagawin nila.

Hiyawan dito hiyawan doon mga tao.
Si keyboard ang uupo at lalagyan ng tequila while her partner naman bigla syang pinaupo sa single chair at kumandong sa kanya, tangena!

Gusto kong matawa kasi kung kanina todo arte sya at mukhang diring diri, ngayon naman ang bruha abot langit ang ngiti.

Habang binubuhos ng partner ang tequila, si keyboard panay kagat na sa labi nya at biglang napatingala at takip ng kanyang mukha sa biglang pagsunggab ng babae sa kanyang leeg. Una nitong dinilaan at sinipsip habang ang mga kamay ay nasa bandang dibdib ni keyboard.

Kaloka! ang pula ng mukha ni keyboard pagkaalis ng babae sa kandungan nya!

Langya, IT'S OUR TURN!!

Tinawag kami at lumapit sa may roulette, yung partner ko na mismo nag spin and to my surprise... Holy bloody hell! We'll do the freakin shot sa tiyan?!

Grabeng hiyawan ng mga tao kasi since earlier wala pa nakagawa nito. Narinig ko naman todo cheer mga bobitang kaibigan ko. Great!

"So ladies, who will be the top and bottom?" fuck! feeling ko lahat ng dugo ko umakyat sa ulo ko.

Double meaning kasi yun. Hindi agad ako makagalaw at salita kasi di ko rin alam sinong top at bottom sa amin. Nagulat ako nang bigla may humila sa siko ko at itulak pahiga sa table kung saan nakalagay ang mga tequila.

Wow, aggressive Mommy.

Natukod ko ang magkabilang siko sa table. Grabe naman this girl at walang pa warning. Excited ang mga nanonood pero mas excited ako sa gagawin nya.

Ay shit! ako ba bottom dito? ?

May lumapit sa amin at inabutan kami ng kalamansi. Tumaas mga balahibo ko at hugot ng malalim na hininga sa bigla niya pag angat ng suot ko at buhos ng tequila sa lower chest ko.

Hindi pa sya nakontinto, umakyat siya sa lamesa at gumapang sa ibabaw ko. Potangena! Napatingin ako sa kanyang mga mata. Yung mga titig ng babaeng to, parang hinihila ako hanggang sa tuluyan malunod sa kanya. Nagtagal ang titigan namin, kinagat ko ang ibabang labi dahil ako na yung nahihiya at mukhang wala itong balak bawiin ang paningin sa akin.

My eyes widened in surprise when she suddenly tucked her hair behind her ear at dahan-dahan kumilos, ibinaba ang mukha palapit sa aking lower chest kung saan binuhos ang tequila.

Tangena. Ako? Bottom?!
Oh well nvm. Go top me Mommy!

She gently caressed my tummy and damn! Feeling ko nakuryente ako bigla. Kung makatingin sa tiyan ko parang gutom na gutom amp. Yung puso ko, nagiging abnormal na! bago pa man nya tuluyan dilaan ang katawan ko ay binigyan niya ulit ako ng isang nakakaakit na tingin. Help me, ang lakas ng hatak ng babaeng to!

Mauubos ata laway ko sa kakalunok. Nag init bigla ang buo kong katawan nang maramdaman ang mainit nyang labi sa balat ko. Feeling ko nga nilagnat ako bigla yawa! Ang weird ng heartbeat ko, sobrang lakas at bilis ng tibok nito. It's weird! Ramdam na ramdam ko ang paghalik nya sa tiyan ko bago buong akit na dinilaan at muling ibinalik ang mga mata sa mukha ko.

Para akong na kuryente.

Shit. What the hell was that? Nakakapaso.

She licked the liquor until there was no tequila left. Napapakagat labi nalang tuloy ako dahil nakakakiliti ang ginagawa n'ya. Kung makadila kasi s'ya para lang kumakain ng ice cream eh.

Please round two! Sabi ko sa isip ko.

I thought she's going to stand up but I was surprised sa sunod nitong ginawa.

She suddenly bit my skin and sucked it. Sa sobrang gulat ko ay hindi na ako nakapagreak. Tulala lang akong pinagmamasdan ang kahalayan n'ya.

Damn Mommy. You're putting a mark on me hmm? I kinda like it.

After what she did umalis na s'ya sa ibabaw ko at dali-daling bumaba ng stage. Agad naman akong sumunod at halos takbuhin ko na pabalik sa table namin. Ngayon lang ata ako tinablan ng hiya.

I felt so humiliated pero in a good way. ?

"Sj! that was so hot!" tili ng mga kaibigan ko. Sobrang init ng mukha ko sa kahihiyan.

"Tangina mo keyboard! kanina diring-diri ka kasi ayaw mo tapos ngayon para kang bulate na kinikilig!" pang aasar naman ni Iris.

"Oh my god! Sino hindi kikiligin. Nakita nyo ba kung gaano kaganda ng mga partners namin ha? Kahit straight mapapabaliko!" sagot nya at nilantak ang pulutan na nasa harapan.

"Tulala ka jan?" pukaw ni AG sa akin.

"Hoy! we saw that. HAHAHAHAHAHAH patingin nga ng hickey." medyo pasigaw ang sabi ni keyboard na naka agaw pansin sa kabilang table which is table ng mga partners namin ni keyboard.

"Manahimik ka nga, kasalanan nyo to e. Dapat talaga e-libre nyo kami ni keyboard bukas tsk." reklamo ko sa kanila

Pero to be honest mas nagpapasalamat pa nga ako kasi ako yung umakyat sa stage. Gandang experience kaya non.

"Ou na." sabay na sagot ng dalawa.

Makalipas ang kalahating oras after nong event umuwi na rin kami, may pasok pala kami bukas.

*

"Ang sakit ng ulo ko." bulong ni Ag at hinihilot ang ulo habang tinatahak namin ang daan patungong classroom.

"Maka inom ka naman kasi daig mo pa broken hearted psh." sermon ni Iris, nagsalita ang masakit din ang ulo.

"Gusto nyo hingan ko kayo ng gamot sa clinic?" nag-aalala kong tanong habang ngumunguya ng pagkain.

"No, I'm fine mawawala rin to mamaya." agad na sagot ni Ag,

"If you say so." I just shrugged and continue eating.

Habang kumakain ay busy din ako sa pagbabasa ng wattpad. Ou nagbabasa ako pag wala naman akong ginagawa.

Medyo late na kami ng 5min kasi ang magaling naming kaibigan na si AG nagsuka pa.

"Gaga, first subject late tayo." halos takbuhin na namin ang classroom.

Narating namin ang room pero nakasarado ang pintuan.

"Ahem, keyboard?" tumikhim ako saka bumaling sa kanya, alam na niya siguro ibig kong sabihin.

Kumatok sya ng tatlong beses at pinagbuksan naman agad kami ng pintuan.

"Ladies, you're 10 minutes late." sermon ng medyo may kaedaran ng professor.

"We're very sorry Sir. We kinda lost our way since it's our first time here." alibi ko sa kanya.

"New students?" tanong nito at tumango naman kami.

"Okay come in and introduce yourselves." sunod-sunod kaming pumasok tapos huminto sa gitna at hinarap ang buong klase.

Isa-isa na silang nagpakilala pero 'yong isipan ko parang lumilipad sa kung saan.

"Miss?" tawag ni Sir sa 'kin.

"Yes sir?" patay malisya kong sagot.

"It's your turn."

"Oh, I'm Shara Jane De La Fuenta. You can call me Shara or Jane. Well, up to you." pakilala ko at may nag taas ng kamay mula sa k-klase namin.

"Yes, Mr.Mendez?"

"So Shara, do you have a boyfriend?" Hindi na 'ko nagulat sa tanong.

"None." walang pag dadalawang isip ko itong sinagot.

"Girlfriend?" medyo napataas kilay ko dahil sa tanong nya.

Hindi ko expected yung second question and what makes him think na may gf ako? Kahit boyish ako ay straight ako no!

"None."

"Okay enough. You can use the last vacant seats at the back." sabi n'ya at itinuro ang mga upuan namin.

Napansin ko naman na may apat na bakante sa unahan ng mga upuan namin. May nakaupo ba rito?

*

5

4

3

2

1

Yes! tumunog na ang bell. Finally, lunch break na! Sumakit pwet ko kakaupo hmp.

Matapos magligpit ng mga gamit ay agad kaming lumabas upang magtungo ng cafeteria, kanina pa ako gutom. Pagpasok ng cafeteria medyo naaalibadbaran ako sa mga matang nakasunod sa amin. Mga kapre ba naman biglang pumasok sa cafeteria!

Hindi sa pagmamayabang pero matatangkad kami. Si Iris 5'9 tapos kaming dalawa ni Ag at Kb 5'8, si keyboard naman 5'7. Tawag nga sa grupo namin noon the kapre gang.

Ang daming tao at ingay, halos wala na rin table space for students.

Agad kaming nag order at naghanap ng bakanteng table. Abala sila sa kwentuhan habang ako abala sa pagkain nang bigla nalang tumahimik ang mga tao sa loob cafeteria. Hindi namin ito pinansin at tuloy lang sa aming chikahan.

"Nandito na sila!"

"Ang gaganda talaga."

"Swerte ng mga boyfriends nila. Single pa kata sila?"

"Wag mo na balakin, walang nagtagumpay kahit isa sa mga nanliligaw sa kanila."

Chismis sa palibot ko. So, out of curiosity ay napatingin narin kaming magkakaibigan sa may entrance ng cafeteria. Muntik pa ako mabulunan nang makita kung sino ang nangunguna sa kanilang apat. Sya lang naman yung babaeng humalay sa tiyan ko nong nag bar kami!

Ang liit ng mundo, students sila ng PU?!

Ang ganda nya talaga. Parang anghel ang mukha tapos ang kinis at puti pa. Damn! She's hella sexy and hot, drop-dead gorgeous mommy! those lips again!

Masarap kaya pag nahalikan ko yan? Sayang at tiyan ko lang naka experience n'yan.

I want round 2 Mommy.?

I mentally cursed myself for thinking dirty thoughts about her. Jesus! What's wrong with you SJ!

As usual, she's wearing her cold
face mascara and aura. Sya yung babae na isang tingin mo lang, kahit wala kang ginagawa parang nagkasala ka na.

Biglang nagtama ang aming mga mata. Ayan na naman mga mata niya na parang ng hi-hipnotismo. But I can't sense the genuine in her dark as moon eyes. It's literally dead. Does she even know how to smile? bakit seryoso lage ang mukha ng babaeng to? pwede na sya maging Ice Queen.

"Hoy S!" tampal ni Iris sa balikat ko.

"Yes?"

"See? I told you, they're the quadruplets and they're all beyond my expectations! magkakamukha pa lahat." bulong ni Iris.

"Malamang kambal nga, bobo!" pambabara naman ni keyboard. Gusto ko matawa dahil sa kanila, kanina pa to sila.

"So anong club sasalihan mo S?"
tanong ni Ag habang sumusubo ng pagkain.

"Hmm, kayo ba?" balik kong tanong.

"Kung saan ka, don kami." sinasabi ko na nga ba eh.

"Hindi talaga kayo makahinga pag wala ako." pailing-iling kong sagot sa kanya.

"Ou, babe true, true." pagsang-ayon ni keyboard sa akin.

"Sports club na lang siguro? Kung same club lang din naman tayo." Hindi lang ako ang may alam sa sports, kahit sila mahilig din.

"Waaaa! my babe is so sweet." niyakap naman ako ni Kb at tinadtad ng halik sa pisngi.

"Hoy! tigilan mo kakahalik kay Sj, nagiging clingy ka na ha-bakla ka siguro?!" biglang tumigil sa paghalik sa mukha ko si keyboard at naniningkit ang mga matang binalingan si Iris.

"Nagseselos ka ba? What if ipahalik mo sa baboy yang mukha mo?" sarkastiko nyang banat kay Iris,

"Tanga ka!"

"Mas tanga ka!" binato nya si Iris ng purse, shuta. "Oh God!."

"Luh, bakla, bakla, blee." siraulong Iris at ayaw tantanan si Krystal.

"Bwesit ka! kung sampalin kita?!" humagalpak na ako ng tawa dahil namumula na ang mukha ni keyboard sa sobrang inis. Kanina ko pa talaga gustong tumawa dahil sa mga kagagahan nila pero pinigilan ko lang.

Shit! 'di ko na nakayanan at ang lakas ng tawa ko. Tawa lang ako ng tawa na parang baliw, pinag titinginan na pala kami ng mga tao.

Natahimik din ang tatlo kong kasama na tila ba nakakita ng multo na nakatitig lang sa 'kin. Natatawa ulit akong napatingin sa mga nakanganga nilang bibig.

Natawa na naman ako ng malakas dahil kahit anong gawin ko 'di ko talaga mapigilan. Ang sakit na ng tiyan ko at lumuluha na rin sa kakatawa.

"Shit help! my tummy hurt. You guys should see your faces! It's so damn priceless!" Naramdaman ko ang pag palo ni Kb sa braso ko kaya napatingin ako dito na maiyak-iyak sa tawa.

Wala akong pakialam kung pagkamalan nila akong baliw. Basta ay sobrang saya ko. Ang babaw ang kasiyahan ko jusko.

"Tangena ang lakas ng tawa mo, sinakop mo buong cafeteria. Tignan mo mga tao pinagtitinginan na tayo." saway sa 'kin ni Kb sabay turo sa mga taong nakatingin sa amin pero hindi sya galit. In fact, amaze pa nga s'ya at itong dalawa na nasa harap ko.

"Tangena kasi nitong si Kb e." sabi naman ni Iris.

"Di daw bakla pero gustong halikan ako?" ulit na naman ni Iris. Tumawa na naman ako dahil kuhang-kuha nya ang inis ni keyboard. Feeling ko mamamatay ako pag di 'ko na ilabas 'tong nararamdaman ko.

Sobrang pula na ng mukha ni Kb at ngayon lang siguro na realize ang sinabi kanina. Tinignan nya ng napakasama si Iris, parang any minute nalang may masasaksak na sya ng tinidor kaya agad tumayo si Iris at tumakbo palayo sa amin. Hinabol naman siya ni keyboard.

Pinagtitinginan silang dalawa habang naghahabulan palabas ng cafeteria.
Naiwan nalang kami ni Ag sa table namin.

Pinapakalma ko na ang sarili kasi baka mamaya iiyak na naman ako, sabi nila pag sobrang saya ng isang tao may kapalit agad 'yon na kalungkutan.

Tumikhim si Ag kaya napatingin ako sa kanya. She's staring at me na parang ang saya-saya n'ya.

"It's so nice seeing you laugh again Sj." napangiti na rin ako, tama rin naman siya. I don't remember when was the last time na tumawa ako ng ganito.

Nakita namin na pabalik na ang dalawa. Pero nakahawak ang kamay ni Kb sa tenga ni Iris. Nakapingot, napailing nalang ako dahil alam ko masakit yun.

Bigla na naman tumahimik ang mga tao sa cafeteria. Ano na naman? May artista ba? Di ko nalang pinansin at nagpatuloy kumain habang binabasa ang wattpad story na inaabangan ko, puro nalang ako sandwich jusko

Using my peripheral vision may nakita akong pares ng sapatos na nakatayo sa may bandang right side ko. Nasa dulo kasi ako ng table naka pwesto. Di ko parin pinansin, syempre busy ako sa binabasa ko duh. Nasa may spg part na 'ko at hindi pwedeng mabitin! masakit!.

"Hey" tawag ng kung sino pero wala. Ignore ko lang dahil ayoko naman mag assume.

"Hey"
Ignore.

"Hey"
Ignore.

Naramdaman ko ang pagsipa ni keyboard sa paa ko. I quickly glanced at her at nakitang naging bato itong mga kaibigan ko na parang nakakita ng multo? Kunot noo ko sila pinagmasdan.

Para akong natuod sa upuan ko sa biglang nagsalita sa may bandang kaliwang tenga ko and shit na malagkit! muntik akong atakihin dahil sa mainit at sobrang bango ng hininga nya.

Strawberry flavor lang?

"What's your name?" *The hell,* nilingon ko ang nagsalita at ganun nalang ang gulat ko nang makita ang napakagandang mukha. 1inch nalang ang pagitan ng mukha mahahalikan ko na!

Mind if you push her guys please?

Pigil hininga ang ginawa ko. Hihinga pa ba ako? Ang lapit nya, napatingin naman ako sa lips nya na sobrang sarap-- I mean.

Kissable lips?
Halikan ko kaya to?
Bakit ba ang lapit nya?
Malambot kaya yan?
Masarap ba yan halikan?

I shook my head and averted my gaze. Tatlong magkasunod na lunok ang tanging nagawa ko. Here we go again. What's wrong with her? ang ganda ng mata nya, pwede na nga ata ako magsalamin dyan sa sobrang linaw tapos wala man lang ako makitang emosyon kahit konte.

Feeling ko mabibingi ako sa sobrang katahimikan ng buong cafeteria.
She's still looking at me intently at hindi niya pa rin inaalis ang mukha sa harap ko. Lord please lang ilayo nyo na syaa kahit konti lang, gusto ko na huminga.

Nakahinga rin ako ng maluwag nang umatras ito mula sa akin.

Hoooo! Thank you Lord.

"What's your name." she asked again using her monotone voice.

Ay ako pala tinanong nya?

"Shara Jane." kahit na sobrang kabado ay pinilit ko parin sumagot ng hindi nauutal.

After ko sabihin ang pangalan ko ay agad na itong tumalikod at bumalik sa kanilang table.

What the hell?
She left me dumbfounded.

CHAPTER 2

-

Dahan-dahan ako nagmulat ng mga mata. Oh pare, nasa langit na ba ako? kulang nalang magkaroon ng mga ulap sa loob ng kwarto, shura puro puti nakikita ko.

Muli ko ipinikit ang mga mara at hinilot ang aking noo. Babangon na sana ako pero anak ng tilapya yah oh, ang sakit ng ulo ko!

Pero ramdam ko ang isang kamay na nakahawak sa kamay ko at nakita si Ziallyn, she's sleeping next to my bed. An angel, peacefully sleeping beside my bed. Tahimik ko sya pinagmasdan, sobrang angelic ng mukha kaso kabaliktaran naman ng ugali sa sobrang lamig.

Payag na po akong nasa langit na ako kung kasama ko naman po pala itong anak mo Lord.

Mahina itong umungol at ilang segundo ay alam kong gigising na sya ng tuluyan. Mabilis ako bumalik sa paghiga at nagpanggap na tulog. Nakakahiya naman pag nakitang pinagpapantasyahan ko sya, baka masabihan pa akong manyak.

"We brought you some food." sino to? halaka, may pagkain!

"I already told the professor." Isa pa to, ay baka mga kambal nya.

Feeling ko VIP ako. Wow nandito lang naman ang Quadruplets sa kwarto ko. *kwarto ko ba to? Clinic ata to, puro puti e.*

"Hmm she's still asleep huh" sabi naman nong pangatlong babaeng nagsalita.

Galingan mo ang acting mo SJ, malilintikan ka talaga.

"Yeah." sambit ni Ziallyn sa nag-aalala na tono. Langya, boses lang yun pero lakas na ng epekto sa akin ah.

Biglang umingay sa labas ng clinic at kahit di pa sila nakakapasok ay kilalang kilala ko na sila.

"Hoy, dapat pa ba pumasok tayo sa susunod na subject?" boses ni keyboard ang narinig ko. Nasa labas pa sila pinto at hindi pumasok, itong mga kasama ko sa loob ay tahimik lang nakikinig.

"Ha? papasok kayo? wag na, di naman tayo makakapasa." langyang Iris yan at proud na proud pa sa sinabi.

Narinig ko may humahagikhik sa left side ko. Tangena talaga ng mga to, gusto ko na rin tumawa pero syempre kunyari tulog ako.

"Ikaw lang kasi bobo ka!" sigaw na sagot ni Kb, inis na naman to.

"Luh, sabaok lahat all feeler. Talino ka?" rebat ni Iris,

"Pwede tumigil kayo sa kakasigaw? nasa labas tayo ng clinic." saway naman ni AG sa dalawang nag

babardagulan.

"So, ano nga? hoy, alam nyo ba na hindi pwedeng iwanan mag isa si babe at bigla nagnanakaw ng pagkain yan?" matutuwa na sana ako kasi ang lambing ng salita pero grabe naman yun.

"Yeah, baka magising yun tapos walang pagkain, baka magwala." segunda naman ni Iris, tangena nito sarap sampalin sa mukha.

"Hindi na bata si Sj, pero may point naman kayong dalawa." akala ko matino ka Ag, nagkamali ako sayo.

"Pero, alam nyo ba na sadya yung ginawa kanina?" biglang pag iba ng topic ni keyboard.

"Talaga?" kalmado na sagot ni Ag, hindi man lang ba sya concern sa akin?!

"Ou, sinadya ng babae patamaan si Ziallyn, pero nagpaka hero ang kaibigan natin." sabat naman ni Iris na ngayon ay seryoso na rin ang pananalita. Hindi ko alam kung matatawa o maiinis sa sinabi nya.

"Haynaku! kilala nyo naman si babe, ayaw non may masaktan lalo na pag crush nya." hayop ka Kb ang daldal mo lintik ka!

Patay tayo jan at bakit ang daldal nyong mga hayop kayo, panigurado narinig ng mga kasama ko ngayon ang sinabi nila.

May narinig naman akong tumikhim sa tabi ko. Ang lakas ng kabog ng dibdib ko. Gumising nalang kaya ako? Punyawa, ang awkward naman nito. Andito ang Quadruplets tapos ang mga bruhilta kong kaibigan nasa labas.

"Okay" AG said.

"Okay, what?" Sabay na sagot ni Iris at Kb

"I get your point now. We'll ditch the last
subject" omg AG ba't ka nagpauto sa mga gagang yan.

"And…"

"Wtf, wag ka pabitin masyado at sa kama lang ako papayag mabitin". Tangena help lord gusto ko na tumawa, bwisit na Iris to.

Tahimik parin sa loob ng kwarto ko, dinaig pa ata ng mga babae na 'to ang bato sa sobrang tigas.

"Ou, samahan nalang natin si Sj at baka magtampo pa." fake news kang Ag ka.

"Pasok na tayo."

At bumukas na nga ang pintuan. Katahimikan, katahimikan ang nakapalibot sa buong kwarto. I'm sure shock din tong mga to na nakita nila ang Quadruplets dito.

Ah by the way, classmates din namin ang Quadruplets BA rin pala courses nila. Ang liit talaga ng mundo.?

"Luh, balik tayo!" si Iris na napasigaw at isinara ang pintuan dahil sa labis na pagka taranta nang makita

ang mga kambal na aking kasama.

Mga baliw talaga.

*

Makalipas ang isang linggo ay napatalsik ang babaeng nagtangka manakit kay Ziallyn, isa rin palang bully babaeng yun at nananakit ng ibang students. Medyo deserve rin naman, parang tanga at apo pa ng may-ari ng school kinalaban nya.

"Good afternoon class." bati ng kapapasok lang na professor namin na si Miss Monte.

"Good Afternoon Miss. Monte."

"I want you to find a partner, may ipapagawa akong activity since may urgent meeting kami." wala pa ngang signal go naglapitan na ang mga lalaki sa quadruplets.

"Ma'am, ikaw nalang po mag assign, daming mga haliparot oh." turo ng kaklase ko sa mga lalaking nagkalat.

"Oh sige, ganito nalang, kung sino nasa likod nyo." bigla akong kinabahan,

Shit hoy! why naman ganun ma'am. Pero sino ba naman ako para humindi? Choosy pa ba 'ko e Ponferrada na yan.

Binalingan ko ang mga kaibigan ko na ngayon ay--- wtf, puro rin pala Ponferrada tong mga partners nila. I mentally slapped myself, sana lang umayos sila at di puro kalokohan mga gagawin nila.

"Okay so I want you to go outside and get to know each other. Isulat n'yo sa papel kung ano ang hobbies ng partner n'yo, biggest regrets, ambitions and goals in life. Make sure na magagawa nyo yan." sabi ni Prof at lumabas na ng classroom.

"Pst, kakayanin mo ba?" bulong ni Iris sa tabi ko,

"Ou naman, ako pa? ikaw? ay kahit di ko na itanong kaya mo na yan, ikaw pa na malandi ka." banat ko sa kanya at tumawa.

"Haaaaler, ano name mo? partner tayo, saan tayo pupunta? marunong ka ba magsalita?" si keyboard na kinukulit ang babaeng partner nya sa upuan nito.

"Annallyn," sambit ng kambal ni Ziallyn,

Ang makapal na si keyboard bigla inalis ang kamay ni Annallyn sa desk at naupo. "Ganda ng pangalan mo, bagay na bagay sa ganda mo. My name is Krystal, kb nalang for short." natampal ko ang noo sa bigla nya pag haplos ng buhok ni Anna, wala ba syang hiya at nasasaksihan ng buong klase ginagawa nya?

"Thanks."

"Aren't you going to stand up?" napalingon ako bigla sa babaeng nagsalita, ay si Ziallyn, bakit parang galit pa sya e wala naman ako ginawa.

"Ha?"

"Don't ha, and follow me." maldita, nagtatanong lang eh.

Naglabasan na rin kaming lahat para gawin ang activity na pinagawa nito.

*

So, bakit kami nasa rooftop? itutulak nya ako? naku! hindi pa nga kami papatayin na agad, baka magsisi siya pag tinulak niya ako ngayon. And also, bakit ba di siya nagsasalita? panis na laway nyan ngayon.

Mameeh ang awkward.

"Ahem." tumikhim ako para kunin ang kanyang atensyon, pero waley, sabagay at sino ba naman ako para pansinin nito. Nagmukha lang tuloy akong hangin sa kanya.

Pinagmasdan ko sya. Ano kaya iniisip ng babaeng to? kung pwede lang talaga masilip ang isip ng tao ay sinisid ko na yang utak nya. Siguro iniisip nya kung paano ako kakausapin? hindi naman kasi halata sa kanya na kumakausap ng iba except sa relatives nya.

"You know what?" luh nagsalita ang maldita.

"Ha?" nakatingin pa rin ako sa kanya habang sya tinatanaw ang magagandang tanawin na makikita mula rito sa taas.

"Staring is rude." she said using her famous cold tone voice. Wow my Ice Queen.

"Since when?" ano ha, akala mo papatalo ako ha.

"Since the first time we met." ha? Ano raw? It should be the other way around right?

"Wow, coming from you." I mentally rolled my eyes.

Buong tapang ko sinalubong ang kanyang mga mata. Ang ganda naman ng singkit mata, nararapat lang sa taglay niyang ganda. Pero bakit kinakabahan ako? nakakapaso naman ang paningin nito, what the duck? Ano? magti titigan na lang kami buong araw?

"Thank you." luh sya, nagpasalamat?

Hindi kami close and this is our 2nd time mag usap sa nakalipas na mga araw. Hindi ko alam pero ang gaan ng feeling ko pag kasama sya.

"You're welcome." I simply answered and smiled.

Kahit naman 'di ko itanong ay alam ko naman ang reason kung bakit siya nag pasalamat. Kahit naman kung sinong tao, gagawin yung ginawa ko para makatulong.

Makalipas ang ilang minuto ay tahimik lang kaming dalawa. Mapapanis ata siguro laway ko sa kanya pag sya lage kasama ko.

Tumikhim muna ako bago magsalita.

"Ahem, magkano?"

"How much what?"

"How much per word, e pano naman kasi Ziallyn 'di ka nagsasalita. Muntik ng mapanis laway ko" diretso kong sabi. Luh gago tapang ko naman.

Oh oh, tignan mo at inirapan ako pero kahit ganun ang sexy niya pa rin tignan. Ang lakas ng karisma ng babaeng to, kahit walang ginagawa nakakahatak ng atensyon.

"Anyways, shall we start? sino ba mauuna. Ako o ikaw? ay hindi na, ikaw na pala dapat mauna." daldal ko naman pero okay na yun kaysa mapanis ang laway ko kakahintay sa kanya.

"Okay." hmp, tipid kung sumagot.

"Hobbies?"

"None"

What the? nagbibiro ba sya? may tao ba na walang hobby kahit isa man lang? ayaw lang sagutin tanong ko eh!

"Fine, biggest regrets?" Sunod kong tanong.

"I don't share my secrets." anak ka ng butete oh!

Seryoso ba talaga sya? Ayoko naman pagalitan at pangunahan. Mahal ko pa ang buhay ko. Wala na akong nagawa kaya sinulat ko nalang din.

"Ambition?" secret ulit 'yan pustahan.

"Secret." kita mo na. I mentally facepalm. Napa tango-tango nalang ako.

"Goals? Lalagay ko na sec--"

"To be loved by the person I love." natigilan naman ako sa sagot n'ya at tinitigan s'ya ng mabuti. Kitang-kita ko ang lungkot sa kanyang mga mata. Ba't ganun, feeling ko affected din ako.

"Don't worry Zi, someday, mahahanap mo rin sya." sabi ko sa kanya.

"I don't know, maybe yes, maybe no–"

"What did you just call me?" Oh hala! napalunok naman ako dahil sobrang titig na titig na sya sa akin bes.

Pakla akong ngumiti. "Ah, erm s-sorry I didn't mea–" gage ba't nauutal ako? yawa kasi tong puso ko, ang lakas at bilis tumibok.

"I don't want to repeat my question. Now, answer me." napalunok ako sa ma-awtoridad nyang salita.

"Z-zi?" shit, napapikit ako dahil baka sunggaban ako nito at ihulog. Charot lang gage.

"Okay." ano raw? Okay? Luh, di sya galit?

"Are you mad? Look, I-I'm so-" then she cut me mid sentence once again.

"You're the first." bulong nya pero rinig ko naman. Itinuon nya ulit ang atensyon sa mga tao na nasa ground.

"You mean?" tanong ko at nag hintay ng sagot.

.
.
.
Krooo krooo.

Wala na, di na naman sya nagsalita, mapapanis na ulit laway ko nito. Magsasalita pa sana ako kaso bigla tumunog cellphone nya, edi okay. Bigla siya lumayo ng walang paalam upang sagutin ang tawag.

Minutes later bumalik siya upang sabihin na dito na matatapos ang lahat, yun lang sabi at iniwan akong mag-isa. Grabe naman yun at di man lang nagpaalam.

Ako? Ano gagawin ko rito sa lintik na activity namin? Zzz bahala na nga. Ako nalang kakausap at sasagot sa sarili ko.

Pasalamat s'ya maganda s'ya hmp.

.
.
.

"Baaaaaaaabe!" sino pa ba? Edi si kb na ngayon hinahabol ako, kasunod ang dalawang mga boba.

"Langya kb, hinaan mo nga boses mo!" saway ko sa kanya. Hilig humatak ng atensyon, tignan mo at pinagtitinginan kami ng ibang students.

"Friday today hehe, bar tayo?" bulong nya at naglambitin sa leeg ko na parang unggoy.

"Matagal-tagal narin tayo 'di nakakapag bar Sj, ano na? wala naman pasok bukas." sabat ni Iris, bakit di nalang sila mag bar? hindi yata sila makahinga pag di ako kasama.

"Ikaw may sasabihin ka?" Hinarap ko si Ag at nag peace sign lang ito.

Well, sabagay at last jam yata namin ay yung hindi inaasahan na pagtatagpo namin ni Ziallyn sa club, wala naman masama kung mag bar ulit.

"Okay, fine, fine." sabay sila napa-yes sa naging sagot ko, uhaw na uhaw yarn?

"U-Um, Shara," singit ng hindi pamilyar na boses kaya napatingin kami sa kanya. Umarko agad ang isang kilay ni kb pagkakita sa babae, problema nya?

"Yes?" tipid kong sagot.

"P-Pwede ka ba makausap?" tanong nito. Tinignan ko ang mga kaibigan na ngayon ay nakangisi na.

"Okay."

Nagpaalam muna ako sa kanila at sinabi sa cafeteria na lang maghintay at naiwan kaming dalawa dito sa hallway.

"Ano sasabihin mo miss?" Tanong ko sa kanya.

"I'm Ketwee Dy, I just want to invite you sa birthday party ko this coming sunday, pwede mo rin isama mga friends mo." sabi nya habang iniikot at nilalaro sa daliri ang kanyang buhok. Ah, she's inviting me to her birthday party.

"Ha? Ah hmm." iniisip ko pa kung may gagawin ba ako sa sunday. Wala naman ata?

"Sunday? What time?" Tanong ko.

"8pm." diretso n'yang sagot.

"Hmm, sure." I replied and gave her a sweet smile, pinamulahan sya ng mukha kaya mas lalo ko sya tinukso.

"C-Can I get your number? para ma text nalang kita this sunday." tinignan ko ang inabot nyang phone, wala naman siguro masama kung ibibigay ko sa kanya?

"Oh, sure." I answered and immediately saved my number.

Nagtaasan ang mga kilay ko dahil instead na phone ang kunin ay kamay ko ang kinuha nya at buong higpit na hinawakan. Anong binabalak nya? number ko lang naman hiningi pero bakit may paghawak sa kamay pa?

"Thank you, and als-"

"Shara." someone cut her off mid sentence, shit!

Bigla nag tayuan ang mga balahibo ko. That voice, kahit di ko lingunin ay kilalang kilala ko na kung sino ang tumawag. Bigla ako nanlamig at shit na puso to nagiging abnormal na naman.

YES! I NAMED HER DEMONIC ICE QUEEN!

Kita ko ang babaeng papalapit na sa amin kasama ang mga kambal. Ba't na iintimidiate ako sa babaeng to. Ba't feeling ko nag c-cheat ako? Wow feeling jowa. Magkasunod na lunok ang nagawa ko dahil sa sobrang pagkakatitig nito. Kulang nalang ata balatan ako ng babaeng to.

Huminto ito sa harap naminat sinilip ko ang mga kambal na nasa likod nito. Ngumiti sila kaya nginitian ko rin sila pabalik, luh, feeling close ka Sj,

"Yes?" sagot ko. Kalma kalang d'yan puso ko at baka sumabog ka na talaga.

She didn't answer.

She's still staring at me, hindi ko naman mabasa ang mga mata nya lalo na ang kanyang isipan, di ako

manghuhula eh. Dahan-dahan bumaba ang tingin nito sa kamay ko na hawak nitong babaeng katabi ko. Yes yes, it's Ketwee.

Umarko isang kilay ni Ziallyn nang makitang ayaw parin bitawan ni Ketwee kamay ko. Buong lamig niya itong tinignan na para bang may ipinapahiwatig na mensahe sa babaeng katabi ko.

Wow ha. Maganda pa rin si Mommy.

Magsasalita pa sana si Ketwee nang bigla ako hatakin ni Ziallyn palapit sa kanya, at sinampal ng malakas ang kamay ni Ketwee kaya napabitaw ito ng wala sa oras. Awang ang labi ko napatitig kay Ziallyn, medyo nagulat ako don.

What the hell?
Bwakinangshit, binabakuran ako kahit walang kami. Wow, I like that, ugh mommy, more more.

"H-Hello, Ziallyn," ba't naman namumutla?

Yung atensyon ko bumalik kay Ziallyn, syempre hindi sasagot yan dahil mahal kada letrang binibigkas nya, di naman kasi gold si Ketwee para pag aksayahan nya ng laway.

"A-Ano Shara sa sunday ha? I'll text you." hindi ako sumagot at tuloy lang sa pagtitig sa babaeng katabi ko ngayon.

I don't know pero kusa na lang kumilos kamay ko, marahan ko pinisil ang pisngi ni Ziallyn at gulat itong napalingon sa akin na para bang nagising sa malalim na pag iisip.

"Sunday, what?" kunot noo na tanong ni Ziallyn, habang kurot-kurot ko parin ang kanyang pisngi.

Syempre, di ko sinagot, di naman ako tinatanong nya.

"I-It's my birthday celebration, may invitation din ako pinadala sa inyo." takot ba sya kay Ziallyn? di naman halatang nangangain to ng tao.

"Oh, gaano ka espesyal si Shara para imbitahin mo sa personal?" bigla nagsalita isa sa kambal ni Ziallyn, gago, ou nga no?

Hindi nakasagot si Ketwee don. "A-Alis na 'ko Shara, next time nalang. See you this sunday." paalam ni Ketwee at mabilis nilisan ang crime scene, charot.

Napangiwi ako matapos maramdaman na medyo humihigpit na yung kapit ni Zi sa wrist ko, problema nito?

"Erm, Ziallyn y-yung kamay ko, medyo masa–" mabilis ko sinarado ang bibig ng bigla akong paulanan ng nakakamatay na tingin, problema nya?

"S-sabi ko nga, okay lang. K-kahit ibaon mo pa yang mga kuko mo okay lang basta ikaw hehe" nauutal-utal kong sabi sa kanya. Narinig ko naman na may tumawa sa likod n'ya. Langya tong magkakapatid na to tatawa-tawa lang.

Makaraan ang ilang segundo ay bumitaw na ito, finally, ariel happen to me.

"Won't you take your hand away?" saway ni Ziallyn sa akin, nataranta ako kaya agad ko binitawan ang

kanyang pisngi mula sa pagkakakurot. Sheems, buti di ako nasampal.

"Hehe sorry, ang kinis at lambot kasi ng balat mo tapos mainit, masarap sa pakiramdam." wala sa isip kong sagot at nakita ang biglaang pamumula ng kanyang tenga.

She rolled her eyes.

Tinalikuran ako at nag simula na maglakad palayo, tatlo naman niyang kambal nginisihan lang ako at nilagpasan upang sundan ang demonyeta nilang kapatid.

I gently caressed my wrist. Medyo masakit ha, pero okay lang. Si Mommy naman may gawa. ?

Pagpasok ko ng cafeteria ay sila Zi agad nakita ko. Malamang sa malamang, sila talaga una mapapansin dahil nasa itaas table nila. Nagtama ang aming mga mata. Ako na mismo bumawi at hinanap mga bruhilta kong kaibigan.

.
.

"Babe, what took you so long?" tanong ni kb pagkalapit ko sa kanila.

"What the fuck?!" napalundag ako sa gulat dahil kay Ag na buong lakas hinampas ang lamesa, shit yung ibang pagkain nahulog pa!

Bakit ba bigla nalang kung sisigaw sya?

"Who did that?!" namumula sa inis ang mukha nya.

I tilted my head at binigyan siya ng nagtataka na ekspresyon.

"I said, who fucking did that to you?!" she pointed my wrist kaya dali-dali ko yung itinago. Napatingin ako sa taas kung saan si Ziallyn at ayun na nga, sa amin narin sila nakatingin.

"Kumalma ka nga Ag, pwede ba?" pagpapahinahon ko sa kanya.

"Sasabihin mo ba o hindi? gusto mong ako na mismo ang kumilos para malaman ko?" langya, ayaw ko naman sabihin na si Ziallyn ang may gawa. Kulang na lang maging yelo tong mga pawis ko. The hell, this is so embarrassing, pinag titinginan na kami ng mga tao.

Tumingin ako kina Iris at kb, wala na rin sa tama ekspresyon nila at nagdidilim na rin ang mga mukha. Ano ba at bakit dito pa sila kung mag drama!

Magsasalita na sana ako kaso may dalawang pares ng heels akong nakita na huminto sa gilid ko, paglingon ko ay nakita ko si Ziallyn, walang ekspresyon ang mukha nitong sinalubong ang masamang tingin ng tatlo.

"It's me, so why are you shouting at her? I thought she's your friend?" Her voice was cold and emotionless. Blangko ang kanyang ekspresyon na at hindi ko mabasa kung ano takbo ngayon ng isipan nya.

"Bakit? Sino ka para saktan kaibigan namin?" mas lalo ako kinabahan dahil sa pananalita ni kb.

"I had no intention of hurting her. I just saved your friend from an untrustworthy person." sagot ni Ziallyn, wow, marunong pala sya magbitaw ng mahabang salita.

"Who?" tanong ni Ag,

Lumingon sa akin si Ziallyn, bumaba sa may pasa ko ang paningin nito at saglit pinagmasdan ito. Akala ko pa naman gagawan nya ng paraan pero ang maldita, bigla nalang kami tinakasan at umalis na parang wala lang.

"Babe, okay ka lang?" tawag ni kb,

"Ou okay lang." bumuntong hininga ako at tumabi kay Ag na biglang tumahimik.

"Pagkain oh, ikain mo muna tapos punta tayo clinic after." inabutan ako ng pagkain ni Iris, tumango ako at nagsimulang kumain.

"I'm sorry." bulong ni Ag,

Marahan kong tinapik ang kanyang ulo. "It's okay, naiintindihan ko naman kayo, wag mo na isipin yun. Kumain na tayo, kanina pa ako nagugutom." ayaw ko sya ma guilty kaya pinagaan ko nalang pakiramdam nya.

*

TIRADOR NG MGA BEBE GROUP CHAT

Pogandang Iris
hey, where the hell are you guys?

Keyboard Warrior
shut up, I'm coming.

Axel Potato
almost there

Pogandang Iris
hmm sounds kinky

Keyboard Warrior
Yucks! ?

I'm already here.

Pogandang Iris
where are you ?

still outside, what's our table number?

Pogandang Iris
Same lang din last time, your favorite.

69?!

Pogandang Iris
Correct! ????

Siraulo ka ri, sige papasok na ako.

Keyboard Warrior
fuck you Iris!!!

Pogandang Iris
When? Later? Yours or mine? magsabi ka lang at papatulan kita.

Axel Potato
??

Keyboard Warrior
yuck!

Pogandang Iris
Wala ka pala e, weakshit.

I just laughed at their messages, I immediately saw Iris sa table 69.

Habang tinatahak ang daan patungo sa table 69 ay tumatawa ako dahil sa sagutan nila Iris at kb sa group chat.

"Ri," tawag ko sa kanya.

"Sj," tumayo siya upang yumakap at bumulong.

"Parang nakita ko mga kambal kanina." tumaas mga kilay ko sa sinabi nya.

"Talaga?" Inilibot ko ang paningin pero wala naman sila, mga lalaki rin mga nasa table 68.

"Hindi yata sila nakapag reserve ng table? kaya sa tingin ko naghahanap sila ng available." sagot nya habang kumakaway sabay kindat sa babaeng dumaan sa table namin.

Wala naman akong magagawa at di ko rin naman sila makita. Nauna na lang kami uminom ni Iris habang hinihintay ang pagdating ng dalawa.

*

Nasa kalagitnaan kami ng iinuman, tawanan at chikahan ng may biglang apat na babaeng huminto sa mismong tapat ng table namin. Tumingala ako and shit! apat na magagandang dilag bumungad sa mga mata namin!

Bakit kaya lagi kami pinagtatagpo sa bar? stalker ko yata babaeng to, charot feeling ko masyado pero what if nga?

"Hala, hello, nandito rin kayo?" si kb na kumikinang ina at abot tenga na ang ngiti sa labi.

"Obvious ba? kita mo naman, diba?" pambabara ni riri sa kanya."

"What if sampalin kita nitong bote?"

"Luh, tapang ka te?"

"Hi." bati ni Annally, di ko parin kilala tong dalawa sa kanila.

"Akala ko namamalik mata ako kanina? wala pa ba kayo nahahanap na table?" tanong ni Iris sa kanila.

"Yes, we couldn't find any since occupied na lahat." pagpapaliwanag nito sa amin.

"Oh, would you like to join us?" pag anyaya ni Ag sa kanila at tipid ngumiti.

"Is it okay to share with you?" sagot nong isang kambal.

"Yes yes, sure!" agad tumayo sila Iris at Ag at lumipat malapit sa pwesto namin ni Kb. Our table is good for 8 people, round table to at medyo malaki kaya kasyang kasya kami. So ganito set up namin.

Katapat namin ang tatlong kambal, nasa right side ko si Ziallyn at talagang magkatabi pa kaming dalawa.

"By the way, sorry for the late introduction. My name is Annallyn," she smiled at nakipag shake hands una kay Kb at ang gaga di na mawala ang ngiti sa labi.

"This is Cassandra," turo nito sa katabi na nasa gitna.

"And Helari," pakilala naman nito don sa katabi ni Iris.

"Kilala nyo na sya, Ziallyn," sabay tingin nito kay Ziallyn na nanahimik sa aking tabi, syempre kilala ko na, ako pa.

Pinasadahan ko sila ng tingin. Halos lahat na ata kopya nila ang isa't-isa, parang replica lang nila mga sarili. Buti nalang at sa buhok malalaman mo ang pagkakaiba nila.

Si Zi kasi yung buhok nya black straight hair na hanggan bewang. Si Annallyn naman ay light brown ang hanggang bewang. Si Cassandra medyo curly hair na hanggang balikat, and then si Helari na short hair lang hanggang balikat.

Hmmm hmm .
Napa tango-tango nalang ako sa sarili, at least hindi kami mahihirapan e identify sila.

"Hello, my name is Krystal, but you can call me kb." malanding keyboard, maypa kindat pang nalalaman.

"Itong katabi ko naman si Axel, Ag nalang din for short." pakilala nito kay Ag, at tumango naman ang isa sa kanta.

"And that one.." turo nya kay Iris "Nevermind, isa lang yang empakta na masamang elemento pagala-gala". nagtawanan naman ang tatlo sa ginawa nyang pagpapakilala kay Iris,

"Hoy, ano sabi mo?!" bulyaw ni Iris at may balak pa yata makipagsabunutan.

"Wag nyo nalang pansinin ang empaktang yan." pang dededma ni kb kay Iris,

Then suddenly they all looked at me.
Oh? Do I need to introduce myself again? Kilala naman nila ako ah? Diba ako yung crush nitong si Demonyetang katabi ko. Naks, sanaol crush. When kaya.

Ngumiti ako at marahan tumango.

"Shara Jane, sj for short." sabay ngumisi ang tatlo at lihim sinulyapan ang babaeng katabi ko, yeah, walang iba kundi si Ziallyn, bebe ko.

Nangangalay na tong kamay ko. Ano ayaw nila makipag shake hands sa 'kin ha? Edi dont.

Babawiin ko na sana nang biglang inabot ni Annallyn ang kamay ko at nakipag shake hands, sunod si Cassandra at Helari. Si Zi? Wala, walang may paki.?

*

Nakakarami na ako ng inom, buti hindi beer tong iniinom ko ngayon kundi talaga baka kung anong kabalbalan na ginagawa ko ngayon. Si kb katabi na ngayon si Annallyn, si Iris naman masayang nakikipag kwentuhan kay Helari, si Ag naman abala rin sa pag entertain kay Cassandra,

Ako? Wala, ito shot shot lang ng tahimik at itong katabi kong demonyeta wala ring imik. Panis na laway ko ayaw n'ya magsalita edi don't.

Hindi ko rin sya kakausapin no,
ano sya Gold? pft.

"Zi." tawag ko sa kanya, nakayuko kasi 'to na parang engot, ano tinitignan nya jan sa baba. May Gold ba jan?

Agad nya ako binalingan ngunit saglit lang at balik na ulit sa hawak na shotglass ang kanyang atensyon.

Sanaol binibigyan ng attention. Willing din naman ako maging shot glass Mommy.

"Zi." tawag ko ulit sa kanya and again, Ignore zone ang lola nyo.

Pag ako nainis, I swear maasar na talaga ako. Natatawa nalang ako sa mga kagagahang naiisip ko.

May mga kalalakihan ang biglang huminto sa table namin. Sinong mga hampaslupa ang gusto sirain ang kasiyahan namin ngayong gabi? baka pakainin ko sila nitong bote. Hinubad ko ang suot na jacket at inilagay sa likod ni Ziallyn, medyo nagulat ito sa biglaan kong ginawa at napatingin sa akin. Hindi ko muna ito pinansin at tahimik nakatitig sa mga lalaking walang balak lumayas sa table namin.

"Hi girls." saka lang napansin ng iba ang mga lalaki nang magsalita ang isa sa kanila, hindi naman kasi sila artista para pagtuunan ng pansin sa totoo lang.

"Bakit?" taas kilay na sagot ni kb.

"Would you like to join us?" Sabi nong nangungunang unggoy.

Ay shit ngayon ko lang napansin sobrang gwapo naman pala ng mga unggoy na to. Luh diba dapat natutuwa na ako ngayon kasi mga ganitong tipo na lalaki hanap ko, matangkad, mistiso na chinito,

matangos ang ilong at clean cut hair. Pero shit, ba't ngayon naiirita ako?

"No thanks, you may go now." si Kb parin ang sumagot.

"He-" tinangka nya hawakan si Ziallyn kaya mabilis kong hinawakan ang kamay nito upang pigilan. I gripped his wrist so damn hard to the point na namumula at namimilipit na sya sa sobrang sakit.

"Di ka ba tinuruan ng magandang asal? kapag sinabing alis, alis." malamig kong banta.

"Fuck!" he groans pagkatapos ko bitawan ang kamay nito.

"Fuck off." I used my very cold voice and glared at them. Yung tingin na nakakamatay. Lumayas naman kaagad sila, buti nalang at di na nangulit pa.

Hays kalma self.

"Excuse me, restroom lang." I excused myself.

Pagpasok ng restroom agad ako nag hugas ng kamay. Hindi nag tagal ay bumukas ang pinto at pumasok ang isang babae, hindi ko siya kilala pero bakit seryoso itong nakatitig sa akin?

Naglakad ito palapit sa akin at laking gulat ko nalang nang ipinalupot nito ang mga braso sa aking leeg.

What the..

"Nakita ko ginawa mo, that was quite cool." bulong nito at kinagat ang ibabang labi. Sheems, bakit naman may ganito sa mga oras na to, baka biglang sumulpot ang demonyeta at nakita posisyon namin baka pagkamalan akong playgirl.

Ang lapit naman ng mukha nito, ano ba balak nya? don't tell me may binabalak syang hindi maganda sa akin? Naku!

Well, not bad. since she's hella gorgeous and tall. Same height lang ata kami.

"Really?" I smirked.

"Yes baby." maakit nyang bulong kasunod ang pagbaba ng paningin sa labi ko, mga ganyang tinginan alam ko na talaga sunod mangyayari.

Hindi pwede, may magagalit!
Meron nga ba?
Ou magagalit si Demonic Ice Queen ko.

Sinubukan ko alisin ang kanyang braso but shit! dinaig pa ang butiki ng babaeng to kung makakapit.

"Ummm excuse me, will you please get off me?" kalmado lang na sabi ko sa kanya.

"Nah-uh baby, you'll gonna love my lips." She said while still staring at my lips.

Luh, so may plano nga sya.
She's trying to seduce me.
Mommy help!

"Ayoko pa mamatay Miss." sabi ko sa kanya

"Why? May death threat ka ba?" She chuckled.

"Ou meron, marami. Kaya kung ako sayo humiwalay ka na bago pa tayo paglamayan na dalawa" pilit kong inaalis ang kamay n'ya pero wala talaga.

Tangena malapit na akong mainis!
Shit shit! Napansin kong papalapit na ng papalapit ang labi n'ya sa labi ko.

Pero bago paman n'ya ako mahalikan ay biglang bumukas ang pinto.

"I dare you to kiss her. You'll gonna meet my friend" I mentally slapped myself. Yes guys, it's my Demonic Ice Queen. Gago kinikilig ako.

I saw her locked the door at ngayon naglalakad na palapit sa amin.

"H-Hi?" pilit ako ngumiti ngunit di man lang ako pinansin.

Nakakatakot yung ekspresyon ng kanyang mukha ngayon. Sobrang dilim na parang any minute ay papatay sya. Wow maniniwala na talaga akong crush ako nito e. Yung tibok ng puso ko nagiging abnormal na naman. Yawa.

"Hmm really?" Hoy shit. Don't provoke my Mommy. Sa sobrang focus ko kay Zi ay bigla akong kinabig ng butiking 'to at hinalikan.

Holy bloody hell!

Tangena, tinangka nya nakawin ang first kiss ko?! makakasapak na talaga ako ng butiki ngayon. Buti nalang at mabilis akong nakaiwas kaya sa left cheek ko nag landing ang lips nito.

Sa sobrang bilis ng pangyayari ay di ko rin alam kung paano agad na tanggal ni Zi ang kamay ni butiki sa leeg ko.

And fuck!

PAAAAAAAAK

My Mommy just slapped the butiki so damn hard. I was too stunned to speak!

Shocks, kahit ako nagulat sa lakas nong sampal. "How dare you!!" bulyaw ng babae kay Ziallyn at gagantihan sana ng sampal ngunit naunahan ulit ito at nasampal sa kabilang pisngi.

Pati ako napangiwi sa sobrang lakas non. Pumutok ata labi n'ya dahil may dugo na. Napalunok ako bigla. Nakakatakot pala galitin tong demonyo ko.

"Fvck u!" Singhal nong babae at tumakbo palabas ng restroom.

Naiwan kaming dalawa ni Zi dito.
Tahimik lang sya. Yumuko ako dahil 'di ko rin naman s'ya magawang tignan. Ayoko makita ang mga mata n'yang nakakamatay ang tingin.

Kinabahan ako, ano kaya iniisip nya? Langya, di pa nga kami bawas points na. Nag angat ako ng ulo at mga mata niya agad ang nakasalubong ko. Nagsimula ito maglakad palapit sa akin. Papalapit na sya ng papalapit, kita ko pa rin ang madilim na ekspresyon sa kanyang mukha.

Sge tatanggapin ko na, sampalin mo na ako Mommy saktan mo lang ako okay lang.

I closed my eyes para mag handa sa so called FRIEND nya which is the SLAP na mag landing sa maganda kong mukha.

"What are you doing?" nagtaka ako kaya nagmulat ako ng mga mata at nakitang nasa tapat ko na ito.

Wow ba't ang lapit mo Mommy.

"A-ahm p-reparing myself to meet your f-friend?" nauutal na naman ako punyawa.

Tinaasan n'ya lang ako ng kilay.

I bit my lower lip ng mapansin na nakatingin s'ya sa labi ko.

I mentally smirked.
Oh ano? I dare you to kiss me.
C'mon Mommy.

"Don't move." She said. Syempre masunurin akong bata kaya di rin ako gumalaw.

Kinuha n'ya ang kanyang panyo at marahang hinawakan ang pisngi ko, shit bigla akong nanghina. Ang lambot ng palad n'ya langya!

What's this feeling na parang gustong kumawala sa tiyan ko, also nandito na naman yung kuryente. *May lahi ba ni Zeus tong babaeng to*? at lage nalang ako nakukuryente.

She gently wipe my cheek using her handkerchief habang ako? Ito nakanganga at tulala lang na nakatitig sa kanya na busy kakapunas sa pisngi ko.

Ang lakas ng tibok ng puso ko shit. Naririnig nya kaya? Siguro naman naririnig nya no, naririnig ko nga eh.

Pigil hininga ang ginawa ko. I bit my lower lip hard when I realize na sa mga labi na n'ya pala ako naka focus.

Ba't ba nang aakit yang mga labi na yan ha? Halikan ko na kaya sya?

Wag nalang pala baka masampal ako.
Hindi naman siguro ako ganun ka manhid at tanga para di ko alam 'tong nararamdaman ko diba?

Ah, ngayon nalang ulit ako nakaramdam ng ganito sa tagal ng panahon. Baliw na ba ako?

Confirmed. *I think I like her.*

Nagising ako sa malalim na pag iisip nang maramdaman ang marahan na pagtapik nya sa aking pisngi.

"A-Ano ginawa mo?" kabadong tanong ko.

"Germs." kumunot noo ko sa sagot nya.

"Ganda mo naman, pero selos ka no?" tanong ko at tumaas isang kilay nya.

"Me? Jealous?" sarkastiko nyang sagot.

"Ayaw mo ako pansinin tapos ngayon kung makabakod ka sa akin–ay, di ka pala nagselos? kaya pala sinampal mo yung babae na muntik manakaw first kiss ko kanina." bunganga ko kasunod ang pagtango ng ulo.

Napalunok ako sa malalim na tingin ni Ziallyn, kaya para mawala ang kaba sa katawan ko ay inilapit ko ang mukha at ngumuso sa kanya.

"Gusto mo sayo na lang first kiss ko?" her body flinched kaya ngumisi ako at mas lalo inilapit ang mukha nang bigla itong umatras upang lumayo sa akin.

"Crush mo siguro ako n–" tae, bigla nya isinaksak sa bunganga ko ang panyo kaya natigilan ako.

"So what?" iritado nyang sagot, hindi ko gets ang ibig sabihin ni Ziallyn kaya napaisip ako bigla saka inalis ang panyo sa aking bunganga.

"Z-Zi!" langya bigla ako tinakasan. Ano raw? ano yun? ha? hakdog ka.

CHAPTER 3

-

Naalimpungatan ako dahil sa tawag. Mabilis ko hinanap ang selpon para sermonan ang lapastangan na dumisturbo ng tulog ko, sarap na ng panaginip ko tapos gigisingin lang ako. Kinusot ko ang mata bago tingnan kung sino ang caller, sino ang baliw tumatawag sa akin at bakit di naka register sa selpon ko ang numero nito. Sinagot ko din, nagbabakasakali na baka si Ziallyn at na wrong number lang.

"**Hello**?" sagot ko at muling ipinikit ang mga mata. Anong oras ma ba? antok na antok pa rin ako langya.

"**H-Hi Shara**," ooo, babae, shuta, sinong babae to at wala naman ako nilalandi. Kay Ziallyn lang ako magpapalandi.

"**Sino ka? Stalker ka ba? Bakit ginising mo ang taong tulog, ha?"** sermon ko sa babaeng kausap sa selpon.

"**It's me Ketwee, tumawag ako to inform you na wag mo kalimutan ang party**." sunday na ba? binuksan ko ang isang mata at tinignan ang orasan sa suot kong relo.

"**What time ulit?"** I asked.

"**8pm, nag sent na ako ng message tungkol sa address ko**." maingay ang background at sobrang sakit sa tenga, siguro busy na sa paghahanda ng party nya.

"**Okay**." hindi ko na sya hinintay sumagot at agad pinatay ang tawag. Iniisip ko palang ang party ay masakit na ulo ko. Nandito na naman tayo magpapakahirap na naman ako sa pagpili kung ano ang dapat suotin sa party na yun. Tamad na akong mag chat kaya tinawagan ko nalang agad ang iba at pinaalalahanan tungkol sa party. Do'n narin kami magkikita sa labas ng bahay nila Ketwee para sabay kaming pumasok. Kahit tinatamad ay pinilit ko paring ang sarili bumangon at kumilos, kailangan ko narin maghanda at baka mahuli ulit ako dahil sa pagiging tamad ko.

Makalipas ang 69 million years ay natapos din ako sa paghahanda. My all-black attire gives me a boyish appearance, with the ensemble consisting of a black t-shirt, sweatpants, and sneakers. It's a comfortable outfit that allows me to move quickly and easily. I like the fact that it's minimalist and not overly flashy, but it still allows me to express my personality through my clothes. The black color also gives my attire a subtle edge, making it somewhat striking, but not too bold or attention-grabbing. Konting pulbo at lip balm lang sapat na, kahit naman di ako mag make up maganda parin ako at onfident ako sa pagmumukha ko no. Bago umalis ay tinignan ko muli ang sarili sa salamin.

Poganda ko pala.

*

Pag pasok ko sa subdivision ay kita ko agad ang mga kotseng nakaparada sa labas ng malaking bahay. Nakita ko ang mga kaibigan ko sa labas ng gate, hinihintay ako kaya mabilis ako naghanap ng pagpaparadahan bago nilapitan sila.

"Hoy, babe!" salubong ni kb at mabilis niyakap ang braso ko at hinila upang humalik sa aking pisngi. Landing hayop nito, pero hala ha, ang sexy naman ng keyboard warrior namin na yan.

"Kanino ka nagpapaganda keyboard? Ilang oras ka kaya nagbabad sa harap ng salamin para magpaganda? Pero bagay sayo ang dress na suot mo, parang tao ka na." mahina akong tumawa at nakatanggap ng hampas sa balikat ko dahil sa panunukso ko sa kanya.

"Basta ako, poganda lang." biglang singit ni Iris kahit di naman sya ang kausap. Yabang talaga nito pero sabagay, may maipagmamalaki naman talaga sya kung mukha pagbabasihan. Ou mukha lang dahil duda ako pag utak na pinag usapan.

"Hiyang-hiya naman ako sa mga suot nyo." sabi ko at inikutan sila ng mga mata. Effort nila masyado ha, di man lang ako na inform na dapat pala mag effort.

"Haynaku babe! wala naman problema sa suot mo, ang hot at cool mo nga tignan!" turo naman ni Kb sa outfit ko.

"Kahit maghubad ka lang siguro at tumakbo sa harap nilang lahat Sj, walang magiging problema." sunod-sunod ang pag iling ko sa sinabi ni Iris at mahinang tumawa. Baliw to, bakit di nalang sya gumawa total sya nakaisip non.

"Pwede rin naman, pero next time na pag may jowa na." sabay kindat sa kanila. Hindi na kami nagtagal sa labas at agad nagdesisyon na pumasok. Langya, wala man lang nagsabi na pool party pala ang peg nila. Pero okay lang total wala naman kami plano maligo at ang lamig kaya. Nakita ko si Ketwee na may kausap, tinawag ko sya at kumaway. Mabilis nito iniwan ang mga bisita na kausap at nagmamadaling lumapit sa direksyon namin.

"Akala ko hindi kayo tutuloy." nakangiting sagot nito at hahalik sana sa aking pisngi kaso bigla ako hinatak ni Ag kaya hindi natuloy ang paghalik nito sa akin.

Hilaw akong napangiti. "Hi, happy birthday." sabi ko at inabot ang regalo sa kanya. Ang daming bisita, halos yata buong block ng course nya nandito. Sabagay at malaki naman bahay nila, walang magiging problema at bakit ko ba iniisip ang bagay na yan, ano ba pakialam ko.

"Thank you." Binalingan ko ang mga kaibigan at nagtaka dahil silang nawala sa tabi ko. Walangya! bilis nilang maglaho at saan sila nagtungo?!

"Gutom ka na ba? Punta tayo sa likod, sa may pool area at ipapakilala kita sa pinsan ko." total iniwan ako ng mga siraulo, nagpa kaladkad na lang din ako kay Ketwee at dinala ako sa cottage na nasa gilid lang ng pool. Isa-isa nya pinakilala sa akin ang mga kaibigan at pinsan pagpasok palang namin. Pero nagulat ako sa isang babae na ipinakilala nya, bakit sobrang pamilyar ng mukha nito? Nagkita na ba kami? Saan at bakit hindi ko maalala.

"Cous, this is Shara," pakilala nya sa 'kin sa kanyang pinsan ngunit hindi ito nag angat ng paningin sa akin. Artista ba sya? Bakit hindi namamansin ha? Maganda ba sya para dedmahin lang ako? Mas maganda pa nga yata ako sa kanya hmp.

"Shara, meet my cousin, Bern," abala kasi kakaselpon tong Bern na to, mabigat ba ang ulo at hindi magawang maiangat kahit sandali? Pugutan ko nalang kaya para tuloy-tuloy na sya?

"Cous," tawag ulit ni Ketwee kaya wala na itong choice kundi ang mag angat ng ulo. Agad nanlaki ang mga mata nito nang mapagtanto kung sino ang tinutukoy nitong pinsan nya na katabi ko. Ngumiti ito, buong sigla na lumapit sa akin at biglang naglambitin sa aking leeg na parang isang unggoy. Sino ba to at bakit kung makadikit sa akin daig pa butiki.

"We met again, babe." sabay kumunot ang mga noo namin ni Ketwee dahil sa babaeng ayaw ako bitawan sa leeg. Again? Ha? Nagkita na ba kami before?

"Again?" naguguluhan kong tanon.

"Yes, restroom, remember?" pilit kong inaalala ang sinabi nya. Restroom?
Isa lang naman na encounter ko sa restroom, yung sinampal ni demonyeta.

"Oooo, I remember." lihim ako napasinghap matapos mapagtanto na si butiki pala tong kaharap ko. Sa daming hayop sa mundo, bakit siya na ang pinsing nitong kasama ko. Ay, pero hayop ba ang butiki? Di ko rin alam.

"Magkakilala kayo?" naguguluhang tanong ni Ketwee, tila di kaya tanggapin na magkakilala kami nitong higad niyang pinsan.

"Yes, sa bar kami nagkakilala, right?" simulyap siya panandalian sa pinsan niya bago ibinalik sa akin ang atensyon. Lihim akong napabuga ng hangin, malas.

"Yes." tipid kong sagot. Langya, asan na ba yung mga bugok at bigla akong iniiwan mag-isa. Akala ko ba walang iwanan sa tropa? Nasan sila ngayon na kailangan ko? This is… this is… wala na, sad na ako.

"Babe, ang ganda mo ngayon sa suot mo." nanindig ang mga balahibo ko sa biglang pagbulong at ihip ni Bern ng tenga ko. Siraulo! wag ganun at sensitive ako sa tenga ko. Naputol ang usapan naming tatlo dahil may tumawag kay Ketwee. May mga mahahalagang bisita raw ang dumating kaya iniwan ako kasama tong pinsan niya na masarap pakainin ng baso.

"Pwede bumitaw ka muna? Kasi kanina pa ako nagugutom." pagtataray ko sa kanya. Nahihirapan akong sumubo dahil sa kalandian nitong katabi ko.

"Okay, wait." bumitaw nga sya pero ang gaga may binabalak na naman yatang gawin. Inipit ng isa nyang kamay ang mga kamay ko bago ako subuan ng pagkain. Ano to? Di ako aware may babysitter akong kinuha para alagaan ako.

"Here, eat this. Open your mouth." seryoso siya? susubuan ako sa napakaraming tao na nakakakita sa amin?

"Don't worry, may mga kamay ko." sagot ko at pwersahang inalis ang kamay nya. Ako na mismo ang kumuha ng pagkain ko at gumuso naman sya na para bang nagtatampo. Duh, di bagay at siguro kung si Demonyeta gagawa nyan matutuwa pa ako. Di ko na sya pinansin at nagpatuloy sa pagkain, habang abala ako sa paglantak ng mga pagkain ay biglang sumulpot ang mga bruhilta kong kaibigan na kanina pa nawawala. Traydor!

"Sj!" tawag nila sa akin.

"Oh?" Bored kong sagot.

"Anyare sayo at ganyan mukha mo?" Ano pa ba? hindi naman ako si Iris para patulan nalang ang kung sino haharot sa akin. Kanina pa ako nauumay dito sa katabi ko at ayaw bumitaw.

"Wala." sagot ko nalang.

Tinignan naman nila ang katabi ko.

"Sino siya?" turo ni Kb sa malanding babaeng katabi ko. Ou malandi sya, kanina pa to nakayakap sa bewang ko. Ako na mismo ang sumuko kasi ayaw rin naman bumitaw. Ayoko rin naman mabastos sya sa kung anong sasabihin ko lalo na't pinsan pa naman ni Ketwee kaya hinayaan ko nalang tsk.

"Tanong mo." Mataray kong sagot. Nakahalata naman sila na medyo annoyed na ako.

"Hi, I'm Bern." pakilala nito sa mga kaibigan ko at nilahad ang kamay para makipag shake hands. Nagpakilala naman ang tatlo sa kanya at hinayaan ko nalang sila. Matapos kumain nilapag kaagad ni Bern ang maraming beer sa harap namin. Ngumisi ito pagkataas ko ng isang kilay sa kanya. Sa sobrang inis ko ay, kinuha ko agad isang bote at agad inubos.

"Hoy hoy! kalma ka lang jan Sj! alam mo naman mahina ka sa beer!" awat ni Iris at sinubukan agawin ang hawak kong beer pero hindi nagtagumpay. Inis kong kinuha ang phone at niratrat sila ng maraming messages at pinagmumura.

SJ
Kanina pa ako naiinis, alisin nyo tong nasa tabi ko at baka mahambalos ko nitong hawak kong bote.

Sabay nag vibrate ang phones nila at ngumisi lang ng nakakaloko pagkatapos mabasa mga mensahe ko. Hindi talaga nila ako tutulungan? Magwawala ako rito, maghuhubad ako at sasayaw sa gitna, pwede rin tumalong ng pool at magpakalunod.

IRIS
HAHAHAHAHA bakit ba? maganda naman siya? sexy din. ?

KB
Wag mo nga itulad si babe sayo. Allergic sa malalandi yan. Opposite kayo tanga!

IRIS
Crush mo naman. ;)

KB
Yuck! nakakadiri ka na masyado, please ?

SJ
Ano? tutulong kayo o magwawala ako, sige bahala kayo at hilong-hilo na ako sa beer.

KB
Tumigil ka na sa pag inom, baka wala ka ulit maalala kinabukasan niyan.

AG
Ano pala ang nangyari? Nawala lang kami saglit may babae ka na.

I sighed.

Sj
Sya yung sinampal ni Demonyeta.

IRIS
Who's that pepemon? ?

KB

Spill the tea babe.

Sinilip ko naman si Bern na ngayon busy sa pakikipag usap sa mga pinsan nito. Pinalipat ko agad si Kb sa tabi ko at abala kkaming apat sa pag c-cellphone. Mas maganda na yung dito kami mag usap para walang iba makarinig.

SJ
Remember last friday? Nong time na nag restroom ako?

AG
Bakit? Pinagsamantalahan ka ba niya sa restroom?

Bigla naman humagalpak sa tawa si Iris.

SJ
Hindi, I mean slight? counted na siguro yun.

KB
Ano ba nangyari?

IRIS
So, si Bern yun? sayang at hindi ako napunta sa restroom. ?

Binato ni Kb ng tissue si Iris dahil sa reply nito.

SJ
So ayun nga, magkasunod kami pumasok sa restroom. Pagpasok nya ay agad akong nilapitan at naglambitin sa leeg ko na parang butiki.

Sabay nag tawanan ang dalawa habang si AG naman pinipigilan ang sarili tumawa. Ugh!

SJ
Nong time na hahalikan na sana ako ay biglang bumukas ang pinto at pumasok si Ziallyn,

IRIS
Kaya pala nawala kayong dalawa. ?

SJ
Yeah, so naudlot yung paghalik nya kasi biglang nagsalita si Ziallyn. Sabi pa nya "I dare you to kiss her. You'll meet my friend" kilala nyo ba tinutukoy na friend? ?

Natawa ako bigla kasi naisip ko na naman yung naganap sa gabing yun.

AG
Ha? May kaibigan pala sya?

KB
Hoy ang harsh mo Ag, grabe ka kay Ziallyn HAHAHAHAHAHAHAHAAH

IRIS
Tangena ng mga to. Wag nga kayo magulo! Pero sino pala yung friend na tinukoy? Wala naman siya sinabi nong nakabalik na ng table.

SJ
Sampal niya, bestfriend ni Ziallyn yung sampal BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA.

IRIS
Naknampucha si lodi!! HAHAHAHAHA

KB
Sayang daw sabi niya.

AG
HAHAHAHA langya! So ano next?

Sj
Pati ako natakot sa lakas ng sampal ni Ziallyn sa kanya, naging bato nga ako sa kinatayuan ko that night at di nakagalaw BAHAHAHAHAHAAHAHAHAHAHAH

IRIS
Gago. ?

SJ
Gulat siya eh, di nita expected yung sampal. Susugurin sana si Ziallyn pero sumalubong ulit sa kanya ang sobrang napakalakas na sampal. Dumugo pa labi niya?.

KB
Para ka namang baliw babe, pero deserve. ??

AG
Pero bakit niya ginawa yun?

SJ
Aba malay ko sa kanya, itanong mo kaya para malaman mo?

IRIS
Baka crush ka, ehem.

SJ
Langya, mas straight pa sa tuwid na daan yun pero marunong baman siguro siya lumiko pag ginusto? ?

KB
Walang straight as flagpole kung puso na titibok babe.

AG
Relatable ba Kb?

KB
Naku babe, kung ako sayo wag mo na ituloy at may masasaktan. ?

IRIS
Ikaw ba crush mo? HAHAHAHAHA

Napangiti naman ako sa tanong ni Iris. Well, okay na rin sguro malaman nila na I like Zi,

SJ
Crush ko. ????

IRIS
Hoy potangena, diba straight ka? HAHAHAHAHAHAHAHAHAH

KB
naalala ko yung sabi nya na hinding-hindi daw sya magkakagusto sa babae. ??

AG
Di ka sure friend.

SJ
Crush ko nga, seryoso. ? Wala ng straight sa pamilyang to, pag baliko isa dapat sagad na.

IRIS
Di naman ako straight. ?

Langya natatawa ako sa mga to. Mag rereply pa sana ako ng napansin kong pabalik na si Bern sa pwesto namin at may bitbit ulit na mga bote ng alak. Palalim ng palalim ang gabi at sumapit ang alas onse, bagong gising lang ako dahil nahilo sa alak kanina. Pag gising ko wala na ang tatlo at sinabing pinauwi ko na raw sila, wala ako matandaan shuta. Ako? Heto naiwan kasi may sasabihin daw si Ketwee sa akin after the party, kaya no choice. Masakit ulo ko at medyo hilo parin, but nakatulog naman ako kahit isang oras kaya okay lang din. Habang hinihilot ang aking ulo ay nakita ko na naman si Bern na papalapit at may dalang baso. Shot dito, shot doon. Yawa, ba't feeling ko gusto ako lasingin nito? Pinagpahinga lang ako ng ilang oras tapos binalikan agad ng alak langya.

Inabot niya ang baso na naglalaman lang pala ng malamig na tubig. "Babe, look." tumingin siya sa likuran ko kaya napatingin din ako pero anong meron? Wala namang tao sa likod ko. Pagbalik ko ng paningin sa kanya at malawak na itong ngumingiti, baliw ba siya?

"What?" Tipid kong tanong

"Nothing, go on, continue drinking." hindi ko na pinansin at dahil sa sobrang pagka-uhaw mabilis ko inubos ang nilalaman ng baso. Hindi pa ganun katagal simula ng inumin ko ang tubig pero nakaramdam na ako ng matinding pagkahilo at antok. Pilit ko nilalabanan ang mga talukap sa mata pero hindi ko kaya at kusa na itong sumasara.

"Babe, wanna have some fun tonight?" bulong niya at tuluyan akong nawalan ng malay sa mga bisig nita.

*

Nagising ako dahil sa matamis na amoy, masakit ang buo kong katawan pero mas malala ang sakit ng aking ulo. Nakapikit parin ang aking mga mata, nag eenjoy sa lambot at bango ng kama nang bigla pumasok sa isipan ko ang nangyari kagabi at ginawa ni Bern sa akin. Mabilis akong bumangon at napagtanto na wala ako sa kwarto ko, I mean, hindi ko kwarto ang tinulugan ko! Para na akong baliw dahil sinasabunutan ang sarili, inaalala kung may nangyari kagabi.

"What are you doing?" mabilis kong nilingon ang babaeng nagsalita at nakitang nakasandan sa may pinto. Nanlalaki ang mga mata ko nang makita ang babae at ilang ulit kinusot ang mga mata para makasiguro na hindi ako namamalikmata. Bakit nandito si Ziallyn at diba si Bern ang huling kasama ko.

"Don't you know how to speak?" dapat ba ako mainsulto sa malamig niyang salita?

"Nananaginip ba ako?" 'yan nalang ang tanging nasabi ko kasi hindi parin ako makapaniwala na nandito sya. Malay ko ba at baka panaginip lang pala lahat ng to. Niligtas niya ba ako kagabi? paano nya naman ako nahanap? at bakit nandito ako sa kwarto nya? Tatayo na sana ako at nanlaki ang mga mata ko nang mapansing iba na ang suot kong damit.

"I changed your clothes." sabi kahit hindi ko naman tinatanong, pero anong sabi niya?!

"Y-You w-what?" kabado kong tanong.

"Hindi ka nakakaintindi?" bakit ba naiirita siya, nagtatanong lang naman ako. Ramdam ko ang init ng aking mukha at alam kong namumula na ako. Bigla siyang tumalikod at umalis kaya dali-dali akong sinundan sita patungong kitchen. Marunong pala siya magluto? Hindi naman kasi halata sa mukha niya.

"Wee? marunong ka magluto?" she looked at me in disbelief at tinatanong ako sa pamamagitan ng kanyang mga mata kung seryoso ba ako o nagbibiro lang sa kanya.

Pakla akong ngumiti. "Z-Zi erm what happened last night?" lakas loob kong tanong kasi kanina pa ako confused bakit siya ang kasama ko.

"Nothing." tipid niyang sagot habang abala sa pagbaliktad ng nilulutong itlog.

"I mean, bago mo ako dalhin dito—nasan pala tayo?" tanong ko at minasahe ang aking ulo.

"My condo." napakamot ako ng ulo. Wow I didn't expect this to happen.

"So, ano nga nangyari lastnight? ang huli kong natatandaan si Bern kasama ko. Yung babaeng yun, may nilagay siyang pampatulog sa ininom ko." sabi ko, nagutom ako bigla at ang tagal naman maluto ng itlog na yan! masusunog na!

"Zi." Tawag ko ulit sa kanya. Di ko talaga sya titigilan hanggat wala akong sagot nakukuha. This time ay humarap siya sa akin at tumingin sa aking mga mata.

"Nakita ni Helari may nilagay sa drinks mo." tinignan ko ang mga niluto nya. Oh wow, At least marunong sya magluto ng sausage, hotdog, and egg. Not bad not bad, akala ko subog pero di oala.

"And?" Sagot ko habang nasa pagkain parin ang atensyon.

"Kinuha kita sa kanya, that's all." yun lang? wala bang mas malinaw na paliwanag jan? pero thankful ako at nakita nila ako bago pa may gawin na kung ano sa akin yung babaeng yun. Gusto ko siya titigan sa mga mata pero nahihiya ako kaya nanatili akong nakayuko sa mga pagkain.

"T-Thank you. Late ko na kasi namalayan may nilagay sya sa inumin ko. Dapat ko na talaga agad iwasan ang babaeng yum pag nagkita kami muli." gusto ko na kumain huhu.

"Dapat lang." sambit niya sa malamig na toni. Feeling ko nakatingin pa rin sya sakin hmp. Hindi na ako nagsalita at steady nalang sa kinatatayuan at panay na lunok ko dahil naglalaway na tong bibig ko sa mga pagkain.

"Why are you still standing there?" hindi ba pwede wag nya ako tarayan? Mabait naman ako ah kaya dapat maging mabait din siya sa akin.

"Di ko alam marunong ka pala magluto." biglang sabi ko. Tumingin ako sa kanya na ngayon abala sa pagsubo ng jumbo hotdog tender juicy, hindi man lang nita ako pakakainin? gutom na gutom na yung tao na nakatayo rito oh.Shit bakit ang sexy niya kumain? Hotdog lang naman yan ah. Napatagal ata ang pagtitig ko sa kanya kaya napatingin na sya sa akin.

"Aren't you going to eat? stop staring at me, and eat." inis niyang salita at kinunutan ako ng noo. Umupo ako sa tapat niya at agad kumuha ng mga pagkain at pagkalipas ng ilang segundo ay tumayo ito na ikinagulat ko.

"Coffee or hot choco?" Tanong nya.

"You." wala sa isip kong sagot at busy kakalantak ng pagkain.

"Pardon?" naubo ako nang mapagtanto ang sinabi. Parang baliw, bakit ko ba nasabi yun.

"I-I mean C-coffee, please." lihim kong kinurot ang sarili dahil sa kagagahan kong taglay. Kailan pa ako nagsimulang uminom ng kape? Hindi ako mahilig sa kape pero nakakahiya naman kung sasabihin kong hot choco na lang kung nasa coffee maker na sya at nagsisimula gumawa ng kape! Okay na yan, para kay Zi iinom nalang ako ng kape at hindi naman siguro ako mamamatay kung iinom ng isang beses.

"Ganyan ka ba talaga? Always nakikipagtalo sa sarili?" di ko namalayan nakabalik na pala siya sa aking tabi. Napakamot ako ng kilay at mahinang natawa bago kinuha ang inabot niyang kape, grabe at amoy palang sobrang tapang na.

"Alam mo ba Zi-"

"Nope." di ko pa nga tapos sasabihin ko sumingit na sya. What if patapusin muna ako sa pagsasalita para alam niya?

"Hindi mo talaga malalaman kung lagi mo puputulin sasabihin ko." saan ko kaya nakukuha lakas ng loob ko para sagut-sagutin sya ng ganyan. Nakataas ang isang kilay na at tinitigan ako, maldita talaga. Hindi nalang ako ulit nagsalita at tinapos ang pagkain. Nang matapos kami ay ako na ang nag ligpit at hugas ng mga pinggan, nakakahiya naman at ako na nga pinalamon sya pa maghuhugas. After maghugas pinuntahan ko sya sa living room. Nakaupo lang ito sa couch habang nanonood ng powerpuff girls, mahina akong natawa at nakita ang kanyang pag-irap matapos marinig ang mahina kong tawa.

"Ahem, so sino favorite mo sa tatlo?" Tanong ko sa kanya at umupo sa pinakadulo ng couch.

"Buttercup." mabilis niyang sagot. Hmmm hmmm, paulit-ulit akong tumango matapos marinig ang paborito sa tatlo. Oh well, bagay din naman sa kanya yunng character at laging seryoso sa buhay. Habang tahimik na nanonood ay biglang tumunog ang cellphone ko, kinuha ko ito at tinignan kung sino ang caller. Dali-dali akong nag excuse sa kanya nang makita ang pangalan ni mommy sa screen.

"**Ma**," sagot ko.

"**Shara! saan ka nagpupunta bata ka at bakit hindi ka umuwi kagabi ha?!"** bahagya ko nailayo ang phone sa lakas ng boses ni mama sa kabilang linya, para naman tong hindi sanay sa akin.

"**Ma, sorry di ako nakapagpaakam. Dito na ako natulog sa bahay nila Axel dahil naparami inom ko kagabi**." alibi ko, sorry AG, libre ko nalang siya ng cassava cake tomorrow.

"**Akala ko kung napano ka na bata ka, umuwi ka na at may pasalubong kami ng papa mo."** she

said and ended the call. Di man lang hinintay sumagot ako at pinatayan agad, grabe talaga silang dalawa ni papa at lagi nalang gumagala at wala sa bahay. Bumalik ako sa living room upang magpaalam kay Ziallyn. Ayaw ko pa sana umalis pero baka magalit parents ko, ayaw ko pa naman na pinapagalitan ako.

"Zi, tumawag si mama at kailangan ko na umuwi. Thank you so much sa lahat ng ginawa mo, kung may magagawa ako para sayo sabihan mo lang ako." nahihiyang paalam ko. Bigla itong tumayo at lumapit sa akin, napalunok ako nang bigla niya inilapit ang mukha sa may bandang leeg ko paakyat sa aking labi at inamoy. Ano? Kailan ko pa siya naging aso? Kung ganito kaganda at taas ng appeal magiging alaga ko shuta hindi ko na pakakawalan pa.

"B-Bakit?" puso, kalma ka muna at wag ka muna bumilos jan.

"Next time, alamin at kilalanin mo muna mga kasama bago ka maglasing ng todo." pinapagalitan ba ako o pinapaalalahanan? pwede rin naman both, kung siya rin naman sesermon sa akin ay sure, why not de coconut.

"Aye, mommy D," natutop ko ang labi, wala talaga akong preno at kusa nalang nagsasalita ng walang kwenta tong bibig ko.

"Good." bumalik siya sa aking kwarto at kinuha ang kasuotan kong bagong laba, awee tignan mo at hindi pa nga kami grabe na kung maka asta hays. Duda akong siya naglaba nito, duda talaga ako!

"Thank you, Zi, pwede ka na mag asawa kahit tender jumbo at itlog lang alam mo lutuin. Pag searching ka, sabihan mo lang ako at mag aapply ako." makapal kong salita at humahalpak ng tawa, baka sampalin ako nito pag inasar ko ng husto. Aalis na sana ako kasi wala pala akong dala na pera at di ko rin dala sasakyan kaya umikot ako at bumalik ng lakad palapit sa babaeng titig na titig sa akin.

"What?"

"Hehe, wala ako dalang pera, hindi ko rin dala kotse ko at wala ako pamasahe…" inilahad ko ang palad sa kanya at umarko agad isang kilay ni Ziallyn,

"Pahingi naman pera oh, kahit 100 lang." makapal naman mukha ko kaya sagarin na natin.

"Tsk, hintayin mo ako sa labas." sabi niya at bumalik sa kanyang kwarto. Lumabas na ako ng umit at naghintay sa kanya, isang daan lang naman sana kukunin na halaga pero ba't ang tagal lumabas ng babaeng yun. Nagdaan ang isa, dalawa, at tatlong minuto hindi parin ito lumalabas. Babalikan ko sana sa loob pero naka locked na at di ko alam password niya. Kakalabugin ko nalang sana ang pintuan kasi tumunog ito at biglang bumukas.

My eyes widened in surprised nang makita siyang nakabihis, bwakinangshit na yan at ang ganda! She appears before me, looking radiant in her white cropped top and low-waisted jeans. Ang pang-itaas ay niyakap ang kanyang katawan at pinatingkad ang kanyang mga kurba, while the low rise of the jeans gives a sultry look. Napaka elegante at sopistikada sobra ng kanyang istilo. The white of the top contrasts beautifully with the white of the jeans, creating a striking and eye-catching appearance. As she moves, she seems to radiate confidence at mahihirapan kang balewalain ang ganito kagandang dalaga.

"Close your mouth." marahan na inangat ang baba ko, anong sinasabi n—ay langya bakit naman bahagyang nakanganga kasi bibig ko. Grabe naman ang Ziallyn na to at lakas makahatak ng atensyon.

"Saan ka pupunta? Asan na isang daan ko?" tanong ko. Muntik ko pa makalimutan ang dahilan bakit

naghintay ako.

"I don't have a hundred." langya, yaman-yaman niya tapos walang isang daan?

"Ang yaman tapos walang p–"

"Let's go. I'll drive you home." inikutan niya ako ng mga mata at marahan tinapik ang aking pisngi bago nauna sa paglalakad. Awang ang labi ko, seryoso siyang ihahatid ako? Wow! Wow! Wow!

"M-Mommy ko, wait!" pabiro kong sigaw at tumakbo pasunod sa kanya.

Mabait yata siya ngayon?

Bakit may pa hatid?

Crush ba ako?

Aba, bakuran na niya ako agad no.

CHAPTER 4

-

-

"Babe!" Tawag ni keyboard pagpasok ko ng classroom. Pansin kong konti pa kaming nandito, dumiretso ako sa upuan at inilapag ang mga kagamitan at napansin wala pa rin ang Quadruplets.

"Hoy kamusta? ano pinag-usapan nyo ni Ketwee kagabi?" sabay silang tatlo lumapit at pinalibutan ako.

"Walang usapan na naganap." wala sa gana kong sumagot at naalala bigla ang pagtatangka ng pinsan niya sa akin kagabi. Kung hindi lang dumating sila Ziallyn tigok na siguro ako.

"Nge? akala pa naman namin magtatapat sayo." inangat ko ang ulo upang tingnan si Iris, magtatapat ng ano? tapat na manyakis pinsan niya at mapagsamantala?

"Sinasabi mo tanga?" tanong ko. Umakbay siya at ngumisi, sarap sikuhin ng mukha nito.

"Slow ka ba talaga o talagang nagiging bobo ko na S? ang ibig kong sabihin ay may gusto yung Ketwee sayo kaya ihanda mo na sarili mo." bulong nya na ikinataas ng kilay ko. Kung anu-ano na lang iniisip ng mga babaeng to.

"Tumahimik nga kayo at magkaibigan lang kami, wag nyo na bigyan ng malisya." depensa ko sa sarili, kukulitin na naman ako ng mga baliw na to.

"Pustahan tayo?" ang lakas makipag pustahan ni Iris pero hindi pa siya nananalo.

"1K sa linggo na to." unang hirit ni Iris.

"Okay deal." segunda naman ng dalawa. I heaved a sigh at kahit pigilan ko man sila ay hindi rin naman makikinig.

"Ikaw babe, ayaw mo sumali ha? Sumali ka na dali." bakit ba pinipilit ako ng keyboard na 'to sumali

"Bahala nga kayo dyan." sabay irap sa kanilang tatlo. Hindi ko na sila pinansin at nag focus sa pagbabasa. Mahilig pa naman sa surprise recitation tong unang prof namin.

"Ay bakit pala hindi kayo natuloy sa pag-uusap. May ganap na naman ba? singit ulit ni Kb habang nagbabasa ako.

"Let's talk about that later." sabi ko at seninyasan silang lumayas na sa desk ko.

Pagkatapos ko silang palayasin sakto naman dumating ang mga kambal. Pero bago paman makapasok ng tuluyan ay may tumawag kay Ziallyn. Sakto naman na nasa may pintuan sila kaya kitang-kita namin sila.

"Zia," Isang gwapong lalaki ang biglang sumulpot sa harapan nila.

Oh I remember this guys.

I think he's the Captain of the Men's Basketball team. What's his name again? Bonjik? Kojik? ay basta yun na yun.

"Ooo, it's Bonjie." biglang bulong nitong katabi ko na si Kb. Nabasa nya ba nasa isipan ko?

"Ang bansot ng pangalan nya. Di bagay sa mukha nya" Seryoso kong sagot kay Kb. Totoo naman kasi, ang pogi nya tapos ipapangalan sayo Bonjie? The heck.

Nag tawanan naman ang tatlong nasa gilid ko.

"Binigyan ba kita ng pahintulot tawagin akong ganyan? Who are you?" Woooo look at that. Aga-aga nagtataray na ang Demonyetang to. Napakamot nalang sa ulo ang lalaki.

"I-I mean Miss.Zia–" di na natapos kasi sumingit na naman sya. Favorite nya talaga yan.

"I don't have time for you." gamit ang kanyang malupitang yelong boses. Medyo napapahiya na si guy at nasa kanila na kasi lahat ng atensyon ng mga estudyante.

"P-Pwede ba kitang e.invite lumabas?" nakayuko ito habang nagsasalita.

"We're already outside" Pambabara nya kaya nagtawanan ang mag studyante. Tangena talaga gusto ko narin tuloy matawa.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA-" bigla ako napahagalpak at takip ng bibig, langya di ko mapigilan. Sobrang pula ng mukha ni Bonjie, nagmukha na syang kamatis. After that ay pumasok na sa loob ang mga kambal at umalis ang lalaking napahiya. Nagtagpo ang aming mga mata ni Ziallyn at agad ko yun iniwasan, baka kasi pag nakipag titigan pa ako sa kanya ay magsimula na naman maging abnormal tong puso ko. Pagkaupo nila ay inangat ko na ulit ang ulo, agad kong nalanghap ang mamahalin nyang pabango. Nakakaadik yung amoy nya at strawberry flavor.

Pagkaraan ng ilang segundo ay kinalabit naman ako ni keyboard. "Bakit?" tanong ko.

"Babe, bakla ka?" nanlaki ang mga mata ko sa bigla niyang tanong at nasampal siya sa balikay. Sinadya talagang lakasan boses kaya napalingon ang tatlong kambal sa akin at syempre hindi kasama si Ziallyn don. Loko talaga tong keyboard na to, nagsisi tuloy akong sinabi ko sa kanila may gusto ako sa demonyetang nasa harapan ko tsk. Buti dumating ang guro bago pa man makisali ang tatlo sa panunukso ni keyboard.

*

Isang subject lang kami sa umaga kaya chill na ulit pagkatapos ng klase. Hindi ako makapag focus kanina kasi yung pabango ni Ziallyn malakas maka distract.

"Ano gusto nyo? Ako na mag oorder, libre ko at mukhang wala kayong mga pera." sabi ko, may atraso pa pala ako kay Ag,

"May chocolate cake ba sila? yun nalang for me babe tapos pineapple juice." pagkatapos makuha ang order ni keyboard binalingan ko ang dalawa.

"Cassava akin at burger daw kay Iris, coke zero drinks kung meron." tumango ako pagkatapos makuha ang mga gusto nila kainin at pumila para maka order agad. Habang nasa pila ay may biglang tumawag sa akin na dalawang babae.

"Yes?" Sino ba tong mga to, di ko naman sila classmates.

"A-ano...." anong ano? natatae siya?

"Here!" sabay bigay ng cake sa akin, kumunot ang aking noo dahil sa pagtataka. Bakit may pa cake silang dalawa at sure ba na para sa akin to?

"For me?" turo ko sa sarili. Ayaw ko sana tanggapin pero kinuha ko parin, baka madismaya sila pag tinanggihan ko. Ibibigay ko nalang kay keyboard mamaya total mahilig sa cake yun.

I smiled.

"Thank you for this, what's your name?" pasasalamat ko.

"Kaye." hindi yata maganda kondisyon ng kanyang katawan at pinagpapawisan, namumutla rin ang mukha. Akma ko na sana hahawakan ang noo to check her kung may lagnat ba or what nang bigla ako may narinig sa likod.

"Move" Napahinto naman ako sa gagawin ko at agad nagbawi ng kamay.

Nagtagpo ulit ang aming mga mata. Ayan na naman ang puso kong nagiging abnormal. Gusto ko sana syang batiin pero umatras dila ko langya. Lihim ako napairap sa pagdaan nila at sa mismong gitna pa talaga namin ni Kaye ito dumaan. Sinundan ko lang sila ng tingin, ang lawak ng space tapos sisingit talaga sa gitna para lang dumaan. Problema ng demonyetang to?

"Alis na kami Shara. Enjoy!" Nagpaalam ang dalawa at iniwan akong mag-isa. Matapos makuha ang order ko ay dumiretso ako sa table kung saan ang mga kaibigan ko.

"Hoy keyboard, sayo nalang tong cake total patay gutom ka naman." sabi ko pagkarating sa table namin.

"Luh HAHAHAHAHAHA." tawa ni Iris,

"Thank you babe pa kiss nga!" parang bata pero sige na nga kiss lang pala. Inilapit ko ang pisngi sa kanya at mabilis itong humalik. Sobrang clingy kaya minsan napagkakamalan kaming may relasyon kahit di nila alam ang totoo.

"Ano na S? Ano nangyari kagabi at mag umpisa ka na magkwenti." tanong ni Iris, akala ko nakalusot na ako eh. Alam ko naman na kukulitin lang nila ako pag di ko sinabi kaya no choice.

"May binalak na masama si Bern sa akin lastnight pag alis ninyo." wala ng paligoy-ligoy at diretsahan na to. Sabay silang tatlo naupo kaya inabot ko sa kanila ang mga inumin at mahinang tinapik ang likod ni keyboard.

"Wait, what???" Dumukot si Iris ng tissue at pinunasan ang kanyang bibig.

"Yeah, pagkaalis nyo pa lang kasi ay bumalik na naman ang kalandian niya tas hindi na ako tinigilan kakabigay ng inumin. Hindi ko namalayan na nilagyan nya na pala ng kung ano yun drinks ko".kaswal kong paliwanag habang naglalantak ng pagkain.

"Ba't ang kalmado mo d'yan?" Kuno't noong tanong ni Ag.

"Wala naman kasing nangyari." sagot ko kasunod ang pagtingin sa kanya.

"Totoo?" Di parin nito inaalis ang tingin sa akin.

"Niligtas ako ni Ziallyn." sagot ko kasi totoo naman na kung hindi dahil sa kanya baka kung ano na ang ginawa sa akin.

"No way?!" bulaslas nilang tatlo.

"Omg! Tapos, tapos?" mas excited pa yata si keyboard kung ano nangyari sa amin ni Ziallyn, grabe.

"Bakit ko sasabihin? Secreeeeet." agad nagbago ang kanyang ekspresyon matapos ko hindi mag share, bahala sila kung ano iisipin nila at tinatamad ako magkwentio.

"Pangit mo ka bonding." nagkibikit balikat ako kay Iris.

"Pero paggising ko ibang damit na suot ko. To make it short, binihisan niya ako-" napatakip ako ng mga tenga dahil sa malakas na tili ni keyboard, walangya!

Sinilip ang ko table nila Ziallyn na ngayon ay nakita tingin na rin sa amin. Agad akong umiwas at ibinalik ang atensyon sa mga kaibigan ko.

"Hoy, hinaan nyo nga boses nyo!" Saway ko sa kanila.

"Naknampucha, lodi HAHAHAHAHAHAAHAH" hagalpak ni Iris,

"Anong feeling na makatulog sa kama ni Ziallyn?" Nakuha pa talaga ako asarin ni Ag at taas-baba ng mga kilay. Naalala ko na naman at di maiwasan na mag init ang aking mukha.

"You're blushing babe!" Aasarin na naman ako ng mga bruhiltang to kaya bago pa man mag simula ay agad ko na iniba ang topic.

"Speaking of Bern, ngayon ko lang na realize na same name pala kayo Kb" Sabi ko at hinarap si Kb. Medyo nag buffering ata utak nya kaya hindi agad naka react.

"Hala tanga! ?untik ko na makalimutan Krystal Bern ka pala, naknampucha! nasanay ako sa keyboard HAHAHAHAHAHAHA" biglang hagalpak nila si Iris at Ag. Si Kb naman naging estatwa na, hindi nya ata ma process sa utak yung sinabi ko.

"Keyboard, ano na?" tinapik ni Ag ang balikat nito kasi hindi parin talaga ito gumagalaw. Natatawa narin nga ako.

"Tangena keyboard, don't tell me nakalimutan mo rin na Bern ka?! Walangya HAHAHAHAHAHHA." Natawa narin ako ng malakas after sabihin ni Iris yun. Tawanan lang kaming tatlo at hinihintay si Kb na mag react. Matagal-tagal din bago sya ulit bumalik sa realidad.

"Hoy potangena! Bakit Bern pangalan nya!" Tumawa na naman ulit kaming tatlo dahil sa sinabi nya. Maluha-luha na kami kakatawa, wala na kaming pakialam sa mga tinginan ng mga tao. Basta kami ay nag eenjoy sa sarili naming mundo.

"Oh nooo! Ngayon ko lang din naalala na Bern pala ang second name ko shit!" Singhal nya sa amin. Si Iris panay hampas na sa table namin kakatawa.

Tawa parin kami ng tawa hanggang sa nilapitan na kami ng professor namin para sawayin. Sinakop ba

naman ng mga tawa namin ang buong cafeteria.

Nagpasya nalang kaming lumabas kasi baka mapagalitan na naman kami ulit kung mag stay pa kami sa cafeteria.

*

Nagpasya kami bumalik ng classroom at doon nalang tatambay. 1PM pa kasi magsisimula second subject namin. Pag dating ay bumuntong hininga lang ako at pumangalumbaba sa desk ko. Magsasalita sana si keyboard nang biglang pumasok ang Quadruplets.

Tatambay din ba sila dito?
Langya bakit sila tatambay dito? Sa daming lugar ba't dito pa sa
classroom. Sabagay at classroom din nila to kaya wala akong karapatan pangunahan sila. Pasalamat nalang ako nandito sila, mababantayan ko si crush. My jaw clenched at umahon na naman ang inis sa dibdib ko nang makitang may lalaki ang lumapit kay Ziallyn with matching chocolates at bouquet pa. I mentally rolled my eyes nang makita ang pagtanggap ng chocolates at bouquet na binigay nong lalaki, hindi rin naman nagtagal ay umalis na ito.

Tangena ba't mo tinanggap ha?!

Inis kong hinanap ang earphone ko sa bag at diretsong isinuot pagkakita ko. Tsk! Makikinig nalang ako ng music, panay talak ng mga katabi ko pero di ko na sila pinansin. Di ko alam, basta wala ako sa mood makipag usap.

Nakayuko lang ako at busy sa phone at naghahanap ng kanta hanggang sa nakita ko na ang hinahanap ko.

Now Playing Habang Buhay by Zack

Ipinikit ko ang aking mga mata. Gustong-gusto ko talaga tong kantang to. Bagay na bagay to for Zi.

Aking sinta
Ano bang mayro'n sa iyo
'Pag nakikita ka na
Bumabagal ang mundo

Sumabay na rin ako sa kanta.

Ano nga bang meron sa kanya at bigla nalang bumabagal ang mundo ko pag andyan sya.

Iniisip ko palang nga sya nagiging abnormal na naman ang puso ko.

'Pag ngumingiti ka para bang may iba
'Pag tumitingin sa'kin mapupungay mong mga mata
Wala akong takas sa nakakalunod mong ganda (ha)

Ano kaya hitsura nya kung ngumiti sya? Sana dumating yung panahon na masilayan ko rin ang mga ngiti nya. Sguro sobrang ganda nya. Pokerface palang nga nya abot langit na ang ganda paano nalang kaya kung ngumiti pa sya. Napangiti tuloy ako.

Halika nga (ha ha ha)
Tingnan mo lang ang aking mga mata
'Wag kang titingin na sa iba
Akin ka na wala nang iba (ha ha ha)

Gusto ko sya, gustong-gusto. Pero natatakot akong e.pursue sya kasi alam ko naman na straight sya at di halatang papatol sa isang babae.

Pero iniisip ko palang ang mga asong manliligaw nya ay naiinis na 'ko.

Andito 'ko hanggang sa 'ting pagtanda
Mamahalin kita basta't 'pag nahulog
Nakahawak ako 'wag ka lang bibitaw
Habang buhay na ako'y iyo

Mahalin mo lang ako Ziallyn, kahit 1% lang ako na bahala sa 99%.

Wala nang ibang nakagawa sa'kin nang ganito
Kung 'di ikaw nag-iisang diyosa ng buhay ko
'Wag ka nang matakot 'wag kang mangamba
Andito ako 'pag ika'y mag-isa
Wala akong takas sa nakakalunod mong ganda

Ou wag kang matakot na mahalin ako Ziallyn. Hinding-hindi ka magsisisi, I will do everything to make you happy.

Halika nga (ha ha ha)
Tingnan mo lang ang aking mga mata
'Wag kang titingin na sa iba
Akin ka na wala nang iba
Andito 'ko hanggang sa 'ting pagtanda
Mamahalin kita basta't pag nahulog
Nakahawak ako 'wag ka lang bibitaw
Habang buhay na ako'y iyo

Nakangiti ako habang sumasabay sa kanta. Ang gaan sa feeling, nawala tuloy bigla yung inis ko kanina. Nagpatuloy lang ako sa pagkanta while tapping my fingers on top of my desk, hanggang sa natapos na ito.

Kahit ang likod mo'y kubang-kuba na
Kahit ang ulo mo'y puro uban na
Isasayaw ka hanggang sa pikit na ang ating mga mata (ha ha ha)
Wala naman akong hiling pa
Basta't kasama ka habang buhay na
Kuntento ako basta't ikaw lang kasama ikaw kasama ko
Aking sinta ano bang mayro'n sa iyo
'Pag nakikita ka na bumabagal ang mundo

Tingnan mo lang ang aking mga mata
'Wag kang titingin na sa iba
Akin ka na wala nang iba
Andito 'ko hanggang sa 'ting pagtanda

Mamahalin kita basta't pag nahulog
Nakahawak ako 'wag ka lang bibitaw
Habang buhay na ako'y iyo
Tingnan mo lang ang aking mga mata
'Wag kang titingin na sa iba
Akin ka na wala nang iba

Pagmulat ko ng mata ay napansin kong nasa akin na pala lahat ng atensyon ng mga classmates ko, pati narin sila Ziallyn. Wadapak! kaya pala feeling ko kanina bigla nalang tumahimik ang paligid. Hindi ko naman alam na nakikinig na pala sila sa akin. Nagsimulang magpalakpakan ang mga k-klase ko. Feeling ko namumula mukha ko, kasi ramdam ko ang init na dumadaloy sa mukha ko. Shit nakakahiya!

"Waaa, babe! Ngayon lang kita ulit narinig kumanta waaaa!" tumitili at yumakap si keyboard, ako naman nahihiyang tinakpan ang mukha.

"Wow Shara ang ganda ng boses mo." Biglang singit ng k-klase ko. Wala akong barya at wala ako panahon sa mga bolero.

"May talent ka pala?" sino to at ng masapak ko sa mukha.

"May panlaban na tayo sa battle of the band guys!"

Rinig kong sabi ng mga k-klase ko.
At naghiyawan naman ang iba.

"Battle of the bands?" Tanong ni Kb sa kanila.

"Ou, every year kasi may battle of the bands na nagaganap pag festival." Pagpapaliwanag ng k-klase namin na nakasalamin.

"Talaga?!" Excited na tanong ni Iris.

Tumango naman ang mga studyante.

"Kailan ba festival dito sa PU?" Ag asked.

"September, next month na" sagot ulit nong nakasalamin na babae. Hindi ko tanda pangalan nya e.

"Waaaa maganda to guys!" Masayang hinarap ni Kb ang dalawa naming kaibigan at nag ngitian. Mukhang may binabalak ang mga to, sana lang mali ang nasa isip ko. Tumunog na ang bell at pumasok na ang Professor namin kung kaya't nagsibalikan na sa kani-kanilang mga upuan ang mga k-klase ko.

*

Nasabi ko na ba sa inyo guys na sobrang ganda ng Professor namin? Ou substitute teacher daw sya.

Her name is Pixie Ponferrada, yes po tama po kayo sa pagkakabasa. Pinsan po ng mga kambal.

Walang kurap kong pinagmasdan ang mukha nya habang nag d-discuss. Kanina pa ako tulalang nakatitig sa kanya, talaga bang magpinsan sila ni Ziallyn? Ang angelic kasi masyado ng mukha, literal na parang may anghel akong nakikita. Feeling ko nasa 25-26pa edad nito, mukha nga lang syang 20 dahil sa mukha nya.

"Miss De La Fuente"

May boyfriend na kaya sya?

I shook my head.

Omg Sj don't tell me you're fantasizing your Professor! Hindi pwede!

"Miss De La Fuente!" Nagulat ako sa biglang sumigaw kaya napatingin ako sa babaeng nasa harap ko na pala.

"If you think my class is boring, why don't you just leave?" napalunok ako sa lamig ng kanyang boses at titig na titig sa akin.

Luh? Akala ko pa naman si Ziallyn lang maldita sa paaralang to.

"A-ah sorry ma"am."

"Pay attention to my class Miss De La Fuente". Sabi nya at naglakad na pabalik sa board.

"Ma'am sa sobrang focus ko nga masyado sayo hindi ko na alam kung ano dini-discuss mo." mabilis kong tinapik ang labi dahil sa bibig na walang filter kung minsan magsalita. Napalunok ako dahil sa sobrang kaba, ano nalang iisipin ng mga classmates ko? Baka isipin nila nilalandi ko tong propesora namin.

"It's not my fault if I'm beautiful, and you can't focus." I bit my lower lip at baba ng ulo, medyo napahiya ako don ha! pero totoo naman kasi na maganda siya at mahirap yun itanggi.

Nagpatuloy siya sa discussion at bigay ng problem na dapat ma solve, mukhang mainit na ulo nya dahil lahat ng mga tinatawag nya para sagutin ito sa harap ay puro mali ang sagot. Gusto kong magtaas ng kamay kasi alam ko naman ang sagot pero hinihintay ko lang talaga sya na tawagin ako.

Ang nakakasagot lang ng tama sa mga pina solve nya ay ang Quadruplets.

I saw her gently massage her temple, probably because she thinks we're stupid since the question wasn't that hard to answer. I raised my hand kaya napatingin naman ito sa akin sabay taas ng isang kilay.

"Do you wanna go out?" I mentally rolled my eyes after she said that. Maldita.

"I wanna solve the problem?" Patanong kong sagot.

Hindi naman sya sumagot at nagtitigan lang kami. Ano? Staring contest ba magaganap?

Inilapag nya ang marker sa table kaya tumayo na 'ko at pumunta sa harapan, kinuha ko ito at agad na sinolve ang problem.

Tsk may simple way naman para sagutan to pero mas pinili nyang lituhin kami. May dinagdag kasi sya sa equation na ikinalito ng mga k-klase ko.

Nang matapos kong sagutan ay hinarap ko sya na ngayon ay sobrang focus sa whiteboard.

"Done". Sabay lapag ng marker sa table nya. Hindi naman sya nagsalita kaya bumalik na ko sa upuan.

"Miss tama po ba ang sagot ni Shara?" Tanong ng k-klase kong nasa harapan nakaupo.

Di naman sya agad sumagot.
Nakikipag staring contest ata tong babaeng to sa whiteboard eh.

"Yes" sagot nya. Hmp

Sakto tumunog ang bell kaya disnismissed na nya kami. Lalabas na sana kami ng bigla nya akong tawagin.

"Miss De La Fuente". Tawag nya kaya napahinto kami.

"Yes Miss?" Sagot ko

"Help me with these things" she said coldly.

Wala na akong nagawa kundi ang lapitan sya at kinuha ang mga gamit na nasa table.

Sinabihan ko naman ang mga kaibigan ko na sa library nalang kami magkita. Kasunod nilang lumabas ang Quadruplets, nakita ko si Ziallyn na inirapan ako bago tuluyang makalabas.

Luh? Problema non.

"Let's go." sabi ni ma'am Pixie, nauna itong lumabas kaya sunod ako kaagad dahil hindi ko alam kung saan opisina niya.

Habang naglalakad sa hallway ay pansin ko ang mga tingin ng mga lalaki sa kanya, to be exact ay sa legs niya. Bakit naman kasi ganyan ka iksi skirt niya no?

"Ang ganda dude! Ngayon ko lang nakita ang Professor na yan."

"Ang kinis bro!"

"Ngayon ko lang siya nakita, bago ba yan?"

Lihim ko na silang pinatay sa isipan ko. Humugot ako ng malalim na hininga at patuloy na sumunod sa propesora kong tila walang pakialam sa paligid niya.

"Saan ko po to ilalagay miss?" tanong ko pagpasok namin sa office. She just pointed her table at umupo sa swivel chair sabay bukas ng laptop.

"Miss alis na po ako." sabi ko at di naman sya sumagot. Jusko, ganito ba lahi ng mga Ponferrada? taya tumalikod na ako at mabilis lumabas ng office. Nakakainis! Wala man lang thank you. Napakasungit pa!

Inis akong pumuntang library, nakita ko agad sila keyboard at inis kong inilapag ang mga gamit sa lamesa.

"Bakit badtrip ka?" tanong agad ni Ag ng mapansin ang pag iba ng mood ko.

"Wala." walang gana kong sagot

"Ano ginawa nyo sa office?" Tanong naman ni Iris na may halong asar. Tinaasan ko lang sya ng kilay. Bigla syang natawa kaya pinandilatan ko sya. Abnormal ba to? Wala naman nakakatawa.

Kung hindi ko lang siya professor ay hindi ko talaga susundin utos niya, pasalamat siya at propesora siya... Sige idagdag narin nating maganda talaga siya.

Nagbaba ako ng tingin sa mga librong nasa harapan ko.

"Gagawin nyo d'yan?" Tanong ko sabay turo sa mga libro.

"Kakainin" sagot naman ni Kb at sabay tawa ng dalawa pa naming kaibigan.

"Sige nganga" kinuha ko ang isang libro at inis kong isinubo sa bibig ni Kb.

"Hoy bakit ka ba nagagalit d'yan, ano ba naganap sa office HAHAHAHAH." mahinang tawa ni Iris.

Naaalibadbaran ako sa kanila kaya hindi ako sumagot at nagtungo nalang sa bookshelves para maghanap ng libro. My heart started racing when I saw a woman in the bookshelve section on the far end. That familiar woman stood there alone, arms folded and with her usual poker-face expression.

Yung inis ko na naramdaman kanina ay bigla nalang naglaho na parang bula at napalitan ng excitement.

"Zi" I whispered.

Napansin kong may pilit syang inaabpt pero hindi nya naman makuha dahil kinulang sya sa height. Kaya dahan-dahan ko syang nilapitan at kinuha ang librong kanina pa niya pinipilit abutin.

Ano? Wala man lang thank you baby?
Pasalamat ka crush kita hmp.

Di ko napansin nakangiti na pala ako.

"Stop staring and smiling. You're creeping me out" She said coldly and stared at me using her usual B.O.R.E.D expression.

Napakamot ako sa batok ko at sobrang awkward naman nito.

"Don't get close to Pixie". She said using her cold voice and looked up to meet my eyes.

"H-ha? W-what do you mean?" I stammered in response.

"You heard me right. Stay away from her" mariin nyang sabi at hindi parin inaalis ang paningin sa aking mga mata. Napalunok tuloy ako ng wala sa oras.

"A-ah what makes you think na lalapit ako sa kanya?" I said and averted my gaze to the books. Feeling ko kasi pinapatay nya 'ko sa mga tingin nya.

"Whatever" Sabi nya at bahagya akong binunggo sabay lakad palayo.

Kumunot ang noo ko habang nakasunod ang tingin sa kanya. Problema non?

*

Kasalukuyan ako nagmamaneho pauwi nang mapansin ang pamilyar na babaeng lumabas sa sasakyan niya. Agad akong gumilid at ipinarada ang aking sasakyan nang mapagtanto kung sino ito at mabilis bumaba. Kita ko si Ziallyn na inisip at sinisipa ang gulong ng sasakyan niya.

"Hey, what happened?" kunyare di ko alam ang dahilan.

"Isn't it obvious?" Pagtataray naman agad nito. Langya.

Bumaba ang paningin ko sa gulong at kunyare nagulat.

"Wow, nice." agad niya ako tinapunan ng nakakamatay na tingin, yikes.

"Halika ihahatid na kita." offer ko pero di naman ito tumugon sa sinabi ko. Tumingala ako at napansin parang uulan.

"Look oh." sabay turo sa kalangitan na any minute ay bubuhos na ang ulan.

"Tawagan mo nalang driver nyo para ipakuha tong sasakyan mo." sabi ko.

"Fine." lihim ako ngumiti. Ako na mismo kumuha ng mga gamit niya at pinasakay sa kotse ko.

"Seatbelt please." sabi ko.

Tahimik lang kami sa loob ng sasakyan. Walang nagsasalita, busy lang syang nakatingin sa labas ng bintana.

"Ziallyn, bakit mo pala nasabi sa akin na dapat ako lumayo kay miss Pixie? I mean, professor natin siya at wala naman siguro dahilan para umiwas ako sa kanya?" ako na ang pumutol sa katahimikan naming dalawa.

"Zi, hindi tayo close ha pero feeling close talaga kasi ako na pagkatao. Bakit hindi mo ako sagutin?" napansin kong lumingon siya sa akin kaya nilingon ko rin siya, nakataas ang isang kilay at napagtanto ko na mali pala ang choice of words ko.

"I-I mean, yung tanong ko kasi bakit hindi mo sagutin? Mahal ba bawat letra mo? Ano ba dapat gawin ko para kausapin mo lang ako? Gusto mo ba sayawan pa kita ng jumbo hotdog kaya mo ba to?" pagbibiro ko ngunit tila hindi ito natuwa kaya biglang naputol ang pagtawa ko.

"You should moderate your words when you're facing a professor. After all, she's your professor, and you're a student. Don't shower her with your flowering words." nagtagpo ang aking mga kilay dahil hindi ko ma gets ang punto niya. So, anong konek non at isa pa anong flowering words tinutukoy e hindi nga kami nag usap ng pinsan niya.

"Pero anong konek non? I mean, wala naman ako sinabing mga mabulaklakin na salita sa kanya at isa pa paano mo nasabi?" tanong ko ngunit dinedma na naman ako ng demonyeta.

"Onga pala, so tinanggap mo ba imbitasyon nong bonjik?" pag-iiba ko ng topic.

"Who's that?" di niya man lang ako kaya tignan sa mukha hmp.

"Yun nagbigay sayo ng chocolates at bulaklak. Bonjik ba name non? Di ko na rin maalala kasi di naman siya mahalaga." bakit ko aalalahanin ang taong hindi ko naman kilala.

"I don't have time for meaningless things." araw ko at ang harsh naman ng salita niya, kung nandito lang yun si bonjik at narinig si Ziallyn baka umiyak na yun sa kahihiyan.

"I see. Ay, gusto ko sana pasalamatan ka ulit sa ginawang pagtulong sa akin. Gusto ko bumawi, may magagawa ba ako para sayo bilang kabayaran?" tanong ko para siya na maydesisyon. Mabaet naman akong babae at susunod sa lahat ng gusto niya.

"No need." lihim akong umirap, suplada!

Napansin kong pumaypay siya gamit ang kamay, nahihinaan ba siya sa aircon?

"Zi, are you hot?"

"Huh?"

"I mean, you're hot?" langya! ano ba tamang english non!

"No! A-Ang ibig ko sabihin kung naiinitan ka, wait lakasan natin." ou, magtagalog ka nalang Sj at wag pahirapan ang sarili.

"May tanong ulit ako, sa dami ng mga lalaki ang nanligaw sayo, bakit kahit isa wala kang binigyan ng chance?" chismosa ko na masyado pero curious lang din kasi ako. Mayayaman at pogi naman sana lahat mga manliligaw niya pero lahat binasted.

"Why should I give a chance to, and entertain a person who I don't have the slightest interest in?" ang honest at napaka direkta naman nito magsalita, mabuti nalang talaga at hindi niya pinahiya yung si kojik boy.

"Ah, kung ganun sa akin ka lang interesado?" I mean, diba? never ko siya nakita may kasamang ibang lalaki o di kaya kinausap pero hindi naman siya ganun sa akin.

"Vielleicht." mahina lang pero dahil tahimik sa loob ng kotse ay narinig ko ang kanyang sagot ngunit hindi ko naman gets kung anong ibig sabihin non!

"Vielleicht?" I blurted out.

"Nothing. I'm not interested in anyone." sad naman non at umasa ako konti, sige lang at pasasaan pa magkaka-interes ka rin sa akin sooner or later.

Inabot na nga kami ng ulan pero sakto naman ang pagbuhos nito ay narating na namin ang condo building na kanyang tinutuluyan. Malayo ba bahay nila sa PU at bakit tumitira siya sa condo? O baka tamad lang talaga siya bumyahe ng malayo.

"Zi, sandali!" sigaw ko, mabilis kinuha ang Jacket sa backseat at hinabol sa palabas ng sasakyan.

"What?"

"Malamig kaya suotin mo to, balik mo nalang sa akin bukas. Pasok ka na, ingat ka." sapilitan ko binigay sa kanya ang Jacket, hindi narin ako umasa na magpapasalamat siya dahil wala naman sa vocabulary nila ang ganun. Tumalikod na ako at pabalik na sana nang bigla niya tawagin ang aking pangalan.

"Bakit? May nakalimutan ka?" umiling siya.

"Thanks, and be safe." nagtaasan ang mga kilay ko dahil sa narinig ko. Wow, nagpasalamat siya! lumapad ang ngiti sa labi ko at kumaway sa kanya.

"Welcome! Paalam!" paalam ko at nagmadaling bumalik ng sasakyan. Okay, at least nagpasalamat siya unlike don sa isa na hindi ko kilala.

Kinabukasan maaga ako umalis ng bahay, wala na naman kasi ang parents ko at hindi alam kung saan nagpunta. Sanay na talaga ako sa kanila, magpapaalam lang kung kailan nakaalis na sila. Langya talaga, dinaig pa teenagers sa pagiging walwalero nilang dalawa.

"Good morning po, anong order mo, miss?" dito kasi ako dumiretso sa cafeteria at tinamad ako magluto sa bahay.

"Manang pokwang, wala parin po ba yung gusto ko?" tanong ko at ngumuso, bakit ba kasi hindi sila nagbebenta ganun dito!

"Sorry ma'am pero wala pa po kaming ganun." kung may authority lang ako sa paaralang to gagawin ko talaga lahat ng gusto ko!

"Hays, sige po. Sandwich nalang at juice, salamat." sabi ko at inabot ang bayad.

Doon ulit ako pumwesto sa table namin nong nakaraan, may dalawang oras pa bago mag start ang klase at I don't think maaga papasok yung tatlo ngayon lalo na at umuulan. Kakagat na sana ako sa sandwich ko nang biglang may tray lumapag sa lamesa ko at laking gulat nang makita ang propesorang hindi ko inaasahan.

Lumingon ako sa paligid at tinignan kung walang bakante pero halos bakante naman lahat ng tables. So, anong ginagawa niya sa table ko?

"Anong ginagawa mo rito, ma'am?" tanong ko. Hindi ito sumagot at para bang isa lang akong hangin sa kanya.

Edi wow.

"Why are you here so early?" So ano yan? Hindi siya sasagot sa tanong ko pero may lakas ng loob magtanong pabalik sa akin? Kung di ka lang professor, naku!

"Wala po kasi tao sa bahay at nakakabagot kaya maaga ako pumasok." magalang kong sagot.

"Where is tit-I mean, where are your parents?" naguluhan ako sa unang salita na bigla niya rin tinama. Tit? Tite? wala ako non ma'am!

"Hindi ko rin po alam."

Hindi ko na ito ginulo at nagpatuloy sa paglantak ng sandwich ko, ayaw ko rin ito abalahin dahil mukhang may ginagawang mahalagang report sa laptop niya. Bakit di nalan niya gawin yan don sa office niya kung saan makakapag concentrate siya ng mabuti.

"Stop staring at me, hindi ka ba nagsasawa sa mukha ko?" paano niya nalaman nakatingin ako sa kanya! at paano ako magsasawa kung pangalawang beses ko palang naman ginawa.

"Ma'am, wala naman pong dahilan para pagsawaan kung ganyan kaganda?" itinago ko ang ngiti nang

makita kung paano niya mabilis binawi ang mga mata.

"Tsk." dinig ko mula sa kanya.

"Shara." boses na kay sobrang lamig ang nagpalingon sa akin sa likod.

"Zi," hindi niya ako binigyan ng pahintulot tawagin siya sa nickname na yan pero hindi ko rin naman narinig mula sa kanyang tutol siya sa pagtawag ko ng ganito?

Tuloy-tuloy lang ito kung maglakad at nagulat sa kanyang biglang pag-upo sa aking tabi at dumikit. Langya, anong meron at nandito silang dalawa? Gusto ko lang naman sana kumain ng mapayapa. Pansin ko ang nakasabit na jacket ko sa kanyang braso.

"Ay, dala mo pala jacket ko." sabi ko at nagpatuloy sa pag nguya.

"That's all you had for breakfast?" turo niya sa sandwich kong hawak.

"Ou–"

Tulala akong nakatingin sa kanyang kamay na hinila ang kamay ko at biglang isinubo sa kanya ang sandwich na may kagat ko! Wala ba siyang pera at kailangan pa mang agaw ng pagkain ko?

"Zi," tawag ko habang abala ito sa pagnguya, isang kilay lang ang itinaas niya bilang tugon.

"Wala ka bang pera at inagaw mo pagkain ko?" tanong ko at narinig ang pagkasamid ni miss Pixie sa kanyang iniinom na kape.

"I have plenty of money, if you want, I'll give you some more to make up for the small amount." grabe siya! nagtanong lang yung tao e.

"Hindi na, joke lang yun. Gusto mo pa? Sayo na oh." alok ko ngunit mukhang nagtampo na dahil sa marahas niyang pagtapon ng jacket sa mukha ko at tumayo.

"Saan ka pupunta oi?" tanong ko, hala siya at nagtampo nga.

"I've achieved what I came for, why should I stay here?" sarkastiko niyang sagot ngunit kay miss Pixie ito nakatingin.

"A-Ah, sige godbless! Salamat." sabi ko at tuluyan itong umalis kaya naiwan na lang kaming dalawa ni ma'am Pixie,

"So, that's the type of girl you like nowadays?" biglang tanong ng babaeng kanina lang ay mukhang walang balak magsalita.

"Ha?" naguguluhan kong tanong sa kanya, ano ibig niya sabihin don?

As usual, panay lang ako sagot tapos wala naman ako nakukuhang sagot pagkatapos sumagot! mabilis siya nagliligpit ng gamit at tumayo. Oh, aalis narin sita?

"Aalis ka na po ma'am?" tanong ko.

"Obviously?" hmp, sungit.

"Okay, ingat po." edi lumayas siya, pakialam ko.

"I'll let you be for now. I know you'll return home when it's the right time." tila naging bato ako sa kinaupuan at huli na paglingon ko dahil tuluyan na itong nakalabas ng cafeteria.

Ano yun?

CHAPTER 5

-

Naiwan ako sa classroom after class, hindi ko alam saan nagtungo ang tatlo pero sabi bibili lang daw ng makakain pero bakit hanggang ngayon wala parin sila aber?

"Babeeee!" rumarampang tawag ni keyboard. Maganda si keyboard kaso lang sobrang clingy kaya palagi nasasabihan na childish, totoo naman ang sinasabi ng karamihan pero ganun lang naman siya pag kami ang kasama. Napahilot ako ng noo dahil masakit parin talaga ulo ko pastilan.

"Anong problema babe?" nag-aalala niyang tanong pagkalapit.

"Nah, masakit lang ulo dahil hndi ako masyado nakatulog kagabi. By the way, why are you alone at nasan sila?" tanong ko pagkaupo nya sa tabi ko.

"Gaga sinusundo kita kasi may susugurin tayo. Sinamahan ni Ag si Iris kasi may babaeng gusto kumausap sa kanya." aniya sabay dukot sa braso ko at hinila patayo.

"Oh, bagong babae niya?" tanong ko.

"Well, hmmm hindi ko alam, kaya nga pupuntahan natin babe diba? upang tignan kaloka ka." ou nga naman at tama ang sinabi nya, bobo ko tanga.

"Teka lang! 'yong kape ko!" awat ko sa kanya at binalikan ang kape ko. Sayang din naman kung iiwanan ko.

"So, asan sila?" ulit kong tanong paglabas ng classroom.

"Nasa archi building." luh, sanaol maraming bebe.

"Ha? may nilandi pala syang taga dun?" malapit lang naman ang building, katabi lang sa amin. Hindi sya sumagot at nag kibit balikat lang. Habang papasok ng building ay pinagtitinginan kami nitong ni keyboard, iniisip siguro ng mga to bakit may mga siraulong napadpad sa building nila. Umakyat kami patungong 4th floor at nakita sila Iris na may kausap na babae ngunit nakatalikod sila sa amin.

"Babe, you want to see a drama?" Biglang tanong ni Kb sa akin na ngayon ay naka ngisi na.

"Ha?" uso pala sa kanila mag drama?

"Watch." ngumisi ang baliw at diresto naglakad palapit kay Iris, bigla nya itong niyakap mula sa likuran na ikinagulat ng iba. Parang gaga si keyboard, iinisin na naman nya yung babae ni Iris.

"Baby, what are you doing here hmm?" malanding tanong ni keyboard, tangena at hindi talaga ako sanay sa ganitong trip nila at naninindig mga balahibo ko sa katawan. Humarap si Iris kay keyboard at ngumiti bago ito niyakap, paano nila nasisikmura gawin yan? gusto ko nalang masuka sa palabas nila.

"Iris, who is she?" tanong ng babae.

"Me? May dahilan ba para malaman mo kung sino ako? Well, total nagtanong ka narin naman mas

mabuting malaman mo. I'm her girlfriend, hindi ko alam may langgam palang kabit tong girlfriend ko." Oh my God! Kung umalis nalang kaya ako? kinikilabutan ako kay keyboard walangya.

Lumipat ako sa tabi ni Ag kung saan nasa likod ng babaeng kalandian nitong si Iris, daming babae shuta. Naiintindihan ko naman nakaraan niya pero hello? Baka karmahin siya pag pinagpatuloy niya ang pakikipaglaro sa feelings ng iba.

"Y-You, what?" gulat na tanong ng babae, ou at talagang mukhang nauto ng dalawa ang dalaga.

"Hindi ko alam bingi ka pala?" pang-aasar ni keyboard, si Iris nagpipigil na sa tawa habang kami ni Ag dito pailing-iling nalang at naghihintay kung kailan sila matatapos sa drama nila.

"Excuse me? pero ang sabi ni Iris sa akin wala siyang girlfriend? Baka isa ka sa mga babaeng feeling entitled na girlfriend niya?" yun oh! yan gusto ko at lumalaban, gorabels at ipagpatuloy ang kaharutan!

"Sinabi ko lang mamasyal siya, hindi ko alam may lumalandi na pala sa kanya. Right, dear?" langya, galing naman ng keyboard na yan.

"What the fuck Iris?! what's the meaning of this huh?!" singhal ng dalawa kay Iris, si Iris na walang pakialam at nagkibit balikat lang. "Whatever, hindi naman kita minahal." dagdag ng babae at maarteng inayos ang buhok.

"Oooo thank you!" kung ako yung babae sinapak ko na tong si Iris kanina pa.

"I don't either, I just didn't want to deal with breaking up with you." dagdag pa nya. English spokening dollar ang tropa natin.

"I thought you love me?!" shuta, gulo rin kausap nitong babae e no? sabi hindi niya mahal tapos magagalit na parang minahal, hayhay buhay kaharutan nga naman ng mga people of the earth.

"Roses are red, violets are blue. We're breaking up because I never loved you". Prangkahang sagot ni Iris. Rason kaya napatawa ako ng malakas. Bwesit saan nya na naman nakuha yan.

"At isa pa, akala mo hindi ko alam pinagpustahan ninyo ako? Ako? Ako pa talaga tinarget ninyong magkakaibigan?" tumango ako ng tatlong beses, oh may dahilan din pala kaya go tayo kay Iris,

"Magsama kayo!" bulyaw nito at padabog na naglakad palayo.

Nang tuluyan makalayo ang babae ay nag unahan sa pagtawa ang dalawa at agad itinulak ang isa't-isa na parang diring-diri sila sa ginawang kabalbalan. Ewan ko sa kanila at ang lakas mag bardagulan pero maaasahan naman lagi pag kailangan ng tulong ng isa.

"Alam nyo? Kulang nalang masuka ako sa ginawa nyo kanina." sabi ko sa dalawa at mabilis tumakbo si keyboard upang yumakap sa akin.

"Eww, kung alam mo lang babe at nagwawala mga bulate ko sa katawan dahil sa ginawa kong makasalanan." kontra talaga silang dalawa hayhay.

"Baby pala ha HAHAHAHAHAHAHAH." nagsisimula na naman tong si Iris,

"Tumahimik ka kung ayaw mo sampalin kita, dami mong nilalandi tapos ipapasa mo lang din sa iba." iritadong salita ni keyboard at sinipa ng malakas binti ni Iris,

"Masakit ha!"

"Tumigil na nga kayo, sabi nyo kukuha kayo ng pagkain pero nandito kayo at nag aksaya ng oras, sakalin ko kayong dalawa jan e." pumagitna ako sa dalawa para awatin sila.

"Tara na nga at agaw atensyon na masyado kagagahan ninyo." sabi ko at hinila sa mga kwelyo ang dalawa.

Hindi na kami pumuntang cafeteria at dumiretso nalang lumabas ng campus at nagtungo sa coffee shop na malapit lang din sa paaralan, bitin kasi ako sa kape at naubusan na raw sa cafeteria kaya hinatak ko silang tatlo dito. Tumambay muna kami, nag kwentuhan at habang nasa kalagitnaan ng usapan ay biglang may pumasok na mga babae.

"Psst, Iris!" tawag ko sa kanya.

"O?" sambit nito habang abala kakakuha ng litrato.

"Tignan mo yung tatlong babae na pumasok." ngumuso ako kung saan banda pumwesto yung tatlong magaganda.

"Naknampucha, gagandang ginto naman niyan!" mabilis ko ibinaba ang kanyang ulo bago pa kami lingunin ng tatlo dahil sa lakas ng boses niya.

"Sira ka ba? Hindi ko nga pinahalata tapos kung makasigaw ka jan!" sermon ko pero si keyboard bumatok sa kanya.

"Bobo." sambit nito at sunod sumuntok sa balikat ni Iris,

"Nakakarami ka na keyboard ha!"

"Tumahimik kayo at nakakaabala kayo sa mga tao." saway ni Ag, agad naman tumigil ang dalawa at nakipag palit ng pwesto si keyboard sa kanya.

"Psst, ano sa tingin nyo? Mukhang nag-aaral sila sa PU, maraming maganda sa school pero iba charisma ng tatlong to. Hoy, keyboard, lapitan mo nga at hingan ng numero." utos ni Iris sa babaeng ngumunguya ng cake, sabay kami tumingin ni keyboard sa kabilang table.

"Ha? Ako? Kung ikaw gumawa total mas makapal naman sa libro pagmumukha mo diba? Tinatablan ka pala ng hiya sa katawan mo?" taas kilay na sagot nito at mukhang gusto ulit ng gulo, sumasakit ulo ko sa kanilang dalawa.

Stress na ako sa dalawang to nang bigla ko makita sa labas ng shop ang babaeng hindi ko inaasahan mapapadpad dito, pero mas hindi ko inaasahan ang lalaki nitong kasama.

"Si ma'am Pixie oh, may kasamang lalaki, boyfriend niya?" kumunot ang noo ko sa tanong ni Ag,

"Pano ang puso ko, kung wala ka." di ko gets si Iris at bigla nalang kumanta sabay turo sa akin.

"Nang aasar ka ba ha?" taas kilay kong tanong.

"Slight HAHAHAHAHAHAHAHAHAH."

"Hindi sila bagay." sambit ko, nagmukha pa akong bitter sa sinabi ko.

"Luh, selos ka? Bakit? May kayo ba?" gusto yata talaga ni Iris sirain ng tuluyan mood ko, ako na mismo sasapak dito pag di pa siya tumigil jan.

"Selos? Ako? Di nga kami close, pakialam ko sa kanila." kalma ka lang Shara Jane at wag na pansinin mga walang kwentang salita ni Iris,

"Wag, may Ziallyn na raw siya." singit ni Ag, kailan ko inangkin si Ziallyn? Sinabi ko lang naman crush ko yung demonyeta na yun.

"Sige, kwento mo yan e HAHAHAHAH." kung e saksak ko tong tinidor sa lalamunan ni Iris? "Tignan nyo mukha niya, nakabusangot na, broken ka girl?" sa inis ko ay tuluyan bumaon ang tinidor sa lamesa, sayang at hindi tumama sa daliri niya.

"H-Hoy! binibiro ka lang naman Sj!"

"Bakit mo ba kasi inaasar e alam mong inis na nga yung tao! Bobo ka ba talaga? Gusto mo ako sumakal sayo ng tuluyan ka ng pumikit habang buhay?" buti pa si keyboard may utak kahit konti.

"Joke lang, joke lang HAHAHAHAHA. Okay lang yan, CHAIR up my friend. Tomorrow is another bebe." anong klasing pag cheer-up yan?

Tumikhim si keyboard. "Ahem. Correct!"

"Mas poganda ka parin S, abnormal, at mayaman sa lalaking yun." sanaol maraming pera e wala nga ako sariling sasakyan hmp.

"Correct!" panay correct tong si keyboard, akala mo talaga may alam sa mga ganito.

"Wag mo kasi ako itulad sayo Iris na araw-araw pa iba-iba ang babae." mahina kong bulong at bumuntong hininga.

"True true, no false." pagsang-ayon ulit ni keyboard.

"Narinig ko yun ha HAHAHAHAHAHA."

"Sa lakas ng mga boses nyo pinagtitinginan na tayo ng mga tao, lalo na sa table nila ma'am Pixie," pa sikretong salita ni Ag, hindi kami nag dalawang isip tumingin sa table nila at totoo nga ang kanyang sinabi.

Bigla itong tumayo at nagtungo sa banyo pero bago ito tuluyan tumalikod ay tinitigan niya ako at tila ba pinapahiwatig na sundan ko siya. Hindi ako assumera pero konti lang?

"Sandali, restroom muna ako." sabi ko sa tatlo at dali-daling nagtungo sa restroom. Pagbukas ko palang ng pinto ay siya agad ang nakita ko sa harap ng malaking salamin habang naghuhugas ng kamay.

"Good morning ma'am, nandito ka pala." kunyari di ko siya nakita.

"Pretending that you didn't see me enter the shop?" sagot niya pero di man lang nag abala tignan ako sa mukha, pero paano niya nalaman yan? Tumatagos ba eyeballs ni ma'am sa salamin?

"Hindi po," pakla akong ngumiti at kamot ng ulo bago tumabi sa kanya at hugas nalang din ng kamay.

"Ma'am, pwede magtanong?" mahina kong salita.

"What?"

"May boyfriend ka na ba–I mean, boyfriend mo po ba yung kasama mo?" hindi naman siguro mainit ulo niya ngayon kaya okay lang siguro kung magtanong?

"You said you didn't see me enter, so how'd you know I was with a guy?" ay shuta! napayuko ako ng ulo kasabay ang pikit ng mga mata habang patuloy sa paghugas ng kamay, ang bobo mo Shara at halata ka masyado tanga!

"Wala, kalimutan mo nalang po." makaalis na lang nga.

"I'm not attracted to men." Her blunt reply made my lips curve into a smile.

"Talaga? Kung ganun bakit hindi mo ako gusto?" kakapalan ko na nga mukha ko, walang meaning yun okay? pero kasi itong si ma'am hindi ko alam kung ano kasalanan kong nagawa dahil mukha talagang hindi niya gusto presensya ko.

"May dahilan ba?" I scoffed at nagtakip ng mukha. Gusto ko tumawa ng malakas pero baka isampal sa mukha ko ang basang panyo niyang hawak.

Tumikhim ako at humarap sa kanya. "Girlfriend?" sunod kong tanong.

"None." sinasabi ko na nga ba at single siya, scammer talaga yun si Iris.

"Kawawa ka pala dahil mag-isa lang, e sino pala pangarap mo sa future?" dami kong tanong pero sasagutin kaya? Malalaman natin sa susunod ka kabanata, charot lang.

"Will you please leave me–"

"Ako, diba?" biro ko at nakita itong natulala, pagkalipas ng ilang segundo ay bumalik din agad sa katawang lupa niya ang espiritu. Mabilis tumaas ang kanyang isang kilay at humugot ng isang malalim na hininga bago ako tapunan ng nakakamatay na tingin.

Hilaw akong napangiti at pilit napalunok dahil mukang na sobrahan ang pagbibiro ko. "Joke lang, hindi ka naman mabir–"

"Do everything if you want it to happen." Hindi ako nakaimik at parang naging yelo sa kinatatayuan ko, hindi maproseso ang kanyang sinabi at iniisip kung tama ba narinig ko.

Ano daw?

Ano yun?

Gaganun siya tapos aalis bigla?

"Lakas ng amats, jokerist pala si ma'am." natatawang saad ko bago binalikan ang mga kaibigan.

***

"Anong subject natin ngayon babe?" bakit ako tinatanong niya e hindi ko rin alam, nawala ko kasi yung sched card ko. Kanina pa kami kumpleto ng students pero ang professor hindi ko alam kung saang mundo gumagala.

"Aba, malay ko."

"Shara, may naghahanap sayo sa labas." tawag sa akin ng isa sa mga kaklase ko.

"Ha? Sino?"

"Si Ketwee." narinig ko namang tumikhim si Iris kaya napalingon ako sa kanya.

"Ahem! 10k na this." nakangising sambit n'ya sabay lahad ng kamay sa harapan ko. Inirapan ko nalang s'ya bago lumabas at sumunod naman ang mga gaga.

Si Ketwee agad ang nakita ko paglabas ng classroom, kung ako lang ayaw ko na talaga sumawsaw sa buhay ng babaeng to matapos ako pagtangkaan ng masama nong pinsan niyang abnormal.

"May kailangan ka ba?" tanong ko, gusto ko tapusin agad to dahil baka ano pa isipin ng iba.

"Hi, gusto ko lang itanong kung free ka this weekend?" ano na naman plano nito

"Why? May birthday ulit?" humihikab na tanong ko.

"Wala, gusto lang kita ayain mamasyal." mamasyal? para saan at hindi naman kami close?

"Out?" Nasa labas naman kami aa.

"I-I m-mean..." yumuko ito at hindi maituloy ang sasabihin.

"You mean?" kinamot ko ang batok at naiinip na sa kakahintay ng sagot, bagal naman nito sumagot.

Biglang may umakbay sa akin at nakita si Iris nakangisi, hindi na maganda pakiramdam ko sa susunod na mangyayari.

"May gusto ka ba sa kaibigan ko? Ayaw niya sa mga bronze Ketwee, gusto nya gold." sino ko sya ng malakas dahilan upang mamilipit ito sa sakin at hawak sa kanyang tiyan.

"Bakit namumula ka girl? Don't tell me may totoong may gusto ka sa kaibigan namin? Virgin pa tong friend ko kaya dapat mahigitan mo ang gold." langya, bakit ako binigyan ng mga ganitong kaibigan.

Binalingan ko naman si Ag at tinaasan ng kilay. Baka kasi may sasabihin din sya.

"Obviously may gusto siya, hindi ka naman siguro aayain ng date kung wala?ayun na nga, sumali na rin sya. Bumuntong hininga ako at hinintay ang sagot ni Ketwee, ano na? Mukha niya sobrang pula.

Hindi lang kami ang tao dito. Meron din mga estudyante na nakikichismis! My Goodness.

Tumango naman ito at hindi ko maipaliwanag ngunit bigla akong kinabahan.

"Say it". Utos ni Iris

Pinaningkitan ko naman s'ya ng mata. Kung makapag-utos ang gago, igaya pa n'ya sa kanya.

"I-I li--" Naputol ang kanyang sasabihin dahil sa taong biglang sumingit.

"Shara." napapikit ako dahil kilalang-kilala ko ang tumawag.

Sobrang lamig ng nanyang boses at pakiramdam ko nababalot ng yelo ang buong paligid. Bakit ba lagi nalang syang sumusulpot sa mga ganitong scenario? Stalker ko siguro to.

"Shara." mariin n'yang tawag muli. Ano na naman kailangan nito.

Hays.

Nilingon ko s'ya at gano'n nalang ang gulat ko nang makita ang nanlilisik n'yang mga mata. Mukhang kakatay ng tao pero bakit sa 'kin s'ya nakatingin?

Mommy I'm scared.

Gulped!

Humakbang siya palapit sa akin at nagsalubong ang aming mga mata. Nangangatog tong tuhod ko sa presensya nita, nakakatanggan naman ng angas babaeng to. Naubos na yata lawa ko kakalunok ng pilit dahil sa pinaparamdam niya, kada hakbang palapit ay napapaatras ako. Nakita kong naningkit na ang kanyang mga mata, ang bilis na ng takbo ng puso ko at pwede na ilaban sa karera.

"Stop."

Humakbang itong muli pero ganun din ako paatras hanggang sa tuluyan ako na corner ni Ziallyn at wala na akong maatrasan!

"B-Bakit?" hindi ito sumagot at titig na titigang sa akin.

"A-ako b-ba?" tanong ko ulit.

She took a glance at Ketwee using her infamous B.O.R.E.D look. Napatingin rin ako kay Ketwee ngayon na medyo nanginginig. Takot ka rin te? Same same.

Suddenly, Ziallyn grabbed my wrist and dragged me away. I heard people gasp, but I just ignored them. I just obeyed her and allowed her to carry me wherever she wanted, feeling like my feet had a mind of their own because they kept on walking without my command.

Yung mga students na nakakasalubong namin parang mga nakakita ng artista e, sanaol mukhang celebrity. Saan ba ako balak dalhin ng babae to at kanina pa niya ako kinakaladkad.

Sino ba naman ang hindi magugulat? Ponferrada yan, kilala sa pagiging Ice Queen at walang pakialam sa kahit na sino. Tapos makikita nalang nila ngayon ma may kinakaladkad na Kapre.

Wow may hatakan na nagaganap.
Ano ka ba Ziallyn, konte nalang talaga maniniwala na akong crush mo 'ko eh.

I just smiled as I thought about the situation. I quickly covered half of my face with my left hand as I imagined the demoness being jealous, since there's no other reason for her to drag me away. Oh, lord,

my face was already burning from the heat! I was turning into a tomato!

"Why are you smiling?" sabi nya at tinaasan ako ng kilay. Ay hala 'di ko man lang namalayan na tumigil na pala kami.

"H-ha? Ah wala. Bakit mo 'ko kinaladkad dito?" tanong ko at napagtanto na nasa opisina kami ng SC.

"Take these papers and bring them to the classroom." kumunot ang noo ko.

What?!
She dragged me here just to bring these freakin papers upstairs?!
Not because she's jealous?!
Omg! Tangena assuming ka kasi masyado Sj. Yan tuloy.
Wag ka kasing assuming self kaya ka nasasaktan eh.

I sighed and shook my head. "Oh what now??"

"What do you mean? Are you always like this?"

"You're always fighting with yourself."

"W-what?"

"Always battling with yourself." I was almost out of breath as she turned slowly and tied her hair up in a messy bun.

"Shiiit" I cursed under my breath.

And now, we're facing each other.

"This is my first time seeing a goddess." I whispered.

My god, my heart's just going to explode! Why are you like this, Mommy? Do you want me to have a heart attack? Please, please stop teasing me like this. I can't take this anymore. I want to bite that neck of yours! Please, just stop!

PAAAAAAAAK

Shit! Bigla akong nagising. Para akong tanga na nakahawak sa pisngi ko ngayon habang nakatitig lang kay Ziallyn.

"I already told you. Stop doing that." She rolled her god damn eyes.

"Zi naman eh. Pag ito talaga may marka ng kamay mo magbabayad ka." banta ko at marahan na hinimas ang pisngi ko.

"Are you threatening me?" She asked coldly as she drew closer to me.

Ang lapit mo Mommy!

5inches nalang ata ang pagitan namin. Ayan na naman ang puso ko Lord! I felt suffocated talaga pag ganito sya ka lapit sa akin.

"A-ahm y-yeah?" mapakla ko s'yang nginitian at nag iwas ng mga mata.

She slowly raised her right hand and placed it on top of my left chest, leaving me to feel overwhelmed from the adrenaline rush and ready to faint.

Fuck! My heart tangena tatagan mo!

"What's this hmm?" She said while... What? Am I dreaming?She's freaking smirking?

I even narrowed my eyes if I saw correctly. Goddamn! The way she smirks makes me run out of breath. Holy crap! She's so damn hot! Jesus Christ!

"W-what d-do you mean ha?" kahit alam ko naman tinutukoy n'ya.

"What's wrong with your heart?" She asked while she came closer to my neck as I tried to calm myself down.

Hoy Mommy! What are you planning to do. ?

I stiffened up. I suddenly felt her lips on my god damned neck! I gasped as she started to suck it. I could smell her sweet scent, and it's turning me on. Her lips were burning my neck, her mouth and saliva slowly working their magic around it. My whole body was starting to heat up as her lips caressed my neck, her mouth and her sweet saliva slowly seduced me to no end.

"Ouch." daing ko.

Shit Sj! Mommy just bit you.
You're hella driving me crazy Ziallyn.

Tumigil s'ya at umatras konti.

"Mmm, you smell good," she said and licked her lower lip, seducing my senses even more. Bloody hell, this is a huge temptation. I didn't say anything because I was still shocked by what just happened. I was just staring at her beautiful face while holding my neck which was covered in her sweet, tender lips.

Nagdaan ang ilang minuto ay ganun parin ako. Hindi ko nga namalayan na wala na pala si Ziallyn dito at ako nalang mag-isa ang naiwan.

I checked my heart. Buhay pa nga ako dahil sa lakas ng kabog ng puso ko.

Panaginip ba yun? Parang hindi? Ou hindi at masakit pa mukha ko sa pagsampal ko ng malakas! Oh my God! Si Ziallyn? minarkahan ako? Si Ziallyn Ponferrada?!

Heaven!

I returned to the classroom with the papers that Ziallyn requested from earlier. I was feeling like a grinning fool as I walked back, probably making the other students wonder if I was losing my mind. But to be honest, I just found out that I had a huge crush on Ziallyn, so I was in complete lala land.

Shit si Mommy napaka Territorial naman pala.

I was almost at the door of the classroom. I really needed to get ahold of myself and straighten up before

entering. I couldn't let her see that she had an effect on me because I didn't want to look like some lovestruck idiot.

"Nandito na pala si Shara, dala mo ba ang mga papers?" salubong ni professor.

"Yes, sir." I immediately put down the papers on the table and went back to my seat, making eye contact with Ziallyn as I returned. I noticed that even a simple smirk from her was enough to make my heart race with excitement.

Shit isa kang malaking tukso.

Buti nalang talaga at di nag marka yung sampal ni Ziallyn kanina. Safe!

"Babe!" budlong ni keyboard sabay hampas ng braso ko, tangena.

"Bakit?" baling ko.

"Sinong lamok ang sumipsip sa leeg mo ha?" Nakangising tanong nito. Nanlaki naman ang mata ko ng ma realize na nilagyan nga pala ako ni Ziallyn ng hickey.

I covered her mouth as I realized she wanted to say something, but it was too late. My friends and the Quadruplets already heard the words she had just spoken, and they were all staring at me, particularly my neck. I quickly removed my hands from her mouth and tried to awkwardly cover my neck to hide the marks Ziallyn had left there.

"Shut up." sagot ko sa kanya, kainis ang daldal.

Nag excuse ako saglit at pumuntang cr. Buti nalang talaga at may concealer akong dala-dala. Pagbalik ng classroom ay nakita kong nasa gilid na lahat ng mga upuan namin. Anyare?

"Okay, everyone. Today, we're going to have an activity, so listen closely. I just need you to divide into two groups. This exercise is all about working on your relationships and trust issues. Each team needs to trust their leader's directions and learn how to communicate in a more effective way." Sir explained to the class.

25 members each team since 50 students kami sa block na to.
Para di na raw kami mahirapan sa pagpili ng members ang ginawa nalang ni Sir from 1-25 seats ay Group1 and 26-50 ay Group2. Syempre ka team ko Friends at Quadruplets.

"This is a Trust exercise that we call 'Minefield'. Please choose a leader whom you think deserves the position." sabi n'ya at umupo na sa harapan habang kami ay nag-iisip pa kung sino ang pwede gawing leader.

Nag kumpulan kami ngayon ng grupo ko para mamili kung sino ang gagawin na Leader.

"Hoy Babe ikaw na mag leader." agad na suggestion ni Kb na ikinagulat ko.

"Ha? Bakit ako? Dami-dami d'yan." walang gana kong sagot at inirapan sya.

"Si Ziallyn nalang kaya?" suggestion naman ng lalaki naming kasama.

"Naku wag yan masyadong mahal per word nyan" wala sa isip kong singit kaya napatingin silang lahat

sa 'kin.

Oh fuck!

I could hear my friends and the three quadruplets giggling amongst themselves. I mentally slapped myself as well. We were given 5 minutes to choose a leader. However, the time was almost up and we still hadn't chosen anyone.

"Okay times up. Group 1 sino ang Leader?" Tanong nya.

"Si Bogart po Sir". Tangena talagang pangalan yan.

"Group 2?" Patay tayo jan. Bahala kayo.

"Shara"

"Hoy langya sino-" napatigil ako sa pagsasalita nang makitang si Ziallyn pala ang nagsalita.

Really Mommy? Tsk. Sge na nga.

"Okay Leaders take these papers, but first e blindfold nyo muna ang ang una n'yong ilalaban." sabi nya kaya kinuha ko ang panyo ko sabay takip sa mata ng unang ilalaban namin.

"These papers will be our mines so ikalat n'yo sa buong area. Listen, Isa-isa kayo pipiringan ang mata at papasok sa minefield na ito." turo n'ya sa minefield kuno at nagkalat na mga papel sa sahig.

"Hindi n'yo pwede hawakan ang tao na nasa loob at ang tanging magagawa n'yo lamang ay manood. The challenge requires each blind-folded person to walk from one side of the field to the other, avoiding the mines by listening to the verbal instructions of your Leader." mahabang explanation nya, okay medyo gets ko na ang larong 'to.

Lumipas ang 40 minutes ay smooth naman ang gameplay namin ng teammates ko. Sinusunod naman nila lahat ng instructions and directions na binibigay ko kaya successful lahat ang mga naka blindfold na marating ang kabiling side. Hanggang oras na ni keyboard at ako 'tong kinakabahan sa kanya.

"Hoy tangena ayusin mo. Kahit nga may Map ka na nawawala ka parin!" Sabi ko sa kanya habang bina-blindfold sya. Humagikhik naman ito ng tawa.

"Pag ikaw nakaapak ng tae Kb, malilintikan ka talaga sa 'kin. Pumusta pa naman ako na buhay ja makakaabot sa kabilang side". Pagpapaalala ni Iris. Mga langya nag pustahan pa nga.

"Teka lang hoy Iris" Tawag ko at hinila sya.

"Bakit?" Sagot nya habang nag cocollect ng mga pusta. Grabe, pinayagan sila ni Sir? Noice noice!

"Sali ako jan tangek" Binalingan ko naman si Ag. "Hoy Ag. Magkano pusta mo?"Tanong ko.

"5k" at dumukot ng pera sa purse bag nya at binigay kay Iris.

"Hoy tangena nyo pinagpupustahan nyo 'ko?!" Inalis naman ni Kb ang blindfold at lumapit sa amin.

"Hoy Kb, pag ikaw talaga sinadya mong apakan ang tae. Sasakalin kita" turo naman ni Iris sa kanya.

"Kb ayusin mo, malaki pusta ko" Sabat ni Ag.

"Babe oh!" She hugged me at kunyaring nagtatampo.

"Kb" tawag ko.

"Ohh?" Sabay pout. Amp

"Pag ikaw nakatapak ng mines. Ibibigay ko number at address mo kay Tikla" . Pagbabanta ko sa kanya na ngayon ay kinakabahan na. Haha si Tikla kasi yung manliligaw nya na ayaw syang tantanan.

"What the hell?! Ugh fine! I trust you. Just guide me!" Padabog nyang isinuot ulit ang blindfold. Natawa naman ako parang bata kasi haha

"Hoy Iris, Oh" sabay bigay sa kanya ng 5k. Kumindat naman ang gaga

"Okay next ready!" Biglang sabi ni Sir kaya inalalayan ko na si Kb.

"3.2.1...Go!"

"Diretso ka lang keyboard at wag ka makinig sa kanila!" sigaw ko kay Kb na natataranta na.

"Hoy Kb anak ng tinapa wag kang masyadong magalaw! Maaapakan mo ang tae hoy!" Sigaw naman ni Iris. Medyo frustrated na kami kasi ang hirap bigyan ng direction si Kb walangya.

"Kb 2 steps sa right! Hoy sandali! Gaga sabi ko right!" Sarap kaladkarin nito palabas ng field ?

"Tanga ampotek, sa baliktad ba paa mo at ginawa mong Left ang right ha?" Sigaw ni Iris na ngayon ay napasabunot na sa buhok. Hahaha

"Kb stop moving for awhile" sabi ko at tumigil naman sya. Kasi gusto ko munang tumawa. Lintik kasi tong si Iris.

"3minutes left" sabi ni Sir.

"Kb 3 steps sa right then 2 forward". Ginawa naman nya ang sinabi ko.

"4 steps left side then 3 forward". Okay good at medyo relax na sya

"Hoy hoy hoy Keyboard! Staaaahpppppppp!" Sabay pa kami napasigaw ni Iris kasi dapat 4 left lang eh, hahakbang pa sana sya ng isa. Ang mga teammates naman namin panay tawa na.

"Keyboard naman please lang. Nakasalalay sayo ang baon ko bukas" Hahaha for sure sobrang galit na to si Kb, di nga lang sya pwede magsalita since bawal.

"Kb alalahanin mo. Ibibigay ko talaga kay Tikla number at address mo promise" pagbabanta ko. Nag thumbs up naman ang gaga

"Malapit na Kb. 1 step sa right then 2 steps forward, 3 left then maabot mo na ang kabilang side." Sabi ko sa kanya at agad naman nyang sinunod. At sa wakas nasa finish line na sya!

Hiyawan kami syempre kasi panalo kami sa pustahan eh. ?

Kita naman naming papalapit na umuusok ang ilong ni Kb sa galit.

"Tangena mo talaga. Sarap mo sakalin!" Sabay tadyak nya sa paa ni Iris.

"Haha Kb come here. Good Job and Thank you" I called her and extend my arms to hug her.

Ou nga pala. Hindi nakasali ang Quadruplets kasi may biglang sumundo sa kanila. May emergency meeting daw ang SC. Sayang nga eh sobrang enjoy pa naman sana ng activity na to.

LUNCH BREAK NAAAAAA!

Nagutom ako sa kakasigaw langya.
Pababa na kami ng building ngayon para magtungo sa cafeteria. Kasabay ko si Ag sa paglalakad at nauna habang si Kb at Iris naman nasa likuran lang namin at nagbabangayan. Sana magpa activity ulit sa sir. Yung ganun ka exciting pero dapat kasama na ang Quadruplets. Gusto ko pa naman sana makasama si Ziallyn kanina kaso nga lang pag minamalas may meeting sila.

President kasi sya ng Student Council. Kanina ko lang din nalaman hindi naman kasi namin sya nakikitang pumupunta o tumatambay sa SC office. Hindi ko parin nakakalimutan yung ginawa nya kanina. Isa s'yang Demonyetang tukso. Sige lang may araw ka rin sa 'kin Ziallyn, pag ako talaga 'di nakapagpigil I'll make sure na hinding-hindi mo makakalimutan ang gagawin ko.

Pagpasok ng cafeteria ay sobrang daming tao na. Walangya. Yung usual spot namin ay may mga nakaupo na kaya naghanap nalang kami kung may mga libre pa bang table pero pag minamalas ka nga naman. Meron namang vacant pero 'yong nasa mini stage which is the table for Quadruplets. Alangan naman aakyat kami do'n at umupo?

"Paano yan? Wala ng table?" Baling ko sa mga kaibigan ko.

Sayang naman din kasi tong food kung aalis kami at sa labas nalang kakain. Siraulo kasi tong si Kb, sabi namin bantayan 'yong table kaso umalis ang tanga para mag restroom. Ayan tuloy naagaw pa spot namin. Namomroblema pa kami kung saan uupo nang makarinig kami ng mga bulungan.

"They're here."

"Walang ka kupas-kupas ang ganda nila no?"

"Andyan din yung New professor na cousin nila. Grabe parang kaedad lang nila."

"Look papalapit sila sa grupo nila Shara."

Napatingin narin kami sa may entrance. At papalapit sa amin? Ou tama! Sa amin nga kasi huminto ito mismo sa harapan namin.

Nagtitigan lang kami ni Ziallyn. Oh problema nito?

"What are you doing?" using her usual cold voice.

"Erm. Standing?" Narinig ko naman na tumawa ang mga kaibigan ko sa likod.

Napasinghap pa 'yong ibang estudyante. Nasa isip na naman siguro nila na *Omg paano n'ya nasasagot ng ganyan ang isang Ponferrada.* Duh.

Tinaasan naman ako nito ng kilay.

"Really huh?" Sarcastic yarn?

I rolled my eyes. I couldn't control my emotions anymore kasi gutom na ako!. Gusto ko ng kumain!

"How could she do that?"

"Tapang naman ni Shara"

"Tangena pre. Nakita mo yun? She rolled her eyes sa mismong harapan ng mga Ponferrada."

Ou iilan lang yan sa mga narinig ko. Bwesit daming mga mata, tusukin ko yan eh.

"Gutom na 'ko wag mo muna 'kong tarayan ngayon." tinignan n'ya naman ang paligid at nakitang walang bakante.

Hindi naman s'ya sumagot at lumapit lang sa akin saka marahan na hinawakan ang siko ko. Medyo nagulat ako do'n ah.

Nagsimula na s'yang maglakad habang hawak ang siko ko. Syempre nagpatianod ako kasi good girl kaya ako pag si Mommy na ang mag command.

Sinilip ko ang mga kambal n'ya na ngayon nakangiti at si Professor Pixie na naka pokerface lang. Hmp sungit

"Teka lang teka lang!" huminto ako at tumigil din ito saka hinarap akong nakataas ang isang kilay.

Tangena ayan na naman ang mga atensyon ng mga estudyante. Yawa!

"I'm with my friends" sabay turo ko sa tatlo na ngayon ay katabi na ng mga kambal n'ya

"It's okay Sj. Kasama naman sila" wow first time akong kinausap ni Annallyn sa school.

She called me Sj guys Sj! Napatango nalang ako at nauna na si Ziallyn maglakad paakyat.

Tangena nakakahiya kasi kita kaming lahat dito sa taas mula sa baba. Pagdating sa table napansin ko na malaki pala ito at mahaba. Kasyang kasya pala dito kahit lampas sampu eh.

Umupo na ang mga kaibigan ko at ang tatlong kambal so ang available nalang ay ang tatlong magkatabi.

Sa gutom ko ay wala na 'kong pakialam kung saan ako uupo basta ay diretso na akong umupo sa gitna.

Opo! Tama kayo sa iniisip nyo. Napapagitnaan lang naman ako ng dalawang demonyeta.

Annallyn - Ziallyn - Me - Pixie - Cass
T A B L E
Helari - Iris - Kb - Ag

Iniisip ko bumabawi to si Ziallyn sa 'kin eh dahil sa panghahalay nya sa leeg ko. Charot lang feeler eh. Biglang dumating ang chef at nag serve na ng mga pagkain nila. Nanubig bigla ang bibig ko pagkakita

sa mga pagkain na inilapag nito sa lamesa.

Marami rin seafoods kaso allergic ako. Nangangati ang dila ko at nagkakalagnat pag nakakain ako ng Seafoods eh, 'di ko ba alam ba't allergic ako jan.

Wala din akong balak kumuha ng pagkain nila no. Ano palang isipin nila sa amin at saka may mga foods naman na kaming na order.

Nagsimula na silang kumilos at kumuha ng mga pagkain. Ako naman ay unang nilantak ang sandwich ko. Yes po! As usual. Sandwich is life. Sinilip ko ang mga kaibigan na tahimik lang din sa pagkain. Wow! It's a miracle. Natatawa nalang akong umiling, biglang nag behave ang mga gaga.

"Sandwich. Really?" Biglang nagsalita si Prof. Pixie na nasa left side ko. Binalingan ko naman ito na nakatingin lang sa pagkain ko. Problema nito? 'di ko nalang sya pinansin at nagpatuloy sa pagkain.

Pinasadahan ko ulit ng tingin ang mga pagkain na nasa lamesa. Langya ba't puro seafoods tong mga pagkain nila. Magiging Sirena na ba sila nyan?

May biglang naglagay nang shrimp sa plato ko. Napatingin naman ako kung sino, si Miss Pixie. Magsasalita sana si Kb pero agad ko syang pinandilatan ng mata kaya hindi na nya itinuloy.

Nakita ko naman ang mga pag-alala sa kanilang mga mata. Nakakahiya rin naman kasi tanggihan , ayoko naman mapahiya s'ya.

Hindi ko pa nga nagagalaw ang Hipon ay may naglapag na naman sa plato ko. hmm Lobster Thermidor? Nilingon ko naman ang nasa right side ko which is Ziallyn.

Luh tangena, is this heaven? Ba't pinagsisilbihan ako ng dalawang demonyeta na to lord?

Napakamot nalang ako sa aking kilay dahil sa ginawa nila.

"Ahm ano to?" Tanong ko sa kanila.

"Shut up and eat". Luh tangena? Sabay pa talaga sila sumagot.

Tinignan ko ang direksyon nila Kb na ngayon nakakuno't na ang mga noo. Pinapahitawag na hindi ko dapat ito kainin dahil baka ikamatay ko pa. Char lang.

"Yes Mommies" Biglang sabi ko dahilan para mabulunan ang halos lahat sa kanila.

"What?!" Sabay ulit nilang may kalakasang sabi. Kaya napapikit ako.

I bit my inner cheek para maiwasan ang matawa. Langya bakit ko ba nasabi 'yon.

Pigil din ang tawa ng mga kaibigan mo. Gusto ko na tuloy tumawa ng malakas langya.

"Sabi ko nga kakain na" at inunang lantakin ang Hipon bago ang Lobster.

Hindi na sila sumagot at nagpatuloy na sa pagkain.

Tapos na akong kumain pero sila hindi parin tapos! My gosh.

"Kb" tawag ko bigla sa kanya. Gusto ko tuloy uminom ng kape. Medyo bumibigat na mata ko eh.

"Hmm?" Sagot nito habang nilalantak ang fish pie. Wow nakikain narin sila sa mga pagkain ng mga Ponferrada's.

"Gusto ko". I paused for awhile. Kasi naman nakakailang tong mga tingin ng dalawang katabi ko.

"Ano?" Kuno't noong sagot nito.
Busy sa pag uusap si Helari at Iris habang si Ag naman kausap na si Cassandra. Wow mal

[Content truncated due to length]

CHAPTER 6

-

Nagising ako dahil sa mga boses na parang nagtatalo kaya bahagya kong iminulat ang aking mga mata. Agad kong nakita ang dalawang babaeng nagtatalo na nasa may bandang paanan ko. Luminga-linga ako sa gilid at nakita kong nakaupo sa couch ang mga kaibigan ko at ang tatlong kambal.

Anong bang nangyayari? Ba't parang nagtatalo 'tong dalawang demonyetang to. Ipinikit ko nalang ulit ang aking mga mata at tahimik na nakikinig.

"Just go to your class." sabi ni Zi.

"Who are you to command me?" banat naman ni miss, hala at bakit nagtatalo silang dalawa?

"You're a professor so leave." dinaig pa nilang dalawa ang Mt.Everest sa sobrang lamig ng sagutan nila.

Ano ba problema ng mga to at nagtatalo sila? mga kaibigan ko naman at ang tatlong kambal tahimik lang na parang mga tuta sa gilid at nakikinig.

"You know the reason why I am here." rebat muli ni miss sa kanya. Hala sige mag away kayong dalawa d'yan.

"Alam nyo, kasalanan n'yo naman kaya nandito si Sj. Bakit ba kayo nagtatalo." Finally at sumingit na rin si Annallyn.

Good, pagalitan mo mga 'yan. Parang mga bata 'tong dalawang.

"Ewan ko d'yan sa kanila. Kahit naman wala tayo dito may magbabantay naman kay Sj. Hindi naman aalis tong tatlo." Si Cassandra na medyo naiirita ang boses. Naaalibadbaran na sguro s'ya sa ginagawa ng dalawang demonyong 'to.

"Bakit kasi di n'yo inawat kaibigan n'yo? alam n'yo naman pala na may allergy tapos pinabayaan n'yo lang." diin na salita ni Helari.

"Gagawin na nga namin kaso 'tong si Sj seninyasan kami na wag makialam." sagot ni Iris sa kanya, medyo na guilty ako slight.

"Ganyan na ba kayo ka sunud-sunuran sa kaibigan n'yo? kahit na alam n'yong ikapapahamak hindi n'yo pipigilan?" disappointed na sabi ni Cassandra.

"Ayaw nya lang kasi tanggihan offer ni ma'am at Ziallyn." paliwanag ni keyboard ko.

"Enough, It already happened and just be thankful that she's fine now." saway ni miss sa kanila. Tama, hindi pa naman ako mamamatay.

Ayoko na lumala pa ang sitwasyon at baka kung saan pa mapunta ang usapan tapos magsisihan pa sila kaya nag desisyon na akong magmulat ng mga mata.

"Ingay n'yo naman po." reklamo ko agad sa kanila. Totoo naman kasi, ang iingay nila. Payapa akong

natutulog tapos dito pa sila magtatalo.

"Babeee!" agad na tumayo si Kb at ang mga kaibigan ko nang makita na nagising na ako.

Halos masakal na ako dahil sa mahigpit na yakap no keyboard sa leeg ko.

"Hoy keyboard magtigil ka nga! hindi makahinga si Sj!" singhal ni Iris at hinatak ito palayo.

Tinignan ko naman ang dalawang babaeng nasa paanan ko na ngayon ay tahimik akong pinagmamasdan. Nakita ko naman ang bakas ng pag-aalala sa kanilang mga mata.

"May masakit ba sayo?" Ag asked worriedly.

"Hindi, okay na 'ko medyo masakit lang ang ulo ko." agad na sagot ko.

"Pwede?" nagtataka naman silang lahat na naghihintay sa sasabihin ko.

"Ano gusto mo kape? Sge bibilhan kita." Naks parang kanina lang ayaw na ayaw nya 'kong uminom ng kape.

"Pwede umalis muna kayo?"
pakiusap ko sa kanila. Alam ko kasi na may gustong sabihin 'tong dalawang babae na tahimik lang.

Nagkatinginan naman silang tatlo at tumango. Nakita ko naman na tumango si Ziallyn sa mga kapatid n'ya kaya sumunod narin silang lumabas.

Sooooo.
Kaming tatlo nalang ang nandito, dalawang malditang magkaharap.
Tumikhim ako para makuha ang atensyon nila at sabay pa silang lumingon sa akin.

Nakakatulala talaga ang ganda nilang dalawa. Siguro nong nagpaulan ng kagandahan sinalo nilang lahat yun. Ngayon nasa harapan ko na sila, napagtanto ko na para lang silang magkapatid at same height lang pala silang dalawa.

Ang swerte naman ng mga magiging jowa ng mga to Sj. Mababaluktot kaya sila kung may seryosong manligaw sa kanila na mga babae? Sayang din naman kung sa lalaki sila mapupunta diba kung andito naman ako? Charot lang, gaga ka talaga Sj. Basta ang babae ay para sa babae lang.

"You're doing it again." biglang salita ni Ziallyn kaya naputol na naman ang aking pakikipag-usap sa sarili.

"A-Ah HEHE." ayaw nga pala nya kapag kinakausap ko ang sarili. Napakamot nalang ako sa aking kilay at bahagyang iniyuko ang ulo.

Sabay silang naglakad palapit sa kama ko. Ba't lage nalang sila nagsasabay? Baka si Miss Pixie ay ang nawawala nilang kambal? Chur.

Bumangon ako at sumandal sa headboard ng kama. Yung paningin ko nasa mga paa ko lang. Ayoko kasi tignan sila baka maging abnormal na naman tong puso ko.

"De La Fuente/Shara." Walangya okay na sana kung isang Everest lang eh kaso dumagdag pa kasi tong si Miss Pixie.

"Yung totoo. Bakit kayo lage sabay kung magsalita?" hindi ko parin sila tinitignan.
Tangena 'yong puso ko lord!

I heard miss Pixie heaved a sigh. Laki naman ng problema n'ya?

"I'm sorry. It's my fault." hinawakan ako sa kamay ni ma'am Pixie at pilit ngumiti, halata masyasong concern siya dahil sa mga matang nagtatanong.

"I'm sorry" Ziallyn patted my head and spoke in a soothing manner. Hoy isa ka pa!.

Ang lapit nila! Hindi ako makahinga ng maayos. Nasu-suffocate ako Lord.

Kumalma ka Sj please lang. Wag mo ipahalatang kabado ka.

I heaved a sigh.

"No need to sorry naman po Miss at Zi. Hindi nyo naman kasalanan at wala kayong alam. Pasensya na ayoko lang talaga na tanggihan ang offer nyo. Masarap din naman minsan ang bawal, na enjoy ko yung seafood." sabi ko na nakayuko at nilalaro ang kwintas.

Hawak pa kasi ni Miss Pixie ang kamay ko tapos ang kamay naman ni Ziallyn nasa ulo ko parin.

Alam ko ngang pulang-pula na ang mukha ko kaya ayoko mag angat ng ulo sa kanilang dalawa. Mukha na kong kamatis and I can feel it. Tahimik lang naman silang dalawa. Ano? Wala na naman silang plano magsalita?

Think Sj think! Mag-isip ka kung paano mo sila mapapaalis. Papalayasin mo sila o mamamatay ka dahil sa kakapigil hininga?

Shit.

"Ahh" Dramang hinawakan ko ang ulo ko. Kunyari masakit. Ugh!

"What's wrong?/you okay?" Gusto ko tuloy sabunutan ang sarili ko.

"Masakit lang po ulo. Gusto ko matulog" I gently massaged my temple. Please lang lord paalisin nyo na silang dalawa dito.

"I'm sorry again." malumanay na bulong ni miss na agad ko naman ikinatango.

Nauna na itong lumabas at naiwan nalang kami ni Ziallyn dito. Hindi parin ako nag-aangat ng tingin.

"I'll see you later, rest well." sunod na paalam ni nito.

Akala ko aalis na sya pero nagulat nalang ako sa ginawa nya.

She cupped my face gently in her hands, holding it in place. My breath hitched in my lungs as she leaned in to drop a soft kiss on my forehead.

Randam ko nga umakyat ang dugo ko sa ulo eh. Pakurap-kurap na tinignan ko s'ya habang haplos ang noong hinalikan n'ya. She patted my head once again before leaving the room.

Feeling ko naubusan ako ng hangin bigla walangya ka Ziallyn ikaw ata papatay sa 'kin. *My Gosh! Sj Buhay ka pa congrats!*

Tulala parin ako at hawak ang noo. hanggang sa pumasok na ulit ang mga kaibigan ko.

"T-t-tuuubig!" Agad kong sigaw sa kanila at dali-dali naman kumuha si Kb ng tubig at ibinigay sa 'kin. Isang lagok ko lang at ubos agad.Pawer!

"Hoy what happened to you!? Bakit ang pula ng mukha mo!" Natatarantang sabi ni Kb na ngayon ay hinihimas ang likod ko na puno ng pag-aalala.

"B-Buhay pa ba 'ko?" Lutang kong tanong.

"Hoy gaga ka! Buhay ka pa, ano sabing nanyayari sayo ha?" Sabi naman ni Iris na ngayon ay may dala rin na tubig.

"Muntik na ata akong mamatay langya" kinuha ko ang tubig sa kanya at agad na ininom. Kukulangin pa ata tong tubig sa water dispenser.

Siraulong Ziallyn yun. Wala man lang pasabi kung hahalik. Hindi ako prepared eh.?

"Pero okay lang. Pwede na 'ko mamat-aray naman Ag!" reklamo ko nang hampasin n'ya ako sa braso.

"Manahimik ka nga, hindi nakakatuwa." sermon nito saka marahan na binatukan ang ulo ko.

Sinabi ko sa kanila na matutulog muna ko. Yung drama ko kasi kanina na masakit kuno ang ulo ko ay biglang nagkatotoo. Karma is real. Na excuse narin pala ako sa lahat ng subjects namin. Kaya payapa akong makakatulog hanggang last subject namin.

TIRADOR NG MGA BEBE GROUP CHAT

You set the nickname for Iris the gorgeous to Iris

You set the the nickname for Axel Grace Flat Chested to Ag

You set the nickname for Keyboard Warrior to Kb

You set your nickname to Sj

SJ
Good morning! Asan na kayo?. Okay na pala pakiramdam ko. Thank you so much yesterday mwua.

KB
Omg babe! Kalat ang picture mo sa internet tangena.

SJ
Ha? Anong kalat. Langya

AG
Mas dadami pa ata ang babaeng maghahabol sa'yo ngayon.

IRIS
My gosh! What a perfect stolen shot! ?

SJ
Ano ba pinagsasabi n'yo ha.

KB
May students showcase (photo contest) kasi sa BA tapos nakuhanan ka.

SJ
Ano bang ganap natulog lang ako may chismis na kayo. ? Late ako sa balita. Share naman kayo jan.

KB

KB
Tangena sino ang kumuha nyan at sasakalin ko! nasa home page yan ng PU.

SJ
Hala gage bakit ako nasali d'yan BAHAHAHAHAHAHAHAHAAHAHA.

KB
Kainis. Ang dami pang nag comment at nagtanong kung anong course at block ka raw.?

SJ
Teka. Drive muna 'ko. Going to school na andyan na ba kayo?

KB
Ou andito na kami. Wait ka namin sa cafeteria. Take care love you. ?

.
.
.
Kakarating ko lang sa school. Anyways sobrang thankful ako sa mga kaibigan ko kasi hindi nila ako iniwanan kahapon kahit sabi ko naman na okay lang ako at pumasok nalang sila. Pero ang mga gaga pinilit talaga at 'di raw nila ako iiwanan. May ganyan ba kayong friends? ?

Pagkababa ko palang ng sasakyan ay may mga babaeng lumapit sa 'kin.
Ano ba kasing meron o dahil to don sa sinasabi nila Kb na nagkalat ang pictures ko. Oh tapos ano naman? Ngayon lang sila nakakita ng maganda? *Ang hangin mo Sj.*

"Hi! Your name is Shara right?" tanong ng babae na ngayon ay nasa harapan ko.

"Umm yes." nahihiyang napakamot ako sa batok. Bakit kaya bigla nalang akong kinabahan?

"Anong course mo? Wow ang tangkad mo pwede ka na maging model." tanong naman nong isa.

Medyo uncomfortable na 'ko. Hindi kasi talaga ako mahilig makipag usap sa kung sinu-sino.

"3rd year BSBA." nginitian ko nalang sila. Gusto ko na umalis dito at pumuntang cafeteria ugh.

"May Gf ka na Shara?" Kinikilig na tanong nito.

Bakit ba lage nila tinatanong una kung may gf ako? Hindi ba pwedeng bf muna?

"Ah an--"

"Miss De La Fuente" Ito na ba yung panganib na kanina ko pa nararamdaman.

Dahan-dahan kong ipinihit ang aking katawan upang harapin ang babaeng nagsalita.

My gosh! Why is she so sexy with her uniform?! That Navy blue collared shirt na sobrang fit sa kanya. Elegant ruched knee length slim fit business skirt. She's hella sexy! Ba't naman ata ang iksi nyan?

Wait what!
Did I just compliment her body?!
Wake up Sj!
But wala naman problema kung magka crush ako diba? Wala naman akong jowa. Bakit ba? Di ba pwede magkacrush? Crush lang naman eh.

"Good morning miss Ponferrada." bati sa kanya ng mga estudyante ngunit hindi n'ya ito pinansin.

Maldita talaga. Manang mana sa pinsan nya. Mahal din ba per word ng babaeng to?

"Shara una na kami. Nice meeting you bye." tumango lang ako at umalis na silang masaya. Sanaol masaya, ako kasi kinakabahan at di ko naman alam ang dahilan.

"G-Good morning Miss." bati ko sa kanya ngunit tinaasan lang ako ng isang kilay.

"There's no good in my morning" Luh? Aga-aga badtrip sya? At inabot nya sa 'kin ang bag na dala nya. Kinuha ko naman ito at walangya ba't ang bigat nito.

"Miss ano laman ng bag na to? Gold?" Tanong ko sa kanya, habang sinasabayan sya sa paglalakad.

"You saying something?" Ganda-ganda nga bingi lang.

May mga estudyante na bumabati sa kanya pero di n'ya naman binabati pabalik at diretso lang ito sa paglalakad. May iilang estudyante rin na binabati ako kahit di ko naman kilala. But as a sign of respect syempre binabati ko rin pabalik.

"Maganda nga bingi naman" bulong ko sa sarili.

"Did you just say I'm deaf Miss De La Fuente?" Hala shit narinig nya pala yun. I mentally slapped my face. Gaga ka talaga Sj.

"Ah h-hindi ah! Wala akong sinabi no." pagrarason ko at nag-iwas ng tingin sa kanya.

Hindi na s'ya nagsalita kaya di na rin ako nag effort pa na magsayang ng laway. At sa wakas! Narating na rin naman ang office nya at wow ang bango at fresh.

"Miss san ko po ilalagay tong Gold nyo?" Tawag ko sa kanya at inangat ang bag na hawak ko. Tinaasan pa 'ko ng kilay bago ituro ang table nya.

Oh tapos? Ano susunod gagawin ko? Wala naman na akong gagawin kaya pwede na akong lumayas?

"Miss, alis na ako." paalam ko sa kanya pero bago ko pa man buksan ang pinto ay tinawag nya ako.

"Miss De La Fuente." napalingon ako sa kanya.

Shit na malagkit! Ba't ang lapit naman ng mukha ni Miss Pixie. Ano ba? Mga near sighted ba silang mga Ponferrada at ang hilig nilang idikit masyado ang mukha nila para lang harapin ang isang tao? Yawa ang bango. Vanilla flavor si Miss Maam.

"P-Po?" Mabango kaya hininga ko? Mga 4 inches lang kasi ata distance ng mga pagmumukha namin.

Nag toothbrush ka naman Sj kaya sure ako mabango. At isa pa hindi ka naman bad breath no.

"Are you okay now?" Tanong nya. Napalunok naman ako, wow concern sya? Di halata.

"G-Good. Thank you po pala kahapon." sabi ko.

Pilit kong iniiwas ang paningin ko pero walangya may magnet ba 'yang mga labi n'ya? kahit kasi anong gawin ko napapatingin parin ako sa mapupula nyang labi.

Shit!

Napakagat labi nalang tuloy ako.
Tumango-tango naman s'ya habang inilalayo ang mukha pagkatapos kong sumagot. I gently caressed my chest! Muntik na kong malagutan ng hininga. Tumalikod na ito at tinungo ang kanyang swivel chair saka galanteng umupo. Yawa!

"Ahem, miss thank you po." baka gusto n'ya naman magpasalamat sa pag-alalay ko sa kanya bago ako umalis no?

"Welcome" aba't! Napaikot nalang ako ng mata sa sinabi nya. Binuksan ko na ang pinto at umalis na.

Bagsak balikat akong naglalakad. Nakakainis talaga yun si Miss Pixie, 'di ko rin alam ba't ang bilis kong mainis sa kanya. Hindi naman ako ganun kay Ziallyn, speaking of the devil asan kaya yun? Hindi pa ako tuluyan nakakalayo ay namalayan kong hindi ko dala ang bag ko at naiwan sa opisina niya. Ang tanga ko! Ayaw ko na sana bumalik dahil baka mainis lang ulit ako pero wala akong choice.

Hays.

"Ma'am, naiwan ko po ang bag, pwede ba pumasok?" pakiusap ko matapos katukin ang kanyang pintuan.

"Come in." agad ko binuksan ang pinto at pumasok, ayun lang pala ang bag ko sa couch niya.

"De La Fuente," mahina lang pero rinig ko ang tawag niya.

"Bakit po?"

"Come here for a moment, I'd like to get your opinion on something." awang ang labi kong napaturo sa sarili at tumango ito. Hindi ko naman magawa tumanggi kaya sumunod ako at lumapit sa kanya saka sinilip ang monitor ng laptop.

"Don't just stand there." muntik pa ako mapatili sa mabilis niyang ginawang paghatak ng braso ko at

ngayon bagsak ang pwet sa kanyang mga lets. Langya, ano ba at wala man lang pa warning si ma'am kung kumilos sa akin. Hoy, ano tong position namin? Ako? Nakakandong sa kanya?!

"M-Ma'am, mabigat po ako." kabado kong saad at tinangka tumayo ngunit mas naging double ang kaba at nagtayuan mga balahibo ko nang bigla niya ikulong ang katawan ko sa kanyang mga braso.

"Ano sa tingin mo maganda?" tanong niya at hindi pinansin ang sinabi ko pero hindi pa nga ako nakakasagot ay napahikab ako, langya naman kasi bakit niya tinatapik ulo ko.

"Para saan po ba to?" maingat kong inalis ang kanyang kamay dahil baka bigla akong mag blackout ng hindi inaasahan.

"It's a gift."

"Pero bakit ako tinatanong mo? Diba mas maganda kung doon ka magtanong sa taong pagbibigyan mo?" tanong ko sa kanya at inagaw ang mouse para maghanap ng iba na mas sa tingin ko ay maganda.

"Lalaki po ba?"

"No." dinig ko sa aking likuran.

"Babae? Ito nalang mas maganda kaysa una mong option, sa tingin ko magugustuhan ng pagbibigyan mo." I checked the price at halos lumuwa na ang eyeballs ko nang makita ang halaga nito.

"475 thousand dollars?!" shuta, kanino niya to ibibigay para maabangan namin sa daan.

"What about the price? Should I be surprised at this small amount?" sana all mayaman, sana all maraming pera, sana all small amount lang para sa kanya!

"Ang laki na kaya niyan, kanino mo po ba ibibigay yan para maabangan sa daan?" pagbibiro ko pero seryoso talaga yun, swerte ng animal na pagbibigyan niya.

"For a special person." tumango ako at mabilis tumayo dahil baka nabibigatan na to sa akin.

"Sana all special, special ka abnormalan lang kasi alam ko. Okay na po ba? kung wala na aalis na ako, ma'am." tanong ko at iniwas ang mga mata, kulang nalang hubaran ako nito kung makatitig e.

"Yeah."

Nagmamadali akong kinuha ang bag at lumabas ng opisina saka tumakbo patungong crim building. Pagdating sa classroom diretso akong umupo at kinuha ang earphone. Mag s-soundtrip nalang muna ako, buti at ako palang ang tao dito, 9am pa naman mag start ang class at alas may 15 minutes pa.

Harana By Jnske

Alam kong nariyan ka
Buksan naman ang iyong bintana
Makikinig ka ba
Para sayo itong harana, oh oh oh

I closed my eyes. I can feel the music more when I do this. It's as if the music flows through me. The song matches perfectly when you want to court someone and make them swoon. It just feels right to sing

it while wooing someone.

Nagdadalawang isip kung itutuloy pa ba
Kahit na medyo may kaba
Tuhod ko'y nguminginig pa
Pano kung huwag nalang kaya
Kanina pa ako dito sa tapat ng bahay niyo
Nagbabakasakali na ito'y kayanin ko
Meron kasi akong nasulat na para sayo
Pwede ba pakinggan mo
At sana maibigan mo ang awit ko pati ako, oh oh oh oh
Hayaan mo akong iparamdam sayo ang pagmamahal ko
Gamit ang haranang sulat ko sayo

Alam kong nariyan ka
Buksan naman ang iyong bintana
Makikinig ka ba
Para sayo itong harana, oh oh oh

Napakaganda mong pagmasdan
Habang dumudungaw ka sa aking harapan
Sa isip ko bakit hindi kita mapalitan
Akoy natulala istun buo kong katawan
'Di ko kayang na ibaling mga mata ko
Ako ay nahumaling na agad sayo
Feeling ko kasi tayo ay pinagtagpo
Ng tadhana na sadyang talagang mapaglaro
Mundo ko'y biglang nagkakulay (kulay) nagkabuhay (buhay)
Isang tingin mo lang ako'y hulog sa hukaay
Tinamaan na ako sayo kaya humandusay
Pakiramdam ko sayo na ako habang buhay

Alam kong nariyan ka
Buksan naman ang iyong bintana
Makikinig ka ba
Para sayo itong harana, oh oh oh

I ended up singing with a smile on my face the whole time. When there's a song I really like, I would sing along. It's natural, isn't it?

Minsan kasi nakakawala rin ng mga stress o pagod ang kanta.

Music truly is a cure-all. It can lower stress, help alleviate depression, and elevate your mood. When I listen to music, I feel like I'm in my own little world of happiness, lost in thought and dreaming. Music has the power to shift your mood like a switch, from gloomy to joyful. It truly is a powerful force that can make you experience a lifetime in just a moment. Music has the ability to accompany you when you're alone, and it can also provide a brief escape from reality's troubles. In short, it is an illusion, a temporary fix that can help you forget about your worries and problems. To sum it up, music is a drug - a powerful and addictive one.

A drug indeed.

I opened my eyes when I felt someone staring at me. Our eyes met, and I smiled.

"Do you have a map?" I asked, tapping my fingers on the top of my desk.

"Why?" Oh, akala ko ay hindi sasagot. We're still staring at each other, eyes locked.

"I seem to keep getting lost in your eyes Miss Ponferrada" And for the first time. I saw her face redden.

She quickly averted her gaze.
Ano? Tameme ka ah? Isang banat palang yan namumula ka na.

"What are you doing here Miss Ponferrada?" Hindi ko talaga inalis ang tingin ko sa kanya. Feeling ko may lakas ako ng loob mang-asar ngayon.

"Checking up on something" Something? Ako ba yung something na yun? Wala namang ibang tao dito at lalong wala mga gamit na andito aside sa marker jan na nasa whiteboard.

"Checking on me Miss Ponferrada?" Nakangisi parin akong tinititigan sya. Di parin nawawala ang pamumula sa kanyang mga pisngi. She just glared at me.

"You wish" Sabay paikot ng kanyang mga mata. Haha cute, mas ginanahan tuloy ako lalong inisin sya.

"You know Miss Ponferrada" pambibitin ko sa kanya. Nag salubong naman ang kanyang mga kilay.

"Hmm nvm you're so beautiful. I forgot my pickup line". Ang laki ng ngiti ko nang makita kong sobrang pula na ng pisngi nya. Gusto ko ng humagalpak sa tawa pero baka paglamayan na 'ko bukas.

"Whatever." sabay talikod at mabilis na nilisan ang classroom.

After being sure that she really wasn't there anymore, I burst into laughter and laughed until my belly hurt. Oh my God, I didn't expect that! Oh wow, all it took was just some cheesy pick up lines. As I laughed by myself, my friends suddenly appeared.

"Hoy Sj sino kausap mo. Multo?" Tanong ni Iris na pa silip-silip pa muna sa loob kung may kausap ba ko o wala.

"Wala na, tumakbo na ang mutlo BAHAHAHAHAHAHAHA o ano ginagawa nyo dito?" Tanong ko sa kanila habang nagpapahid ng mga luha sa mata kakatawa.

"Gaga babe nag bell na kaya. Ganun ka na ba ka enjoy sa pakikipag usap sa multo at hindi mo namalayan" bunganga naman ni Kb habang inaayos ang mga gamit sa desk nya.

Pagkalipas ng ilang minuto ay sunod-sunod nagsulputan papasok ng classroom classmates namin at last pumasok si ma'am pixie na mukhang good mood yata?

"Babe." bulong ni keyboard at kinurot aking pisngi. Langya talaga tong babaeng to, pag ako napagalitan na naman.

"Oh" bulong kong sagot sa kanya. Pero yung mga mata ko nasa harapan parin. Kasi itong malditang Professor namin feeling ko binabantayan lahat ng kilos ko.

"Sekong tayo later tonight. May live band daw eh. Sabado naman bukas" Feeling ko sched na namin

every Friday ang mag bar.

"Open na ba sila ulit?" Nilingon ko naman sya, nag thumbs up naman ito at sabay taas baba ng mga kilay.

"Sge na babe, miss ko na dun eh. Hindi mo ba miss ha?" May pa pout pang nalalaman kaya pinisil ko bibig niya.

"Gora" Sagot ko.

"Miss De La Fuente!" Sabay hampas nya sa table. Langya inaano ko na naman ba to? Agad ko namang ibinalik sa kanya ang atensyon. Maldita hmp.

"Yes Professor?" Nakangiti kong tugon. Nagsalubong naman ang mga kilay nito. May sinabi ba 'kong masama?

"I told you to pay attention to my class" She said coldly. Galit na sya nyan?

"Ma'am, kahit wala atensyon ng mga mata ko sayo ay nakikinig po ako." sagot ko at ngumiti para hindi na lumala init ng dugo niya sa akin, parang kanina lang good shit mood siya.

"Stand up and give us a suggestion to improve the company's working flow." hala, ang dali naman ng tanong na yun.

Bumuntong hininga ako at tumayo.

"Ma'am, sa sobrang dali ng tanong mo ay hindi ko alam ang sagot." honest kong sagot sa kanya pero bakit pinagtatawanan ako ng iba? Gusto ba nila makatikim ng suntok sa sikmura?

She looked even more upset, and it seemed like she was about to lose her patience with me. All I said was that I didn't know the answer, but I could tell that she was already getting annoyed.

"That's why I told you to listen to me. Just because you're listening doesn't mean you're giving all your attention. Do you want to pass this class or not? Go outside and stand in the hallway until class is over." bagsak ang mga balikat kong naglalakad palabas ng classroom habang pinagtatawanan ng iba, sinamaan ko ng tingin si keyboard dahil kung hindi dahil sa kanya ay hindi ako palalabasin ng classroom.

"Dapat kasama si kb e, siya tong may kasalanan pero bakit ako lang pinalabas!" nilakasan ko talaga ang boses para marinig nilang lahat sa loob habang ako nakatayo rito, ang haba pa ng oras na hihintayin ko bago matapos ang klase niya!

Pero goods na rin pinalabas ako, matutuloy ko narin panoorin yung naudlot kong pinanood na sex education. Nagsuot ako ng earphone at masayang pinagpatuloy kung saan ako huminto, buti ako lang mag-isa at walang ibang tao nakakakita kung ano tong kabalbalan kong ginagawa pero hindi nagtagal lumabas si ma'am Pixie at binawi ang phone ko, tapos binantaan pa ako kaya no choice!

"Hays salamat at tumunog ang bell." kanina pa ako gutom.

Papasok na sana ako ng classroom kaso sumulpot na naman tong professor ko at inabot ang aking phone.

"Next time, makinig ka sa klase." sabi niya at lumayas din kaagad.

Pinauna ko na friends ko sa cafeteria para hindi kami maunahan sa table namin. Nakarinig ako ng tunog ng takong papasok sa classroom at nakita ulit ang babaeng kanina lang ay tinakasan ako dahil sa hiya.

Nagtama ang aming mga mata. Inisin ko kaya s'ya ulit?

"Why are you still here?" bakit bumalik siya?

"Alam mo Miss Ponferrada ang ganda ng Surname mo" Sabi ko at nag umpisang laruin at e.spin ang pen na hawak ko.

"I know" Tipid nyang sagot. Ngumisi naman ako. Tignan natin kung hanggang saan yang pagiging yelo mo.

"Pero mas maganda kung Surname ko gamit mo" I stare at her intently.

Napansin ko parang uncomfortable na sya kaya lihim akong nagbunyi nang mapansin na mukhang nagpapanic na siya.

"Oh gosh!" Sabay paypay sa mukha nya gamit ang kanyang mga kamay. Ang pula na ng mukha nya, di nya ata expected yung banat ko haha

"Bakit Miss Ponferrada, may mali ba sa akin?" Hirit ko ulit.

This time ay para na nya 'kong pinapatay sa isipan nya. Yung mga tinginan nya kasi. Kulang nalang saksakin ako.

"Yes" Tipid nyang sagot.

"Okay lang Miss Ponferrada, may TAMA naman ako sayo eh" diniinan ko talaga ang salitang *tama.*

BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA
Walangya nag walk out nalang sya bigla. Ang sarap nya asarin

Mukhang kailangan ko na ata mag research ng mga pick up lines ah. Baka meron kayo jan?

Who is Miss Ponferrada?
Ziallyn or Miss Pixie ?

CHAPTER 7

-

Nakahilata lang ako sa kama ngayon, inaantok pero hindi naman makatulog. Mag-isa sa bahay kasi nasa gumagala na naman ang aking mga magulang. One week daw sila sa palawan, sana all talaga walang problema at walwal lang ng walwal. Dinaig pa ako ng parents ko shuta.

Ibig sabihin lang non, isang linggo rin akong mag-isa sa bahay. In short, ako ang reyna at lahat magagawa ko dahil walang bubunganga. Hmm invite ko kaya friends ko para di naman ako maburyo mag-isa rito.

Kinuha ko ang phone at binisita ang page ng PU, akala ko scam pero totoo pala talaga sinabi ni keyboard tungkol sa stolen pictures ko. Wow, daming likes and shares ha.

Hanggang sa nag check ako ng mga comments nakita ko naman agad sa top ang magkasunod na comment nila Ziallyn at Miss Pixie.

Ang nakalagay lang sa comment ni Ziallyn ay "?" at kay Miss Pixie naman ay "?". I visit their profiles, okay lang naman siguro na e-add friend ko sila diba? Wala naman sigurong masama 'don.

"Yan, malamang coconfirm naman siguro nila request ko?" sunod kong binuksan ang gc namin ng mga kaibigan ko.

You change your group name from TIRADOR NG MGA BEBE to Girlfriends

Bigla akong nakaramdam ng gutom. Hala paano 'yan.

Sj

Hello? Buhay ba kayo mga hangal? Gutom na gutom na ko oh. ?

Kb
Nasa condo lang babe. Gusto mo punta na 'ko dyan? Para sabay na tayo sa Sekong later.

Ag
Dun nalang tayo magkita, sinamahan ko pa si mama.

Iris
May dinner kami nila mommy kasi umuwing pinas, sama nalang kayo ni keyboard warrior.

Sj
Okay, enjoy kayo. See you later
Kb halika na, tapos grocery tayo saglit.

Kb
Ok babe.. Wait me

Sj
Ingat. ?

I turned off my phone at mabilis na kumilos upang maligo. Mabilis lang akong natapos at nagbihis agad, sakto naman dahil tumunog ang doorbell kaya baka si keyboard na yan.

"Babe! oh wow! bagong ligo." sabay halik sa pisngi ko.

"Ganda mo yata ngayon? Himala." tinignan ko siya mula ulo hanggang paa, parang dadalo yata ng kasal to eh.

"Hoy, lagi akong maganda no!"

"Sige, kwento mo yan eh, tara na at bukas nalang tayo mag grocery. Sa labas tayo kumain para hindi naman masayang yang gown mo shuta ka." tinampal niya ako sa balikat dahil sa pagtawa ko sa kanya.

"Akala ko ba mahal mo ako? Bakit parang nagiging si Iris ka na ha?" tatampo pa eh.

"Minsan lang charot."

Sa malapit na restaurant nalang kami nagpasya na kumain, paano parehas kaming tamad kaya ang resulta palagi sa labas kumakain.

"Babe! tignan mo 'tong mirror shot na nakuha mo kanina. Gaga ang sexy mo!" sabay tampal nito sa balikat ko, tangena at pinost nga talaga n'ya ang litrato ko.

"Tapos ito 'yong pinost ko kanina na picture HAHAHAHAHAHAHAHAHHA."

Ang ganda at cute ni keyboard at the same time. Hindi nga lang mukhang normal tignan kasi sa sobrang lampa at tanga n'ya.

Pinost ni Kb ang picture namin at agad nakahatak ng maraming likes and comments.

Ang nakalagay na caption is *Date with my Girlfriend, see you later at @sekong* tapos t-nag nya sila Iris at Ag. Marami tuloy ang nagtanong kung totoong Girlfriend nya ba 'ko dahil sa caption na nakalagay.

Nag comment naman sila Ag at Iris at sinabing *Two timer/Cheater,* tinawanan lang namin dalawa.

"Babe HAHAHAHAHAHAHAHAH tignan mo, si miss Pixie and Ziallyn liked my post." napatingin naman ako sa kanya. Wow friends na sila?

"Friends kayo?"

"Of course! I added them yesterday. Sa ganda ko ring to e-rereject lang nila?" yabang, pinagbantaan niya siguro ang dalawa kaya inaccept friend request niya.

After dinner umalis din kami kaagad dahil isang oras pa byahe namin bago marating ang sekong. Sa sobrang walwalera naming mag tropa napapadpad na kami sa kabilang city para lang mag bar shuta.

Around 9pm nakarating kami, paano ba naman kasi at kumain kami ulit dahil gutom na naman mga bulate naming dalawa.

8:30 pm pa raw andito na sila Iris at Ag.

Daming tao naman masyado, "Babe, same spot parin ba?" tanong ni keyboard.

Patok ang sekong sa mga tao at ang maganda pa rito ay dalawa ang option mo. Kung gusto mo liveband at tamang chill lang ay pwede ka pumunta ng second floor. Kung gusto mo naman mag disco at magwala sa dancefloor ay may DJ sa groundfloor. Wala magiging problema dahil soundproof ang first floor at hindi lalabas ang ingay na nagmumula sa loob.

"Yes, nandun na sila sa taas." sagot ko at kinaladkad siya paakyat dahil baka mapadpad na naman siya sa disco floor.

Tanaw ko palang ang table kung saan naroroon sila riri ay ngumiti na ako. Nakita kong kausap nila ang owner ng Sekong, naging close na namin dahil lagi kaming nag jajam dito nung panahon di pa ito na renovate.

"Ate Niks!" tawag ni keyboard sa may-ari, Nikki ang kanyang pangalan at Niks for short.

"Wow! Ang laki ng pinagbago ninyo." salubong nito sa aming dalawa na may ngiti sa kanyang labi.

"Of course ate kami pa!" nagtaas-baba ako ng mga kilay bago sumingit at pumagitna kina Iris at Ag,

"Kayo lang ba? By the way, I'll introduce my cousins later because they're coming tonight too." pinsan? Di ko alam nay pinsan pala siyang malapit sa lugar na to.

"Talaga? Sige ate, dito lang kami." sagot ko.

"Yup. I'll leave for now and visit my other guests. I'll be back later with my cousins." paalam nito at kumindat bago tuluyan umalis.

"Hoy tangena mo Kb ha!" Hinintay nya lang talaga makaalis si Nik para magmura

"Ano? Bakit ka ba sumisigaw? Wag mo ako simulan Iris at ayaw ko masira gabi ko." kahit saang lugar nalang talaga hindi mawawala ang awayan nila.

"Highblood, kaya ka walang jowa sa lala ng ugali mo." di ko sila aawatin, bahala sila jan.

"Kung ikaw lang din naman kasi lagi kong makikita talagang mababadtrip ako-"

"Ano iinumin?" putol ko sa bardagulan nila.

"Espresso Martini or Vodka lime and soda?" Tanong ko sa kanila.

"Sus, wag yan. Mag beer nalang tayo mas masarap tapos sisig!" kontra ni Iris, edi sana siya nalang pumili kanina pa kaysa unahin pakikipag away sa isa. Sarap sampalin nitong menu board.

"Ano oras ba magsisimula liveband?" tanong ko kay keyboard.

"9:30 10min nalang babe start na." Sagot n'ya habang busy sa pag e-scroll sa kanyang cellphone.

Tumango ako at pumayag nalang din sa gusto nilang mag beer kahit ang totoo ayaw ko sa alak na yan. Okay lang at nag order naman ako ng iba, yun nalang iinumin ko.

"So, mag-isa ka lang sa bahay nyo this whole week?" tanong ni Ag, bilis naman nila makainom ng beer.

"Ou, samahan nyo kaya ako? bonding narin tayo." agad na sagot ko. Ay hala! malapit na pala exam namin tangena.

"Sge na, para sabay na rin tayo mag-aral gaga malapit na exam." dagdag ko pa.

"Ay hala! Ou nga pala." akala ko ako lang nakalimot, mas malala pala sila.

"Sige, bukas pero enjoy muna natin ang weekends, sa Monday na tayo mag-aral for exam." sabi ng lagi nakakakuha ng 75.

"Aral ka rin kaya ng matino Iris? Tignan mo grades mo parang spaghetti, pababa nang pababa." kailan ba magiging matino tong kaibigan ko.

"Ano naman kung puro 75 grades ko? Wala sa degree yan at nasa diskarte yan." porket anak ng mayaman, hindi na pagtutuunan ang grades hays.

"Kahit anong payo sabihin mo jan, hindi makikinig yan." tumango ako at thumbs up kay Ag,

"Check, sound check." Napatingin kami sa stage, nand'yan na pala ang banda at kasalukuyan naghahanda.

"By the way, may tanong ako." inubos ko muna ang isang basong inumin habang sila naghihintay sa susunod kong sasabihin.

"Wala naman siguro problema kung dalawa crush mo diba?" I smile slightly pagkatapos kung sabihin yun.

Nagtaasan ang kanilang mga kilay at di nakaimik. Loading yara braincells nila masyado, sabagay at ngayon lang din kasi ako nag open sa kanila ng ganitong topic.

"Hoy gago seryoso ka? HAHAHAHAHAHAHAH." hagalpak na tanong ni Iris, mukha ba akong nakikipagbiruan?

"Diba normal lang naman yan? Crush lang naman." depensa ko bago ulit lumagok ng isang baso.

"Haler, ano ka ba babe at normal lang yan. Kahit isang libo pa yan sila ay walang problema." over naman masyado si keyboard sa isang libo, dalawa lang naman.

"Ay parang kilala ko na ang mga 'yan babe." Malamang kilala n'yo na talaga.

"Si Ziallyn at Professor Pixie?" Nakangising sabi ni Iris. Hindi ako sumagot pero ngumiti lang.

"Ou? Si Ziallyn talaga yung crush ko pero biglang sumingit tong si ma'am sa listahan kaya naging dalawa na sila." pag amin ko sa kanila, bakit ko pa itatago e malalaman din naman nila.

"Hoy babae! Dalawa puso mo?" Agad umayos ng upo si Kb at hinarap ako.

"Hindi tatlo" inikutan ko naman sya ng mata. Nakakabobo yung tanong nya eh.

"Mahirap yan Sj" sabi ni Ag.

"Crush lang nga." umirap ako dahil parang may iba siyang pinapahiwatig sa akin.

Biglang nag cue ang drummer at nagsimula na ang banda. Unang kanta nila ay Enchanted by Taylor, maganda rin boses ng vocalist nila na babae. Napapasabay na rin sa pagkanta ang mga kasama ko. Ipinikit ko ang mga mata upang mas madama ang kanta.

"Ladies!" Narinig ko tawag ni ate niks pero nakapikit parin ako. Hindi ko ito pinansin at nagpatuloy lang sa pakikinig sa kanta, napapasabay narin nga ako dahil isa ito sa mga paborito ko kay Taylor,

Hmmmm
"I was enchanted to meet you". Napansin kong tumahimik ang mga kaibigan ko.

"Please don't be in love with someone else. Please don't have somebody waiting on you." nadadala na ko sa kanta. Parang gusto ko tuloy palitan yung vocalist

Hhmmm hmmm
"I was enchanted to meet you..." at natapos na nga ang first song.

Pagmulat ko ng mata ay ang mga mukha nila Ziallyn at Miss Pixie agad ang nasilayan ko. Parang sandaling huminto ang mundo ko sa nakikita ko.

Nilingon ko naman ang mga kaibigan ko na may halong kalokohan sa kanilang mga mata. Bahagya akong napayuko dahil sa hiya. Narinig kaya nila pagkanta ko? Agad ako napahawak sa kamay ni Ag na nasa ilalim ng table.

"Sj, I had no idea you had a lovely singing voice! Kb just told me to keep quiet because you were singing. It was totally worth listening to you, though. Your voice is just lovely to hear." nakangising saad ni ate Niks. Binalingan ko naman si keyboard at palihim na sinamaan ng tingin, gago mamaya ka sa 'kin.

Nag angat ako ng ulo at kunyari di ako kabado, nga naman! Bakit ako kakabahan? Silang dalawa nalang? Haaa, asa sila.

"G-Good evening po." pero kahit anong tago ay di maiwasan ng boses ko ang manginig shuta, kahit sagot wala akong nakuha.

First, I saw Ziallyn in a black strapless fit and flare above-the-knee dress, with her hair tied up in a cute and sexy style. Miss Pixie was looking sexy in her black bodycon over-hip dress with tassel above-the-knee tube and strapless design. Langya, gagandang ginto! My god! Napahigpit ang hawak ko sa kamay ni Ag kaya napangiwi sya. Yung puso ko please lang pakipulot naman.

"Nagkakamali ka ate niks at hindi ako yun, engkanto siguro narinig mo." gusto ko sana abutin ang baso, but my eyes kept wandering at Ziallyn and Miss Pixie. Their presence alone is already killing me.

"Magkakilala kayo ate Niks?" tanong ni Iris, napansin ko wala ang tatlong kambal at silang dalawa lang pala kasama ni ate.

"Oh, my cousins. I said I'd be back to introduce them to you guys." halos maitapon ko na lahat ng alak na nasa bibig ko kay Iris dahil sa labis na gulat. Shuta, sa daming tao sa mundo, bakit sila pa naging pinsan niya?

"Eh? Classmate namin si Ziallyn, tapos professor si ma'am sa PU." paliwanag ni keyboard na ikinagulat din ni ate, naloko na at parang wala siyang alam.

"Oh, sa PU pala kayo nag-aaral?!" sabi na eh, akala yata sa dating school parin kami.

"Ou nag transfer kaming apat." agad na sagot ni Iris bago ininom ang alak.

"Wow! Even better. Can I just leave my cousins here for now?" nagsimula akong mag panic sa sinabi niya.

"H-Hindi pwede ate!" napalakas boses ko kaya gulat halos lahat ng mga nakarinig, mas naging triple tuloy kaba ko ngayon sa mga nakakamatay na tingin ng dalawa!

Bakit ba lagi kaming pinagtatagpo kahit saan ako magpunta? Bad sign ba to or good sign? Bilang pinaalis ni keyboard sila Iris at Ag sa tabi ko at pinatabi sa kanya.

Isa kang taksil Keyboard!

Napabuntong hininga nalang ako nang pinaupo ni ate ang mag pinsan sa magkabilang side ko. Potangena naman oh! bakit pinapahirapan n'yo ako huhu.

Wag ka magpadala sa puso mo. Kung sila kaya nila itago ang mga emotions nila dapat ikaw din Sj! Diba sanay ka naman sa taguan ng feelings?.

"Ziillyn, Miss Pixie ano po gusto nyo?" Tanong ko habang nagpapanggap na binabasa ang Menu.

"You/You" Mababaliw siguro ako sa wala sa oras pag sila lage kasama ko. Nagulat pa ang tatlo sa narinig nila samantalang ako ay nag kibit balikat lang.

Alam ko naman kasi kung ano ang punto nila sa "YOU" na yan. It means ako na ang bahalang mag desisyon. Diba?

"Okay" Sagot ko sabay tango.

"Sure kayo ako ha?" Tanong ko at hindi naman sila sumagot so it means YES.

Hmmm. Okay let's see, ako pala ha. Tinawag ko agad ang waiter.

"5 Espresso Martini please" at mabilis itong umalis para kunin ang order namin.

"Hoy gago bakit limang martini yan ha?"

"Ako pinapili nyo eh." Sagot ko kay Kb.

Wala kayong choice damay na kayo.

"Ah Ma'am pwede mag tanong? Ilang taon na po kayo?" tanong ni Iris sa kanya at hindi nakalampas sa paningin ko ang pag ikot ng mga mata ni Ziallyn. Tignan mo 'to kahit hindi inaano nagmamaldita.

"I refuse to answer personal questions." sa isip ko pinagalitan ko na si ma'am, age lang naman tinatanong e normal lang naman yun pag tinanong ka ng student mo?

Mag sisingkwenta na siguro siya dahil sa temper niya.

"Ikaw Ziallyn?"

"21"

"Wow same same." sabay palakpak ni keyboard, buti pa tong demonyeta marunong sumagot ng tama minsan. Ou, minsan lang at parang bagyo rin pag-iisip niyan.

Balik ulit sila kay Miss Pixie. Hmmm may hotseat ata na magaganap.

"May tanong ulit ako, may boyfriend ka po?" kulit ni keyboard pero goods yan.

"None." agad na sagot nito bago binalingan ako ng ulo. Okay?

"Ooooo." di nalang manahimik Iris eh.

"Eh Girlfriend Ma'am?" Luh gaga talaga to si Kb. Hindi mababaliko yan.

Napailing nalang akong napainom.

"Used to." Nasamid ako bigla at agad kinuha ang panyo sa bulsa ko. Laglag panga akong napatingin kay Miss Pixie.

Seriously???

Ang mga kaibigan ko naman ngayon ay abot langit na ang mga ngiti habang pasimple akong sinusulyapan.

"Wow Ma'am di namin expected yun ha. Nakakagulat ka, wala kasi sa hitsura mo na pumapatol ka. Straight as flagpole kasi ang aura mo." sabat ni keyboad saka ako nginisihan.

"So walang nanliligaw sayo ngayon Ma'am? Siguro naman marami no, sa ganda mong yan" Si Ag na nagtanong this time. Mukhang nakuha na ni Miss Pixie ang atensyon nya.

"I don't entertain pigs". Humagalpak naman sa tawa si Kb at Iris. Langya pigs daw kasi.

"Pero may nagugustuhan ka ba ngayon Ma'am?" daming tanong, kala mo tatakbo sa pagiging president tong katabi ko eh.

Since tapos na sila kay Miss Pixie ay binalingan naman nila si Ziallyn.

"Ikaw Ziallyn, may boyfriend?"

Bored lang itong pinagmasdan ang mga kaibigan ko.

"None"

"Girlfriend?" Ngumisi naman si Ag.

Napabuntong hininga si Ziallyn bago sagutin ang tanong.

"I don't have time for a relationship and also, I'm straight". Sabay tungga nang martini.

"Yeah, sure." hindi ko lang alam ha pero parang may tunog pagiging sarcastic si ma'am don.

"Saglit lang, ubos na pala drinks ko." sabi ko at nag excuse kay ma'am dahil dadaan ako pero bigla itong tumayo.

"San punta mo ma'am?" tanong ko.

"I don't like what you ordered, so I'll buy my own." sagot niya at nauna, edi sana kanina nya pa sinabi kung ayaw naman pala at isa pa diba nagtanong ako kung ano gusto nila?!

Sumunod ako kaagad sa kanya at di pa nga umabot ng isang minuto may mga masasamang elemento na ang nakapaligid sa kanya.

"Excuse me! Pabili beer!" sabi ko, mag bebeer nalang ako erp.

"Beer? You get drunk really quickly when it comes to beer." kunot noo ko itong binalingan.

"Ako? Di no, paano mo nasabi?" tanong ko.

Nagkibit balikat pa sya. "Sabi nila mabilis malasing ang tao sa beer." sus, papaniwala siya sa mga ganyan e hindi naman totoo at nakadepende yun sa tao.

"Di lahat ah, sanay katawan ko sa beer ma'am." ngumisi ako at nagtaas-baba ng mga kilay.

"Whatever. Just don't drink too much or you might get really drunk." ganyan pa sya concern din pala.

"Concern ka lang po talaga sa akin, aminin mo na ma'am. Don't be shy." hoho, sarap nito at isang bucket!

"You're my student so it's normal to be worried." scammer naman tong professor ko.

"Di nga ma'am? Di kasi halata at halos di mo nga kinakausap ang students after ng class liban nalang kung related sa subject mo ang topic." pailing-iling kong saad.

"Ay ma'am, may tanong ako sayo, sino yung mga babaeng kasama mo sa coffee?" kasing bilis ng kidlat ang pagtaas ng isang kilay niya at nakamamatay akong tinignan sa mga mata dahilan upang mapalunok ng magkasunod-sunod.

"What? You were flirting with Ziallyn, who's your classmate, and now you want to find someone else too? Is this how you are? You don't know how to settle with just one person?" I fell silent and parted my lips as I heard what she said, it felt like my heart sank for the way she said it to me. Grabe! Hindi niya naman tinanong dahilan at bigla nalang mananakit jan.

"Grabe ma'am, nagtanong lang ako dahil curious mga kaibigan ko kung sino sila. Makahusga ka naman po sa akin, parang kilalang-kilala mo pagkatao ko." makaalis na nga at baka masaktan pa ako ulit sa bibitawan niyang mga salita.

Pagbalik ko sa table ay kay keyboard na ako tumabi ng upo, di nako bumalik don kanina at badtrip ako masyado kay ma'am. Sus, bawas points na siya at minus one na si ma'am.

"Bakit naka simangot ka babe?"

"Wala."

"Girls!" mabuti at may balak pa siya balikan mga pinsan niya.

"Bakit ate?" tanong ni Iris,

"Something happened with the vocalist, so she had to step out for a second. Pwede ka ba kumanta kahit isang beses lang?" pakiusap niya sa akin pero wala ako sa mood kumanta dahil sinira ni ma'am.

"What's wrong?" ayan nagbalik na siya, mabilis ko iniwas ang paningin sa kanya at kinuha ang isang bote ng beer.

"Hoy! Mag dahan-dahan ka nga at bakit redhorse yan?!" di ko pinansin si Iris at tuloy sa paglagok ng beer.

Pinaliwanag ni ate niks sa kanya ang dahilan at pagkatapos ay tinanong ako pero sabi ko ayaw ko at wala ako sa mood kumanta. Si keyboard nalang pakantahin niya, para mag close agad tong sekong ng maaga.

"I'll do it." palihim kong sinulyapan si ma'am dahil sa pa mungkahi niyang kakanta. Marunong siya? Di nga?

"Omg! Really?! Thank you, cous." mabilis hinila ni ate niks paakyat ng stage. Ayan, exposed na kagandahan niya sa marami dahil sa kanya nakatutok ang spotlight.

"Babe, tumigil ka na at baka malasing ka na naman ng tuluyan niyan." sinubukan agawin ni keyboard ang bote pero inilayo ko ito at bumalik sa tabi ni Ziallyn,

"Are you in a rush and want to finish those drinks on your own?" biglang tanong ng katabi ko.

"Hindi naman, bakit pala di mo kasama mga kambals?" tanong ko pabalik.

"They're lazy." wow, sa kanilang apat mas mukhang lazy pa nga siya kumpara doon sa tatlo.

Biglang nagsimula ang banda kaya nakuha ulit ng nasa stage ang atensyon ko. Napainom ako ulit ng beer matapos makitang direto nakatingin sa mga mata ko si ma'am, papaanyo niya nagawa e medyo may kadiliman dito sa pwesto namin.

"Mas mukhang tamad ka pa nga kumpara sa mga kambal mo Zi," mahinang tawa ko at inabot sa kanya ang tissue na pilit inaabot.

? I won't lie to you
I know he's just not right for you
And you can tell me if I'm off
But I see it on your face
When you say that he's the one that you want
And you're spending all your time
In this wrong situation
And anytime you want it to stop

Natigilan ako matapos marinig ang sobrang lamig ng boses ni ma'am, langya, nanindig mga balahibo ko at maganda pala boses niya.

"Luh, ganda pala boses ni ma'am." pagpuri ni Iris at pasimpleng ninakawan ng sulyap si Ziallyn na tahimik nakikinig sa tabi ko habang hawak ang baso ng alak.

?I know I can treat you better than he can
And any girl like you deserves a gentleman

Tell me, why are we wasting time
On all your wasted crying
When you should be with me instead?
I know I can treat you better
Better than he can

Bawat bitaw niya ng words ramdam mo yung parang may pinapaabot siya sa isang tao. Kung ganito ka lamig at ganda ng boses ang gagambala sa gabi ko hanggang madaling araw ay tiyak baka mas mahimbing pa tulog ko.

?I'll stop time for you
The second you say you'd like me too
I just wanna give you the loving that you're missing
Baby, just to wake up with you
Would be everything I need, and this could be so different
Tell me what you want to do

Nagtaasan mga kilay ko sa bigla niyang pagmulat ng mga mata at muling tumingin sa direksyon ko. Lihim ako napaturo sa sarili bilang pagbibiro dahil tumingin si Ag sa akin at ngumiti. Para sa akin ba yang kantang yan? Charot pero malay natin, tumama pagiging assumera ko minsan.

?Give me a sign
Take my hand, we'll be fine
Promise I won't let you down
Just know that you don't
Have to do this alone
Promise I'll never let you down

I saw a smile on her lips, but it was mixed with sadness and pain, as I could hear it in her voice too. It felt like she was going through something.

?'Cause I know I can treat you better than he can
And any girl like you deserves a gentleman
Tell me, why are we wasting time
On all your wasted crying
When you should be with me instead?
I know I can treat you better
Better than he can, oh
Better than he can
Better than he can

Palakpakan lahat ng audience habang pababa siya ng stage at isa na ako sa mga taong yun.

"Galing mo pala kumanta ma'am, ganda pa ng boses." may tama na yata si keyboard at nag thumbs up pa nga.

Tumabi ito muli sa akin at hala siya, anong nangyari? Kumanta lang siya isang beses tapos ngayon balak na mag lasing dahil sa dalawang magkasunod na baso niyang inubos? Kakausapin ko sana pero nagtatampo nga pala ako sa kanya kaya wag na.

*

"Yeah, I can see that now." napalunok ako nang bigla itong lumingon at titig na titig sa akin.

"B-Bakit ganyan ka makatingin? Para namang direkta sa akin yung sagot mo." lumayo ako at pinaypay ang sarili, init shuta.

"Psst ma'am, may banat ako." sinundot ko braso niya, baka magalit na talaga to ng tuluyan.

"What?" hinarangan ko ng isang kamay ang gilid ng mukha ko para di mabasa nila Ag ang sasabihin ng labi ko.

"Roses are red, violets are blue. Meron akong crush, ikaw ang clue." bahagyan nanlaki ang kanyang mga mata at pagkaraan ng ilang segundo napakagat sa kanyang labi at namumula.

Magsasalita pa sana ako nang bigla niya itulak ang mukha ko palayo sa kanya, tangena. "Can you stop bothering me and just focus on reviewing? Don't interrupt me." sana all namumula.

"Hays ma'am, review nang review pa ako tapos ikaw lang din naman gumugulo at pumapasok ngayon sa isipan ko." nagkibit-balikat ako kasabay ang pag iling ng ulo.

"Hoy, ano sabi mo babe?" ay napalakas yata boses ko.

"Ha? Wala naman, mag review ka jan para may sagot ka sabi ni ma'am." ginamit ko pang alibi tong katabi ko.

"Hirap naman ng math! Mag shift course nako ng crim!"

"May math din sa crim keyboard." sagot ni Ag at napasabunot nalang ito sa kanyang ulo.

"Kaloka, Ag help me paano e solve to please." good at busy na ulit silang dalawa. Muli kong itinuon atensyon kay ma'am, wala siya balak umalis? Siya pagtitripan ko kung ayaw niya.

"Ma'am, di ka pa ba napapagod kakatype sa laptop mo? Baka gusto mo rin e type ako?" my eyebrow flinched nang makita ang kanyang kamao na nanginginig, shuta ka Shara at baka masapak ka.

"I'm warning you." banta niya, pang ilang warning na ba yan.

"Masyado akong hot ma'am, para replyan mo ng cold." bigla itong tumayo ng marahas na ikinagulat namin.

"Ma'am, alis ka na?" I asked and grinned.

Bumaba ang kanyang paningin sa akin at pinaikutan ng mga mata bago tuluyan umalis ng walang paalam.

"Shuta, BAHAHAHAHAHAHAHAHAH." hagalpak ko paglabas niya ng cafeteria.

-

"Guys keep quiet na para matapos tayo agad at ng makakain na tayong lahat." Saway ng class President namin.

Kakatapos lang ng morning classes namin kaya nag meeting muna kami para sa gagawin na booth.

"Alam n'yo naman na festival na after exam. Kailangan na natin pumili kung anong booth gagawin, tayo nalang ang hindi pa nakakapasa ng form." nawala rin sa isip ko yung booth. After exam na pala festival, bilis ng panahon.

"Any suggestions?"

"Horror booth pres!"

"Maid cafe nalang"

"Marriage booth!"

At marami pa silang suggestions. Ang ingay na nila.

"Hoy Pres. Kissing booth nalang mas maganda yun" Biglang sabat ni Kb na katabi ko. What the?

Ang kanina na maiingay at tatalunan kung anong booth ay biglang nagkaisa at sumang-ayon kay keyboard shuta. Basta talaga ganito di na dapat pag awayan pa, halik na usapan eh.

Biglang may sumulpot na demonyo at iniluwa sa pintuan kaya natahimik ang lahat. Ano na naman ang ginagawa n'ya dito?

"I will take charge of this class for the upcoming festival. Have you decided on what booth to choose for the event?" She pulled up a chair and sat facing me while crossing her legs. Shuta ma'am, bakit ang lagkit mo kung makatingin sa akin? ugh mameeh.

"Kissing booth daw po." sagot ni pres.

"Okay then, continue."

"So, kung kissing booth may pipiliin tayo kung sino ipapalaplap sa kissing booth?" taas kamay na tanong ni keyboard,

Natahimik naman ang buong klase. Nag-iisip siguro? alam kong una nilang magiging choices ay ang mga kambal. Pero syempre kung gusto pa nila mabuhay kinabukasan wag nalang silang mangahas na isali ang mga kambal dyan.

"Ipasok n'yo na tong si Kb dyan total s'ya naman nakaisip" Biglang singit ni Iris. Tama nga naman s'ya, dapat isali ang mastermind.

"I will agree but... Only women should kiss me." Sabi n'ya at nag agree naman silang lahat. Alam din kasi nila na man hater tong babaeng to.

May nag suggest naman na lalaki at pinili n'ya ay si Meghan. Maganda rin naman ito at matangkad, sure ako marami rin pipila dito.

"4 men and 4 women kukunin natin. Kulang pa dalawa" diretsong sabi ni Pres. Wow ha, nakapag decide

s'ya agad na hindi man lang kami tinatanong.

"Ipasok n'yo na si Iris at Axel grace. Hindi pwedeng ako lang ang magdusa no." Seryosong sabi ni Kb. Wala na rin nagawa ang dalawa kasi pag utos n'ya, dapat mo talagang sundin.

Thankfully di nila naisipan isali ako, ayaw ko naman kung sino nalang humalik sa akin no, ano sila sinuswerte.

"Magkano ba kada halik? May commission ba kami dyan pres?" Tanong ni Meghan.

"1k isang pisngi at 2k for 2 cheeks and yes meron" hanga na talaga ako sa kanya. Ang bilis n'ya mag desisyon. Hindi uso tanong muna? ?

"Paano kung mag demand sila sa lips?"

"Mag b-bidding tayo" Tangena masasabak pa at sa auction ang mga labi nilang apat haha.

"Grabe may bidding na magaganap. Mukhang exciting yan, ha pres" nakangising sabi ni Iris.

"Sayang wala si Shara. Sure akong maraming mga babae ang pipila dyan" biglang singit nong lalaking k-klase ko. Luh gago?

"Ou nga, make it 5 nalang sa babae pres."

"Go na pres isama mo na."

"Sali na Shara," pagsasapakin ko kayong lahat jan eh.

"Hmmm Sha--" may sasabihin sana si president kaso may dalawang demonyong sumingit.

"Stop/that's enough" alam n'yo na kung sino guys. Para naman kayong just now lang kung di n'yo kilala.

"4 is enough" Sabi ni Ziallyn. Gulat na reaksyon ang nakikita ko ngayon sa mga mukha ng mga k-klase ko. Well, this is the first time lang naman po na kumontra si Ziallyn.

"This is where our meeting ends" Tumayo si Miss Pixie at mabilis na lumabas ng classroom.

Luh hindi sila pumayag na isali ka Sj. Possessive Mommies ugh. ??

Pero wala pang isang minuto muling bumalik si ma'am at pinalabas ako. Ano? Kakaalis lang miss na niya ako agad? Sabi na, may crush din to sa akin si ma'am.

"Ano ma'am?"

"Nothing, nevermind." awang ang labi ko sa biglang pag-alis niya.

Shutek? gulo talaga non.

"Hoy, babe, tara sa labas! may bagong bukas daw na restaurant sa front ng PU." tawag ni keyboard sa akin,

"Di nga? wala naman ako nakita kanina." sabi ko.

"Ou nga! Tara na!" langya yung bag ko!

"Daan muna tayo library, isasauli ko lang tong libro." Si Ag lang yata matino sa tropa at masipag mag-aral.

"Hala, ikaw? humiram ng libro? sinong spirit sumanib sayo?" baliw tong keyboard na to.

"Wag mo 'ko ginagaya sayo keyboard. Puro pula grades mo" sagot nito

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." hagalpak ni Iris ng malakas.

"May nakakatawa?" anger issues nito no.

"At least naman pasado. Aanhin ko yang extra. Oy girls may nanligaw sa akin na babae" sabi ni Kb. Kinuha ang cellphone n'ya at may pinakita sa amin na picture.

"Hoy sino yan? Ba't parang ang bata pa ha?" kunot noo kong tanong.

"Manliligaw ko nga. Ganda no? Sagutin ko na ba?" Sagot n'ya

"Ilang taong na ba yan?" sunod na tanong ni Iris at binawi ang phone.

"16"

"WHAT?!" Sabay kaming tatlo napasigaw sa pagkabigla.

"Gago ka! 16 pa yan, anong sasagutin mo?!" gigil si Iris, pero tama nga naman sinabi niya.

"A 16 years old." segunda ni Iris sabay paikot ng mata.

"Anong gagawin ko? Kahit anong bugaw ko ayaw naman ako tigilan?" sya pa yata mukhang inosente sa kanilang dalawa ng manliligaw niya kuno.

"Baliw ka, wag mo sagutin at mas lalong wag mo na kausapin. Reject mo yan at block ang number, bakit ka ba nagpaligaw jan?" kinurot ko ang kanyang pisngi at gusto ko siyang kaltukan.

"Kanina lang naman siya nanligaw? Tapos I asked her kung ilang taon na siya, haler, shocked din kaya ako kanina no! Sabi ko nga ayaw ko, duh makulit na bata." hays, dapat sa keyboard na to sinasako.

"Kakaltukan talaga kita pag kinausap mo pa batang yan, ikaw na umiwas dahil ikaw ang mas matanda. Okay?!" sermon ko.

"Ou na babe, promise." mabuti ng nagkakaintindihan kami.

Wala naman problema kung ma inlove ka sa mas bata sayo or kung mas matanda sayo. May iba nga na 10 years o mahigit pa dyan yung age gap nila basta ba nagmamahalan kayo ng tapat at totoo and also, 5years lang naman agwat ni Kb sa manliligaw n'ya. Hindi naman masyadong kalayuan but it's still wrong, applicable lang 'yon pag both legal age na siraulo tong keyboard na 'to!

Pagkatapos isauli ni Ag ang libro ay nagtungo kami kaagad don sa restaurant na tinutukoy nila.

As we enter the cozy French restaurant, the warm glow of the fireplace immediately grabs our attention.

The wood burning within the hearth sets a romantic and inviting atmosphere, making it the focal point of the space. Ang astig! may fireplace! Saktong-sakto dahil malamig talaga sa lugar lalo na't nasa uptown ang PU. The sound of the flames crackling adds to the soothing atmosphere, while the aromas of delicious French cuisine waft through the air. The lighting is dim but the atmosphere feels lively. Nagutom ako bigla shuta, gusto ko na tuloy agad tikman lahat ng mga pagkain nila!

Medyo marami rin ang mga tao na nandito, mostly ata mga students lang ng school.

"Ganda gage." pati si Iris na hindi mahilig pumuri namangha e.

"Diba? Sabi ko sa inyo maganda rito, dali! order na tayo at excited ako tikman kung anong anong lasa ng mga pagkain nila!"

"Ano sayo?" tanong ni Ag sa akin.

Titignan ko sana ang menu na hawak nito para pumili pero biglang may natanggap akong mensahe mula kay miss Pixie, walangya at bakit ngayon pa niya ako gusto makita.

Pixie
Come to my office now

Napakunot ang noo ko. Hindi ba pwedeng mamaya nalang? Nag eenjoy pa 'ko dito eh.

Shara Jane
Wala ako sa campus Miss. Nandito kami ngayon sa bagong bukas na restaurant. Bakit po?

Pixie
I need you to do something for me. I'll give you 5 minutes.

What the heck? kung makautos naman to akala mo jowa.

Hays.

"Guys I need to go. An angry dragon summoned me" paalam ko sa mga kaibigan ko.

"Ha? Sino sa dalawa?" tanong ni Iris,

"Hindi ka pa nakaka-kain." sabi naman ni Ag,

"Sino babe?" daming tanong mga hayop.

"Yung magaling nating na professor." padabog kong tayo.

"Sige, alis ka na." inikutan ko ng mga mata si Ag, tsk.

"Ge, bumara sana lahat ng pagkain sa lalamunan ninyo." iritado kong salita at nagmadaling bumalik sa campus.

Walangya, kapos na ako sa hininga oh, tinakbo ko ba naman para lang makaabot agad kasi sabi niya limang minuto lang! Nandito na 'ko sa labas ng office, kumatok muna ako bago binuksan ang pinto at pumasok.

"Miss, ano po ba utos mo? Gutom nako ma'am oh, sana pinakain mo muna ako." reklamo ko at nagkamot ng ulo.

Inisin ko kaya s'ya? Hindi n'ya ata napansin na nandito na 'ko.

"Miss" tawag ko pero wala parin akong nakukuhang sagot. Nilapitan ko na ito at kinatok ang table.

"Ma'am, pansinin mo naman ako? Ikaw nagpapunta sa akin dito?" huhu kung di lang kita crush, asa ka naman pupuntahan kita.

"Sit on the couch." utos niya, ay nakakarinig pala siya. May kinuha siyang cake, ano yan? may birthday?

Dinala niya ito sa akin at ipinatong sa maliit na lamesa. "Eat." ha? Pinapunta nya lang ba ako rito para pakainin nito?

"Stop staring, and eat it." utos niya at tumabi sa akin. Ayaw ko sana kainin dahil wala ako sa mood kumain ng cake pero nakakahiya naman kung tatanggihan ko.

"Ikaw po, ayaw mo?" hindi ako sinagot ng dragon, k.

Minsan talaga 'di ko sila maintindihan ni Ziallyn. May lahi ba silang abnormal?

"Miss, bakit mo po pala ako pinapunta dito?" Tanong ko.

"To taste my cake" bigla ay nabulunan ako. Alam ko naman walang meaning yung sinabi n'ya pero ibang cake ang naiisip ko. Walangya.

"Tsk, slow down, walang aagaw ng pagkain mo." inabutan niya ako ng tubig, hindi naman kasi dahil sa kung may aagaw ma'am!

"S-Salamat po, masarap siya at kakaiba lasa. Ibang-iba sa mga natikman kong cake. Ay ma'am, may bagong bukas na french restaurant sa front, nakapasok ka na ron?" tanong ko at muling nagpatuloy sa paglamon ng cake niya, ugh sarap.

"Of course, it's my restaurant." napaubo ako at muntik na naman mabulunan dahil sa sinabi niya, sa kanya?!

"Gosh." inikutan niya ako ng mga mata bago kinuha ang panyo.

Tumigil s'ya at tinitigan lang ako. Ano na naman problema nito? Ganda ko ba ?

"What's wrong with your face?" Napakunot noo ako sa tanong n'ya. Anong meron sa mukha ko?

"Kagandahan Miss" bulong ko pero narinig n'ya ata kasi naningkit bigla ang mata.

"Nevermind, i'll take care of it." pinagsasabi niya?

Mas mabilis pa sa kidlat na kilos n'yang hinawakan ang magkabilang pisngi ko at diretsong dinilaan ang gilid ng labi ko. Literal na napatigil ako bigla sa paghinga.

Natulala ako sa ginawa n'ya.

"A-A-Anong ginagawa mo ma'am?" yung puso ko po!

Tangena nananaginip ba ako? Luh bakit naman ganun si Miss Ma'am. Uso ba sa kanila ni Ziallyn ang mang surprise attack Sj?

"Where else to clean" sabi n'ya pa at hindi man lang sinagot tanong ko. At anong where else to clean? Marumi ba mukha ko?

"A-ah I-m not sure?" Lutang kong sagot.

"Fine."

Nanlaki ang mga mata ko sa sunod n'yang ginawa.

Bigla n'ya nalang siniil ng halik ang labi ko. Naramdaman ko nalang na may malambot na bagay na ang nakalapat sa bibig ko.

Hindi ko alam kung anong gagawin ko sa mga oras na ito. Itutulak ko ba s'ya? Pero wala akong lakas ng loob para gawin yun. Yung katawan ko wala atang planong gumalaw. Bigla akong nanghina pisti.

Nabibigla nalang talaga ako palagi sa bilis niyang kumilos shuta. I was lost in her gaze, my lips bitten as well. This dragon makes me feel so many emotions at once. Why do I find her so alluring? So tempting? She's simply irresistible, just like the sweetest fruit to be tasted.

"Hmm sweet" sabi n'ya sabay dinilaan ang lips n'ya. Langya napalunok ako bigla.

Tulala parin akong nakatingin sa kanya. Pino-process pa nitong utak ko ang ginawa sa akin. May ganitong kalandian pala syang tinatago?

"M-miss alam mo ba ang ginawa mo?" Lakas loob kong tanong.

I saw her devilish smirk. It felt like I was going to explode in a moment because of how hot I was inside. Just as I thought she was about to move in closer, the door opens. Who dared interrupt us at this critical moment?!

"Pixie" bigla atang na triple yung kabang naramdaman ko kanina. Yung boses n'ya na sobrang lamig at mas malalim pa da kweba. The heck.

Sabay namin nilingon ni Miss Pixie si Ziallyn na ngayon ay sobrang dilim ng mukha. Lumalabas na naman ang pagiging demonyo n'ya.

"Yes?" Kalmadong sagot ni Dragon. Pero ako dito mamamatay na sa pagpigil hininga.

"What are you doing to her?" Dalawang Everest na naman ang nagsasagutan.

Palipat-lipat lang ang tingin ko sa kanila. Bakit feeling ko na caught in the act kaming may ginagawang hindi maganda.

"And what are you doing here?" Sinagot n'ya ng tanong ang pinsan n'ya ngunit hindi naman s'ya sinagot nito. Walang matinong conversation ang magaganap sa dalawang to.

Kailangan ko na lumabas. Nanlalamig na ako at hindi mapakali dahil sa dalawang demonyetang to.

"A-Alis nako ma'am, salamat sa masarap na cake mo!" singit ko sa kanilang dalawa, nangangatog tuhod ko shuta.

Nagsalubong pa ang mga mata namin ni Ziallyn. *Mommy bakit ganyan ka makatitig. Mga titig mo parang gusto mo na 'kong sakalin. Pero okay lang naman kung sasakalin mo 'ko basta sa masarap na paraan.*

I managed to regain my composure a little bit when the door opened. Darn it, I don't want to go through that again. I feel suffocated when there's just the three of us. My heart's beating like crazy, as if it wants to escape and run away quickly. It's definitely not right anymore.

Hays.

Mabilis kong nilisan ang lugar at bumalik na sa mga kaibigan.

"Babe, nandito ka na, tara." kakarating ko lang aalis na kami agad?

"Bakit mag-isa ka? Asan pala sila Iris at Ag?" tanong ko.

"Nasa court, naglalaro ng basketball. "

"Sa gym?"

"Hindi, nasa inner quadrangle na court." shuta, may court pala don?

Kinuha ko muna gamit ko bago siya sinundan. "Bakit doon sila naglalaro?" tanong ko nang maabutan siya.

"Kasi maraming makakakita? Alam mo naman napapalibutan ng buildings kaya madali lang mapapansin mga tao nasa court. Si Iris, gusto magpasikat ng malandi." di ko alam kung naiinis ba siya dahil sa tono niya. Hays, basta talaga Iris active sa chix.

"Si Ag? Sumali? Himala?"

"Duh, malamang sasali kasi nag pustahan sila kalaban crim students." nagtaasan mga kilay ko, wow, baka may mag sapakan mamaya.

"Bilisan mo keyboard!" hinila ko siya at tinakbo na namin patungong inner quad.

Pagdating namin ay maraming tao ang nanonood sa kanilang 2 vs 2 na laban, si Ag at Iris laban sa dalawang criminology students. Daming chix nanonood ah, mostly mga nursing and tourism students. Kaya naman pala ganado ang Iris maglaro kasi nagpapasikat na naman.

"Babe, dito!" hatak ni keyboard sa akin at umupo sa gilid ng daan.

"Kanina pa ba sila naglalaro?" tanong ko at inagaw ang chichirya niyang binuksan.

"Bago lang, tignan mo si Iris, pasikat talaga masyado sarap batuhin ng bato." mainit talaga dugo niya kay Iris kahit noon pa man, ewan ko sa kanila.

"Lamang sila, isa? Pft BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH.", hagalpak ko ng hindi pumasok ang bola ni Iris,

"Bano talaga!" sigaw ni keyboard.

Tumingala ako sa right side building at marami rin nanonood sa kanila mula sa corridor, napansin ko yung tatlong babae na nakita namin sa coffee shop na kasama ni ma'am, crim students sila?

"Keyboard, tignan mo sa first floor ng crim building nanonood yung tatlong babae na kasama ni ma'am Pixie sa shop." bulong ko sa kanya pero gaga talaga, imbes tingalain lang ay bigla niya itong itinuro at kumaway kaya napunta sa amin ang mga mata nong
tatlo.

Mabilis kong ibinaba ang kanyang kamay at ikinulong ang ulo gamit ang isang braso. "Shuta ka, hindi mo naman kilala mga yan at bakit ka kumakaway." saway ko at muling sumilip sa taas, nakita ko ang tipid na pagngiti ng babae at di ko alam kung sa akin ba nakatingin o dito sa katabi kong baliw.

"Anong masama babe? Kumaway lang naman ako?"

"Manood ka nalang nga." sabi ko.

"Uy, si ma'am Pixie babe oh, bakit nasa crim building siya?" muli kong ibinaba ang kanyang kamah dahil sa pagturo niya, puputulin ko talaga to pag di siya tumigil jan.

Nakita ko si ma'am, kasama nito ang tatlo na nanonood. Bakit nanjan siya? Curious talaga ako kung sino yang tatlo. Bigla ay nagsalubong ang aming mga mata, di ko siya inaano pero tinaasan nalang ako nito ng kilay at ikinutan ng mga mata.

"Maldita." bulong ko.

"Ja," napaigtad ako sa gulat at lumingon sa likod, langya may demonyong nawawala.

"Zi?" sambit ko.

"Ehem." siniko ko agad si keyboard para manahimik.

"Di mo yata kasa mga kambals?" tanong ko at bigla itong tumayo sa gilid ko at tumingin sa aming kinauupuan na simento.

"Marumi Zi, teka may panyo ak-"

Napahinto ako sa paghinga nang bigla siya umupo sa legs ko, mga students na nakakita parang gulat pa sila sa ginawa nito pero mas ikinagulat ko dahil di ko naman expected na mangyayari ito no!

"Ziallyn, asan mga kambal mo?" tanong ni keyboard na parang wala lang sa kanya.

"I don't know. What are you guys doing here?" tanong nito sa amin. Napapalunok nalang ako sa kaba at sobrang dikin ng likod niya sa dibdib ko, yung buhok at amoy na strawberry ni Zi amoy na amoy ko!

"A-Ano, pinapanood lang namin sila Iris naglalaro." sagot ko, di niya ba nakikita yang mga tao sa gitna na naglalaro.

"Z-Zi, maraming tao nakakakita baka kung ano isipin nila." bulong ko.

"Let them think whatever they want. I don't mind sitting here and being comfortable." She said in a defiant tone, making it clear that she wouldn't budge from her spot. Shuta, paano naman ako? Baka mamaya harangan ako ng mga manliligaw nito at gulpihin hays.

"Why? Am I too heavy for you? If you don't want me here, just tell me. I'll leave if you insist." She raised her eyebrows at me, giving off that devilish smile once more as she waited for my answer. Napalunok ako at takip ng mukha, shutang gala at ang laking tukso masyaso ng demonyetang to huhu.

"W-Wala naman ako sinabi, sige, kahit forever ka na maupo jan hehe." pero bakit pakiramdam ko parang may gusto sumaksak sa likuran ko?

"Nag review ka na ba? Malapit na exam." tanong ko.

"Yes, ikaw?"

"Slight?"

"Slight?" balik niyang tanong.

"Ou-"

"Shara, pinapatawag ka ni ma'am Pixie sa office niya." anak ka ng tinapay naman miss Pixie oh, kung kailan nag momoment kami ng isang crush ko rito.

"Ha? Bakit?" tanong ko kay Meghan na siyang nagsabi.

"Hindi ko alam, bilisan mo raw." tangena amp.

"Zi, tawag daw ako ni ma'am." sabi ko sa kanya.

"Tsk." bigla itong tumayo at di man lang nagpaalam sa akin na aalis na. Ha? Ano nangyari at bakit biglang nagmukhang badtrip siya? Kasalanan ko?!

"Panira ng moment tong si ma'am. Hoy, dito ka lang at babalik din ako kaagad." sabi ko kay keyboard na abala sa pagkain simula pa kanina.

"Mhm mhm." di na magawa sumagot sa sobrang puno ng lalamunan.

Agad ako nagtungo sa opisina ni ma'am pero wala naman ito pagkatok ko at naka locked din opisina niya. Anong kagaguhan to? Sabi pinatawag ako?! Na sayang tuloy moment namin ni Zi dahil dito, kaasar to!

Di ako nag aksaya at binalikan agad si keyboard pero paglabas ko ng building namin ay nakasalubong ko ang propesora na pinatawag daw kuno ako.

"Ma'am, anong kailangan mo? Pinatawag mo raw ako?" salubong ko agad sa kanya.

"Huh? No?" yawa talaga, ano trip ni Meg

[Content truncated due to length]

CHAPTER 10

-

Kunot noo kong pinagmamasdan ang pintuan ng classroom, may baliw kasi na kanina pa ito pinaghahampas at sisipa, pakiramdam ko masisira na sa lakas ba naman at dinaig pa kabayo kung makasipa eh. Ni locked ko kasi para walang makapasok na asungot dahil gusto kong ma relax utak ko habang nag rereview nitong last subject namin for exam.

"Babe! open sesame!" hampas ulit ni Kb sa pinto.

Tinakasan ko kasi sila kanina sa cafeteria at di rin makapag focus dahil sa sobrang ingay ng paligid. Bumuntong hininga ako bago tumayo upang pagbuksan ang alaga kong kanina pa kahol nang kahol sa labas.

"Ano? Nag-aaral yung tao oh." sabi ko pagbukas ng pinto.

"Wala lang, gusto lang din kitang samahan kasi bored ako." nakabusangot n'yang sagot.

"Sus, ang sabihin mo inaasar ka na naman ni Iris kaya nandito ka." sagot ko.

"Hindi ka pa ba tapos?" sabay silip niya sa desk ko, obvious naman sigurong hindi pa ako tapos kasi nandito parin ako.

"Patapos na, paano mo nalaman nandito ako?"

"Malakas pang amoy ko, gaga." malambing niyang ngiti, stalker ko talaga pati friends.

"Aso ka pala." bigla itong nainis dahil sa pang-aasar ko.

"Wag ka nga gumaya kay Iris! Tara na." wala na ako nagawa kundi ang magpatianod nalang sa kanya dahil hindi rin naman ako titigilan.

Hawak kamay kaming naglalakad patungong cafeteria, baka may kumalat ulit issue tungkol sa amin. Last time nga napagkamalam pa kaming mag jowa kahit na alam naman nila na bestfriend ko to.

"Ang daming nakatingin sa atin babe. May narinig akong sinabi na bagay daw tayo" bulong ni Kb sa akin.

"Ou alam kong maganda tayo. Don't state the obvious, at wag ka na mangarap dahil wala akong feelings sayo" sagot ko sa kanya sabay paikot ng mata.

"Ouch, parang sinampal mo rin ako sa katotohanan na hindi ako attractive." nguso niya at kinagat ako sa braso.

"Shuta! masakit ha." sermon ko.

Hanggang sa makarating kami sa cafeteria ay magkahawak kamay parin kaming dalawa, may pa swing-swing pa. Pinagtitinginan pa kami pero pakialam ba namin sa kanila, normal lang to sa tropa. Umakyat kami agad sa table ng mga kambal dahil nandoon sila Iris, ang saya nila ha, paano nila na close mga

kapatid ng demonyeta?

My body immediately tensed up when I felt their presence. No, it was more the feeling of their intense glare that sent chills down my spine. Oh magkahawak kamay pa pala kami ni Kb kaya bumitaw na ako.

"Saan ka galing?" tanong ni Ag,

"We went for a date" biglang sagot ni Kb. Nakita ko naman biglang kumunot ang noo nang dalawang demonyeta. Problema nila?

"Wee? Talaga? May pag-asa ka kay Sj?" singit naman ni Iris na nakangisi. Langya sumabay pa talaga sa kalokohan.

Naghanap ako ng bakanteng upuan but sad to say, the only available ay yung nasa gitna nong dalawang maldita. Kaya wala na akong nagawa kundi ang lumapit dun at umupo.

"It's fun. Dami nga nagsabing bagay daw kami. Right babe?" Sabi n'ya at humarap sa akin kasabay ng nakakalokong ngiti. Tinaasan ko lang s'ya ng kilay.

"Luh, feeler. Maubos nalang ang tao sa mundo hindi ka magugustuhan niyan at isa pa diba alam naman natin sino talaga gusto niya." malakas na pagkakasabi ni Iris, gusto ko siyang lapitan at sakalin hanggang sa mawalan ng hininga.

"Really?" chismosang Helari,

Sasagutin ko ba? Ang awkward masyado. Idagdag mo pa yung sobrang lamig na nararamdaman ko dahil dito sa dalawang katabi ko. Nakita ko naman na hinihintay nila ang sagot ko.

I heaved a sigh.

"Siguro?" dalawa kasi puso ko, nalilito pa.

"Who?" tanong ni Cassandra, sinulyapan ko ang mga kaibigan at tahimik lang sila. Bakit ba sa akin na naman napunta ang topic!

Hindi pa man ako sumagot ay sumingit naman si Annallyn.

"Is it a HE or SHE?"

"SHE" diretso kong sagot. Bahala na sila dyan mag-isip kung sino. Pft

"Seriously?" sabay nilang tatlong reaksyon.

Tumango lang ako.

"Unfortunately" biglang humagalpak sa tawa ang mga kaibigan ko. Bwesit tong mga to. Sana talaga hindi ko nalang sinabi sa kanila.

"What's funny?" Taas kilay na tanong ni Helari kay Ag.

"Wala wala, may naalala lang kami." tumigil na rin sila dahil napansin nilang masama na mood ko.

"Saan tayo after exam? Kay Ma'am nalang last natin diba?" mautak din pala si keyboard at iniba agad ang topic, good girl.

"Sa ball8 tayo, miss ko na maglaro ng ibang bola." di ko alam pero mukhang may meaning yun.

Kapag talaga nag umpisa na kaming apat sa pag-uusap ay hindi na namin napapansin ang paligid. Gaya nalang ngayon, parang wala lang tong mga Ponferrada kung makaasta sila.

"Sasama ka?" biglang tanong ni Ag.

"Hindi, kayo na muna at kakausapin daw ako ni coach mamaya after training nila." kumunot ang mga noo nila.

"Ha? Para saan?" tanong ni kb,

"Malay ko, kaya nga kakausapin diba?"

"Ou na ou na. Ba't nagsusungit ka dyan" sagot n'ya at inirapan ako.

Nagkwentuhan kami hanggang sa umabot ang kwento namin sa story ni Iris at ex n'ya. Actually alam na namin tong kwento na to pero lage parin namin napag-uusapan. May naging gf s'ya nong SH pa kami at firstlove niya yun.

Nakilala n'ya ito sa Sekong nong panahon na stress daw s'ya kaya mag-isa syang nagwalwal at hindi kami isinima. Papauwi na raw s'ya that time nang biglang may babae na parang pilit na ipinapasok sa kotse ng isang lalaki kaya agad n'ya itong nilapitan para tulungan.

After that night ay nagkita sila ulit sa school. Ou, sa same school lang din pala namin ito nag-aaral noon.

Lumipas ang buwan naging sila. Umamin kasi yung babae na mahal nya daw si Iris and the feeling is mutual naman. Syempre masaya kami na mga kaibigan nya for them. Medyo naging close na rin namin yung babae at nakita talaga namin na mahal nila ang isa't-isa.

Hanggang sa dumating ang 1st anniversary nilang dalawa. Nag decide si Iris na e-surprise gf nya kaya nag effort din kami na tulungan sya.

Nag handa kami ng isang kanta, kasi plano namin e-raid yung condo n'ya para e-serenade s'ya. Ang sabi namin na sabihin ni Iris ay kinabukasan nalang nila e-celebrate ang anniversary nilang dalawa kasi may emergency at pumayag naman s'ya.

That night mga bandang 9pm na kaya sure kami na nasa condo na ito at nakauwi na. Makakapasok naman kami since may duplicate key si Iris sa condo nong gf n'ya.

Pagpasok namin ay parang walang tao kaya sa isip namin baka hindi pa nakakauwi. Pero nakita nalang namin sa sahig ang mga nagkalat na damit. Bigla kaming kinabahan non kasi may damit lalaki at alam kong alam na ni Iris kung ano ang nangyayari.

Dahan-dahan kaming lumapit sa pinto ng kwarto ng babae. Mula sa labas ay rinig namin ang mga ungol nila sa loob. Kita ko sa mga mata ni Iris ang sakit na nararamdaman n'ya, kaya kahit masakit harapin ay tinatagan n'ya ang sarili at binuksan ang pinto.

Nagulat kami ng may dalawang tao ang nagtatalik sa kama pero mas nagulat sila nong makitang nasa

kwarto na nila kami. Kita ko sa babae ang mga mata na sobrang puno ng takot.

Si Iris lang na tulala habang pinagmamasdan ang babaeng mahal n'ya na hubot hubad na may ibang tao na ikinakama. The worst is lalake pa, knowing Iris temper akala nga namin magwawala s'ya or pagsusuntokin n'ya ang lalake.

But she chose to keep in silent and just left them. Kahit ako ay nasaktan sa mga nakita ko sa loob ng kwarto na yun. Kung sa akin yun nangyari ay siguradong hindi ko kakayanin.

After that night, the girl tried to contact her and explain what happened. Pero sino pa ang maniniwala sa explanation kung both of them naman ay nasa tamang pag-iisip habang ginagawa ang kababoyan nila?

Since then nagsimula na maging babaero tong si Iris at hindi na ulit nag seryoso sa isang relasyon. Kasi for her, it's just a temporary lust and attraction.

That was her first love, first kiss and everything. S'ya ang una sa lahat. Kaya it took a year bago pa tuluyang nakapag move on si Iris. I am so happy for her kasi bumalik na s'ya sa dating s'ya. Pero minsan naiisip ko mahal n'ya parin ito dahil one time narinig ko na binabanggit nito ang pangalan nong tulog s'ya, pero hindi ko ito sinabi sa kanila.

"Where's your ex now?" anong klasing tanong 'yan, parang hindi pinag-isipan.

"I don't know" sagot n'ya.

"Sana pinakinggan mo rin yung explanation n'ya. I know masakit sa part mo pero what if, behind those incident ay may reason naman pala?" Seryosong sabi ni Cassandra.

"what if she was threatened?" Singit naman no Helari.

Napalunok ako. Hindi sumagi sa isip ko ang mga ganyang tanong.

"Tapos na, nangyari na. I'm happy and contented now." Sagot ni Iris na medyo may pagka iritado sa boses. Ayaw na n'ya pag-usapan pa kasi feeling ko bumabalik yung sakit na pilit n'yang kinakalimutan.

"Lungkot mo naman, ikain mo lang yan." wag na natin e topic at baka umiyak pa tropa ko.

"Pst, ma'am, may bonus po ba sa exam mo?" bahagya ako dumikit sa kanya para bumulong.

"Do you expect that to happen?" tumango ako, sino naman hindi matutuwa kung may bonus diba.

"Ou, baka kasi itlog makuha ni Iris, malaking tulong na rin po yung bonus." natigilan si Iris sa pakikipag-usap kay Helari dahil sa narinig.

"Kung itlog ako, egg cell naman si keyboard." turo niya sa kabilang parte.

"Anong sabi mo?! At least ako nag-aaral, ikaw ba ha?" langya ng mga to at dito pa mag aaway.

"Tigil na, pareho naman kayo mahina sa math." sana all nalang talaga matalino tulad ni Ag,

"Grabe ka Ag BAHAHAHAHAHAHA."

"Can you shut your mouth?" mabilis ko naitikom ang bibig sa pagsaway ni demonyetang Ziallyn, taray

hmp.

"Why don't you use your time efficiently and actually do some studying instead of wasting it on unimportant issues?" Ma'am spoke with a sarcastic tone, trying to show her disdain for our useless topic, yet she still engaged in it because she was bored. Kj talaga nilang dalawa ni Ziallyn, kaya walang mga bebe e pero okay lang dahil nandito ako at willing maging bebe nilang dalawa.

"Galit ka na ma'am?" mahinang tanong ko.

"Hoy, sa ball8 ha wag nyo kalimutan." sabi ko kahit di ako sure makakasabay sa kanila.

"Shara," Ma'am called my name in a cold tone and looked at me as if she was running out of patience

"Po? Wala naman ako ginawa-"

"Stop talking, and review your notes." hila ni Ziallyn sa tenga ko kaya napalayo ako mula kay ma'am at sa kanya naman napadikit. Masakit!

"Z-Zi, yung tenga ko masakit." reklamo ko at saka nito lang binitawan.

"Keep quiet, and study." babala nito sa akin kaya para akong tuta na biglang tumahimik.

Tumigil na ako sa pangungulit at nag review nalang hanggang sa naubos ang oras at tumunog ang bell. Hays, papa J, ikaw na po ang bahala at sana gabayan mo sa tamang landas ang mga sagot namin sa exam ni ma'm ngayon huhu.

*

"Time's up. Put down your pens and hand in your test papers." Ma'am commanded us, signaling our time to take the exam was over. Miss Pixie was notorious for being strict, so we wasted no time and quickly submitted our test papers. Ay, sila lang pala kasi hindi ko pa nasasagutan yung tatlo na nilagpasan kong problem kanina!

Sumakit ang ulo ko sa exam ng Dragon na 'to. Sobrang hirap ng mga given problems at totoo nga na puro Identifications at problem solving ang types of exam.

Kita ko sa ekspresyon ng mga k-klase ko ang mga dismayado nilang mga mukha.

"Ma'am! Taympers lang naman oh, extend po kahit 5 minutes please huhu." pagmamakaawa ko at maraming sumang-ayon, akala ko ako nalang ang di pa natatapos.

Mabuti pa si Ag kanina pa tapos at siya pa nga una nagpasa ng papel! Paano naman kaming mga boploks sa math?

"I told you all to review, and all the topics we've studied will come out in this exam." She said, acting all high and mighty that we didn't properly use our time, making me want to roll my eyes at her condescending attitude.

"Huhu, sige na ma'am, payb minutes lang." ulit ko at pinakita pa sa kanya ang limang daliri, bigyan niya naman sana kami kahit konting consideration.

"Fine, FIVE minutes." binalikan ko agad yung tatlo at kahirap hirap ay ginawa ko naman lahat ng

makakaya ko. Si keyboard at Iris mga tulala eh, sumuko na yata sila.

After 5 minutes hindi na siya ulit nag extend kaya wala ng nagawa ibang students at pinasa mga papel.

"Miss De La Fuente"

"Po?" Walang gana kong sagot. Ang sakit talaga ng ulo ko, dahil ata hindi ako nakakain kanina tapos dagdagan pa nitong exam n'ya.

"Help me carry these" sabay turo sa mga test papers namin at gamit n'ya.

Ang dami pwede utusan, bakir ako nalang palagi? Inirapan ko agad ang mga kaibigan dahil naiirita ako sa mga ekspresyon nika sa mukha bago lumapit sa table ni dragon.

"Dismissed." tignan mo to, wala man lang ba siya dadalhin kahit isang papel? Hello? Bakit ako lahat pinadala niya sa mga to? Tapon ko to eh. Pagdating sa office pabagsak kong nilapag ang mga test papers at umupo.

"Miss tubig" langya ang sakit talaga ng ulo ko. Gusto ko tuloy matulog.

"Do I look like your Maid?" bawal ba makisuyo? Tubig lang rereklamo pa si ma'am hays.

"No. You look like my future wife" biglang sabi ko. Kahit ako ay nagulat sa sinabi ko. *Wtf Sj?!*

Ipinit ko ang mga mata at ayaw ko siya tignan sa mga mata, walangya at makapal talaga mukha ko minsan.

"Are you flirting with me Miss De La Fuente?" Malamig nyang pagkasabi. Kakilabot talaga tong si Dragon.

"Sabi ko po pahingi po tubig." ilag kong sagot sa tanong habang minamasahe ang ulo.

"Get up and get your own water." Hindi na ako sumagot. Nilalamon na ako ng antok. Bahala na nga, mamaya nalang tubig na yan.

*

Nagising ako dahil sa isang amoy, amoy vanilla. Pagmulat ko ng mata ay ang mukha agad ni Miss Pixie ang bumungad sa akin. Langya bakit ang lapit n'ya at ano ang ginagawa n'ya dito sa harap ko?.

Hindi ako nakapagsalita, nagtitigan lang kaming dalawa. May staring contest na nagaganap sa pagitan namin.

Nauhaw na naman ako bigla.

"Miss tubig." paos kong salita.

Inikutan niya ako ng mga mata, ano ba at baka tusukin ko yan. Kanina pa kasi ako tubig ng tubig, dapat ako naman pagsilbihan nya no at lagi kaya akong inuutusan ng dragon na to.

Umalis ito sa harap ko para kumuha ng baso at nilagyan ng tubig. Wow baet.

"Here. Get up now" sabay abot ng tubig pero hindi ko ito pinansin.

"Help me, po." I extended my arms para humingi ng alalay sa kanya.

Iinisin ko sana s'ya kaso hindi ito naasar. Sa halip ay ngumisi ito. Luh?
Bigla nyang ininom ang tubig sa baso.

"Miss naman eh akin ya-" walang pasabi nalang nyang sinunggaban ang labi ko at agad kong naramdaman ang tubig na unti-unting pumapasok sa lalamunan ko.

S-shit! Ang bilis n'ya talagang kumilos! Anong tawag dito? Direct kiss water dispenser??

Nakailang lagok din ako dahil sa tubig na pinainom n'ya gamit ang bibig n'ya!

"Happy?" isang malalim na lunok ulit nang masilayan ko ang mapanukso niyang ngisi.

Natameme ako ng wala sa oras. Nakaawang lang ang labi ko habang sinusundan sya ng tingin habang pabalik sa kanyang table.

Delay ata reaction ng katawan ko?
Unti-unting nagsimulang uminit ang mukha ko. Yung puso ko na kanina ay hindi ko maramdaman ay biglang tumibok nalang ulit, ba't ang sobrang lakas?

Tangena namatay ba 'ko saglit?

Nag panic ako at hindi alam ang gagawin, gusto kong tumakbo palabas para ilabas tong kanina pa gusto sumabog na damdamin ko.

"M-Miss alis na ako!" ang init ng mukha ko, noooo bakit ka naman ganyan ma'am, inaano mo pagiging inosente ko.

Shit Sj! Move faster!

"You were not given permission to leave. This is not a playground where you can just leave whenever you please." banta niya nong malapit na sana ako sa may pinto, as if I was a child that needed to be controlled at all times.

"Pero ma'am, pag hindi ako umalis baka patulan na kita ng tuluyan!" napalakas boses ko at tumakbo na palabas ng kanyang opisina upang takasan siya.

Takbo lang ako ng takbo hanggang sa napadpad ako sa gym, ou nga pala at pinatawag ako ni Coach sa hindi malamang dahilan.

"Shara anong nangyari sayo? Para kang hinahabol ni satanas." salubong ni coach pagpasok ko ng gymnasium.

Sino ba hindi hihingalin? Tinakbo ko ba naman ang building ng BA patungo dito sa gym, medyo may kalayuan din tong gym sa building namin. Tangena talaga yung puso ko ayaw parin manahimik

"Haaaa.Hooooo Ano kasi." wala bang tubig jan!

"Huminga ka muna, ito tubig inumin mo." buti naman naisip niya rin ako bigyan huhu. Agad ko itong

binuksan at mabilisang inubos, kulang pa ata to. Yawa.

"Ano okay ka na? Ano nangyari? tanong ulit nito.

"Inataki kasi ako ng isang Dragon Maam" sagot ko habang nagpapahid ng pawis. Tinawanan ba naman ako.

"Loko kang bata ka." sabay tapik sa balikat ko.

Totoo naman ah. A very Dangerous Dragon! A very flirtatious!

"Nga po pala, ba't mo ko gusto makausap?" tanong ko, muntik ko pa tuloy makalimutan.

"Kukunin ko kayo para sa magaganap na Basketball Women's Exhibition this coming festival." Langya, bakit ba lage nalang ako nasasama sa mga ganito.

"Ha? Eh bakit po? may mga varsities naman tayo." diretsahang sagot ko.

"Ou pero gusto namin kayo kunin apat ng mga kaibigan, alam namin play records ninyo. Pumayag ka na." ano sapilitan ganun? Ano pa ba magagawa. Extracurricular din naman.

"Sige po, sabihan ko mga kaibigan ko." Lumawak ang kanyang ngiti sa labi matapos akong mapapayag. Tinawag nya mga varsities at isa-isang ipinakilala sa akin.

"Bukas ulit, 8pm practice tayo." sabi ni coach.

"Sige po." wala narin naman pasok dahil lahat na busy sa paghahanda para sa darating na PU festival.

"Alis na ako coach, pahangin lang muna." sabi ko at nagpaalam sa kanilang lahat.

Nandito ako ngayon sa school garden. Mas relaxing dito at fresh ang hangin, masarap sa pakiramdam tapos malayo sa maiingay na tao dahil nasa likod ng building matatagpuan.

Nasa ball8 kaya yung tatlo? Chat ko nga.

__GIRLFRIENDS GROUP CHAT__

Sj
Andyan pa ba kayo sa ball8?

Kb
Yes babe. Why? Susunod ka ba?

Sj
Hindi. Napagod ako eh.

Ag
Bakit?

Iris
Hinabol ka ulit ng itak?

Sj
Mas worst pa dyan. Hinabol ako ni Satanas. ? Muntik na 'kong malagutan ng hininga.

Kb
Bakit ba? Anong chika mo dali.

Sj
Nakatanggap kasi ako ng direct kiss water dispenser.? Kaya tumakbo ako palayo para mabuhay.

Kb
Ha? Gets nyo ba s'ya? ?

Iris
HAHAHAAHAHAHAH nag loading utak ko pero gets ko. Kaninon galing?

Ag
Lmao seriously?

Sj
Ou. Para akong namatay mga ilang minuto ?

Kb
What the hell! Can someone explain to me what the heck is going on?

Iris
Ang slow mo Keyboard kaya wala kang jowa e.

Kb
Pisti ka.!

Ag
Means, may nagpainom sa kanya ng tubig gamit ang bibig. Gets na??

Kb
Omg! Seryoso? Sino?!

Sj
Si Miss Pixie. Langya.

Iris
Hoy for reaL?! Wtf

Sj
Ou. Inaasar ko kasi at inutusan na ikuha ako ng tubig. Sinadya ko talaga yun pero di ko naman expected gagantihan nya ko sa napakalanding paraan. ?

Iris
Ayos ah, mukha ka pang lugi? HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA

Oh tapos ano ginawa mo?

Sj

Tumakbo ako. ? Tinakbo ko simula BA hanggang gym!

Kb
Malayo yung gym sa building natin AHAHAHAHAHAHAHAH

Ag
Baka crush ka non ?

Sj
Hindi no. Sobrang maldita non. Abot langit sungay duh.

Iris
Awee dyan naman nagsisimula ang lahat.

Sj
Tigilan n'yo nga yan. Trip lang ako non. Btw nga pala nakausap ko na si Coach at kukunin daw tayo para sa women's basketball exhibition ngayong festival.

Kb
Kasali ka ba?

Sj
Nagbabasa ka ba talaga ng mabuti Kb?

Iris
Bobita amp.

Kb
Bwesit ka Iris! Sige babe sali na rin kami ?

Iris
Hoy! Tira mo na tanga!

Sj
Sige na. Enjoy guys! See you tomorrow. 8am pala practice bukas kasali rin tayo. Kitakits nalang mwua.

"What are you doing here?"

"Ay palaka na mukhang dragon!" Napatalon ako dahil sa gulat. Bigla ba naman magsasalita malapit sa tenga ko!

"Z-zi naman! Wag ka nga nanggugulat ng ganyan." Muntik ko pa tuloy s'ya mahampas.

"Why are you here? How about your friends?" tanong niya ulit habang papalapit.

"Nasa ball8 nag billiards. Hindi ko rin alam ba't nandito ako, dinala nalang ako dito ng mga paa ko eh." Ganda nya talaga at sexy pa.

Ano, wala s'ya plano umupo at tatayo lang kaming dalawa dito face to face?

"Bakit pinatawag ka ng coach?" Interview ba magaganap sa amin ngayon? Hays.

"Kinuha kasi kami para sa magaganap na Women's Basketball Exhibition." kamot kilay kong sagot, nakakailang talaga mga tingin na binibigay nya.

"Hmm, I see."

"Kayo ba Zi may sasalihan kayo?" Tanong ko. Gusto ko na umupo hmp.

"None." wow, sobrang nakakapagod niyan ha wala silang gagawin, sana all!

Ano na? Tahimik na ulit.
Mag-isip ka ng topic Sj!

"What were you doing in Pixie's office the other day?" she tilted her head slightly, a curious look in her eyes as she tried to figure out what exactly I was doing in the professor's office, which was clearly a very suspicious thing to do as a student.

Luh langya ma h-hotseat ata ako ngayon. Ba't bigla akong kinabahan?

"P-Pinatawag n'ya ako pero hindi ko alam ang reason?" Sabi ko at nag-iwas ng tingin.

"Really?" pakiramdam ko binabalatan ako ni Ziallyn dahil grabe kung makatitig sa akin, kinakabahan tuloy ako.

Pero nakita ko syang ngumisi.

"I told you not to approach her. But don't worry, I won't tell anyone." She said with a smug look on her face, confident masyado si Zi kasi may alas siyang hawak huhu.

Hala so nakita n'ya yung ginawa ni Dragon sayo Sj?!

Wala, hindi ako makasagot dahil wala akong maisagot. Sa daming tao makakatuklas ay siya pa talaga? Ang crush ko pa talaha? Kasalanan talago ni dragon to eh.

"But in return.." shocks! Tinulak n'ya ko bigla. Hilig n'ya talaga mang tulak ng tao?

Oi oi oi!

Nanlaki ang mga mata ko nang bigla siyang kumandong sa akin, anong binabalak niya? Mababaliw ako ng maagad pag ganito always ginagawa nila ni dragon sa akin shuta.

Hoy! Mind you, ang sexy n'ya sa top ko ha.

Panic starts to attack me. I couldn't move because.... Her face was so close to mine!

Tangena. Hindi ko alam kung swerte ako sa araw na to or hinahabol ako ni kamatayan eh. Ano ba trip ng dalawang demonyetang to Sj! Papatayin ba nila ako?

She placed her index finger on my chin...at dahan-dahan inangat ang ulo ko bago ulit nagsalita.

Luh tangena Mommy? why are you smirking like that? Purr.?

"Let me kiss you"

Ha? Ano raw?

And her lips quickly landed on mine.
Her fcking soft lips made me gasped ffs.
At least nag warning s'ya pero gaga, hindi ko inasahan yun ah.

What a long deep kiss!

Sj baka di ka na abutan bukas. Ang puso mo tangena lord!

Dahil sa gulat at pagkataranta ay nahawakan ko ang balikat n'ya at bahagyang naitulak palayo mula sa aking mukha.

Walangya! Ano ba ang nangyayari sa kanya? Akala ko si Miss Pixie lang tong may harot na tinatago.

"A-ah I-I'm sorry." ayun nalang ang tanging nasabi ko habang nakatakip ang isang kamay sa mukha ko. Feeling Isa na akong kamatis!

"As long as you do something like that." She paused for awhile and stares at me intently. Anong do something like that ba sinasabi nya?

"You'll receive a punishment" pagkatapos sabihin ay umalis na ito sa kandungan ko at tumayo.

Mommy noooo! Stay brr. ?

Ha? Ano raw? Punishment? Halik?
Ou Sj kakasabi n'ya lang.
At anong klaseng parusa? Halik ba? Tangena hindi na 'ko makapag-isi ng matino.

"Okay?" Sabi n'ya na nakapagbalik sa 'kin sa reyalidad.

Seryoso ba s'ya? What if I refuse?
Mabubuhay pa kaya ako kinabukasan?

I'm becoming a little self-conscious when I think about our kiss but Ziallyn seems unfazed. She's so hard to read, difficult to predict, almost impossible. She just doesn't seem to react the way I want her to. At times, it's as if what we're doing is normal because she just doesn't give any sign of reaction on her face at all.

"O-okay?" Kabadong kong sagot.

"Good" at mabilis pa sa alas kwarto nyang nilisan ang crime scene. Habang ako? naiwang tulala.

Yung puso ko lord! Bakit ganyan silang dalawa ni Miss Pixie? Yung mga kilos nila mas nakakalito pa kaysa sa pagbuo ng rubik's cube!

*

Hindi ko man lang namalayan na nakauwi na pala ako sa bahay, yung utak ko kasi lumilipad sa daming naganap today. Hindi ko alam kung trip ba ako nong dalawa or ano, ginugulo nila isipan ko.

Gulat pa ako pagbukas ng pinto dahil hindi ko inaasahan uuwi sila ngayon!

"Baby! I missed you" salubong na yakap at halik sa akin ni Mommy.

"Ma, nakauwi na pala kayo, si Daddy? Tanong ko.

"Tinagawag mo ang pinaka gwapo mong ama?" Biglang sumulpot ang Ama kong ubod ng yabang sa likod ni Mommy.

"Ou, sige nalang po." ngumiti ako at yumakap sa kanila.

"Hindi halatang miss mo kami, anak." natatawang sabi ni Dad, malamang at wala ako matinong makain pag wala kayo dahil puro lang ako noodles.

"Kamusta ang school mo anak. Nag eenjoy ka ba?" Tanong ni papa.

"Opo masaya naman, kasama ko kasi ang mga kaibigan." sagot ko.

"Dito na kayo at maghahapunan na." tawag ni mama sa amin at pinapunta sa lamesa.

"May mga manliligaw ka na ba anak?" Tanong agad ni Dad pagkaupo ko palang, grabe ligaw agad?

"Wala po." Ngiting sagot ko.

"Nililigawan wala?" Bigla akong nasamid sa tanong n'ya. Ngumisi naman silang dalawa ni Mommy.

"H-ha? Daddy naman! Kung anu-ano sinasabi mo dyan." wala akong nililigawan pero may nagugustuhan, ou meron!

"Wala ka pa kasi naipapakilala na bf sa amin ng Mommy mo. Kaya akala namin baka gf meron" patawa-tawa n'yang sabi. Si Mommy naman napailing nalang.

"Bakit Dad. Pag ba sinabi ko meron akong gf magagalit kayo ni Mommy?" Nakangiti kong tanong pero agad rumehistro ang pagiging seryoso sa kanilang mga mukha.

Mali ata natanong ko.

"Alam mo iha" putol n'ya. Pabitin din to s'ya eh.

Kinakabahan tuloy ako. Yumuko nalang ako dahil ayoko salubungin ang mga mata nila.

"Hindi kami magagalit ng Mommy mo." Napaangat ako ng ulo dahil aa sinabi n'ya. Nakangiti na sila ngayon na nakatingin sa akin

"You're our only princess at ang gusto lang namin ay ang sumaya ka. Kung saan ka sasaya, susuportahan ka namin ni Mommy mo. Basta wag lang drugs bad yun" He said then chuckled.

Awwww ang sweet naman nitong mga parents ko. Kahit na sobrang busy sila dahil sa business ay pinaparamdam parin nila sa akin ang pagmamahal ng isang parents.

"Dad naman. Hindi ko magagawa yang drugs na sinasabi mo, di nga ako nag yo-yosi" nakangusong paliwanag ko.

"Joke lang, anak. Wala naman problema sa amin ng mama mo kung ano ang sexuality mo. Tandaan mo

na kahit anong mangyari ay proud kami sayo, okay? Right, hon?" matamis na ngiti niyang binalingan si mama.

"Yes, anak, tama si dad mo." yes!

Naiyak tuloy ako dahil sa mga sinabi nila. Hindi ko pa nga sinasabi sa kanila ay alam na agad nila. Sobrang thankful ako na sila ang naging Parents ko.

"Aw baby don't cry" My Mom said kaya pinahiran ko na ang mga luha ko habang nakangiti.

"It's okay po, tears of Joy lang po yan. Thank you." masarap pala sa pakiramdam pag tanggap ka ng buo ng pamilya at kung ano ka.

"So baby. Who's the lucky girl?" Tanong ulit ni Mommy.

"Nah, actually wala akong girlfriend pero I like someone pi. sagot ko habang sumusubo ng pagkain.

"Pero po kasi nalilito ako" dagdag ko.

"Why is that?" Tanong ni Mom

"Kasi po hindi ko alam kung dalawa ang puso ko. Normal lang po ba na maging abnormal to sa dalawang tao?" Kamot ulo kong tanong. Bigla naman napakunot noo ang mga magulang ko. Nag buffering din ata utak nila.

"Meaning to say. You like 2 girls?" Sagot ni Dad.

"Hindi ko po alam. Basta ang alam ko gusto ko yung isa tapos crush ko naman yung isa" sagot ko at patuloy na sa nilalantak na pagkain.

Bigla naman tumawa ng napakalakas si Daddy tapos si Mommy naman parang nag-iisip pa. Langya.

"Hahaha so ang ibig mong sabihin sweetie is biglang tumitibok ng mabilis ang puso mo sa dalawang babaeng ito?" Tanong ni Dad na tumatawa pa rin.

"Hmm parang ganun na nga po" Sagot ko at tumango.

"Hindi namin yan masasagot sweetie pero ito lang ang masasabi ko, ang puso pag nag mahal. Sa isang tao lang yan titibok. Hindi pa man sa ngayon dahil sa tingin ko ay confuse ka pa sa nararamdaman mo. Darating ang panahon na malalaman mo rin kung sino talaga sa dalawa ang gusto mo. Take your time sweetie, hindi dapat minamadali ang mga ganyang bagay." Sabi ni Daddy with full of sincerity. Ang laki tuloy ng ngiti ko ngayon dahil sa pagmamahal at support ni binibigay nila sa akin.

"Pero Mom, Dad. Hindi ko rin kasi maintindihan yung mga actions nila. Ngayon mamalditahan ka tapos later may gagawin na hindi mo expected tapos later ulit magiging suplada. Abnormal ata mga yun eh, ako yung nalilito sa mga ginagawa nila" napailing akong sinasabi sa kanila yun. Tumawa na naman ulit silang dalawa, seryoso ako nagpapaliwanag dito oh!

"Haha baby it's okay. Ganyan din ako nong panahon ko. That's normal sa mga taong nasa in denial stage pa" napakunot naman ako sa noo. in denial? Malabo yun. Trip lang kamo kako nila akong dalawa.

"Sino ba tong dalawang babae na to sweetie?" Tanong ni Dad.

"Mag pinsan po sila" biglang nasamid si Mommy at humagalpak ulit ng tawa si papa, shuta ang saya niya naman.

"My god na bata ka. Mag pinsan pa talaga tinarget mo" tawa-tawang sabi ni Daddy.

"Ano complete name nila baby?" Tanong ni Mommy habang nagpupunas ng bibig.

"Ziallyn Ponferrada at Pixie Ponferrada po"

"Ano?!/what?!" Sabay nilang sigaw. Langya nagulat ako 'don.

"Yes po, opo. Tama kayo sa narinig n'yo" diretso kong sagot.

"Anak. Sa dami ba namang babae sa mundo Ponferrada pa talaga. Alam mo ba na isa ang pamilya nila sa pinakamayaman dito sa bansa?" Sabi ni Daddy na ikinagulat ko.

Aware naman ako na mayaman sila. Pag-aari nga nila ang school e tapos may restaurant pa yung isa.

"Ha? Talaga? Hindi ko alam Dad. Ang alam ko lang ay sila ang may-ari nong school" sagot ko.

"Yes, they own a lot of businesses here, like malls, restaurants, and more." Langya, ganun ba talaga sila ka yaman? Bigla tuloy akong nanliit sa sarili ko.

"I'm gonna remind you again, anak. Take your time, and don't rush okay?" Sabi ni Mom.

"Yes po. Thank you sa support n'yo. I love you."

"We love you too, baby." sabay nilang sagot.

Nag kwentuhan pa kami ng mga iba't-ibang bagay at yung pag punta nilang palawan. Halata nga na enjoy na enjoy sila eh.

Pagkatapos kumain ay dumiretso na 'ko sa kwarto para mag shower. Kailangan kong matulog ng maaga. 7am pa ako gigising bukas. Hindi ko muna iisipin yung dalawang demonyeta na yun. Sumasakit ulo ko sa kanila.

.

Hay jisaaaaas.

CHAPTER 11

-

Kasalukuyan ko pong tinatakbo ang daan patungong langit, charot lang. Patungong gym pala. Yung alarm ko kasi hindi tumunog at nakalimutan ko may practice ngayon at late na ako masyado, sana lang di umusok ilong non ni coach pagdating ko.

Shit tumatawag na naman si Kb.

"Ouch!" Pag minamalas ka nga naman oh! Kung kailan nagmamadali ako.

I was about to turn right when I bumped into something--oh no! It's Ziallyn.

"Damn!" mabilis akong yumuko upang tignan kung ayos lang ba siya.

"Zi! Are you okay? I'm so sorry. Nagmamadali kasi ako." sabi ko at inalalayan siyang tumayo.

"Why are you running Shara Jane?!" Singhal n'ya. Kakasabi ko lang nga nagmamadali ako.

"Coz I ain't walking?" Pilosopo kong sagot. Tangena tapang ko.

Oh shoot! Ayan na yung pamatay tingin n'ya.

Kung di lang ako nagmamadali ay talagang aasarin ko tong demonyeta na to. Mabilisan kong pinulot ang mga dala niya na nagkalat sa sahig.

"Wag ka nga sumigaw. Aga-aga sigaw agad bungad mo sa 'kin. Dapat nga morning kiss bigay mo sa 'kin eh" Saad ko habang patuloy na pinupulot ang mga papel. Tangena ba't ang dami nito.

I saw her face redden. Anyare sa kanya?

"Here, Sorry okay? I gotta go. Late na 'ko sa practice baka umuusok na ilong ni Coach. Take care okay?" Binigay ko na sa kanya ang mga gamit n'ya and gently patted her head. Hindi ko na s'ya hinintay magsalita at tumakbo na papuntang gym. Baka abutin kami ng ilang taon bago pa s'ya magsalita.

*

"Goodness Sj. Bakit late ka? Sino pinagpuyatan mo kagabi?" pangungulit ni keyboard sa akin.

"Gaga, ilang beses ko ba sasabihin sayo na hindi tumunog yung alarm ko?" kala mo naman jowa kung makatanong eh.

"Shara tapos ka na ba?" Sigaw ni Coach mula sa labas ng dressing room.

"Let's go." hinatak ko na si Kb dahil baka bubunganga na naman.

Pasalamat nalang ako hindi ako sinermonan ni coach, mabait kasi ako kaya good vibes kaming dalawa. Naging maayos ang practice at goods naman ang lahat at nakapag adjust agad ng mabilis kaya positions nalang kailangan piliin ni coach para sa starting five. After that, syempre gutom na gutom ako

kasi di ko nagawa kumain kanina dahil sa pagmamadali kaya nagtungo kami kaagad sa cafe.

"Ang ganda nong Team Captain natin to? Gage hulmang-hulma yung ano n'ya eh." Biglang sabi ni Iris.

"Lahat naman sayo maganda, duh." ayan na naman si keyboard, di na siya pinasali kanina dahil may regla.

"Tapos ang laki pa nang harapan n'ya" natatawa ako kay Iris langya.

"Kailan ka titigil sa pagiging manyakis mo ha?" keyboard nananapak bigla.

"Nagseselos ka? Yeee aminin." panunukso ko para mas lalo itong ma badtrip kay Iris,

"What the fuck, babe!" Sigaw ni Kb. Lintik talaga to lagi nalang humahakot ng atensyon sa paligid.

"Crush talaga ako ni keyboard HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." manyakis na, mayabang pa, angas ng Iris namin.

"Manahimik kayo at umorder na tayo, mauna ka na sa table Sj at kami na bibili ng pagkain mo." good girl talaga Ag namin at di na kailangan sabihan.

"Yes, thanks! Doon ko nalang kayo hintayin sa table, baka may pudding na ha wag nyo kalimutan." sabi ko bago humiwalay at tinungo ang usual spot namin.

Ilang minuto ang lumipas nakabalik sila dala ang maraming pagkain na binili, mauubos naman siguro namin lahat? Matakaw ako e, matakaw din si keyboard kaya ou maaubos namin.

Nagtatawanan kami nang biglang may naglapag ng foodtray sa tabi ko kaya napatingin ako sa kung sino ito, kumunot tuloy noo ko nang makita ang isang Dragon.

"Bakit ma'am? Na miss mo ako?" bakit nandito ulit siya sa table namin?

"Move." ayaw ko nga.

"Don't wanna po" balik ko sa kanya.

"I said Move." Bahala ka dyan.

"God, why are you acting like a kid? How old are you?" nge, siya pa may gana mainis.

"Hindi po ako kid, pero pwede mo naman maging baby kung gusto mo at isa pa po, matanda na ako." sarap ni ma'am asarin kasi walang magawa.

"Old huh." sarkastiko niyang sagot.

"Yes po old. Old enough to make your body sore" Biglang nasamid ang tatlong bruhiltang nasa harapan ko. napakagat labi nalang din ako para pigilan lang tong tawa na gusto kumawala sa bibig ko.

Tangena ang lakas ng loob ko landiin tong professor ko, pero okay lang at gumaganti lang naman ako dahil sa ka harutan nya.

"You're so.." this time ay umangat na ang tingin ko sa kanya. Hindi ko na mapigilan ang ngumisi nong

makita kong namumula na ang kanyang mukha.

"I'm so?" nagtaas ako ng mga kilay.

"Childish." pikon amp. Tumalikod sya at akma na sanang aalis nang bigla ko ulit ito tawagin.

"Miss bakit ka dyan humarap? Nandito naman sa likod mo ang taong hinahanap mo?" Sabi ko kaya napatigil ito at hinarap ako ulit with her one raised brow.

Wala na akong pakialam kung sino makarinig dyan. Basta gusto ko lang asarin tong si Dragon.

"Where?" Maldita n'yang saad. Tapos tinuro ko ang sarili ko.

"You?" Hindi ako sumagot at nag taas baba lang ng mga kilay.

"And what makes you think that It's YOU?" She emphasized the word you tho.

"Ay hindi ba?" Nakangisi kong tanong. Feeling ko na gusto nya na akong sakalin. Hindi man sabihin ay halata naman sa kanyang mga mata.

Umusog na ako at tinapik-tapik ang upuan. Gusto niya tumabi diba?

"Uupo ka po ba o hihilahin pa kita pabagsak sa akin?" Tanong ko sa kanya at tinapik ulit ang upoan.

"Excuse me?!" Bingi ba s'ya?

"Alam mo Miss. Alam ko maganda ka at sexy pero hindi ko alam bingi ka pala" Tangena nagulat ako sa sinabi ko. *Hoy Sj dahan-dahan ka baka mamaya saksakin ka ng kutsara n'yan.*

Biglang nagdilim ang kanyang ekspresyon. Oh shoooot! The Dragon is mad.

"De La Fuente. To my office now." using her cold voice.

Naku! Patay tayo d'yan.

Tumalikod na ito at naunang lumabas ng cafeteria. Biglang nagsitawanan ang mga kaibigan ko. Tawa ni Iris parang hinihika bwesit na tawa yan.

"Pisti ka babe! HAHAHAHAHAHAHA saan mo nakuha ang tapang mo ha?" Tanong ni Kb na ngayon ay maluha-luha na dahil siguro sa pagpigil tawa n'ya kanina pa.

"Matapang naman ako di lang halata."

"Gago ka Sj. Come to my office raw, HAHAHAHAHAHAHA lagot ka!" Sus sino tinatakot n'ya.

"Baka sya malagot sa akin Iris," tapang ko talaga, may award ba ako dyan?

"Umalis ka na at baka balikan ka ulit ng dragon mo." bugaw ni Ag sa akin.

Nagpaalam muna ako sa kanila at susundan ang dragon sa kanyang kwarto--charot lang, sa office yan.

Hinabol ko na si Miss Pixie at mabuti nalang naabutan ko pa ito. Nasa likod n'ya lang ako, napaka sexy

naman mag lakad nito. Para lang s'yang rumarampa sa isang fashion show eh.

Bagay sa kanya yung suot n'ya na fitted white mock shirt and fitted skirt nito. Kinis naman ng legs na yan, sarap tuloy pakpakin. Ano kaya feeling kung sampalin ko yang mala marshmallow na pwet n'ya?

"How's the view from the back. Having fun staring at my butt? Don't you have one?" Langya ba't n'ya alam nakatitig ako sa pwet n'ya?

"Meron naman po Miss, pero mas gusto ko yung sayo?" Sagot ko ng nakangisi. Hindi naman ito lumingon at patuloy lang sa paglalakad.

"Ganyan ka ba sumagot sa ibang professors?" bigla itong huminto at hinarap ako, ano, ano? Ano gagawin niya ha?

"No Miss. Don't worry sayo lang po, baka kasi magselos ka eh" I said while grinning at her.

"Walk with me"

"Miss ito na nga po oh. Naglalakad na akong kasama ka, hindi naman ako tumatakb-" sabi ko sa kanya pero hindi na n'ya pinatapos pa.

"Shut up! I meant..walk beside me!" malalaman mo talaga na inis na s'ya dahil sa pananalita eh.

Kaya binilisan ko ang pag hakbang sa gilid upang sabayan ito sa paglalakad.

"Hindi naman ako mawawala Miss. Wala rin naman aagaw sa akin sayo" tuloy lang ito sa lakad na tila ba walang naririnig

"Miss may lahi ka bang aso?" Langya, sa isip ko lang sana yun eh. Tumigil ito sa paglalakad at tinignan ako ng masama.. Hala lagot.

"Do I look like a Dog?!" sorry mommy, hindi ko sinasadya sabihin ng malakas yun, ugh pero bakit ang hot mo.

"Hindi Miss pero sabi mo kasi I'm a kid. So pwede kitang sakyan?" The hell! Ano sabi ko? Dog...ride?Nanlaki ang mata ko dahil sa sinabi ko! Yung bibig ko talaga hindi nag-iisip.

"Pervert!" itinulak niya ako at umaksyon na hahampasin sa ulo pero tumigil din kaagad at nagpatuloy sa paglalakad.

"Miss bakit n'yo po ako lagi pinapapunta sa office n'yo? Ganyan n'yo na po ba talaga ako ka sabik makasama?" Habol ko sa kanya. Total naman sinimulan n'ya akong pag tripan. Why not ipagpatuloy diba?

"The hell, seriously?!" sobrang pula na n'ya sa sobrang inis. hoy ang sexy nong pagmura n'ya. Nakaka ano?

"Miss Ma'am, baka po may makarinig sa pagsigaw mo. Bad po ang magmura, professor ka pa naman po." Buti nalang at wala masyadong students dito ngayon at andun sa open field busy sa mga ginagawang booths.

"Are you making fun of me?" kung makatitig naman to, kulang nalang sakalin ako.

"Do I look like joking po ba Miss?"

"No, but your whole life existence is a JOKE." Sabi n'ya sabay paikot ng mata. Ouch masakit yun ha!

"Really? Ganda naman po ng joke na yan." sarkastiko kong sagot.

"I'm dead serious." edi wow kung ganun.

"What? You're dead serious about me? Uy Miss, hindi ko alam na may g-"

"If you won't stop saying nonsense..." Oh pabitin din to eh.

"Miss, hindi po ako mind reader. Wag ka pong mambitin, MASAKIT po yun sa puson" biglang sabi ko. Hindi ko lang alam kung gets n'ya yung sinabi ko.

"Fuc--ugh! Go back to your friends." She groaned and walked out fast.

BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA.

"Ma'am sandali, ayaw ko na bumalik at baka ma miss mo pa ako!" hinabol ko siya pero pinagbantaan ako.

"Ngee nagtatampo si ma'am." sinundan ko parin ito at hindi nagpadala sa kanyang pagbabanta.

"Bakit mo iniiwan ang girlfriend mo ma'am, hindi mo na ba ako mahal?" nauntog pa ulo ko sa ulo niya dahil bigla itong tumigil sa paglalakad.

"What did you say?"

"Ha? Saan don?" nakalimutan ko.

"Girlfriend?" taas kilay na tanong niya.

"Ou? Sabi mo?"

"When?"

"May amnesia ka ba ma'am? Di mo matandaan-" hoy, bakit nangungurot ng pisngi to? masakit!

"Mashakit ha, nananakit ka ng ishtudent." saway ko at mas lalo pa niya pinuwersahan at halos mapunit na pisngi ko.

"Ma'am! Mashaaakit!"

"Ah, excuse me po ma'am," may estudyante na biglang nagsalita, ay si Angie pala. Huhu, salamat at ligtas na ako.

"Yes?" hello? Wala siya balak bitawan pisngi ko?

"Ma'am, pishngi ko." tapik ko sa kanyang kamay pero irap lang natanggap ko.

"Kailangan ka po sa booth, baka po may gusto pa kayong idagdag." sabi ni Angie bago sumulyap sa

akin at pakiramdam ko pinagtatawanan na ako nito sa kanyang isipan.

"Okay." sagot ni ma'am,

Pisil-pisil ang pisngi ko ay isinama niya ako patungong field, ang bully ni ma'am at pinagtatawanan tuloy ako ng ibang students dahil para akong bata ni pinaparusahan nito.

"Okay na po ba to ma'am? Ginawa nalang naming 10 cubicles." tanong ni Angie, pero seriously masakit na pisngi ko at baka mamaya mamaga.

"Yeah, I guess?" mukha pa syang dismayado shuta.

"May gusto po ba kayo ipadagdag?" daming tanong Angie di nalang nila gawin! wala rin naman pakialam tong dragon no,

"It's up to you." oh diba, wala talaga matinong makukuha mula sa kanya.

"Ma'am, ilag!" may biglang sumigaw sa hindi ko alam kung saan dahil nakatalikod ako. Lilingungin ko sana nang biglang iharang ni ma'am ang ulo ko kaya at tumama sa ulo ko ang isang matigas na bola, potangena!

Imbes sa ulo ako mapahawak ay ang pisngi kong nanghahapdi ang hinimas ko dahil makalipas ang mahabang minuto ay binitawan din ako ni dragon.

"Tangena, ano ba!" bulyaw ko sa kung sino man ang nagbato ng bola.

"Sj, sorry, hindi ko sinasadya." biglang sulpot ni bogart, sa inis ay pinulot ko ang bola at malakas na itinapon sa malayo. Badtrip! napag tawanan pa ako dahil sa kabobohan niya.

"Are you okay?" sinimangutan ko kaagad si ma'am, pagkatapos niya sadyaan iharang ang ulo ko magtatanong siya ng ganyan? Kung ulo niya iharang ko?

"Mukha ba akong okay ma'am? Sinadya mo eh." sumbat ko.

"Well." mamamo well.

"Sakit ng pisngi ko, tatampo ako sayo ha, wag mo ko kausapin." reklamo ko at iniwan silang lahat upang balikan ang mga kaibigan.

Hindi ko talaga papansinin yun unless pag humingi siya ng tawad.

"Ano nangyari sa pisngi mo at namamaga?" tanong agad ni Ag pagbalik ko sa kanila habang ako hawak-hawak ang pisngi at nakasimangot.

"May dragon na tinopak." sambit ko.

"Ha? Sinaktan ka ni ma'am? Ayan napapala mo sa walang tigil na pang-aasar sa kanya HAHAHAHAHA." kung ihampas ko kay Iris tong upuan para malaman niyang badtrip ako?

"Manahimik ka kung ayaw mong itusok ko tong stick jan sa mata mo." pagtanggol ni keyboard sa akin.

"Pahingi nga pagkain!"

Susubo palang sana ako nang bigla hawakan ni Ag mga braso namin ni keyboard at kinaladkad palabas ng cafeteria habang si Iris nakasunod lang. Tangena, pakainin sana muna nila ako bago kaladkarin kahit saan?

"Hoy, saan mo kami balak dalhin?!" inis kong tanong.

"May meeting tayo." diretsong sagot nito. Anong meeting pinagsasabi niya at bakit wala akong alam?

Nakasarado ang pinto ng classroom kaya kumatok si Kb. Bumukas naman ito at tumambad sa amin ang isang Dragon. Sumilip ako sa loob at kita kong kami nalang ang kulang at ang mga kambal pero hindi ata sila makakasali since busy sila, buhay SC nga naman.

"Ma'am, ginagawa mo rito? ikaw po ba in charge ngayon?" Agad na tanong ni Iris kay Miss Pixie.

"Hindi Iris, tumatambay lang si Ma'am dito! Tumatambay!" iritadong sagot ni Kb

"Bakit ba ang init na naman ng ulo mo sa 'kin?" Bipolar ata tong si Kb langya.

"Ang panget mo!" Sabay irap

"Mas pa-"

"Are you going to come in or not?" taas kilay na singit ni Dragon habang nakakrus ang mga kamay.

"Ma'am, poor ka ba?" sabi ko di ko siya papansinin eh!

"Huh?"

"Kasi ako poor you lang." naiinis kong saad bago ito tinakasan at pumasok ng classeoom.

Sa Monday na pala opening.

"Keep quiet." malamig na tono ni dragon, inangat ko agad ang ulo sa kanya pagkaupo at nakikita itong namumula. Oh? kinilig na siya sa banat na yun? tignan mo yang mukhang yan at naging kamatis na.

"Miss, ano po pag-uusapan natin?" Taas kamay kong tanong.

Tinignan lang ako nito at hindi sumagot instead ay si Angie ang pumunta sa gitna.

"Are you guys aware na may magaganap na battle of the bands?" nagkibit balikat ako at ang iba naman mukhang wala rin alam tungkol dito.

Para saan pa at don't tell me may plano rin silang sumali sa event na yan? Daming event naman ng paaralan na to, gumawa nalang sila sariling olympics.

"Shara, ikaw ang magiging vocalist ng banda natin." Nanlaki ang mata ko sa sinabi n'ya, ako? Langya pala desisyon talaga s'ya. Hindi talaga uso sa kanya ang magtanong muna.

"Anong ako? Ikaw pres pala desisyon, at isa pa busy ako sa practice namin for exhibition." kontra ko agad sa gusto niya.

"Ayaw mo? Pero sabi ni ma'am ikaw daw, ayaw mo ba madagdagan points mo?" tumaas agad isang

kilay ko.

"Anong klaseng points ba yan?"kunot noo kong tanong. Malay n'yo diba, Baka mamaya iba pala yung meaning non.

"What else do you think Miss De La Fuente? We're talking about grades here." diretso niyang tingin sa mga mata ko, oh, grades naman pala.

"Oh." inirapan naman ako nito bago binawi ang tingin.

"Pumayag ka na, hindi naman siguro ipagpipilitan ni ma'am na ikaw kung hindi maganda boses mo?" nangangati tenga ko sa mga pinagsasabi niya.

"Okay lang naman ibagsak ako ni Miss, basta sa kama ang babagsakan." Wala sa sarili kong sagot. Narinig ko ang mga reaksyon nila at ang tawa ng mga kaibigan ko, ano na naman ngayon?

It took me a while to realize what I had said. I basically slapped myself. I winced at my own foolishness, realizing that I had spoken without thinking, and said something inappropriate by accident.

Oh gosh Sj! What the fuck did you just say! Really? In front of them?!

Napapikit nalang ako dahil sa sobrang hiya. Tangena lupa lamunin mo na ako.

"I-I m-mean, okay payag na 'ko" utal-utal kong sabi. Binalingan ko naman si Miss Pixie na ngayon ay nakapingit. Tulog ba s'ya? Buti nalang at hindi n'ya narinig kung ganun. Napabuntong hininga nalang ako.

Narinig ko ang patuloy na tawanan ng mga kaibigan ko kaya binalaan ko agad silang tumigil bago ko sila sakmalin jan.

"Babe, what the hell?! Hindi na kita kilala" Hindi makapaniwalng bulong ni Kb, kahit ako hindi rin makapaniwala sa sinabi ko.

"Gage, mana ka talaga sa akin." taas-baba ng mga kilay ni Iris bago ngumisi,

Tumikhim si pres kaya balik ulit sa kanya atensyon naming lahat.

"Ahem. Okay okay! So we have our vocalist now guys. We still need a guitarist,drummer and bassist. May mga alam ba kayo dyan?" sunod na tanong ni Angie,

"May alam ako pero baguhan palang pres eh."

"Pwede ako as drummer."

Bakit maghahanap pa sila.

"Okay na pres." sabat ko.

"Hindi pa okay, need pa-"

"Sila ang magiging kasama ko sa banda" sabay turo sa tatlong bruha na nasa gilid ko. Sabay pa talaga sila napatingin sa 'kin.

"Ano? Papalag?" hamon ko.

"Marunong sila?" kita mo, pati president walang tiwala sa kanila.

"Yes pres. Kb can play guitar, si Ag naman as drummer tapos si Iris as bassist" sagot ko sa kanya.

"Wow Shara, full package na talaga kayong magkaibigan!" kami pa hays.

"Of course!" Sagot ni Kb sabay flip ng buhok. Yabang amp.

"Anong song napili mo Shara?" Tanong ni Meghan.

"Secret" sagot ko at ngumisi

"Ok na pala wala na tayong problema. Ma'am done na po" tawag n'ya kay Miss Pixie kaya napalingon ako sa kanya.

Yawa! Gising s'ya?!

Tumayo na ito at naglakad papunta sa gitna.

"Alright, De La Fuente." tawag n'ya sa akin at bigla nalang itong ngumisi. Langya ka Miss! Napalunok tuloy ako bigla.

"Good luck with your performance" yun lang at lumabas na ng classroom.

Shit! So narinig nga n'ya yung sinabi mo kanina Sj!

"Shara!" Tawag ni pres paglabas namin ng pinto.

"Bakit pres?"

"May tanong ako"

"Okay?"

"May gusto ka ba kay Ma'am?" Langya nakakagulat naman ang tanong n'ya. Pano n'ya naman nasabi yun.

"Wala no!" Diretsong sagot ko.

"Sus okay lang yan. Hindi naman bawal sa PU ang student and teacher relationship" sabi n'ya mas lalong ikinagulat ko.

"What?!" Litsi! Bigla nalang sisigaw tong tatlo sa likod ko.

"Ay hindi n'yo ba alam? at isa pa supported ng school ang lgbt community kaya walang problema kung liligawan mo si Maam" nakangiting sabi n'ya sabay wiggle ng kanyang kilay.

"Hala, totoo?!" bakit mukhang excited pa si keyboard kaysa sa akin.

"Yup! Goodluck Shara, bagay naman kayo ni Ma'am" sabay kindat

"Inaasar ko lang kaya 'yon si miss."

"Aweee" singit nitong tatlong bruha na kaibigan ko kaya sinamaan ko ng tingin.

"Akala ko alam nyo, haha ngayon alam na ninyo. Sige, aalis na ako at babalikan ko pa booth natin." paalam nya sa amin bago umalis.

"Hoy gaga! Hindi ko alam na pwede pala teacher and student relationship sa school na to" saad ni Kb na ngayon ay hinahampas si Iris.

"Akala ko strict tong paaralan na to." sabi ni Ag,

"Lumandi ka na Sj, pwede naman pala eh." anong trip ni Iris at ako target niya ngayon?

"Si Ziallyn naman ang gusto n'yan" biglang singit ni Ag.

"Aweee, Ziallyn nga ba?" sabay na panunukso nong dalawa, inikutan ko sila ng mga mata at inaya ng bumalik sa gym dahil may practice pa kami!

*

"Good luck Iris! Gogo, ilabas mo ang tapang mo!" cheer namin sa kanya. Gusto n'ya kasi kausapin yung Captain.

"Sus, ako pa, kalma, watch and learn kids." mayabang ampota.

Parang siga lang kung makalakad palapit sa babae e. Naghihintay lang kaming tatlo sa resulta at tahimik nagmamasid sa kanila.

"Syempre magiging target ni Iris yan." bulong ni keyboard.

Ngumiti ang babae pero dumaan ang ilang minuto ay ang gaga na si Iris hindi parin nagsasalita. Ginagawa n'ya?

Naglalakad ito pabalik sa amin na mamula-mula ang mukha.

"Okay? What happened?" curious na tanong ni keuboard.

"Nakuha mo ba number?" tanong ko ngunit hindi sumagot ang haliparot, nakayuko lang ito at namumula ang mukha shuta.

"So, hindi mo nakuha? Ngee, yabang pa niya kanina BAHAHAHAHAHAHAHAH." hagalpak ko ng malakas matapos mapagtanto na tama ang hinala ko, first time niya ma reject ha.

"Gage, umatras dila ko kanina pagngiti niya. Ganda naknampucha." sabagay ay naiintindihan ko siya.

"Bobo, edi sana hindi ka nalang humarap sa kanya." pang-aasar ni Kb sa kanya.

"Kawawa ka naman riri." ayos naman magpalakas ng loob nito ni Ag, mas nakakasakit.

Hindi na namin naipagpatuloy ang bangayan dahil tinawag na kaming lahat sa gitna. Pagkatapos ng training bumalik kami sa building kaso biglang bumuhos ang malakas na ulan. Buti nalang at may

payong sa locker ko, bigay pala to ng isang babae sa 'kin before, nakalimutan ko na.

"Hoy may payong ka! Nagdadala ka n'yan? Himala." mahinang pagsiko ni Iris sa akin, paano to at hindi kami magkakasyang apat sa isang payong no.

"Nakita ko lang sa locker, nakalimutan ko sino nagbigay." sagot ko.

"Hoy si Dragon mo." bulong ni Iris at itinuro si ma'am sa kabilang side. Hindi rin ata makaalis kasi wala syang payong.

Nagpasya kami na lapitan ito.

"Miss, ito oh payong." medyo nagulat s'ya sa biglaan kong pagsulpot kasama ang tatlo. Wala siya balak kunin at titignan niya lang ito?

"Kunin mo na po Ma'am, hindi rin naman kami magkakasya dyan." sabi ni keyboard sa kanya.

"That's yours?" hindi ba pwede magpasalamat nalang? Halata naman akin kasi binigay ko?

"Ah, may nagbigay lang po sa akin kaso nakalimutan ko sa locker. Hindi pa po yan nagagamit miss, gamitin mo na." Paliwanag ko, may itatanong pa ba sya?

"That girl would probably beat you up if she knew-"

"It's okay Miss. Mas kailangan mo yan and also, you're our professor." putol ko sa kanya, daming sinasabi eh. Akala niya nakalimutan ko na ginawa niya kanina? Never forget!

"Okay." binuksan na n'ya ang payong and then...

We were all surprised.... Dahil may nakasulat na napakalaking "I LIKE YOU" sa loob ng payong. Tangena?

Nakaramdam ako ng isang pisil sa tagiliran ko. Problema nito ni Kb?

Miss Pixie closed the umbrella and faced me. Luh, bakit na naman salubong mga kilay n'ya? Nagiging isang galit na Dragon na naman.

Huminga ka lang Sj!

"A-ah Miss" kamot ulo kong sabi, I didn't expect that to be honest. Anong trip non at nilagyan n'ya ng ganyan ang payong!

pabalibag n'yang ibinalik sa akin ang payong at naglakad ulit papasok ng Building. Langya, ano ba problema non? S'ya na nga tong binigyan s'ya pa galit.

"Luh problema non?" Naramdaman ko nalang ang isang hampas sa balikat.

"Hoy gaga ka, bakit mo yun pinagamit sa kanya tanga. Sino ba nagbigay non sayo ha?" lakas talaga mang hampas ng keyboard na to.

"Hindi ko alam kung tanga ka or tanga ka lang talaga" nalito ako sa sinabi ni Iris ah.

"That was so embarrassing Sj" sabi naman ni Ag.

"Hindi ko nga alam diba?!" kainis ng mga to mga bobo.

"Binigyan mo lang naman s'ya ng payong na galing sa admirer mo." pailing-iling na sabi ni Kb

"Oh tapos? Anong konek non? Pasalamat nga s'ya may payong eh" sagot ko naman na medyo naguguluhan.

Diba? Payong na yun e, wala naman konek yun sa kung kanino galing.

"Wag n'yo kong ginaganyan baka bigwasan ko kayo. Tara na at takbuhin nalang natin!" sabi ko at naunang tumakbo. Narinig kong tinawag pa nila ako pero wala ng nagawa kundi ang sundan ako.

"Kung gusto mong tumakbo, edi mag-isa ka!" Sigaw ni Kb na tumatakbo na nasa gilid ko.

"Bakit kayo sumunod? bobo pala kayo e." sigaw ko pabalik.

Dapat na talaga sumigaw dahil sa lakas ng ulan sabayan pa ng hangin. Ang lamig potek!

Para kaming mga bata na tumatakbo sa ilalim ng ulan.

"Hoy! si Ziallyn oh." Tawag sa akin ni Iris at itinuro si Ziallyn sa di kalayuan.

Kaya agad ko syang nilapitan at sumilong sa payong n'ya.

"Zi! What a coincidence" ngiting bati ko sa kanya. Nagulat pa nga s'ya nang biglang may sumilong sa payong n'ya, nagtataka siguro to bakit ang basa ko.

"Where's your umbrella?" Kunot noo n'yang tanong while checking on me from head to toe.

"I don't know?" Ou nga pala may payong ako pero saan na ba yun? May isip naman sana ako, di nga lang nagagamit ng maayos.

"Really?"

Sumenyas ako sa likod gamit ang kamay ko na mauna na sila. Moment namin to ni Demonyeta ko, wag sila manggulo. Na gets naman nila agad at kumaripas na ng takbo.

"Yeah, tignan mo damit ko Zi, sobrang basa na at lamig." gusto ko tuloy magpalambing sa demonyong to.

"Ano nangyari sa mukha mo?" hinaplos niya ang pisngi ko kung saan namamaga dahil sa kagagawan ni ma'am.

"Ah, natamaan lang ng bola kanin-"

"What if you'll get sick tsk," may gusto itong kunin sa bag n'ya pero di n'ya makuha dahil nahihirapan s'ya.

"Let me hold the umbrella, and bag." sabi ko at kinuha agad ang mga ito sa kanya.

"Why?" Hindi ko alam anong ibig n'yang sabihin pero may naisip akong gawin.

"Hmm anong why? pakipunasan saglit ng mga mata ko Zi, hindi ko kasi magawa." bulong ko at inilapit sa kanya ang mukha ko.

She's still wearing her pokerface tho.
Wala ba epekto kaharutan ko?
Need ko na ata magbasa ng libro, how to tame a demon.

"Seriously? Why are you being like this" Seryoso n'yang tanong.

Kunyari nag-iisip muna ako.

"Hmm dahil may isang magandang babae na kaharap ko ngayon?" nakita kong mabilis namula ang mga pisngi n'ya. Haha cute may epekto rin naman pala ako kahit konti.

Mas lalo pa tuloy lumawak ang ngiti ko, parang mapupunit na ang labi.

"Why are you nervous Zi?" Tanong ko na nakangisi. Napansin ko kasi na parang di na s'ya mapakali.

Nainis na ata s'ya kasi naniningkit na ang mga mata. Buti nalang at nakarating na kami sa parking lot. Nakita ko agad ang mga kaibigan ko na naghihintay sa 'kin.

Need to escape from danger now Sj.

Binalik ko na sa kanya ang payong at bag at namumula parin ang mukha ni demonyeta.

"You're blushing Zi" pang-aasar ko sa kanya.

"I'm not!" Singhal n'ya kaya tumakbo na ako palayo sa kanya.

Sarap nila asarin ni dragon ko BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA.

Hindi ko dala ang sasakyan kaya sumabay nalang ako kay Iris, sana lang hindi ulanin ang festival at sayang naman lahat ng efforts ng mga students.

"Iris, drop mo lang ako sa labas ng subdivision at may bibilhin ako sa seben ebelen."

"Ha? Minsan di ko maintindihan mga pinagsasabi mo Sj, saan banda?" pagklaro niya.

"7/11 tanga." lakas ng ulan at medyo traffic pa. Nasa labas lang ng bintana ang paningin ko nang biglang mahagip ng mahiwaga kong mga mata si dragona.

"I-Iris, dito nalang ako, bababa ako." sabunot ko sa kanyang ulo.

"Tangena, gusto mo ba maaksidente tayo?! bababa ka? bakit?" tanong niya at hininto ang sasakyan.

"Basta! Mauna ka na, salamat." pagkatanggal ng seatbelt ay nagmadali akong bumaba at tumakbo papasok sa convenience store kung saan ko nakita ang mapanakit kong propesora.

Hindi nga ako nagkakamali dahil pagpasok ko ay siya agad ang nakasalubong ko pero shutangina, ang lamig dahil sa lakas ng aircon!

"M-Ma'am, panagutan mo ako." bigla kong nasabi.

"W-What? Why are you here?" nagtataka na tanong niya at tinignan ako mula ulo hanggang paa. Basang-basa ako dahil sa ulan.

"I-I mean, bakit ka ba kasi nagpapakita bigla ha? Kasalanan mo to kung bakit ako bumaba ng sasakyan." ou, kasalanan niya.

"Are you crazy?" yung cup noodles na binili niya ay biglang iniwan at hinatak ako palabas ng store.

"S-Sandali ma'am." pigil ko at muling bumalik sa loob upang kunin ang noodles, sayang din naman at masarap to para sa akin dahil naninigas na ako sa lamig!

"Unbelievable." sambit niya pagbalik ko sa kanya.

"Sayang naman kasi, ayaw mo kaya akin nalang." sagot ko bago humigop ng mainit na sabaw.

"Where's your car?" umiling ako.

"Gamit ni dad kasi nakauwi na sila ni mommy, sumabay lang ako kay Iris tapos nakita kita. Ma'am wala ka man lang ba balak papasukin ako sa sasakyan mo at baka manigas na ako ng tuluyan dahil sa lamig dito." reklamo ko kasi talaga bang tatayo lang kami at hindi papasok sa sasakyan niya?

"Get in." sana all naka Rolls-Royce na sasakyan. Doon niya ako pinasakay sa katabi ng driver's seat.

"Yaman mo ma'am ha, bigyan mo rin kaya ako sasakyan total girlfriend mo naman ako sabi mo nga." makapal kong mukha hindi na nahiya sa mga pinagsasabi. Ewan ko, di pa naman kami ganoon katagal na nagkita pero may nagtutulak talaga sa akin na asarin siya palagi.

"Here, take off your shirt." may kinuha siyang t-shirt at inabot sa akin. I looked at her in disbelief kasi seryoso siya? Gusto niya ako maghubad ng damit dito? Pero okay lang naman total naka sports bra ako.

"Hawakan mo muna noodles ko at baka matapon." bigay ko sa kanya at kaagad naghubad ng damit sa harap niya. Pagtingin ko muli sa kanyang mukha ay sa abs ko na pala nakatingin si ma'am. Ano akala niya? May pandesal din ako no.

"Curious ka sa maskels ko ma'am?" nakangising tanong ko.

"H-Huh?" huhkdog ka.

"Pwede mo hawakan ang pandesal ko, wag ka mahiya at sabi mo nga girlfriend mo ako." pagmamayabang ko at tinapik pa ang abs sa kanyang harapan.

"S-Shut up, magbihis ka na." ngee, mahina pala isang to. Mahina akong natawa at pailing-iling isinuot ang shirt na pinahiram niya.

"I'll drive you home."

"Malamang ma'am, alangan naman iwanan mo ako sa gitna ng kalsada tapos malakas ang ulan." mindset ba.

"Tsk."

"Done, akin na noodles ko hehe." natatawa talaga ako everytime may bagong expression akong nakikita sa kanyang mukha.

"How's your cheek?" tanong niya bago pinaandar ang sasakyan.

"Halata naman siguro namaga ma'am?" inilapit ko pa talaga sa kanya ang mukha para harap-harapan ipamukha ang ginawa niya.

"I-I'm sorry okay? It's because you're so annoying." bakit siya pa mukhang galit sa aming dalawa?

"Sige, sabi mo eh. Stop the car ma'am." wala sa gana kong salita.

"W-What? Why?"

"Maglalakad nalang ako pauwi tapos papasagasa sa sasakyan-"

"Stop!" nagulat ako sa malakas niyang sigaw at muntik pa masayang ang noodles ko dahil sa bigla niyang preno.

"J-Joke lang naman, tignan mo at muntik pa matapon noodles ko." kinabahan ako kasi mukhang sumobra ako sa joke dahil sa mga mata niyang namumula.

"Don't joke around, as if life was just a game!" tuluyan akong natulala nang makita ang pagbagsak ng kanyang mga luha.

"H-Hala ma'am, sorry, binibiro lang kita. W-Wag ka na umiyak, sayo nalang tong noodles ko oh." hindi yun biro ha, seryoso ako baka lang kasi gusto rin niya.

"I-I hate you." mahina lang pero rinig ko, imbes masaktan ay gumaan ang pakiramdam ko at di ko maipaliwanag kung bakit.

Hinaplos ko ang kanyang buhok habang pinupunasan niya ang mga luha. "Sorry na po, hindi ko na uulitin. Tatampo lang naman ako sayo konti." sabi ko.

"Kung may dapat magtampo sa ating dalawa, ako yun at hindi ikaw." natameme ako sa kanyang sinabi, wala naman akong ginawa para magtampo siya?

Hindi nalang ako kumibo nang patakbuhin niya ulit ang sasakyan. Wala na muling nagsalita sa amin hanggang sa narating namin ang labas ng bahay.

"Salamat po ma'am, and sorry ulit kung napaiyak kita. Ingat ka po." paghingi ko ng tawad at bubuksan na sana ang pinto ng sasakyan.

Suddenly, she grabbed my arm, causing my eyes to widen as our lips touched. I couldn't move, feeling like I was turned to stone in my seat, overwhelmed by the heat of the moment until she pulled away. I felt like my heart was going to leap out of my chest.

"Goodbye." bulong niya at nahihiyang kinagat ang labi bago ako itinulak. Ako na tuliro at hindi makapaniwala sa kanyang ginawa, para saan yun?

"Para saan yun?" cheater tong si ma'am, may jowa pero nanghahalik ng iba.

"D-Don't ask." muli niya akong itinaboy palabas ng kanyang sasakyan at wala na akong nagawa kundi ang bumaba.

Malakas ang ulan, pagbaba ko ay kaagad niya pinaharurot ang kotse palayo, habang ako? naiwan nakatayo at basang-basa sa ulan na sinundan ng tingin ang kanyang sasakyan.

Shuta?

CHAPTER 12

-

"Tangena, gusto ko nalang maglaho bigla." paubos na oxygen ko, I need bebe time pero wala naman akong bebe.

Half day lang kaming apat sa basketball practice today kasi may practice kami para sa battle of the band na lintik na yan. Papunta na kami ngayon sa music room at buti nalang walang gumagamit kaya malaya namin magagamit ng walang sagabal.

"Teka! Pupunta na tayo sa Music room?! Kumain muna tayo gutom na tong mga alaga ko." wika ko dahil hindi ko na kakayanin ang gutom.

"Sa restaurant nalang tayo ni Ma'am kumain." anyaya naman ni Ag.

"Sa cafeteria na! Ayoko na maglakad palabas, yung mga tuhod ko malapit na bumigay!" pag-angal ko kasi ang layo pa ng lalakarin namin para lang makalabas ng campus, mahihimatay na yata ako shuta.

Pagpasok namin sa cafeteria ay sobrang daming tao! Naghanap kami ng table pero puro occupied na.

"Tangena kung kailan gutom na gutom na 'ko, ang daming tao!" kanina pa ako panay bunganga at wala naman magawa tong tatlo kundi ang manahimik nalang.

"Paano ba yan?" tanong ni Ag,

Napahilot nalang tuloy ako sa 'king noo. Langya, parang gusto ko nalang matulog kaysa kumain. Maya-maya may biglang nagsalita sa likod ko. Isang napakalamig na boses.

"What are you doing?" *Luh deja Vu?*

Bakit ba ang hilig nilang dalawa sa likod lage kung magsalita? Ganyan na ba ka confusing at nahihirapan sila e identify ang kung saan ang harap at likod? Ganun na ba ako ka flat?

"Can't you see?" Kita na nga n'yang nakatayo at naghihilot ng ulo mag tatanong pa. Tinaasan naman ako nito ng kilay.

"Sa restaurant nalang tayo kumain. Wala na rin naman table dito, tara!" Biglang singit ni Kb at hinila na ang kamay ko pero may biglang humawak sa isang braso ko kaya napatigil kami.

"What are you doing Zi?" confused kong tanong.

"Holding your hand?" Langya, pilosopa rin eh no.

"Yeah, I know. Gutom na gutom na kami Zi," tamlay kong sagot, kahit e kiss pa niya ako ay hindi parin ako mabubusog.

"You can join us." sabi naman nito kaya napalingon ako sa mga kasama at mabilis silang tumango.

"Let go" napalingon ulit ako kay Ziallyn, anong let go sinasabi nito? Yung kamay n'ya ba? Eh s'ya may

hawak sa kamay ko.

Napansin naman namin na nakatingin s'ya sa kabilang kamay na hawak pala ni Kb, kaya sumenyas ako sa kanya na bitawan na ako. Grabe naman tong Mommy ko napaka selosa.

Matapos akong bitawan ni Kb hinatak na 'ko ni Zi pa akyat sa table nila. Pinagtitinginan na naman kami ng mga tao habang magkahawak kamay. Yung iba napakasama pa kung makatitig sa akin, inggit yarn?

Pagkaupo sa table ay napansin kong wala ang Dragon na maldita. Saan kaya yun?... Bahala s'ya at pakialam ko ba sa kanya.

"Zi," bulong ko sa kanya pagkaupo namin.

"Gusto ko ka-"

"Coffee?" Putol n'ya sa sasabihin ko, ay wow alam na alam n'ya ah. Kaya tumango nalang ako, tinawag naman nito agad ang isang staff at pinakuha ng isang kape.

Busy na ngayon sa pakikipag chikahan ang mga bruha kong kaibigan sa tatlong kambal. Hindi na rin kami pinaorder dahil treat na raw kami nila Annallyn.
Nasa kabilang table pala sila at ngayon ko lang napansin na good for 2 lang pala tong table namin ni Ziallyn. Ay date ba to? Charot.

"How was your practice?" Tanong n'ya sa akin habang busy sa laptop.

"Tired, after lunch punta kami music room, pa-practice para sa kanta." ang tagal naman ng kape ko.

"What do you want?" Tanong n'ya.

"You" ikaw gusto kong kainin langya.
Nakataas na naman ang isang kilay nito.

"Kahit ano wag lang seafoods" pagtatama ko sa sarili kahit tama naman talaga yung sinabi ko. ?

"Kailan pala yung battle of the bands Zi?" tanong ko, grabeng perfume yan at ang lakas manghatak ng atensyon.

"Friday."

"Eh yung Exhibition?" Di man lang ako tinapunan ng tingin.

"Friday" langya ba't same day pa talaga?

Dumating na ang pagkain namin at napansin kong mga favorite foods ko ang nakahanda.

"Sarap nito! Thank you, mommy," nanunukso kong pasasalamat kasabay ang pagtaas-baba ng mga kilay.

"Zi, kumain ka na." sabi ko, tignan mo to hindi namamansin.

"Zi," tawag ko ulit pero wala pa rin.

Inuubos mo pasensya ng isang De La Fuente! ?

I poked her cheek to get her attention, katabi ko lang kasi to. Lumingon naman na magkasalubong ang kilay.

"What do you think you're doing?" Inis na tanong n'ya.

"Poking you? I called you many times" sagot ko.

"So?" Taray amp.

"So stop working and eat"

"I don't take orders from anyone" at bumalik na ulit sa ginagawa.

"Okay" Tumayo ako kaya napalingon s'ya ulit sa akin.

"Where are you going?" Tanong n'ya, kanina ayaw akong pansinin tapos ngayon magtatanong s'ya?

"To Miss Pixie" sabi ko at kinuha na ang mga gamit.

"Sit down" Malamig n'yang utos.

"I don't take orders from anyone" taste your own words demonyeta. Bahala ka dyan, makaalis na nga.

"I said sit down!" Lumundag bigla puso ko sa gulat. Ang lakas nong sigaw n'ya kasi pati mga tao sa ibaba nakatingin na sa amin. Ba't shock mga mukha ng mga to? First time ba nila marinig na sumigaw tong malditang babae na to?

"Just continue what you were doing" Sabi ko at nakipagtitigan sa kanya pero yikes yung kaba ko abot langit na. Ang dilim na ng aura n'ya.

"One" luh ka maypa bilang na nagaganap.

"Two!" Di mo ko masisindak sa mga ganyan-ganyan mo Ziallyn. Nagsimula na akong humakbang.

Narinig ko ang malakas na hampas n'ya sa lamesa at ngayon ay nakatayo na.

Hala tangena ka Sj! Patay ka.

Napalunok nalang ako sa kaba na nadarama. Tangena wrong move ata ako.

Mabibingi na ata ako sa sobrang katahimikan dito sa cafeteria, parang kanina lang ang ingay ng mga tao ah.

Mabilis na lumapit si Ziallyn sa akin at kinakaladkad ako papalabas ng cafeteria. Habang palabas ay bakas sa mga mukha ng mga estudyante ang pagtataka at takot. Ako nga 'tong dapat matakot kasi ako yung kinakaladkad!

"Zi saan mo ba-"

"Shut up!" Langya nasa gitna pa talaga kami ng napakaraming tao. Kaya tumahimik na lang ako at

hinayaan s'yang kaladkarin ako patungo sa kung di ko alam saan ako balak dalhin nito.

Nakarating kami sa Office n'ya. Pagkapasok ay marahas n'ya akong itinulak sa couch. Lumayo ito saglit at may tinawagan. After tumawag ay halos ibato na niya ang phone sa labis na inis. Jusko naman po, nakakatakot naman galitin tong demonyong to.

"Zi,"

"Bakit mo 'ko dinala rito?" I tried my best para hindi mautal-utal. Pinapakita ko sa kanya na hindi ako apektado pero deep inside mamamatay-matay na 'ko dahil sa kaba.

Tumayo ito at lumapit sa akin. Yung mga titig n'ya na para bang gusto kumatay ng tao, napabuntong hininga nalang ako.

"How many times do I need to tell you to stay away from her?"

"Bakit? Paano ko kasi iiwasan e professor natin yun, professor Zi, at mahirap balewalain lalo na at nakasalalay grades ko." daig ko pa jowa kung magpaliwanag kahit wala naman namamagitan sa aming dalawa, langya.
Hindi ko talaga sya ma gets kung bakit ganun nalang ang galit nya part kay Dragon.

Nagtitigan lang kami, matapang ko talagang sinalubong ang mga mata nyang nanlilisik. Hindi naman sya sumagot sa tanong ko, abnormal ata to.

"Kainis ka Zi alam mo ba yun?" Sabi ko na mas lalong ikinasama ng timpla n'ya.

"Oh?"

"Ou, sabi ko kumain ka pero hindi mo ako pinansin." walang gana kong sagot.

"I was busy doing school works!"

"Kaya nga sabi ko magpatuloy ka, diba?" ano to? LQ pampers kaming dalawa as walang label?

Pero hindi ganito ang gagawin ko pag nag-away kami kung if ever na jowa ko nga s'ya. Sa kama ko s'ya aawayin para may thrill.

"Annoying." lagi nila ako sinasabihan ni ma'am ng ganyan pero sila naman tong lagi sumusulpot bigla kung saan ako magtungo.

"Alam mo para kang ewan dyan. Iisipin ko talaga na may gusto ka sa 'kin" inisin ko nga.

"What the hell?! I don't like you!" Loka to, ipamukha ba naman sa akin.

First time ko marinig magmura tong demonyetang to. Ang sexy n'ya rin magmura at amoy expensive.

"Di nga? Talaga?" sinungaling, crush din ako nito e, duda.

"We're just FRIENDS and it wont go beyond that" kumirot puso ko ron ah. Sabagay di naman pumapatol to sa bakla, at least she said that we're friends.

Hindi na ako sumagot at sumandal nalang sa couch. Nangangalam na tong sikmura ko tangena hindi

man lang n'ya ako pinakain. Pati yung kape ko naiwan sa cafeteria. I closed my eyes and gently massaged my temple. I want my coffee!
Biglang bumukas ang pintuan pero hindi ako nag abalang tignan kung sino. Gusto ko nalang matulog.

"What are you doing here?" Bored na tanong ni Ziallyn.

"We have to go." oh shoot! the one and only Dragon. Pag minamalas ka nga naman oh.

I decided to open my eyes and there...
I saw her blank face staring at me.
I averted my gaze and felt uncomfortable. Nandito na naman yung feeling na para akong ma su-suffocate dahil sa pinagsamang presensya nilang dalawa.

Nilingon ko rin si Ziallyn at nakita ko itong seryosong nakatingin sa akin.

Okay so? Anong gagawin mo Sj?
A. Aalis ka na or B. Kakausapin mo sila?
Gaga doon tayo sa A kung gusto pa nating mabuhay!

Sakto naman at tumawag si Kb. Tangena ngayon lang ako naging proud sa kanya. Sinagot ko na agad at bahala na tong dalawang maldita dito.

"Oh?" Sabi ko

"Anong oh? buhay ka pa ba ha? Magsabi ka lang at ihahanda ko na ang mga kape" langya naka on speaker pala ako. Tinignan ko naman ang dalawang demonyo na ngayon nay tahimik lang nakatitig sa akin.

"Buhay pa naman. Hindi naman siguro ako sasagot sa tawag mo kung nasa langit na ako" minsan talaga napapaisip ako bakit naging magkaibigan kami.

"Asan ka ba ha?! Hindi ka pa kumakain, hindi ka rin nag breakfast kanina. Baka talaga matuluyan ka na n'yan!" Sermon n'ya sa kabilang linya.

"Daig mo pa Mommy ko" sagot ko.

"Halika na. Nandito na kami sa music room at ikaw nalang ang kulang." Pagkatapos sabihin ay agad ko na pinatay ang tawag at tumayo.

"You haven't eaten yet?" Tanong ni Miss Pixie. Nginitian ko lang ito.

"Alis na po ako, practice pa eh, bye po." paalam ko sa dalawa.

Hindi ko talaga ma gets ang mga kilos ng dalawang yun. Sumasakit lalo ulo ko kakaisip dahil sa kanila tsk.

"Oh my gosh babe! Buo ka pang nakarating" feeling shock yarn? Hampasin ko kaya to?

"Gutom ako Kb, wag mo 'kong inaano dyan at baka kainin kita" sabay irap sa kanya.

"I'm always ready babe" sabay ngisi nito.

"Ano pala ang nangyari kanina? First time ko nakitang sumigaw at galit yun si Ziallyn," tanong ni Ag.

"Inasar ko kasi." Ayoko na sabihin at baka asarin na naman ako ng mga to.

"Oh, ano ba ginawa mo?" Tanong ni Iris

"Sabi ko kasi I am not scary but, I can make u scream my full name out loud at night" Hindi naman talaga yan yung reason but well, make up story nalang.

"HAHAHAHAHAHAAHAHHA" sabi na eh tatawa na naman mga to.

"Potangena talaga HAHAHAHAHAHAHAHAHA." hawak tiyan na tumatawa si Iris

"Babe, hindi na kita kilala" si keyboard ginawa na yatang punchingbag likod ni Iris,

"Nakakatawa yarn?"

"Sino ba naman ang hindi magagalit pag sinabihan mo ng ganun kahit hindi mo naman close." bungisngis na saad ni Ag.

"Hoy! Close kaya kami. Sabi n'ya pa nga we're FRIENDS" binigay na ni Ag sa akin ang mic

"Aw Friends"

"Tara shot puno"

"Better lick next time babe"

Sarap tampalin ng mga to.

"Yes LICK" didilaan ko talaga s'ya makikita nyo.

"Pumwesto na nga kayo at para mabilis tayong matapos, baka mamatay ako sa gutom dito." but seriously, kailangan ko talaga pagkain. Sana naman may anghel na magpakain o magdala ng pagkain sa akin dito no.

Pero hanggang sa natapos kami ay walang dumating, k.

"Hooo tangena makakakain na rin, finally!" Kakatapos lang namin mag practice kaya heto ako ngayon basang basa sa ulan--charot lang. Masaya kasi makakakain na!

"Hoy tara na, dalian n'yo nga dyan" bagal naman makagalaw ng mga to imbes sila yung nakakain kanina.

Ay potek sino tong nag chat.
Dinukot ko ang cellphone at nakita sa notification na si Dragon lang pala. Walangya, ayokong kausapin ka gusto kong kumain muna. Come to my office ba naman ang sinend sa akin.

"Sj, hindi ata kami makakasama sayo sa cafeteria kasi nag chat kasi si Angie at kailangan daw namin pumunta ng field." pinakita ni Ag sa akin ang mensahe ni Angie, daming sagabal sa araw na to.

Mas mabuti na rin yung ako nalang mag-isa, gusto ko rin ng konting katahimikan hindi yung puro

bunganga nalang nila. Nagpaalam na sila sa akin at ako naman ngayon ay tinatahak na ang daan patungong cafeteria.

Buti nalang at hindi na gaano karami ang mga tao.

Nasa pila na ako at malapit na sa counter nang biglang may sumulpot sa gilid ko.

"Sj tawag ka ni Coach punta ka raw sa gym" si Tetel, isa sa mga varsity.

Tangena gusto ko lang naman kumain utang na loob pakainin n'yo naman ako.

"As in now na ba?" Dismayado kong tanong.

"Ou pinasundo ka nga sa akin, akala ko nasa music room pa kayo pero nakasalubong ko sila Iris at sinabing nandito ka" paliwanag n'ya. Hays, I guess ma po-postpone na naman ang pagkain ko.

"Hays. Tara" Goodbye cafeteria, goodbye foods!

Nasa gym na kami, nakaupo sa bench at hindi pa nakakausap si Coach. Akala ko pa naman emergency pero kasalukuyan pa pala silang naglalaro. Gusto ko na tuloy silang pagmumurahin lahat.

"Kita mo yung mga lalaki na nasa taas? Panay tingin sa akin" biglang sabi ni tetel at tinuro ang mga lalaking nakatingin sa direksyon namin.

Ilang minutes pa lang kami magkasama nyan ha pero agad na kaming naging close na dalawa. Good vibes kasi tong si Tetel kaya dali lang makasundo tapos apaka daldal pa.

"Tel, napasukan ba yang utak mo ng masamang hangin?" Narinig kong tumawa yung nasa tabing bench naman sa left side ko.

"Bagay kayong dalawa" tawang sabi nitong babae na hindi ko naman kilala. Sabay pa kami napatingin ni Tetel sa kanya.

"Eww sa ganda kong to?" Sagot n'ya na parang nandidiri pa. Wow kapal talaga ng mukha nito.

"Maganda ka?" Taas kilay kong tanong

"Of course!"

"Luh, san banda te?" I gave her a deadpan look.

"Hoy Sj, bakit ganyan ka makatingin ha? At totoo naman ah diba girls?" Tapos binalingan nya yung dalawang babae. Hindi ata mga varsities to, wala naman sa mga hitsura nila.

"Yup pero mas maganda si Shara tel" bigla akong napahagalpak ng tawa dahil sa sinabi nila na ikinasama naman ng mukha ni Tetel.

"Panira kayo sa mood!" di niya matanggap.

"Tel may tanong ako"

"Kung pwede mo 'ko ligawan? Hindi talaga ako pumapatol sa babae Sj pero kung ikaw naman ang

manliligaw, why not coconut?" Sabi n'ya sabay kindat.

"Okay"

"What?! Really? Crush mo 'ko?" Gulat na tanong n'ya.

"Okay...okay lang mangarap kako, napasukan talaga ng hangin yang utak mo Tel. Sure ako dyan" ngiwing saad ko sa kanya haha napabusangot pa ng mukha.

"Kainis ka Sj!" gage ngayon ko lang din namalayan na Sj na rin tawag n'ya sa akin. Oh diba feeling close na kami sa isa't-isa.

"Alam mo Sj may kumuha sa akin para maging endorser" talak n'ya ulit kaya napatingin ako sa kanya.

"Oh? Wala na siguro silang iba makuha kaya napilitan nalang na kunin ka" kita ko agad ang paniningkit nito ng mata

"Ano ba yung dapat mo e-endorse?" Tanong ko ulit.

"Alcohol" ngising sagot n'ya

"Alcohol? Anong alak ba yan" napaikot naman ito ng mata sa sinabi ko.

"Anong alak sinasabi mo dyan!" Sabay hampas sa braso ko. Langya, mapanakit din pala to.

"Ay ano pala?" Naguguluhan kong tanong.

"Green cross alcohol at sanitizer" seryosong sabi n'ya na ikinatawa ko ng malakas.

"Bwesit! Sj naman!" Inis na sya nyarn?

"Pwede naman BAHAHAHAHAHAHAH." naluluha na tuloy ako, nawala saglit yung gutom na naramdaman ko.

"Talaga?" Papalakpak pa nyang sabi.

"Ou.... Tapos ikaw yung germs na papatayin" nakatanggap na naman ako ng isang kalakasang hampas. Nakakarami na to ah. Narinig ko rin na bumungisngis tong dalawa na nakikinig sa tabi namin.

"Bwesit ka! Gusto ko na tuloy magsisi kinausap pa kita" inis na sabi n'ya at nag cross arm na hahaha.

"Too late to regret dear" ngising sagot ko sa kanya.

"Pero balik tayo. Kanina pa talaga sila nakatingin sa akin. Lapitan ko na ba? Mga gwapo eh sayang din kung hindi ko papatulan diba?" Sabay ulit tingin don sa mga lalaking tinuro n'ya kanina.

"Alam mo-"

"Hindi ko alam" langya talaga.

"Mukha kang appetite" nanlaki naman ang mata nitong nilingon ako.

"Omg Sj! Are you craving for my body?!" Sabay takip kuno sa kanyang katawa. Luh asa ka

"Hindi, mukha kang appetite but the APPE is silent" sabay irap ko sa kanya at humagalpak na naman sa tawa tong dalawang babae habang s'ya? Nag loading ata ang utak. Buffering te?

"Hoy! Bwesit ang bastos mo Sj!" Sigaw n'ya sabay hampas ulit sa akin nong ma realize n'ya yung sinabi ko.

"BAHAHAHAHAHAHAHA kung kita mo lang hitsura mo kanina. Napaka-epic" tatawa-tawa kong sabi habang pinipigilan ang kamay n'yang mapanakit.

Habang nagkukilitan at tawanan kami ay biglang dumating si Coach. Break time na pala nila.

"Shara," tawag sa akin kaya tumayo na ako at iniwan saglit si Tetel.

"Po? Bakit nyo ako pinatawag? Miss mo na ako?" Gusto ko to si coach maging tropa e, masaya kasama. Agad naman akong inakbayan nito at may tinawag sya, yung team captain.

"Shara, this is Bernadette. The team captain" pakilala n'ya sa akin. Ang ganda naman nitong babaeng to, matangkad din s'ya pero mas matangkad ako konti sa kanya.

Nginitian ko naman ito at nakipag kamay. Unahan ko na si Iris, bagal eh.

"Hi Bernadette. My name is Shara Jane but you can call me mine for short" ngumiti naman ito at nakipag kamay.

"Hoy Sj! Ang harot mong babae ka!" Biglang sulpot ni Tetel sa likod ni Bernadette.

"Seselos ka lang eh" pang-aasar ko sa kanya.

"Yuck ka!" Long lost friend ko siguro to si Tetel, mas malala pa kasi s'ya kaysa kay Kb. Hindi ko na ito pinansin at binalingan si Coach

"Ano po ba pag-uusapan Coach?"

"Ah ou nga pala. Wag na kayo sumali sa practice bukas, diba kayo ang lalaban sa battle of the band?" Tanong n'ya at tumango lang ako.

"Hala!" Bulaslas ni Tetel.

"Marunong ka kumanta?! Anog gagawin mo?!"

"Magtutula Tel" sabay paikot ng aking mata. Jusko, nakakabobo rin s'ya kausapin.

"Hoy seryoso ako!"

Natawa na tuloy si Coach At Bernadette na nakikinig sa sagutan namin.

"Ou nga kakanta. Ano ba dapat gawin sa banda? Mag tula?" Sarkastiko kong sagot kaya nakatanggap na naman ako ng isang hampas.

"Yun lang po ba Coach?" Tanong ko.

"Ou yun lang. Hindi ko rin alam bakit nandito ka, ang sabi ko kay Tetel na hanapin ka at sabihan na wag na kayo pumunta dito bukas. Hindi ko naman sinabing dalhin ka dito" pagkasabi non ay nanlaki ang mata kong binalingan si Tetel na ngayon ay ngumingisi na.

"Langya ka tekla! Kanina pa sana ako nakakain hindi naman pala ako pinapunta rito!" Singhal ko sa kanya na ikinatawa lang nila.

Biglang bumalik ang ramdam ko sa pagkagutom.

"Anong tekla? Sinong tekla? M-me?!" Confused nyang tanong ngunit hindi ko na ito sinagot at bignigyan lang ng isang irap.

"Coach alis na po ako. Baka masakal ko pa yang isa dyan." sabay silip kay Tetel na nakakunot ang noo.

"Sa kama lang ako nagpapasakal Sj. Hindi ko talaga alam na may pagnanasa ka sa akin" Hangin talaga nitong tekla na to.

"Pass" sabi ko at nagpaalam na sa kanila. Sasama pa sana ang tekla pero may practice pa sila.

Pabalik na ako sa cafeteria ngayon, nakailang balik na ba ako ron today?
Ni isang pagkain wala man lang akong nakain.

Sa 'di kalayuan ay nakita ko ang apat na kambal. May hawak na hamburger, langya sanaol nakakain. Naglalaway tuloy ako bigla at rinig ko na talaga ang mga alaga ko sa tiyan na nagwawala.

Naglakad ako papunta sa kanila at tumigil sa harap ni Ziallyn na ngayon ay may hawak na hamburger. Hindi n'ya pa ako namamalayan kasi kausap n'ya si Annallyn na nasa gilid.

"Hey wh-" natigilan s'ya sa pagsasalita nang makita akong nakakagat na sa burger n'ya. "".....That's mine" her eyebrows furrowed.

Nagkibit balikat lang ako sa harap n'ya.

"So?" Nahihirapan akong lumunok kaya kinuha ko ang Ice tea na nasa isang kamay n'ya at mabilis na sinunggaban ang straw.

Kita kong nakatunganga lang ang mga kambal sa harapan ko. Problema nila? Kasalanan naman ng kapatid nila kaya hindi ako nakakain.

Kakagat na sana ulit ako nang mapansin na namumula ang mukha ni Ziallyn kaya napatigil ako. Ay galit na s'ya.

Kinuha ko ang kamay nya at ibinalik sa kanya ang burger at Ice tea na hawak ko.

Sayang masarap pa naman sana yung burger na may kagat n'ya. Pero mas masarap yung lips nong kumagat.

"Bakit sobrang takaw mo?" she rolled her eyes. Ay, uunahan niya ulit ako? Di ako papayag jan.

"Akala mo ba hindi ka nakakasakit dyan sa sinasabi mo ha? Ako matakaw? Ikaw nga inuulam mo lab--" *inuulam mo labi ko!* Langya di ko na tuloy natapos sasabihin ko. Bigla ba naman sinaksak sa lalamunan ko ang burger na hawak n'ya.

Mukha ng mga kambal niya puno ng katanungan ang mga ekspresyon dahil sa hindi ko naituloy na sasabihin eh. Narinig pa nila yun kahit medyo malayo sila? Teka, kailan pa sila nakalayo sa aming dalawa ng demonyetang to?

Napatingin ako ulit sa kanya at.... Ang sama na ng tingin n'ya sa 'kin kaya walang pagdadalawang isip na tumakbo na ako palayo sa kanya. *Takbo Sj at baka kaladkarin ka na naman non at hindi ka na naman makakain!*

Habol hininga akong nakarating sa may entrance ng cafeteria. Tangena, nahulog pa yung burger habang tumatakbo ako! Isang kagat lang nagawa ko ugh.

Finally I'm free! Makakakain na ri---

"Miss De La Fuente"

...
Potangena?
I mentally slapped my face.
Gusto ko tuloy sabunutan ang sarili ko dahil sa mga nagaganap sa araw na 'to. Gusto ko lang naman po kumain lord!

"Po?" Nakabusangot kong lingon sa kanya.

"I sent you a message." Agaw pansin tuloy kaming dalawa dahil nakaharang kami sa may entrance. Daig ko pa artista kasi lage nalang center of attraction dahil sa kanila nong isang maldita.

"Sorry Miss sobrang busy po talaga, hindi ko na nga mabilang kung nakailang balik na 'ko dito cafeteria para sana kumain pero lage nalang nauudlot..." Tinignan ko muna s'ya na ngayon ay hinihintay ang susunod kong sasabihin.

"Parang ngayon po mauudlot na naman ata dahil sayo" napapabuntong hininga nalang talaga ako.

"Are you blaming me?" Taas kilay na sagot.

"No...Yes?" Kamot noo kong sagot at nakita kong nagsalubong na ang mga kilay nito. Bigla itong naglakad palapit sa akin.

Lord yung totoo po?
Hindi ko alam kung grasya ba tong araw na binigay n'yo sa akin today or disgrasya.

"Come with me" sabay hawak sa kamay ko.

"Miss naman, tsaka mo na po ako dalhin sa kwarto--este sa office mo pag nakakain na 'ko" sinamaan naman ako ng tingin. Langya talaga.

"Just come with me." ulit n'ya at hinatak na ako. Hays, dahil sa kanila ng pinsan niya naging kaladkaring babae na ako e.

Hindi ko namalayan na nasa labas na pala kami ng office n'ya. Sabi na nga ba eh, pagbukas n'ya ng pinto ay nauna na itong pumasok kaya sumunod na ako.

Pagkapasok ko ay nakita ko agad ang mga pagkain na nasa table n'ya. Biglang tumunog yung tiyan ko

kaya napatingin s'ya sa akin. Langya nakakahiya!

"What are you waiting for?" Sabi n'ya.

"H-ha? Po?" nasa pagkain kasi yung focus ko.

"Come here." Turo n'ya sa gilid ng lamesa n'ya, ay may upuan pala dyan?

"Are you just gonna stare the food...or you want me to feed you." nagtataka ko syang nilingon . tanong ba yun Miss? Pwede yung second choice?

"Ay akin to Miss?" Nakakatanga yung tanong ko.

"Obviously" Luh ka. Baet n'ya ata today?

"Stop staring at me. The food is here" turo n'ya sa mga pagkain na nasa lamesa.

"Sarap mo kasi Mis--este baet mo today ha. May lagnat ka?" Tanong ko and she throw some death glares at me. Kaya mabilis na kong kumuha ng pagkain.

Salamat naman at may kanin din syang isinama. Feeling ko mauubos ko tong mag-isa. May fried chicken, kaldereta, spaghetti at cake! Susubo na sana ako nang mapansin na nakatingin ito sa akin.

"Bakit po Miss? Gusto mo?" Sabay angat ko ng pagkain na isusubo ko na sana.

"No, thanks." okay?

"Alam ko naman po na maganda ako Miss. Pero wag mo muna ako titigan, mamaya na pag tapos na akong kumain" makatingin kasi sa akin parang gusto akong lapain.

Puro sila laptop ni Ziallyn, mag pinsan nga sila.

Tahimik lang akong kumakain habang s'ya abala sa kanyang work.

"Miss" tawag ko habang ngumunguya. Hindi naman ako nito pinansin.

"Miss, sabe ni Peter pan kapag nag isip ka ng maganda makakalipad ka. Bat noong inisip kita ay nahulog ako" sabi ko na ikinatigil n'ya sa kanyang ginagawa. Nakayuko lang ako at abala sa kakasubo ng pagkain.

"Are you saying I'm not pretty?" Napaangat ako ng tingin sa kanya at nakitang nakataas na ang kilay nito at naka crossed arm na, habang nakasandal sa swivel chair.

Muntik tuloy ako mabulunan.
Ang ganda at talino nga, slow naman sa banatan.

"H-ha? May sinasabi ba ako? Kinuha ko agad ang baso ng tubig at ininum.

"So?" Ay hala naghintay s'ya sa sagot ko?

"So?" Balik ko sa kanya.

"Maganda ka Miss-"

"I know" putol n'ya sa sabi ko.

"Ubod nga lang ng suplad--" I heard her hissed kaya napatigil ako. Totoo naman kasi daig pa nila ni Ziallyn ang may PMS.

"Ma'am do u have a pencil?" Busy na ulit sa laptop n'ya. Sanaol

"Why? Are you done eating?"

"Hmmm I'm thinking" sagot ko habang nilalantak ang manok.

"Of me?" naubo ako bigla, yawa! Hala s'ya ang kapal ng mukha. Nahulog tuloy ang manok na hawak ko!

"No." palihim ko lang syang inirapan.

"Then what?" sinilip ko muna ito bago ulit kumuha ng manok.

"Thinking if I'm gonna erase your past and draw our future" mas straight pa kaysa sa flagpole kong pagkasabi. Himala at hindi na ako gaano nauutal sa kanya.

"I'm not interested"cold nyang sagot. Na double kill ata ako today. Saet.

Hanggang pangarap ka nalang Sj

"Ma'am ngayon ko lang to nalaman may mga anak pala ako" better to change the topic.

"What?!" Napalundag ako sa gulat. Sumigaw ba naman ng napakalakas.

"Miss naman. Papatayin mo ba ako sa kaba?" Sabi ko habang hawak-hawak ang dibdib. Pero charot lang yun

"Y-You, what?"

"Sabi ko po ngayon ko lang nalaman may mga anak pala ako" natatawang sabi ko, gage kasi yung reaction n'ya nakakatawa.

"Are you serious?" Kunot noo nyang tanong.

"Opo" nilunok ko muna ang pagkain bago ulit nagsalita.

"Kasi po, I just heard that mosquitoes need to suck your blood because they need it in order to procreate, which means your DNA runs through mosquito babies which makes you their parent." dire-diretso kong sabi habang focus lang pakpakin ang manok.

Sa tiktok ko lang din nakuha source n'yan. Baka maniwala si Miss ?

"Oh gosh!" Bulaslas n'ya at ginawang pamaypay ang dalawang kamay. Nagiging kamatis na ang mukha n'ya.

"Eh tayo Miss?" Asarin ko nga. Pambayad sa pagkain na pinakain n'ya sa 'kin

"What us?" Mataray nyang tanong.

"Tayo?"

"Yeah so what about us?!" she exclaimed lmao.

"Nagbebenta kasi ako ng sd card. Baka gusto mo gumawa ng memories together?" Pigil na pigil na 'ko sa pagtawa kasi sobrang pula na ng mukha n'ya sa inis. ?

"Miss okay lang naman po kiligin, wag mo na po pigilan." hindi talaga sya nagsasalita at ayaw nya rin ako tignan. Todo paypay parin sya sa kanyang mukha kahit naka aircon naman?

"A-BA-DA E GA HA I LA" naging mute na ata tong kausap ko. Kaya kanta muna tau

"A BA DA E-"

"Shut up!" gigil na sabi n'ya.

"Why?" Tanong ko.

"You missed KA" pagtatama n'ya sa akin sabay paikot ng mata.

"Opo kulang talaga pag wala KA" diniinan ko talaga ang word na KA at mukhang na gets naman n'ya. Ang sama na ng tingin n'ya sa akin at parang nanggigigil na s'ya. Pati yung tenga n'ya namumula na haha.

"Miss ku-"

"Tangena!" Nagulat ako kaya nanlaki ang mga mata kong napatitig sa kanya. Gago ang lutong n'ya mag mura at ang expensive pakinggan.

"Miss alam mo ang sexy mo pala mag mura" ang sama na talaga ng tingin n'ya sa akin pero gusto ko talaga syang asarin pa lalo.

"Ay miss nagtatagalog ka pa-" biglang may lumipad sa mukha ko na isang purse bag. Yawa!

"Aray naman Ma'am! Bakit mo naman tinapon sa mukha ko tong bag mo. Ang sakit ha" reklamo ko sa kanya habang hinihimas ang ilong ko. Ang sakit kaya non. Hindi parin ito nagsasalita at masama lang akong tinitingnan.

"Okay lang naman kung tapunan mo ko Ma'am eh pero sana next time yung sarili mo na ang itapon mo okay?" Nakangisi kong sabi sa kanya at kinindatan s'ya.

Namumuo na naman ang pagkapula sa mukha n'ya at aksyon na sanang pupulutin ang isang platito na nasa gilid n'ya kaya mabilis akong tumayo at lumayo sa kanya.

"H-hoy Ma'am! Masakit yan ha. Pag ako talaga natamaan nyan..." Napalunok nalang ako dahil sa tingin n'ya na parang kakatay na talaga ng tao.

"Ma'am ikaka galit ba ni Mike En--" Hoy tangena! Binato ba naman sa akin ang platito! Buti nakaiwas na ako. My gosh! Mas malala pa pala s'ya kaysa don sa isa.

"Ma-" aksyon na sana s'ya ulit dudukot ng kung anong bagay, kaya mabilis pa sa alas kwarto kong binuksan ang pinto at dali-daling lumabas ng office n'ya.

But before I step out narinig ko ang sinabi n'ya.

.

"Stupid Jane"

CHAPTER 13

-

"Shara Jane De La Fuente!!"unang araw ng linggo, ay bunganga agad ni keyboard ang tuluyang nagpagising sa umaga ko. Sa lakas ng boses niya ay nailayo ko ang phone, ang sakit niya talaga sa tenga kahit kailan.

"**Hmm."** ungol ko at nagkusot ng mata. Pagod na pagod kasi talaga ang katawan ko dahil sa maghapon na practice kahapon. Scammer talaga si coach, sabi hindi na kami kasali sa practice kahapon.

"What the fck babe?! Did you just moan?! It's too early for sex!" saad n'ya na parang naiirita na. Anong sex sinasabi nito e kagigising ko lang, kung anu-ano nalang talaga ang naiisip ng babaeng 'to.

"Keyboard stop shouting. And pwede ba? Wala nga akong jowa anong sex sinasabi mo d'yan! Kakagising ko lang. Salamat sa'yo ha" sagot ko sa kanya habang nag e stretch ng katawan ko.

"Asan ka na ba? Anong oras na oh! Matatapos na opening ceremony at wala ka pa rin!" Aga naman nito uminit ang ulo.

"Kakasabi ko lang na kakagising ko lang diba? Sa tingin mo asan ako? Nasa mall nag fafashion show?" Sa kanilang tatlo bakit itong si Kb pa ang tumawag, ang hirap paintindihin.

"**Dalian mo na d'yan!"** aba't binabaan ba naman ako ng tawag.

Nanatili muna ako ng ilang minuto bago tuluyang bumangon at naligo.
Ano kaya magandang gawin today?
5days pala festival sa PU unlike sa old school ko namin, 3days lang. Mas okay na rin tong sa PU kasi isang linggo talagang wala kang poproblemahin na mga assignments.

Wala ulit parents ko at may business trip na namang pinuntahan. Buti nalang at sinasama na ni Daddy si Mommy ngayon unlike before, lonely kasi masyado mother sa tuwing wala ang ama ko.

Simple lang ang suot ko, naka oversize white polo shirt lang then naka tucked in sa black ripped jeans ko at naka white shoes. Pagkatapos ko mag ayos ay umalis na rin ako, tinatadtad na ako ng mga chats ni Kb jusko. Pagdating sa school halos wala na ako makitang bakante sa parking area sa daming mga kotse, pero pinagpala at may nakita akong bakante.

Kasalukuyan ko tinatagak ang daan patungong kissing booth, nandun na raw kasi silang tatlo at dun nalang daw ako dumiretso at nasa hallway palang ako pansin ko na ang napakaraming tao.
Open for outsiders din naman kasi kaya normal lang talaga na maraming tao ang dadagsa lalo na't sikat ang paaralan.

Ang daming tao sa open field at puno ng iba't-ibang booth, pagtanaw ko sa department namin ay maraming naka linya? shuta, mapapasabak yata mga mukha nila sa daming gusto humalik. Kawawa naman tropapeeps ko, pasalamat nalang talaga at di ako nasama sa kanila.

"Babe!" salubong ni keyboard at yumakap, daming tao nanghahalik bigla. Kaya palagi kami napagkakamalan may relasyon dahil sa mga kilos ng babaeng to, sobrang clingy at malambing masyado.

"At bakit late ka Sj?" Salubong na tanong agad ni Ag. Bakit? Dapat ba agahan ko? Wala naman akong activity na gagawin today since sa friday pa naman lahat.

"Late nagising, grabe ka Ag, hindi ko inaakala sasali ka sa ganito." hindi naman kasi siya mukhang interesado sa totoo lang.

"Naknampucha, dumami mga nakapila." biglang sulpot ni Iris at itinuro ang mga tao. Ou at tama nga siya, bakit dumami sila?!

"Baka dahil sayo babe?" nangilabot ako bigla sa sinabi ni kb, di nga ako kasali jan eh.

"Ako? Kung may binabalak kayo, wag nyo balakin at baka magkagulo lang tayo. Kailan pala magbubukas kissing booth natin?" tanong ko.

"10am daw." sagot ni Ag,

"Alam nyo ba na action house ang sa archi?" sabay kaming lahat napalingon kay Iris, meron pala non?

"Hindi nga?!" Napasigaw tuloy ako ng wala sa oras amp.

"Ou, gulat nga ako kanina nong napadaan ako sa area nila." pwede pala yun dito? Diba bawal yun?

"Pwede ba yun?" Tanong ko sa kanya

"Actually hindi, but since nag appeal sila at sinabing ang makukuha pera sa auction ay edo-donate nila sa charity kaya pinayagan sila." paliwanag ni Ag, hmm, hindi na rin masama at malaki ang tulong na magagawa nila kung totoo man yun.

First time ko talaga ma experience to sa school, ang auction house.

"Maganda yan ha, punta tayo later." sabi ko na ikinataas naman ng kilay ni Ag. Bakit bawal ba students?

"Gusto mo ba mabenta?" Mabilis na sagot ni Iris na ikinagpataka ko.

"Yeah, kung ako sayo babe ay hindi ako magpapakita sa mga taga archi. Ang balita ko random students ang dadamputin nila." babala ni keyboard. Sus, ako tinakot nila? sa daming students dito ay malabong mapili ako.

"Kung ako sayo Sj, magtago ka nalang hanggang matapos ang auction." inikutan ko ng mga mata si Ag, tago-tago pa, para saan? as if naman no.

"Girls! Let's start!" naputol ang usapan namin dahil tinawag na sila ni Angie, goodluck nalang sa kanila.

"Goodluck sa inyo mga tanga, enjoy the kissing booth." paalam ko at pumasok sa malaking tent namin.

Akala ko walang tao dahil busy lahat sa labas, hindi ko naman inaasahan na makikita ang demonyeta rito.

"Hello, Zi, bakit nandito ka? Akala ko ba busy kayo sa pag monitor?" marahan niya sinusuntok ang balikat, ano ginawa ng babaeng to at mukhang pagod siya.

"Ja," shuta, pati boses nakakakilig.

"Anong ginawa mo at mukhang pagod ka? Ako na, tulungan kita." inalis ko ang kamay at pumuwesto sa kanyang likuran bago marahan minasahe ang balikat ni Ziallyn,

"Are you okay?" bakit ako tinatanong niya ng ganyan? Lutang ba tong demonyo na to?

"Ha?"

"I thought you were going to catch a cold." oh, dahil ba basang-basa ako kahapon sa ulan?

"Nah, okay lang naman at hindi ako mabilis magkasakit. Late ako nakarating kaya di ko naabutan opening speech mo kanina." bakit ba ako nagbibigay ng update sa kanya? As if naman may pakialam siya.

"Are you ready for your battle on friday? How confident are you that you'll win?" she asked with a serious tone, her face not showing any signs of amusement or sarcasm.

"Sus, ou naman, kami pa? pag kami lumaban hindi kami nagpapatalo. Gusto mo pustahan pa tayo eh." pagmamayabang ko sa kanya, pero totoo naman lahat ng sinabi ko.

"It's settle then, I'll grant you a wish if you win, but if you lose, you'll do everything I ask." langya, di ko inaasahan papayag siya sa pag alok ng ng pustahan. Mas lalo tuloy akong kinabahan, dapat manalo kami para mapaamo ko tong demonyeta na to.

"Sige ba, usapan natin yan ha? walang bawian pag nanalo kami." she leaned back at tinignan ako sa mga mata. Nagtaasan ang mga kilay ko, hinihintay kung ano susunod na sasabihin ngunit hindi ko inasahan ang magandang ngiti na pinakita ni Ziallyn,

Shutangena, ang ganda!

"Deal." sambit niya.

Akala ko makakasama ko pa ito ng matagal pero biglang dumating si Cassandra, hinahanap siya dahil may mahalaga raw silang bisita. Sino yan? Lalaki ba yan? Gusto ko sana itanong pero wala na, lumayas na sila kaagad at naiwan akong mag-isa.

*

Kasalukuyan po akong tumatakbo ngayon mga kabayan para mailigtas ang aking sarili mula sa mga masasamang elemento. Hiinahabol lang naman ako ng mga k-klase ko dahil marami ang nag request sa akin sa kissing booth, kaya ngayon ay para akong wanted na tinatakasan sila.

Litsi! Buti nalang at nakatakas ako agad, maraming tao kaya mahihirapan sila na habulin ako. Hinihingal na ako sa kakatakbo. Shit! Saan ba ako pwede magtago na hindi mahuhuli! Kanina pa kaya nila ako hinahabol.

Think Sj! Think! Gamitin mo utak mo please lang!

Teka saan ba 'ko dinala ng mga paa ko. Luminga-linga ako at napansin kong nasa main building na pala ako. Diba dito ang office ni Ziallyn? Mabilis kong tinakbo ang hagdanan paakyat sa 3rd floor kung saan ang office ni demonyeta, para akong artistang hinahabol ng mga paparazzi tangena. Pagtungtong ko ng 3rd floor ay agad akong lumiko at sakto nakita ko si Ziallyn kasama ang mga kambal kaya mabilis akong lumapit sa kanila para sana humingi ng tulong at makapagtago.

"What happened to you?" halos matumba na ako dahil nanghihinga ang aking mga tuhod. Mamamatay na yata ako kakahugot ng malalim na hininga. Hindi man lang ba siya concern sa akin? Look oh, sad na ako.

Napahawak ako bigla sa dibdib at isang kamay ko naman sa tuhod. Feeling ko talaga mahihimatay na ako, kanina pa kami naghahabulan at gusto ko ng tubig!

"P-pwede ba?"

"What?"

"Ano hinahabol ako ng mga bad spirits Zi," sumbong ko sa kanya.

"What do you mea-" natigilan kami pareho dahil sa lalaking sumigaw.

"Sj! Guys! Andito si Sj!" tawag ng isang unggoy sa mga kasamahan nito.

"Shit!" At mabilis akong tumakbo upang takasan sila. Buti nalang may exit door dito sa kabilang side. Nakita ko pa ang mga nagtatakang mukha ng mga kambal bago ako tuluyan mawala sa paningin nila.

Mas binilisan ko pa ang pagtakbo pababa ng hagdanan, hanggang sa marating ko ang ground floor. Palinga-linga pa ako una kasi baka mamaya makasalubong ko na pala yung ibang classmates ko. Humarurot na ulit ako sa pagtakbo nong sa di kalayuan ay natanaw ko ang mga unggoy na kanina pa ako hinahabol. My God! dinaig ko pa action star dahil sa nagaganap ngayon, pinagtitinginan na rin tuloy kami ng mga nakakasalubong namin.

Bahala na kung saan ako dalhin nitong mga paa ko, basta matakasan ko lang tong mga unggoy na to. Takbo lang ako ng takbo hanggang sa may nakita akong pintuan, kaya mabilis ko itong pinihit at pumasok sa loob.

Tinakasan na talaga ng lakas ang tuhod ko, bigla akong napaluhod habang hawak ang doorknob at naghahabol ng hininga ko.

"Fuck!" Sambit ko.

"Miss De La Fuente!" Napaigtad ako bigla dahil sa singhal na narinig ko mula sa aking likuran.

Dahan-dahan kong pinihit ang aking ulo't katawan sa taong nagsalita. Bigla itong tumayo at dali-dali na lumapit sa akin. Wala na rin akong lakas para tumayo

"W-what happened to you?!" Hindi ko alam kung galit ba s'ya or nag-aalala e.

"What are..you doing...here Miss?" putol-putol na sabi ko dahil naghahabol parin ako ng hininga. Mas kumunot naman ang noo n'ya dahil sa tanong ko.

"It's my office so it's normal for me to be here" ay luh office n'ya pala to? Hindi ko na namalayan kasi sa sobrang pagmamadali.

"You.. What are you doing here? What happened to you? Why are you so pale?!" Sunod-sunod n'ya na tanong. Dami namang tanong nito.

"Miss isa-isa lang naman po-" sinamaan naman ako agad ng tingin.

"Actually hindi ko po alam na nandito pala ako sa office kasi takbo lang ako ng takbo hanggang sa nakita kong may pintuan kaya naglakas loob na akong buksan at pumasok kalahating oras din kami naghabulan Miss" Dire-diretso kong salita para isang bagsakan lang. Pwede na ako maging rapper.

"Who chased you? Your girls?" Taas kilay na tanong nito. Anong girls sinasabi n'ya, baka masasamang elemento pwede pa.

Napaupo na ako ng tuluyan at sumandal sa pintuan. Tumingala ako at wala man lang ka concern-concern sa mukha ang babaeng to. Kung alam ko lang na office pala ito ni ma'am ay sa malamang, hindi ko ito pinasukan.

"Girls ka dyan, mga k-klase ko Miss" pagtatama ko sa sinabi n'ya.

"Go back there, they might need your help. That's likely why they're trying to catch you." nakakatampo naman tong dragon na yo, aala ko pa naman tutulungan nya akong makapagtago.

Bumuntong hininga muna ako bago pilitin ang sariling tumayo. Nangangatog pa mga tuhod ko litsi! Hindi man lang ako tinutulungan ng babaeng to, apaka sama talaga ng ugali.

Binigyan ko s'ya ng isang tipid na ngiti.
"Yeah, sige, total sabi mo eh. Tutulungan ko nalang sila at hindi na magtatago." walang gana kong sagot.

"What is it?" Tanong n'yang naka halukipkip.

"Isasalang lang naman nila ako sa kissing booth Miss since marami ang nag demand sa akin" nagkibit balikat nalang ako at pipihitin na sana ang doorknob.

"What?!" Oh bakit naiinis na naman to

"Sabi ko po gusto nila ako isama sa line up nila keyboard. Gets na po ba Miss?" pagklaro ko,

"Alis na po ak-"

"No" ano raw? Kunot noo ko naman s'ya tinignan.

"Gulo mo po"

"Did tou run away from them because you didn't want anyone to kiss you?" tatakbo at tatakasan ko ba sila kung gusto ko? Kaloka tong si Miss.

"Obviously miss, crush ko lang po pwede humalik sa akin" oh ba't ang seryoso na naman ng hitsura nito?

"Go sit in the couch" Napansin na n'ya rin siguro na nanginginig na tuhod ko. Mabilis kong tinahak ang couch at pasalampak na umupo at ipinikit ang aking mata.

Finally...kapayapaan.

"Here, drink this." napamulat ako at nakita kong may tubig itong inaabot sa anin.

"Thank you po, himala may initiative ka ngayon ma'am." nakangiting salita ko. Umupo ito sa kabilang

side na tapat ko lang.

"Why don't you want someone to kiss you, isn't that what you want?" ano yun? Insulto ba yun ha? Kailan ko sinabing gusto ko magpahalik kahit na kanino?!

"Fake news ka ma'am." sagot ko habang hinihilot ang gilid ng mata, sakit pota.

"Tatakasan ko ba sila kung gusto ko. Hindi pwede nga po, crush ko lang pwede humalik. Period!" Inaantok ako, napagod ata ako kakatakbo mga lokong yun. Sasakalin ko talaga sila mamaya.

"So... Who is he?" ba't ang dami nyang tanong?

"Her" pagtatama ko. Tusukin ko yang pwet mo eh.

"Who?" Si Ziallyn at Ikaw pero syempre 'di ko sasabihin baka lumaki ulo mo at pag tripan na naman ulit ako.

"Secret." tipid kong sagot. Oh bakit natahimik? Wala na syang tanong? Buti naman.

"My name isn't secret" napaigtad ako at napabukas ang mata na lingunin s'ya pagkatapos sabihin yun.

"Yabang, saan mo natutunan mag joke miss?" lumalaki na rin ulo niya at nagiging makapal ang mukha ha.

Bigla kong nasilayan ang pag ngisi sa kanyang labi . Ayan na naman yang nakakamatay na ngisi n'ya. Sarap e bulsa.

Ramdam ko ang pag init ng aking magkabilang pisngi, kaya agad akong sumandal at ipinikit muli ang mga mata. Baka pag tripan ako nito pag nakahanap sya ng pagkakataon kaya ako na ang iiwas, nakakasama sa puso yun.

Feeling ko nakatingin sa akin ang kanyang mga mata. Kaya nanatili akong nakapikit. Ayoko salubungin ang mapang-akit n'yang mga titig at sobrang delikado yun.

"Miss stop staring at me" gusto ko sana umidlip pero di ako comfortable dito sa katabi ko. Hindi naman umimik ang dragon.

Bakit nasa tabi ko na siya ha? Parang kanila lang nasa tapat ko pa siya.

"Ma'am, pwede po ba umidlip? Masakit ulo ko at inaantok." Ganyan na ba kahirap sagutin ang tanong ko at hindi nya ko sinasagot?

"Miss ano ang gagawin mo pag ni reject ka ng taong gusto mo?"

"Nothing, I can't force myself on someone who doesn't like me" ay hala sumagot. Akala ko dededmahin na naman ako e.

"Ah, ganun ba, sabagay at may point ka naman po. Mahirap nga naman ipilit ang sarili sa taong hindi ka naman gusto, mas makababuti nga lumayo nalang kaysa dahan-dahan mo papatayin ang puso sa sakit dahil nanatili ka pa sa taong alam mo naman na wala kang pag-asa." ano ba pumasok sa isipan ko at naitanong ko sa kanya ang bagay na to?

"If the one I love is happy with another person, I will support her as far as I can, even if it hurst my own feelings." tagos masyado sa akin yun, pakiramdam ko tuloy parang nagloko girlfriend niya dahil sa mga pinagsasabi ni ma'am sa akin.

"Swerte nong girlfriend mo ma'am, kung ako sa kanya ay babalikan na kita. Hindi niya makita ang halaga mo, sus, agawin kita sa kanya e." pabiro kong sabi at mahinang tumawa

"Tired?" hindi niya pinansin sinabi ko. Tumango nalang ako, inaantok ako pero di ko magawa makatulog pag nandito pa siya sa tabi ko.

"Here." marahan niya akong hinila at sunod ibinaba ang aking ulo kaya tuluyan ako napahiga, naramdaman ko nalang ang malambot na legs ni ma'am. Gusto ko sana tumayo pero napahikab ako bigla sa ginawa niyang pagtapik sa aking ulo at hinaplos ako sa buhok.

Gustong-gusto ko talaga pag ginaganito ako, nakakapag-relax ang isipan ko at napapakalma ako. Siya lang yata ang gumaganito sa akin at aaminin kong gusto ko rin.

"Thank you, ma'am." pasasalamat ko, ang bango pa ng opisina niya kaya sa tingin ko mapapahimbing ako ng tulog nito.

Hmmm nilalamon na ako ng antok. Okay lang naman siguro kung umidlip diba? Wala naman sigurong problema...

.

.

.
"Sleep well Sha..."

*

Naalimpungatan ako dahil sa walang tigil na vibration ng phone ko. Bahagya ako nagbukas ng isang mata at nakita kung sino ang callcer, tumatawag na naman si Kb. Puro nalang talaga sya hadlang sa kapayapaan ko, sinagot ko nalang ito at pumikit muli.

"Babe!!!" Kita mo na, sigaw agad sasalubong sa akin.

"Wag ka nga sumigaw Keyboard, naka on speaker ako." walang gana kong sagot. Gusto ko pa matulog ang sarap at bango kasi dito.

"**Asan ka ba ha? Kanina ka pa nila lahat hinahanap! Ang daming nakapila para sayo! Si Angie kasi sabi n'ya maghintay lang daw sila."** tangena nilang lahat, ipapahukay ko na libingan nila.

"Kung gusto mabuhay ng matagal ay wag na nila akong hanapin at sumuko nalang sila. Disturbo ka, himbing ng tulog ko nanggigising ka." nasa exciting part na sana yung panaginip ko kung di lang naudlot.

Narinig ko naman itong tumawa, pero okay lang din. Pasalamat na rin ako sa kanila kasi kung hindi dahil sa kanila ay hindi ako makakatambay dito sa office ni dragon.

"Asan ka ba nagtago ha? nilibot na nila buong campus, ang last nila nakita kang kasama ay si

Ziallyn," tanong nya.

"**Sa asawa ko"**pagbibiro kong sagot.

"What!? Wala ka naman non, sino niloloko mo. Asan ka nga kasi? Nag lunch ka na ba? 1pm na." pagtingin ko sa relo ay 1pm na pala? gaano kahaba naging tulog ko? sabi kong iidlip lang eh.

"Ang kulit mo naman keyboard, dinaig mo pa talaga si Mommy, ni hindi nga nag tatanong ng update yun." pero legit, ampon lang siguro ako ng parents ko kasi kahit hi? Hello? Kumain ka na? kahit mga ganung tanong lang sana ay wala!

"Until 3pm lang kami. Kawawa na tong mga mukha namin kung sino-sino nalang ang humalik! Ang daya mo nagtatago ka. Dapat andito ka rin eh." parang kanina lang ayaw nya akong ma sama sa kanila tapos ngayon gusto na nya akong sabayan sila. No way.

"**Paalam ka sa asawa ko"**diretso kong sagot.

"**Which?"**langya maka which naman to. Ginogoodtime lang e, bilis maniwala amp

"Si secret. Kilala mo? Kung hindi wag mo na kilalanin. Tigilan mo nga ako, ayoko sumali dyan. Mahal ko pa naman ang buhay ko keyboard. Tawagan mo 'ko pag tapos na kayo at pupunta agad ako d'yan"sakto 3pm hmm so 2hrs pa ako makukulong dito sa office.

"Pero seryoso san ka nagtatago ngayon?"ulit na tanong na naman n'ya.

"Paulit-ulit ka Kb alam mo ba yun? Ilang beses ko uulitin sayo na kasama ko asawa ko! Sabihan mo yang si Angie na kasal na ako litsi. Bahala ka d'yan" naiirita ako.

Instead na mag enjoy ako kasi festival hindi ko naman magawa dahil sa lintik na kissing booth na yan.

"**AHHAHAHAHAHAHA libre naman mangarap. Okay lang yan babe, nandito naman ako lage for you mwua"** landi talaga nitong babaeng to.

"Manahimik ka. Napakalandi mo." pinatay ko na ang tawag, sapo-sapo ko nalang ang boo dahil sa pinagsasabi ni keyboard,

Bumangon na ako at laking gulat ko nalang nong mapatingin ako sa table ni Ma'am.

Nandito pala s'ya?! Tapos may kaharap na babae na sa tingin ko ay nasa 28? Kamukha n'ya eh kapatid n'ya?

Pero pota naalala ko na naman mga pinagsasabi ko kay Kb! Lintik ka talagang keyboard ka mamaya ka talaga sa akin.

Para akong na estatwa sa kinauupuan ko. Dalawang babae na ngayon ay nakamasid sa akin, si Miss naman seryoso lang ang mukha habang ang isa naman ay nakangiti. Pero yung pilyang ngiti ha.

Sa sobrang hiya ay nag-iwas ako ng tingin at yumuko. Ramdam ko na ang pag-init ng buong katawan ko pero mas sobrang init ata ang sa mukha ko.

Mariin nalang akong napapikit kasi hindi ko alam ang sasabihin ko. Ang lakas pa nang usapan namin ni Kb kanina tapos andyan pala silang dalawa. Hindi man lang sila gumawa ng ingay para namalayan ko

agad, nakatalikod kasi yung ulo ko sa table ni Miss kaya hindi ko agad sila napansin.

Ang buong akala ko ay ako lang talaga mag-isang naiwan dito. Kainis naman tong si Dragon! Mamaya aasarin na naman ako n'yan tamo.

"Hindi ko alam na kasal ka na pala Pixie" bigla akong napapigil hininga pagkarinig ko sa nagsalita. Sa gulat ko ay napatingin ako sa kanya na ngayon ay nakangiti sa akin.

"A-ah g-good afternoon po Ma'am" langya yung boses ko nanginginig.

"A-ano po kasi. J-joke lang po yun kanina Ma'am k-kasi" bwesit na dila yan hindi matuloy-tuloy sa pagsalita.

"Yung mga k-klase ko kasi po, hinahanap ako para ipalapa dun sa kissing booth" yumuko ako ulit at napapikit nalang dahil sa sobrang kaba at hiya.

Narinig ko naman itong mahinang tumawa, may nakakatawa po ba ma'am?

"You're funny" luh ginawa akong Joker?

"A-h hindi naman po, slight lang" sabay kamot sa batok ko.

"I like your student Pix" nakangiting saad ni Ma'am. Hindi naman umimik ang dragon.

"M-Ma'am b-bata pa po ako, pero tanong lang p-po. Magkapatid po kayo?" Seryosong tanong ko pero tumawa naman ito. Luh may nakakatawa ba ron?

"Oh god! See? I told you,mag kapatid talaga ang tingin nila sa atin anak haha" Mukhang nagulat pa ito dahil sa tinanong ko at bumaling kay Miss Pixie habang tumatawa.

Ngunit mas nagulat ako at nanlaki ang mga mata kong napalingon sa kanila. Anak?!

"A-anak!?" Nakatulala lang akong pinagmasdan sila at bahagyang nakanganga.

"I'm Pixie's mother" agad naman akong napatayo at bahagyang iniyuko ang ulo as a sign of respect.

"S-Sorry po, ang bata nyo pa kasing tignan kaya akala ko kapatid lang kayo." shit, nakakahiya talaga, bakit naman kasi walang nagsalita o hindi kaya tumikhim man lang kanina sa kanilang dalawa? gusto ko nalang maglaho bigla, anong kagaguhan ang pinakita ko sa mama ni ma'am.

"Nakakatuwa naman ang batang ito. Ano pangalan mo iha?" tanong ni soon to be mother-in-law, charot.

"S-Shara Jane po." mahina kong sagot.

"Kamusta ang anak ko bilang professor?" ano to? interview? seryoso ba siya at ngayon pa nagtanong ng ganyan.

Napalingon ako sa direksyon ni dragon, nakahalukipkip ang mga kamay habang hinihintay ang sagot ko sa tanong ng kanyang ina. Mamaya ka sa akin, gagantihan talaga kita drahona, makikita mo.

"Okay naman po si ma'am, mainitin nga lang ang ulo pagdating sa akin." sabi ko at napaisip bigla ?

Muli ay tumawa ang kanyang ina, ang saya naman ng mother niya habang ang anak nito ay nandidilim na ang ekspresyon sa mukha. Bakit? Totoo naman sinabi kong mainitin ulo niya pagdating sa akin ah.

"I didn't expect may paboritong student ang anak ko." duda ako kaya itinuro ko ang sarili, ngumiti ang ginang at tumango. Wee? Ako? Paborito ng anak niya? When?

"Hehe, sa sobrang paborito po inangkin niya akong girlfriend." nagpapaka honest lang ako dito ha. Itong in-law ko hindi na natigil sa kakatawa, good sign na ba yan at hindi siya against sa babae sa babae?

"Totoo po yan lahat ma'am, tanong nyo po anak ninyo. Sa akin lang din nagsusungit si ma'am Pixie, habit na nga niya lagi akong kaladkarin eh." sumbong ko bago kumuha ng tubig para ibigay sa kanya dahil halos hikain na siya sa kakatawa.

"God, nakakatuwa batang ito."

"Don't mind her, mom," sus.

"Natutuwa ako sayo Shara, just call me Tita okay?"ngiting saad n'ya.

"Yes Mommy" ay langya biglang nadulas kong sabi. Natampal ko nalang ang noo ko dahil itong bibig ko wala talagang filter minsan kung magsalita.

"My God, hahahaha I like this one." maluha-luha na ang ina ni ma'am kasunod ang pagturo sa akin. Aw, plus points tayo kay mother.

"I didn't expect may taong magpapatawa ulit sa akin ng ganito. May naaalala ako sayo."

"Takas na payaso po kasi ako Tita" sagot ko agad sa kanya.

"Tita now? I thought Mommy?" Nanlaki naman ang mata ko dahil sa sinabi n'ya. Ang lakas din pala sumabay sa joke 'to e.

"A-ahm Tita w-wag po, gusto ko pa po magising bukas. Joke lang po yun hehe" sabay kamot sa kilay ko.

Ang kapal talaga ng mukha mo Sj.

Itong dragon naman na 'to literal na naging spectator lang. Sarap talaga anuhin e.

"Sige po, labas na po muna ako para makapag-usap kayo ng payapa ni ma'am." excuse ko sa kanila.

"Where are you planning to go?" Hala nagsalita. Kanina tahimik lang tapos ngayon magsasalita? Buang talaga to.

"Miss naman ayan ka na naman sa pagiging bingi-bingihan mo, kakasabi ko lang nga na lalabas lang ako para makapag usa--" napalunok ako bigla. Ang sama makatingin parang gusto manakal. Si Tita naman tawa lang ng tawa amp.

"S-Sa labas lang po, sige po." yikes, makatakas na nga.

Ang ganda ni mommy nya ha, buong akala ko talaga kapatid lang sila e. Ilang taon na kaya yun? para kasing nasa late 20's lang talaga ang beauty niya.

Napaka opposite naman ng mga ugali nilang dalawa. Yung Mom n'ya palangiti at feeling ko malakas din sumabay sa kalokohan, samantalang yung anak naman n'ya ay ubod ng kamalditahan. Saan kaya nagmana si Miss? Baka sa Papa?

Habang nag mumuni-muni, biglang bumukas ang pintuan at iniluwa ang dalawa.

"Oh, you're still here." saad ni tita nang makita akong nakatayo lang sa gilid ng pinto.

"O-Opo, hindi pa rin kasi ako pwede umalis, baka po makaladkad ako ng mga paparazzi ko." feeling artista lang.

"Alis po kayo?" Binalingan ko si Miss

"Pwede po dito muna ako? feeling ko kasi mas safe ako pa dito ako nagtago kasi office mo to." paghingi ko ng permiso sa kanya, wala naman magbabalak pasukin opisina niya liban nalang siguro kay Ziallyn na biglang susulpot.

"Oka-"

"Nag lunch ka na ba iha?" amp, di man lang pinatapos anak niya sa pagsasalita.

Ay hindi pa pala ako nag lunch pero hindi pa naman ako ganun ka gutom, kaya okay lang siguro kung mamaya nalang ako kumain.

"Hindi pa po, mamaya na ako kakain. Himdi rin naman po ako gutom." ngiting sagot ko sa kanya.

"Sumama ka na sa amin." kaagad ko tinanggihan si tita pero nagpumilit itong isama ako kaya wala akong nagawa kundi ang sumama sa kanila.

*

Nandito kami sa restaurant ni dragon, abala sa usapan ang mag-ina habang ako tahimik lang sa gilid. Napansin kong nasa malaking table kami nakaupo e tatlo lang naman kami?

"Oh, they're here." sabi ni yita at may kinawayan sa likod ko kaya lumingon na rin ako.

May mga babae na papalapit sa table namin at ang nangungunang dalawa ay sobrang gaganda. Habang hindi ko naman makita yung iba na nasa likod nila, ang tatangkad kasi nila at natatabunan yung nasa likod. Feeling ko nga mga model to e.

Pero nong makalapit na sila sa table ay, bigla nalang bumilis ang tibok ng puso ko..

Oh no, not again!

"Helen, Shirley!" tumayo si Tita at Miss upang batiin ang dalawa.

Using my peripheral vision ay kita kong nakatingin ang mga kambal sa akin. Sinulyapan ko si Ziallyn na ngayon ay hindi ko alam kung galit ba o hindi, dahil wala namang pinagbago sa expression n'ya.

Yumuko ako at lihim na napapikit dahil sa sobrang kaba. Tangena bakit ba ako nandito?

"Iha namumutla ka, are you okay?" Biglang tanong ni Tita kaya napaangat na ako ng ulo. Nasa akin na

lahat ang mga atensyon nila. Gusto ko nalang tuloy kumaripas ng takbo.

"A-ah o-po" kahit anong pilit ko na hindi mautal ay hindi ko naman magawa dahil sa nararamdaman na kaba.

"Who's this?" tanong nong Shirley ang pangalan.

"She's Shara, my daughter's student." pakilala sa akin ni tita,

"She's our classmate Mom" singit naman ni Annallyn. Oh it's their---oh wait Mom?! Ilang beses ba ako dapat magulat today?!

"Sj they're our Mommies" pagpapakilala naman ni Cassandra. Ha? Mommies? Dalawang ina?

"M-Mommies?"

Tumango naman ito.

"I'm Shirley Ponferrada, and this is my wife, Helen," nag aatubili akong tanggapin ang kamay nitio dahil sa hiya pero ayaw ko naman maging bastos na bata kaya nakipagkamay ako sa kanya.

"I-I'm Shara Jane po, classmate ng mga kambal at student ni Miss drag-I mean Miss Pixie po." langyang yan, muntik ko pa tuloy masabi dragon.

"Bakit nakatayo pa kayo? umupo na kayo." utos ni tita,

Ang katabi ko ngayon ay si Annallyn at Helari. Buti nalang at hindi ko katabi ang dalawang maldita at baka himatayin na talaga ako ng tuluyan dahil sa sobrang kaba.

"Bakit ka hinahabol kanina?" tanong ni Anna,

"Gusto kasi nila akong isali sa line up nila kb at ipalapa do'n sa mga customers kaya tinakasan ko sila kaso nga hinabol ako..." paliwanag ko sa kanya.

"So, the reason kaya ka nagtungo sa office kanina ay para magtago?" sunod na tanong ni Cassandra,

"Ou sana, kaso nga naabutan nila ako kaya ayun tumakbo na ako. Kalahating oras din kami naghabulan, pwede na gumawa ng action movie" sabi ko na nagpatawa naman sa kanila. Napapakamot nalang ako sa ulo.

"Saan ka nagtago?" sunod na tanong ni Helari, ano to? Interview sa harap ng mga parents nila?

"Sa office ni Miss Pixie tapos nakatulog. Pag gising ko nalang nandun na si Tita" agad na sagot ko. Nakita ko naman na tumaas ang kilay ni Ziallyn, problema nito?

"Tita?" Nagtatakang tanong ni Helari.

"A-ah e-"

"I told her to call me Tita. Magaan sa pakiramdam ang batang yan, nakakatuwa" nakangiting singit naman ni Tita. Nahiya tuloy ako bigla shit.

Alam n'yo yung feeling na para kang isang daga na napapaligiran ng mga pusa? Ou ako yung daga. Na gusto nalang tumakbo para lang makaalis dito, pero wala naman akong lakas ng loob para gawin yun.

Sinulyapan ko si Ziallyn na katabi ni Miss Pixie, inirapan lang ako nito. Ano na naman ginawa ko?

Napatingin ako ulit sa mga ina nila. Hindi parin talaga ako makapaniwala na mga Mommies na ito. Wala kasi sa hitsura nila tulad ni Tita parang nakakatandang kapatid lang sila e.

"Alam n'yo po ang gaganda n'yo at hindi mapagkakamalan na mga Mommies na kayo. Para lang kayong magkakapatid kung tignan. Nakakagulat lang kasi tapos ang gaganda pa ng mga creations n'yo. Kaso nga lang po hindi ko alam kung saan nagmana ang ugali nong dalaw--". Napatigil naman ako bigla sa pagsasalita sa walanghiya kong biglaang litanya sa harap nilang lahat. Bakas sa mga mukha ang pagkagulat at kahit ako mismo ay nagulat sa aking mga nasabi.

Tangena mo Sj. Yang bibig mo talaga walang filter!

Ang sama na ng mga titig nong dalawa kaya agad ako nagtakip ng bibig para hindi na ulit makapagsalita. Napayuko ako dahil sa sobrang hiya, lakas ng kabog nitong puso ko. Nanlalamig ang buong katawan ko at kahit hindi ko man harapin ang salamin, alam kong namumutla na ang mukha ko.

"Well, I guess you're right, Irene," mahinang tawa ni tira Shirley, ou, tita na agad.

"Ganunba kami ka bata sa paningin mo Shara?" tumango ako sa tanong ni tita Helen, totoo naman kasi

"O-Opo m-ma'am, walang halong biro po yan." agad na sagot ko.

"Drop the Ma'am, call us Tita. Hindi naman pwedeng si Irene lang ang tawagin mong Tita" at sa muling pagkakataon ay nanlaki ang mata kong tinignan ang mag-asawa.
Seryoso sila dyan?

Hindi ba aangal sila Ziallyn? Ano parang Pixie lang? Walang objection your honor na magaganap?

"Mommy po ayaw n'yo?" Biglang tanong ko. Yawa talaga tong bibig ko, hindi ko na mapigilan ang sinasabi.

Tumawa na naman ulit ang mag-asawa at kasama na rin si Tita Irene.

"J-joke lang po hehe" saan ko kaya nakukuha ang kakapalan ng mukha ko? Kahit kabado na ako ay nakukuha ko parin ang magloko. Jusko.

Biglang dumating ang mga pagkain na inorder ni Tita Irene kanina at napansin kong puro seafoods. Lihim akong napangiwi dahil lahat talaga seafoods. Hilig talaga nila ng mga ganito? Baka maging sirena na sila.

"My/Mom" biglang duet nong dalawang maldita kaya napatingin kaming lahat sa kanila.

"Bawal siya sa seafoods." angal ni Ziallyn, oh, naaalala pa pala niya.

"Really? Sorry hindi ko alam." na guilty tuloy ako, pwede ko naman kainin yan ey.

"What do you want to eat?" tanong ni ma'am Pixie,

"A-Ah, it's okay po, may dala naman akong gamo-"

"No!" Diin na sabay na naman nilang pagsalita. Oh okay? Whats new. Hindi nalang ako kumibo, mahirap na kumontra sa mga demonyo.

Kung pwede lang talaga tumakas nalang dito ay kanina ko pa ginawa.
Nakatakas nga ako sa mga k-klase ko, pero wala naman akong takas pagdating sa dalawang demonyetang to.

Nag survive naman ako sa late lunch namin kahit na parang patayin na ako ng tingin ng dalawang maldita. Para lang akong assistant ng mga models na rumarampa sa pedestrian kasama tong mga kasama ko, pinagtitinginan na nga kami ng mga tao.

Makakita ba naman sila ng mga anghel na naglalakad sa kalsada. Ou naglalakad lang kami kasi diba nga tapat lang ng PU yung restaurant ni dragon. Pagtapak palang ng gate ay may sumigaw na agad sa pangalan ko kaya napalingon kami.

"You're Shara Jane right?" Naniniguradong tanong ng lalaki na may kasama pang 4 na kalalakihan.

"Y-yes?" Naguguluhan kong sagot.

Bigla nalang hinawakan ang magkabilang braso ko ng dalawang lalaki.

"What do you think you're doing to her?" Malamig na boses na singit ni Miss Pixie.

"Good afternoon, ma'am, nandito po kami para sunduin si miss Shara," magalang na sagot nito.

"And for what reason" Ziallyn said.

Langya! Ano to? Take 2 para sa movie na naudlot kanina? Bakit maypa dampot pa na nagaganap.

"Kissing booth na naman ba to?" iritado kong tanong, akala ko ba 3pm lang?!

"Hindi Miss, para po sa auction booth" nanlaki ang mga mata ko dahil sa sinabi n'ya.

"What?! Anong auction sinasabi n'yo?" Naguguluhan kong tanong. Pero may naisip na ako kung bakit but still, I want to know the reason kung tama ba yung iniisip ko.

Kumunot naman ang noo ng mga kasama ko. Parang pati sila ay naguguluhan.

"Every department po kasi may votings na ginawa. Kung sino yung may mataas na vote s'ya po ang isasalang sa auction" pagpapaliwanag ng isa sa mga lalaki.

"Seryoso kayo?! So, ako nanalo sa votings?" bakit wala akong alam? bakit ang dami kong hindi alam sa mga nangyayari? tangena.

"Yes, miss,"

"Sa dami ba namang student, bakit ako pa?" sana pala umuwi nalang ako kaagad pagkatapos kumain.

"So, ano mangyayari after e announce ang nanalo?" Langya di ko akalain na sa school pa ako mismo mabebenta.

"Date for a day miss." para akong nabingi sa narinig ko, date? Ano raw? Date?!

Hindi na ako nakapagsalita. Is this really happening ? Pati ba naman first date ko para sa future bebe ko ay mananakaw pa sa 'kin?

I heaved a sigh

"Salamat po sa lunch, alis na po muna ako, mukhang wala na ata akong takas sa mga to e." matamlay kong saad sa kanila.

"Kawawa ka naman Shara. Good luck!" Sabay tapik ni Tita Irene sa balikat ko

"Swerte naman ng mananalo sayo" sabi ni Tita Shirley at kumindat pa kaya nakatikim tuloy s'ya ng hampas kay Tita Helen.

Kasalanan talaga nila to e, kung hindi sana nila inaprubahan yung auction booth na yan.

Kaya pala nag warning na sila Kb kanina. Hindi naman kasi nila sinabi sa akin na mga students mismo ang isasalang sa auction na yan, akala ko mga gamit tsk.

Nagpaalam na ako sa kanilang lahat bago sumama sa mga lalaking pilit akong isinasama sa auction. Habang tinatahak ang daan patungong auction booth ay napadaan kami sa kissing booth. Nakita ko pa mga gulat sa mukha ng mga k-klase at kaibigan ko, inirapan ko lang silang lahat. Alam naman pala nila ang tungkol sa votings at kahit isa sa kanila wala man lang nagsabi sa akin. Mga traydor!

Dinala nila ako kaagad sa backstage dahil magsisimula na ang event.

"Babe!" Tawag ni Kb sa akin, sinamaan ko lang 'to ng tingin.

"Wag mo akong kausapin. Mga traydor kayo" walang gana kong sagot habang naka halukipkip ng kamay.

"Sorry na babe. May bet kasi kami" panunuyo ni Kb habang niyayakap ako. Ikinataas ko naman ng kilay ang sinabi n'ya

"Bet?!" Tama ba ang narinig ko? Pinagpustahan ako ng mga bruha?

"Hehe."

"At anong bet, ha?!" mamaya talaga silang lahat sa akin.

"Basta babe. Wag ka na mag tampo"

"Umalis na kayo dahil magsisimula na!" Bugaw ko sa kanya.

Nagsimula ang auction, hinihintay ko nalang tawagin ang pangalan ko para umakyat ng stage. May pa sash pa silang nalalaman, sarap itali sa leeg nila.

Ang taas ng mga bid nila ha. May umaabot pa sa isan

[Content truncated due to length]

CHAPTER 14

-

*** GIRLFRIENDS ***

KB
Kalat na sa buong campus yung nangyari kahapon sa auction hall.

IRIS
Biglang tinakasan ni Sj si Ma'am. Umuwi ba naman bigla kawawang ma'am ahahahaha

AG
Biglang sikat ah

KB
Sana pala pinaabot ko ng 100M yun.

AG
Baliw ka talaga keyboard

IRIS
Pag drop pa lang ni Ziallyn sa price na 10m trending agad eh HAHAHAHAHA

KB
Ang saya kahapon ?

IRIS
Babanat pa nga si Ziallyn sana kaso may lumapit sa kanya at bumulong. Baka nga kung hindi s'ya pinatawag ay magpapatuloy pa yung bidding ?

AG
Sj, gumising ka na.

SJ
Manahimik kayo, may kasalanan pa kayo sa akin. Alam n'yo naman pala na may votings na nagaganap. Hindi n'yo man lang talaga ako sinabihan!

IRIS
Sisihin mo yang si keyboard!

SJ
Isa pa yan. May pa bid pang nalalaman, saan ka naman kukuha ng 4.5million ha KB?

KB
Sa bulsa ko. Alangan naman sa bulsa mo. ?

SJ
Anong bet n'yo?

IRIS
Bet namin kung sino mananalo sa auction kung si Ziallyn ba or si Ma'am hahahaha

SJ
Oh? Saya n'yo naman? Pero magkano pustahan n'yo?

AG
10k lang ?

SJ
Sino pinili n'yong manok? Demonyo or Dragon?

KB
Demonyo tsk.

IRIS
Kainis nga natalo manok ko. Yung demonyo pft.

SJ
Ikaw Ag demonyo rin? Edi walang nanalo sa inyo. ?

AG
Doon ako sa Dragon ;) ez 20k.

SJ
Ay hala wow! Bakit kay dragon ka HAHAHAHA

AG
Malakas radar ko eh?

KB
Hoy babe! Halaka yung date mo kay Ma'am HAHAHAHAHAHAHAHA

SJ
E date ko s'ya sa kama?

IRIS
Apaka manyak mo Sj! Pero good behavior yan. Go lang! ??

KB
Punta na tayo campus para malibot na natin lahat ng mga booth.

AG
Nandito na kaya ako sa school.

IRIS
Ako rin! Nasa maid cafe?

SJ
Going pa 'ko. Medyo traffic, sige kitakits.

KB

Okay, me too, see ya ?

*

Totoo? May date kami ni ma'am? Sus, as if naman mangyayari yan pero ano kaya nakain nila ni Ziallyn kahapon para mag bid ng ganun kalaki na halaga ng pera? Gold na ba ako niyan?

"Babe!"

Maraming mga mata ang nakatutok sa akin pagdating ko ng campus, alam kong maganda ako kaya wag na sila magtaka. May mga lumapit din sa akin at nag congrats dahil nga kahapon. Yung iba naman nagtatanong kung kamusta date namin ni Miss e hindi nga nangyari o hindi pa?

Yung iba naman ang tawag sa akin Miss 30m like what the heck?. Tapos may iba rin tinatanong kung ano ang ginawa ko para maakit ang dalawang Ponferrada.

Seryoso ba sila sa mga sinasabi nila?
Maging maganda lang sila tulad ko, kung gusto nila mapansin sila nong dalawang maldita pero charot lang. I speny all night thinking kung ano ang dahilan nila para gawin yun, kasi hindi naman siguro sila maglalaban na dalawa kung wala silang kailangan sa akin, tama tama? minsan nalilito rin ako sa dalawang yun.

"Hoy, babe!"

"H-Ha?" sabog pa yata ako.

"Kanina pa kita tinatawag. Tulala ka d'yan? Iniisip mo ba si Demonyo or Dragon?" ang aga mang-asar, pag siya nagantihan magagalit.

"Manahimik ka, nag-iisip ako kung saan makakabili ng kape dito since closed ang cafeteria." Gusto ko sanang mag kape kaso nga ayun sarado nong pumunta ako kanina.

"May nagbebenta ba kape?" tanong ko sa kanya habang kumukuha ng mga litrato sa paligid.

"Ou meron, katabi lang ng photo booth. Punta ka na at sunduin ko muna si Iris sa maid cafe. Mukhang wala yatang plano umalis" sabi n'ya at lumayas na upang sunduin ang isa. Ako naman ay maghahanap ng kape.

Pumasok ako sa isang booth na hindi ko alam kung anong department, basta puro drinks lang kaso wala naman kape!

"One latte, please."

Mabuti nalang at may bakante pa na table sa pinakadulo near the window. Habang nagrerelax ay tinitignan ko ang mga kuha kong litrato kanina.

"Shara?" Tawag ng isang pamilyar na boses kaya napaangat ako ng ulo.

Sa dami ba naman na pwede makakasalamuha ay s'ya pa talaga.

"Hi." tipid kong sagot.

"It's been a long time, babe," hinawakan niya ako sa balikat. Ayan na naman s'ya sa pagiging touchy, at hindi ko parin nakakalimutan yung ginawa niyang pagtatangka sa party ni Ketwee,

"Ikaw lang mag-isa?" She asked.

"May nakikita ka bang hindi ko nakikita?" Bored kong sagot sa kanya.

"Wala, ikaw lang mag-isa" tawang sagot n'ya.

"Oh, edi ako lang mag-isa" kainis, kung alam ko lang nandito s'ya hindi na sana ako pumunta rito.

"Hindi mo kasama yung beast?" Nagtatakang tinignan ko s'ya. Sinong beast sinasabi nito.

"Beast?" Kunot noo kong tanong

"Yeah, that girl na pumasok sa rest room before." pumasok? Restroom?

"Si Ziallyn ba?" si Zi lang naman yung pumasok sa restroom.

"That's her name?"

"Yeah." makaalis na nga.

"Babe, hindi ko kasi makita si Ketwee. Pwede bang samahan mo ako?" She whispered seductively, nakakakilabot!

"Hindi pwede, magagalit asawa ko." sabi ko na ikinabigla n'ya. Lahat gagawin ko, mawala lang sa landas ko tong si Bern.

"Nah, ginawa mo na before yan. Hindi mo na ako maloloko" nakangiting saad n'ya at akma na namang yayakap sa leeg ko.

"Love." nanlaki ang mga mata ko sa boses na nagmumula sa likuran ko. Agad akong tumayo at hinarap ang babae na sobrang pamilyar ang boses sa pandinig ko.

Kahit na iba ang tono ng pananalita ay kilalang-kilala ko ang boses nito. Ito ang unang beses na narinig ko ang malambing niyang boses at anong tawag niya sa akin? Love?! Napanganga nalang akong pinagmamasdan ang babaeng palapit sa direksyon ko, am I dreaming?.

Her smile was like a sudden beam of sunlight illuminating the darkest corners of the room. Her beauty is intoxicating. My heart, are you still beating?

She's wearing a white off shoulder knots top na mas lalong nagpadagdag sa ka sexyhan n'ya isama pa d'yan ang perfect collarbone shape n'ya. A fitted skinny trousers and black stiletto. Tapos naka messy bun pa s'ya! huhu mommy why are you so sexy?

Hindi ba talaga ako nananaginip? S'ya ba talaga to? Nakangiti s'ya? Hindi ko man lang namalayan na nasa harapan ko na pala ito ngayon.

"Sorry for waiting. Hmm who is she?" ako ba tinatanong n'ya?

"Love, I'm asking you." napalunok ako nang mapagtantong ako talaga kausap niya at hinaplos ang

pisngi ko.

Shit lang na malagkit, ang bango naman ng dragon na to. Nanunuyot na ata lalamunan ko dahil sa kakalunok.

Yung puso ko, mas double ata ang bilis kaysa noong una kaming nagkaharap.

"Y-you.." My God! Why is she so freakin perfect!? This is illegal Miss Ma'am!

"Hmm?" And there again, showering me her beautiful smile.

"Y-your beauty led me off the cliff" she smirked seductively. Damn! I just want to stare at her all day.

She gently placed her left hand on my waist and right hand on my torso, before looking back at bern.

Napapatulala nalang talaga ako sa mga ginagawa n'ya. Sinong mabuting elemento ang sumanib sa kanya? Please lang kung sino ka man, wag mo na s'yang lubayan.

"Hi, I'm Bern and you are?" wag ka na umasa sasagutin ng dragon, mapapahiya ka lang.

Binalingan ako ni ma'am at mukhang hinihintay na ipakilala ko siya.

"A-ah this is my-"

"Her Girlfriend" I was shocked by her sudden words. Uy, shit! si miss ma'am bumabakod.

Ako yung nahiya para sa kamay ni Bern. Hindi kasi s'ya kinamayan kaya binawi nalang n'ya. ?

"A-ah yes, this is my girlfriend." malawak ang ngiti kong sabi sa kanya.

Thanks God for sending this dragon, I will be able to escape from this woman.

"Really?" Taas kilay n'yang sagot.

"Ye-"

"Let's go." hinila ni ma'am ang kamay ko at balak na naman kaladkarin kung saan.

"Baby yung kap-" I stopped talking because she's giving me her death stare. Bilis mag shift ng mood nito.

"One of your girlfriends?" Biglang tanong n'ya na ikinagulat ko.

"H-ha?" *Hakdog Sj. May jowa ka Sj? Girlfriends?*

"Wala kang taste" then she rolled her eyes. Ano na naman ba problema nito?

"So panget ka?"

"What?" kumunot ang noo nito kaya napatawa ako.

Some people are already looking at us. Hawak nya ang kamay ko and I don't think may plano s'yang

bitawan ito.

"Baby,' I called her, but she ignored me and just kept walking.

"Bab-"Huminto ito at nilingon ako. Balik na naman po s'ya sa pagiging pokerface.

"What?"

"Thank you for saving me" sabi ko at ngumiti. Inikutan lang ulit ako ng mata. Lumayas na ata yung elemento na sumanib sa kanya kanina.

"You know w-"

"No, I don't know." Paano mo malalaman kung binabasag mo 'ko? Sarap mo naman tampalin sa pwet.

"What I'm trying to say is. Your beauty literally blew me away" I can see her ear twitching kaya napangiti nalang ako bigla.

She quickly averted her gaze at nakita ko kaagad ang pamumula sa kanyang mukha. Tinatablan pala s'ya ng hiya?

"Miss, ililibre sana kita kaso baka ako yung gusto mo" maasar nga to, gamitin ko yung mga malulupit na banat na bigay sa akin ni tiktok.

"Hindi kita gusto" she answered quickly. Ouch! Pangalawa na yan ha.

"Ngee." cute ng accent niya ha.

"What now?" Taas kilay n'yang tanong.

"Nakakagulat ka ba naman kasi Miss, marunong ka pala mag tagalog?" Pigil tawa kong tanong. Kaya tinapunan na naman ako ng masamang tingin.

"Of course! What do you think of me?" She asked irritatedly. Haha cute

"Sige nga. Ano ang tagalog ng Expensive?" Ngisi kong tanong.

"Mahal" sabay irap, bakit na naman ba to nagiging dragon.

"Oh tama, tama. Ano naman ang tawag pag may bininta ka at binili?"

"Seriously?" mauubusan na ata s'ya ng pasensya sa akin.

"Okay so hindi mo alam ang tag-"

"Kita" I heard her hissed.

"Make it one statement"

"Mahal kita"

"Mahal din po kita" sagot ko agad habang pinipigilan ang sariling tumawa dahil sa reaction n'ya.

Ang priceless ng reaksyon nya BAHAHAHAHAHAHAHAHA.

Nagsisimula na naman mamula ang mukha n'ya. Ang late ng reaksyon, ngayon lang ata na realize ni dragon ang sinabi n'ya.

Pinagtitinginan na kami ng mga tao dahil nasa daan lang naman kaming dalawa. Tapos ako tawa ng tawa.

"Miss, you should've seen your face. It's priceless HEHE." natatawa parin talaga ako, kasi yung mukha n'ya kanina natulala nalang bigla e. Nag loading ata utak n'ya.

"Is it fun?"

"Yes yes" tango-tango kung sagot.

"Are you making fun of me?" Tanong ulit n'ya.

"Yes..I mean no!" kumunot ang noo nito dahil sa inis. I bit my lower to suppress my laughter.

"Not Funny!" yung boses mas malamig pa sa Mt.Everest. Patay tayo d'yan.

Kaya bago ko pa man masira ang mood niya ay ako naman ang kumaladkad kay ma'am upang dalhin siya sa HRM booth.

"Miss doon tayo."

"Where?"

"Ayun oh, sa HRM booth. Nag crave ako pudding e." sagot ko at nagpatianod naman s'ya.

Pag pasok namin naghanap kaagad ako ng table at pinaupo una si dragon.

"Miss, do you know what's on the menu?" Tanong ko sa kanya

"How do I know if you have the menu board?" Nasapo ko nalang ang ulo ko dahil sa sinabi n'ya, kaya tinaasan na naman ako ng kilay.

Minsan talaga iniisip ko kung babanat ba ako o hindi nalang, kasi ang slow pa naman n'ya lagi. Nginitian ko nalang s'ya at umiling.

"Miss, na reject ka na ba ng taong gusto mo?" tanong ko habang abala ito sa pagtingin ng menu.

"No, I've always been the one rejecting people." Napatango-tango nalang ako sa sagot n'ya.

Ang bobo naman ng tanong mo Sj, sino ba naman ang taong mag rereject sa dragon na yan? E fully package na yan.

"Eh ako ma'am, hindi mo gusto? Charot lang pero pakiramdam ko talaga may kulang sa buhay ko." mahirap ipaliwanag, wala naman problema sa akin pero basta may kulang talaga.

"If there's something missing in your life, that's probably me." I scoffed at hindi makapaniwala sa kanyang banat, tatawa ba ako o kikiligin? Shuta ka ma'am, may pa ganyan ka narin ngayon ha.

"Did you know that roses are red, and my face is too? That only happens when I'm around you." nagtaas siya ng ulo at isang kilay saka direkta ako tinignan sa mga mata, tangena hindi ko na kinaya at napayuko ng ulo dahil nagsisimula na akong makaramdam ng init sa mukha.

"Ma'am, nagiging flirty ka na." saway ko at inubos ang baso ng tubig.

"I'm not flirting, just being extra friendly to someone who is extra attractive." shit na malagkit na mga titig at ngisi yan, nakakalaglag panty ay puso pala!

"Nanalo ka lang sa auction nagiging matapang ka na." sumbat ko at palihim ngumuso.

"Then? Stop being attractive, it's distracting." oh, kasalanan ko pa pala ngayon kung attractive ako?

"Hindi ko naman kasalanan yun? Sabi ni mommy gusto nya pinaka the best para sa akin." kibit-balikat kong sagot.
Dumating na ang order namin, hinintay niya lang makaalis yung nag serve ng pagkain bago ulit magsalita.

"If your mom tells you she wants the best for you, she's talking about me." puno ng kumpyansang salita niya bago ako tinignan sa mga mata at bumaba sa aking labi. Di ko na kaya si ma'am, kailangan ko makakain para makaganti sa kanya yawa.

"Why are you suddenly silent?"

"Miss, according to philippine constitution 1987 article 3 section 12 paragraph 1. I have the right to remain silent" she let out a sigh then rolled her eyes. Amp maldita

"What are you?" Nag loading utak ko sa tanong n'ya.

"Your future wife?" agad na sagot ko.

"Asa ka" natawa na naman ako ng malakas kasi ang cute nong accent n'ya pag nagtatagalog. Sinamaan naman ako ng tingin.

"Selos ka nga kanina e" panunukso ko sabay taas baba ng mga kilay.

"Feeler"

"Awe tal-" natigilan ako dahil baka ibato sa akin ang baso na hawak, masakit yan at baka mawasak mukha ko.

"Maya na tayo usap ma'am, kain po muna ako." tahimik lang kaming kumakain, pansin ko kay Miss mahilig din s'ya sa mga matatamis. Same pala kaming dalawa, goods yan.

"Pudding ko po? Bakit w-"

"S-Si Miss Pixie ang gusto ko!" nasamid ako at sunod-sunod ang pag-ubo dahil sa babaeng sumigaw sa kabilang table na nasa likod ko lang.

Muntik ko pang mabugahan ng coffee jelly si Miss na ngayon ay nakakunot na ang noo. Sakto naman kasi na uminom ako tapos bigla nalang may sisigaw.

"Naku ma'am, anong pakiramdam makarinig ng confession?" mahinang bulong ko sa kanya.

"None?" grabe, bad ni ma'am,

Lumingon ako sa likod at kinalabit ang balikat ng babaeng nag confessed sa harap ng maraming tao. Nakatalikod kasi ito sa amin kaya di napansin na nandito lang pala ang babaeng gusto niya.

"Hey." tawag ko ay agad itong lumingon sa akin.

"Sya ba ang tinutukoy mo?" Sabay turo kay dragon na ngayon titig na titig sa akin.

Nakatanggap naman ako ng isang sipa mula sa ilalim ng lamesa. I know it's her kaya nagkibit balikat nalang ako.

Sa labis na gulat ng babae ay hindi nito alam kung ano ang tamang salita na sasabihin. Tapang nito kanina tapos ngayon na nasa harap na si dragon biglang umatras ang kanyang dila? Mahinaaaaa!

"Si ma'am? Gusto mo?" nag aalangan itong sumagot pero tumango rin.

"Naku Miss! Straight pa yan si Ma'am kaysa flagpole. Kung gusto mo ako nalan-" napaigtad ako dahil may sumipa na naman ng paa ko. Nakakadalawa na to ha, masakit kaya ang takong!

"Miss, ma'am, nakakadalawa ka na ha." babala ko sa kanya bago ulit ibinalik ang atensyon sa babae.

"Anong department kayo?" Tanong ko.

"HRM," di niya magawa matignan si dragon, paano niya nagawang mag confess e di nga kaya tignan sa mata ang babaeng gusto niya.

"I apologize, but my interest lies only in this woman and no one else." hindi lang sila ang nagulat dahil pati ako nagulat sa pinagsasabi ng dragon na ito. Ano nakain niya at ang landi niya ngayon ha?

Dahil sa napahiya ang babae ay wala na itong mukha maiharap at tumakbo palabas ng booth kasunod ang ibang kasamahan nito. Kawawa naman at harap-harapan ni reject ni dragon.

"Hindi ka ba marunong makontento?" Luh, sinasabi nito?

"Ha? Saan? Sayo? Ay inangkin mo na talaga akong girlfriend mo? Ikaw ma'am ha, may tinatagong pagtingin sa estudyante mo." wag natin ipahalatang apektado sa sinabi at baka lumaki ulo niya.

"Shut up, and eat." kita mo yan, magtataray na naman.

"Miss, don't move." sabi ko, may icing kasi sa gilid ng labi niya.

Mabilis akong tumayo upang abutin ang gilid ng labi niya at pinunasan ito gamit ang isa kong daliri. Walang table napkin at wala rin akong panyo na dala kaya daliri ko nalang. Hindi ko alam kung saan ipapahid at since galing naman sa labi ni ma'am ay buong tukso ko itong dinilaan sa harap niya.

"Hmm sweet" sambit ko pagkaupo.

"Miss, anong nangyari sayo?" tawag ko nang mapansin na tulala itong pinagmamasdan ako.

"W-What?" Ha? Kinakabahan siya? Yan ba epekto ng confession kanina o sa ginawa kong panunukso sa kanya?

"B'at nauutal ka dyan? Yan ba tama sayo pag may nag confess sayo Miss?" agad naman nagsalubong ang kilay n'ya matapos ko syang tanungin.

"*Shit*" pabulong na sambit n'ya pero narinig ko naman.

"Ha? May sinasabi ka po?" Kunyari hindi ko narinig.

"Nothing." nothing daw, edi nothing.

Gusto ko pa sama itong asarin pero ayaw ko naman mag aksaya ng oras kaya nagpatuloy nalang sa pagkain. Hindi na rin kami nagtagal sa loob at lumabas din kaagad matapos maubos ang mga pagkain, si ma'am lutang yata at kanina pa tulala.

"Babe, saan ka ba nanggalin-ay, hello ma'am." buti napansin niya kasama ko.

"Luh, may date kayo?" sunod na tanong ni Iris, date pala ginawa namin?

"Ewan ko kay ma'am, tinakasan ko lang si Bern dahil nakasalubong ko kanina." dahilan ko pero mukhang hindi sila naniniwala.

"Kaya pala hinahanap ka." sabi ni Ag,

"Sama ka? Maglalaro kami." aya ni Iris, pero may dragon akong kasama.

"Ikaw miss, sama ka?" tanong ko.

"No." tsk, kj.

May biglang sumulpot sa gilid namin and it's Bern. Again?

"Hi guys, saan kayo pupunta? Sama ako" nakangiting saad nito at hinawakan ang braso ko. Ay fc ka ?

"Sa palaruan, sige tara" tangena mo Iris. Sarap sakalin, alam na nga n'ya na ayoko kasama yan tapos ngayon aayain pa.

Napabuntong hininga nalang ako.
Hihilahin na sana ako ni Bern nang biglang magsalita si Dragon.

"Where are you going? We still have a date" sabay pwersa n'yang hila sa akin kaya nabitawan ako ni Bern. Muntik pa ko sumubsub sa dibdib n'ya.

Nakita ko naman ngumisi ang mga kaibigan ko. Luh? At ano sabi nya, may date kami?

"H-Ha? Diba sabi mo may work ka?"

"No, I don't have." kinaladka niya ako palayo sa mga nakangiting kaibigan ko at nakabusangot na mukha ni Bern.

Hindi pa man kami nakakalayo ng tuluyan ay bigla naman tumunog ang cellphone ko. Tumatawag si

Mommy kaya nag excuse muna ako at lumayo saglit.

"Hello, mom?" Tawag ko sa kanya

"Baby, may ginagawa ka ba?"

"Wala naman po mommy bakit po?"

"Sunduin mo 'ko dito sa airport, nauna na akong umuwi. Bukas pa uuwi ang daddy mo" eh? Akala ko isang linggo sila mawawala.

"Napaaga ata kayo ng uwi mom?"

"Hindi matutuloy."

"Sige po mommy pupunta na po ako dyan" sagot ko.

"Okay, ingat anak love you"

"I love you too bye." pinatay ko na ang tawag.

Pag balik ko ay may nakita akong lalaking kausap n'ya. Sino ba to? At bakit parang close sila, kasi kinakausap din s'ya ni dragon.

"Miss," tawag ko kaya napalingon silang dalawa.

"Ano po, aalis ako at ngpapasundo si mommy sa airport." paalam ko bago sulyapan ang lalaking nakangiti, saya ka bro?

"Okay." Ge lods.

Tsk, hindi ko alam pero ba't ako naiinis? Lalo na at parang linta kung makadikit tong lalaki. Lumayas na ako kaagad at nagtungo sa aking sasakyan, ikinagulat ko nalang ang biglang pagbukas ng passenger seat at pumasok ang babaeng kanila lang masayang nakikipag usap sa lalaki. Anong ginagawa niya? Ano? Sasama siya ha?

"Ano ginawa mo rito?" kunot noo kong tanong.

"Sasama ako." bakit sasama siya?

"Ay gusto mo ma meet future in law mo?" Bigla kong sambit na ikinalingon naman n'ya ngayon at nakakunot ang noo. Langya kang bibig ka.

"Ah eh, yung kausap mo po?" pag-iiba ko agad ng topic.

"What about him?" Nasa harap lang s'ya ngayon nakatingin.

"Wala naman" sabi ko bago binuhay ang makina ng sasakyan.

Tahimik lang kaming dalawa sa loob ng kotse, hindi naman awkward at wala ba balak magsalita tong dragon na kasama ko?

"Miss may tanong po ako." as usual, walang sagot. Pero tatanungin ko parin s'ya.

"Kung may lugar na gusto mong puntahan ngayon, saan mo ako balak dalhin?" seryosong tanong ko habang nasa kalsada ang atensyon.

"To my future"

"What the hell Shara Jane?!" Bulyaw n'ya. Bigla ko kasi naapakan ang preno, kaya muntik na s'ya masubsub sa unahan.

Tangena naman kasi, seryoso akong nagtatanong tapos sasagot ng joke.

"Miss naman kasi! Nagtatanong ako ng seryoso, sasagutin mo ako ng joke." saway ko.

Balik na naman sa walang imikan. Langya talaga, mas malala pa s'ya kaysa kay Zi.

"Ma'am, how do you know when you're in love?"

"Are you in love?" Balik na tanong n'ya.

"Hmm, I don't know. I don't know if its just an infatuation or love" sagot ko. Sinulyapan ko s'ya pero nakatingin lang ito sa labas ng bintana.

"Wala pa po kasi akong experience." dagdag ko.

"Oh? I won't answer your question. You're the only one who can answer it correctly and at the right time." tsk, payo lang naman sana gusto kong marinig mula sa kanya.

Sabagay at tama naman ang sinabi ni ma'am, feelings ko to kaya ako ang mas lalong nakakaalam at hindi ibang tao.

"So, what are the signs if you're falling in love, ma'am?"

"you can't stop staring at her" I guess she's right with this.

"Hmmm." tumango ako.

"You abandon your usual activities" di ko pa naranasan to.

"You don't mind if that person do something unattractive"

Habang focus sa pag d-drive ay focus din ang tenga kong nakikinig sa kanya.

"Time flies when you're together" sabi nga rin ni Iris yan before. Hindi mo nalang mamamalayan ang oras, pagkasama mo ang taong mahal mo.

"You want to.....touch her and kiss her" Napalunok nalang ako pagkasabi n'ya nito. Tumigil pa s'ya saglit bago ipagpatuloy ang sasabihin.

"You always think about that person" ou lage nasa utak ko ang taong sinasabi mo.

"And you want her to be happy" bigla ata lumungkot yung pagkasabi n'ya non.

"Ikaw ba Ma'am, anong gagawin mo? Maghihintay ka parin ba kahit walang katiyakan na babalikan ka pa ng taong mahal mo? Paano pag dumating ang panahon na yun pero huli na ang lahat? Paano pag nahulog na sa iba ang loob mo pag bumalik siya?" mahirap siguro, pero kung mahal ni ma'am yun ay hindi niya naman siguro magagawang magtaksil pero kasalanan din nong partner niya pag nahulog sa iba si ma'am dahil iniwan nalang ito ng walang paalam.

"Yes and there's no reason for me to tell you." Ramdam ko yung lungkot ng boses n'ya. Ba't pati ako nasasaktan para sa kanya?

"Mahal mo pa po ba?" Hindi s'ya sumagot. I guess mahal pa nga n'ya talaga.

"Okay lang maghintay ma'am hanggat kaya pa ng puso mo, pero pag pagod ka na ay dapat matuto kang magpalaya." hindi ko alam pero habang sinasabi ko to ay nakaramdam ako ng kirot sa puso ko.

"Do you think there's still hope for the two of us?"

The two of us? Lutang ba tong si ma'am?

"Hindi ko po alam Miss, kasi diba kayo lang naman makakaalam n'yan. At isa pa po hindi ko naman alam ang rason kung bakit kayo nagkahiwalay na dalawa. Pero kung may nararamdaman pa naman kayo para sa isa't-isa, why not give it a try again? Kaysa naman po tiisin n'yo lang ang nararamdaman n'yo, edi parang pinapatay n'yo na rin mga sarili n'yo pag ganyan" Luckily medyo traffic kaya this time ay nilingon ko na s'ya. Nakatingin na pala s'ya sa akin. I gave her my sweetest smile.

Gusto ko malaman ang reason pero ayaw ko naman panghimasukan ang relasyon nya. Masaya na nga ako ngayon kasi nag open up sya sa akin kahit na hindi naman talaga kami ganun ka close para ibahagi ang nakaraan nya.

"It's okay miss, wala namang perpekto sa mundo. Tao ka lang din, nag mahal at nasaktan. Nobody's perfect and everyone makes mistakes. Mistakes will teach you lessons and make you a better and great person." I saw her smile, yung ngiti n'ya na para bang nabawasan ng tinik ang kanyang puso.

"You should smile quite more often miss. Mas lalo ka po gumaganda pag ngumiti." Sabi ko, nakita ko ang pag pula ng kanyan pisngi. Agad naman syang nag-iwas ng tingin at bumalik ulit ang atensyon sa labas ng bintana.

Makalipas ang mahabang minuto ay narating namin ang airport, sabi ko sa kotse nalang maghintay si ma'am pero nagpumilit itong sumama.

"Ma!"

"Baby!" buong higpit akong niyakap at halos di na ako makahinga.

"Tara na po--ay wait. Mom si Miss Pixie po, professor ko" yung ina ko bigla nalang natulala sa harap ni Miss. Ganda ba mom?

"G-Good afternoon po" Bati n'ya kay Mommy at ngumiti. That smile is so precious. Napangiti narin tuloy ako.

"Mommy, alam ko naman po maganda si Ma'am pero. Baka matunaw yan sa kakatitig mo." kasi naman nakaka-starstruck masyado beauty nitong dragon na to.

"Oh sorry, hindi mo naman sinabi na may anghel na professor ka pala sweetie" nakangiting saad ni mom sa harap n'ya. Namumula na yumuko si Dragon, what the? Hahahaah

"Dragon yan mommy" sagot ko, nakatanggap tuloy ako ng kurot langya.

"Bakit mo pala kasama professor mo?" Tanong ni Mommy

"Sumama s'ya e, ayaw n'ya raw ako ma miss" I want to tease her. At least hindi n'ya ko matatapunan ng purse bag as long as nandito si Mom. Tamo, sobrang pula na ng mukha n'ya ahahahaha.

"Kayo ba?" Sabay pa kami nagulat ni Miss sa tanong ni Mommy.

"O--" hindi ko na nasabi kasi tinakpan ba naman n'ya ang bibig ko.

"Hindi po Ma'am. Nasakto lang po na mag kasama kami kanina nong tumawag ka." paliwanag n'ya habang nakatakip parin ang kamay n'ya sa bibig ko.

"I see, sige tara na at gusto ko na magpahinga, nakakapagod." tumango kaming pareho sa sinabi ng aking ina.

Ayaw mo parin tanggalin ha.
I opened my mouth and licked her palm. Napabitaw naman s'ya agad.

"You!" Masama ang tingin n'ya sa 'kin. I just smirked at her, yung mukha n'ya na naging kamatis na.

"Miss bakit nagtatagalog ka kay Mommy tapos sa akin panay english ka. Mauubusan na nga ata ako ng dugo sayo." Natatawang saad ko.

Hahakbang na sana s'ya palapit sa akin pero tumakbo na ako agad para sundan si mommy. Sorry not sorry Miss.

Pauwi na kami ng bahay. Sabi ko naman kay ma'am na pwede naman ihatid muna namin s'ya sa school, but she insisted at diretso nalang sa bahay namin kasi pagod si mommy.

"Kamusta ang anak ko sa klase mo Pixie?" Tanong ni mom kay dragon. Oh my gad! Deja Vu.

"She's very attentive in my class ma'am" tumingin s'ya sa rearview at ngumiti.

"Hindi ka naman ba pasaway sa ma'am mo ha, anak?" tanong ni mommy.

"Hindi po ah, napakabait ko nga eh. Diba po ma'am?" nilingon ko si miss ng nakangiti na ngayon ay nakataas na ang isang kilay. Ay bakit hindi ba ako mabait?

"Wala ka parin pinapakilala na gf mo sa amin anak" hala si mommy sa dami naman ng pwede e topic ba't yan pa.

"Gusto mo na ba?" Laking ngiti kong tanong.

"Bakit meron ba?" Diretso n'yang sagot.

"Hmmmmm." kunyari nag-iisip ako.

"Too many to-------" bubulong nalang nga naririnig pa, pero 'di ko narinig yung last sentence e. May bumusina kasi.

"Ha miss, may sinasabi ka?" Tanong ko sa kanya.

"Nothing." Okay?

"Wala po mommy e. Wala naman nagkakagusto sa akin" sagot ko sa kanya.

I heard the dragon hissed. May sapi na naman siguro to.

"Talaga wala?!" Ou wala, si mommy naman kung maka react.

"don't believe her ma'am. Many are chasing her at school." Biglang sabat naman ni dragon.

"Marami naman pala anak, bakit wala pa?" Bakit mas atat pa s'ya sa aking magka relasyon?

"Wala nga po. Wala nga nag confess sa akin. Wag ka maniwala kay miss, nag jo-joke lang po yan." depensa ko sa sarili.

Nakita ko naman sa rearview na nakangiting tinignan ni mommy si miss dragon, ano na naman kaya nasa isip nito?

Nagpatuloy lang kami sa usapan ng kung anu-ano, habang si dragon naman ay tahimik lang na nakikinig. Hanggang sa marating na namin ang bahay.

Hinatid ko muna ang mga gamit ni mommy sa kwarto n'ya. Hindi ko na pinasama si ma'am kasi aalis din naman kami agad pagkatapos mahatid si mommy. Kaya sabi ko maghintay nalang s'ya sa kotse.

"Mommy, magpahinga ka na po. Alam ko naman na pagod ka."

"S'ya yung sinasabi mo na crush mo anak?" Tanong ni mommy na ngayon ay nakahiga na sa kama n'ya.

"Opo pero wala po tayong pag-asa don" sagot ko at nagkamot ng kilay.

"Bakit? Dahil professor?"

"Hindi naman po, wala naman problema kung professor s'ya kasi allowed naman ang teacher at student relationship sa school. Pero po kasi may mahal na yun si ma'am, at isa pa crush lang naman mommy hindi po love" Sagot ko at umupo sa tabi ng kama n'ya.

"Ah ganun ba? Sayang naman. Bagay pa naman sana kayo" pailing-iling na sabi n'ya.

"Mommy talaga, mas atat pa kayo ni daddy kaysa sa akin eh. Darating din po tayo d'yan. Sige na po, magpahinga ka na. Babalik na kami sa school" sabi ko sa kanya at hinalikan ang noo n'ya.

"Salamat anak, ingat kayo. I love you"

"Love u too mom. Alis na po ako ha, uwi ako agad mamaya." matapos makapagpaalam agad kong binalikan si ma'am,

Pagsakay ko sa kotse ay nakita ko naman na nakapikit ang mata ni miss.

"Miss?" Tulog ba to?

"Ma'am?"

"Baby?" Langya.

"Mrs.De La Fuente?"

Akala ko nagpapanggap lang na tulog e. Nag expect pa naman ako na mag react s'ya sa last call ko pero wala. Pansin ko lang medyo namumula pisngi n'ya kaya mas nilakasan ko pa ang aircon ng sasakyan. Baet n'ya pag tulog ha.

Pinaandar ko na ang sasakyan at tinungo ulit ang daan patungong paaralan.

I don't know this feeling but I felt comfortable around her now. Unlike before, na parang gusto ko nalang s'ya takasan lage pag magkasama.

I didn't expect us to be together today. While thinking about what has happened earlier, I feel a tingling sensation in my stomach. I still want to get to know her better.

Napailing nalang ako nang mamalayan na nakangiti na pala akong mag-isa. *Para kang baliw*
Sj ngingiti kahit wala namang rason.

Sinulyapan ko s'ya at nakitang nakapikit parin ang mga mata.

"Not everyone deserves your unconditional love. Sometimes your love needs to be conditional, under the terms of being reciprocated" I uttered.

Muling ko siyang tiningnan at tipid na ngumiti.

I've already made up my mind.

I will help her get back the person she loves. For her happiness. If they still love each other, then they deserve to be happy. A happy ending together.

CHAPTER 15

-

Kasalukuyan kong hinahanap ang mga kaibigan, naghiwalay na kasi kami ng landas ni dragon pagbalik namin ng campus dahil may kailangan siya tapusin na trabaho. Kita mo yun, kahit sa ganitong event trabaho parin nasa isipan niya. Tsk, kanina pa ako palibot-libot pero hindi ko makita ang mga alaga ko, wala rin naman sumasagot sa kanila ng message ko sa groupchat.

Mag-sosolo nalang ako, bahala sila at mas mabuting di ko sila kasama para payapa ang mundo ko. Nagtungo nalang ako sa area1 kung saan naka puwesto ang booth ng mga pagkain. Ang dami kong bitbit sa magkabilang kamay ko, at puno rin ng mga pagkain ang aking habang patuloy sa pagtingin ng iba pang pwede ko kainin.

"Hmm, hmm," tawag ko sa tindera at itinuro ang gusto ko bilhin.

"Ikaw po lahat kakain ma'am?" tumango lang ako dahil hirap ako sa pagsasalita.

"Ilan po bibilhin mo?" napatingin ako sa mga kamay at hindi ko naman maipakita sa kanya kung ilang dahil marami akong hawak.

"Ja," natuwa ako nang makita si Ziallyn na sumulpot sa aking gilid, mabilis ko inabot sa kanya ang mga pagkain ko upang ipahawak saglit.

"Limang hotdog bibilhin ko." sabi ko sa nagbabantay bago muli kinuha kay Ziallyn ang mga pagkain.

She looked at me in disbelief bago nagpakawala ng malalim na buntong hininga. "Are you serious? Mauubos mo ba lahat yan ng mag-isa?" itinaas ko ang mga kilay at tumango ng ilang beses sa kanya.

"Gusto mo? bili ka jan oh, masarap yung burger nila." sabi ko, wala ako plano mag share ng pagkain at marami naman siyang pera eh.

"But I want the one na kinakain mo." sagot niya sa akin at itinuro ang burger na may kagat ko. Pilit kong nilunok ang pagkain at uminom ng drinks bago siya binalingan.

"Ito? Gusto mo? May kagat ko na, order ka nalang jan oh." sabi ko, hindi naman sa nagdadamot pero slight lang.

"So? Kinain mo nga ang may kagat ko?" ay naalala niya pala yung ginawa kong pag-agaw ng burger. Sige nalang nga, ibigay nalang natin at baka magtampo pa.

"Okay, tikman mo, masarap." agad siyang kumagat at tumango makalipas ang ilang segundo.

"Diba? Kaya kung gusto mo pa, bili ka hehe." wala na ako balak ibigay isang burger ko eh, tapos paubos na pera ko.

"Ma'am, limang hotdog nyo po." iba na talaga tong isipan ko, kung ano nalang ang masasamang pumapasok. Pagkatapos magbayad ay umalis na ako pero napansin kong nakasunod si Ziallyn kaya tumigil din.

"Saan ka punta?" tanong ko.

"Following you?" anong dahilan at sinusundan niya ako. "Why? Do you have a date with Pixie?" nag-iba agad tono niya pag bigkas ng pangalan ni ma'am eh.

"Wala? Hindi ko nga alam kung nasaan si ma'am ngayon eh." sagot ko at nagpatuloy sa paglalakad katabi niya.

"I shouldn't have left yesterday, I wasn't planning on losing, but I was called by grandpa." bakit nagpapaliwanag siya? pero hello? hindi naman kailangan gumastos ng malaking pera para lang sa date. Sus, isang invitation lang sa akin payag agad ako eh.

"Nag aaksaya lang kayo ng pera, kung sana binili nyo nalang ng pagkain ko yun matutuwa pa ako ng bongga." sermon ko sa kanya bago kumagat sa aking malaki at masarap na hotdog.

"Gusto mo hotdog?" binigay ko sa kanya ang isang stick, share ko nalang din dahil mukhang gutom siya kasi agad naubos ang burger.

"Drinks." what? pati ba naman softdrinks ko gusto niya kunin, hays.

"Wag mo ubusin ha, tirhan mo ko." sabi ko bago ito ibigay.

"So, when's your date with Pixie?" balik na naman siya sa topic na yan.

"Date? Hindi namin napag-usapan ni ma'am yan. Actually, kasama ko siya kanina at kakahiwalay lang namin bago mo ako nakita kanina." pag amin ko sa kanya, wala naman dahilan para itago sa kanya.

"Oh? What did you guys do?" himala ang daldal niya ngayon at maraming tanong ha.

"Hmm, wala naman masyado? kumain lang kami ron sa booth ng HRM tapos sumama siya sa akin sunduin si mommy sa airport." kaswal kong sagot at bigla itong tumigil sa paghakbang kaya tumigil din ako.

"What do you mean? Have you introduced her to your mom?" her tone hinting a bit impatience, wanting to get some answers as quickly as possible. tumango ako, normal lang naman kasi professor ko yun. Mabilis lang yun pero kita ko pag ikot ng kanyang mga mata.

"Ou, ang bastos naman kung di ko siya ipakilala sa mama ko." big deal ba pag ipakilala sa magulang? di ko naman pinakilala si ma'am na girlfriend ko.

"I see, are you going to watch tonight?" naguluhan ako, anong meron mamayang gabi?

"Ha? May event ba mamayang gabi?" wala kasi akong alam sa mga nangyayari langya.

"Yea-"

"Hoy, babe!" pisti at wrong timing naman kung sumulpot tong nga abnormal.

"Luh, kanina si ma'am, tapos ngayon si Ziallyn naman kasama mo?" pagtataka ni Iris,

"Obvious ba ha?" sagot ko.

"Ang dami mong pagkain babe, pahingi gutom na ako-" hays, di man lang nila hinintay sumagot ako at inagawan ng mga pagkain.

"Ziallyn, hinahanap ka ni Cassandra, hihintayin ka raw nila sa opisina ninyo." kailan pa naging taga balita si Ag?

"Alright, see you, Ja,"

"Sige, kita nalang ulit mamaya, ingats." sabi ko bago ito umalis at nagtungo sa kambal niya.

"Ikaw ha, cheater." siko ni keyboard sa akin kaya sinamaan ko agad ito ng tingin.

"Sampalin kita eh, tapos na ba kayo maglaro?" tanong ko.

"Hindi, hinanap ka nga namin para isama. Tara! pustahan tayo." sagot ni Iris at nauna maglakad kaso si tanga hindi tumitingin sa daan kaya may na banggang babae.

"Naknampucha, may anghel na bumaba sa gate ni san pedro." mabilis sinapak ni keyboard ang ulo nito dahil sa pinagsasabi ni Iris sa babae,

Pamilyar siya? Ito yung isa sa mga babaeng kasama ni ma'am sa coffee shop. Yung may nunal sa bandang leeg. Hindi ito umalis sa kinatatayuan at pinagmasdan lang si Iris, kapagkuwan ay tinaasan ng isang kilay.

"Tsk, jerk." nanlaki ang mga mata ko sa sinabi nito, di ko alam kung tatawa o hindi dahil tama naman ang sinabi nito tungkol kay Iris,

"Ha? Ano yung jerk?" kabobohan ni Iris pati jerk hindi alam.

"Stupid?" sagot ni keyboard, si Iris hindi makapaniwala at hinarap ang babae pero huli na ito dahil kanina pa umalis.

"Naknampucha, pasalamat siya pinuri ko kagandahan niya tapos sasabihan ako ng jerk?" tanong niya sa amin.

"Totoo naman Iris, wag mo na itanggi." pagsang-ayon ni Ag at nauna na maglakad kaya agad namin ito sinundan ni keyboard.

"BAHAAHAHAHAHAHAHAHHAHA."

"Hoy, anong sabi mo!"

Hindi namin ito pinansin at tuloy-tuloy lang sa paglalakad.

*

"Hoy sandali!" kanina pa ako ginugulo ni keyboard!

Nasa may shooting booth kasi kami at nag pupustahan.

"Ano ba keyboard! isa kang malaking sagabal. Umalis ka nga d'yan sa harap ko at isa nalang kailangan ko itumba." humarang ba naman si gaga.

"Hindi pwedeng manalo ka!" Inis na sabi nito.

"Bakit? Kanina ang tapang mo pa. Lumayas ka d'yan. Hoy Ag, Iris, alisin nyo tong keyboard na to." utos ko sa dalawa na kanina pa tawa ng tawa, agad naman nila hinila si kb palayo sa akin.

"Noooooooooo!" Pagpupumiglas n'ya. Langya, pinagtitinginan na tuloy kami. Abnormal talaga tong buang na to.

"Manahimik ka keyboard o gusto mo ikaw barilin ko?" Banta ko sa kanya at itinutok ang baril, nakabusangot na ang mukha.

Ibinalik ko na ulit ang atensyon sa target na kailangan kong matamaan. *Focus Sj*, huminga ako ng malalim bago kinalabit ang gatilyo. Palakpakan naman ang ibang tao na nanonood ng matamaan ko ang huli kong target habang si Kb naman nakasimangot.

"Oh ano na kb, magiging slave kita for a day, kailan mo gusto?" Tanong ko agad sa kanya.

"Kainis! Ba't magaling ka bumaril ha?!" Inis na saad nito.

"Swerte lang talaga ako keyboard. Basta yung pustahan, walang bawian." ngumisi ako at kinindatan sita.

"Miss ito na po premyo mk." singit ni kuya na nagbabantay sa booth.

Isa itong buttercup stuffed toy. Agad akong napangiti kasi naalala ko na favorite ni Zi si buttercup.

"Saan nyo sunod maglaro?" tanong ko sa kanila.

"Sa ring toss naman tayo." sagot agad ni Ag, kaya pumunta na agad kami.

Buong maghapon kaming naglaro at sobrang enjoy naman kami. Marami rin ang mga napanalunan namin. Nandito kami ngayon sa gilid ng field, nagpapahinga sa isang bench, nakakapagod din pala maglaro.

"Nagawa mo na ba banner para mamayang gabi Kb?" Tanong ni Ag kay kb na ngayon abala sa kakalantak ng pagkain.

"Ou nandun sa kotse." naguguluhan ako sa usapan nila.

"Anong banner? Bakit anong meron?" Tanong ko sa kanila.

"Estudyante ka ba talaga dito Sj ha?" Tanong ni Iris.

"Malamang bobo. Ano nga? Anong meron at may pa banner kayo?" magtatanong ba ako kung alam ko.

"Gaga, school pageant kaya tonight." sabay hampas ni kb sa balikat ko.

"What?!" Hindi nga ata talaga ako estudyante rito, halos di ko naman alam ang mga nagaganap.

"Siraulo to. Taga ibang school ka ata, among us ka girl?" Inirapan ko naman si Iris na inaasar ako.

"Hindi n'yo naman ako sinabihan malay ko ba, pero para kanino ang banner?" balik kong tanong.

"Para kay demonyo mo." mas lalo akong na sorpresa sa sinabi ni Ag,

"Hoy seryoso?!" Napalakas boses ko, langya naman kasi nakakagulat at mas ang nakakagulat ay kasali si Zi?!

"Ou tangena mo Sj! ikaw lang siguro ang may crush sa isang tao na hindi updated sa nagaganap sa kanya dito sa school." isa nalang at masasapak ko na mukha ni Iris,

"Hala gago! Bakit s'ya sumali?"

"Malamang sya manok ng department." wala ba akong matino kahit isa na tropa?

"Alam ko tanga. Ang ibig kong sabihin, parang wala naman sa hitsura n'ya na pumayag o sumali sa mga ganyan." dumukot na rin ako sa pagkain ni keyboard, nagutom ako bigla.

Kaya pala tinanong niya ako kung manonood ako mamaya. So, ito ang dahilan? Hindi naman sinabi agad ni Zi na sasali edi sana pinakalat ko na mukha niya sa buong campus.

"Hoy nakangiti ka d'yan, minamanyak mo siguro si Ziallyn no" siko ni Iris sa akin.

"E kung ihampas ko tong camera sayo?" Kung anu-ano nalang kasi ang naiisip.

"Joke lang, 'to naman si Sj di mabiro."

"Anong oras ba mag start pageant?" Tanong ko ulit.

"7pm."

Tinignan ko ang relo ko at isang oras nalang ay magsisimula na pala. Kinuha ko ang cellphone at nag chat kay Zi para tanungin kung nasaan ito. Agad naman ako nakatanggap ng reply, sabi nasa opisina.

"Alis muna ako." sabi ko sa kanila at tumayo.

"Oh saan ka pupunta babae?" tanong ni keyboard,

"Puntahan ko lang si demonyo, bigyan ko goodluck charm." taas-baba ko ng mga kilay.

"Sige, paki goodluck mo na rin kami sa kanya." sabi ni Ag,

Tinakbo ko na kaagad ng mabilis ang patungo sa opisina ni Zi dahil baka mamaya hindi ko maabutan. Kumatok ako ng tatlong beses pagdating sa labas ng office bago ito binukaan. Nakita ko agad si Zi, nakapikit dahil inaasikaso ng makeup artist.

"Zi," mahinang tawag ko sa kanyang pangalan.

"What are you doing here?" Ay ayaw n'ya akong makita?

"Sasali ka ba sa pageant?" *Kahit alam mo na Sj. Itatanong mo pa talaga? Bobo.*

"Yes," tipid naman sumagot nito amp.

Pinatigil nya muna ang nag-aayos sa kanya at sinabihang lumabas muna. Agad naman itong sumunod

sa utos at ngayon kaming dalawa nalang ang natitira.

"Zi, may ibibigay ako." inabot ko ang buttercup stuffed toy na napanalunan ko kanina

"What's this for?" Kainin mo Zi kung gusto mo.

"Napanalunan ko kanina at ikaw agad naisip ko pagkakita n'yan." I said and smiled.

"Really?" ganda nita naman ngumiti.

"Ou para sayo, kaya nga binigay ko. Balak nga sana agawin ni Keyboard kanina pero hindi ko binigay." titig na titig siya sa bigay ko eh, bagay sa kanya, same sila personality.

"Thank you, Ja," tangena puso, kalma ka lang at wag ipahalata kay crush na kinikilig ka.

"Pansin ko zi, yan na lagi tawag mo sa akin ngayon." sabi ko.

"Yes, can't I?" then she smiled once again.

Delikado talaga pag ngumiti ang mga Ponferrada, baka mental kababagsakan ng mga tao.

"O-If course, you can!" lintik na utal yan.

"By the way." I paused.

"Ang ganda mo ngumiti. Totoo yan, sobrang ganda." nagpakawala ako ng mahinang tawa bago marahang tinapik ang kanyang ulo.

It's kinda surprising, I don't feel any awkwardness between us.

"Thanks" and for the third time she showed her beautiful smile. Jusko, nakakamatay naman ang ngiti ng babaeng 'to.

Mukhang kailangan ko ng umalis dahil malapit na magsimula ang pageant at kailangan pa n'ya mag-ayos.

"Alis na ako Zi, nagpunta lang ako rito para ibigay yan hehe." sabi ko kamot-kamot ang batok.

"Will you watch me later?" Biglang tanong n'ya. Dapat pa ba itanong yan?

"Of course! Hindi ako mawawala, boses ko maririnig mo mamaya na isinisigaw ang pangalan mo." Nakangiti kong sagot. Malamang sa malamang manonod talaga ako.

"Alright, see you later." hays, pwede na ako humimlay.

"Alis na ako ha, goodluck!" paalam ko bago tuluyan lumabas ng silid. Pag labas tinawag ko naman yung pinalabas nya kanina at pinabalik na sa loob.

Babalikan ko na sana ang trop nang makasalubong ko si coach at may kasamang mga babae. Wait, silang tatlo na naman?!

"Sj," salubong ni coach,

"Coach akala ko ba ako lang mahal mo? Bakit ang dami mo naman pong chix na dala" nagtatampong saad ko. Pero joke lang yan ha haha

"Loko kang bata ka! Ano pinagsasabi mo, mga teachers yan" tampal n'ya sa braso ko. Pero nakakagulat yung sinabi n'ya. Mga professors? Kaya napatingin ako sa tatlong babaeng kasama n'ya.

Seryoso? Yung tatlong babae na curious kami masyado ng friends ko kung sino? Mga guro?! kaya pala lagi kasama ni ma'am dahil professors naman pala ang tatlo. Tangena, bigla kong naalala yung babae kanina na sinabihang jerk si Iris,

"Di nga po? ngayon ko lang kaya sila nakita. Lakas mo mag joke coach." dahilan ko, hirap paniwalaan dahil ang babata pa at mukhang mga students lang din ng PU.

"Hindi mo talaga sila makikita dahil mga graduating students hina-handle nila." pagpapaliwanaag nya.

"Oh, kaya pala." patango-tango kong sagot.

"Sorry po, hindi kasi halatang mga professors kayo. Akala ko mga students lang din." paghingi ko ng paumanhin sa kanila.

Magsasalita pa sana yung katabi ni Coach, yung short hair na maganda kaso tumunog cellphone ko.

"Bakit naka kunot ang noo mo dyan Sj?" Tanong ni Coach, nakita ko kasing si dragon ang tumatawag.

"Tumatawag si dragon coach e" agad kong sagot.

"Ha? Sinong dragon, nong nakaraan lang si satanas. Ngayon naman dragon?" Naguguluhan n'yang tanong. Natawa tuloy ako sa sinabi n'ya.

"Si Miss Pixie, tumatawag " pakla akong ngumiti at nahihiya sa pinagsasabi sa harap nila.

"Dragon? Miss Pixie? Close kayo?!" Tila gulat naman na tanong ni coach.

Nakita ko naman ang mga kasama n'yang babae na napataas ng kilay. Luh problema nila?

"Close kami? Hindi no!"

"Wag mo akong niloloko, hindi tatawag si Pixie kung hindi kayo close." pilyang ngiti ni coach, pft, chismosa.

"Ou nga, hindi kami close pero inangkin akong girlfriend niya." humagalpak ng tawa si coach dahil sa sinabi ko, tangenang bibig to.

"Saya mo naman po"

"Gaga kang bata ka. Yung tawag sagutin mo haha e on speaker mo dali!" ay tawag pala kaya agad ko na sinagot ang tawag. Akala ko aalis na sila coach pero makikichismis pa ata?

"Hello drag-miss, bakit po?" muntik ko na naman sya matawag na dragon.

"Where are you?" ay hinahanap ako ni mommy.

Tinignan ko ang mga babaeng nasa harapan lang at tahimik na nakikinig. Pero pansin ko sa isa parang may something sa kanyang mga mata.

"Nandito po sa main building, nakikipaglandian" pigil tawa naman si coach na ngayon hawak-hawak ang bibig.

"I'm serious De La Fuente. Where are you?" wow ang lamig ng boses ha, galit na yarn.

"Nasa main building po, kasama si coach nakikichismis. Pero pabalik na 'ko kina kb. Bakit miss?" bakit ba hinahanap ako nito, wala na siguro s'ya magawa.

*"***Nevermind."** at pinatay ang tawag. Luh abnormal na dragon to.

"Halaka, nagalit." panunukso ni coach,

"Kung ano nalang nasa isip mo coach. Alis na po ako, hinahanap na ako nila Kb e." sabi ko at nagpaalam sa kanila.

Hindi naman talaga ako hinahanap. Gusto ko lang talaga lumayo na sa kanila, kasi parang hindi ako mapakali sa tatlong kasama n'ya. Pansin ko yung tatlong babae same aura kay dragon, maldita.

*

"Wooooooooooo!!"

Tangena ang lakas ng mga sigawan kahit hindi pa naman nagsisimula ang pageant, sobrang daming tao! At punong-puno ang convention hall.

Dito kami nakaupo sa harapan, buti nalang at nagpa reserve na agad tong mga kaibigan ko. Pagpasok namin kanina ay nakita ko naman ang mga kambal at si dragon na papuntang backstage. Maybe to check Zi? Apaka supportive naman nila talaga, gusto ko rin sana pumunta at e goodluck s'ya ulit pero naunahan ako ng hiya.

Nagsimulang e play ang video ng mga candidates sa isang malaking monitor na nasa gilid ng stage. Grabe ang sigawan ng mga tao nong pinakita si Ziallyn!

Ako lang ata ang walang banner sa aming apat, ang mga kaibigan ko may mga kanya-kanya ng mga banner para suportahan si Zi. Langya, sana man lang ininform nila ako ng maaga. Ang daming supporters ni Ziallyn ha, ngayon lang din daw pala sumali sa Zi sa mga ganitong event.

"Hoy! Pota ang ganda ng demonyo mo oh! Wooooo goooooo Ziallyn!!" Sabay hampas ni Kb sa akin paglabas ulit ng video ni Zi sa malaking monitor.

Npaka supportive naman ng kaibigan na to, dito ko talaga ma aappreciate ang napakalaking bunganga.

"tangena ka Sj! Support your demonyo!" excited ang Iris.

"Gaga excited ka? Baka mamaya mamaos ka na." natatawang sabi ko.

Hindi na natigil ang mga hiyawan. Mabibingi na ata ako dahil sa sigawan ng mga tao. Halatang excited ang lahat para sa magaganap na pageant tonight.

Nanlalamig ang mga kamay ko.

Tuluyang lumiwanag ang buong stage kasabay ang pag play ng **Instruction by Jax Jones.**

Mas lalo pang lumakas ang hiyawan ng mga tao nong isa-isa na naglalabasan ang candidates.

All my ladies
Wind to the left, sway to the right
Drop it down low and take it back high (Who?)

Hinihintay ko na makalabas si Zi and when my eyes finally found her muntik ko ng masabunutan si Kb na nasa tabi ko lang. Shit! She's so beautiful! She's wearing a white long sleeved dress with a long slit on the right side. Hoy potangena! Yung legs ang kinis! That's illegal Ziallyn!

Bitch, I don't need introduction (Why?)
Follow my simple instruction
Wind to the left, sway to the right
Drop it down low and take it back high (Who?)

Bitch, I don't need introduction (Why?)
Follow my simple instruction
You see me, I do what I gotta do, oh yeah

Our eyes met! Ngumiti ako sa kanya na agad naman n'yang tinugunan. My God! She's so beautiful. Humihinga pa ba ako?

On the guest list, no need to queue, oh yeah
Me and my crew, we got the juice, oh yeah

So come here, let me mentor you, well
Some say I'm bossy 'cause I am the boss

Buy anything, I don't care what it cost
Stack like casino, Armani, Moschino
If you're The Supreme then I'm Diana Ross.

Isa-isa ng nagpakilala ang candidates. I don't care sa mga nauna, ang hinihintay ko lang si Zi, which is number 12.

"Ziallyn Blythe Ponferrada, representing Bachelor of Science in Business Administration!"

"Shit! That's my Demon!" Sigaw ko kaya napatingin ang iba sa akin, tangena bahala kayo d'yan. Basta ay demonyo ko yan!

Feeling ko na nga lumilindol na dahil sa sobrang lakas talaga ng sigawan ng mga tao. Grabe, ganyan ba talaga ang epekto ng isang Ziallyn Ponferrada? Hindi ako aware na ganyan pala talaga s'ya ka sikat at maraming fans. Kasi wala naman s'yang ibang ginawa kundi ang mag aral at SC office lang lage.

"Holy bloody Hell!" I almost had a heart attack when she rested her right hand on her waist, turned slowly, and gave me a quick look back, showing her angelic smile.

Potangena Ziallyn saan mo natutunan yan ha?! Mapapamura ka nalang talaga. Yung ngiti n'ya

nakakamatay. Feeling ko nga bigla akong tinakasan ng kaluluwa ko sa mga sandaling iyon. Napaka daring pa ng dress n'ya long slit na nga backless pa. Yawa.

Yung mala lakad n'ya na parang catriona lang. Sino ang nag train sa kanya at pasasalamatan ko. Kahit nga ata tumayo lang s'ya d'yan sa stage at walang gawin ay mag e standout parin s'ya dahil sa sobrang ganda at appeal n'ya.

"Tangena babe! tulala ka d'yan? buhay ka pa ba?! Huminga ka naman!" Tawag ni Kb sa akin sabay yugyug ng balikat ko.

"Gago itigil na natin to. Hindi na kailangan pa ituloy. May nanalo na, e uuwi ko na si Demon. Uwian na." Sagot ko sa kanya pero yung atensyon ko na'kay Zi parin.

"Yung bibig mo Sj. Papasukan na talaga yan ng langaw. Pakisarado" biglang hawak ni Iris sa baba ko.

"Siraulo ka!" Singhal ko sa kanya saka hinampas ang likod. Loko-loko

"Wow! That was an intense opening number!" Biglang sumulpot ang lalaki at isang babae na emcee pagkatapos rumampa ng mga candidates.

"I completely agree with you, Charles. Our candidates are all beautiful and stunning tonight. There are so many people here so support them, and I nearly went deaf from the sheer intensity of their cheers, especially the students." Sabi naman ng babaeng kasama nito.

"Yes Krish, tama ka d'yan. I'm sure mahihirapan ang mga judges natin tonight. Hindi na natin patatagalin pa. Let me introduce, starting with our Miss Universe Philippines 2020, Ms. Jennifer Diaz!"

Hala omg! Crush na crush ko pa naman s'ya. Napaka bigatin naman ng judge dito sa PU pageant. Iba!

"For our next judge, she's also known as an Ice Queen in her time. I know you all know who she is, especially the older students who got to witness her beauty first-hand. Let's all welcome, miss Pixie Ponferrada!" she excitedly introduced the upcoming judge, building up anticipation and buzz for her arrival. She was known for her elegance and beauty, and her presence alone was enough to electrify the crowd.

What the f?! Nalaglag ang panga ko ng makita si dragon sa monitor after e focus sa kanya ang camera. Oh gosh! Di ako aware dito walangya! Nakatulala lang ako habang nakatingin sa big screen habang nagsisigawan na ang lahat. Ganda ng dragon tonight ah.

Kaya ba n'ya 'ko tinawagan kanina? Bakit hihingi rin s'ya ng goodluck charm or goodluck kiss?

"Halaka patay si Demon, judge si Dragon hoy!" biglang hampas ni Kb sa akin, ba't panay hampas to. Hampasin ko rin kaya?

"Manahimik ka, sasakalin kita."

"And for our third and final judge...She's one of the School leaders of our university and a successful businesswoman, our one and only! Mrs. Shirley Ponferrada!"

Hala si Tita. Walangya, sinakop nilang mga Ponferrada ang stage. Hiyawan na naman ang mga tao paglabas ni Tita. Grabe! Para lang talaga nilang Ate kung titignan si Tita.

After opening nagkaroon ng short break. Excited na ako sa susunod na category at halos mamaos na ako dahil sa kakasigaw.

"Sj, kanina pa umiilaw phone mo." bulong ni Ag,

Mabilis ko itong kinuha sa bulsa at nakita ang pangalan ni mommy, tumatawag. Nag excuse ako sa kanila at sinabing lalabas muna kasi hindi ko marinig ang nasa kabilang linya dahil sa ingay ng mga tao.

"Ma?"

"Baby, I need your help, anak. Hindi na kaya ni mommy, ayaw ko sana abalahin ka pero wala akong kasama." nag-alala ako dahil sa tamlay ng kanyang boses at panay ubo.

"Ma, may sakit ka po ba? May lagnat ka? Bakit hindi mo sinabi sa akin kanina. Hintayin mo at uuwi na po ako." mahirap pag nilagnat siya dahil hindi niya maikilos ang katawan. Anong oras na at kung kanina pa siya naghihintay ay malamang hindi pa kumakain si mama at di rin nainom ang maintenance na gamot.

Hindi na ako bumalik sa loob at agad tumakbo patungong parking lot, nag message nalang ako sa groupchat na kailangan kong umuwi dahil may emergency.

*

GIRLFRIENDS

KB
Hoy, babe! Pupunta ka ba rito ha?!

IRIS
Asan ka ba? Nandito na kami sa condo.

AG
Tumae pa siguro yan.?

KB
Pag ikaw talaga hindi sumipot.

SJ
Kalma lang kayo d'yan. Umuwi ako saglit para e check si Mommy. Pupunta na ako.

KB
Buti nalang at mga close at k-klase lang ininvite nila.

IRIS
Sige dalian mo. Ikaw nalang kulang sanaol VIP.

SJ
Shut up.

Malapit na ako ngayon sa condo ni Zi kasi doon daw mag c-celebrate. Sya po ang nanalo sa pageant. Umuwi lang talaga ako saglit para asikasuhin si mommy. Sya lang kasi mag-isa at nagpaalam na rin ako na aalis muna para pumunta sa condo ni Zi total tapos ko na siyang mapakain at inom ng gamot.

Actually, wala sana ako balak pumunta kasi nga nag-aalala ako sa ina ko pero nabasa niya ang message sa phone ko kaya pinilit akong paalisin, sabi ko nalang tawagan niya ako at uuwi ako kaagad pag may kailangan siya.

Nasa tapat na ako ng unit ni Zi, nag doorbell agad ako at hindi nagtagal bumukas ito at si Kb mismo ang sumalubong sa akin.

"Oh ba't nandito ka" gandang bungad e.

"Ay sige, alis na 'ko bye" tatalikod na sana ako nang hilahin n'ya ako papasok. Abno amp.

Pagpasok ko maraming tao. Akalain mo yun, nag kasya kaming 50 na mag k-klase sa condo n'ya tapos di pa kasama yung iba na ininvite nila. Sabagay malaki naman tong unit ni Zi,

"Sj!" Tawag agad sa akin ni Iris,

Nakita ko naman agad si Zi at Miss Pixie na nakaupo sa couch kausap ang parents ni Zi. Ay nandito rin sila Tita?

Instead na sagutin si Iris ay lumapit ako sa kanila.

"Good evening po Tita Shirley at Tita Helen," nakangiting bati ko sa mag-asawa.

"Nandito ka na pala Shara, akala namin hindi ka pupunta." sagot ni Tita Shirley,

"May emergency po kasi, hindi ko nga natapos ang pageant dahil kailangan ko uwian si mama." nahihiyang paliwanag ko bago lingunin si Ziallyn,

"Zi congratulations. Swerte ba yung goodluck charm ko?" Sabi ko ng nakangiti.

"Yeah thanks Ja" sagot n'ya at gumanti ng ngiti. Hala! Ngumingiti na s'ya in front of everyone now? That's new.

"Sweetie, is this real? Pakurot nga ako. Kasi parang ayaw ko maniwala. Si Ziallyn ngumiti!" Gulat na sabi ni Tita Shirley kaya kinurot din s'ya ng asawa.

"Ouch!" natawa nalang ako sa kanila, ang cute nila e.

"May pa pet name na palang nagaganap Sj" biglang singit ni Ag sa usapan. Panira talaga tong mga kaibigan ko.

"Close kayo?" Tanong naman ni Helari.

"Hindi?" Kasi hindi ko rin alam e. Hindi naman talaga kami ganun ka close. Bakit ba, dapat ba closefriends lang ang may karapatan mag pet name?

Bigla naman tumayos si Miss Pixie sa kinauupuan at umalis. Nyare sa dragon na yun?

"Have you eaten yet?" Tanong ni Zi, seninyasan naman ako ni Tita na umupo sa tabi ni Zi kaya umupo na rin ako. Yung inupuan ni dragon kanina.

"Hindi pa, may pakain po kayo Tita?" Sinagot ko s'ya sabay tanong kay Tita Helen.

"Pumunta ka lang ba rito para makikain babe?" Pang-aasar naman ni Kb pero hindi ko s'ya sinagot. Napansin ko na may mga hawak na pala silang mga alak.

"Nasa sa dining area, kumain ka muna."

"Sige po." nag excuse ako sa kanilang lahat at sumugod ang mga mahal kong pagkain na kanina pa ako hinihintay lantakin sila.

Nakita ko si ma'am sa gilid, mag-isang umiinom. Ano problema at umalis siya ron kanina? Badtrip ba tong dragon ko?

"Good evening, ma'am" bati ko sa kanya.

Kumuha muna ako ng plato bago umupo sa harapan n'ya.

"Ba't umalis ka dun Miss? Dumating lang ako e. Allergic ka ba sa presensya ko?" Tanong ko pero yung paningin ko nasa mga pagkain. Wala naman akong sagot na natanggap amp.

"The person.." tumingin naman ako sa kanya, anong the person sinasabi nito?

"Po?" May lumpia!

"The person you like..." hindi ba pwede diretsahin niya ako. Nakayuko ito ng ulo at nakatingin sa hawak na wine glass.

"The person I like?" Kunot noo kong tanong.

"Is it ZB?" nasamid pa ako sa kinakain dahil sa tanong n'ya. Langya ba't n'ya alam.

"Hmm I do" sagot ko.

"I see" ba't parang malungkot?

"Is that why you asked me about the signs of being in love?" Sunod n'yang tanong. Kunot noo ko naman s'yang sinulyapan.

"Actuall-"

"Ja" naputol ang sasabihin ko, biglang sumulpot si Zi.

"Yes, Zi?" I smiled.

"Aren't you done yet?" Tanong n'ya.

"Hindi pa, nag-uusap pa kasi kami ni Miss" binalingan n'ya naman si dragon.

"About?"

"None of your business" biglang sabat ni dragon. Nagulat ako na napalingon sa kanya. Seryoso lang ang hitsura n'ya na ngayon ay nakipagtitigan kay Zi.

Habang abala sila sa staring contest nilang dalawa ay ako naman abala lang sa paglamon ng pagkain.

Okay? What's going on?

"I don't remember asking you" palaban din tong si Zi. Bakit ba lage nalang sila nagbabangayan dalawa pag kaming tatlo lang?

"Bakit na naman kayo nagbabangayan na dalawa d'yan?" Naguguluhan kong tanong. Sabay naman nila ako nilingon at inirapan. Langya?

"Can you leave now? We are talking here." taas kilay na sabi ni Miss Pixie at humalukipkip.

"Why don't you leave instead?" Rebat naman agad ni Zi.

Hindi ako makapag focus sa pagkain ko dahil sa demonyo at dragon na to.

"Oh sige ako na aalis. Hindi ako nakakalunok dahil sa inyo" sabi ko at tumayo na dala-dala ang pagkain ko.

Lumipat ako sa terrace. Buti nalang walang tao rito at ako lang.

Wala pang 2min sumulpot naman si Ag.

"Bakit andito ka?" Tanong n'ya.

"Umalis ako do'n sa dining area. Nagbabangayan na naman kasi si demonyo at dragon, kahit noong una palang ganyan na sila." Saad ko sa kanya at tumabi naman ito ng upo sa akin habang may hawak na wine.

"Bakit, anong nangyari?"

"Tinanong kasi ako ni Miss kung yung taong gusto ko ba raw si Zi,"

"Tapos?"

"Sabi ko ou. Then she asked me kung si Zi ba reason bakit ko s'ya tinanong about the signs of being in love. Sasagutin ko pa nga sana s'ya kaso sumulpot si Zi. Kaya ayun, nauwi sa bangayan ang dalawa. Ako nalang ang umalis" kinuha ko naman ang wine na hawak n'ya at ininom. Wala pala akong dalang tubig.

"Is it because of Ziallyn?"

"Hmm I don't know. To be honest tinanong ko lang naman kasi 'yon dahil curious ako." Sabi ko sa kanya.

"Alam m-"

"Hoy!!!" tangenang keyboard to.

"Bwesit ka keyboard!" Pwede ba e hulog ko nalang s'ya mula rito?

"Kanina ko pa kayo hinahanap! Pumasok na nga kayo. Hindi pwedeng kami lang ang iinom!" Singhal n'ya at hinila na ako papasok, sumunod naman si Ag.

Pag balik sa living room ay pansin ko wala na ang iba naming classmates at kami nalang magbarkada, mga kambal at si dragon ang natira.

"Saan sila Tita?" Tanong ko at umupo sa tabi ni Iris habang bitbit parin ang plato ko.

"Umuwi na kasi may business trip pa sila mamayang madaling araw." aga naman n'yan. Tumango nalang ako.

Bigla ako inabutan ni Anna ng isang bote ng beer? Seryoso siya? Kumakain pa yung tao rito oh.

"Kayo muna, ubusin ko lang to." sabi ko sa kanya.

Kain lang ako ng kain habang sila nakakarami na ng inom. Makalipas ang isang oras medyo may mga tama na mga kasama ko, ang ingay na nila keyboard langya.

"Laro tayo" Iris suggested.

"Ano?" Anong laro na naman binabalak nito.

"Spin the bottle" nakangisi n'yang sagot.

Masama ata kutob ko sa binabalak ng bruhang 'to. Malakas pa naman to mang trip pag nakainom. Sumang-ayon naman ang lahat kaya inalis na namin ang mga gamit na nakalagay sa lamesa.

"Truth or Dare ha. Bawal ang pass dapat gagawin talaga ang dare." dagdag pa ni Iris,

"Hoy Iris! Pag ikaw nag dare ng hindi maganda sasakalin kita." bulyaw ni keyboard sa kanya.

Pumwesto na kaming lahat, at sinimulan ni Iris ang pag papa-ikot ng bote. Huminto ito sa tapat ni Iris. Nakita ko pa napalunok s'ya, si Kb kasi in charge sa kanya haha.

"Truth or Dare?"

"Truth" ay wow tapang. Bigla naman ngumisi si Kb.

"Who in this circle would you really want to kiss, and why?" Nakakaloka tong si Kb my gosh!

"Ako Iris halikan mo BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAH" hagalpak ko ng malakas.

"Luh, baka di na ako abutan ng araw bukas!" mas lalo akong natawa.

"Hoy sagot Iris!" Atat naman tong keyboard na to. Napakamot pa si Iris sa ulo n'ya bago sumagot.

"Si Helari," well, hindi na kami nagulat na tatlo at expected na namin yung sagot niya.

"Helari Homophobic ka ba?" Tanong ko sa kanya. Tumingin naman ito sa akin na may pagtataka.

"Nope" oh good good. Kaya napangiti na rin kaming magkakaibigan.

"Sagot Iris. Why?"

"Curious ako kung anong lasa" nakayuko n'yang sagot. Tawa naman kami nila Kb, kasi nahihiya pa s'ya

sabihin nong una.

This time si Iris naman ang nag spin nong bote at tumigil kay Annallyn.

"Sandali lang, time out!. Wala naman homophobic dito no?" Tanong ni Iris, umiling naman kaming lahat except for Demonyeta and Dragon.

"Truth or Dare?" Tanong n'ya kay Annallyn at ang pinili ay Dare.

"Halikan mo si keyboard sa pisngi. Easy right?" Nakangiting utos n'ya. Ngumiti naman si Annallyn at lumapit kay Kb na nasa tabi ko.

Si keyboard naman parang hindi na humihinga. May pa close eyes pa s'yang nalalaman hahaha kinilig pa ang gaga matapos mahalikan sa cheek. Bumalik na si Annallyn sa upuan n'ya at nag spin. At huminto sa akin?!

Bigla akong kinabahan. Ano pipiliin ko, truth or dare? Truth nalang siguro para iwas sa mga kalokohan nilang gagawin.

"Truth"

"Do you think you're a good kisser, and why?" Tangenang tanong yan. Tanong n'ya si Miss Ponferrada.

"May nakahalikan ka na ba Sj?!" Sigaw ni Kb sa tenga ko. Bwesit

"To answer that question. I don't know? Dare someone to do it with me instead, then ask her?" Nanlaki naman ang mga mata nila matapos kong sabihin iyon. *Tangena ka Sj. Ikaw pa talaga ang nag suggest?!*

Pero hindi nila alam, kasama namin ngayon ang mga humalik sa akin. Ou, kilala nyo na at ngayon panay iwas ang tingin nila sa akin at namumula.

"Hoy joke lang! Wag po." pagbawi ko sa sinabi.

Kinuha ko na ang bote at nag spin. Tumigil naman ito sa tapat ni Ag.

"Dare"

"Go to the terrace and scream at the top of your lungs how much you love Cassandra Ponferrada" sabi ko habang tumatawa. Kasi nasaisip ko palang natawa na ako. Sinamaan naman ako nito ng tingin

"It's just a dare Ag. Don't take it seriously. Go na!" Sabay tulak ko sa kanya. Tumayo na ito at naglakad palabas ng terrace.

"I love you so much Cassandra Ponferradaaaaaaaaaaaaaaaa!" Nag tawanan naman kaming nasa loob pagsigaw n'ya non Hahahaah. Pagkatapos sumigaw ay bumalik na ito at binatukan ako.

"Aray namamatok ka naman! Dare nga lang." Reklamo ko. Pina spin ko na s'ya at inikot na ang bote.

CHAPTER 16

-

"Fuck!" sobrang late ko nagising dahil hindi na naman tumunog ang magaling kong alarm. Pag gising ko marami na akong missed calls at texts natanggap mula sa mga kaibigan. Halos mabangga-bangga ko na mga nakasalubong dahil sa pagmamadali, 9:47 na kasi ako nakarating.

Pag pasok ko ng gym sobrang daming tao at ang ingay ng crowd. Tignan mo, at talagang late na ako sa laro dahil malapit na matapos!

"Sj! Oh my god! Bakit ngayon ka lang?!" Salubong agad ni Coach sa akin.

Tinaas ko muna ang kamay ko para ipahiwatig na hayaan n'ya muna akong huminga dahil para na akong hinahabol ni kamatayan.

"I'm sorry Coach, hindi kasi tumunog alarm ko." paliwanag ko.

"It's okay, at least nakahabol ka pa bago mag 4th quarter. Sige na at mag palit ka na ng jersey." tumango ako at umupo sa bench.

Nasa 3rd quarter na ang laban at ang score ay 31-42, lamang ang kalaban. Lumapit ulit si Coach sa akin at inabot ang jersey ko. Ang limang naglalaro ngayon ay sila Bernadette, Tekla, Ag, Iris at Meghan.

"Babe." gulat ako paglingon dahil may tissue nakasaksak sa ilong ni keyboard.

"Ano? Sinalo mo bola at nagka-nosebleed ka?" ngumuso ito at tumango, bakit kasi isinali pa nila si keyboard e alam namang lampa tong kaibigan ko.

"Kawawa ka naman." sabi ko at muli ibinalik ang mga mata sa loob ng court.

Halata sa mga mukha ang pagod.
Hawak ni Iris ang bola pero nahihirapan syang gumalaw dahil double team ang nakabantay sa kanya, pero agad niya itong natakasan at ngayon todo habol sila sa kanya.

She dribbled the ball and ran towards the 3-point line. Before the defenders could catch up to her, she took the shot, and it went in as a perfect 3-pointer. Hiyawan naman kaagad ang supporters ng school namin, lalo na mga babaeng nilalandi ni Iris, shutangena ang dami nila.

"Hoy Iris! Bakit mo ipinasok yung tres!" Sigaw ko kaya napatingin sila sa akin.

"Loko ka Sj. Bakit ka sumipot dito?!" Sigaw naman ni Iris, para kaming mga gago na nagsisigawan. Nagtawanan naman ang mga nanonood dahil sa mga kagagahan namin.

"Coach! Wag mo na ipasok si babe! Ayokong manalo tayo!" Bwesit na Kb yan, para na rin n'yang ipinaalam na mananalo kami kung ipapasok ako sa court.

"Hindi na raw ako papasok coach. Ayaw nila manalo eh, hayaan nyo na tambakan kayo ng tuluyan." sabi ko sa kanya, stress na sya sa laro nila ah.

"Sa 4th quarter ka na pumasok Sj" sabi nito kaya tumango nalamg ako.

May 3 minutes pa na natitira bago matapos ang 3rd quarter. Palitan lang sila ng mga napapasok na bola. Magagaling din pala tong mga kalaban namin, kasi nahihirapan ang mga tukmol kong kaibigan.

"Tekla! Ipasok mo yan" sigaw ko kay Tetel. S'ya na kasi may hawak ng bola at simula pa kanina ay lage nalang s'ya nasusupalpal. Bano amp.

"Pag yan hindi mo naipasok! Itatali kita sa kama!" malakas kong sigaw at nagtawanan mga teammates namin.

"Ugh shut up Sj!" Sigaw n'ya pabalik sa akin. Si coach naman napailing-iling nalang.

IShe ran towards the defender, dribbling the ball. Just as the enemy stepped her right foot out to try to block her, Tekla made a fake and spun around to her left and ran to the hoop before making a lay up.

"Wow! God job tekla! Ipagpatuloy mo yan kung ayaw mo matali!" Sigaw ko ulit. Hiyawan naman ang mga supporters namin dahil naipasok n'ya ang bola.

Pero kahit anong gawin nila ay nagagantihan din naman kaagad ng kalaban. Natapos ang set at final quarter na after ng break.

"Babe!"

"Bwesit ka, bakit ka ba nanghahampas?" sermon ko sa kanya.

"Magbihis ka na at magsisimula na last quarter." paalala n'lya sa akin at inabot ang Jersey ko.

"Hoy! Bakit ka naghuhubad?!" Singhal ni Tekla. Langya puro nalang kami sigawan.

"Magpapalit ng jersey tanga" sabay irap ko sa kanya.

"Ang daming tao nanonood! Doon ka sa locker room!" Hindi ko na s'ya pinansin at mabilis na hinubad ang upper ko.

May suot naman ako na sports athletic bra kaya okay lang naman kahit dito na ako magbibis.

"Hala wow!" Nagulat ako sa biglang pag himas ni Tekla sa tiyan ko.

"Tangena ka Tekla! Wag ka nga basta nalang humahawak d'yan" sabay tulak ko sa kanya.

"Bakit dito ka nag bihis ha Babe! Kitang-kita tuloy nilang lahat ang abs mo!" Luh? Bakit parang nagkasala pa ako dahil dito ako nagpalit?

"Pag untugin ko kayong dalawa ni Tekla e" kinuha ko na ang jersey at mabilis na isinuot at nilapitan si Coach.

"Sino kakatayin mo Coach?" Kunot noo naman akong binalingan nito.

"Anong katay sinasabi mo babae ka?"

"Sino kako aalisin mo at ipapalit sa akin." hagikhik ko, ang epic talaga minsan ng mga reaksyon niya.

"Si Tetel" agad n'yang sagot kaya tumango ako at binalikan ang mga tropa.

"Tekla ikaw daw kakatayin sabi ni Coach" sabi ko pagkalapit sa kanila.

"Ha?!"

"Ikaw papalitan ko tanga" I said and rolled my eyes.

Nag whistle na ang referee at magsisimula na ang last quarter.

"Let's welcome our new player for the last quarter! Wearing jersey #69...Shara Jane De La Fuente" hiyawan naman ang mga schoolmates namin. Pag tawag sa pangalan ko ay agad na akong naglakad at sinamahan ang mga kasama ko na nasa loob na ng court.

Nasa kalaban ang bola. The player I'm guarding is pretty nimble and flexible. She dribbled the ball between her legs, which I saw as an opportunity to take advantage of her position and practically wrap my arms around her waist to hold her in place, making it difficult for her to move or escape.

I looked at her and bit my lip. She slipped up, partially getting distracted and fumble the ball between her legs. I took that opportunity upang agawin sa kanya ang bola at napangisi ako nang makuha ko na ito. Mabilis akong tumakbo patungon sa line of 3 at itinira ang bola.

Hiyawan na naman ng maipasok ko ito.

"Gaga ka babe! Malandi ka!" sabi ni keyboard pagkadaan ko ng bench namin.

"Bakit?"

"Nakita ko ginawa mo pft."

"Gaga imagination mo lang 'yon. Balik defense na!" Sabi ko sa kanila.

We continued to play...

.
.

"Aray tangena naman Tekla wag mong pisilin!" Reklamo ko sa kanya dahil pinipisil ba naman ang paa ko.

May sprained foot lang naman, napasama yung landing ko kanina after ko mag rebound ng bola.

Hindi pa tapos ang game, there's still 5 minutes left before the last quarter ends. And I guess kaya na nila ipanalo yun since lamang naman kami. May tiwala naman ako sa kanila.

"Yan! Tatanga-tanga kasi!" Bakit s'ya pa galit?

"Bumalik ka na nga dun!" Pagpapalayas ko sa kanya.

"Wala kang kasama rito bobo" binatukan ko naman s'ya. Ako pa bobo amp

"Okay lang, lumayas ka na at baka kailanganin ka sa court. Shoo shoo." taboy ko sa kanya.

"Sige malapit na rin naman matapos ang game, stay here." tumango lang ako at agad na itong lumabas upang bumalik sa court.

Pag minamalas ka nga naman oh!
May performance pa kami tonight, paano nalang tong paa ko? Narinig kong bumukas ang pintuan, pero hindi ko na binalingan.

"Diba sabi ko bumalik ka na sa court? Okay lang ako" sabi ko, baka kasi nagbago na naman ang isip ni Tekla.

"Tekla bumalik ka na. Wag makulit"

"Hey" This time ay binalingan ko na ang taong nagsalita.

"Hi." I smiled.

"Is your foot okay?" She sounds worried tho.

"Hindi pero okay lang bearable naman" lumapit naman ito at umupo sa tabi ko.

"Ginagawa mo rito Zi?" Tanong ko sa kanya.

"I saw your play" Nanood pala s'ya?

"Ang tanga mo" napatingin naman agad ako sa kanya. Hala s'ya ako na nga nasasaktan ako pa tanga.

"Grabe ka naman Zi, mali lang landing ko kaya ganyan nangyari, maka tanga ka naman." depensa ko sa sarili ko.

"Ang landi mo kasi tsk" Hala s'ya! Tinawag akong malandi.

"Ha? Sino nilandi ko?" Inirapan lang ako nito.

"Let's go to the clinic."

"Alalayan mo 'ko?" Dapat lang alalayan n'ya ko. Masakit kaya ilakad.

"Yup." dahan-dahan akong tumayo at inakbay ang kamay ko sa kanyang balikat, habang ang kamay naman nya ay nasa bewang ko.

"May performance pa naman kami tonight Zi. Paano nalang kung di mawala yung sakit?" Nakanguso kong sabi.

"That's exactly why we're going to the clinic to get it treated immediately."

"Bakit mo to ginagawa Zi? Nakakagulat ka. May sumapi ba sayo?" Binalingan ko s'ya at napakunot naman ang noo n'ya dahil sa sinabi ko.

"What do you mean?"

"As if you care about me?" Nag loading pa ata sa utak n'ya sinabi ko. Hindi naka imik e.

"I care about you Ja" ano raw?

"Because you're a friend" oh

"A friend" I mumbled.

Nagsimula na kaming maglakad patungong clinic at hindi maiwasan ang mga tinginan na ipinipukol ng mga tao sa amin.

"Tignan mo Zi. Kahit ang mga ibang estudyante ay gulat. Hindi sila sanay ganito ka" natatawa kong saad.

Unang beses siguro nila ito nakitang may tinulungan na tao. Hindi naman daw siya ganito noon at walang pakialam sa kahit na sino, special siguro ako kay mommy Zizi ko hays.

"I don't care about them." mabilis n'yang sagot. Napangiti ako sa sinabi n'ya. Demonyo nga pero may tinatago naman palang kabutihan minsan.

"What happened to you?" Napaigtad ako dahil sa biglang malamig na boses na nagmumula sa aming likuran. Bakit ang hilig nila sa likuran lage kung sumulpot?

Napahinto naman kami, lilingon na sana ako pero namalayan ko nalang na nasa gilid ko na s'ya.

"Are you blind? Can't you see she's injured?" Langya, mukhang masama na naman kutob ko sa magaganap. Wag naman sana sila magbangayan sa gitna ng daan no.

"Am I talking to you?" She raised her one brow. Magkaharap na silang dalawa ngayon habang ako ay palipat-lipat lang ang tingin sa kanila.

"Move, you're blocking our way." banat ulit ni Ziallyn at sinalubong ng matatalim na tingin si ma'am.

"I will help you" nagulat naman ako sa ginawa n'ya dahil naka-alalay na s'ya sa left ko, meanwhile Zi is on my right side.

"Ah M-mis-"

"What are you doing?" Tanong ni Zi. Hindi ko ba alam kung galit ba sila kasi wala naman pagbabago sa pananalita nila. Mas malamig pa kaysa Mt.Everest.

"Are you blind?" Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi n'ya. I bit my lower lip to suppress my laughter. Lintik na dragon to.

Mukhang aabutin pa ata kami ng taon nito bago makarating sa clinic kung hindi titigil ang dalawang demonyetang to.

"What about you? are you deaf?" Tinaasan na rin n'ya ito ng kilay. I heaved sigh and mentally facepalmed.

"Babe!" Tawag ni Kb sa akin kaya napatigil ang dalawa sa bangayan nila. Blessing in disguise talaga ang baliw na to pagdating sa ganitong sitwasyon.

"Tapos na laro? Talo kayo no?" Tanong ko agad pagkalapit nito sa amin, binati ni keyboard ang dalawa

bago ako malalim na tinitigan. Dumating na rin ang iba pa naming kaibigan.

"Anong ganap dito. Bakit parang may nag s-shooting ng kdrama?" Tawa-tawa na sabi ni Iris.

"Kayo na nga ang maghatid sa akin sa clinic. Baka lumala pa tong paa ko pag aabutin pa ako ng taon dito kakatayo" sabi ko at inalis ang mga kamay ko na nakasabit sa mga balikat nitong dalawang demonyo. Hindi naman sila umimik.

Lumapit naman agad sila Iris at Ag para palitan sa pwesto ang dalawa.

"Thank you po Miss and Zi. Sila nalang po maghahatid sa akin, alam ko naman mga busy kayo" saad ko at nginitian sila. Zi smiled back meanwhile the dragon just stared at me intently then rolled her eyes. Maldita tsk.

*

Nandito kami ngayon sa cafeteria. Open s'ya today kaya dito nalang kami kakain ng lunch. Hindi rin naman kami nagtagal sa clinic at 20min lang kami nanatili para lagyan ng ice pack yung paa ko. Buti nalang at hindi ganun kalala.

"Alam mo.."

"Hindi ko alam, dapat pa bang malaman ko?" Putol ko agad sa sasabihin ni Kb. Wala naman to magandang sinasabi.

"Patapusin mo kaya muna ako sa pagsasalita babe?" Taas kilay na sagot ni Kb.

"K."

"May nakita akong kasama ni Coach, mga professors daw pero sa graduating students lang sila nagtuturo" ah baka yung tatlong kasama n'ya.

"Yung magaganda ba?" Tanong ko.

"Ou! Bakit mo alam? Kilala mo ba sila?"

"Hindi ko sila nakilala pero nakasalubong ko sila kasama si coach."" sabi ko at ninakaw ang pagkain bita.

"Maganda?" Singit naman agad ni Iris pagkarinig ng maganda.

"Yups, mukhang ka edad lang ni ma'am Pixie," sagot ni keyboard, wala siya plano kainin cake niya? ubusin ko to eh.

"Sa tingin ko mga maldita rin yung tatlo." Sabi ko.

"Ask natin si coach, sabihin mo nga Sj ipakilala sa atin." bakit ako? si Iris nakaisip kaya siya kumausap don.

"Akala ko ba kay Helari ka?" Sinamaan ko naman s'ya ng tingin.

"Ikaw nga dalawa crush mo! Bakit ako hindi pwede?" Sabay irap.

Sabagay tama rin naman s'ya. Guilty ako sa part na yun, pero iba naman sa kanya kasi!

"Hoy si Ziallyn oh!" Turo ni Ag sa may entrance kaya agad ako napalingon. Hinanap ko pero wala naman?

"Oy hinahanap yeee." sarap barilin ni Iris,

"Ay tanga hindi pala si Ziallyn, si dragon mo oh, may kasamang nga chix." ulit nya pero inikutan ko lamang ito ng mata.

"Totoo nga!"

"Hala sila yung mga teachers na kasama ni Coach!" sabay yugyug ni Kb sa akin kaya this time ay nilingon ko na ang mga ito. Ou nga nandito sya at kasama yung tatlo. Mga kaibigan nya ba mga yan? Nasa teachers table sila nakaupo.

"Siya yung tumawag sa akin ng jerk diba?" pag kumpirma ni Iris matapos nakita yung professor na nakabangga niya.

"Ou, patay ka! professor pala yun." pananakot ni keyboad.

"Naku! Baka mga dragon din yan or mas malala pa kay dragon" I said and rested my chin on my left hand.

"Mas challenging daw pag ganun ang mga babae Sj" biglang sabat ni Ag.

Hmmm challenging nga ba?
Hindi ko naman alam, di ko pa nasubukan.

"Sige try mo Ag" sagot ko at tinignan s'ya.

"Ayoko no. Tara na at mag order na tayo, nagugutom na ako." kaming dalawa lang nag order total may mga pagkain na yung dalawa, dapat ibili nalang nila ako!

Habang pumipila ay napapatingin ako sa table nila dragon na ngayon ay nag-uusap. May kaibigan pala s'ya?
Mga dragon din siguro yan, halata naman sa mga hitsura.

Napaka intimidating din kasi ng mga awrahan nilang tatlo.

"Sj!" Biglang tawag ni Coach na ngayon nasa table nila miss kaya napatingin na rin sila sa amin.

Sumenyas ito na palapitin ako pero umiling ako at itinuro ang pilay ko. Na gets n'ya rin naman kaya s'ya na ang lumapit.

"Kamusta paa mo?" Agad n'yang tanong.

"Humihinga pa naman po"

"Pilosopa ka talagang bata ka" sabay pingot sa tenga ko.

"Coach naman, masakit po!" Medyo malakas din yun ha.

"Eh kamusta laro n'yo? Talo kayo no? Hindi kasi ako sinagot ni keyboard." tanong ko habang hinihimas ang tenga.

"Panalo no. 52-51" pagmamayabang n'ya.

"Wow! Isa lang lamang n'yo!" Natatawang saad ko kaya inikutan lang ako ng mata.

"Buti hindi malala yang paa mo. May battle of the band pa naman kayo tonight." ay sana all concern.

Sinilip ko si dragon at nakatingin na pala ito sa amin, anong tinitingin-tingin niya at bakit mukhang galit pa siya? Selos siya kay coach? Sus!

"Ou, okay lang naman basta wag mo lang apakan." I let out a chuckle.

"Aapakan ko talaga yan" akma na n'ya sanang aapakan kaya niyakap ko s'ya. Langya gusto pa ata akong tuluyan.

"Hoy gaga! Makayakap ka d'yan pagkamalan pa tayong mag jowa" saway n'ya at tinampal ang braso ko kaya tinawanan ko nalang s'ya.

Saglit lang yun, pinalayas ko rin agad si coach at pinabalik sa table nila.

Pabalik na kami sa table namin nang bigla nalang may tumisod sa mismong pilay ko. Kaya't nabitawan at natapun ang pagkain na dala ko.

"You bitch!" sigaw ni keyboard at bitbit ang cake habang papalapit sa direksyon ko.

"Y-yung pudding ko" sambit ko. Nakatulala lang ako na tinitigan ang nagkalat na pagkain sa sahig at ang pudding ko.

Yung pudding mo Sj!

"My god babe! muntik ka na nga lumangoy sa sahig at tinisod ka na nga! pagkain pa rin nasa isip mo?!" Umuusok na ilong n'ya e.

"I'm fine, keyboard. Just ignore her." I said at tinignan lang ang babaeng may dahilan kaya nahulog ang pudding ko.

Kumalma muna ako bago ko hinarap ang may salarin. Kung ako lang, gusto ko na suntukin ang mukha n'ya pero dahil maraming tao at nasa cafeteria kami ay hindi ko naman magagawa.

"I think that *thing* got something to say to you." bulong ng kasama nito at itinuro ako. Tangena, anong tawag niya sa akin? THING?!

"Huh, who? I don't see anyone." nagtitimpi na talaga ako. Gusto ko na ipalipad tong kamay sa kanyang mukha, sayangin na nila lahat wag lang pudding ko.

"Anong tawag mo sa akin? THING?" diin kong salita.

"Bitch, anong kailangan mo? Get lost, nakakawala ka ng gana." naikuyom ko ang palad matapos akong itulak nitong animal na to.

Nakakaagaw na kami ng atensyon. Habulin ata ako ng atensyon?

"Diba dapat ako ang mag tanong sayo n'yan? You tripped me first, remember? May amnesia ka ba? Untog ko ulo mo para maalala mo?" kalmado kong salita, mahaba naman pasensya ko kaya kung ako sa kanya wag sagarin.

"And besides, we don't even know each other. So tell me why'd you have to do that?" dagdag ko pa.

"You're an eyesore. Bakit nagkalat ang mga lesbians dito", sabay paikot ng mata.

Me? lesbian? bobo naman nito.

"I see. A homophobic huh..." Porket boyish ako manamit sasabihan na agad na lesbian tsk.

"Yes! So g-" she was about to say something.

Then all of a sudden someone grab her foodtray at ibinuhos sa kanyang ulo. I quickly turned my head to the culprit and I was shocked to see miss pixie!

Nagulat kaming lahat sa ginawa n'ya. The cold hearted and nonchalant professor is now making an action!

Hoy tangena ba't ang hot ni dragon sa ginawa n'ya? I looked at her in amusement while watching her crossing arms.

"What the fuck?!" She exclaimed. Napangiwi ako para sa kanya. Mainit pa naman yung sabaw na tinapun sa mukha n'ya.

"Hey!" Sigaw naman nang kaibigan n'ya

"Fucking bullshit! Bring me the nurse! My face, its hot! It burns!" Maiyak-iyak na sigaw nang babaeng tumisod sa akin.

What surprised us even more was. When she suddenly pushed the woman's chair kaya napahiga ito sa sahig. My jaw dropped in amusement and I heard my friends chuckle.

I didn't realize na napalakpak na pala ako ng dalawang beses. Nakatingin lang kasi ako sa kanya tapos yung kamay ko, parang may sariling utak kaya pumalakpak. Tangena angas naman non. Sarap n'ya sabihin ng *Job well done baby?*

"Hannah!"

"Are you okay?!" Bobo kita mo sinabuyan ng mainit na sabaw. Tatanungin mo kung okay lang sya? Ikaw kaya paliguan ng sabaw.

"Bitch, what do you think you're doing!?" bulyaw ni sadako(1) na kaibigan nong hannah kay ma'am, gago ba siya? di niya kilala kung sino tinatawag na bitch?

"Tignan mo ang ginawa mo sa kaibigan namin!" tapang no sadako(2) ha, sinisi pa si ma'am.

Miss Pixie glanced at them with disgust on her face. Moments later, she pulled off her earrings and threw it in the face of the woman. Oh my god! This badass, bitchy dragon is not to be messed with!

"This will more cover your treatment costs, it's worth a lot you know?" She smirked. *Mommy why so hot?!*

"W-What did you say?!"

Tamang spectators lang kaming mga tao sa cafeteria na nanonood sa kanila.

Alam ko naman na nakakatakot galitin tong si dragon. Binato nga n'ya ng purse bag mukha ko e, tapos sunod naman yung platito na luckily ay naiwasan ko. Pero gosh! Today, she's acting like a krazy badass possessive woman.

"Or you could get some plastic surgery. Your face could scare a ghost away." She said, her bluntness and savage attitude causing the people around her to hold back their laughter or even be shocked. But despite her harsh words, there was a hint of honesty and truth in her observation, something that wasn't easy to ignore.

Langya! Nakakatakot sya. Yung kahit walang nagbabago sa boses pero yung energy nakakatakot.

"Nababaliw ka na ba?! Ang mahal nitong damit ko!" Sigaw na naman ulit nong naligo sa sabaw.

"Ano naman kung mayaman ka!" sigaw ulit ni sadako(1) ako na nahihiya para sa kanila, baka bukas wala na silang paaralan na mapasukan.

"It's not my fault that you're dirt poor. Just admit that you're jealous. It's pathetic." I couldn't help but get stunned and be left speechless by her harsh words.

"And how dare you pick on my student? Nobody is allowed to mess with her except me. Don't touch my favorite girl." my eyed widened in shock at sabay kami napatingin ni Ag sa isa't-isa, itinuro ko pa sarili ko para kumpiramahin kung ako ba tinukoy nitong favorite girl.

Nagtakip ako ng labi at itinago ang ngiti, hindi ko sinasadya pero kusa nalang ako napapangiti ng hindi namamalayan. Makalipas ang ilang minuto may guards na pumasok ng cafeteria.

"Damn you! Magbabayad ka! Security dakpin n'yo ang babaeng yan!" Singhal n'ya sa mga SG na kakapasok lang at inutusan na dakpin si dragon. But instead ay sila ang dinampot.

"What's the meaning of this?! Is this how you treat your visitors?! Bakit ako ang hinuhuli n'yo!" Sobrang pula na ng mukha.

Ah, kaya pala hindi kilala si dragon dahil hindi naman pala estudyante mga babaeng to.

"Miss, nakita namin sa cctv ang ginawa mo." agad na sagot ni kuyang guard.

"Can't you fucking see?! Mas malala pa ang ginawa ng babaeng yan sa kaibigan namin!" sadako(2) galit na galit, gusto manakit.

"Take them away. I dont wanna see their faces here, ever again." utos naman ni dragon kaya kinaladkad na ng mga security ang mga babae palabas ng cafeteria.

Tahimik lang ang buong cafeteria.

"Pudding" sambit ko kaya nilingon ako ni dragon, ako naman ngayon ay nakatingin sa pudding ko na

natapon.

"Your injury" tanong ba yan?

"My pudding" I heaved sigh.

"I'm asking you. How's your injury?" She asked irritatedly.

"Pudding" I sniffed, kunyari umiiyak.

"My gosh!"

"I want my pudding" daig ko pa ata naglilihi

"Bring.her.a.dozen.of.pudding.now!" She yelled at the counter service.

Nanlaki ang mata ko dahil sa sinigaw n'ya. Sinakop ba naman ng malamig n'yang boses ang buong cafeteria. Nakakatakot! Pero what, adozen?!

*

"Ang dami mong puddings mauubos mo ba yan ha?" tanong ni keyboard at tumabi sa akin.

"Alam ko naman na gusto mo lang kumain. Don't be shy, kumuha ka na at hindi ko mauubos yan!" sagot ko sa kanya, kinuha ang isang pudding at ako na mismo ang nagbigay sa kanya. Nahihiya pa e makapal naman ang mukha.

Matapos nang nangyari kanina ay umalis nalang bigla si dragon. Walk-out queen talaga yun, hindi man lang ako nakapagpasalamat sa kanya.

"Feeling ko talaga crush ka ni ma'am e. Akalain mo, nagawa niya yun dahil sayo? Favorite girl ka naman pala eh." hindi ko nalang pinansin ang panunukso ni Iris,

"Ano na naman pinagsasabi mo? Malamang normal lang yun kasi professor siya." inabutan ko na rin ito ng pudding, ang dami kasi talaga.

"Matalino ka Sj..."Sabat naman ni Ag

"Hindi ko alam. Bobo ako" sagot ko agad

"Kaso nga lang mas mabagal ka pa sa pagong" pinagsasabi nito?

"May mahal na yung tao, tapos ipipilit nyo pa." mahal pa non gf niya at isa pa, crush ko lang naman si ma'am.

"Mahal?" Baling ni Kb sa akin habang ngumunguya.

"Ou, di pa ata nakakamove on sa ex yun." Agad kong sagot, sabihin nalang nating ganun.

"Hindi nga? Aweee totoo?" Sarap pukpukin ng kutsara tong si Iris.

"Ou nga. Isa pa si Zi talaga gusto ko" yun naman dapat diba? Simula pa lang si Zi naman talaga gusto

ko.

"Di ka sure friend" hirit ulit ni Ag.

Hmm may dalawa pang natitirang pudding. Busog na ako sa dami kong naubos. The heck, dalhin ko nalang kaya kay dragon tong dalawa total mahilig naman sya sa matatamis?

"San ka pupunta babaeta?" kada nalang bawat lakad ko magtatanong si kb,

"Dadalhin ko tong dalawa kay dragon at para mag thank you na rin sa kanya." Kinuha ko na ang dalawang pudding na natitira at mukhang may plano pa atang sunggaban ni Kb.

"Sus miss mo lang e." mamamo Iris,

"Miss asarin ou. Sige na at mag enjoy na kayo, hindi rin naman ako pwede maglakad ng buong araw gamit ang paa ko." Last day na kasi today.

"Ayaw mo ba magpahatid? Buhatin ka na namin." alok naman ni Ag,

"Hindi ako lumpo! siraulo to. Sige na, kitakits later." sanay na rin naman ako sa ganito.

Medyo natagalan din ako bago nakarating sa labas ng pinto ni Miss. Nahirapan ako sa hagdanan e.

Kumatok na ako pero walang sagot.
Nandito ba s'ya? *Pasukan mo na Sj.* Kumatok ulit ako pero wala parin sumagot, kaya nag decide na akong pihitin ang pinto at buksan.

Ou nga walang tao, asan ba ang dragon na yon?

Kinuha ko nalang ang cellphone ko at nag chat sa kanya na nandito ako sa office n'ya. Wala rin naman akong reply na natanggap amp.

Inilagay ko muna ang bitbit na pudding sa table saka humiga sa couch para naman maipagpahinga ko rin ang paa.
Ang ganda talaga tambayan dito sa office. Kung tatanungin ako saan ang paborito kong tambayan sa school ay itong office nya pipiliin ko.

*

"Wake up." sino to?

"De La Fuente!" napabalikwas ako dahil sa sigaw niya.

"Ay butiki!"

"You called me what?" Magkasalubong ng kilay na tanong nito.

"Ah Miss, you're back. Sorry po nakatulog ako. Sarap kasi nitong office mo parang ik--I mean nakakarelax po tambayan" bibig ko talaga apaka manyak minsan.

"How'd you get up here?" malamang naglakad, mga tanong talaga minsan nito.

"Lumipad po" sabi ko at nagkukusot ng mata.

"Gusto mo lumipad tong pudding sa mukha mo?" Kaya napatingin ako diretso sa kanya.

"Wag! Dinala ko nga yan dito para ibigay sayo tapos itatapon mo lang ulit sa mukha ko?. E subo mo nalang siguro miss payag pa ako" Ano nga ulit reason ko ba't nandito ako? Yung ibigay ang pudding diba.

"Bored?" tanong niya habang kinakain ang pudding ko,

"Kinda, hindi rin naman ako makasama sa mga kaibigan ko." Sagot ko.

"Ah okay ka lang ba miss? Thank you nga pala kanina. Deserve nila yun at salbahi sila." sabi ko.

Bigla akong nauhaw

"Miss tubig..."

"Please?" Gusto ko sana tumayo para kunin yung baso pero hmm.

Wala naman s'yang nagawa kundi ang tumayo at kunan ako ng tubig.

"You really should learn how to fight. Why are you so scared to fight back? Being so passive and weak is annoying, for Pete's sake." tahimik ko lang siya tinitigan, di ko kasi masabi kung galit ba siya o hindi dahil wala naman ito pinapakitang emosyon sa mukha.

"Why are you smiling?" She asked and raised her brow.

"Yee, concern siya." ngumisi ako pero kinurot niya agad ang pisngi ko.

"Shut your mouth." babala niya at inikutan ako ng mga mata.

"Eh ikaw nga nau-" kulang nalang ihampas niya sa aking ang baso, siya tong una tumawag sa akin ng baby eh.

"Okay lang ba dito muna ako miss? Wala naman akong ibang tatambayan. Mas safe kasi ako pag say--pag nandito" makatingin naman to. Katakot.

"K, just don't disturb me." bumalik ito sa kanyang table at nagpatuloy sa trabaho, sana all may time sa iba.

Mag iisang oras na kami walang imikan at nagsasawa na ako sa nilalaro ko sa phone. Hindi naman awkward at comfortable rin naman ako kahit ganito kami.

"Miss sabi ni Mommy mag focus na raw ako para sa future ko." putol ko sa katahimikan naming dalawa.

"That's the right thing to do" sagot naman n'ya agad.

"So...mag start na po ba akong mag focus sayo?" nakangiting sabi ko.

Hindi naman s'ya sumagot. What's new? Hindi ko rin naman makita ang mukha n'ya since nasa bandang likod s'ya nang ulo ko.

"Miss kilala mo si upin at ipin?" Hirit ko ulit.

"Yeah." ay sumagot, kilala pala.

"Alam mo rin po ba na, upin and ipin should be together without PIN?" Ang lawak na ng ngiti ko. Sana walang kung anong bagay ang lumipad sa mukha ko. Baka mamaya batuhin ako nang pudding.

"No and that will never happen" langya talaga.

"Mis-"

"Why don't you flirt Ziallyn instead?" Putol n'ya sa sasabihin ko.

"Miss, ano po gagawin mo kapag may nagtaksil sayo?" hindiko ito sinagot at nagtanong nalang ulit, bakit ba sinisingit si Zi sa usapan.

"Once someone's betrayed me, they cease to exist in my life." prangka masyado kaya gusto ko kausap to eh.

"Ooo" nalang ang nasabi ko.

"Pero what if that person is the one you love?" She clears her throat. Akala ko sasagot s'ya pero waley.

"When are you going to confess?" Instead na sagutin ako ay nagbato lang ito pabalik ng tanong.

"Confess?" kunoot noo kong reaksyon. Ano sinasabi nito?

"To Zb" ohh. Bakit ako mag co-confess?

"Bakit?"

"Seriously?" Pinihit ko ang ulo't tinignan s'ya. she sounds irritated e.

"You said you like her" diniinan pa talaga ang salitang like.

"Yeah? Doesn't mean I like her ay mahal ko na s'ya?" Bakit puro Zi nalang topic nito.

"Magkaiba ang like sa love miss. Hindi ko pa man na experience yang love love na yan, pero alam ko naman ang pinagkaibahan nila" sabi ko at humikab. Langya inaantok na naman ata ako.

Hindi naman ito sumagot at inikutan lang ako ng mata. Ano problema ng dragon na to?

Bigla naman tumunog ang intercom at tinawag ang pangalan n'ya. Ay disturbo!

"Stay here." nagtaas lang ako ng mga kilay.

"Tulog nalang po ulit ako" sabi ko.

Akala ko ay lalabas na agad pero naglakad ito palapit sa akin.

Nagulat ako sa ginawa n'ya.
She patted my head and smile habang ako natulala nalang sa pagkabigla.

"Chat me when something happens" ngumiti ito saka inilapit ang mukha at hinalikan ang pisngi ko pagkatapos ay lumabas na.

Na sapo ko nalang ang ulo ko.

Ang gulo n'ya?

.

CHAPTER 17

-

Hays.

Puro nalang buntong hininga ginagawa ko kanina pa. Kinakabahan na kasi ako, malapit na kasi magsimula yung contest.

"Hoy! Ang lalim naman, ano ba problema. Ni reject ka ulit ni Demonyo o Dragon? Pang ilang beses na rejection na yan?" gusto ko lang naman sana mapag-isa pero may hayop na palaging sumusulpot.

"Actually..."

"Actually what?" Seryoso na s'yang nakikinig ngayon.

"Buntis ako" biro ko sa kanya.

"Tanga, wala ka ngang GF! BF pa kaya?" Luh, ipamukha ba naman sa 'kin

Bumuntong hininga na naman ako kaya naiirita na tong si keyboard.
"Ano nga problema mo?!"

"Kagandahan ko"

"Letche!" mahina akong tumawa.

"Ma-"

hindi ko na naituloy ang sasabihin ko kasi may biglang dumukot sa akin at binuhat. Yung buhat na parang bata ka na sinampay lang sa balikat, ganer, ganern.

"Hoy Iris pisti ka! Anong ginagawa mo!" Hampas ko sa pwet n'ya.

"Gago andyan na si shrek!" The heck, sinong shrek?

"Ibaba mo nga si babe, Iris!" Inis na utos ni kb.

"Tangena magpasalamat ka nalang sa akin!" pano magpapasalamat kung hindi ko alam ang rason? Bobo amp

"Ibaba mo na 'ko, yu-"

"Tignan mo nasa right side, near sa nurse quarter!" Kaya tinignan ko naman agad. Sino bang sh-

"Sige baba ka n-"

"Hoy pota! Itakbo mo na ako! Hindi si shrek yan! Yan yung killer sa wrong turn! Takbo Iris, nakita na n'ya ako pisti ka!."

Si Bern pala tinutukoy n'ya, kaya pala bigla nalang ako dinukot nito. Hindi kasi ako makakatakbo, nagsalubong ang mga mata namin ni Bern at malawak ang ngiti nitong papunta sa direksyon namin.

"Itakbo mo na si babe!" Utos ni Kb kaya tumakbo na kami--ay hindi, sila lang pala dahil buhat-buhat ako ni Iris,

"Kanina ka pa n'yan hinahanap, langya ka ano pinakain mo sa babaeng yan?" malakas na boses ni Iris habang tumatakbo,

"Babe!" Litsi mama mo babe.

"Bilisan mo ang takbo, maabutan na tayo walangya! Liko ka sa right side sa main building tayo." Deja Vu. Parang nong nakaraang araw lang hinahabol din ako ng mga unggoy kong k-klase.

"Ang bigat mo, naknampucha!" kinurot ko tagiliran niya kaya napahiyaw ito sa hapdi.

Takbo lang sila ng takbo at hindi naman alam kung saan tutungo, kawawa naman pero kasalanan niya naman yan at bakit kasi ako biglang kinarga.

"Potangena hinihingal na ako, hindi pa ba napapagod si shrek kakahabol?!" Reklamo na ni Iris. Habang ako nangangalay na rin na nakasampay sa balikat n'ya.

"Sa kaliwa iris--tanga! Kanan yan stupid!"

"Aray sj! Wag ka naman manabunot! Englishin mo nalang kasi nalilito ako sa kaliwa at kanan." Langya, sabagay pati ako minsan nalilito.

"Babe stop!" Sigaw ni Bern. Ano ka gold? Muntik mo na 'kong pagsamantalahan.

"Kanan--right right iris dali habang may nakaharang sa kanya!" Off lights kasi sa right side kaya pwede kami magtago.

Biglang natapilok si kb kaya napasubsub sa sahig.

"Hoy tanga!" Sigaw ko sa kanya.

Pero mas tanga pa pala tong nagbubuhat sa akin kasi bigla nalang kaming may nabangga pagkaliko. Kaya pati kami ay sumisid sa sahig, ilang isda?

"Ouch!" Buti nalang ay pwet ko una bumagsak at hindi yun paa ko.

"Kb! Dito dali!" Tawag ni Iris kay kb na kakatayo lang mula sa pag sisid.

"Langya naman Iris ang sakit ng pwet ko! Hindi ka ba tumitingin sa daan?!" bulyaw ko at hinihimas ang masakit kong pwet.

But then I realize na meron ding malambot na bagay ang na hawakan nong isang kamay ko. So I squeeze it. Ba't ang lambot?

"B-Babe!" Tawag ni Kb sa akin.

"Gaga ka Sj kung gusto mo pa mabuhay. Alisin mo na kamay mo." bakit parang nakakita ng multo tong

mga baliw na to?

"Are you done squeezing?"

Bigla nalang ako nanlamig dahil sa lamig ng boses nong nagsalita. Nilingon ko naman ng mabilis ang taong 'yon.

Nanlaki nalang ang mata ko nang makita na naglanding pala ang kamay ko sa boobs ni Ziallyn.

Tangena? Pano nangyari yun? Grasya?

"Z-Zi!" napalakas pa boses ko sa gulat.

"Still not enough?" Ha? Anong still not enough. Seconds later ay na gets ko na ang ibig sabihin niya.

"Z-zi, bakit andyan yung kamay ko?" Di ko pa pala natatanggal ang kamay ko sa dibdib n'ya. Ang bobo nong tanong ko. I mentally slapped myself.

"Why are you asking me? Kamay ko ba yan?" Tangena.

"Babe!" Anak ng tinapa, sabay naman kaming lahat napatingin kay bern. Hiningal ang gaga, nawala siguro to saglit.

Tumayo ako at mabilis na inalalayan si Zi at nagtago sa kanyang likuran.

"Bakit na naman ba bern?" Bored kong tanong sa kanya at inayos ang sarili. Medyo masakit pa rin yung pwet ko, nawala kasi saglit yung sakit nong may nahawakan akong gold.

"Bakit ka ba tumatakbo?!" Ay tumakbo pala ako.

"Hindi naman ako tumakbo?" Tinignan ko naman sila Iris at Kb na naghahabol ng hininga. Free exercise na rin yung ginawa nila.

Instead na sumagot ay lumapit ito sa akin at hinawakan ako sa braso.

"May gagawin ka ba bukas?" Wala naman magpapahinga lang sa bahay pero syempre hindi ako sasama sayo.

"Meron." tipid kong sagot at inalis ang braso nitong nakapulupot sa aking braso.

"Okay, fine. I need your number." ano ka sinuswerte? Hindi nga alam ni dragon at demonyo phone number ko!

"Wala akong selpon." sagot ko.

"Sinong niloloko mo?" Ikaw kasi uto-uto ka.

"I don't even know her number" biglang sabat ni Zi. Ay ay gusto mo number ko Mommy?

"So?" Mataray na sagot n'ya at tinaasan si demonyeta ng kilay. Naku ka talaga berna, makakatikim ka na naman ng sampal d'yan sige ka.

Go Mommy!

Humarang naman s'ya sa amin, pinagitnaan ba naman kami. *Ay possessive rin si demonyeta.*

"What are you doing? Bakit ba lage ka nalang nakikisali sa amin?!" Inis na saad ni bern at humalukipkip.

Bahagyan akong umatras at binalingan ng tingin ang dalawa kong kaibigan, na kanina pa tahimi---pota! san nila nakuha yang potato chips na nilalantak nila?!
Kaya sinamaan ko agad sila ng tingin.

"Bakit, may kayo ba?" burn baby burn, napa "O" naman ang mga bibig nila Kb at Iris.

"I'm pretty and popular at alam kong gusto rin ako ni Shara, e ikaw? May kayo ba?!" Hala walang kami no. Nanlalantak ng labi ko yan. Pero anong sabi n'ya, gusto ko daw s'ya? Buti pa s'ya alam na may gusto ako sa kanya. Samantalang ako, ni isang segundo hindi ko naisip yun.

"None." tipid n'yang sagot.

"Yun naman pal-"

"But..you know what" putol n'ya. Hoy wala nga s'yang ginagawa unlike dragon pero shit. Tagos hanggang puso yung pananalita n'ya!

"We're not in a relationship, but if it comes down to a choice between you and me, she'd choose me. You know why? Cause she's got a thing for me, not for you." It was a harsh and direct statement. Shutangena Ziallyn, kailan ka pa natuto maging matapang!

Napa "ooooo" nalang kami.

Ako naman parang tangang nakangiti sa likuran ni Zi, pinapanood silang dalawa ni Bern. No physical attack pero critical damage naman sa salitaan. Yung mukha ni Bern hindi ko na maipinta sa sobrang dilim. Natameme sa banat ni Zi. Tapang naman ng mga Ponferrada na yarn.

Ngumisi si Bern at humakbang pa lalo ng mas malapit kay Zi, gusto nya talaga makatikim ng sampal. "Wait, why are you acting like you have a chance with her? Between the two of us, she'll choose you? Are you kidding? There's no chance of that happening, and I know who her girlfriend is, okay?" bigla ako napalunok ng malalim dahil sa sinabi nito. Tangena, nakalimutan kong pinakilala ko nga pala si ma'am sa kanya bilang girlfriend ko!

"What? Girlfriend? Believe what you want, I don't really care. If someone like you were hitting on me, I'd also find a person to act as my girlfriend if it meant getting rid of you. You're so annoying, and you're ruining my night, okay?" Omaygas! baka demonyo ko yan, talino niya talaga kahit hindi sabihan.

"And one thing for sure. Ja will never like someone like you, so stop being delusional, shrew" my eyes widened in shock. Grabe!

Sa sobrang inis at wala na siguro ma rebat nag walked-out nalang si Bern, sila Iris naman at Kb pumapalakpak dahil sa mala drama nilang napanood.

"Zi!" Tawag ko sa kanya kaya hinarap nya ako.

"What?" tinaasan niya ako kaagad ng kilay.

Ang laki ng ngiti ko. Langya, ako yung parang kinabahan baka kung ano gawin nya kay bern, knowing na mahilig sila manampal ni dragon.

"Wow! galing mo don ha." nag thumbs up pa ako. Para na mapupunit tong labi ko sa lawak ng ngiti.

"Job well done Mommy!" Biglang sambit ko.

"And you..." Luh, ba't naman kasali ako? I gulped.

"Y-yes po?"

"If you're going to collect girls..." Bakit ang hilig nya mambitin? Pero collect girls daw. Wala naman ako ginagawa, ano ako collector?

"H-Ha?" Parang kanina lang ang lamig ah, ngayon naman pinagpapawisan na ako.

"Make sure yung mukhang tao" she rolled her eyes then walked out.

Awang ang labi ko habang tinatanaw ito palayo, harsh nila ni dragon sa akin. Hindi naman ako nangongolekta ng mga babae at hindi ko kasalanan kung may lumapit sa akin!

"Hoy pasampal nga ako" utos ko sa kaibigan ko na agad naman sinunod ni Kb.

"Gago! Sakit ha. Langya, akala ko nananaginip na naman ako e." sabi ko.

"Haler, that was awesome. Nakakatakot naman pala mga lahi nila no? Ayaw ko kalabanin sila ni ma'am." sus, nagsalita ang keyboard, akala mo talaga ano eh.

"Wala talaga makakalapit sayo kung may dragon at demonyo na nakabantay. Ipapanalangin ko nalang ang susunod na babaeng lalandi sayo" saad naman ni Iris at tinapik-tapik ang balikat ko.

"Nandito lang pala kayo, anong ginagawa n'yong tatlo dito. Threesome?" Bwesit na Ag to, saan ba galing tong gagang to.

"Tanga hindi! Late ka na. Hindi mo nakita ang kdrama HAHAHAHAHAHAHAHAH" nilapitan ni Iris si Ag at inakbayan, naguguluhan naman ang mukha ni Ag.

"Hayaan nyo syang ma curious at wag na sabihin. Pagala-gala kasi, ayan tuloy nasayang mo ang isang show." segunda ni keyboard, mas lalo tuloy na curious ekspresyon sa mukha ni Ag,

"Ano nga?" kunot noo nitong tanong sa akin.

"Secret." sagot ko at nginisihan ito at pinagpapalo niya kaming tatlo.

"Tama na Ag, masakit na yan ha. Saan ka pala galing?" Tanong ko habang hawak-hawak ang kamay n'ya.

"Ay teka lang, may nag chat." pigil ko sa kanila nong paalis na sana kami.

Ziallyn Blianc
Come to my office. I'll give you 5min

What? Bakit na naman ako nito pinapatawag? Ano na naman problema ng demonyetang to.

"Bakit nakakunot noo mo gaga! Sino nag chat?" chismosang keyboard.

"5k, si dragon yan." singit ni Iris at naglabas ng pera. What the fuck?

"Okay, dragon din ako." pusta rin ni keyboard, seriously?

Sinamaan ko naman ng tingin si Ag na dumudukot na rin ng pera.

"Demonyeta" sabi n'ya

Napatampal nalang ako sa aking noo. Bakit ba ganito tong mga kaibigan ko, please lang kupido bigyan mo na rin sila ng malalandi.

"Alam n'yo may napapansin talaga ako." Singit ko sa kanila habang nagbibilang ng pera.

"Sexy ako?" feeler ng keyboard na to.

"Sira! Ano kasi, yung mga actions nilang dalawa? Nakakapanibago." sabi ko at ibinulsa ang phone.

"Because...?"

"Ay basta! Ang hirap e explain, tara na nga." tulak ko sa kanila.

"Teka sandali! Sino nag chat?" Pagpigil ni Kb, ay nakalimutan ko may pustahan pala sila.

"Demonyo" napasabunot naman si Kb sa buhok ni Iris. Kawawa lage nalang nabubugbug ni Kb.

"Thanks girls. Better luck next time" ngising saad ni Ag sabay kindat. Galing n'ya manghula aa.

"Hoy." tawag ko ulit sa kanila.

"Ano na naman ba babe?! Napapagod na ako! Ginawa ko naman ang la---pero ano nga? Tawag ka ng tawag hindi mo naman sinasabi!" mag iinarte na naman sana kasi si keyboard kaya kinurot ko na.

"Hatid nyo ako sa office." sabi ko.

"Luh siya, wala kang paa? Pumunta ka mag isa." hindi talaga maasahan si Iris,

"Eww, babe, no."

"Keyboard baka nakakalimutan mo na may pustahan pa kayo ni Sj." Paalala ni Ag na muntik ko na makalimutan.

"Ou nga pala! Hoy kb e piggy back mo ko paakyat sa office ni demon" dali-dali na akong sumampa sa likod n'ya at pinalupot ang mga paa sa kanyang bewang.

"Tangena naman Ag! Ba't pinaalala mo pa!" She exclaimed.

"Ay secret lang ba dapat?" nagtawanan naman kami except kay Kb, wala na ito nagawa kundi pasanin ako paakyat ng 3rd floor.

-

"T-Tubig nga!" bulyaw kaagad ni kb matapos akong maibaba mula sa kanyang likuran.

"Exercise rin yan keyboard ano ka ba." Sagot ko.

"Hingan mo 'ko tubig sa loob dali na, dito nalang kami maghihintay sa labas" kinatok ko naman ang pinto ni Zi.

"Mommy! Open the door!" Sigaw ko habang kumakatok. Ang tatlo naman ay nagtatawanan lang.

"Mommy! I said open the door!" Walang sagot, wala ba s'ya rito?

"Bwesit ka babe!" Sabay hampas, di ko ito pinansin at nagpatuloy lang sa ginagawa.

"Mommy!! Do you wanna build a sn-" Mas nilakasan ko pa ang pag katok.

For the 3rd time ay bumukas na rin sa wakas at sumalubong naman sa amin agad ang...badtrip ata?

"Momm-"

"Shut up!" Luh dahek? Switch mood na ulit s'ya?

"Pahingi po tubig" I know she told me to shut up but kailangan na talaga ng tubig ni Kb, na ngayun ay mamamatay-matay na kakatawa.

"Come in" sabi n'ya kaya pumasok na rin ako at dumiretso sa water dispenser. Speaking of, may naalala ako bigla sa dispenser na yan!

"Pumasok kayo! Kayo kumuha ng mga tubig ninyo." tawag ko sa tatlong nasa labas lang ng pinto.

"Mom--Zi okay lang ba?" Tumango naman ito kaya pumasok na agad ang mga bruha.

"Thank you sa tubig Ziallyn, sayo na sj. Alis na kami." I glared at her, lumayas naman sila agad.

I cleared my throat first.

"Ano kailangan mo Zi?" Tanong ko habang may binabasa sya.

"Are you hungry?" *Gutom ka ba Sj?*

"Papakain ka ba?" I blurred it out.

"Ja!" napaigtad naman ako sa sigaw n'ya.

"What?" I asked innocently, kasi di ko naman alam bakit naninigaw bigla to.

"Your language!" Ba't namumula to? Bakit ba galit to. Wth!

"Tagalog?" Kunot noo kung sagot.

I saw her take a deep breath and massage her temple.

"W-What? Sabi ko lang naman kung papakainin mo ako?" para na kasi syang mauubusan ng pasensya at konti nalang mananampal na.

May kinuha naman to sa drawer n'ya. Ano yan granada?

"Ano yan?" Turo ko sa isang box na kinuha n'ya.

"Donuts"

"Mahilig ka sa matamis?" Tanong ko agad.

"Nope." hindi naman pala eh.

"Eh bakit mo binili yanjskjdurjs" langya muntik pa ko mabilaukan.

"Zi...naman!" Paubo-ubo pa ako. Inikutan lang ako ng mata. Ang sama ng ugali e.

Kinuha ko ang isang donut, try ko nga kung kakain s'ya.

"Try mo." sabay subo sa kanya ngunit tinitigan lamang niya ito.

Babawiin ko na sana ang pagkain when she suddenly tucked her hair behind her right ear.

Eh? Why did she open her mouth and closed her eyes?

Ang lapit n'ya sheems!
There is it again, strawberry smells so good. That pointed nose and long eye lashes, perfect shape of face = goddess

Gulped.

.

"Zi! Oh my god!"

Natataranta akong kinuha ang bottled water n'ya. *Pisti ka Sj, baliw ka na ba?!*
My heart please calm down ffs!

"Drink this, I-I'm sorry."

Kasi naman, bigla ko nasaksak yung donut sa bibig n'ya! Bwesit kinabahan ako bigla.
Hinimas-himas ko naman ang likod n'ya at marahan na tinapik-tapik.

"Are you trying to kill me?!" Salubong na kilay agad ang bumungad sa akin pag angat n'ya ng ulo.

"I-I'm sorry, kasi naman bakit kasi gumaganun ka!" Kaasar to.

"What did I do?" inis niyang tanong bago nagpunas ng labi.

Ano ba dapat kong sagot?
Bakit ka kasi pumipikit e kakain ka lang naman?

"Sorry na nga." hindi ko naman sinasadya yun, talagang nataranta lang ako bigla at hindi alam gagawin.

"I don't need your sorry." harsh.

Nakatingin lang ito ng masama sa akin. Ako pa lang siguro nakagawa non sa kanya, kaya ganyan nalang kalaki ang galit.

"What do you need then?" Tanong ko sa kanya.

Medyo lumayo ako sa kanya kasi parang kakatay na talaga s'ya ng tao.

She quickly stood up and walked fast towards me then suddenly grabbed my collar shirt.

Tangena! Para akong tinakasan ng hininga. Hoy hoy hoy!
Ano na naman pinaplano mo Ziallyn Ponferrada!

"Pay your debt." she smirked.

napalunok ako bigla sa sinabi n'ya.

She quickly pulled me against her and pressed her mouth to mine. It made my knees weak kaya napasalampak nalang ako bigla. Tangena?

"You didn't listen to my warning."

"W-Wala naman kasi akong ginawa?" kabado kong tanong at tinakpan ang labi habang nakatingala sa maganda niyang mukha.

"Oh really?" sarkastiko niyang tanong.

"Y-Yes?"

Tumalikod ito at bumalik sa kanyang table upang kunin ang mga paper works at mabilis lumabas ng opisina.

Ako? naiwang nakaupo sa sahig at tulala. Ganyan ba talaga silang dalawa ni dragon? bigla nalang hahalik tapos tatakas na parang wala lang sa kanila?

Ginawa na ata nila akong kissing toy?
-

"Angie! Hindi talaga ako aakyat ng stage pag hindi nyo ako pinainom!" sigaw ko sa loob ng tent namin.

Gusto ko uminom para may lakas ako ng loob humarap sa napakaraming tao mamaya. Ang dami nangyari sa araw na ito at ngayon naman malapit na magsimula ang battle of the bands!

"Ano bang nangyari sayo at bigla mo nalang gusto uminom?" bulong ni Ag sa akin.

"Gusto ko lang naman uminom, para may lakas ako ng loob mag strip mamaya sa stage" napasinghap naman sila sa sinabi ko.

"Yang kalibugan mo babe!" Syempre joke lang yun tangek.

"Gago ka HAHAHAHAHAHAHAHA." hagalpak ni Irks,

"Joke lang." sabi ko at nag sign of peace.

"Sige na kasi oh, please lang naman. Kahit beer nalang gusto ko yung red horse para malakas tama" pagmamakaawa ko kay Angie.

"Hays ano nalang gagawin ko sayo Sj," wow parang obligasyon pa nya ako sa lagay na yan?

"Hindi naman talaga ako papayag sumali kung tinanong nyo ako. Kayo mismo nagpilit sa akin kaya panindigan nyo yan!" bulyaw ko.

"Angie bigyan mo na yan, hindi titigil kakabunganga yan unless maibigay mo ang gusto." Aw Ag my angel. Nilingon ko naman s'ya at kinindatan, baet e.

"Fine! Pero wag ka pasobra sa pag inom okay?" Luh mommy yarn?

"Yes grandma" humagalpak naman sa tawa ang mga nasa loob ng booth.

"Nakooooo! Nakakagigil ka."

"Cute ko kasi" inirapan ba naman ako. Realtalk kaya yun.

May 2hrs pa naman bago mag start. 9pm kasi magsisimula ang event.

Habang hinihintay ang alak na inorder ay nag kwentuhan lang kami ng mga tropa ko hanggang sa pumasok ang limang Ponferrada. Ano to? parade ng mga kalahi nila?

"Ma'am!" Tawag ni Kb kay Miss,

"Ziallyn!" Tawag naman ni Iris kay Zi, pagpasok pa lang nila.

"Pwede po ba kami uminom?" Paalam ni Kb kay Miss.

"Why?"

"Para daw maghubad si Sj mamaya sa stage" mas mabilis pa kay flash ko s'yang binato ng sapatos na isusuot ko na sana. Siraulo to.

Pinaningkitan agad ako ng mga mata nong dalawang maldita. Hindi ako nagpasindak at nagtaas-baba lang ng mga kilay, ano naman kung uminom ako? As if naman mabilis akong malasing!

"Wag kayo maniwala jan, pampagana lang para may lakas ng loob kumanta mamaya." paliwanag ko. Mukhang di naman sila naniniwala? Mukha ba akong stripper?

"Sj, nandito na beer mo!" biglang sulpot ulit ni Angie dala-dala ang isang case ng beer!

"Thanks, president na maganda." pasasalamat ng tatlo sa kanila dahil ako abala kung paano ayusin tong litsing necktie na to!

"Paano ba isuot tong necktie!" Kanina ko pa kasi inaayos, puro naman baliko yung nagagawa ko.

"Ja come here i'll do it for you" tawag ni Zi kaya agad ako lumapit.

Inagaw n'ya sa akin ang inaayos kong necktie at s'ya na mismo ang nag ayos for me. Ay marunong s'ya?

"Aww, thank you, Zi," nakangiting pasalamat ko matapos niya itong ayusin.

"Hoy, Sj, tagay na!" bilis naman umikot ng baso?!

"Dinadaya nyo ako no?"

"Hindi no!" Ay bakit naninigaw?

"Oh, kalmahan mo lang, ba't ka galit?" parang buang e.

Nagsimula na kami mag inuman, kaming apat lang ang umiinom. Ayaw naman sumali ng iba, nakakalaki raw ng tiyan kahit hindi naman. Nasa kabilang table lang ang mga ponferrada at malay ko ba kung ano mga pinag-uusapan nila.

"May chismis ako." chismosang Iris,

"Anong course na naman nilandi mo?" Diretsong tanong ko.

Pansin ko nitong mga nakaraang araw bigla nalang nawawala tong si Iris at Ag, at si keyboard lang lage kasama ko.

"Nakasalubong ko yung isa mga kaibigan ni ma'am," so maghuhulaan kami?

"Ang daming professor sa PU iris, wag kang tatanga-tanga at maging specific ka." bibig talaga nito ni Kb parang machine gun maka ratrat.

"Atat ka?" bardagulan na naman to.

"Diretsuhin mo kasi, duh! " akala ko talaga noong una may something sa kanila. Nature na ata talaga nila mag bangayan dalawa.

"Yung sinabihan akong jerk!" inis na pagkwento ni Iris,

"Ma'am! Anong panga-" mabilis ko tinakpan ang bibig ni keyboard dahil may kausap si ma'am sa kanyang phone.

"Siraulo ka ba?! hindi naman si ma'am tinutukoy ko!" sana humaba pa pasensya ni Iris. Mabuti nalang hindi masakit sa ulo itong si Ag,

"Kaya nga itatanong ang pangalan?" ang sakit nilang dalawa sa ulo.

"Uminom nalang nga kayo at wag nyo disturbuhin ang iba." sermon ni Ag sa kanila.

Naka apat na bote na nga kami, bilis naman makainom ng mga to. Hindi ako masyado pwede uminom ng maramin since mahina ako pagdating sa redhorse na yan. Di ko ba alam at ang bilis ko malasing pag yan ang iniinom.

Si Iris hindi parin maka move on don sa professor shuta.

"So, ano chika na dali!" parang kanila lang ayaw ni keyboard pag-usapan pero ngayon siya na nagunguna at gusto makichismis.

"Nakabunggo ko ulit kanina."

"Sinasadya mo na ata e BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." hagalpak ko.

"O tapos?" tanong ni Ag,

"S'ya na nga bumunggo sa akin, s'ya pa galit. Oh diba? Anong klaseng logic yan" pagsusumbong n'ya. Red flag ata si Ma'am

"O tapos?" Langya tong keyboard na to.

"Sabi n'ya bakit daw hindi ako nag sorry e nabunggo ko s'ya, to think na it's her own fault naman. Maldita e, nakakatakot yung circle of friends ni Ma'am pixie puro amoy redflags" bakit kaya ang daming malditang Professor sa panahon ngayon?

"Ma'am sabi po ni Iris, yung circle of friends nyo raw po puro Ma--"

"Maganda ma'am!" Si Iris na mismo ang nagtuloy dahil alam naman namin na *maldita* talaga yung sasabihin ni Kb.

Napalingon naman sila Miss sa amin at ngayon ay sobrang sama na kung makatingin. Speaking of maldita, wala na siguro makakatalo sa kanya.

"Yuck! Wag mo nga ipakain sa akin ang kamay mo. Kadiri ka Iris!" Sinaksak ba naman ni Iris daliri n'ya sa bibig ni Kb, kaloka.

"Ja"tawag bigla ni Zi kaya nabaling sa kanya atensyon ko. Nasa gilid ko na pala ito and she's patting my head at the moment.

"Ano yun Zi?" Tanong ko agad.

"Stop drinking, the event will start." Oh, ang bilis naman ng oras. Tumango naman ako at nginitian s'ya.

Pinatigil nya na rin mga kaibigan ko. Hindi nagtagal tinawag na kami ni Angie para papuntahing backstage.

"Goodluck Ja" nakakapanibago talaga si Zi. Bigla nalang ngingiti.

"Thanks." ngumiti na rin ako at nag thumbs up.

Nauna lumabas ang iba at nasa huli kami ni dragon, lalabas na rin sana ako nang hatakin n'ya ako.

"Momm--este Miss, bakit po?" Tanong ko sa kanya.

"Don't move" sabi n'ya. Ano binabalak nito?

Bigla n'ya ginulo ang necktie ko, napakunot ako ng noo. Bakit n'ya ginulo tapos aayusin ulit? E okay

naman na yun kanina. Hindi nalang ako nagsalita at baka umusok na naman ilong n'ya.

"Thanks Miss, kahit na maayos naman na sana yun kanina" pasalamat kong nakangiti. Inikutan lamang ako ng mata.

"Tara labas na po at magsisimula na."

"Hold on." humawak siya sa aking kamay kaya napatigil ako sa paghakbang.

She leans in close to me and gave me a quick peck...sa cheek
"Good luck" napatingin naman ako sa kanya na ngayon ay mas nauna pang lumabas kaysa akin.
Langya?

Ang weird talaga nila ni Zi.
Lahat ata sila weird?

Medyo tipsy na ang pakiramdam ko at mainit na rin ang katawan ko.

Kami na ang susunod after mag perform nitong EDUC.

"Keyboard." kalabit ko sa kanya, nandito na kasi kami sa back stage.

"Oh?"

"Sayaw ka mamaya." sabi ko na ikinagulo ng utak nya.

"Anong sayaw sinasabi mo?! Kakanta tayo babe, kakanta!" Ang sakit n'ya talaga sa tenga. Kahit magkatabi lang kami ay sisigaw pa talaga.

"Let us now welcome our next performers." tawag na pala kami kaya umakyat na kami ng stage.

"Good evening everyone. I hope you enjoy our performance." hiyawan naman mga supporters.

Pinakilala ko muna una silang tatlo isa-isa bago ako.

"And i'll be your vocalist tonight. I'm single---I mean I'm Shara Jane" todo cheer naman ang crowd.

Nag cue na.

A different ways by Dj Snake

Could you believe I could be different?
I'll be the difference, I'll lift you high
And I understand your hesitation
Our reputation, it's no surprise

Hinanap ko agad kung saan nakaupo ang mga Ponferrada. Hindi ko kasi naitanong sa kanila, nahihilo na rin ako konti dahil sa alak.

Medyo madilim sa baba kaya nahihirapan akong tanawin sila.
Asan na yung mga Mommies ko, sumasabay na rin ang ibang mga tao sa kanta ko.

So let me redefine you
And you can see the tide move
Just like tears in the eyes do
And when you're feeling alone
Oh, baby, I'll be right here
Between the sea and silence
So breathe easy my dear
You can find sunshine in the rain

Nagpalakad-lakad ako habang sumasabay sa beat. Hindi ko parin sila mahanap sa malayo! Akala ko ba manonood sila, nakakatampo amp.

Pumunta ako sa gitna kasi yun nalang ang last spot na di ko pa na check.
Noong nasa gitna na ako ay nakita kong nasa baba lang pala ang mga maldita at nasa pinakaharap pala ito umupo.

At first glance, my eyes were on Zi. I gave her a smile, noticing how her lips curled up in a smile as well, making me smile even more. I saw Ma'am sitting next to Ziallyn, nakahalukipkip ang mga braso at krus ang mga binti. I smiled at her, and she returned the gesture with a smug smirk. Oh, that smirk...

I walked off the stage and was cheered by the crowd, with shouts encouraging me to keep going. Slowly, but surely, I made my way towards where the two of them sat.

Huminto ako sa mismong tapat nila.
And then may bigla akong naisip.

I will come running when you call my name
Even a broken heart can beat again
Forget about the one who caused you pain
I swear I'll love you in a different way

Dance beat

Ngumisi ako at dahan-dahan na niluwagan ang suot na tie. Medyo may tama na rin kasi ako kaya hindi na natatablan ng hiya.

I saw Miss bit her lower lip while staring at me intently. Pumagitna ako sa kanilang dalawa at sumayaw ng sexy dance.

I heard people gasped but I just ignored them, focus lang tayo sa goal.
Binalingan ko naman si Ziallyn na ganun rin. Nakakagat labi at seryoso lang akong tinitignan.

I know that love is so unforgiving
You've been a victim too many times
And I'll be the thread, hold you together
I'll be forever, will you be mine?

I sat on Zi's lap while singing.
Yung init ko kanina mas doble pa ata ngayon. Sobrang lakas ng sigawan ng mga tao.

I used my index finger to poke her cheek at marahan itong pinisil. Nagtaas sya ng isang kilay kaya napakagat labi ako bago sya kinindatan.

Payback time. Ang hilig n'yo ako nakawan ng halik! literal na ginawa n'yo 'kong kissing toy!

Tumayo na ako at naglakad naman papuntan sa side ni Miss. Ba't parang galit na naman to? Kanina lang maka ngisi wagas.

So let me redefine you
And you can see the tide move
Just like tears in the eyes do
And when you're feeling alone
Oh, baby, I'll be right here
Between the sea and silence
So breathe easy my dear
You can find sunshine in the rain

I also sat on her lap and then crossed my legs. Yung gusto ko huminto at itigil ang kagagahan na ginagawa ko pero ayaw naman sumunod ng katawan ko. I flinched when she suddenly wrapped her arms around my waist.

Tangenang yan.

Hindi ko na halos marinig yung boses ko sa pagkanta dahil sa sobrang lakas ng sigawan ng mga tao.

Ngumiti ako sa kanya at nakita kong nagbago ang ekspresyon niya. May kaunting ngiti na akong nakikita sa kanyang labi.

I caressed her cheek and tucked some strands of her hair behind her ear. She suddenly averted her gaze and bit her lower lip. That made me smirk.

I will come running when you call my name
Even a broken heart can beat again
Forget about the one who caused you pain
I swear I'll love you in a different way

Tumayo na ako at bumalik paakyat sa stage. Nakita ko naman ang mga kaibigan ko na sobrang lawak ng mga ngiti sa labi.

Hey, hey, hey
I swear I'll love you in a different way
Hey, hey, hey
I swear I'll love you in a different way.
.
.
.
.
Potangena Red Horse pa Sj!

CHAPTER 18

-

Sobrang bigat ng pakiramdam ko, ang sakit ng ulo ko dahil nagkaroon ng hangover dahil tuluyan akong nalasing kagabi. Hindi ko na nga alam kung paano ako nakauwi o kung sino naghatid sa akin pauwi. Gusto ko ulit matulog pero kanina na panay tunog phone ko, ito dahilan kaya nagising ako!

Bahagya ko binuksan ang isang mata at tinignan ang notifications, ang daming messages and tags tungkol sa akin. Dumiretso ako sa groupchat namin para malaman kung ano ang chismis.

GIRLFRIENDS

IRIS
Ang kapal ng pagmumukha mo Sj! grabe ka. Tangena talaga hahaha

AG
Iba tama ni pulang kabayo sa kanya.

KB
Trending na naman si De La Fuente dahil sa kagagahan nya.

IRIS
Tulog pa siguro yan. Nasa wet wonderland pa hahahaha

AG
Akala ko maghuhubad na sa harap nila ma'am ?

KB
Nakita n'yo ba reactions nila kagabi? AHAHAHAHAHAHAHAA

IRIS
The bayots were too stunned to speak??

KB
??

AG
May mga video rin ako nakita kanina nagkalat. Para lang s'yang naulol na nawala sa sarili kagabi ?

KB
May pa sit on the lap pa s'ya. Gaga nag expect pa naman ako mag grind sya ahahahaahah bwesit.

SJ
W4sxz#4p m64 t4n64. 6oodm04n1n9 to0.

KB
Yuck jejemon ka. Masarap ba tulog? Hindi ka naman siguro nagka amnesia babe no? Tanda mo pa ba kagagahan na ginawa mo kagabi?

IRIS
Sit on my face too sj ugh...?

KB
Lap yun tanga.

AG
Hahaha kamusta tulog mo? Congrats trending ka ulit.

SJ
Bakit? Yawa wala akong matandaan!

KB
Ayan ba tama sayo nong redhorse?

SJ
Ano sinasabi n'yo?

KB
Hala ang gaga! Nagka-amnesia?

IRIS
Alalahanin mo Sj!

Napaisip ako ng malalim dahil sa mga pinagsasabi nila. Ano ginawa ko kagabi? Huling natatandaan ko lang ay yung hinanap ko ang dalawanv maldita nong kumakanta ako sa stage.

Then after we performed ay namali ako ng apak pababa sa hagdan kaya gumulong ako pababa, langya. Mukhang hindi nga ata ako makakalabas this weekend lumala ata yung paa ko.

SJ
Ano nga? Ang naaalala ko lang ay yung nahulog ako sa hagdan.

KB
Buksan mo Fb mo marami nakatags sayo na video hahahahaha.

Kaya agad ko naman binuksan ang Facebook app ko to see kung ano tong mga pinagsasabi nila na kagagahang ginawa ko raw.

SJ
Hoy! Ako tong sumasayaw sa gitna ng mga demonyeta?!

Hindi ako makapaniwala sa nakikita ko. May mga nagkalat na videos ko habang sinasayawan si Dragon at Demonyo hindi lang yun at kumandong ako sa kanila?!

Tangena ka Sj?! Anong ginawa mong kagagahan kagabi at sa napakaraming tao pa!

Paano nalang kung makita to ng mga magulang ko at nila Tita? Nakakahiya!
Gusto ko nalang tuloy ulit lumipat ng paaralan.

KB
Hahaha nakita mo na ang scandal mo? Malamang ikaw yan! Ang landi mo kagabi babe. Pwede na mag

stripper ? Sayang nga di mo hinubad damit mo e.

SJ
Pisti ka! Bakit n'yo kasi ako pinainom ng redhorse?!

KB
F.Y.I ikaw mismo ang nagpumilit na redhorse ang inumin!

IRIS
Redhorse pa tanga HAHAHAHAHAHA

AG
Patay ka talaga kina tita at tito pag nakita nila yan. Baka matanong nalang nila mga sarili nila kung bakit ka nila naging anak.?

SJ
Alam n'yo! Mga bwesit kau. Ah hindi ko pa ba nasabi sa inyo na inamin ko na sa kanila yung part sa dalawang demonyeta.

KB
Seryoso?! Tinakwil ka na ba? Punta ka lang sa condo ko babe. Open lage para sayo pati kama ko at ako.

IRIS
Tangena ka keyboard! Di ka nakakatulong

AG
Magtigil nga kayo??

SJ
Hindi no, tanggap kaya nila. Also, na meet na rin ni Mommy si dragon.
?????

KB
Hoy gago! Meet the mother in law agad. Ay sabagay di naman uso label ngayon. Landi first ?

IRIS
Si Zi when? Ahahahaja

SJ
unexpected lang yung nangyari.?

IRIS
Mahihirapan sila tito dyan. Asawahin mo nalang silang dalawa ahahaha

KB
MGA BAKLAAAAAAAAAAAAA! TIGNAN N'YO YUNG PIC NA BAGONG POST NI DRAGON!

KB

IRIS

Pisting katawan yan! Hoy Sj! Wag ka muna mamatay dyan!

AG
Ang ganda parin n'ya kahit naka bangs?

SJ
Guys help.

KB
Bakit? Ano nangyari?

AG
Masakit paa mo?

SJ
5050 na 'ko! Kailangan ko ng maraming oxygen tank! dapat sa pagmumukhang yan ay kinakasuhan! That face just committed a crime. ? Wala na patay na po si Sj, kaluluwa n'ya lang tong nag chat.

IRIS
Gage, HAHAHAHAHAAHAHAHAH

KB
With caption "?" hahahaha . Baka mamaya si Ziallyn naman mag post

AG
Dami nanliligaw kay ma'am not knowing she's into girls. ?

KB
Ang maganda ay para sa maganda lang. ;)

IRIS
Kaya pala wala kang manliligaw kasi hindi ka maganda, awts saet.

KB
Bwesit ka :)

Hindi na ako sumagot sa kanila kasi magbabangayan lang naman yung dalawa. Paganda nang paganda yata dragon ngayon? Blooming masyado ha, kanino nagpapa-ganda yan? Gusto ko sana mag comment don sa picture pero hindi ko ginawa at bumaba nalang dahil bigla akong nakaramdam ng gutom.

"Good morning, mom, dad," humihikab kong bati at agad naupo sa tabi ni mommy.

"Anak ano tong sinend sa akin ng pinsan mo" bigla ako napatigil sa pagsubo. *Patay kang Sj ka.*

"Ano po?" patay malisya kong sagot.

"Itong performance mo kagabi. Kalat na kalat!" Langya sumigaw si mommy, patay talaga ako nito. *Tangena mo naman kasi Sj, red horse pa.*

"A-Ah mo-"

"At bakit kumandong ka?! Hindi mo man lang ginilingan?!" Biglang humagalpak sa tawa si Daddy,

samantalang ako ay nanlalaki ang mga mata at nakangangang nakatingin sa kanila.

Tama ba rinig ko?
Hindi s'ya galit kasi kumandong ako. Galit s'ya kasi 'di ko ginilingan?

Nasapo ko ang aking noo, normal pa ba magulang ko? Teka, hindi ako normal kaya malamang ay hindi rin sila normal. Pero diba dapat pinapagalitan na ako ngayon? Kasi sinong magulang ang gugustuhin mag trending ang anak sa ganong paraan? Nakakahiya talaga ginawa ko kagabi at ayaw ko na tuloy magpakita sa campus.

"Anak naman, kung gagawa ka nalang ng ganito dapat sinasagad mo na" dagdag n'ya pa.

Si Daddy halos hindi na makahinga kakatawa, samantalang ako ay lutang parin ang isipan. I really expected papagalitan ako kasi hindi talaga maganda yung ginawa ko kagabi at sa harap pa ng maraming tao.

"Ngee, hindi kayo galit?" tanong ko kasunod ang pagsubo ng pagkain.

"Hindi sweetie, relatable kasi si mommy mo dyan." Ha? Panong relatable ba.

"Ano ibig mo sabihin, dad?" relatable? So, maharot din si mommy?

"Pareho kayo ng ginagawa, pinagkaiba lang ginilingan ako ng mommy mo." kwento niya at tumawa ng malakas, ako na hindi makapaniwala sa nalaman ay napatingin sa ina ko.

Ay so kay mommy ako nagmana?
Late bloomer sa kalandian?

"Akala ko kasi magagalit kayo. Sorry po, nakainom kasi ako nyan para lang sana mawala yung kaba at hiya kaso nga lang ang lakas ng tama nong red horse dad," sumbong ko, sinisi ko pa talaga alak kahit ako nagpumilit uminom non kagabi.

"It's okay anak, basta wala kang ginagawang masama. Baga ka pa, enjoy lang sa buhay." damn, swerte ko naman sa mga parents ko.

"Meron syang mali hon! Hindi gumiling ang anak mo. Kung ginilingan nya yun baka pag-aagawan na anak mo nong dalawa." this time ay hindi ko na napigilan at natawa ng malakas, kulit ni mommy.

"Mom, hindi ko alam ganyan ka pala ka wild." walang duda, mana ako sa kanya shuta.

"Kung alam mo lang mga kalokohan ng ina mo nong nag-aaral palang kami." curious tuloy ako sa pinaggagawa ni mommy,

"Bakit dad? ano ba pinakamalupit na moves ni mommy?" matanong nga, baka may makuha akong aral, charot lang.

Napailing ang aking ama. "Pumasok sya sa men's shower room para lang tignan kung nandun ako, kasi hindi ko na replyan message nya." gulat ako sa lakas ng tawa ni mommy, walangya at wild naman talaga!

"Grabe ka mommy, baka sayo nga ako nagmana." I chuckled.

Nag kwentuhan pa kami sa mga kagagahan na ginawa ng ina ko. Grabe napanganga nalang ako, binigyan nya rin ako ng mga tips pero sobrang daring. Heck no, di ko ata magagawa. Matapos kumain ay bumalik ako sa kwarto para ipagpahinga ang paa ko.

Buong weekend nasa bahay lang ako at hindi gumala, gusto ko agad gumaling ang paa ko.

*

Nagdaan ang dalawang linggo.

Opo 2 weeks na po matapos ganapin ang festival. Sa 2 weeks na yan ay panay ang iwas ko sa dalawang demonyeta. I tried my best to avoid them. Kasi hindi parin ako maka get over don sa kagagahan na ginawa ko noong gabing yun. Pasalamat na rin ako at hindi nila ako ginulo sa mga nakalipas na araw.

Pasipol-sipol akong naglalakad sa corridor, pupunta akong library dahil may pinapasauli si Ag na libro. Himala ba at hindi ko kasama ang tropa? Nandun sa Engineering building ang mga gaga. May nilalandi kasi si Iris dun at gusto makilala nila Kb at Ag.

Ang sarap kaya sa pakiramdam na walang kb ang bubunganga sayo.
Masaya akong naglalakad ng...

"Holy palaka!" May biglang humatak sa akin papasok sa isang kwarto--este office.

Tangena kung sino pa yung iniiwasan ko sya pa talaga ang hahatak. Bigla ba naman ako idiniin sa pinto pagkatapos ako hatakin papasok ng opisina. Bakit sya ang humahatak? Diba dapat ako? Anong posisyon ba tong ginagawa namin? Bakit feeling dominant tong babaeng to?

"A-Ano-" napangiwi ako sa higpit ng paghawak niya sa magkabila kong braso, mukhang galit ito base sa kanyang mga mata.

"You..." Titigan lang kaming dalawa.

Hinga kalang Sj. Tiwala lang at malalampasan mo rin tong malditang to.

"Y-Yeah?" sobrang lapit ng kanyang mukha, ganun na ba kalabo mata nya at kailangan talaga tignan ako sa malapitan.

"Why are you avoiding me?" I gulped. May pagbabanta sa boses e, katakot.

"Pagkatapos ng ginawa mo? Ikaw pa may ganang umiwas?" shuta, bakit pinaalala mo pa!

"A-Ano kasi, hindi kaya kita iniiwasan! Sino ba nagsabi?" I averted my gaze, parang di ko ata kaya makipagtitigan sa kanya ngayon amp.

"N-Nagawa ko lang naman kasi yun dahil nainis ako. Ginagawa mo kasing kissing toy tong labi ko." medyo utal kong sabi habang sya ay seryoso lang nakatingin sa akin.

"Tapos...."

"Then?"

"Tapos.." langya sasabihin ko ba?

Kita ko naman na naniningkit na ang mata nya, yawa bakit ako nandito?

"Sasabihin mo o hahalikan kita?" Napapigil hininga nalang ako dahil sa sinabi n'ya. Ayan na naman s'ya! Porket crush ko s'ya ay inaabuso na labi ko!

"Ayan..puro ka nakaw halik, pati first k-" humugot muna ako ng lakas ng loob, baka kasi sampalin na naman ako nito..

"First? what?" Taas kilay nyang tanong.

"p-pati first....k-kiss ko ninakaw mo ng walang paalam" I closed my eyes and mentally slapped myself.

Nagdaan ang ilang segundo ay wala akong narinig mula sa kanya kaya dahan-dahan akong nagmulat ng mga mata. Nakita ko nalang syang nakangiti bigla, tae talaga at di ko maintindihan mood swing nya.

"So, ako first kiss mo?" tumango siya at ngumisi. Jusko yung puso ko lord! Baka ano na naman pinaplano nito.

"A-ah M-miss Ponferrada" ginagawa ko na nga lahat maiwasan lang makipag interact sa kanila! Tapos ako naman tong nadedehado.

"That, again? Miss Ponferrada? Really?" kita mo to at ngayon masama na naman ang tingin, di ko maintindihan ugali niya at mas malala pa sa bagyo.

"..."

"...M-mommy?" walang epekto at mas lalong lumala ekspresyon sa kanyang mukha.

"Z-zi" pagkasabi ko ay sya namang pag-irap n'ya. Kaloka!

"I told you to stop calling me Miss Ponferrada. CALL me ZI" nakailang lunok na ba ako?

"Stop avoiding me Ja. Hindi ako galit sa ginawa mo" oh hindi s'ya galit? Akala ko hinatak n'ya ako rito para pagalitan e.

Finally, nakahinga rin ng maluwag.

"Don't you dare ignore me again." lagi nalang ako pinagbabantaan ng babaeng to.

"O-Okay." marahan akong tumango, sumunod nalang tayo at baka ikapahamak ko pa kung susuwayin ang nais niya.

"Come" she held my hand at dinala ako sa may couch. Hoy bakit ganyan ka?!

"Sit down."

"Woof" tangena talaga nitong bibig ko. Pero okay lang at least napatawa s'ya saglit.

"How's your foot?" pinagkuha niya ako ng tubig, hindi naman ako nanghingi pero bakit pinagsisilbihan ako ng demonyo?

"Magaling na. Bakit mo pala ako hinatak dito Zi?" alam ko naman ang dahilan pero gusto ko parin marinig mismo sa bibig niya.

"To confront you. Mas madali ka kasing kausapin pag kinakaladkad" langyang babae to apaka sama ng ugali.

"Nahiya lang talaga ako humarap." sabi ko. "Akala ko lang kasi galit ka at baka sampalin mo ulit ako." tapang ko naman, shit.

"Alright, are we good now?" I smiled and nodded.

"Ou, ay, kailangan ko pa pala pumuntang library dahil may isasauli ako." muntik ko pa tuloy makalimutan ang totoong pakay ko.

"What is it?" Ano ba sa tingin n'ya ginagawa sa library, nagluluto?

"Kaldero Zi"di ko talaga napipigilan ang bibig ko sa mga ganitong bagay.

"Kaldero? Where?" omaygas, di ko nagawang pigilan ang malakas kong tawa. Si Ziallyn ba talaga to? Kailan pa sya natuto sumabay sa joke? Lumipad din siguro utak nito.

"Hindi, libro kasi, Zi," pinakita ko sa kanya ang librong dala ko.

"I see. Okay, see you later."

"Yee yee, mukhang busy ka rin kaya hindi na ako magtatagal." paalam ko at lumabas ng opisina.

"Bye, demonic mom!" sabay sarado ng pinto at kumaripas ng takbo patungong library.

*

Nasa gym kami ngayon dahil P.E, kung alam ko lang hindi na sana ako pumasok at nag cutting nalang.

"Para kang manyak sa ngiti mo babe alam mo ba?" Biglang sulpot ni kb sa gilid ko.

"Sa ganda kong to? Sasabihan mong manyak? Okay ka lang ba kb?" sarkastiko kong tanong.

Dodgeball nilalaro nila ngayon, hindi kami sumali kaya dito lang kami tumambay sa gilid at nanonood. Actually, naglalaro ngayon si Zi kaya pinapanood ko siya, kaya malawak ngiti ko dahil ang galing niya umiwas ng bola.

"Anong ganap at ang lawak ng ngiti mo?" Chismosa amp.

"Wala, masaya lang at nag-usap kami ni Zi kanina. Tinanong lang ako kung bakit ko siya iniiwasan kaya sinabi ko ang totoo, ayaw ko naman nagsinungaling at masakit kaya manampal yun!" napahawak ako sa aking pisngi dahil bigla ko naalala kung gaano kasakit manampal si Ziallyn,

"Ha?! Nasampal ka na?" Gulat nyang tanong. Ay, hindi ko pala nasabi sa kanila ang pananampal ni Zi, lalo na yung paghalik niya sa akin.

"Ou pero hindi naman sinadya." dahilan ko.

"Gaga, anong di sinasadya? Ano yun, may sariling utak kamay nya at sinampal ka ng di nya alam?!" tangena, bakit ba naninigaw kung magkatabi lang kaming dalawa!

"Ingay mo naman at di ako makapag concentrate sa panonood." sermon ko sa kanya at sinabihan hinaan ang boses dahil sobrang talas ng boses niya.

"Ay babe, wala kayo gagawin this weekend? punta tayo sa beach house namin." tanong niya at sumandal sa aking balit.

"Hoy! Ayoko sumama sayo baka gapangin mo 'ko"

"Gaga ka! tayo kasing apat!" hindi ata kumpleto araw nya pag wala syang mahahampas.

"Sat and sunday ba?"

"May monday-friday ba na weekend babe?" pigilan nyo ako, sasakalin ko na babaeng to.

"Ou nga sat at sunday. Nakakabobo ba pag in love?" Ako in love? *In love ka Sj?*

"Sino?"

"Yung multong nasa likod mo babe. Tignan mo kung meron!" ewan, imbes mainis ay natawa nalang ako ng malakas.

"BAHAHAHAHAHAHA bakit ka ba naiinis d'yan langya. Sige punta tayo, matagal narin nong huli tayong nag beach diba? Pero wala ba pinsan mo sa lugar na yun?" May pinsan kasi sya na parang si bern din ang galawan pero mas matino lang yun konti.

"Hindi ko alam, huling balita ko sa kanya nasa ibang bansa sya." mas maganda kung wala!

"Ay babe, kayo ni dragon okay na?" panibago niyang topic.

"Hindi, sa classroom ko lang nga yun nakikita. Hihingi rin ako sorry sa kanya pag may pagkakataon." baka magtampo na yun si ma'am sa akin eh.

May bigla naman sumulpot na babae sa harap namin ni Kb na may dalang bouquet of roses?

Luh?

"T-This...this..." hindi ito mapakali, kabado ka girl?

"P-Para sayo!" kaming dalawa ay nagulat sa ibinigay nito. Tangena, may manliligaw pala siya? Pansin ko nakatingin na iba amin, mga hitsura nila Ag at Iris ay ganun din, labas na pagkagulat.

"Thanks?" sana all maypa bulaklak, iba talaga keyboard ko kabit may saltik.

"Why me? I dont think we have seen each other before?" Tanong ni Kb sa hindi mapakaling babaeng nakatayo sa harapan namin.

"I-I'm mich, who lives in the same condo building with you." ooo, tamang chismis lang ako dito sa gilid.

"Oh." walangyang sagot yan keyboard!

"S-Sige, alis na ako. Thank you!" shuta, siya na nagbigay ng bulaklak at siya pa nagpasalamat? Sayang at agad din umalis, gusto ko pa sana pagtripan ng mga katanungan.

"Hoy, Iris halika nga rito!" sigaw ni keyboard upang marinig ni Iris sa di kalayuan. Agad itong tumakbo palapit sa amin habang nagpapahid ng mga pawis.

"Oh? Wow may manliligaw ka pala? May problema siguro yun sa mata" ayan na sisimulan na naman n'ya.

"Kung isampal ko tong rosas sayo?" Ay galit yarn.

"Bakit mo ako tinawag? Miss mo ko?" landi, sagabal naman nito at hinarangan ang view ko kay Zi,

"Hoy bakit hindi nalang kaya kayong dalawa ang magjowa?" sabay naman sila napalingon sa akin na may pandidiri sa mga mukha. Oh okay?

"Hell no!" Bulyaw ni Kb

"Kaya ka walang bebe e." pang-asar ko.

Humarap sa akin si keyboard at pinisil ang isa kong pisngi. "Sa sobrang friendly mo ang daming nagkaka-gusto sayo!" diba dapat si Iris kinakausap niya? Bakit ako sinasaktan?!

"Friendly nga ako pero hindi naman ako sumasama kani-kanino! Sakalin kita e!" irap ko sa kanya at inalis ang kamay, masakit ha at mataas kuko niya!

"Hindi nga pero kaladkarin ka" ay nang re-realtalk na ang keyboard

"Hoy! Sa dalawang maldita lang ako nagpapakaladkad!" Totoo naman. Baet ko kaya

"Ja" biglang tawag ni Zi habang nag babardagulan kami ni Kb. Bakit? Miss n'ya 'ko? Chur.

"Yes mommy?"

'to naman ang sama agad makatingin

"Joke lang Zi. Bakit?" Ulit ko.

Lumapit ito sa at huminto sa tapat ko saka nakipagtitigan. Oh? Gusto niya ako titigan buong araw? Wala naman problema sa akin, bigyan ko pa siya maraming litrato ko eh.

"Makikipag staring contest ka sa akin Mo-Zi?" Hindi naman umimik at may inabot lang na towel.

"Aanhin ko to?" Tanong ko.

"Kainin mo" hala! Tangena wala ba akong matinong pwede makausap today?!

"Lagay mo sa likod ko" utos n'ya. *Instant alalay ka Sj?*

"H-Ha?" Nakakagulat naman tong demonyong to, kahit mga kasama ko gulat din eh.

"Hubad" biglang sabi ko kaya

"Aray Zi! Bakit ka ba nang hahampas?" She glared at me.

"Sabi ko kako angat mo konti yung t-shirt mo para maipasok ko to sayo" sabi ko

Bigla naman namula mukha n'ya. Mainit ba?

"Gago!" tumatawang mura ni Iris sa akin,

"Babe! Please lang naman, yang bibig mo. Ayusin mo minsan!"

"Bakit? Di naman dislocated bibig ko aa?" Tumawa na naman sila. Sarap bigwasan mga buang!

Hindi ko nalang sila pinansin at hinila si Zi at patalikod na pinaupo sa lap ko.
Para naman tong bata, andyan naman mga kapatid n'ya at ako pa talaga inutusan.

Inayos ko na ang towel at dahan-dahan na ipinasok sa likod n'ya. Naglaro ba to? Pawis na pawis ang likod e.

Ay ou nga pala, naglaro sila dodgeball!

"Yan, okay na." sabi ko sa kanya matapos ko mailagay sa likod ang towel.

Ay wala plano umalis si mommy sa kandungan ko?

"Zi" tawag ko ulit. Di naman sumagot, tulak ko na ba? Charot baka paglamayan na ako mamaya pag ginawa ko yun.

"Zi tay-"

Kung nagulat silang lahat na nasa gym ay mas nagulat ako sa ginawa n'ya!.

Ano bang nakain n'ya at napaka-clingy n'ya? Simula pa talaga to noong festival.

Bigla ba naman n'yang isinandal ang ulo n'ya sa balikat ko! Hoy yawa strawberry!

Pinagtitinginan kami, kahit na sila Kb na nasa tabi ay parang na estatwa. Paano nalang kaya ako na kinakandungan nito! Ano payback time n'ya rin ganun.?

May karera na naman nagaganap sa didib ko animal na yan, sobrang bilis!

Yung pisngi n'ya nakadikit sa pisngi ko, mahihimatay na ata ako punyeta T.T

"Z-Zi pinagtitinginan tayo." pag hindi parin talaga siya aalis diyan ay hindi ko alam susunod na mangyayari.

"I don't care"

Nasa ganitong posisyon kami nang biglang may isang maldita ang iniluwa mula sa entrance.

Our eyes met.
Napalunok ako, ang dilim ng awra n'ya. *Puso mo sj, baka magka heart attack ka na talaga nito pisti.*
kakatay ata ng tao tong si dragon at anonang ginagawa n'ya rito?

Bakit papalapit ang dragon sa amin!?
Sunod-sunod nalang ang lunok na nagawa ko. Umiwas nalang ako ng tingin kasi kung makatingin parang minu-murder ka na e.

"Why are you here?" Tanong ni Zi nang makalapit na ang dragon.

Ubos na laway ko kakalunok.

"I came here for De La Fuente, hindi dahil sayo." agad na sagot nito, hindi ko ito tinitignan kasi ramdam ko sa akin nakatingin si ma'am, langya.

"It's still our time" hoy! Ano ako computer nirerentahan?

"She's not yours" malamig na sagot ni dragon. Tangena Kb help! Binalingan ko naman ang mga kaibigan ko pero bigla nalang nawala! Mga hayop.

"I'm not saying she's mine. I'm saying, it's still our PE time" oh akala ko kung ano na. Gulo naman kasi sumagot nitong demonyong to.

Langya ibang level na ata to ng bardagulan nila. Para akong tuta na pinag-aagawan.

"The principal is looking for her. So stand up and let her go"ang lamig ng mga awra nila pero heto ako pinagpapawisan na.

Hindi naman sumagot si Zi, tumayo nalang bigla at naglakad pabalik sa mga kapatid n'ya na kanina pa pala nakatingin sa amin.

"Let's go." wala na akong nagawa kundi ang sundan si dragona.

*

"Miss akala ko po ba sa principal's office tayo?" Tanong ko sa kanya nang mamalayan na papuntang office na n'ya pala to.

Okay nice talking Sj

Pagpasok namin sa kanyang opisina ay biglang ni locked ni ma'am ang pinto. Shuta, ano? katapusan mo na to? Bakit ni locked ni ma'am? Ano gagawin niya sa akin!

"M-miss ak-"

"Did you confess?" ano pinagsasabi niyang confess jan?

"P-Po?"

"I'm asking if you and ZB are dating." nanunuyot na lalamunan ko sa kaba, paano niya nasabi yan? walang ganun sa pagitan namin ni Zi ngayon.

"N-No."

"Then why are you avoiding me?" Deja Vu.

"I'm not po?" Sige galingan mo magpalisot sj.

"If you two aren't dating then tell me, why are you avoiding me. Don't you dare lie to me Shara Jane De La Fuente" kalmado lang yang pananalita n'ya pero galit na yan, first time n'ya ako tinawag sa full name ko.

Nangangatog na tong mga tuhod ko kaya dahan-dahan kong tinahak ang couch n'ya at umupo. Sinundan naman ako nito pero nakatayo lang sa harapan ko.

I heaved a sigh

"Wala po namamagitan sa amin ni Zi, at umiwas ako kasi nahihiya ako humarap sa inyo dahil sa ginawa ko nong festival." paliwanag ko ng nakayuko.

"Baka po kasi galit kayo at tapunan na naman ako ng platito" *pisti ka sj may tamang panahon para sa joke. Pinapabilis mo ba burol mo?!*

Hindi naman s'ya nagsalita at tinungo lang ang bag n'ya na nasa table. Anong kukunin n'ya dyan? Baril ba?

Ay hindi pala, kumuha s'ya ng wet wipes at naglakad pabalik sa akin.
Ipapalamun ba n'ya sa 'kin yan?

Hinga Sj, hinga...

Umupo ito sa tabi ko.

"Eyes up here" hinawakan n'ya ang baba ko at inangat ang paningin ko.

Isa pa to, akala ko si Zi lang ang weird. S'ya rin pala. Nagkatitigan lang kami, tahimik lang ako syempre.

Nabigla ako dahil bigla n'ya nalang pinunasan ang pisngi ko ng wet wipes. May dumi ba ako sa mukha?

Nakatunganga lang ako na nakakatitig sa magandang mukha ni ma'am habang abala ito sa pagpunas ng aking pisngi. Ganda naman ng dragon na to, maldita nga lang masyado.

Nabingi na ata ako dahil sa lakas ng kabog nitong puso ko jusko lord. Feeling ko nga naririnig n'ya dahil ang tahimik sa loob ng office n'ya!

"M-miss may sakit ka ba?" Biglang sambit ko kaya nakatanggap na naman ako ng isang irap mula sa kanya.

"Miss diba sabi mo tawag ako ni kalbo-i mean ni principal?" Tanong ko

"Sa susunod nalang daw." ha? kailan sinabi? hindi ko narinig na nag usap sila at wala rin naman estudyante lumapit sa kanya kung totoo ang sinasabi ni ma'am. Ayaw ko mag assume pero baka sinadya akong ilayo kay Ziallyn?

"Oh, so pwede na akong bumalik sa gym?" hindi niya yata nagustuhan ang tanong ko.

"No need" sabi n'ya at tumayo. No need so dito ako ulit tatambay? Pwede rin, mas relaxing naman dito.

"So pwede tumambay dito?" I asked.

"Just take a nap if you're sleepy." nakita nya kasing humihikab ako. Wala naman sana akong ginawa, hindi ko alam bakit lage akong inaantok pag nandito ako sa opisina ni ma'am.

"Miss friends mo po yung mga professors na nakasama n'yo sa table? Yung mga 4th years lang ang hinahandle?" Tanong ko, agad naman nangunot ang noo nito.

"Why?"

"Si Iris kasi gusto malaman pangalan nila." sagot ko.

"Really?" boses niya parang nagdududa pa yata sa akin.

"Ou nga po." sagot ko agad

"My friends."

"May kaibigan ka?" I blurred it out.

Walangyang bibig ka!

"Anong akala mo sa akin?"

"Tao po" *potangena ka Sj!*

Nakakamatay na masyado tingin n'ya. Please lang self umayos ka naman sa sagot mo.

"Hehe, j-joke lang miss." kung nakakatakot si Zi, mas nakakatakot tong dragon na to.

"Miss ikaw ba next subject namin?" Humiga na ako sa couch para maiwasan na yang mga mata n'ya nakakatakot.

"Yeah."

"Lapit na pala time, ma'am." sagot ko

"You can drop it"

"What?!" napabangon ako sa labis na gulat, anong drop?! Yung subject?!

Tumigil siya saglit sa ginagawa at tinapunan ako ng tingin.

"Drop the miss," ha? drop the miss? ano yun?

"H-Ha?"

Bumuntong hininga ito bago ulit magsalita. "I said, stop calling me miss." sabay paikot ng mga mata. Yun naman pala eh, dapat kasi sabihin ng maayos!

"Luh sure ka d'yan?" paninigurado ko.

"A-Ano itatawag ko sayo?" hindi ko kasi alam.

"Mommy?"

"Ouch! Pi naman" langya binato ba naman sa mukha ko ang wet wipes. Jusko paano nalang kung nagkajowa na to, bugbug siguro partner n'ya.

"Pi?" Tanong n'ya

"Yes po, 2 letters galing sa name mo." sagot ko habang himas-himas ang aking pisngi.

"Pie po pagbasa nyan." nakangiting dagdag ko at tinignan ito kung aangal ba o hindi. Bakit parang natulala ang dragon?

"Ayaw mo? Pixie nala-"

"Okay call me Pi" ay hala pumayag.

Biglang tumunog ang bell at oras na para bumalik ako sa classroom. Sayang, gusto ko pa sana makausap ng mas matagal si ma'am at mukhang nag eenjoy na siya sa conversation naming dalawa eh.

"Mis--Pi balik na po ako sa room" sabi ko

"Let's go together" sabi n'ya at kinuha na ang mga gamit.

"Ako na po magdadala n'yan" sabi ko at kinuha ang mga dala n'yang gamit.

"Let's go sha" natigilan ako sa sinabi n'ya. she called me sha?

"Hey."

"Ano po tinawag mo sa akin?" Tulalang tanong ko.

"Sha." mahinang bulong ni ma'am at nauna lumabas.

Hala tangena! Nag p-pet name na rin ang dragon--

"De La Fuente!" sigaw niya kaya kumaripas ako palabas.

"Why are you smiling?" Tanong n'ya pagkalabas ko.

Nakangiti ako? Di ko man lang namalayan nakangiti na pala ako.

"Wala po may naalala lang." nauna itong maglakad at nakasunod lang ako sa kanya. Hindi parin mawala ang ngiti sa labi ko, shuta ka ma'am.

.
.
.
"Sha huh" I uttered with smile.

CHAPTER 19

-

Finally, friday na. Bukas mag dodora kami ng tropa. Sa nagdaan na mga arraw ay iniwasan ko parin si ma'am at hindi alam sa kung anong dahilan. Pag oras ng klase nita pumupunta ako ng clinic, alibi ko may sakit. One week may sakit pero sa subject lang nya langya.

After class diretso kami sa condo ni keyboard para tumambay, hindi namin dala mga kotse at naiwan sa school kaya nakisakay nalang sa sasakyan niya. Tapos ngayon, pag minamalas ka nga naman nasiraan ng baet-este makina ang sasakyan. It's almost 6pm at pabalik na sana ng PU pero ayun nga, nasiraan kotse nya. Nag book nalang kami ng taxi at ngayon naghihintay.

"Bakit kasi pinaiwan pasasakyan namin? bulok naman pala sasakyan mo!" nagdadabog na si Iris, medyo naiinip na rin kami at kanina pa nandito.

"Malay ko ba na masisira! Ano kami, may communication each other para maitanong ko na, *masisira ka ba today? Sabihin mo lang ha hindi kita gagamitin* ganun?!"

Instead na mainis ako ay natawa nalang ako sa kanilang dalawa.

"Tanga kaya nga may BLOWBAGETS! Sa balikong paraan ka siguro dumaan para makakuha ng lilsensya." Pisti humagalpak na ako, di nauubusan sa rebat tong si Iris hahaha.

"Bwesit ka!" Wala na s'ya mabanat at pinaghahampas nalang si Iris, kawawa.
Itong si Ag naman chill lang nag seselpon sa gilid.

Habang nag babangayan ang dalawa ay may biglang humintong puting van, sa mismong tapat namin kaya napatigil kaming lahat.

Kinakabahan ako.

Hindi nga ako nagkamali dahil bigla nalang bumukas ang pintuan ng sasakyan at may mga lalaking naka masks ang lumabas na may dalang mga armas.

"T-takbo!" Sigaw ko sa mga kaibigan ko, kaya mabilis kaming kumaripas ng takbo.

"Habulin n'yo yung pinakamatangkad sa kanila!" What the hell? Bakit nila ako gustong damputin.

Shuta! Ako ba? Mas matangkad yata si Iris sa akin pero bakit ako nga?!

Mas binilisan ko pa ang takbo pero nahuli na nila ang mga kaibigan ko. Huminto nalang din ako, kasi ako naman talaga ang kailangan nila.

"Sumama ka sa amin!" Hinawakan ng dalawang lalaki ang magkabilang braso ko, pero nagpumiglas ako.

"At sinong siraulo ang sasama sa inyo? Nakadrugs ba kayo?. S-sino ba kayo?!" Bulyaw ko sa kanila.

"Babe naman! Kita mo na ngang mga kidnappers tapos magtatanong ka pa kung sino sila? Seriously?"

Litsi ka Kb!

Pinipilit ko ang kumawala sa kanila pero ang higpit makahawak.

"Boss paano tong tatlo?" Tanong ni maskguy1 sa leader nila.

"Pakawalan n'yo na sila. Hindi natin sila kailangan" napahinga naman ako ng maluwag, at least ako lang ang isasama nila.

"Tara na dalhin n'yo na yang babae na yan at ipasok sa sasakyan" utos nong leader nila kaya hinihila na ako nang dalawang lalaki.

Kakaladkarin na sana nila ako pero mabilis na tumakbo ang mga kaibigan ko at niyakap ako sa likod para hindi ako mahatak.

"Bitawan nyo kaibigan namin!" Sigaw ni Kb sa kanila

"Iris call the police!" Utos ko naman kay Iris kaya dali-dali n'yang kinuha ang kanyang phone at nag dial.

"Please lang, bata pa ko ako. May dragon at demonyo pa po akong uuwian" sabi ko sa mga naka mask.

"Shit!" Kaya napatingin kami kay Iris.

"May 911 ba sa pinas?" Yung kahit nasa ganitong situation na kami ay parang mga tanga parin kami.

"Ipasok n'yo na yan!" Utos ulit nong leader, pero hindi nga nila ako mahatak since nasa likod ko rin sila Kb at Ag na hinahatak rin ako. Tangena tug of war na this.

"Ag! Gumagana ba 911 dito?" Tanong na naman ni Iris

"Bakit hindi mo nalang e dial Iris! Fuxking stupid! Make it quick!" Sigaw naman ni Kb.

"Kuya sino po ba nag-utos sa inyo? Pag ito nalaman ng mga momies ko, baka hindi na kayo abutan kinabukasan!" pagbabanta ko sa kanila.

"Ang dami mong sinasabi!" Sagot ni kuyang maskguy2

"Ahhh fuck!" Inis na saad ni Iris at nagpapadyak-padyak

"Ano na iris?" Tanong ni Ag

"You dont have enough balance... Wala akong load!" Tangena ang yaman-yaman tapos walang load yawa.

"Punyeta, walang kwentang cellphone yan!" Bulyaw ni Kb sa kanya.

Kinuha nya ang phone kay Iris at tinignan kung anong numero ang tinawagan.

"Hindi naman to 911! number to ng isa sa mga babae mo punyeta ka!" singhal nya dito.

Langya ewan ko sa kanila parang mga tanga, kita na nga dinadampot na kami naglolokohan pa.

"Sayo nalang kb dali, bilisan mo!" Utos ko

"Wala rin akong load babe!" napapikit nalang ako sa hindi ko alam na dahilan, gusto kong tumawa at mainis at the same time.

"Potangena" sambit ko.

"Mas lalo naman pala sayo walang kwenta!" Balik naman ni Iris.

"Ikaw Sj wala ka rin load?" Tanong naman ni Ag

"Meron kaso 1 lang balance ko!" Nalimutan ko pa talaga mag load today.

"Pisti na. Sayo Ag? Wala kang load or 1 lang balance mo?" Tanong naman ni Kb, sya nalang pag-asa.

"Meron kaso lowbat na" punyeta . Bff goals nga naman.

"Tangena" sabay pa namin nila Kb at Iris na sambit.

"Hindi pa ba kayo tapos?"

"Boss, paano ba to? Isama nalang kaya natin tong tatlo?" Tanong ni maskguy1 kay leader nila.

"Hindi pwede, ang utos sa atin ay dapat mag-isa lang s'ya" turo n'ya naman sa akin.

"Sino ba nag utos sa inyo kasi?!" Pagpipilit ni Kb

"Kaya nga pinadakip ka para hindi makilala ang mastermind! Gamitin mo nga utak mo keyboard!" Hindi ko na talaga nakayanan at humagalpak na ako sa tawa. Potangena!

Ako lang ata yung kinikidnap na tumatawa.
Napatingin naman ang mga nakamask sa akin, iniisip siguro nila na nababaliw na ba ako.

"Sj naman! Kahit sa ganitong sitwasyon tumatawa ka pa talaga" saad ni Ag.

"Teka lang! Teka lang! Bitawan n'yo muna ako. Hindi ako tatakbo promise." Binitawan din naman nila ako, mabilis kausap?

"taympers lang po HUHUBAHAHAHAHAHAHAAHAHAH." Hindi ko na talaga kasi kinaya, ang sakit na ng tiyan ko sa kakatawa.

Para akong baliw na napapalibutan nilang lahat.

"Okay na po, balik na po kayo sa paghawak sa braso ko" sabi ko nong tapos na akong tumawa.

"Langya ka babe!"

"Sige na ipasok n'yo na yan! Late na tayo!" utos ulit ni leader, kaya pinilit na talaga nila ako isakay.

"Sandali! Sandali! Time out!" singit na naman ni Kb

"Ano na naman ba?!" Inis na sagot ni maskguy2

"Hindi nyo sya pwedeng dalhin!"

Bigla nalang kumalas si Kb sa pagkakayakap sa akin mula sa likod sabay hila kina Iris at Ag at kinaladkad papasok sa sasakyan.

What the fuck?

Kami naman na mga naiwan sa labas ay nakatunganga lang.

"Hoy Keyboard anong ginagawa n'yo d'yan sa sasakyan gaga ka!" Sigaw ko.

"Sasama malamang" Sasama? Buang na ba sila?

Naguguluhan at nakakunot ang noo ko naman silang tinitignan na nasa loob na ng sasakyan at naka d-krus pa ang mga kamay. Seriously?

"Hoy kuya diba hindi sila pwede isama? Ibaba n'yo nga sila d'yan" utos ko sa leader nila.

"Okay" ay tangena obedient yarn?

Nagulat pa ako nong binitawan ako ng dalawang lalaki, at bumalik sa sasakyan para pababain ang mga abnormal kung kaibigan.
Iniwan lang nila akong mag-isa?

"Bumaba na kayo!" Utos ni maskguy1 pero ang mga gaga ayaw bumaba.

"Hindi pwede! Kung kukunin n'yo si babe ay dapat kasama rin kami"

"Kuya pwede maki ride nalang ? Sa school lang" singit ni Iris, kaya nakatikim na naman s'ya ng sabunot kay kb. Bigla na naman ako natawa. Langya talaga.

"Hindi nga kayo pwede sumama! Kami malilintikan kay boss!" Naiinis na si leader.

"Hindi rin nga kayo pwede umalis hanggat hindi n'yo kami sinasama!" Napasabunot nalang si leader dahil sa katigasan ng mga ulo nila.

"Kb ano ba! Bakit ba nagpupumilit kayo sumama! Pinapadali mo ba burol n'yo?!" Sasama ata sila hanggang kamatayan e.

"Ano kung mamamatay tayo. Mamamatay naman talaga tayong lahat. Walang immortal sa mundong to kaya unahan na natin si kamatayan. Pumasok ka na nga rito!" Langya talaga, s'ya na matapang.

"Sige na sige na! Manahimik ka na at isasama ko na kayo" sumuko na ata ang leader. Wala s'ya magagawa kb kalaban n'ya, mahirap pilitin.

Nagpalakpakan ba naman ang mga bruha matapos sabihin na pwede na silang sumama ? yawkona.

Nauna pa sumakay ang mga kidnapper, napailing nalang ako nang tawagin na ako ni kb at ipasakay sa sasakyan. Ako pa talaga ang huli, parang ako pa yung nagmukhang kidnapper e.

Pagkaupo ko ay pinaandar na agad ang sasakyan.

"Kuya may pagkain ba kayo don?" Napasapo nalang ako sa aking noo dahil sa tanong si kb.

"Meron" sagot ni kuya maskguy1

"Sige, pakain ha pagdating" close na agad sila, sanaol.

"Oh kunin n'yo" may inabot naman sa amin si leader.

"Ano to?" Tanong ko

"E blindfold nyo sarili n'yo"

"Ay wow kayo pa kidnapper tapos kami pa mag b-blinfold sa sarili namin." Ayun na nga at ginawa naman namin.

"Kuyang kidnapper pakitali na rin mga kamay namin, kung mamamatay naman lang din kami. Gusto ko rin ma experience ang matali" jusko itong si Kb ano nalang ang gagawin ko sa kanya.

"Kuya single ka?" Talaga 'tong si keyboard!

"Married na" awts sad.

"Ay sayang" sambit n'ya

"Bawi next life lods" tinapik naman s'ya ni Iris.

"Kuya paano n'yo po pala nalaman andun kami, stalker kayo no?" Tanong ko.

"Babe naman! Ano ba trabaho ng kidnapper?" Napakunot naman noo ko sa kanya.

"Manguha ng tao?" Sagot ko

"Before kidnapin ano ba ginagawa?" Ano ba to, naglalaro ba kami ng pinoy henyo?

"Edi ang bumaba ng sasakyan!" Sarap sakalin nitong kb na to.

"Gaga edi stalking!" Napatampal nalang ako sa aking noo.

"Ano ba una sabi ko?" Taas kilay ko s'yang tinanong

"Stalker?"

"Oh edi stalker!" Jusko, mauubusan ata ako ng pasensya tonight.

"Kuya akina baril mo. Ako na mismo babaril dito" sabay lahad ng palad ko.

"Hoy babe joke lang!" Sakit n'ya sa ulo ang kulit talaga.

"gisingin n'yo nalang ako pag nakarating na tayo sa venue" paalam ko kay leader. Itutulog ko nalang to at baka makasakal talaga ako ng isang keyboard.

"Sige matulog na muna kayo"

.
.
.
-

"Hoy! Gumising na kayo at malapit na tayo!" Nagising ako dahil sa pag tapik nito sa balikat ko.

Si kuyang leader pala.
Napatingin ako sa bintana at puro puno lang ang nakikita ko sa labas.

"Kuya asan ba tayo? Bakit puro puno nandito?" Tanong ko agad sa kanya.

"Daan patungong langit ba to?" Nilingon ko naman si Kb na parang tanga sa tanong n'ya

"Wala bang sa mas masarap na paraan ku--babe! bakit na naman nangungurot!" Bibig talaga nito sarap tahiin.

"Nandito na tayo, ibalik n'yo na mga blindfolds n'yo" sabi ni kuyang leader kaya sinunod naman namin agad.

"ipasok n'yo sa unang kwarto ang tatlo" utos n'ya sa mga kasamahan.

Ito na ba? Mamamatay na ba ako rito? Sino naman ang magpapadukot sa akin. Wala naman akong matandaan na inabuso ko at wala rin naman akong nakalaban.

Kinakabahan ako, paano kung e torture na pala ako ng mga to? Paano nalang ang mga asawa ko?

Tangena Sj! yang kaharutan mo naman, pakilugar sa tamang panahon!

Inaalalayan ako ni leader habang naglalakad patungo sa 'di ko alam kung saang lugar.

"K-kuya, mabubuhay pa ba ako bukas?" *What a dumb question Sj.*

"Hindi ko alam, manalangin ka nalang" sagot n'ya.

"Wala po akong rosary. Meron ka po?"

"Kailangan pa ba?" Hindi na ata?

"O-opo meron kayo?" Sagot ko.

"Wala pero ibibili nalang kita" ay wow baet yarn.

"Whats with the frown?" Ay langya napaka expensive naman nitong kidnapper ko, nagsasalita ng dollar.

"Joker ka kuya, papasa ka na sa pagiging payaso." Para lang kaming mag tropa kung mag-usap langya.

"Sa pogi kong tong?"

"Panong pogi? Bulag ako at the moment kuya" natawa naman ito sa sinabi ko.

"Nandito na tayo" sabi n'ya.

Mamamatay ka na Sj, hindi mo na makikita ang dragon at demonyo mo!

Narinig kong bumukas ang pinto at hinila na n'ya ako sa braso papasok.

Bigla nalang ako kinabahan at pinagpapawisan, nanunuyo na rin lalamunan ko sa kakalunok.

"K-kuya, bago n'yo muna ako e-torture p-pwede po makahingi ng tubig?" Sabi ko pagkaupo ko.

Ang lamig na ng mga kamay ko at feeling ko nga rin namumutla na mukha ko sa sobrang kaba.

biglang bumukas ang pinto at may takong akong naririnig na papasok sa kung saan man kami.

"Nandito na po, ma'am." saad ni kuya.

Wala naman sumagot sa kanya. Tangena maiihi na ata ako sa kinauupuan ko. Bumukas ulit ang pinto at sa tingin ko lumabas na si kuya ng kwarto.

Humugot ako ng malalim na hininga.

Kalma lang Sj maganda ka.
Anong konek sa kagandahan na yan kung wala ka na kinabukasan?.

"S-sino ka?"

. . . .

Nice talking self.

"B-bakit mo naman ako pinakidnap? W-wala rin ako matandaan na may atraso ako sa ibang tao." mautal kong tanong. Wala paring sagot!

"P-please lang po, gusto ko pa magkajowa"

"Asan po tubig ko?" Langyang tanong yan. Pero kailangan ko na talaga ng tubig!

"Hello? Ako lang ba mag-isa rito?"

"Pakiuwi na po ako, y-yung mga asawa ko-" napalundag ako dahil sa malakas na hampas nito sa lamesa. Langya yung puso ko!

"A-ah may tao pala" sambit ko.

Narinig ko ang tunog mula sa takong n'ya na papalapit sa kinaroroonan ko.

Panay lunok nalang ang tanging nagawa ko dahil sa sobrang pagka-kaba.

Naaamoy ko ang pabango nya, bakit sobrang napaka pamilyar nito? Sino ba talaga at anong kailangan sa akin.

"A-ahm h-hindi ka po ba marunong magsalita? M-mute ka po ba?" *Great sj!*

I just felt that her face was next to my ear because I could feel her soft breathing. It tickles me!....Then

she suddenly bit my earlobe. Goodness! Potangena!

Hindi ko rin naman s'ya matulak dahil nakatali ang mga kamay ko sa likuran ko!

"Tsk." yan lang ang narinig ko mula sa kanya, aba'y lokang to.

Ganitong torture ba gagawin n'ya? Hindi pwede! Mga Mommies ko lang pwede mag ganyan sa akin!

Abala ako sa kakaisip sa mga asaw--mommies ko nang bigla nalang nito tanggalin ang piring sa aking mga mata.

"T-the fuck?" Ang tanging na sambit ko nang makita ang babaeng nagpadukot sa akin!

Isang babae na kilalang-kilala ko na ngayon ay nasa harapan ko. Naka halukipkip at seryosong pinagmamasdan ako.

She looked at me like she was analyzing me, which made me retract.

"You cursed me?" Taas kilay n'yang tanong. Sino ba naman kasi hindi makakapagmura sa ginawa n'ya!

"Please wake me up from this bad dream!" I mumbled.

"Eyes up here." She said coldly.

Gulped!

"What did I tell you the last time we talked?" Langyang yan. Bakit ganyan ka naman makatingin.

"Sabihin mo bakit mo ako pinakidnap?" Sinagot ko nalang s'ya ng tanong.

Ramdam ko na sobrang dry na ng labi at lalamunan ko, dagdagan pa na nalaman kong s'ya lang pala ang may pakana sa lahat ng 'to.

"Asan mga kaibigan ko?"

"In the next room, eating dinner." langya? Lumalamon na sila samantalang ako dito ay nasa trial pa, ni kahit tubig wala. Lintik na yan!

"Now, ANSWER ME." katakot naman ang dragon na to kung magtanong.

"A-about?" *Sige Sj, paliwanag ka lang para mabuhay ka pa.*

"N-not to avoid you.." panay nalang ako lunok kahit wala naman na nalulunok amp.

"Then, why are you still avoiding me?" walang ekspresyon ng mukha na tanong nito.

"A-ahm I'm-"

Ano ba dapat sabihin ko? Hindi ko rin naman kasi alam bakit umiiwas ako sa kanya?

"I-I'm sorry..." I said, and lowered my head.

Ayan, mag sorry ka sa kagagahan mo. Wag mo kasi ginagalit yan Sj! Tignan mo naging resulta sa ginawa mo. Umabot pa sa kidnapan!

"Do it again-"

"H-hindi na! Promise!" Putol ko sa sasabihin n'ya. Baka kasi pagbantaan pa ako.

Hindi naman s'ya sumagot at nakipagtitigan lang sa akin. Hilig ata nila makipag eye to eye sa akin, ganda ba mata ko?

Umikot ito sa likod ko at tinanggal ang nakatali sa mga kamay ko. Finally at naisip n'ya rin tanggalin.

"Bakit kasi may pa dakip-dakip pa. Pwede naman ako kausapin ng personal ah" sabi ko sa kanya habang hinihimas ang pulsohan ko, lokong kuya yun ang higpit ng pagkatali.

"Paano ka makakausap kung puro ka takbo?" Sabagay tama rin naman s'ya.

"Akala ko pa naman katapusan ko na" gage pinakaba ako ng babaeng to, sarap itapon pabagsak sa kama.

"Katapusan mo na talaga pag inulit mo pa" she said and glared at me.

Aw patay tayo d'yan sj!

"H-hindi na nga!" agad na sagot ko at nag taas pa ng kamay para maniwala talaga. Isang irap lang naman ang natanggap ko, okay na yun kaysa kung ano na naman lumipad sa mukha ko.

"Let's go."

"Saan?"

"My bed" the fuck? Napaatras ako sa sinabi n'ya sa gulat.

"S-scam ba yan?" Oh ba't ganyan tanong ko.

She hissed. *Oof sexy*

"Kakain tayo" tipid n'yang sagot.

"H-ha? Magkakainan tayo?" Kunot noo kong tanong. Gulo nito yawa.

"Gosh!" Naiinis na ata s'ya.

"Saan nga kasi? sasabihin mo bed tapos sasabihin mo sa susunod kakain tayo. Gulo mo naman" dire-diretso kong salita. Bakit ano ba kakainin sa kwarto bukod sa amin?

"We're going to join your friends!" At ayun natampal ko nalang ang aking noo. *Bobo mo Sj.*

Sa inis napa walked-out out ito kaya mabilis ko syang sinundan.

*

"Babe!" Tawag agad ni Kb sa akin habang lumalamon.

Ang sarap naman ng kain nila. Not knowing na galing trial kaibigan nila.
Ginantihan ko lang s'ya ng irap at umupo sa tabi ni maldita.

"Pwede na pang kdrama yung set up Ma'am" sabi ni Ag kaya napatingin ako sa kanya.

"Alam n'yo?" Taas kilay kong tanong.

"Kanina lang, nong bago ka n'ya puntahan" sagot n'ya bago sumubo.

Gutom na gutom na talaga siguro tong dalawa dahil wala man lang yata balak magpahinga sa kakanguya, hindi ba nananakit yang mga panga nila?

"Gandang experience ha, kidnapping." Sabat ni keyboard.

"Para kayong tanga kanina sa totoo lang." Sagot ko naman sa kanya.

Pero sa totoo lang akala ko talaga ay may mangyayari ng masama sa amin ngayon. Nakakatakot din kaya yung nangyari kanina pero naging comedy ang resulta dahil sa mga gaga kong kaibigan.

"Ganyan ka namin ka love Sj. Sasamahan ka, dadamayan ka at pauungoldjjdjdusbaj" hindi n'ya natapos ang sasabihin dahil sinaksak ni Kb sa bibig n'ya ang sausage.

"Kung wala kang sasabihin na maganda, kumain ka nalang!" Singhal nito sa kanya.

"Ikaw ba may nasabi ka na bang maganda at tama?" Ooo rebat na naman n'ya.

"Lakas ng loob mo tumawag sa police di mo naman pala alam kung may 911 ba! Ang masaklap pa don wala ka pang load at number ng babae mo yun! Walang kwenta! Paano nalang kung totoong kidnapping pala tong nangyari at hindi si Ma'am Pixie? E di tigok tayong apat." hala wow nagsalita ang keyboard, akala mo sya may load.

Natawa na tuloy ako sa kanila.

"Luh, akala mo siya may load." ay bardagulan

Sinulyapan ko si Dragon, baka kasi naririndi na sya sa dalawang to at mapagalitan pa kami. Pero parang okay lang naman sa kanya? Sanay na yarn?

"Ay ma'am, bakit may kidnapan na naganap. Sasali ba kayo sa isang action drama edition?" Lintik na keyboard to ang kapal ng mukha.

Sinamaan ko sya ng tingin, hindi naman ito nagpatinag at ngumisi lang. Oh saya ka na n'yan keyboard?

"Ask your friend." sagot ni Dragon.

Tinignan nila ako pero nag kibit-balikat nalang ako.

"Miss may baril ka ba d'yan?" Tanong ko kay Pi kaya napalingon ito sa akin na nakakunot na ang noo.

"Why?"

"Barilin mo nalang ako, para ikaw ang maging dahilan ng pagkamatay ko" biglang sabi ko kaya nabulunan sila, kasama na d'yan si dragon.

Actually hindi talaga yun ang nasa isip ko pero bigla nalang ako inunahan nitong bibig ko. Mainit ba? Bakit namumula tenga nito? Lakas ng aircon eh, yee kinilig.

"Babe alam mo ikaw..." Bunganga na naman ni keyboard.

"Bakit?"

"Yang bibig mo, napaka-delikado kung magsalita. Marami yan masasagasaan" sabay lantak sa pagkain. Ano akala n'ya sa bibig ko, sasakyan?

"Ha?" Taas kilay kong sagot. Ginugulo na naman nito utak ko.

"Lakas mo bumanat tapos ikaw din naman pala slow!" Ako slow? Sa kama? Hindi natin yan sure.

"Pwet mo slow." ayoko na makipagtalo sa kanya kaya inikutan ko nalang ng mata at binalingan si Dragon.

Ang konti naman ng kinakain nito, dapat sa kanya pinapakain ng marami para tumaba! Hindi naman sya payat, ang sexy kaya n'ya pero nabubusog na ba sya sa kinakain nya? Salad?

"Mabubusog ka na ba d'yan ha Miss?" Tanong ko sa kanya.

Nice talking self.

Kumain ka nalang Sj!
Wag mo na pansinin yang dragon na yan. Hindi ko na talaga s'ya kakausapin bahala s'ya.

"Miss ano pa po gusto mong kainin?"tanong ko ulit sa kanya.
Asan na yung hindi mo kakausapin sj?

Langya! hindi na naman namamansin. Kikidnapin ako para sabihan na wag na akong umiwas, pero s'ya naman 'tong parang bingi na walang naririnig. Kagigil!

"Miss saan po pala tayo?" Tanong ko ulit. Pasalamat ka mahaba pasensya ko dragon.

"Dining area" humagalpak naman sa tawa ang tatlong bruha. So masaya na sila n'yan? Pilosopa tong dragon na to e.

"Misa yung totoo, san mo natutunan mag ganyan? At sasakalin ko" diretso kong sagot.

"Choke yourself"

"Okay choke me mommy" biglang sambit ko kaya napatingin sila sa akin, di na talaga ako nabibigla sa mga sinasabi nitong bibig ko. Immune na!

Ang sama naman makatingin nito.

Magsasalita pa sana ako pero bigla tumunog phone n'ya at nag excuse sa amin. Ay sanaol sinasagot.

Natapos nalang kaming kumain maghapunan ay walang dragon bumalik, kailangan na rin namin umuwi kasi may lakad pa kami bukas. Mahigit kalahating oras na kami naghihintay sa kanya, saan nanlalaki yung maldita na?

"Girls." biglang tawag sa amin. Pero sino ba to? Makangiti parang engot.

"Kami ba?" Tanong ko agad.

"May iba pa bang tao bukod sa atin dito babe?" Bakit ba kontra nalang lage tong kb sa lahat ng sasabihin ko.

"Alam mo kb, masasakal na talaga kita" ngumingisi pa ang gaga. Gusto ata masakal.

"Tara na, hatid ko na kayo." biglang singit nong lalaki.

"Bakit? Ay sino ka pala?" Tanong ni Ag.

"Ako yung dumukot sa inyo kanina." Napanganga naman kami sa sinabi n'ya at talagang proud s'ya maging kidnapper ha.

"I-ikaw yun?!" Singhal ni Kb

"Bobo kakasabi lang nga na s'ya. Pa ulit-ulit lang keyboard?" Sabi ko sa kanya't umirap.

"Alam mo babe, pag ako nag ganyan sayo maiinis ka." Paikot-ikot pa ng mata e, maldita rin.

Nilingon ko ulit si kuyang kidnapper.

"Asan si Miss?" Tanong ko agad.

"Umalis na, ang sabi lang ni ma'am ihatid na kayo dahil palalim na ang gabi" sagot n'ya.

Ay tangena umalis ng walang paalam, bastos na dragon 'yon ah.
Di ko alam pero nainis ako bigla, matapos n'ya akong ma dukot-dukot ay iiwanan lang ng walang paalam. Bwesit.

"Ge" sagot ko nalang at tumayo na. Nauna na akong maglakad sa kanila at sumunod naman agad ang tatlo.

Buong byahe ay wala ako sa mood, kahit na gusto ko na saksakin bibig ni kb kakabunganga. Di ko alam, basta wala ako sa mood hanggang sa makauwi na ng bahay.

-
-
-

"Ganda talaga dito sa resort ninyo keyboard." namamanghang saad ko. Nandito na kami sa resort nila, sa may palawan at nakalimutan ko anong tawag dito.

Mukhang ma eenjoy namin tong bakasyon namin, sana lang hindi magkaroon ng problema at gusto ko makapag relax ng walang sagabal.

"Tara na! ang init na dito sa labas. Mamaya na tayo gumala." tawag ko dahil mukhang balak na yata gumala agad ni Iris,

"Ayos dito, daming chix." puro chix lang tinartarget ng mga mata nito e.

Habang naghihintay sa pagbalik ni keyboard ay nag usap muna kaming tatlo kung ano ang mga gagawin. Kanina pa nakaalis yung isa pero wala parin, tagal ng keyboard na yun!

"Ano plano pagkatapos natin makapag ayos?" Tanong ni Ag habang busy sa cellphone.

Panay phone lang talaga napapansin ko sa kanya ngayon. Sino na naman kaya ka chat n'ya.

"Kayo nalang, gusto ko muna matulog. Napagod ata ako sa byahe, ang init din sa labas kaya mamayang hapon nalang siguro ako lalabas." sagot ko kaya tumango nalang sila.

Maghahanap lang naman yan sila ng malalandi at pass tayo d'yan. Loyal dapat tayo sa dalawa, pero joke lang.

"Asan na ba si keyboard, ilang kilo ba ang bigat ng susi at ba't ang tagal n'ya" reklamo na ni Iris.

"Ayan na pala." bulong ni Ag,

"Bagal mo naman keyboard!" Dadabog na naman tong Iris na to parang baliw e.

"Tinawagan ko pa ama ko at sinabi bukas pa tayo uuwi. Bakit ka nagagalit?! Miss mo ko?" kapal ng keyboard namin.

"Akin na nga room key ko, anong number ba?" Singit ko sa kanila agad bago pa sila magbangayan ulit.

"Magkakatabi lang tayo ng rooms. 66-69" at binigay na sa amin ang susi sa room. hilig naman nito sa six.

Pagpasok sa kwarto agad ko na inayos ang mga gamit ko. Nasa room69 pa talaga ako e, ayos na ayos talaga si Kb mag isip. Pasalampak akong humiga pagkatapos maayos ang mga gamit. Finally, I can sleep na pero biglang may nag message sa akin...

Pixie
Where are you?

Oh bakit nag message to? May pa where are you ka pang nalalaman.

SJ
Somewhere.

Pixie
Somewhere?

SJ
Down the road...

Pixie
Are you joking? Really?

SJ
May nakikita ka po bang joke sa chat ko o emoji miss?

Hala Sj tanga ka bakit mo sinend 'yon bobita stupid!

Nakatutok lang ako sa screen phone ko pero lumipas ang ilang minuto ay walang reply.

Hindi n'ya man lang na seen yung message ko. Binura ko nalang ang chat at mahirap na, baka ipakidnap na naman ako nito dahil sa sinend ko.

*

Nagising ako dahil sa katok na nagmula sa may pinto. Hindi ko pala namalayan nakatulog na ako kanina habang nanonood ng mga videos.

"Babe! Gumising ka na at mag d-dinner na tayo." tawag ni kb mula sa labas.

Tinignan ko ang suot na relo,malapit na pala mag 7pm. Limang oras din pala akong nakatulog?! Plano ko pa naman sana mamasyal kanina amp.

"Babe!" kulang nalang talaga gibain n'ya ang pinto sa katok n'ya.

"Ohh!" pasigaw kong sagot.

Ayoko muna s'ya harapin at bubunganga lang naman yan. Bagong gising pa naman ako.

"Gumising ka na!" Tulog pa ba ako?

"Sasagot ba ako kung tulog pa ako ha?! Kaloka talaga.

"Halika na at kakain na tayo, sumunod ka na agad sa baba!"

"Okay una ka na, sunod ako agad"

Nanatili pa ako ng limang minuto bago nagpasyang bumangon at nagbihis.
Baka kasi pag nagtagal pa ako dito ay balikan ako ng keyboard na yun.

Palabas na sana ako ng kwarto ng pagkabukas ko ay may nakasalubong naman ako na katapat lang nitong kwarto ko..

Tangena? Anong ginagawa n'ya dito? Bakit nalang ba kami lage pinagtatagpo?

Napatulala nalang akong nakaharap sa kanya, parang gusto ko isarado ulit ang pinto at wag nalang lumabas dahil ang sama ng tingin n'ya sa akin.

Ano nagawa kong kasalanan at ganyan sya makatingin? Pero bakit nga nandito sya!

Pero bagay sa kanya yung suot n'ya ha kahit simple lang . A beige one arm black jumpsuit then naka flat sandals.

"Eyes up here" oh napansin n'ya ata ginagawa ko.

"Done checking?" Not yet mommy.

"A-ahm bakit nandito ka?" Lakas mo naman magtanong. Tapang ko talaga

"And you?" Taas kilay n'yang tanong pabalik. *Sige sj sumagot ka!*

"Umm weekend vacation?" Sagot ko at napakamot sa kilay.

"With?" Interview lang mommy?

"Sila kb. Ikaw sino kasama mo? At bakit nandito ka?" Hindi pwedeng ikaw lang ang mag tanong!

Hindi sumasagot ang gaga at nakatunganga lang sa harapan ko.
Itulak ko na ba s'ya papasok sa kwarto n'ya? Charot

"No reason to tell you" langyang babaeng to. Tinalikuran na ako at nagmadaling naglakad palayo sa akin.

Problema non?
May mga sayad nga ata silang dalawa.

Sino kaya kasama ng malditang 'yon. Baka ang ibang mga Ponferrada rin?
.

.

.

.

.
Stalker ko siguro s'ya. Chur, feeler ka Sj. Pero okay lang ganda naman ng stalker na yan ;)

CHAPTER 20

-

"Bakit ganyan mukha mo? Para kang nakakita ng multo." bilis talaga makapansin ni Ag kahit wala naman akong sinasabi. Ano ba ekspresyon ng mukha ko para masabi nya yan?

"Hoy babe! Tulala ka d'yan. Anong nangyayari sayong babae ka" hindi ba s'ya pwede magsalita na hindi nanghahampas?

"Kb hampasin kaya kita nitong plato? Masakit pa naman yang hampas mo!" gusto niya try ko rin sa kanya kung paano batuhin ng plato tulag ng ginawa nong dragon sa akin.

"Oh kalma lang friend, masisira beauty ko" ganda s'ya?

"Meron ka non keyboard?" Sabat naman ni Iris

"Saan banda kb?" Segunda ni Ag.

Kawawang keyboard, lagi nalang pinagtutulungan pero kahit ginaganyan namin ay lab na lab ko yang keyboard na yan.

"Ganyan kayo? Ako lagi inaaway?" tatampo na naman.

"Shuta, di ako makapaniwala sa nakita ko kanina, liit talaga ng mundo oh." singit ko sa usapan nila bago pa lumala bardagulan ng mga to.

"Bakit, nalibot mo na ba ang mundo?" humugot ako ng malalim na hininga bago hinilot ang noo. Yung seryoso ako tapos babanata ako ng keyboard na to.

"Nandito ata ang mga Ponferrada," sabi ko at agad lumantak ng pagkain matapos mailagay sa table namin.

"Talaga?!" Excited na tanong ni Iris,

"Ou, paglabas ko ng kwarto si Zi agad bumungad sa labas ng pintuan ko. Nasa tapat lang room n'ya" sagot ko habang dumudukot ng ham.

"Seryoso?" Ou kb seryoso.

"Hindi kb joke lang yun, joke lang!" Sabay irap ko sa kanya.

"Duh."

"Maniniwala na talaga ako kayo ang tinadhana kung walang Miss Pixie na kasama nila." saad ni Iris, sana all naniniwala sa tadhana.

"Malamang wala yun, bakit naman sasama yun dito. Busy sa trabaho yun" sagot ko agad.

"Hindi natin alam, baka mamaya nandito na s'ya." Nakangising saad ni Iris.

"Oh tapos?" Ano naman kung nandito nga s'ya.

"G, makikita natin s'ya tonight." sambit ni Iris at inilapag ang blackcard. What the?!, parang alam ko na saan mapupunta tong usapan.

"Game ako d'yan, hindi s'ya kasama ng mga kambal." si Kb naman na nilapag din ang blackcard. Tangena meron sila n'yan? Ako lang ata mahirap dito.

"Bet. She'll be here tomorrow" pinagmasdan ko naman si Ag na naglapag na rin ng Blackcard n'ya. Hoy pinapamukha ba nila sa akin kung gaano ako kahirap?

"Tangena! ang dami n'yong pang-pusta, may mga blackcards pa pero kahit load wala! Really girls?" Napasapo nalang ako sa 'king noo.

"Ikaw babe, di ka sasali?" Dadamay pa ata ako sa kabalbalan nila.

"Wala akong blackcard! Memory card lang tanga." nakakahiya naman sa kanilang anak mayayaman.

"Dali, sali ka na."

"Ayoko, bahala kayo." namimilit pa to.

"Oh sige, ikaw humawak nitong cards" ay ako pinahawak. Waldasin ko nga to mamaya.

"Ge sure." Kinuha ko naman agad at pinasok sa bra ko. Baka kunin nila ulit e.

"Bakit mo pinasok sa dibdib mo! Mahuhulog yan babe!" Napakunot naman noo ko sa kanya.

"At bakit mahuhulog?" Taas kilay kong tanong.

"Flat ang mundo babe" napakunot noo naman agad ako sa sinabi n'ya.

"Anong konek? Sa flat na mundo sa bra ko?" Mga bruha bigla nalang nagtawanan.

"Wala wala! HAHAHAHAHA." di naman ako flat, nakasuot lang ako supporter kaya nasasabi niya yan.

"Oh okay?" Abnormal.

"Hoy! club tayo mamaya, hanap chix." tsk, ano pa ba aasahan kay Iris,

Syempre hindi mawawala yang club event na yan pag mag-wawalwal diba?

"Sige!" isa pa tong keyboard na to, sa ganyan lang talaga sila nagkakasundo.

"Ano gagawin natin sa before christmas? Malapit na rin mag sembreak." tanong ni Ag,

"Mangaroling tayo!" Bulaslas ni Kb kaya awtomatikong napatingin kaming lahat sa kanya.

"Luh, seryoso ka?!" hindi na kami nagulat ni Ag at si Iris lang nag react.

"Ou, bakit? Mag iinarte ka?" taas kilay na salubong ni keyboard sa kanya. Shuta, kakain nalang ako at bahala na sila mag-away jan.

Saan tayo mangangaroling?" tanong naman ni Ag,

"Sa mga bahay? Alangan naman sa mga puntod, diba?" nabulunan ako sa sarkastikong sagot nito kay Ag, tangena mamamatay talaga ko ng maaga pag sila kasama.

"Malapit na rin birthday mo Sj. Ano plano mo?" Baling sa akin ni Ag.

Ang random namin no? Kung anu-anong topic nalang ang mga napag-uusapan namin. Minsan nga umabot kami sa topic na bakit mabaho ang utot langya.

Kung di niya pinaalala ay malamang makakalimutan ko ng tuluyan ang aking kaarawan. Ano nga ba maganda? Hindi naman uso sa amin ang celebration tuwing kaarawan.

"Hindi ko alam, alam nyo naman hindi uso sa arin yan." seryosong sagot ko.

"Malay mo this year ay ma c-celebrate mo na pala" singit ni kb ng nakangiti.

"Kahit ano pang pilit nyo, hindi manyayari yan." may plano siguro tong mga to.

Mas excited pa nga sila kaysa sa akin pag birthday ko na. Alam naman nila na ayoko talaga mag celebrate. Even my parents, di nila ako napipilit.

Hindi ko rin alam simula nong highschool ako ay nawalan na ako ng gana sa mga ganyan. Boring ng buhay ko no? Buti nga meron akong mga kaibigan na nanggugulo sa buhay ko, hindi na rin masama.?

"Hmm, we'll see, babe,"

"Tigil na, bilisan nyo na kumain para makaalis na tayo." saway ko.

After dinner bumalik na kami sa mga sariling kwarto upang maghanda dahil lalabas nga kami para mag club. Matutulog nalang nga sana ako pero naalala ko ang dahilan kaya kami nandito, ang mag enjoy at walwal.

*

"Sumakay nalang sana tayo ng sasakyan." reklamador talaga si Iris, malapit lang naman yung beach club mula sa hotel kaya bakit pa gagamit ng sasakyan.

"Pwede ba manahimik ka? Gaano ba kalayo ang 100meters sa'yo? 1km?!" Ayan na naman sila.

"Manahimik kayo, nandito na tayo. Aaway pa eh" sabat naman ni Ag.

Napakaraming tao pagpasok namin at hindi ko alam kung may bakanteng table pa. Daming mga aliens dito ha, sinakop nila buong lugar eh.

"Ang daming tao! Wala na ata table dito." malakas kong salita dahil sa lakas ng musika.

"Meron, nagpa reserve kaya ako no." ay wow advance mag-isip tong si kb,

"Saan banda?"

"Yung table na yun." sabay turo nya sa nag-iisang table nalang na available.

"Tara."

*

"Sorry Ma'am pero beer nalang po available tonight" sabi ni kuyang waiter. Patay tayo d'yan

"Anong beer?" Tanong ni Iris.

"Red horse po" talagang patay tayo d'yan.

Mukhang hindi ako pwede uminom ng marami nito. Lintik na yan sa daming beer sa pinas at red horse nalang ang natira.

"Langya babe pulang kabayo! Kakayanin mo?!" Sigaw ni Kb, dahil sobrang lakas ng music.

"Gago baka maghubad na talaga yan this time pag nalasing!" Singit naman ni Iris. Sarap tirisin ng mga to.

"Sige gora lang, hindi naman ako iinom ng marami!"

"Hindi ka talaga makakainom ng marami dahil isang baso lang lubog ka na." what if suportahan nalang ako ni Ag at wag na siyang kumontra pa?

"Sus, makikita mo. Go beer kuya, sagad mo na yang redhorse na yan." Sabi ko kay kuyang.

.

"Hoy pota! Babe mag hunos-dili ka!" Pagpipigil ni Kb sa akin.

"HAHAHAHAHAHAHA go Sj go!" Sigaw naman ni Iris. Salamat sa support my friend.

"Iris sasapakin talaga kita! Ibalik mo na to sa table!" Utos n'ya kay Iris.

Nasa dance floor kasi ako nagsasayaw kasabay ang ibang mga tao. Ano ba problema at sumasayaw lang naman ako, siraulo. Wala na akong nagawa matapos nila akong hawakan sa magkabilang braso at kinaladkad pabalik sa table.

Hindi ako lasing okay? Medyo mainit lang pakiramdam ko pero nasa tamang pag-iisip pa ako.

"Magsabi ka kung lasing ka na Sj. Baka mamaya may kandungan o laplapin ka nalang d'yan sa gitna" sabi ni Ag, grabe naman sila sa akin. Yung mga mommies siguro pwede pa.

"Hindi ako lasing gaga." at saka kinuha ulit ang alak at ininom.

"At talagang magpapatuloy ka pa sa pag inom?" Taas kilay na tanong ni keyboard.

Ano ba dapat gawin? Manalangin ako dito sa club? Kaya nga nga nandito para mag enjoy, daig pa talaga nito ina ko kung makapangaral e.

"Hindi nga kasi ako lasing paulit-ulit nalang tayo keyboard? Unlimited ka girl? Ay wala ka palang load." isa pa isang bote palang naman naiinom ko.

"Hoy gago! Nakikita n'yo ba nakikita ko??" Biglang singit ni Iris.

"Hindi naman tayo iisa ng mata para makita namin ang nakikita mo bobita!" Humagalpak ako sa tawa dahil sa pamimilosopa ni Kb, tangena tama nga rin naman s'ya haha.

"Pisti ka, wala kang common sense!" Bardagulan na naman ang mga gaga.

"Tanga!, tawag d'yan humour." Oooo hahahahaah tinignan ko naman si Iris, wala na ata s'ya ma rebat.

"Ugh!" Ay wala na nga, wow natalo s'ya for the first time.

"Kb apirrrr!" Nag high five kaming dalawa, ang laki ng ngiti ni gaga kasi natalo nya si Iris,

Tawanan lang kami ng maalala ko sinabi niti.

"Pero ano pala nakita mo?" Baling ko sa kanya.

"Si demonyo!" Luh nandito sila?

"Hoy asan!" Sabi ko sabay hampas sa ulo n'ya.

"Bakit ba nanghahampas? Nagiging keyboard ka na rin ba?!" Ay inis na yarn.

"Sorry na, saan mo ba nakita?" Tanong ko.

"Palabas na yun, gumigiwang-giwang na nga lakad non e" lasing ang gaga?

"Kasama ba mga kambal?" Bakit naglalasing anf demonyong 'yon.

"Hindi s'ya lang mag-isa." sabi nito kaya agad akong tumayo.

"Saan ka pupunta?" Tanong ni Ag.

"Sa labas, tignan ko lang si Demonyo. Mukhang lasing daw ata sabi ni Iris," sabi ko at hindi na sila hinintay magsalita at nagmadaling lumabas.

Paglabas ko ay agad ko itong hinanap. Delikado pa naman maglakad mag isa ngayon dahil medyo madilim ang daan pabalik.

Sa hindi kalayuan ay nakita ko naman s'yang nakapangalumbaba. At may lalaking nakatayo sa harap n'ya habang kinakausap s'ya.

"Miss, saan ka uuwi? Hahatid na kita" sabi nong lalaki.

"lleayb meay aloowne" ang gaga lasing na nga ata.

"Mi-"

"Zi" putol ko sa lalaki at tinawag ang demonyo, nag angat naman ito ng tingin sa akin.

"Dyjaaahhh" sabi n'ya ng nakangiti.

Tamo to, lasing na lasing nga ata. Kaya agad ko na s'yang inalalayan. Buti nakilala n'ya pa ako.

"Kasama mo Miss?" Tanong ni lalaking mukhang butete.

"Sjheis mhayy waieyfu" she smiled and wrapped her arms around my neck.

Ha? Ano raw? Di ko maintindihan ang salitang lasing. Sabay pa kami napakunot ng noo ni butete.

"Zi, bakit ka naman naglasing ng ganyan. Sino ba kasama mo?" Tanong ko sa kanya, at hinibla ang mga buhok na nakaharang sa mukha n'ya. Ganda parin ni mommy kahit lasing ah.

Hindi naman ito sumagot.
Bakit ka ba kasi nagtatanong sa isang lasing Sj para kang buang.

"Jhyah ih tjhingk imnh stafhrting toehh lykae ybfkdgs!"gage wala ako ma gets.

"Jyah aym showry phweash fowgeyv mhjey ayhmn shuw shuowi jahg" ano ba pinagsasabi ng babaeng to?

"Ihts kjeelhignf mehy ahym sohw bbhad fhor dhowwehg bjhad ttso yuou phweas fhorgihb mehy" wala akong maintindihan! Gage nag collapse.

"Zi, ano sinasabi mo wala ako maintindihan! bakit ngayon ka lang dumaldal pag lasing!" sorry lang ang tanging naintindihan ko. Pero sorry for what?

"Zb! may tumawag sa kanya kaya binalingan ko ng ulo." It's her sisters. The heck nandito rin sila?

"S-Sj?" Mukhang nagulat pa nga sila na nandito rin pala ako.

"Yo." langyang sagot ko kay Annallyn.

"Nandito ka rin?" Ay wala Annallyn nasa planet mars ako.

I smiled at them.

"Yes I'm with my friends, nasa loob pa. Nakita kasi ni Iris si Zi palabas na medyo lasing at mag-isa raw kaya agad kong sinundan." paliwanag ko.

"Thank you, kahit kami hindi alam dahilan at naglasing sita." paliwanag ni Anna, ano kaya dahilan nag lasing ang demonyong to? Hindi naman siya yung tipong lasinggera.

"Nakatulog ba?" tanong ni Helari, ay wala, hindi natulog, nahimatay lang.

"Ou, may mga sinabi nga sya kaso hindi ko maintindihan salitang lasing." naka kulong lang si Zi sa mga bisig ko habang mahimbing ng natutulog.

Bigla ata nawala tama ni redhorse sa akin.

"Amin na Sj, babalik na kami sa resort." Sabi ni Cassandra.

"Naglakad lang kayo?" Tanong ko at tumango naman sila.

"Ako na magdadala sa kanya. Samahan ko na kayo, tulungan nyo ako isampa sa likod ko." sabi ko sa tatlong kambal at agad naman sinunod ang aking utos.

Bumalik na kami kaagad ng resort, hindi na ako nagpaalam sa mga kaibigan ko at malalaman naman nila ang dahilan kung bakit hindi ako nakabalik sa kanila.

"Pakilagay nalang sya sa kama." salita ni Helari pagkapasok namin ng kwarto ni Zi, para lang akong may kinarga na bata langya, sobrang gaan ba naman ng demonyong to.

Marahan ko itong ibinaba at inayos ang higa, tignan mo at mabait lang siya pag tulog. Pasalamat sya maganda parin kahit na lasing.

"Thank you." tumango lang ako kay Helari at agad lumabas ng kwarto, akala ko walang sumunod pero sumulpot sa gilid ko si Cassandra,

"Bakit nyo kasi hinayaan maglasing." mahinang salita ko na may konting sermon.

"It's fine, kami na ang bahala sa kanya. Thank you."

"Sa susunod bantayan nyo ng mabuti, kung hindi ko sya sinundan kanina baka napahamak na kapatid mo ron sa lalaking nagtangka lapitan siya." makita ko lang yun bukas, papagalitan ko talaga ang demonyong yun.

"We tried our best, but kilala mo ang kapatid ko, hindi mahalaga sa kanya opinyon ng ibang tao." may tama rin naman si Cassandra kaya wala ako nagawa kundi ang tumango na lamang.

"Thank you again."

"No problem. Sige pasok ka na, papasok na rin ako." sabi ko at bubuksan na sana ang pintuan ng aking kwarto.

"That's your room?" obvious ba?

"Ou, nagkita na kami ni Zi kanina. Gulat din nga ako nandito rin pala kayo." mabilis kong sagot at tipid ngumiti.

"Oh, I see."

"Pasok na ko Cass, goodnight." paalam ko.

"Goodnight." at ngumiti ulit.

Pagkatapos ng maikling usapan ay pumasok na ako ng kwarto at natulog dahil inantok ako sa beer na ininom ko. Sana maka bonding namin ang mga kambal bukas para mas lalong exciting ang weekend.

*

"Babe!!!"

"Babe!!!"

Isang napakalakas na katok galing kay keyboard ang gumising sa akin. Langya, kung kailan masarap at

mahinbing tulog ko didisturbuhin nya!

"Babe!!!! Wake up the door!!" Tangena paano ko gigisingin ang pinto?!

"Baaabeeee!!!!" Ang sakit ng ulo ko dagdagan pa ng bunganga n'ya, aga-aga ang ingay amp.

"Hoy Shara Jane De La Fuente! Pag hindi mo pa to binuksan ang pinto ay sisirain ko to!" Edi sirain mo, sa inyo naman to.

"Babe please open the door. I know I made mistakes, I didn't mean to cheat on you! Ikaw par-" hindi na n'ya na tapos, dahil dali-dali ko na tinakbo ang kama patungong pinto upang pagbuksan s'ya.

Tignan mo to, ang laki pa ng ngiti. Lakas maka trip.

"Ano ba Keyboard? Ang aga oh, bunganga mo agad naririnig ko." sermon ko bago bumalik sa aking kama at humiga.

"May dala ka bang bikini?" Ha? Tama ba narinig ko?

"Bikini?" Kunot noo kong sagot.

"Ou, meron?"

"Wala."

"Tara bili tayo, tapos magpaanod tayo sa dagat." tangenang yan, siya nalang at wag na mandamay ng iba.

"Ikaw nalang total ikaw nakaisip." sabi ko at muling pumikit.

"Ayaw mo talaga? Nakasalubong ko si Anna, sabi nya mag b-beach silang apat-" hindi ko ito pinatapos at mabilis bumangon, di nya naman kasi sinabi kaagad.

"Bakit ngayon mo lang sinabi? Sige, bihis lang ako." tumakbo ako kaagad ng banyo para magpaganda, charot, pero syempre dapat maganda tayong haharap sa demonyo.

*

"Sj, ito oh, bagay sayo." pinakita ni Iris sa akin ang isang rib criss cross halter bikini. Langya?

"Oooo babe! Yan, bet na bet!" Sumang-ayon naman ang gaga

"Pwede bang wag nalang magsuot nyan? mag shorts at t-shirt nalang ako!" Gago lantaran naman kasi masyado yawa.

"Hoy gaga! Minsan lang to dali na! Ay bahala ka kukunin namin to!" Litsing keyboard talaga to.

Hays ano pa bang magagawa ko kung napagdesisyonan na nila. Wala rin akong laban dahil tatlo sila. Iniisip ko, bakit kami lang ni keyboard bumili?

"Ag, di ka bibili sayo?" tanong ko.

"Hindi, meron akong dala." sana all laging handa.

Tinawag ko naman si Iris, "Ikaw?" tanong ko.

"Sus, meron ako." K.

Pagkatapos mabili ang pakay ay bumalik na kami ng resort para magbihis, nagdadalawang isip tuloy ako ngayon kung itutuloy ko ang pagsuot nito.

Isuot mo na Sj minsan lang to. Ibalandra mo naman katawa mo!

No sj wag mong isuot! Mag shorts ka nalang at shirt! Makikita nila abs mo! For your mommies lang yan.

Hindi! Dapat nga suotin mo Sj para makita rin nila ka sexyhan mo!

Tangena tong demonyo at anghel na nag-aaway sa isipan ko. Hays! Okay lang naman siguro isuot? May beach robe naman na pwede gamitin pang takip sa katawan e.

Nag pasya nalang akong isuot dahil baka bungangaan ulit ako nila keyboard at mag tampo! Unang beses ko itong magsuot ng bikini! Napaka sexy ko nga talaga tignan dagdag pa may abs pero langya! Ako ang nahihiya para sa sarili ko.

"Babe!" Ayan na naman ang bruha.

Dali-dali kong kinuha ang robe at isinuot.

"Ba-"

"Ou na kb! Nandito na ako!" Makatingin to eh.

"Really babe? What's with the robe?" tinignan nya ako mula ulo hanggang paa at tila disappointed pa sya.

"Sinuot ko na nga yung bikini okay? Doon ko na huhubarin pag nag swimming tayo! Tara na nga, wag ka na magtatalak!" bago pa siya sumagot ay kinaladkad ko na siya palabas ng kwarto, masakit sa tenga sa tuwing rumaratrat bunganga ni keyboard eh

Ang daming tao sa beach kaloka! Maraming tao means marami ring mga mata ang nakatingin sayo. Tulad ngayon, pero ang daya nong dalawa! Naka one-piece tapos short shorts!

Itong si keyboard akala mo lang naglalakad sa loob ng kwarto niya, di ba sya nahihiya? Mga tao pinagtitinginan yang mga pisngi nya sa pwet amp.

"Sj, palagay naman ako sunblock." tawag ni Iris sa akin.

"Noooo! Babe, lagyan mo 'ko una." haynaku, pati yan lang di pa magawa!

"Ako ang nauna keyboard!"

"Manahimik ka! Ano naman kung nauna ka? Wala sa nauna yan. Pipiliin n'ya kung sinong gusto n'ya!" Ay wow strong na naman si keyboard.

"Ag, lagyan mo nalang nga tong si Iris at ako na kay Kb. Baka may mailibing pa akong buhay ngayon pag hindi pa to tumigil" sabi ko at binigay sa kanya ang isang sunblock.

"Dapa" utos ko sa kanya na agad naman n'yang sinunod, at sinimulan ko na s'yang lagyan ng sunblocks.

"Ano pala nangyari kagabi babe, bakit hindi ka na nakabalik sa club? Nag chulakan ba kayo ni demonyo?" Pinagsasabi na naman ng babaeng to?

"Saksakin ko bunganga mo e. Hindi, hinatid ko sila pauwi dahil lasing na lasing ang maldita at nakatulog sa daan." sagot ko.

"Bakit naglasing?"

"Bakit ako tinatanong mo?" Malay ko ba't naglasong yun.

"Baka broken, binasted mo?" Sabi n'ya kaya sinampal ko pwetan n'ya.

"Bayan babe! Magpapasampal lang ako d'yan kung sa kama mo gagawin yan" reklamo n'ya. Ka manyakan talaga ng babaeng to.

"Basted pinagsasabi mo d'yan, di nga ako nanliligaw do'n sira!" Di ko alam mindset nito minsan.

"Oh bakit ka humarap?" Taas kilay kong tanong sa kanya, di ko pa nga s'ya tapos lagyan nang sunblocks.

"Lagyan mo rin sa harapan ko" utos n'ya.

"Kaya mo naman na sa harap? Bakit ako pa?" Sabi ko at ibinigay na sa kanya ang sunblocks.

"Arte mo babe!"

"Hindi ako maarte, wag kang tamad at kaya mo naman lagyan hinaharap mo" inirapan ko nalang ito.

"Ikaw ayaw mo magpalagay?"

"Hindi, di naman ako mamamatay sa init." May mga naglalaro rin palang beach volleyball dito lang sa tapat namin, ngayon ko lang napansin.

"Ay pucha! Bakit mo na naman ako hinampas!" Inis kong binalingan si Iris.

"Hoy palapit dito ang mga Ponferrada gago!" Sabi n'ya at tinuro sa di kalayuan ang mga babaeng parang sinalo na lahat ang blessings mula kay Papa G.

Hays, tignan mo at pinagtitinginan sila ng mga tao. Akala mo talaga rumarampa lang kung maglakad ang mga ito. Ou nga, palapit sila sa direksyon namin! Bilis naman nila kaming makita, may cctv ba mga mata nila at sa daming tao dito ngayon ay nahanap nila kami agad!

Holy bloodly hell! These 5 are smoking hot. bakit ganyan suot ni demonyo at dragon ?! At wait, nandito rin pala ang dragon na to!?

"Tangena! Nandito si Dragon!" Inis na sambit ni Kb.

"Bakit ano naman kung nandito?" Kunot noo kong tanong.

"Gaga! May pustahan kami diba? Lage nalang akong natatalo pft" inis na itinapon nito ang sunblocks sa mukha ni Iris. Tangena apakasama ng ugali

"Punyeta ka Kb! Bakit mo naman tinapon sa mukha ko!" Gigil na saad nito habang naghihimas ng pisngi, doon tumama e haha.

"Talo na naman kasi tayo! Si Ag nalang lage ang nananalo! May cheat ka ba ha Ag?" Hahaha ba't galit.

Ngumisi lang si Ag sa kanila, swerte ng mokong lagi nananalo.

"Sj!" Ay langya nandito na pala sila sa tapat namin.

Wew! Ang sesexy ng mga to

"Uy, nandito rin pala kayo." kunyari hindi alam ni Iris,

"Wala! Wala sila rito Iris, nasa ibang lugar" pilosopa talaga tong kb na to.

"Kayo ano gagawin nyo?" Tanong ni Ag.

"Mag s-swimming pero gusto muna namin mag try ng beach volleyball." sagot ni Annallyn, ooo, so, maglalaro sila.

"Sige enjoy! Nonood lang kami rito." sabi ni Kb.

Hindi ko tinapunan ng tingin ang dalawang maldita, mahirap na at kung ano na naman maisip ko. Nagpaalam na sila at maglalaro daw muna sila. Aweee makikita ko rin maglaro ang dalawang maldita.

Okay so 2v2 sila.
Mag kasama sa team si Dragon at Annallyn samantalang si Demonyo naman at si Cassandra.

Tinignan ko naman sila isa-isa.

Pi is wearing a god damn black strapless two piece bikini with long beach kimono open front cover ups, rose gold sunglass then bagsak lahat ng buhok bwesit na yan, ano inaakit nya lahat ng mga mata ng tao dito sa beach?

Isa pa tong Ziallyn na to naka mahogany one shoulder cut out swimsuit na naka messy bun ang buhok na mas lalong nakadagdag sa ka sexyhan n'ya. Oh edi kayo na pinagpala sa lahat!

Hindi ko parin alam anong ibig nyang sabihin don sa sinabi kagabi. Kung andun siguro si Iris ay ma t-translate nya siguro yun. Ang mga tao na kanina abala sa mga kanya-kanyang ginagawa ay ngayon napatigil para lang manood sa mga dyosang naglalaro ng volleyball.

"Babe tayo!" Kaya napatingin ako kay Kb, ano sinasabi nito?

Hinila naman ako ni Ag at Iris patayo. Wtf?

"H-Hoy! Ano ginagawa nyo!", Ngumisi lang ang mga gaga.

Nanlaki ang mga mata ko nang bigla nilang hubarin ang suot kong beach robe at itinapon sa kung saan! Tangena.

"The hell!" Inis kong tinignan sila.

"Awee look! So sexy with abs!" Saad ni Kb at hinawakan ang tiyan ko. Animal na babae to.

Pinilit kong kunin ulit ang robe pero hinila na nila ako patungong dagat.

Napansin ko rin ang mga medyo naka-awang na mga labi nila Dragon at Demon habang sinusundan kami ng tingin. Ano mommies? Sexy ko ba? I mentally smirked.

"Anak ng!" Tinulak ba naman nila ako, kaya napasubsub ako sa tubig.

"Litsi kayo!"

"See their reactions? Effective. Bakit kasi tinatago? ang ganda kaya ng katawan mo, kung magsuot ka lang ng tama." natatawang sabi ni Kb.

"Anong suot ng tama, may mali ba na damit?" Gulo kausap langya.

"Tignan mo Sj, napatulala ang dalawa sayo" bulong ni Iris kaya napatingin ako sa dalawa. Nakatingin ito sa amin, luh makatingin naman mga to para na akong kakainin.

Sinamaan ko naman sila Ag ng tingin at nagsimulang tumakbo palayo sa akin, kaya hinabol ko na rin sila para pag-uuntugin. Hindi ko sila mahabol kaya bumalik nalang ako sa aming pwesto kanina pero muli nila akong tinarget kaya para kaming mga baliw na naghabulan ulit.

Sa sobrang enjoy ko nakalimutan ko na nandito rin pala ang mga maldita, naglalaro ng volleyball.

Nakaupo kami sa ilalim ng isang malaking beach umbrella habang nanonood sa laro nila Dragon at Demonyo.

Ang gagaling pala maglaro ng mga malditang to! Palitan lang sila ng bola at nahihirapan mag score.

"Hoy babe! You're drooling eww" sabi agad ni Kb kaya napatingin ako sa kanya at napahawak agad sa baba ko.

"HAHAHAHAHAHAH uto-uto" di ko na talaga napigilan at nasakal ko na s'ya.

"Ikaw keyboard kahapon pa ako nagtitimpi sayo!" gigil kong saad

"Babe sa kama lang ako papayag na sakalin mo. Let me go ughksjjdha!" ampotek may pa tirik pa sa mata na nalalaman.

"Bawi next life" binitawan ko na rin s'ya, kawawa naman wala pang jowa matigok na.

Si Ag at Iris umalis muna para bumili ng mga snacks na makakain namin.

"Babe may sabihin ako." anong kalokohan na naman sasabihin n'ya?

"May sinasabi ka na." pambabara ko sa kanya.

"Langya, seryoso kasi!" Tamo to parang buang nanghahampas na naman.

"Bakit mukha ba akong nag j-joke? I raised a brow.

"May aaminin ako sayo" nag kibit balikat nalang ako.

"Spill" tipid kong sagot.

"The moon is beautiful isn't it?" At ngumiti ng pagkatamis.

"Kb" sagot ko.

"Yes?"

"Wala pang moon, 8am palang!" Abnormal aga-aga hinahanap na ang moon gaga.

Kinagat nya ang ibabang labi na para bang nagpipigil ng tawa, ano trip ng abnormal na to.

"Oh bakit pinipigilan mo yang tawa mo? Hindi bagay sayo ang tumahimik kaya itawa mo na yan" dagdag ko.

"Babe" She smirked. Ano na naman plano ng keyboard ba to.

"What?" Taas kilay kong tanong.

"Basta." nakangising sambit nito at nagtaas baba ng mga kilay.

"Babe, gusto mo bola?" Anong kagagahan na naman ito.

"Makakain ba yan?" Taas kilay kong sagot.

"Sarap n'yo pag untugin ni Iris sa totoo lang!" ayan inis na naman s'ya

"Bakit nga kasi? Ano na naman yang binabalak mo?" Kunot noo kong tanong sa kanya

"May aaminin ako sayo" buntis s'ya?

"Ano nga, puro ka pabitin inaka" bigwasan ko to e.

Biglang inilapit nito ang mukha n'ya sa mukha ko. Napakunot naman ako ng noo.

"Ano--"

"Ay pucha!" Daing ko ng may tumama sa ulo ko, yawa sobrang lakas ata non at naalog utak ko.

"Hoy sino-!" Hindi ko natuloy dahil paglingon ko ay isang dragon agad ang aking nakita at ngayon ay sobrang sama kung makatingin sa akin.

"Hi l, miss?" nakangiti kong bati.

Pinulot niya ang bolang nasa tapat ko at talagang awtomatiko akong napapikit ng mga mata dahil lantaran masyado sa mga mata ko ang bundok nito.

"Flirt." sambit niya at napamulat ako ngunit pabalik na ito ngayon sa mga pinsan. Langya problema nya? Lakas mag maldita kahit wala naman akong ginahawa.

"Babe" tawag ulit ni Kb kaya napalingon ako ulit sa kanya

"Oh?" Taas kilay kong sagot at hinihimas ang ulo kong may tama.

"Ano ulit sasabihin mo?"

She didn't answer at ngumisi lang. I thought she's going to say something pero bigla nya ipinalupot sa aking mga bewang ang mga braso. Ano ulit binabalak ng hangal na to? Baka mamaya may bola na naman lumipad at sa mukha ko na tumama!

Inilapit nya muli ang kanyang mukha.

"Near sighted ka na rin ba keyboard?" I rolled my eyes. Daming alam na kalokohan eh.

She let out a soft sigh.

"Gusto kita" napanganga nalang ako sa sinabi n'ya.

"Hoy potangena ka, sasampalin kita!" Gigil at agad kong sagot sa kanya.

Nakakunot ang noo kong nakipagtitigan sa kanya.

"Pft! Hahahahaha got you. Kita mo sana hitsura mo babe hahaha" yawa, kinabahan ako sa sinabi ng babaeng to. Abnormal!

"Joke lang babe haha, gusto ko lang makita reaction mo." Sinamaan ko naman s'ya ng tingin saka pinaulanan ng kurot sa tagiliran.

"Hoy babe litsi ka ! Tama na!"

"Matatamaan ka talaga sa akin keyboard. Nakakagigil ka!" kunot noo kong

"Wag mo seryosohin ang joke babe,"

"Ala-"

"Aray punyeta sinong!!!--"

Tangena pangalawa na tong bola na tumama sa ulo ko deput--

"Shara"

napaigtad ako sa nagsalita. Nakita ko na hawak ni Zi ang bola, may sarili bang utak ang bolang yan at sa akin lage lumilipad?!

Oh isa pa to, bakit kung makatingin din ay parang kakatay? May sayad ba silang dalawa ni Pi today?

Ay araw-araw pala yan sila may sayad na hindi ko maintindihan ang pag-uugali.

"Y-Yes?" Oh bakit nauutal self.

Nice talking to myself. Hindi ito sumagot at inikutan lang ako ng mga mata bago naglakad ulit pabalik sa mga kasama nito.

Itong kb naman sa gilid ko nakangisi lang, saya naman n'ya.

"Saya ka? Kung ikaw batuhin ko ng bola na sobrang lakas, ngingiti ka pa kaya ha?!"

Sumakit ulo ko dahil sa sunod-sunod na bolang tumama sa ulo ko. Pasalamat nalang talaga sila at mga mommies ko sila!

Bigla nalang tumawa 'tong si keyboard, masaya nga ata s'ya. Edi sanaol.

"Hoy bakit tumatawa mag-isa yang si keyboard!" Nakabalik na pala ang dalawa at may dala ng mga pagkain.

"Anong nangyari sayo at nakasimangot ka na naman Sj?" Tanong ni Ag sa akin habang si Kb ay panay parin sa kakatawa.

"May naligaw na dalawang bola sa ulo ko. Naalog ata utak ko, baka bukas maging bobo na ako ng tuluyan" sagot ko at kinuha ang hawak nyang snacks.

Tinignan ko ang mga Ponferrada, oh bakit sa akin kayo nakatingin na dalawa?! Balak ba ulit paliparin yang bola sa mukha ko?!

Kung makatingin parang papatay ng tao.

Lihim ko nalang silang inirapan.

.
.
.
.
.
.
.
.
.
.
.
.
.
Mga demonyong maldita!

Bigla ako nag crave ng pudding kaya umalis ako mag-isa upang maghanap, pero kanina pa ako ikot nang ikot pero wala naman akong mahanap! Bakit walang nagbebenta ng pudding sa lugar na to?!

"Wala rin po ba kayong pudding?" ito na ang huling restaurant, kung bakit kasi puro seafoods mag pagkain dito.

"I'm sorry ma'am, pero wala kaming ganun." magsara nalang kayong lahat.

Bumuntong hininga ako bago umiling. "Sige, salamat." mabigat man sa dibdib ay lumabas na ako agad.

Habang naglalakad pabalik sa mga kaibigan ay panay dabog na ang ginawa ko sa daan. Bakit walang pudding? Dapat required sa lahat ng tindahan yan! Tsk, gusto ko sana gumawa pero wala naman akong magagamit na kitchen. Kung bakit kasi ngayon pa inatake tong mga bulate ko at biglang naghanap ng pudding sa ganitong lugar, e wala nga non!

"What's your problem?" nakasimangot kong inangat ang ulo dahil abala ako kakasipa ng bato. Anong kailangan nya? Bakit mag-isa at bakit nandito sya?

Nagpakawala lang ulit ako ng malalim na hininga saka ito nilagpasan ngunit hinawakan nya ako sa braso upang pigilan. "Are you okay?" sana all worried,

"Kapag ba sinabi ko sayo ibibigay mo?" saglit itong natigilan upang e proseso ang aking sinabi.

"Tell me." tumango ako.

"Nanghihina ako ma'am, gusto ko pudding." she looked at me in disbelief pero tumango lang ako.

"That's it? I mean, that's all?" may iba pa ba?

"Gusto ko rin lambing kung gusto mo." pagbibiro ko na ikinataas agad ng isang kilay nya. "Joke lang, opo yun lang kailangan ko." pagbawi ko sa sinabi.

"Alright, come with me." hinila nya ako ngunit hindi ako nagpadala at nanatili sa kinatatayuan.

"What now? Do you want it or not?"

"Alin po sa dalawa? Pudding or lambing?" baka lang kasi, kaya naninigurado lang.

"Stop asking questions and follow me." tinignan ko sya mula dibdib hanggang paa bago kinuha ang hawak nito at itinakip sa kanyang katawan.

"Maraming manyakis sa paligid kaya itago mo ang katawan, bakit kasi ganyan suot mo." worried lang ako sa kanya.

"It's normal to wear this on the beach, right?" kokontra pa talaga.

"Sige, hubarin mo nalang." sagot ko at nauna maglakad pero hinabol nya ako, sana all hinahabol.

"Bakit, ma'am?"

"Are you sulking?" nagtaas ang aking mga kilay, anong sulking sinasabi nya dyan.

"Ako? Hindi ah, bakit naman yun mangyayari?" bawal pala maging concern.

"Nevermind, let's go." tignan mo to, hindi pa ako tapos ay hinila na agad ako at di alam kung saan kami tutungo.

"Ay ma'am, do you like yourself?" tanong ko habang nakasunod sa kanya.

"Of course." mabilis nyang sagot.

"Ngee, hindi ko alam kalaban ko pala sarili mo." mahina kong tawa. Bigla itong tumigil at nakipagtitigan sa akin ng ilang segundo.

"Jane, how can you think about those pick up lines? While all I can think about is you." hindi ko alam kung sa lambing ng pananalita nya tumalbog puso ko o sa mismong linyahan nyang napaka smooth. Wala akong masagot dahil hindi ko alam kung sinasabayan lang ba nya ako o hindi.

"Speechless?" lumantad ang mapang asar nyang ngiti sa labi at nagsimula akong kabahan.

"W-Well, I hope your day will be great just like how great you are." yun nalang ang tanging naisagot ko dahil ramdam ko ang pag init ng aking mukha.

"Hiding your face? What for?" shuta ka ma'am, tigilan mo na at ang init na ng mukha ko.

"Matalino ka naman diba? Explain mo nararamdaman ko ngayon dahil sayo." di ko na kaya pinagsasabi ko sa kanya mga par, kalimutan nalang natin ang pudding at lumayo nalang.

"Wait! Now you're running away from me again!" hinabol nya ako pero ako lumingon.

"Shara Jane De La Fuente!" tangena.

Huminto ako at unti-unting pinihit ang katawan sa kanya. "G-Gusto ko pudding!" wala ako ibang choice kundi e divert sa iba ang topic naming dalawa.

"Do you really need to shout?" sya kaya nauna!

"Pudding." bulong ko at nagyuko ng ulo.

"Fine, now, behave and follow me." follow me sya ng follow me jan pero ayaw naman mauna sa paglalakad.

"Okay."

CHAPTER 21

-

Nasa kwarto lang ako ngayon, hindi kami natuloy sa pag-uwi dahil sobrang lakas ng ulan at may bagyo raw. Kanselado lahat ng flights. Tinawagan na rin namin mga parents para ipaalam sa kanila na hindi kami makakauwi ngayon. Hindi rin naman kasi namin alam may bagyo palang paparating, ngayon lang din kami nasabihan nong paalis na sana, Bbigla ba naman bumuhos ang napakalakas na ulan at hangin.

Tapos na rin kaming mag dinner at dahil hindi naman kami makakalabas ay nagpasya nalang kaming bumalik sa mga kwarto. Alas otso palang ng gabi at sobrang boring, nababagot ako rito sa kwarto. Nakakalito talaga si dragon, yung sasabihan ka na wag syang iiwasan pero pag kinausap mo naman ay susungitan ka lang.

Itong demonyo naman ay gusto kong tanungin kung naaalala nya pa ba yung mga sinabi sa akin kagabi, pero hindi rin ako makahanap ng pagkakataon kausapin sya, maas lalong hindi ako sure kung natatandaan nya. Sa mga ganitong pagkakataon lang ata akong payapa na nakapag-iisip.

"Anak ng butete yan!" Bigla ba naman nawalan ng kuryente, sagabal talaga sa lahat ang bagyo!

Asan na ba selpon ko at hindi ko mahanap, sobrang dilim sa kwarto! Langya, kapa lang ako ng kapa hanggang sa nahanap ko rin ito...

Knock knock knock

Napatalon ako dahil sa katok, sino ba to at sa kwarto ko pa talaga kumatok? Hindi si Kb to kasi bunganga naman ginagamin non pag tatawagin ako. Binuksan ko muna ang flashlight ng phone bago nagtungo sa may pinto. Saglit akong napatulala dahil sa babaeng nasa harapan ko, anong ginagawa ng malditang to rito? shuta, bakit pati siya mukhang gulat ha?

"What's wrong? What are you doing here?" Concern kong tanong sa kanya.

"Are you alone?" Bakit ang hilig n'ya mag tanong pabalik kung tatanungin ko rin s'ya.

"I'm not?" Agad kong sagot.

"Who's with you?" May inis akong narinig sa boses n'ya. Ay bakit naman maiinis mommy?

"You?"

"Me?" Langya natatawa ako sa mga palitan namin ng sagot.

"Yes, you." napaka slow talaga.

"What about me?" She asked coldly

"I'm with you, kaya hindi ako mag-isa kasi kasama kita ngayon?"

"Can I sleep with you tonight?"

Para akong nabingi sa sinabi nya, langya tong babaeng to wala rin palang preno ang bibig pagdating sa

ganito.

"H-ha? Y-you want to sleep with me?!" Medyo may kalakasang tanong ko, kasi naman yung sinabi n'ya parang may ibang kahulugan!

"Yes, it's dark and I don't want to be alone." seryoso nyang sagot, napalunok ako dahil kita ko talagang seryoso ang mukha at mga mata nya.

"A-Alright c-come" litsing yan, bakit nauutal na naman ako, akala ko ba sanay na 'ko sa presensya n'ya.

Nilakihan ko ang pagbukas ng pinto at pinapasok sya. Ngayon ko lang napansin naka red lingerie sleepwear pala ito. Shuta, bakit lagi nalang may tukso lumalapit sa buhay ko.

Ang sexy naman ng malditang to, nang-aakit ba s'ya? Hoy at bakit may dala s'yang bote ng wine?

"Teka lang anong gagawin mo d'yan?" Tanong ko at itinuro ang alak na hawak nya.

"Ihahampas ko sa ulo mo." napaatras ako sa lamig ng boses at sinabi n'ya, 'cause I know she's capable of doing anything.

"W-wag ka nga magbiro ng ganyan" sabi ko sa kanya.

At ano na naman ang pinaplano ng malditang to? Kanina lang ayaw akong pansinin at kung makatingin ay daig pa ang papatay.

"M-may sapi ka?" Langyang bibig yan!

"What?!" She sat on my bed and then crossed a leg. Halaka! Hoy bakit ganyan s'ya, yung legs n'ya amp!

"Who possessed you at bakit nandito ka?" Di n'ya ba alam ang salitang may sapi?

"You know the reason why I'm here." Nakatunganga lang ako sa kanya, magtatanong ba ako kung alam ko.

"Do you have a glass?" Mirror ba?

"Salamin?" Sagot ko agad sa kanya. Nakita ko naman na ang sama na nito kung makatingin, ayan na naman ang ka malditahan n'ya.

"Wine glass Shara Jane. Wine glass" oh wine glass pala, siraulo nagiging bobo talaga ako lalo pag kausap ko isa sa kanila.

"A-ah yes, wait lang" sabi ko at kinuha ang wine glass na utos nito.

Buti nalang at kumpleto ng mga gamit ang kwarto na to. Kumuha ako ng dalawa, syempre hindi pwedeng s'ya lang iinom. Ang lamig kaya ng panahon at saktong may dala s'ya. May nakita rin akong mga candle glass kaya kinuha ko ito at sinindihan.

"Here." sabi ko at inabot sa kanya ang isa. Habang busy sya sa pagsalin ng wine, ako naman payapa lang nakatitig sa kanya.

"Drink it." inabot n'ya sa akin ang isa, kaya agad ko ng kinuha. Tahimik lang kaming dalawang nakaupo

sa gilid ng kama, walang salita ni Ha o Ho o Mommy na nagaganap. Pinapakiramdaman ko lamang ito sa aking tabi, may problema ba tong malditang to?

Narinig ko sya tumikhim kaya napatingin ako sa kanya.

"May sasabihin ka?" Tanong ko sa kanya kasi hindi naman to magsasalita kung hindi mo uunahan. Pero alam ko naman na kahit unahan ko ay hindi rin sasagot amp.

Hindi nga sya sumagot at bumuntong hininga lang.

"I'm confused" sabi n'ya at mabilis na inubos ang wine na hawak nito. Nagmamadali ba s'yang malasing para may lakas ng loob magsalita?

"About?" Sagot ko habang nakatingin pa rin sa kanya.

"My feelings"She mumbles to herself but I heard it.

"Meron ka non?" Punyetang bibig ka! Napalunok nalang tuloy ako coz she's now glaring at me.

Panira talaga yang bibig mo na walang filter Sj!

"I'm being serious here." ou halata nga na seryoso s'ya mas lumamig ang kwarto eh.

"Saan ka ba nalilito?", Tanong ko.

Bakit biglang lumakas tibok nitong puso ko. Feeling ko talaga may mangyayari na hindi ko alam kung maganda o masama.

"Do you believe in love at first sight?"

"Natatablan ka non?" I quickly slapped myself after saying that. My god! Inunahan ko na s'yang sampalin ako, potangenang bibig ka lumugar ka!

"Ouch!" Ang lakas ata nong pagsampal ko sa sarili ko,

"Are you crazy?! Why'd you slap yourself?" inis nyang salita pero bigla akong natawa.

"You're crazy."

"Stop laughing!" I bit my inner cheek to suppress my laughter. The maldita is very very upset BAHAHAHAHAHAHA

I cleared my throat before talking.

"Sorry sorry, natawa lang kasi ako sa ginawa kong pagsampal sa sarili." dahilan ko at inikutan nya ako ng mga mata.

"Na love at first sight ka?" Tanong ko, hindi naman sumagot.

Paano kami magkakaintindihan nito kung hangin lang makakausap ko. Marami na rin pala ang nainom n'ya, tangena nangalahati na agad ang laman ng bote na yan?! Bilis makainom nito.

"I don't know. It was an unexpected event when I first saw that person." Seryosong sabi nya, ako naman ay natulala lang sa ibinahagi nito.

Hindi ko alam kung ano ang magiging reaction kasi ngayon ko lang nalaman ang damdamin nya. Mukhang seryoso nga siya at hindi nagbibiro base sa tono ng pananalita.

"I actually don't know anymore, o baka may naaalala lang ako sa kanya." sunod nyang salita, sino naman naaalala nya sa taong ito?

"Sino? I mean nakakausap mo ba yung taong naaalala mo?" tanong ko, kinuha ko ang bote at mukhang walang balak magtira para sa akin. Hindi nya ako sinagot at nagpatuloy nalang sa pag inom!

"I told myself that I would never like that person." putol nya ulit at bumuntong hininga.

"Tapos ang naging resulta ay nagugustuhan mo na ang taong ito?" ako na mismo ang dumugtong, halata naman e.

"I guess? I don't know, I just get annoyed whenever she's with the woman I can't stand." paliwanag nya at tumingin sa akin, napalunok ako sa lalim ng mga titig nya.

"S-Selos tawag dyan." sagot ko at nag-iwas ng tingin, bigla akong nailang sa tingin eh.

"Bakit hindi mo nalang aminin sa kanya? Siguro naman ako gusto ka rin non. Ikaw pa ba? Nasayo na ang lahat." dadag ko sa sinabi, inabala ko nalang ang sarili sa pag-inom kaysa makipagtitigan sa kanya.

"I can't." ganun ba kahirap ang sitwasyon at hindi niya masabi ang nararamdaman sa taong nagugustuhan?

"Also, I have a problem with a person right now. I made a bad choice and I don't think she'll forgive me when she find out the truth." kumunot ang noo ko, ito unang pagkakataon nagbahagi sya ng problema at hindi ako pwede maging loko-loko dahil seryoso ito.

"What do you mean?" hindi ulit ito sumagot at nagpakawala lang ng malalim na hininga. Balik na naman sa pagiging tahimik ang babaeng katabi ko at mukhang may iniisip. Kung pwede lang talaga sanang mabasa ko utak nya ay kanina ko pa ginawa.

"What will you do if someone betrays your trust?" Tanong n'ya.

Medyo nagulat ako sa random question na yun kaya napaisip ako. Hmm never pa naman akong nakaranas ng ganyan.

"Hmm, hindi ko alam? Depende kasi yan? kung may dahilan ang tao at alam kong mas makabubuti yun ay maiintindihan ko. Hindi ko pwede husgahan agad ang tao ng walang tamang dahilan." seryosong sagot ko. Sinalubong ko ang kanyang mga mata at wala ako makitang kahit konting bakas ng emosyon.

"If someone betrays me, the first thing I'd do is to acknowledge it. Nangyari na at wala ka na magagawa pa kundi ang tanggapin nalang ang naging resulta." Totoo naman diba? Kahit bali-baliktarin mo man ang mundo ay hindi mo na mababago ang nangyari na.

"Pangalawa ay tandaan mo. Hindi naman yan malilimutan lalo na pagdating sa betrayal, dala-dala mo na yan hanggang sa kamatayan. Let's say okay ka na, okay na kayo nong taong nanloko sayo. Sabi nga nila, always forgive but never forget. Learn from your mistakes but never regret." ngumiti ako at marahan

pinisil ang kanyang pisngi, doon may nakita akong konting ngiti sa kanyang labi.

"Alam ko hindi madali and it takes time to heal a wounded heart, pero alam ko rin darating yung panahon na magpapatawad tayo." Nanuyot bigla lalamunan ko kaya tinungga ko na yung bote, nagulat pa sya sa ginawa ko pero hinayaan nalang ako.

I heaved a sigh.

"Next, acceptance. That's the best way to do, ang tanggapin nalang ang mga nangyari kahit na masakit kasi andyan na diba? Accept that nobody is perfect. Accept that everyone makes mistakes, but that doesn’t mean you accept the betrayal. Tanggapin mo na hindi lahat ng bagay o gusto ay naaayun sa kagustuhan mo. Accept that you have no 1000% control, alam kong naka depende yan sa sitwasyon kung gaano ka heavy nong betrayal, pero hindi pwede sirain mo ang sarili dahil lang sa pinagtaksilan ka. Sa panahon natin ngayon hindi na mawawala yan, walang mangyayari kung magpapa-apekto tayo sa nangyari." Langya humugot muna ako ng hininga, kinapos pa nga.

"kaya nga nangyari kasi may reason, hindi naman yan ibibigay ni PaPa G. Kung hindi mo kakayananin, kumbaga challenge mo na rin yung kung paano lalampasan ang pagsubok na binigay nya." May tama na ata ako? Anong klasing alak to at ang bilis makatama.

"Panghulinay to keep moving forward, hindi ako maghahabol sa mga taong ganyan. If they choose to betray me, might as well face all the consequences. Hindi ko pa naman naranasan yan, but if someone betrays me ay yan lahat ang gagawin ko. Marunong ako magpatawad, pero kung yung feelings na involved ay hindi ko alam kung ano magiging resulta." ang tanong lang naman sa akin ay ano ang gagawin pero parang gumawa na ata ako ng essay sa haba ng sinabi ko.

Natawa tuloy ako sa reaksyon nya dahil mukhang nagulat ko sya sa mga sagot ko.

"Hey, nakikinig ka ba?" Sabi ko at tinapik ang balikat nya.

"Y-Yes, I'm listening." oh bakit nauutal.

Bumuntong hininga ulit ito.

"Grabe, hindi ko na mabilang kung nakailang buntong hininga ka na. Ganyan ka ba ka problemado? First time ko makitang ganyan ka ha." pailing-iling kong saad kasunod ang mahinang tawa.

"I don't know what to do." ano na naman ibig nyang sabihin ?

Bigla itong tumayo at na out of balance ata, gaga kasi ang dami na n'ya nainom tapos tatayo nalang bigla. Sinalo ko s'ya pero sabay kaming bumagsak sa kama.

'yong puso ko! Maririnig n'ya!.

"A-Ano wag ka na nga uminom." saway ko, shuta at bumagsak sya sa ibabaw ko!

Lage nalang talaga akong bottom hays, dapat top na ako next time.

Nag angat ito ng ulo at ngayon sobrang lapit na ng aming mga mukha! dalawang magkasunod na lunok ang aking ginawa dahil sa labis na kaba, naamoy ko rin ang alak na nagmumula sa kanyang bibig! Langya.

"M-Matulog ka na." sabi ko pero ang gaga biglang bumangon, akala ko nga aalis na s'ya eh pero....

Ang ginawa n'ya ay umupo sa ibabaw ng pusonan ko kaya nanlaki nalang ang mata ko! Hoy punyeta dagdagan pa d'yan sa suot n'ya na parang nang-aakit talaga!

"A-Ano gagawin mo? U-Umayos ka nga." kung pwede lang itulak ay ginawa ko na pero ayaw ko naman mahulog sya at isa pa, bakit nagkakaganito ang babaeng to.

Sj! Kumalma ka lang please lang!

"You asked me why I'm here, right?" makikitulog sya diba?

"Y-Yeah?" I quickly answered.

"I came here to confirm something" anong something yan.

"W-What is it?"

I thought I was going to die because of what she suddenly did. My heart was beating so fast and it felt like it was about to explode any moment.

She cupped my face with her hands and suddenly slammed her soft lips against mine. Para akong tanga na natulala sa ginawa n'ya.

Nagkakagulo na buong system ko, alam kong lagi nya tong ginagawa pero bakit mas lalo akong kinabahan ngayon? Lasing sya, at hindi ko rin alam kung alam pa nya ang pinaggagawa ngayon sa akin. Napangiwi ako dahil sa mariin niyang pagkagat ng aking labi at biglang ipinasok ang dila, shit! yung puso ko ang bilis na at hindi ko na masyadong kontrolado. Kumalma lang ako nang bigla niya bawiin ang dila at muling humalik sa aking labi.

She gently caressed my cheek. It was a very long deep kiss until she starts to move her lips---

Sabay kami nagulat dahil sa biglang katok na nagmula sa labas ng kwarto. Doon lang yata siya nagising ng tuluyan at agad umalis sa ibabaw ko, habang ako ay tulala at pigil hininga dahil sa ginawa niya. Hindi ko na nga napansin nakabukas na pala ang pinto, kung hindi lang nagsalita yung babaeng kumatok ay baka lumilipad parin isipan ko ngayon.

Huminga ka Sj punyeta!

"Why are you here?"

"What about you? What are you gonna do this time?"

Oh shit! Napatayo ako agad at dali-daling lumapit sa kanila. Langya bakit na naman ito nangyayari.

"A-Ah, s-shes going to sleep here." ako na mismo sumagot kasi wala namang plano sumagot tong isa. Napalunok ako nang mapunta sa akin ang kanyang mga mata, hindi ako nito sumagot at biglang tumuloy ng kwarto. Langya so magkakasama na naman kaming matutulog tonight? Ay, dito rin ba sya matutulg?

"D-Dito ka rin matutulog?" tanong ko. Bakit kasi napaka matatakutin nilang dalawa.

"Yes."

"Sa kama na kayo." may sofa naman kaya pwede ako ron matulog.

"No" sabay na sagot nila. Wow ha, ngayon lang ulit sila nagsabay mag salita.

Ano ba, wala naman akong choice diba? Kasi kung papalag ako baka mabugbug na naman ako nitong dalawa Bumuntong hininga muna ako bago ako umakyat ng kama at pumwesto sa gitna.
Bakit gitna? Malamang sa gitna naman talaga pwesto ko at ayaw nila katabi ang isa't-isa.

"Higa" utos ko sa kanila at tinapik tapik ang both side ko. Sabay naman silang napatingin sa akin.

Oh bakit? First time? Total sinimulan nila eh di ipagpatuloy natin. Gusto ko na matulog at sana nga lang talaga makatulog ako!

"Ano na mommies? Hihiga na kayo o hihiga?" Sinamaan naman nila ako ng tingin. Lihim ko nalang silang inirapan.

Tangena middle ka na naman Sj.

"ako lang siguro nakakatagal sa ugali n-aray naman Miss!" Litsi ang sakit mangurot ng babaeng to.

"May tanong ako sa inyo." hindi parin kasi sila humihiga at nakaupo lang sa mga gilid ko.

"What?" Si Zi ang sumagot.

"Crush n'yo ko n--ano ba yan! Pag siguro nagkajowa kayo kawawa mga boyprens n'yong dalawa." Reklamo ko sa kanila at hinihimas ang noo. Kurot yung isa ito namang si Ziallyn sampal sa noo. Deputa.

"Let's play." hala wow nag-aya si Zi, himala.

"Play?" Taas kilay na sagot ni Pi.

"Bed play?" Agad akong nagtalukbong ng kumot dahil sa nasabi ko. Tangena nitong bibig ko sarap tahiin!

"Aray! Aray! Itigil n'yo na po! Masakit" tangena pinagtulungan ba naman nila akong paghahampasin.

"Tigil na masakit na, abugbug berna na ako nito bukas mga mommy ko.." hala! mas lalo ata silang nainis dahil sa tinawag ko sa kanila.

"Your words!"

"Why are you so pervert!"

Ako pa naging pervert n'yan? E sila tong dalawa panay nakaw ng halik. Okay lang ba sila?.

Grabe sila, imbes na umiyak ako ay panay tawa nalang tuloy nagawa ko.

"Babe!!!!!! Close the doooor!!!" Punyeta si Kb sumisigaw sa labas. Anong ginagawa n'ya rito.

Agad natigil ang dalawa sa ginagawa sa akin. Sagabal talaga palagi si keyboard, kung kailan ayaw ko

ng disturbo ay bigla nalang guguluhin mundo ko. Ganda na ng sitwasyon ko rito oh, wag na sana sirain no!

"Close na yang pinto tanga!" Pasigaw na sagot ko sa kanya.

"Bobo sabi ko Open the door!" Ay open ba sabi n'ya? Nabingi na nga ata ako.

"Teka po, later n'yo na ulit ako bugbugin. Mahaba pa naman po ang gabi" sabi ko sa dalawa at mabilis na bumaba ng kama at patakbong tinahak ang pinto.

"Bakit nandito ka?" tanong ko agad pagkabukas ng pinto.

"Dito ako matutulog! Ayokong mag-isa sa kwarto!" Tangena? Tama ba narinig ko?

"Hoy!!" Hindi na n'ya ako hinintay at mabilis naglakad papasok.

"Anong hoy diba sabi ko dito ako matu---oh holy water!!" Napatalon pa ang gaga ng makita ang dalawang maldita na nasa kama ko.

Hinila n'ya ako pabalik sa may pinto. Ano na naman at kinakaladkad ako nito..

"Hoy hindi pwede to! Mag pinsan sila mag t-threesome kayo?!" Nanlaki ang mata ko dahil sa sinabi ni Kb kaya't agad kong nasapok ang ulo nito.

"Bwesit babe! Bakit--"

"Sasampalin talaga kita kb, anong threesome pinagsasabi mo!? Makikitulog sila kasi takot sila sa dilim. Anong nakabara jan sa utak mo at tatanggalin natin." bulong ko.

"Ay nakikitulog lang pala. Sabay na rin ako!" Langya saan s'ya p-pwesto?

"At saan ka p-pwesto?" Tanong ko sa kanya.

"Sa ibabaw mo"

"Hoy!" Yung kamay ko talaga may sariling utak bigla nalang nananapak.

"Babe naman! Joke lang e, sa sofa ako!" Loka-loka talaga tong babaeng to.

"Tara na!" Sabi nito at nauna pang bumalik kung saan ang mga maldita. Pero nakailang hakbang palang kami ay may kumatok ulit. Walangya! Kaya mabilis ko binuksan ang pinto.

"Yooo wasssaaaaap!" Ay ang mga gaga, nag plano siguro to silang tatlo.

"Oh bakit nakasimangot ka d'yan? Hindi ka ba masaya makita ang magaganda mong girlfriends?" Nakangising saad ni Iris at pumasok kasunod ni Ag.

Jusko!

"Kbbbbbbb bakit nandito ka!! Gago baki-what the duck!" Parang nakakita ng multo tong si iris pagkakita sa dalawa e. Inikutan lang s'ya ng mata ni Kb

"Hoy Sj halika muna!" Tawag n'ya sa akin at kinaladkad papasok sa bathroom. Langya

"Hoy babae ka! Bakit nandito ang dalawa sa kwarto mo? Anong kabalbalan ang gagawin mo sa kanila ha?! At bakit nandito rin si keyboard?! At ano-" hindi ko na s'ya pinatapos at sinaksak ko sa lalamunan n'ya ang tissue paper.

"Pwe! Sj naman!"

"Para ka namang si keyboard! Makikitulog lang sila kasi mga takot." ilang beses ba ako dapat magpaliwanag tonight?

"Hoy sandali!" Hindi ko na s'ya pinakinggan at lumabas na, mga bunganga talaga nila.

Pagbalik ko ay nasa sofa sila keyboard at Ah habang ang dalawang maldita ay nasa kama, nakaupo sa magkabilang side.

Awkwardness level 1000000%

"Ag," tawag ko sa kanya na busy sa nilalantak na pagkain. May dala pala sila? Ay prepared.

"Hmm?"

"May sasabihin ka ba?" Tanong ko lang baka bubunganga rin e, pero umiling naman ito. Hmmm

"Ma'am, Ziallyn sama kayo?" Biglang tanong ni Kb na ikinakunot naman ng noo ko. Ano na naman sasabihin nito.

"Where?" Sagot ni Zi

"Sa pasko." hala anong plano.

"Huh?" confused na tanong ni Ma'am,

"Mangangaroling kami, baka lang po gusto n'yong sumama." tangena ang kapal ng mukha! Inaya nya ba namang mangaroling ang dalawa. Clown talaga tong si keyboard at tignan mo pinagtatawanan na sya nila Iris, pero saan nila nakuha ang mga chichirya?! di ko nakitang dala nila yan!

"Hoy keyboard yang bibig mo!" Saway ko sa kanya, lumalamon na rin pala ito ng pagkain.

"Babe kailan mo ako sasagutin?" Nanlaki na naman ang mga mata ko dahil sa sinabi n'ya. Oh my god! Anong pinagsasabi ng bruhang to?!

"Sasagutin?" Hala yawa si Pi nagtanong.

Si Ag naman na katabi ni Kb ay nakangisi lang, mga abnormal ba tong mga kaibigan ko? Si Zi naman na masama na kung makatingin sa akin.

"Opo nililigawan ko kasi si babe" si iris na hindi pa rin tumitigil sa kakatawa.

Bigla akong nanlamig at kinabahan, bakit parang feeling ko ay mapapabilis buhay ko nito?

"Mga walang kwenta talaga pinagsasabi mo!" saway ko sa kanya at lumapit sa kanila ni Ag.

"Are you serious Kb?" Tanong ni Zi.

Gulped. Sinamaan ko m si Kb ng tingin, makakatikim ka talaga sa akin babae ka!

"Yes, actually I confessed to her earlier pero slow si babe e. Hindi n'ya alam ang salitang THE MOON IS BEAUTIFUL ISN'T IT. kaya ang sinagot n'ya sa akin ay umaga pa at wala pang moon" humagalpak na naman si Iris at Ag sa tawa. Napanganga nalang ako sa sobrang prangka n'ya, nakangiti pa ang gaga. Ano ba ang gusto n'yang gawin at anong kabalbalan na naman itong ginagawa n'ya?

"Teka bakit ang lamig?" Langya bakit Biglang lumamig sobra dito sa kwarto.

"Hahanda ko na ba kape mo?" bulong ni Ag sa gilid ko.

"Pinagsasabi mo?" kunot noo kong sagot sa kanya. Nginuso nito ang dalawa kaya napatingin ako. Bakit po ganyan kayo makatingin sa akin? I'm innocent at hindi totoo ang mga sinasabi ni Kb! Trip lang siguro ako nitong tatlo.

"Iris, akin na nga hawak mong coke! Nauhaw ako bigla." inagaw ko ang coke at hinimas ang aking lalamunan, hirap naman ata lumunok ngayon.

"Bakit babe? Wala ka naman manliligaw at isa pa wala ka naman gf..." She paused at nakangisi pasimpleng tinignan ang dalawa sa kama."why not diba? Mamahalin pa kita ng sobra" tapos ngumiti ng pagkatamis na hinarap ako.

Feeling ko ang liit ng kwarto at bigla akong hindi makahinga. I don't know kung ano mutibo ng mga kaibigan ko pero hindi naman sila ganito, ewan ko at mga hibang na rin yata silang tatlo.

"Go na support ko kayo mga friends" napatingin naman ako kay Iris na ngayon ay humalukipkip sa tabi ni Ag.

Hinahabol ata ni satanas yung puso ko. Ang bilis yawa.

"Ahem"

Anong meron kay Ag? Bigla nalang titikhim tapos hindi naman pala magsasalita.

"Let's sleep." sambit ni ma'am,

Parang ayaw ko nalang tuloy tumabi sa kanila sa kama ngayon, kasi feeling ko talaga ay hindi ako makakatulog dagdagan pa sa mga sinabi ni keyboard.

"Babe" tawag ni Kb kaya napatingin ako sa kanya.

"What?" Taas kilay kong sagot, ang gaga bakit ba panay ngisi to.

"Sleep with me." malanding bulong ni gaga, tangena mo Krystal Bern!!

"Ja!"

"J!"

Nanindig mga balahibo ko sa katawan sa naging sabay na sigaw nila Ziallyn at ma'am, shutangena at

makakapatay ako ng keyboard ngayon. Sa kama ba ako matutulog? Wag nalang kaya? Makakahinga ba ako ng maluwag kung hihiga ako dyan? Feeling ko hind, hindi nga ata ako makakatulog.

Nakita ko naman si Kb na naka-kagat labi na parang pinipigilan ang matawa. Bwesit ka! Sinamaan ko nalang s'ya ng tingin.

"O-Okay m-mommies, coming." mabilis ko itinulak si keyboard at nagmadaling umakyat ng kama saka gumapang sa gitna nilang dalawa. Ugh, pati bestfriend ko pagseselosan nila.

Sana all may label!

"Pwede usog kayo? Ang dikit masyado at hindi ako makagalaw?" mahinang salita ko sa dalawa. Bakit ba sa akin sila nakaharap?!

Sa halip na sundin ako ay mas dumikit pa silang dalawa. Ano na, akala mo mga walang hinihintay na tao kung makadikit sa akin. Bumaba ang mga mata ko sa kamay ni Ziallyn na ipinatong sa ibabaw ng aking tiyan. Hindi naman nagpatalo ang isa at idinantay ang paa sa bandang legs ko, shutab at paano ako makakatulog nito?!

"S-Sabi ko usog, hindi ko sinabing-"

"Shut up, and close your eyes." sermon ni Ziallyn, langya.

Ni hindi ko man lang maikilos ang katawan ko dahil sa kanila. Sinubukan kong pumikit at matulog pero hindi ako dinadalaw ng antok, bigla ko nalang naramdaman ang mainid na palad at buong higpit pinagsiklop ang aming mga kamay. Si ma'am, pero nakapikit ito at alam kong hindi pa sya natutulog.

Ano na Sj, matulog ka na at pilitin ang sarili.

*

Mag aalas kwatro na ng umaga at gising pa rin ako samantalang humihilik na ang mga bruha kong kaibigan. Si ziallyn, mahimbing na rin ang tulog at nakayakap pa nga sa tiyan ko ang kamay, hindi niya talaga inalis simula kanina. Paano ako makakatulog ni hindi nga ako makagalaw dahil dito sa dalawang katabi ko.

Bumuntong hininga ako.

"Can't sleep?" Nagulat ako sa biglang nagsalita kaya napalingon ako sa kanya. What the, gising din s'ya?

"Yeah, mahirap kumilos lalo na pag napagitnaan nyong dalawa ni Zi," bulong ko.

"Totoo?" kumunot ang aking noo, anong totoo ibang nya sabihin. Payapa na puso ko kanina e, nagsisimula na naman tuloy maging abnormal kaya nag-iwas ako ng tingin.

"Ang alin?" tanong ko.

"Krystal confessed?" Sa daming tanong, yan pa talaga.

"Trip niya lang yun, pero totoong hindi ko alam tungkol don sa moon." Sagot ko, bakit naman ako mag d-deny diba? Honest ako e.

"Gusto mo rin sya? Kulang pa ba?" Luh? Ou naman, malamang para ko na kapatid yan.

"Yes." diretso kong sagot.

"Para ko na rin syang kapatid." dagdag ko baka kasi ibang like isipin nito at mahirap na. Hindi naman ito sumagot. Ah okay?

"Try to sleep." lambing nya ha.

Paano nga kasi ako makakatulog? E hindi nga ako makatulo--
Medyo nagulat ako sa ginawa n'ya. She's patting my head now, she really knows my weakness. Sweet naman ata n'ya ngayon?

Bigla akong nakaramdam ng antok, ang bilis ko naman ata antukan e hindi pa nga nagtatagal ang ginagawa ay nilalamon na ako ng antok.

"Sleep well Sha"

***

"Baaaaaaabeeee myylaaaabsss!" Sigaw agad ni Kb pagpasok palang sa classroom." Wala talaga s'yang hiya. Sa harap pa talaga ng mga classmates namin. Late kasi ang gaga nagising kaya second subject na rin nakapasok.

Ou nga pala balik school na kami, isang gabi lang kami stranded sa resort dahil kinabukasan naging okay na ulit ang panahon, pag gising din namin ay wala na ang dalawang maldita sa tabi ko.

"Hoy babe!" sabay hampas sa akin.

"Langya ka keyboard! gusto mo masakal ulit?" banta ko pero ngumisi lang si gaga.

"Ang ingay mong keyboard ka, natutulog ako!" sino pa ba kaaway ni keyboard lagi? Si Iris, nagising dahil sa bunganga ni keyboard.

"Pakialam ko sayo" Buti at hindi naririndi tong mga kambal na nasa unahan lang namin nakaupo.

"Babe" tawag n'ya ulit at yumakap. Litsing krystal bern to.

"Oh?"

"Are you a guitar?"

"Mukha ba akong guitar ha keyboard?!" Inis kong sagot sa kanya.

"HAHAHAHAHAHAHAH tangena ka Kb alam ko yan!" Biglang singit ni Iris. Anong ibig sabihin nito?

"Manahimik ka!" Kung ako siguro si Ziallyn bibigwasan ko tong kb na to.

"Bakit?" Sagot ko, curious ako eh. Inagaw ko ang softdrinks ni Ag,

"Kasi..." pabitin pa.

"Because?" Taas kilay kong sagot sa kanya.

"Because..." Sinamaan ko sya ng tingin.

Feeling ko rin nga nakikinig lang tong mga k-klase namin e. Bigla ba naman tumahimik ang lahat.

"I'm good at fingerstyle" sabi n'ya at nag kiss sa cheek ko.

"Hoy! Pisti ka Kb! HAHAHAHAHAHAH" si Iris na sobrang lakas na makatawa. Ako? Heto nag loading lang na nakatingin sa kanya.

"Hindi na gets." singit ni Ag.

"HAAHAHAHAHAHAHAHA babe!" tanga.

Anong konek ng guitar sa fingerstyle? Ang pagkuskus ba sa string? Ha?

"HAHAHAAHAHAHAHAHAH tangena si Sj wala na, naubusan na ng utak" sana all happy gaya ng Iris na to.

"Babe halika kiss nalang kita" langya, hahalik na nga...

"De La Fuente!" Bigla kong naitulak si kb ng malakas, buti nalang at nasalo ng lap ni Iris. Anak ng tinapa!

"Sorry kb gage nagulat ako" natatawang sabi ko sa kanya. Hindi naman s'ya galit, ngumisi lang ang gaga.

"De La Fuente!" Kaloka, tinawag n'ya pala ako.

"Mommy?"

"Tangena nasa classroom tayo!" Hampas ni Kb sa batok ko, my god! Wala bang araw na hindi masasaktan tong katawan ko?

"I-I mean, po Miss?" Ang sama nito makatingin, makakatay na ba ako?

"If you're going to flirt during my class. Get out." She said coldly.

Sinulyapan ko naman ang mga kaibigan ko. Bakit ba panay ngisi nalang ang mga abnormal na to?

"H-Hind po, may binulong lang po si Keyboard." sagot at nagbaba ng ulo. Ang ganda-ganda nga umuusok lang ilong. Sus! Isa ka talagang malaking dragon.

Hindi naman na s'ya nagsalita at nagsimula na mag discuss. Napansin ko lang ha, kanina pa ako taas ng taas nitong kamay ko pero kahit isang beses ay hindi n'ya man lang tinawag ako pangalan ko?

Nangangalay na tong kamay ko, wala ba talaga balak si Mommy tawagin ako?. At bakit parang panay si Ziallyn lang tinatawag ng dragon na to, ano s'ya lang ba estudyante n'ya at mga decorations lang kami?

Hindi nalang ako ulit nangahas na magtaas ng kamay. Sayang naman effort ko kung hindi rin ako papansinin no.

Bigla nalang nag vibrate cellphone ko kaya palihim ko itong binuksan upang basahin ang mensahe.

GIRLFRIENDS

KB
Kamusta naman ang ayaw pansinin ni dragon?

Ayan agad bungad sa akin at nilingon si Kb, malawak ang ngiti.

SJ
Malandi kang gaga ka. ?

KB
Hahaha it's okay babe, soon you'll thank me.

SJ
Pft yeah sure.?

IRIS
You wanna see something?

AG
?

KB
Bold na naman ba yan?

IRIS
Gago hindi! Bakit pa manonood kung pwede naman nating gawin?

SJ
Omg lolol hahahahahaah

AG
Langya ka iris! Ang hirap magpigil tawa! Mapagalitan na naman tayo ni dragon.

KB
Tangena mo, apaka manyak mong hayop ka!

SJ
Litsi ka hahaha ano ba yun ha iris?

IRIS
New post lang ni Helari sa Fb n'ya. Si Demonyo mo! Wait...

IRIS

KB
Langya ka babe! Ikaw na pinag-aagawan ng dalawang dyosa!

IRIS

Ganda no? Mukha lang yan anghel pero mahirap galitin ?

AG
Ano na Sj, natunganga ka d'yan?

"Tangena!"

"DE LA FUENTE!

Yawa napalakas pala yung sabi ko?!
Bwesit kasi si Iris bigla nalang mang s-surprise! Ganda naman ng demonyo na yan. San-

"SHARA JANE DE LA FUENTE GET OUT!" Langya ang lakas ng sigaw ni Dragon.

Kaya mabilis na akong lumabas. Ayoko na manatili doon at baka katayin na ako ng tuluyan ni dragon!

.
.
.
.
.
.
.
.
.
.
.
.
.
.
Yes guys! It was the demonyo. Ang lumantak sa labi ko noong gabing bumagyo!

So, buong oras ako nakatayo sa labas mg classroom at hanggang sa natapos din ang klase ni dragon ay badtrip siya. Kanina ko pa naririnig panay sigaw nya sa loob habang nagtatawag ng mga pangalan, galit na galit at gusto manakit.

"Ja," salubong ni Zi sa akin pagpasok ko ng room, tapos na kasi oras ni ma'am at babalikan ko lang sana ang gamit ko pero dala na niya ito.

"Thank you, Zi," nakangiting pasalamat ko at kinuha ang gamit sa kanya.

Ngayon ko lang napagtanto ang suot nya ngayon ay yun din suot ni Zi sa litrato, mukhang kanina lang yun kinuha bago pumasok sa klase. Ganda ng demonyo na to ah, pero curious parin ako doon sa taong tinukoy nyang naaalala sa tuwing nakikita ako.

"Saan punta mo ngayon?" tanong ko, wala na kami pasok sa umaga kaya mahaba pa oras bago susunod na klase.

"Are you free?" mabilis akong tumango.

"Do you-"

"Jane," nilingon namin ng sabay ang babaeng kakalabas lang ng classroom. Kumalma na sya? Mukhang hindi na galit si dragon eh.

"Po?"

"Follow me." tinuro ko ang sarili bago pinihit ang ulo kay Ziallyn, titig na titig ito kay ma'am at para bang nag uusap sila sa pamamagitan ng mga mata?

"Yes, you." sagot ni ma'am sa akin at naunang maglakad palayo. Wala akong choice at ayaw ko naman maging bastos dahil baka mahalaga ang dahilan ni ma'am,

"Sorry Zi, kailangan yata ni ma'am tulong ko. Sa susunod nalang okay? bawi nalang ako sayo." akala ko mawawalan sya ng gano, o di kaya magagalit pero binigyan nya ako ng matamis na ngiti.

"Alright, next time." she sweetly whispered. Nagtaasan ang mga kilay ko sa ginawa nyang pag alis ng mga buhok na nakaharang sa aking mga mata. Shuta, Ziallyn, bakit ka ganyan!

"See you, Ja," kay ganda naman ng ngiting yan. Para bang nasa isang garden ka na puno ng iba't-iba at magagandang bulaklak, idagdag narin natin ang mabango niyang perfume na talaga nakakaadik sa ilong.

"Okay, see you, alis na ako." sagot ko at nagpaalam sa kanya bago sumunod ng tuluyan kay ma'am,

Pagpasok ko ng kanyang opisina ay nakaupo na ito at pikit ang mga mata, kanina ko pa rin pansin na pagod at mukhang kulang siya sa tulog.

"Ma'am? May kailangan ka?" tawag ko at naupo sa sofa.

"Jane," tinatawag nya narin ako sa second name ko.

"Po?" baling kong muli sa kanya. Bigla itong tumayo at lumipat sa aking tabi, bahagya akong nagulat sa kanyang ikinilos. I mean, sa pagsandal nya ng ulo sa aking balikat.

"Ma'am?"

"Stay here, and don't leave me." hindi na ako humingi ng pahintulot at agad hinawakan ang kanyang noo. Mainit, pinakiramdaman ko buong mukha nya at nalamang nilalagnat si ma'am,

"May lagnat ka, bakit pumasok ka pa? Sandali lang, umayos ka muna at bibili ako ng pagkain at gamot mo." nag-aalalang salita ko at tumayo ngunit bigla nya akong hinatak muli paupo at kumandong sa akin saka ipinalupot ang kanyang mga braso sa leeg ko.

"Jane," jusko po, para bang tinatawag ang taong minamahal sa lambing ng boses ni ma'am,

"Ma'am, wag na kasi matigas ang ulo. Gusto mo ba lumala sakit mo? Tignan mo oh, ang init mo sobra tapos lakas pa ng aircon mo sa opisina." sermon ko sa kanya. Bakit kaya ganun? Pag nasa labas kami at kaharap ibang tao nagiging dragon siya pero pag kami lang dalawa ang lambing nya.

"Please, hug me." bulong niya at mas lalo ibinaon ang mukha sa aking leeg. Maingat akong bumuntong hininga, kapagkuwan ay niyakap ang katawan niya saka malambing na hinimas ang likod.

Ganun lang ang ginawa ko, tahimik at hinihintay itong magsalita nang bigla akong makarinig ng

mahinang hikbi mula sa kanya. Kinabahan ako at balak sanang harapin ito pero ayaw niya at mas lalo akong niyakap ng mahigpit.

"Ma'am, umiiyak ka ba? Sino umaway sayo at aawayin ko." seryoso yan, hindi ako nagbibiro sa sinabi sa kanya.

"Jane, sobrang sakit na. I don't know what do anymore, miss na miss ko na siya. I want to be the only one she looks up at and it hurts me so much to see her smile at someone else." It was a deeply painful and insecure feeling, her words were filled with jealousy and sadness. Wala ako ibang magawa kundi ang yakapin lang sya ng mahigpit at hayaan na umiyak hanggang sa mailabas nya lahat.

CHAPTER 22

-

Pasko na sinta ko! Ou, pasko na at ang bilis ng araw! Pasko na edi syempre oras na para mangaroling kami gaya nga ng plano nila keyboard noon. Kanina pa ako naghihintay sa kanila, ilang oras ba dapat kailangan ko hintayin? Bihis lang daw pero shuta, anong oras na! Santa attires pala suot namin kasi mababait kaming mga nilalang na itinapon no San Pedro sa lupain ng mga tao.

"Hoy, dalian nyo mag bihis!" sigaw ko sa kanila, wala yata balak humiwalay sa salamin mga buang. Ang sexy ng suot ni keyboard, naka paldang santa sksk.

"Wait babe, kainis ang ikli!" siya nalang ang hindi pa tapos, ewan ko ba jan at wala naman akong nakikitang mali sa suot nya.

December 24 na pala, kaarawan ko na. Hindi ako excited sa kaarawan ko sa nakalipas na taon pero ngayon ay bakit kaya nakakaramdam ako ng excitement? Si Ziallyn at Pixie? Walang pinagbago pero in good terms naman kaming tatlo, and unlike before ay hindi na sila gaano nagbabangayan ngayon which is good.

Tinanong ko si ma'am noon tungkol sa huling sinabi nya pero wala raw itong matandaan kaya hindi ko nalang din pinilit dahil mukhang wala rin sya sa tamang pag-iisip noon dahil sa lagnat. Plano namin mag celebrate ng noche buena mamaya sa condo ni Zi, hindi kasi makakauwi parents nya at nasa states sila ngayon. Sa susunod na araw pa sila uuwi kaya nagpasya nalang kaming magkakaibigan samahan sila sa celebration bago umuwi sa aming mga pamilya. Ang totoo ay hindi ako nakapag paalam kina mommy kanina, pero maiintindihan naman nila. Mangangaroling daw muna kami bago pumunta sa condo ni Zi.

"Saan tayo mamamasko?" Tanong ni Ag,

"Slums." sambit ko at ngumiti ito.

"Okay na yan keyboard! Naknampucha at anong oras na!" saway ni Iris kasi hindi pa tapos sa pag make-up ang isa.

"Malapit na!"

"Sj,' tawag ni Ag kaya lumapit ako sa kanya.

"Bakit?" Tanong ko.

"May tanong lang ako." seryoso naman masyado nito, kakabahan na ba ako?

"Ano yun?"

"May naalala ka ba?" Ha? Anong alala sinasabi nito. Kaya napakunot ako ng noo, napansin ko rin na seryoso rin ang dalawa sa gilid.

"Wala yan babe, wag mo na pansinin yan si Ag" ano mga pinagsasabi ng mga to?

"Ha? May dapat ba akong maalala?" I furrowed my brows.

"W-wala, tatanong ko sana kung naalala mo yung ginawa mo noong nalasing ka last week" alam ko nag inom kami pero hindi naman ako lasing that time?

"Wala naman, hindi naman ako totally wasted that time." sagot ko sa kanya.

"Tara na nga!" Singit ni Kb at hinila na ako palayo sa dalawa na ngayon ay nagtitigan lang. Weird?

Nagtungo kami sa target naming lugar para mangaroling. Sobrang daming tao ang pinagtitinginan kami ngayon. Jusko yung mga suot ba naman namin ay parang galing sa Christmas santa party at tumakas.

"Oh, dito tayo una sa bahay na to." turo ni Kb kaya huminto kami sa sira-sirang bahay.

"Tao po!!!" Tangenang kb to kung makasigaw, parang may gusto sugurin sa loob e.

"Hoy kb langya ka! Yang bibig mo!" Saway ko sa kanya.

"Tao? Hello?" Hindi n'ya ako pinansin at tinawag n'ya ulit ang may-ari ng bahay gamit ang malambing n'yang boses. Napangiti nalang kami nila Ag.

Nakailang tawag rin si Kb bago lumabas ng tuluyan ang may-ari ng bahay.

"Ano kailangan nyo mga iha?" Tanong ng matandang babae,

"Mamamasko po" sagot ko naman agad sa kanya.

"Naku mga iha, pasensya na at wala akong maibibigay" sagot ni Nanay.

"Okay lang po kantahan lang namin kayo" sagot naman ni Kb kaya pumayag na rin si Nanay.

At sinimulan namin ang pagkanta.

Jingle bells, jingle bells
Jingle all the way
Oh what fun it is to ride
In a one-horse open sleigh, hey!
Jingle bells, jingle bells
Jingle all the way
Oh what fun it is to ride
In a one-horse open sleigh

Taawa kami ng tawa at ng mga taong nanonood sa amin dahil sa kagagahan namin. Sinayawan ba naman namin si Nanay, tangena kasi nito ni Kb. Dinamay na rin namin si nanay at pinasayaw sa gitna naming apat. Ang saya lang tignan ni Nanay.

Oh, jingle bells, jingle bells
Jingle all the way
Oh! what fun it is to ride
In a one-horse open sleigh, hey!
Jingle bells, jingle bells
Jingle all the way
Oh! what fun it is to ride
In a one-horse open sleigh

Oh, what fun it is to ride
In one horse open sleigh!

Palakpakan ang mga tao matapos namin kumanta at sumayaw.

"Merry christmas po Nanay," bati namin sa kanya

"Salamat mga iha, kahit na walang wala ako ngayon ay napasaya n'yo pa rin ang pasko ko." lumingon ako kay keyboard pagkatapos nitong magsalita.

"Kb bigay mo na kay nanay" utos ko sa kanya, kaya kinuha na n'ya ang pera mula sa mga small santa bag naming dala.

"Nanay, ito po. Bili po kayo para pang pasko at new year n'yo na rin po" sabi ni Kb at inabutan s'ya ng 10k. Bigla ay umiyak si Nanay kaya nataranta kami.

"Hoy kb! Inaaway mo si Nanay tangena ka!" Sabi ni Iris kay Kb haha lakas nito mang asar e.

"Mapapaiyak talaga si nanay, sa ganda kong to." Sabay irap kay iris.

"Hindi iha, sobrang saya ko lang kasi may magagastos na ako para ngayong gabi at sa mga susunod na araw" paliwanag ni nanay, akala n'ya ata nag-aaway ang dalawa.

"Nanay halika, payakap nga po kami" sabi ko ng nakangiti. Kaya lumapit kaming apat sa kanya ay niyakap s'ya

"Merry Christmas Nay!" Sabay naming apat na bati sa kanya.

Para lang kaming mga bata na yumayakap sa aming Ina e, naiyak na rin tuloy kami. Kasi kung kami ang nandito ay sigurado akong mahihirapan rin kami.

"Sige na po Nay at mamamasko pa po kami sa ibang bahay. Itago n'yo na po ang pera at pumasok na kayo sa loob" sabi ko sa kanya, nagpasalamat ulit s'ya at nagpaalam na kami.

"Ang sarap sa feeling no, yung makatulong ka sa kapwa mo tao" seryosong saad ni Kb.

"Tao ka pala?" Hahaha bwesit talaga tong si Iris.

"Tangenamo ka!" Nakatikim na naman tuloy s'ya ng isang sapak mula kay keyboard.

"Hoy magtigil na nga kayo at may kakantahan pa tayo na mga bahay haha" saway ko sa kanila. Para talaga silang pusa at daga e.

Kaya sinimulan namin ulit ang pagkanta sa kabi-kabilang mga bahay hanggang sa oras na para pumunta kaming condo ni Zi. Pero tumambay muna kami saglit dito sa gilid ng tindahan, langya parang artista lang. Tuwang-tuwa mga tao sa kagagahan namin e. Bigla ay may lumapit sa amin na batang nakangiti.

"Mga ate ganda, kayo lang po ata ang nangangaroling sa buong mundo na nagbibigay ng pera" sabi ng batang babae na nasa 7years old pa ata?

Ngumiti kami rito at seninyasan na lumapit pa sa amin.

"Halika kay ate, pa yakap ako baby. Ang cute mo" sabay pisil ni kb sa pisngi n'ya. Lumapit na rin kami sa kanila.

Baet naman nitong mga kaibigan ko, alam n'yo yung kahit sobrang yaman na nila ay hindi sila yung klasing mga kaibigan na pandidirihan ang iba Nakita ko naman ang ibang mga batang nakatingin lang sa amin kaya tinawag ko rin sila at pinalapit. Yung mga matatandang taong nakatingin lang sa amin ay masayang nakangiti.

"Mga ate ang gaganda n'yo po, mga artista po ba kayo?" Natawa ako sa sinabi nitong batang karga ko.

"Kami ou baby pero yan si ate Kb n'yo hindi. Mascot lang namin yan." sagot naman ni Iris, pasalamat s'ya may kargang bata si Kb kaya hindi sya nito mahahampas.

"Mga ate ang babaet nyo po, hindi po kayo tulad ng ibang mga tao na pinandidirihan kami." sabi ng bata na hawak ni Ag, hindi ko sila masisisi kung unang tingin nila sa amin ay mga masasama.

"Ay naku baby mga panget yun sila. Kaya nga kami magaganda diba?" kumunot mga noo namin kay keyboard, wala talaga sya minsan tamang landas ng usapan.

"Sinasabi mo d'yan keyboard? Ginugulo mo utak ng mga bata." saway ko, malaki ulo at lumalakas hangin sa paligid ni keyboard.

"Ang sabi ko mababaet tayo." luh kahit di naman talaga yun ang sinabi.

"Guys kailangan na natin umalis at magbibihis pa tayo. Malapit na mag 9pm." singit ni Ag sa usapan.

"Aww aalis na kayo mga ate."

"Ou baby, alis na kami. May date pa kasi ang mga ate nyo." pailing-iling kong saad saka humagikhik.

"Kb bigyan mo na rin sila tag iisang-libo" sabi ko sa kanya na agad naman n'yang ginawa.

"Salamat po mga ate!" sa labis na tuwa ng mga baya ay nag unahan pa sila sa pagtalon, nakakatuwa at gusto ko bumalik dito pag may pagkakataon. Nagpaalam na kami sa kanilang lahat at dumiretso kaagad sa condo building ni Ziallyn,

Kakarating lang namin, medyo natagalan kami kasi naligo pa ulit tapos ang lagkit kaya ng mga pawis matapos namin sumayaw ng isa't kalahating oras kanina.

"Sj" kalabit sa akin ni Ag, kanina pa talaga to s'ya. Ano bang problema nito

Nasa unahan si Kb at Iris samantalang kami ay nakasunod lang sa dalawa.

"Bakit?"

"Pie" anong pie? Pagkain?

"Gutom ka?" Sagot ko sa kanya. Bumuntong hininga lang naman ito.

"Hindi, wala lang 'yon" luh parang sira? Hindi ko nalang s'ya sinagot at nagpatuloy nalang sa paglalakad.

Nasa tapat na kami ng pinto ni Zi kaya agad na pinindot ni Kb ang doorbell at si Cassandra ang

nagbukas ng pintuan.

"Nandito na pala kayo."

"Yes! Napasarap sa pangangaroling, sorry." sagot ni Ag,

"Pasok na, kanina pa kami naghihintay." una silang pumasok at ako ang panghuli. Namangha ako sa mga lights na sa tingin ko ay sila mismo ang nag prepare tapos may malaking christmas tree sa gitna at napapalibutan ng maraming big boxes.

"Wow, di halatang pinaghandaan nyo." pagpuri ko sa ginawa nila.

"They're here." sabi ni Cassandra.

Agad hinanap ng mga mata ko si dragon at demonyo, at ayun silang dalawa, magkatabing nag-uusap kaya nilapitan ko agad sila.

"Merry Christmas mommies" bati ko sa kanila ng nakangiti. Ou tinawag ko talaga silang mommies sa harap ng mga kasama namin. Wala lang miss ko sila inisin.

"Merry Christmas." matamis na ngiting sagot ni ma'am. Seriously? She smileeeeeeeeed at me? Napangiti na rin tuloy ako.

"Merry Christmas, Ja," sunod akong binati ni Zi. Wow, akala ko pa naman ay may itatapon ulit silang dalawa sa mukha ko. Nag expect pa naman ako, but not bad since good mood ang dalawa.

"Luto na ba mga pagkain? Gutom na kami oh, daming mga bahay ang kinantahan at sayawan namin." reklamo ko sa kanila.

"Alright, let's eat." hudyat ni ma'am,

Sabay kaming lahat tinungo ang malaking lamesa na puno ng mga masasarap na pagkain, heaven! Dapat makarami ako ng kain, hays hindi ako pwede magtagal at kailangan ko pa umuwi. Sabi kasi ni Mommy na uwi ako before 12, sabi ko naman ou kaya ayun pumayag na s'ya.

"Saan kayo mag babagong taon, Cass?" Tanong ni Ag,

"I don't know yet, kung hindi makakauwi sila mommy ay susunod kami ng states." dapat matuloy ang uwi nila tita!

"Ikaw miss saan?" Tanong ni Kb kay dragon.

Malamang sa bahay nila kasama si Tita.

Tumingin naman ito sa akin bago magsalita.

"Home" tipid n'yang sagot. Apaka sama talaga ng dragon na to. Tipid magsalita hmp.

Ngumisi naman ang keyboard. Saya yan?

"Ikaw kb, saan?" Tanong ni Helari

"Wala rin naman akong uuwian kaya sa kanila babe nalang ako magbabagong taon." sagot nya agad. Nahagip ng mga mata ko ang pagtaas ng kilay ni dragon, problema nya at nagtataray sya jan.

Saglit na katahimikan para bigyan kami ng oras makalamon ng pagkain. Alam na talaga nila kung gaano kami katakaw shuta.

"Kailan uwi ni RL?" Tanong ni Iris sa akin.

Napansin ko na natigilan si Ziallyn sa pagkain at panandaliang natulala.

"After new year." sagot ko sa kanya.

"RL?" Tanong naman ni Zi

RL is my cousin na nasa states, nagulat lang din nga ako nong tumawag sya sa akin last time at sinabi na uuwi na raw ng pinas. Ka edad lang din namin at miss na miss ko na ang gagang yun.

Siguro sobrang ganda ng gagang yun ngayon. Naku! Baka habulin ng mga babae yun pag napadpad ng PU. Baka nga pati tong mga babaeng kasama namin mabaliko non.

"Ah my cousin, dito na sya mag-aaral next sem." sagot ko agad sa kanya.

Nakita ko ang paghigpit ng hawak ni Zi sa kutsara't tinidor.

"Y-Your cousin?" biglang tanong ni ma'am, pagtingin ko sa kanya ay tila hindi ito mapakali dahil sa pag-iiba ng kilos.

"Opo." sagot ko.

"What year?"

"3rd year din, ka age lang namin nitong tatlo" sagot ko at tinuro ang mga kaibigan ko.

"Rochelle Love Vequezo?" diin na salita ni Zi, parang yung boses nya ay may hinanakit, pero teka!

"Kilala mo pinsan ko?!" bulyaw ko at biglang nabulunan yawa.

"I think I remember her." si Annallyn ang sumagot bago sumulyap sa kanyang kambal.

"Naalala ko, sa PU nga pala nag-aral yun noon." mga kaibihan ko biglang nanahimik, may pusang dumaan? Tumango nalang sila at nagpatuloy sa kwentuhan hanggang sa natapos kaming kumain.

Kakatapos lang namin kumain pero nagsimula na silang mag inuman, kaso hindi ako pwede uminom ng marami dahil magmamaneho pa ako.

"Guys wala kayo gagawin diba?" Tanong ni kb sa amin.

"Ako meron, kailangan ko na umuwi." sagot ko.

"Eh kayo?" Baling nya sa mga kambal.

"None, why?" Sagot ni Annallyn.

"Bar tayo" ay wow.

Sabagay, wala naman mga parents nila kaya bar talaga bagsak n'yan ni Kb, pero bakit n'ya dinadamay tong mga kambal jusko!..

"Sure." aba't sumang-ayon pa talaga si Annallyn,

"Sana all nalang talaga." singit ko sa usapan nila.

"Bawi ka nalang next time babe," sagot ni Kb at kumindat, tusukin ko yang mata nya eh.

Kanina ko pa napapansin na tahimik si Zi at Ma'am pagkatapos namin maghapunan. Ano kaya iniisip ng mga babaeng to? Hindi nagtagal nagpasya na kaming umalis dahil kailangan ko na rin umuwi, sila Zi at ma'am ay susunod nalang daw sa kanila.

"Ay annallyn, may dala ka spare key? Nakalimutan ko kasi yung regalo ko na ibibigay sana kina Zi at Miss na nasa kotse" tanong ko sa kanya.

"Wait." sagot nya at kinuha sa purse bag ang susi at ibinigay sa akin.

"Salamat, ibibigay ko nalang kay Zi tong susi ha. Sa bahay nyo naman kayo uuwi diba?" Tanong ko at binalingan ang mga kaibigan kong kasabay ang ibang kambal na nasa unahan namin. Kailan pa sila naging close aber?

"Yup yup." Sagot n'ya at ngumiti.

Naghiwa-hiwalay na kami, kahit gusto ko man sumama ay hindi pwede. Kailangan ko na umuwi dahil baka kanina pa ako hinihintay nila Dad and Mom. Agad kong kinuha ang regalo para kay dragon at demonyo saka nagmadaling bumalik sa condo.

Mabuti at hindi sila nagbabardagulan na dalawa pag sila lang? Mas binilisan ko pa ang paglalakad para mabigay ko na ito at makauwi. Buti talaga may spare key si Anna, nagtaka ako pagpasok dahil wala akong marinig na kahit anong ingay?

Bakit ang tahimik? Nasaan ang dalawang yun? Naglakad ako patungong living room at nakita silang dalawang nag uusap sa may balcony.

Dahan-dahan akong naglakad, walang ingay para sana gulatin sila.

"Let's end this bullshit game" yan ang naabutan at narinig ko na sinabi ni Pixie, kaya napatigil ako bigla. Nakatalikod sila sa akin at para bang hindi nila namamalayan ang presensya ko.

game? anong game pinag-uusapan nila? Naglalaro silang di ako kasama?

I don't know why but my heart started beating triple time. I just stood there and listened silently. I knew eavesdropping wasn't right, but there was a feeling inside me that wanted to stay and listen to their conversation.

"I can't take it anymore" seryosong salita ni miss.

What are they talking about?

"Let's stop betting on sj, while it's still early. Let's stop this silly game." Zi said, naguguluhan na ako sa sinasabi nila. What game?

Ako pinagpustahan?

"Dapat noong una palang tinigil na natin to, she deserve to be loved." para akong sinabuyan ng napakalamig na tubig matapos kong marinig ang sinabi ni Zi.

"You know very well the reason why I accepted this game of yours. You know how much I-" pixie said pero hindi na n'ya natapos.

They borh tuened their heads when they heard something fall to the flooe. My paper bag that I was holding fell and I didn't think anything of it, I just clenched my hands as I tried to remain calm. I didn't even realize I was shaking until it became too much to bear. I was in shock. Me? They only put a bet on me? Is it possible that they had made a bet on me? I was stunned and confused.

Parang biglang may bumara sa lalamunan ko, ramdam ko ang agarang panlalamig ng buong katawan ko.

Bet? Pinagpustahan nila ako?
Ou punyeta ka! Pa uli-ulit?! Pinagpustahan ka lang nila!

Wala naman akong plano na gumawa ng ingay sana. Ang plano ko naman talaga sana ay umalis ng tahimik at tumakbo nalang pagkatapos kong marinig ang mga pinag-usapan nilang dalawa. But its too late, they already saw me.

Dalawang babae na importante sa buhay ko, dalawang babae na pinagkatiwalaan ko,dalawang babae na hindi ko inaasahang paglalaruan... ako...?

"S-sha." Para s'yang nakakita ng multo sa gulat. Surprise ?

"J-Ja." Anong kagagahan tong ginawa nyo this time?

I saw them start to panic, their faces filled with with a sudden change of expression. Thei eyes had this fear and anxiety as they saw me, I took a step back. I'd overheard something I wasn't supposed to, and now they were panicked and unsure of what to do next.

"T-tama ba n-arinig ko?" I forced myself not to stutter but I failed.

"P-pinag pustahan n'yo lang a-ako?"pilit kong pinigilan ang mga luhang gusto kumawala sa mga mata ko.

Sana mali ako sa narinig ko. Sana hindi totoong pinagpustahan lang nila ako. Kasi kung totoo man ang lahat ng yun, hindi ko alam kung kakayanin ko.

"W-why don't you answer me?" Ni hindi na nila ako matignan sa mata.

"T-tangane? So t-tama ang narinig ko? P-inagpustahan n'yo lang ako?"

Nanginginig na boses ko, hindi ko kaya.

"Potangena sumagot naman kayo" I shook my head and this time ay hindi ko na napagilan ang pag

patak ng mga luha ko. My eyes brim with burning tears.

Yung puso ko na parang sinasaksak ng paulit-ulit. Nanghihina ako, nawalan ako ng gana dahil sa mga kasinungalinan na natuklasan ko.

"Ja, I-I'm sorry" si Zi na ngayon ay nangingilid na ang mga luha.

"H-how could y-you do this to me?" Para akong tanga na nakatulala lang sa harap nila habang tahimik na umiiyak.

Punyeta!

"L-Let me explain." Si Pixie naman na gusto sanang lumapit pero binantaan ko lang gamit ang aking mata.

Ayoko parin maniwala, pero ito ang katotohanan. Mas lalong naging triple ang sakit na nadarama ko. So totoo nga?

Mapait akong ngumiti.

"Tangena, masaya ba kayo? Nag enjoy ba kayo? Masarap ba sa pakiramdam na paglaruan ang feelings ko?" I tried my best not to exclaim

I remained calm but deep inside, it's killing me! Hinayaan ko nalang ang mga luhang dumadaloy sa pisngi ko, at least kahit sa mga luha ko nalang mailabas ang sakit na nadaramang ito!

"L-lahat ba ng mga pinakita n'yo sa akin ay puro kasinungalingan lang?. K-kaya ba lage kayong nagbabangayan dahil ayaw n'yong matalo sa potangenang pustahan na yan?" It feels like someone is squeezing my heart.
Gusto kong sumigaw! gusto kong pagmumurahin silang dalawa! Pero hindi ko kaya! Potangena!

"Please, listen to me!" Pixie stepped forward.

"Don't! Please don't come near me." Baka kasi pag lumapit s'ya sa akin ay hindi na ako makapagpigil at masigawan ko s'ya at baka kung ano nalang ang mabitawan kong masasakit na salita!

"B-bakit Ziallyn? Bakit Pixie? Bakit n'yo naman nagawa sa akin to? Wala naman akong ginawa sa inyo diba?" Gusto kong humagulgul ng iyak sa harap nila. Pero tinatagan ko ang sarili ko.

Kalmado ko lang silang kinakausap habang walang preno ang pag-agos ng mga luha ko, para na akong patay sa loob ko.

Tangena ang galing mo talaga sa pag acting sj kahit na para ka ng sinasaksak sa puso mo!

Saan ka nagkamali sj? Saan ka nagkasala?

These mixed feelings are killing me! Anger, rage, sadness, pain, feeling worthless and yet somewhere I still hope that this is just a dream! I hate myself for trusting them too much!

"Sa dami naman po ng pwede n'yong paglaruan bakit ako pa? Bakit feelings ko pa?" I let out a wan smile.

"Kaya ba ganun nalang kayo ka desperada minsan na gawan ako ng mga bagay, na dapat ay hindi n'yo naman ginagawa?" Kaya naman pala kung makanakaw halik ay parang ang dali lang sa kanila!

Ni hindi nila ako matignan ng diretso sa mga mata. Ang sakit pota! Double betrayal deputa!!

This is the worst feeling, being betrayed by someone you treasure the most. Knowing you were used and lied to by someone you trusted!

I bit my lower lip at feeling ko na nga dudugo na dahil sa sobrang pagkadiin na ginagawa ko.

"Why are you crying tho? Is it because of guilt? Is it because of your betrayal? or is it because you pity me?"

Huminga ako ng malalim at nagpakawala ng sarkastikong tawa bago pinahid ang mga luha.

I wanted to blame them, but it is not their fault. Because it is me who let them manipulate me at ako na binigyan sila ng importansya kahit hindi naman nila ito hiningi!

Fucking stupid Sj!

I am angry, though on the other hand I know it's all MY FAULT! Maybe if I didn't approach them first siguro walang betrayal na magaganap. Siguro isa lang ako sa napakaraming tao ngayon na humahanga sa kanila.

I had put up a fake smile.

"Explain what? Na hindi n'yo po sinadya? Na hindi n'yo inasahan? Sana man lang bago kayo gumawa ng desisyon ay inisip n'yo rin yung mararamdaman ko---ay ou nga pala, kaya nga pala kayo tinagurian na mga unbothered ice queen kasi una palang wala naman talaga kayong pakialam." I said sarcastically.

Tangena talaga! Potangenaaaa!
They couldn't even utter a single word.

I cleared the lump in my throat.

"my heart is broken, to the point that I don't know if it will heal, job well-done po." I nod as I smile painfully.

Kung kailan naman sana alam ko na ang totoong nararamdaman ko, heto naman ang nangyari! Lahat pala ng mga ginawa n'ya ay puro lang kasinungalingan at pakitang tao lamang!

"P-Please listen to wh-" pinutol ko agad ang gusto nyang sabihin sa pamamahitan ng pag iling ng aking ulo.

"Zi?" Tawag ko sa kanya na ngayon ay nakaupo at nangingilid ang mga luha.

"I-I'm sorry." napapikit nalang ako ng mariin ng marinig ko s'yang humingi ng sorry at humagulgul sa iyak.

"Pixie?" Binalingan ko naman s'ya

"Jane..." Sobrang lambot at lambing ng boses n'ya. Biglang kumirot ang puso ko, at mas mabilis na naman nag unahan ang mga luha ko! this is the very first time na ginawa n'ya sa akin to. Too bad sa ganitong sitwasyon pa.

"Gusto ko lang sana kayong tanungin. " sabay naman silang tumingin sa akin. Singhot na ako ng singhot tangena. Wala na kong pakialam sa hitsura ko.

"K-Kailan nagsimula ang pustahan n'yo?" Sana ay mali ang nasa hinala ko.

"B-before festival" nakayukong sagot agad ni Zi at kinagat ang labi.

Napapikit nalang ako matapos n'yang sabihin sa akin yun. Mapait ko silang nginitian. Tangena before festival? Punyeta! Now I know! Napatango-tango nalang ako sa mga nalaman ko.

"Kaya pala ganun nalang kayo kung makabigay ng mixed feelings sa akin. Now I understand" sabi ko sa kanila, kahit ako ramdam ko sa boses ko yung sakit at lungkot.

Tanga mo Sj, sobrang baet mo naman para hindi man lang sila pagsisigawan at pagmumurahin matapos ka nilang gaguhin!

Bakit hindi mo ilabas ang totoong nararamdaman mo!

Tinignan ko sila ulit.

"A-kala ko totoo lahat ang mga pinakita n'yo, akala ko ako lang ang weird na nag-iisip dahil sa biglaan n'yong pagbabago" pinipilit ko pa rin ang makapagsalita ng maayos. Kasi nanginginig na ang buong katawan ko sa sobrang galit na namumuo sa loob ko.

"A-akala ko lang pala. Saklap naman po." Mabuti nalang din pala at narinig ko ang usapan nila, edi sana mukha parin akong tanga hanggang ngayon. Kasi punyeta! Ito pala ang dahilan kaya parang nag-uunahan pa sila sa akin! Nakakatawa!

"I hope you two enjoyed toying with me and my feelings" Tinignan ko sila isa-isa.

Kita ko ang takot at lungkot sa kanilang mga mata. Tangena? Gagawa kayo ng laro tapos kayo pa ang may gana gumanyan?!

"Ja, pakinggan mo naman ako!" mas gusto ko nalang ata maging pokerface silang dalawa, kaysa ganito na nakikitang may luha sa kanilang mga mata!

"Ha? Pakinggan ka? Nag jojoke ka ba? Dumaan ang maraming araw Zi. Ang daming pagkakataon para magpaliwanag ka, tapos ngayon mo lang pinaplano. Na nabuking ko na kayo?" I wipped my tears

"Am I that easy target?"

"Now I know why you asked me before. What if someone betrays my trust? So ito pala yun? buong puso kong sinagot tanong mo Zi. Pero hindi ko pala alam na ako yung magiging victim. Kamusta? Nag enjoy ka ba?" I said sarcastically.

Yung mga tuhod ko na gusto na sumuko, tinakasan na nga ata ako ng lakas ko pero pilit ko parin nilalabanan para hindi ako magmukhang kawawa sa harapan ng dalawang pinagpustahan ako.

Tangena sj no? Dahil lang pala sa pustahan kaya ka nila nilapitan.

"J-Jane..." Her voice broke..tangena di ko man lang namalayan na nasa tabi ko na pala! She cupped my cheek and made me look at her, and tears started to fall down again as soon as I saw her eyes. Why, why can I only see it now? Why the fuck do I see this goddamn sadness in her eyes?

"Haa." I couldn't take it anymore, humagulgul na ako ng iyak habang nasa harapan ang dalawang babaeng pinagpustahan ako!

I'm feeling broken, I couldn't stop my tears!...sobbing... groaning...It's too painful!!

Ang tanging nagawa ko nalang ay pagsusuntokin ang pader, I dont care if my fist will bleed. I just continued to punch the wall with all the remaining force I have.

I just want to fucking release this feelings that's killing me inside.

"Ja/Jane!"

"ENOUGH! ENOUGH, OKAY?!" I exclaimed.

Gulat at takot ang bumalot sa kanilang mga mukha. Kahit ako ay nagulat sa ginawa ko! Punyeta ka Sj bakit mo naman ginawa 'yon! Hindi ko na talaga nakontrol ang sarili ko.

"Congratulations for breaking my heart and trust for the first time. Well played"

"Thank you so much sa regalo n'yo sa kaarawan ko. Ngayon nalang nga ulit ako nagpasya mag celebrate ng dahil sa inyo. Pero hindi ko naman pala expected na dahil din sa inyo ay masisira at masasaktan ako." Hindi ata nila inasahan 'yong sinabi ko, dahil sa gulat ng mga reaksyon nila.

Tumayo na ako at pinunasan ang mga luha at mabilis tinalikuran silang dalawa. Palabas na sana ako nang biglang humabol si Pixie.

"S-sha please, let me expla-"

My grip on the doorknob tightened when I saw her crying. Tears fall down again and again!!

"Jane-"

"Please stop and let me go" malamig kong putok sa kanyang pagsasalita. I shoved her hand, and then started to run away from them.

Alam ko naman na wala akong karapatan magalit sa kanila. Pero hindi ko lang matanggap na kaya lang nila ako nilapitan ay dahil sa pustahan nila.

Kaya naman pala paunahan sila lage kung makabakod sa akin, kunyari may gusto sila. Yun naman pala para lang sa punyetang pustahan nila.

Malas nga naman at sumabay pa talaga ang napakalakas na ulan sa nararamdaman ko. Sinasabayan mo ba akong umiyak?

Hindi ko lang alam at bakit nangyayari to? Hindi ko naman sila pinaglaruan para gawin nila sa akin to? Wala rin naman akong masamang intensyon sa kanila para saktan nila ako ng ganito?

Nagsimula na naman bumuhos ang mga luha ko kasabay ang napakalakas na buhos ng ulan sa gabing to.
Sana pala kung alam ko lang na ganito umiwas na ako. Stupid self!

Some people will never love you the way you need to be loved. Because they haven't yet loved themselves in that capacity. How I wish this is just a bad dream.

Kaagad ko pinaandar ang sasakyan at nanlalabo ang mga matang pinaharurot ang sasakyan.

Biglang sumakit ang ulo ko, yung parang iniipit sa sobrang sakit. Nasapo ko nalang ito habang pailing-iling. Hindi ko na rin maklaro ang daan dahil sa sobrang lakas ng ulan.

Hindi nagtagal bumalik na naman ang sakit at parang mas dumoble pa ang sakit. Hindi ko na pala namalayan na napabilis na pala ang takbo ko.

"J"

Fuck! What was that?
Akala ko may tumawag sa akin kaya napalingon ako bigla sa likod.
Pero hindi ko naman inaasahan ang susunod na mangyayari...

"Shit!!!!!"

I tried to avoid the truck but it's too late...

.
.

Am I going to die?
It's getting cold coz of the rain.
I don't wanna die yet....noo... I still need to tell her how I feel...noo..Tears started to fall down..Loud buzzers...broken glass..blood..rain..barely breathing..

But before I lost my consciousness. I saw her running towards me....crying...shaking...sobbing.. shocked..cold...

"P-please d-dont sleep! P-lease! Im begging you. O-oh god! I c-can't lose you....again!"

Don't cry...

Then slowly, everything went black...

CHAPTER 23

-

-

-

-

-

-

-

-

-

-

-

-

-

-

-

-

"Cut!!!"

"Cut!!!" Sigaw ni Keyboard habang nagtatalon, s'ya daw director namin e. Sige nalang.

"Ano na babe wala kang balak tumayo d'yan sa daan ha?! Ubos na ang tubig sa water truck." Itong si kb, hindi na talaga ako tinantanan kakatalak.

"Wooooooooo!" Palakpakan ng mga kaibigan namin.

"Hoy! Pwede ka na mag artista Sj!" Sigaw ni Iris habang tumatakbo palapit sa amin.

"Hoy! Tumayo ka na gaga ka!" Tawag na naman ni Kb sa akin" langya ang sarap pala humandusay dito sa daan habang nauulanan kuno.

"Kb aray, makahila ka naman! Tampalin kita nitong hose!" Makahila parang naghihila lang ng bata e.

"Tangena ang ganda nitong plot twist ha! Pasalamat nalang talaga tayo sa mga Ponferrada at pumayag silang idamay sila sa kagagahan natin" natatawang saad ni Iris na ngayon ay tinutulungan akong ayusin ang sarili.

Nagtataka ba kayo anong ginawa namin? Nasa daan lang naman kami at nag shooting para sa isang scene. Sumali kasi kami sa contest event ng theater club para sa susunod na play nila this second sem.

Last month pa na post at nalaman ng mga bruha kong kaibigan last week, kaya't sabi nila ay sumali kami at ang gawin namin ay 'yong story na ginawa ko.

Buti nga at napapayag ko rin tong dragon at demonyo e. At first ay ayaw nila, alam n'yo naman ang mga malditang 'yon. Pero dahil sa makulit ako at ayaw ko silang tantanan ay napapayag ko rin naman sila.

Ang story kasi ng ginawa ko is about trust and betrayal, it's actually a complicated love story. Naisip ko rin 'yong usapan namin ni Zi that night sa resort kaya isinama ko na. Pero dahil medyo nahirapan akong isipin kung anong klasing betrayal. Ang ginawa ko nalang ay isang babae na pinagpustahan ng dalawang babae na mahalaga sa buhay n'ya.

Kaya ayun, naisip ko idamay si dragon since bagay naman sa kanya 'yong role na gagampanan n'ya. Haha nausok pa nga ilong n'ya nong sabi ko about betrayal at ang e po-portray n'ya ay isa sa mga nag taksil at nanloko. At syempre ako 'yong bida at sila dalawa ni Zi ang nagtaksil sa 'kin. Purr ?

Lahat ng nangyari kanina ay scripted lang lahat para sa ginagawa naming shoot.

"Gago wala panalo na to! Sobrang makatotohanan tong ginawa natin ang gastos natin!" Singit naman ni Iris.

"Sus pera lang yan, ang mahalaga nag eenjoy tayo bobo!" Hampas na naman ang natanggap n'ya kay kb.

"Pwede na pala tayo gumawa sariling movie natin e. Patok to sure ako d'yan, dagdag mo pa si dragon at demonyo kasali rin ar-- pisti ka Kb! Ikaw saksakin ko nitong hose e!" Langya talaga tong dalawang to.

Ang dami ko palang fake blood sa damit ko, nanlalamig na rin ako. Iba talaga hangin pag pasko.

December 21 palang ngayon guys, wag kayo malito. Nilagay ko kasi doon sa story ko dec 24 para dama talaga ang sakit charot. Pero totoo 'yong nakalagay sa script na sa 24 talaga birthday ko.

Isinama ko na rin nga sa script ang pag pangaroling namin, since nasa plano naman talaga namin gawin 'yon. Mahirap na hindi sundin ang isang keyboard at baka hampas na naman matanggap namin tatlo.

Nakita ko si Pi na ngayon ay kasama ng mga Ponferrada haha s'ya kasi 'yong humabol sa akin kanina, sobrang basa na n'ya baka magkasakit pa tong dragon ko.

"Tara lapit tayo sa kanila" sabi ko sa dalawa. Si Ag kasi kasama ng mga Ponferrada ngayon sa tent na nasa gilid lang ng daan.

"Miss!" Tawag ko sa kanya kaya lumingon s'ya. Aweee Mommy look so sexy sa wet clothes n'ya. ?

"Okay ka lang ba?" Tanong ko at kinuha ang towel na hawak n'ya, at ako na ang nagpatuloy na punasan ang mga kamay n'ya.

"Yes, ikaw?" napangiti ako. Ay concern yarn.

"Okay lang po, grabe ka Miss Ma'am hindi ko talaga inakala yung acting mo kanina. Pwede ka na maging multi role artist" nakangiti lang ako habang kinakausap s'ya.

Ang galing n'ya sa acting guys, kahit ako muntik ko na makalimutan ang script ko kanina dahil sa kanya. Parang makatohanan kung mag drama e.

Pero dapat lang naman talaga na mukhang makatotohanan ang acting para madama ng viewers bobo sj!

"Where's my payment?" Biglang tanong n'ya kaya napahinto ako sa aking ginagawa.

"Anong payment gusto mo Miss?" May inabot naman si Kb na drinks sa amin kaya agad kong kinuha at ibinigay ang isa sa kanya.

"Date" biglang naibuga ko kay keyboard ang inumin na iniinom ko.

"Babe!!" Tangena, bwesit kasing tong dragon. Kung anu-ano lumalabas sa bibig.

"S-sorry alangya naman kasi nagulat ako!" Dali-dali kong ipinunas sa mukha n'ya ang towel na hindi ko pa nagagamit.

"Pft" awtomatikong napalingon ako kay Dragon. Wtf? Tumatawa s'ya?!

Napansin n'ya ata na nakatingin ako sa kanya kaya balik pokerface s'ya agad. Bakit ba tinatago ang ngiti kung sobrang ganda naman n'ya.

"Miss bakit pinipigilan e nakita ko na?" Hindi naman sumagot ang dragon, nice talking self.

Binalingan ko nalang ulit si Kb na nakabusangot na ang mukha dahil sa ginawa ko.

"Sorry na Kb, hindi ko naman sinasadya. Ito na ba last scene na gagawin tonight?" Tanong ko sa kanya , nagtatampo ang keyboard.

"Ou ito na last" sagot n'ya sabay irap.

"Ja, tara na. Balik na sa condo para makabihis na kayo." Bigla nalang talaga sumusulpot to si Zi kung saan-saan.

"Sige na mauna na kayo at susunod lang ako, kailangan ko pa linisin tong kalat natin sa daan" sabat naman ni Keyboard.

Ang kalat nga naman ng daan, yung truck at kotse kuno na gamit ko kanina nong na aksidente ako. May dalawang water truck pa na kanina pa ako sinusundan simula sa condo ni Zi.

Kaloka talaga tong mga kaibigan ko, pinasara ba naman ang isang kalsada para lang sa shooting namin. Oh diba, sila na mayayaman.

Agad na kaming nag-ayos ng mga gamit at bumalik sa condo ni Zi. Gusto ko na rin maligo kasi ang lagkit ng katawan ko.

.

"Ja" tawag ni Zi sa akin pagpasok namin sa unit n'ya.

"Hmm?"

"May damit kang dala?" Ay wala nga pala akong damit na dala.

"Ay wala Zi, nakalimutan ko pala magdala. Meron ka extra? Barter ko muna dito sa drinks ko" nakita ko naman s'yang ngumiti.

Ay wow napapansin ko talaga na madalas na s'yang ngumiti ngayon, pero syempre nangingibabaw pa rin ang pagiging cold n'ya.

"Ok maligo ka na" sagot n'ya.
Bathroom n'ya ginamit ko kasi gamit ni dragon ang isa sa kabila.

Nang matapos akong magbihis ay lumabas na agad ako, nasa living room silang lahat. Nag-uusap at wow may inuman na nagaganap.

"Babe! Dito dali!" Tawag ni Kb pagkakita sa akin at pinatabi sa kanya. Binigyan n'ya naman ako agad ng can of beer kaya kinuha ko na.

"Nasa script ba yung sinabi ni cassandra kanina?" Tanong ni Ag sa akin.

"Wala, hindi kasali. Ang nasa script lang naman ay sama-sama tayo kumain, pero yung pinag-usapan natin dito kanina ay mga totoo na" sagot ko agad na ikinatango naman ng mga kambal.

"Oh, so sa states talaga kayo sa new year?" Baling nito sa mga kambal.

"Ou" tipid na sagot ni Helari.

"Totoo yung sinabi mo tungkol sa pinsan mo?" Si Annallyn naman ang nagtanong.

"Ou, pakilala ko kayo sa cousin ko pag-uwi n'ya galing states" sagot ko agad at nginitian sila.

"Gage, hindi ko alam na legit pala. Akala ko scripted din eh" singit naman ni Kb.

"Ang engot mo Kb, ikaw director tapos hindi ka nagbabasa ng script? Tanga" yan, sisimula na naman sila.

"Sampalin kita nitong hawak ko gusto mo?" Ang sama na makatingin nitong keyboard, agagalit na.

Tumikhim naman si Pi bago magsalita.
"What's the next scene?" Tanong nito.

"Bed Miss" nasamid pa tong mga kasama namin dahil sa sagot ko. Kaloka ano ba iniisip nila.

"Anong bed hoy!" Gulat na tanong ni Iris.

"Hospital bed po" ang dudumi ng mga utak. Inirapan ko nalang sila.

"What's the epilogue of the story?" Tanong ulit ni dragon.

"Actually I don't know yet."

"Baka po ang endgame ay si Bogart at Shara" seryoso kong saad sa kanila. Pero syempre joke lang haha

Langya, binugahan ba naman ni Kb ang mukha ni Iris. Itong mga Ponferrada naman makatingin parang sinasabi na "*ARE YOU SERIOUS?"*

"Punyeta Kb!!! Nakakadiri ka!" Hahaha diring-diri talaga hitsura n'ya eh.

"Ano ba naman kasi si babe!" Inis na sambit ni Kb.

Mahina akong natawa.

"Basta miss, kasi ikaw yung long time partner ni Shara sa story na to. Nagka selective amnesia s'ya at nakalimutan n'ya si Pixie. Then after the accident tonight ay nalimutan na naman n'ya ulit si Pixie, kumbaga dalawang beses s'yang nabura sa mga ala-ala ni Shara. Masakit kay Pixie na makalimutan s'ya ng taong mahal n'ya sa ikalawang pagkakataon. 4years din naghanap si Pixie bago mahanap ang babaeng mahal n'ya, but too bad ay may nagugustohan na itong iba." Nanuyot lalamunan ko kaya time out muna saglit para uminom.

All eyes on me...

"And that is Ziallyn?" Tanong n'ya ulit.

"Yes po" sagot ko habang ngumunguya ng pulutan.

"Hindi ko pa po natatapos ang epilogue pero nasimulan ko na."

Ou, yes po. Tama po kayo sa nababasa n'yo. Mga pangalan namin ang mga gamit namin sa story na to. Syempre ako author, ako masusunod!

"Anong bogart! krystal bern at shara jane dapat ang ending!" Oh bakit nanbubulyaw ang gaga na to. Hindi ko nalang s'ya pinansin at kumuha ulit ng beer, bilis naman maubos nito.

"Tanga hindi ka kasali sa story n'ya!", Sabat naman ni Iris.

"Hahaha." biglang tumawa ang tatlong kambal. The hell?

"Grabe ka Sj, naiyak ako sa Pov mo sa story." pinabasa ko kasi sa kanya yung script namin tonight.

"Para talagang totoo na, hindi na fictional" natatawa namang singit ni Helari.

"Hindi nga sana papayag si Zi at Miss e nang matapos nila mabasa yan. Marami rin naman lumipad sa mukha ko na mga gamit, kaso wala syempre hindi ko sila tinantanan. Ayan pumayag din" tawa-tawa kong ibinahagi sa kanila.

Nagtawanan lang sila. Sanaol tinatawanan.

May time nga na pinasukan ko tong si dragon sa office n'ya at kinulit bigla nalang may lumipad na mga

credit cards sa mukha ko langya. Buti nga at hindi na platito.

Itong si demonyo naman nong kinausap ko, binato ba naman ako ng wallet n'ya. Apaka sama talaga ng mga ugali nito. Pero okay lang, napapayag ko rin naman sila. ?

Biglang tumayo ang kb at tinisod ni Iris kaya napasubsub ito sa dibdib ni Annallyn!

"Hoy keyboard! Bakit mo sinunggaban si Annallyn lintik ka!" Luh ang kapal ng mukha nito, s'ya naman ang dahilan.

"Sinong tumisod sa akin ha?!" Sa sobrang kakapalan ng mukha n'ya ay wala na s'yang pakialam kahit nandito ang mga Ponferrada, lakas makasigaw ng keyboard na to.

"Si Sj!" Sabay na turo sa akin ni Ag at Iris. Hala traydor?

Nanlaki naman ang mata kong binalingan si Kb. "Hoy keyboard! Bitawan mo ang boobs ni Annallyn mahiya kang gaga ka!" Sabi ko at hinila na s'ya pabalik sa upuan. 'tong Annallyn naman na to ay parang wala lang sa kanya. Nagmana ka kay Ziallyn te?

"You know guys" hala si Annallyn nagsalita.

"Girls"hala ang keyboad nangoreksyon hindi na nahiya.

"Bobo women!" Biglang sabat ni Iris.

Hindi ko na kinaya ang kagaguhan nila at humagalpak na ako sa tawa. Bwesit talaga tong dalawang to.

"Manahimik kayo, hindi na kayo nahiya. Kakapal ng mga pwet n'yo" saway ko sa kanila ng nangingilid na mga luha.

"Kailan mo nahawakan ang pwet ko babe?" Gulat na tanong n'ya. Wala talaga s'yang sense minsan. Langya

"Kung kayo siguro kasama namin lage hindi siguro matatahimik araw namin." Biglang sabi ni Helari

"Aray namam Helari, so sinasabi mo na mga salot kami?" Sagot ni Iris sabay hawak sa dibdib n'ya, ay drama.

"Hindi, mas gusto nga namin kasama kayo para hindi kami mabibingi sa sobrang katahimikan" sagot n'ya at humalukipkip.

"Mga pepe kayo?" Litsing kb to

"Yung bibig mo ang bastos!" Kaya tinampal ko ang bibig n'ya. Nandito pa naman si Professor Dragon! Buti nalang at hindi naman umangal.

"Magsasalita ba kung pepe ha keyboard?! Yung utak mo ba may kabag?" Ay nako kilala n'yo na po kung sino na naman tong sumabat sa kanya.

Naalibadbaran ako sa kanila kaya nag excuse muna ako at tumambay sa may terrace.

Sarap naman ng hangin, napaka fresh masyado sa pakiramdam.

"Hey"

"Ay butiking walang lawit!" Litsi, napatalon pa tuloy ako dahil sa multong bigla nalang sumulpot.

"Am I that scary?" Taas kilay n'yang tanong. Ou skeri ka mamehh.

"Ou miss super" sagot ko, honest tayo diba.

She hissed.

"Miss kailan ka aalis?" Tanong ko habang pinagmamasdam ang makukulay na tanawin mula rito sa terrace.

"Pinapalayas mo na ba ako?" She said irritatedly kaya napatingin ako sa kanya.

Luh ano ba pinagsasabi nito? Nagtatanong lang nga kung kailan sa aalis as a substitute teacher. Ay tanga sj.

"I mean, diba substitute teacher ka lang?" Makatingin naman to, parang may kasalanan akong nagawa e.

"Secret"

"Hala!!" Langya napasigaw pa nga.

Bigla ba naman ako sinapak!
"Jesus! Don't startle me!" I bit my lower lip. I don't wanna laugh baka masapak na naman ako. Napatalon kasi s'ya sa sigaw ko.

"Sorry, kailan mo pa natutunan yang pa secret-secret mo miss?" I tilted my head and then smirked.

Inirapan lang ako, supladang dragon talaga.

"By the way, are you free this 23?" Halaka, anong binabalak mo sa akin Miss Ma'am.

May gagawin ba ako non? Wala ata? Meron? Wala nga.

"Wala...I mean, yeah I think so? Why?"

"Let's go out" nanlaki ang mata kong nakatingin sa kanya.

Ha? Inaya n'ya ako lumabas? Out? Date ba yan? Ou date yan tanga sj!.

"Nandito naman na tayo sa labas p-aray! Bakit na naman." langya talaga, sakit mangurot ng dragon na to.

"Umayos ka ng sagot o ihuhulog kita." laka tangena papatayin pa ata ako. Napatingin naman ako sa baba, gage mataas din babagsakan ko.

Gulped.
"Hehe, gusto mo ako e date? Cheater ka ma'am, sumbong kita sa bebe mo." Tanong ko habang nagkakamot ng ulo. Maninigurado lang baka mag assume na naman ako.

"Pay your debt. Tinakasan mo 'ko sa auction." Akala ko ba ayaw n'ya kasi hindi s'ya interested?

"Sabi mo aya-"

"That's an order." maawtoridad na saad nito. Seryoso masyado makatitig si Miss, pinagpapawisan ako bigla.

"O-okay?" Natutulala nalang tuloy ako. Bakit mag-aaya ng date eh mahal pa naman ex.

"Good" she smirked then went back to the living room.

Nanatili muna ako sa terrace bago magpasyang bumalik sa loob.

.

"Woooo kb go kb go go udhjdjshsh"

Ano tong nasasaksihan kong kagagahan ng mga kaibigan at mga kambal? Nawala lang ako mga ilang minuto mga lasing na sila?

Mabilis kong nilapitan si Kb at Iris na nagpapatayan na. Ang mga kasama namin naging literal na spectators ampotek.

"Hoy keyboard, bitawan mo na. Malalagutan na ng hininga si Iris gaga!" Sinakal ba naman n'ya si Iris langya.

"Pag ako nainis sayo kb! Malapit na akong masaasar!" Singhal ni Iris. Wala talaga sila kwentang kausap na dalawa.

Ginawa na atang payaso ng mga kambal tong dalawa. Tawa nang tawa e, habang ang dragon at demonyo nasa gilid lang nag-uusap. Ay close na sila?

"Oh my gosh keyboard!!" Bulaslas nila annallyn na maypa takip pa kuno sa mukha pero nakabukas naman ang mga mata.

Hala ang tanga! Naghubad ng damit.! Kaya agad ko s'yang nilapitan upang pigilan.

"Anong pinainom n'yo kay kb hoy langya, bakit nalasing agad to" tanong ko sa kanila.

"Nilagyan ni Iris ng ajinomoto at snowbear yung inumin ni Kb haha" ang saya naman ata ni Ag ngayon.

"Ha? Ano yun?" Kunot noo kong tanong, anong ajinomoto at snowbear na yan.

"Hindi rin namin alam" sagot ni Cassandra.

Feeling ko talaga pag sumabay lage tong mga kambal sa amin ay mahahawa sila sa mga kalokohan nila Kb.

"Halika Iris tulungan mo ako" sabi ko sa kanya.

"Bakit?"

"Ihuhulog natin si Kb sa terr-" litsing kamay yan bigla nalang nananapak.

"Chum ohn irijsh u beayshh, llets swinming sa terravce" nyawa na, hindi ko na naman to maintindihan

"Ano sabi Iris?" Tanong ko sa kanya. Pro s'ya sa mga drunk messages e.

"come on iris you bitch, lets swimming sa terrace. Papatayin nga ata ako n'yan. Nasa 23rd floor tayo!" Wow mukhang amaze pa sya sa pag translate n'ya.

"Tara na at ihatid na natin sa condo n'ya. Medyo late na rin" aya ko sa mga kasama ko kaya tumayo na rin sila at pinauna sila sa labas habang inaalalayan si Kb.

"Uwi na kami mga kambals, Zi and Miss." Paalam ko sa kanila. Sasamahan pa nga sana kami sa pababa pero sabi ko kaya na namin.

Tumayo naman si Zi at lumapit sa akin. "Take care Ja." She said then smile.

"Thanks! Goodnight, alis na ko zi" sabi ko at sinilip ang iba sa likod n'ya at nagpaalam na rin.

Paglabas ko ng pinto ay laking gulat ko nalang nang makita si Kb na nakahandusay na sa sahig.

"Tinudas n'yo na ba?" Tanong ko sa kanila.

"Si Ag lang, sinampal ba naman n'ya ng pagkalakas. Ayan resulta tigok" buti nalang talaga at hindi sila ganito pag nalasing ako.

"Tara buhatin natin, ikaw sa mga kamay Iris, ikaw sa kanan na paa Ag at ako sa kaliwa." Sumunod naman sila at binuhat na ang keyboard. Para s'yang baboy sa sitwasyon n'ya ngayon.

-
GIRLFRIENDS

SJ
Hoy

KB
Manahimik ka, may kasalanan ka pa!

IRIS
HAHAHHAAHAHA

AG
??

SJ
Si Iris ang may kasalanan sayo bakit ako sinisisi mo gaga.

KB
Mga bwesit kayo!

Hahaha nagalit kasi s'ya kasi nag trending yung picture n'ya nong bitbitin namin s'ya na parang baboy. Di parin humuhupa yung tampo n'ya sa amin e.

SJ
Hahaha sorry na babe.

KB
Okay forgiven babe?

IRIS
Ang rupok mo kay sj tapos sa amin puro sapak! ?

AG
Hahahaahha bahala kayo jan.

SJ
May date ako!

KB
Kanino?

AG
Kay dragon

SJ
Ay wow bakit mo alam ha.

AG
Malamang nasa states sila demonyo. Bukod sa kanilang dalawa meron pa ba?

KB
Ou ako?

IRIS
Haahahahahaha

SJ
Gaga

IRIS
Awts gaga zone. ??

KB
Ge lods

AG
HAHAHAHAHAHAHAHA

SJ
Ge na aalis na ako, balitaan ko nalang kayo. ?

KB
Gege layas ?

IRIS

Have fun mwuaa

AG
Sure na yan, enjoy!

-

Ngayon na date namin ni dragon, akala ko di na s'ya maniningil eh sabi n'ya noon para lang sa charity. ?

Aalis na sana ako ng biglang tumunog ang phone.

Pixie
I'm outside your house.

Hala!
Nagmadali na akong bumaba at lumabas. Bakit may sunduan na nagaganap mamehh.

Pagkalabas ko ng gate ay nakita ko agad ang sasakyan n'ya. Paiba-iba nalang lage ang kotse n'ya, daming kotse naman nito. Naka black lamborgini reventon ? . Luhod mga slapsoil.

Pagbukas ko ng pinto ay naka simple white shirt, jeans and white shoes lang si Mommy. Sexy parin kahit anong damit suotin ni dragon!

"Hindi ka ba papasok?" Ay hala tanga,

alam mo naman na maganda si dragon sj, para kang just now.

Kaya pumasok na ako agad at nag seatbelt.

"Hindi mo na sana ako sinundo miss, marunong naman ako mag commute" sabi ko sa kanya matapos mag seatbelt.

"Where's your car?" At nagsimula na s'yang mag drive. Saan ako dadalhin ng dragon na to.

"Binigay ko kay dad, nasira na sasakyan n'ya kaya pinagamit ko na yung akin." Sagot ko agad sa kanya.

"Mhm" sagot n'ya sabay tango.

"Saan mo ko balak itanan miss?" Maasar nga.

"Sa bahay" bilis naman lumingon nitong ulo ko.

Luh ano raw?

"S-sino ka?" Ay tanga kang bibig ko. Masasapak ka na naman n'yan gaga.

"Your future wife" hoy tangena! Yung puso ko parang bigla nalang tumigil at ramdam ko ang init na dumaloy paakyat sa mukha ko!

Akala ko pa naman maiinis s'ya, hindi ko naman inasahan na mag j-joke s'ya.

"Speechless hmm?" She smirked.

"A-ah di ah, nagulat lang ako sayo. Akala ko ibang tao kasama ko eh. Galing mo mag joke hehe" I averted my gaze at itinuon nalang ang atensyon sa labas ng bintana.

Yung puso mo Sj. Gago tong si dragon kung maka surprise attack naman. Hindi man lang nagsasabi.

Kaya nga surprise attack sj diba? Bobo lang?

Hindi naman ito sumagot.

"Are you hungry?

"Papakain ka b--ikaw gutom ba?" Langya naman talaga buti nalang napigilan ko. Saan ko ba kasi namana tong ka manyakan ng bibig ko.

"Busog pa, but if you're hungr-"

"Busog pa ako mommy"

"Ay shit!" Gusto ata ako patayin nito, buti nalang talaga naka seatbelt. Bigla ba naman pumreno

"Pi naman papatayin mo ata ako sa kaba" sabi ko sa kanya.

Ay patay tayo d'yan sa mga tingin n'ya na parang kakatay.

"Stop calling me Pi. Call me baby" Napanganga nalang ako dahil sa sinabi n'ya, bakit ba napaka naughty naman ni mamehhh today! Baka di na kayanin ng puso ko at mag collapse nalang ako bigla n'yan!

She bit her lower lip to suppress her laughter. Kahit siguro ako matatawa sa reaksyon ko. I quickly covered my face using my both hands, tangena mo dragon ka!

"What now? Don't you like this kind of conversation?" Feeling ko talaga sobrang pula na ng mukha ko. Pisting yan, malakas naman sana ang aircon pero bakit naman po ang init!

Ano Sj kaya pa? Rerebat ka ba ha? Parang wala akong maisip. Blangko ang utak ko, tinakasan ako ng bobo kong pag-iisip.

"M-miss naman, pag ako talaga gumanti sayo makikita mo" sagot ko pero yung mga mata ko nasa kalsada lang. Ayoko s'ya tignan dahil alam kong may gagawin na naman s'yang kalokohan.

"Mhm okay. I'll wait" napapikit nalang ako sa sagot n'ya. I'll wait pa nga.?

"Saan mo na naman natutunan mag ganyan Miss." Tanong ko.

"Panget ng tutor mo" dagdag ko.

"Okay, you're ugly" kaya napatingin ako sa kanya.

Hoy bakit ang laki naman ata ng ngiting yan mameh! Nakaano ka na.
"I don't remember teaching you"

"I learned from you" I look at her in amusement. Oh bigla ako naging proud dahil sa sinabi n'ya aa.

"Pero seryoso Miss saan tayo?" Tanong ko kasi hindi ko rin alam kung saan kami pupunta.

"Let's watch a movie first" sagot n'ya.

"Okay boss" sagot ko.

-

Pagpasok sa mall ay dumiretso kami sa chanel, hindi ko alam ano bibilhin n'ya rito.

"Come here" tawag n'ya sa akin kaya lumapit ako.

"Turn around" nalilito man ako pero ginawa ko na rin.

Naramdaman ko nalang na may kwentas na pala s'yang inilagay. My eyes widened in surprise. What the?

"Ano to miss?" Naguguluhan kong tanong.

"My first gift" nakunot naman noo ko sa sinabi n'ya.

"How much?" Tanong n'ya sa sales lady.

"$44,450 ma'am" nanlaki ang mata ko at huhubarin ko na sana kaso pinigilan ako ni dragon.

Hindi naman ako mahilig sa mga material na bagay eh. Isa pa anong sinasabi n'yang gift?

"M-miss w-"

"I told you, it's my gift. That's an order so shut up" the fuck?

Wala na rin akong magawa, baka magwala na naman si dragon. It's a transformable long necklace, 18k white gold diamonds. ?

Inabot na n'ya ang blackcard n'ya. May plano pa nga ata s'ya kumuha ng relo, pero hinila ko na s'ya palabas.

"T-thank you miss" sabi ko prr.

"Will you please stop calling me Miss? It irritates me" she said irritatedly then raised a brow. Gulped.

"Pi?"

"Baby?" langya baby nga kasi gusto n'ya.

wag ka na mahiya Sj total makapal naman ang mukha mo.

Hindi naman s'ya sumagot at nagpaikot lang ng mata. Agad na kami umakyat sa 4th floor para manood ng movie ?

"Stay" *woof woof.*

Iniwan n'ya muna ako sa table, may mga table kasi na nakalagay sa gitna malapit sa ticket center.

May kausap s'ya na staff at umalis muna ito saglit.

May isang lalaki na lumapit sa kanya, pero hindi s'ya pinansin nito. Feeling ko nga annoyed na s'ya kaya nilapitan ko na. Ganda naman kasi masyado kaya maraming lalaki ang nahahatak.

"Baby" tawag ko sa kanya, kaya napalingon silang dalawa.

I wrapped my arms around her waist infront of the guy.

"Do you know him?" I asked

"No" tipid n'yang sagot kaya napatingin ako sa lalaki.

"May kailangan ka?" Tanong ko at tinaasan s'ya ng kilay. Kala mo pogi hmp.

"W-wala sorry" at mabilis na lumayas.

"Diba sabi ko hintayin mo ako?" Sabay turo sa table.

Inalis ko na rin ang mga kamay ko sa bewang n'ya at baka magalit na naman s'ya.

"Nakita ko kasi na parang gusto mo na suntukin yung lalaki kaya nagkusa na akong lumapit. Wala man lang bang thank you d'yan baby?" I said then smirk.

"Tsk" langya, kanina ang landi n'ya tapos ngayon magtataray. Sarap tampalin ng pwet.

"Ma'am okay na po. Pwede na" sabi nong lalaki na kausap n'ya kanina.

Pumasok na kami sa loob ng cinema at napansin ko na....kami lang ata tao rito? Eh ang dami mga nakapila sa labas kanina.

"Asan mga tao?"

"Pinasipa ko" luh, tama ba narinig ko?

"I rent this for 2 hours" hala si mamehhh, lage nalang talaga akong na susurpresa sa mga actions n'ya.

naupo kami sa pinakagitna, akala ko nga sa pinakauna since mukha near sighted naman s'ya. May bigla naman na dumating na staff na may dalang pagkain.

"Aw spaghetti and cake!" Masigla kong sabi.

"How'd you know my favorite?" Tanong ko at tinignan s'ya.

"Gut" tipid n'yang sagot. Napatango naman ako.

"Shit, pudding ko! Yes!" gago, syempre hindi dapat mawala ang pudding.

Di pa ata magsisimula kaya kumain na muna ako. Medyo nagutom ako dahil nakita ko ang favorite foods ko e.

"What are we going to watch?" Tanong ko habang busy nilalantak ang aking mahal na cake.

"We bare bears"

Nabilaukan ako bigla dahil sa sinabi n'ya, buti nalang may drinks na rin na nakahanda. Langya

Tangena, tama ba narinig ko? We bare bears?

"You're so clumsy" sabi n'ya sabay kuha ng tissue paper at pinunasan ang labi ko.

Sino ba naman kasi hindi magugulat sa sinabi n'ya?! She rented this place just to watch we bare bears??

"What's with the frown?" Tanong n'ya.

Babaeng to talaga napaka-unpredictable masyado sa mga galaw n'ya.

"Nagulat lang kasi ako tas medyo nalito. Ni rentahan mo to para lang manood ng we bare bears?" I then bit my lip kasi baka humagalpak ako sa tawa. Mahirap na baka lumipad sa mukha ko ang cake na nasa harap n'ya.

"Yes and so? May problema ba?" Taas kilay n'yang tanong.

Napayuko nalang ako dahil baka makita n'ya yung pagpipigil ko ng tawa.

I shook my head.

"Sino favorite mo d'yan?" Tanong ko sa kanya. Ang focus n'ya masyado sa pinapanood namin.

"Ice bear" direrso n'yang sagot.

"The smartest, cleverest and mature one?" I asked.

Hindi naman talaga ako nanonood sa mga ganito. Pero halata naman sa personality nong Ice bear.

"Yes"

"Parang ikaw lang din pala yan mis-baby" sabi ko at ngumisi, nilingon naman ako nito at inirapan tsaka ibinalik ang atensyon sa big screen.

"I know." focus nya naman masyado sa cartoon na yan!

Hindi pa nangalahati ang palabas ay naubos ko na ang mga pagkain, kaya umorder sya ulit para sa anin. Oh bwakinangshit, lambing ng dragon na yan!

-
Natapos din ang 2 hrs at lumabas na kami. Jusko! Akala ko nga we bares straight 2hrs na 'yon e, pero nanood din kami ng pucca.

panay pa ako tawa kanina kasi hindi ko talaga expected sa kanya ang manood ng mga cartoons.

"Saan tayo next?" Tanong ko sa kanya, this time ay ako na ang nagmaneho. Kawawa naman tong

dragon ginawa ko pang driver.

"I want to try EK" sagot n'ya

"Luh, hindi ka pa nakapunta ron?" Ano ba inaatupag nito at hindi pa nakakapuntang EK. O baka busy sa trabaho?

"Gusto ko ma experience kasama ka." I smiled at her when she said that. Tigil na ma'am, nakakarami ka na!

Why is my dragon so sweet tonight. There is it again, that stomach filled with butterflies.

-

Nakunot ang noo ko nang pagdating sa EK ay ... bakit walang tao? Close ba sila?

"Close ata sila? Walang mga tao eh" baling ko kay Dragon na may katawag pala.

"We're here, open the gate." Hala open the gate don't tell me?!

"Y-you, d-dont tell me nirentahan mo rin tong EK?" my eyes widened in shock. She's so damn krazyy mamehh.

"Yes, let's go" kinuha n'ya ang isang kamay ko at hinila na papasok. Tulala pa rin akong nagpatianod sa kanya.

Una namin sinakyan ay seadragon. Walangya, bakit naman po kasi yan ang sinakyan namin. Kaya heto ako ngayon nagsusuka na naman.

"So weak" sabi n'ya kaya nilingon ko s'ya na nasa may hawak na palang tubig.

"Langyang seadragon yan, bakit parang sanay ka na? Sure ka ba na hindi ka pa nakasakay sa mga ganito?" Kinuha ko naman ang tubig n'ya at nilagok agad.

"Saan mo gusto next ride?"

"Carousel" sagot n'ya kaya hinila na naman n'ya ako ulit.

Halos lahat na ata nasakyan na namin. Walangya naka apat na suka na nga ata ako, dahil sa mga extreme rides na lintik na yan. Pero syempre kaya ko pa naman.

So nandito kami ngayon sa horror house, naalala ko na naman yung sinampal ni Ziallyn dito.

Nauna pa talaga maglakad si dragon habang hawak ang kamay ko. Nasa likod n'ya lang ako. Tapang naman mommy.

"Hindi ka takot?" Tanong ko sa kanya.

"Nope" wow talagang hindi mababahiran ng pagdududa ang boses n'ya.

Napansin ko na bumibilis na rin ang lakad n'ya, oh bakit parang nagmamadali naman ata?

"Hala dito y-" *yung lilitaw si Jason!* Tanga lumitaw nga!

"Miss!"

Tawag ko sa kanya nang bigla n'ya nalang...
"Ahhhhhh! Ma'am bakit n'yo naman po sinipa."
Sinipa n'ya ang betlog ni kuyang ay gago si jason! Yung sinampal ni Ziallyn! Tangena hahaha

Tangena masakit kaya yun! Hahahahaahahahhahahaha
Naawa ako kay kuyang na ngayon ay nakaluhod sa harapan namin

"Hala kuya! Pasensya ka na at dragon nakasalubong mo!" Paghingi ko ng tawad, ang gaga nagmadali ng umalis.

Nakailang sorry din ako kay kuya bago sinundan si dragon. Hahaha tangena ako naawa sa kanya. Una sampal at ngayon naman sinipa betlog, mas masakit ata yung ginawa ni dragon.

-
Last ride na namin, rollercoaster! Parang ayaw ko nalang ata sumakay.

"B-baby sure ka ba d'yan ha?" Tanong ko sa kanya.

"Why? Don't tell me takot ka sumakay d'yan?" Gage to lakas naman po mang-asar. Nakangisi pa nga.

"A-ako?! Hindi no! Tara!" Langya, matapang tayo syempre kahit na nanginginig na tong tuhod ko.

Nagsimula na paandarin at ako naman ngayon ay nakapikit lang. Jusko sana walang mangyaring masama.

"Hey, open your eyes. I'm here at wag ka matakot" the dragon said and held my hand. Medyo gumaan naman konte yung naramdaman ko.

"Ahhhhh! Langya ayaw ko na!" Sigaw ko habang si dragon panay tawa sa tabi ko. Tangena feeling ko masusuka na naman ako!

"Hala baby! Hayop na yan paakyat na tayo! Baka talaga masuka na ako langyang yan!" Reklamo ko kay dragon. Akala ko ba matapang ka Sj!

Nasa-pinakatuktok na kami nang biglang huminto ang sinasakyan namin! Hoy potangena ano to!

"M-miss, b-bakit tayo huminto!" Nanginginig na boses na tanong ko.

Gagang to panay lang tawa, kapalit ng kasiyahan n'ya ay ang buhay ko, charot lang pero naman kasi nakakatakot. Sobrang taas at dito pa talaga nag stop!

"You'll see" sabi n'ya sa akin at ngumiti. Anong makikita ko? Kamatayan ? Nakupo!

"Jane." tawag n'ya kaya napalingon ako.

She called me Jane again...

"You know what, you're so annoying..." Hala naman bakit ganyan sinabi mo, kumirot puso ko sa sinabi

n'ya.

Akala ko pa naman masaya s'ya ngayon. I bit my lower lip as I lower my head down.

Narinig ko s'yang bumuntong hininga.

"But that's the reason why I started to like you."

Awtomatikong napaangat ako ng ulo dahil sa sinabi n'ya. My eyes widened in shock! Halaka, puso saglit lang at hindi ako prepared sa gagawin ni ma'am. Gusto kong idaan sa tawa pero hindi ko magawa lalo na at nakikita ko sa kanyang mga mata ang buong katotohanan.

S-she likes me?

Nakatulala lang ako nakatingin sa kanya. Ayaw ata ma process ng utak ko yung sinabi ni dragon.

She likes me?!

Nagtitigan lang kami. Nawala ata bigla takot ko dahil sa sinabi nya! She confessed?! Pero diba may mahal sya? Tangena po at litong-lito na rin ako, please papa G bigyan mo ako ng sign!
Gago yung puso ko lalabas na ata, hindi ko na alam parang iba na talaga tong nararamdaman ko.

Kung may ilaw lang nga ata dito ngayon ay siguro

[Content truncated due to length]

CHAPTER 24

-

"Anak!" Sigaw ni mommy kaya agad akong napalabas ng kwarto.

"Mom, bakit po?" takong ko agad pagkakita sa kanya.

"Bata ka halika sa labas, ikaw ba ang bumili ng sasakyan?" Napakunot naman ang noo ko.

"Ha? Wala naman mommy, why?" hindi siya sumagot at kinaladkad ako palabas ng bahay.

Laking pagtataka ko dahil paglabas ng gate may lalaki ang sumalubong sa aming dalawa.

"Good morning po, kayo po ba si Miss Shara Jane?" Tanong ng lalaki.

"Yes, why?"

Tumango ito bago inabot sa akin ang isang susi ng sasakyan? Ou, sasakyan nga, pero ano to?!

"Pwede mo na po gamitin, ma'am,"

Sabay turo n'ya sa isang black lamborghini huracan evo rwd spyder! na nasa labas lang pala ng garage namin. Tangena? Hindi naman ako umorder n'yan!

"Hindi ko po kinuha yan?" Patanong na sagot ko sa kanya.

"Okay na po Miss, bayad na po yan at pina deliver dito" paliwanag n'yang nakangiti.

May tinanong pa si Mommy sa kanya pero wala akong maintindihan dahil sa mga bagay na iniisip ko. Gage, kanino galing to at bakit binigyan ako ng sasakyan?

Hindi ko na nga rin namalayan na lumayas na pala sila, buffering masyado yung utak ko. May gusto pa sana akong itanong sa kanila pero nakaalis na.

"Sj, kanino galing?" nagising ako sa malalim na pag-iisip dahil sa tanong ng aking ina.

"Mom h-hindi ko rin po alam." Lutang na sagot ko sa kanya.

Bigla naman nag vibrate ang phone na nasa bulsa kaya agad ko itong kinuha. Napakunot ang noo ko nang makita ang pangalan n'ya.

PIXIE
Use it.

Ha? Anong use it, condom ba? Charot. Wrong send ata

SJ
Wrong send ka po?
Happy new year nga pala Miss.

PIXIE
The car.

Hala potangena s'ya nagbigay nito?! Pero wala man lang bang happy new year too baby?!

SJ
Hoy!

Langya na hoy pa nga.

PIXIE
?

Sanaol maldita.

SJ
Wrong sent po Miss. Teka teka, sayo galing tong lambo?? Miss, andyan naman si Kb na maghahatid at sundo sa akin or commute nalang ako. Kunin n'yo na po to, hindi ko po tatanggapin.

PIXIE
Shut up! Use it or else I'll fail you.

Hala gago nambanta ang dragon!

SJ
Di n'yo po magagawa yan. ?

PIXIE
Are you challenging me De La Fuente?

Ay surname na tinawag agagalit na! Kaya n'ya pala akong ibagsak! Masamang dragon talaga.

Kahit sa chat lang ay nakakatakot pa rin tong dragon na to. Ibabagsak talaga ako nito for sure! At hindi ako papayag.

SJ
Yes baby. I will use it po.?

Naghintay ako sa reply pero wala. Ang gaga nag seen lang. Apaka sama talaga.

"Baaaaaabeeeeee mylaaabs!" Muntik ko pa mabitawan ang phone ko dahil sa biglang sigaw ni keyboard sa bandang tenga ko. Sarap sapukin.

Nahampas ko tuloy ulo n'ya amp
"Pisti ka keyboard!". Parang multo bigla nalang susulpot.

Napansin ko rin pala na ang dalawa na kausap ni Mommy. Luh? Ginagawa ng mga bruhang to dito.

"Ginagawa n'yo rito?" taas kilay kong tanong.

"Halaaaaa ooo emm ggeeee! Bakit meron kang latest lambo!" Lakas makatili ng keyboard na to! Nakuha na tuloy n'ya atensyon nong dalawa.

"Hala tita saan nagnakaw si Sj ng pera pambili n'yan?" Iris asked my mom as If she's doubting me.

"Hindi ko rin alam kanino galing. Dumating nalang yan dito, tanungin n'yo nalang si Shara. Sige na maiwan ko na kayo at may lakad pa ako" sagot ni Mommy at agad na nagpaalam. May lakad nga pala ito

"Bakit meron ka n'yan ha?" Tanong agad ni Iris pagkalapit sa akin.

"Binigay ni Dragon, sabi ko nga kunin n'ya pero nagalit. May saltik talaga mga Ponferrada" sagot ko ng naka-halukipkip

"Seryoso?!" Isang hampas na naman mula kay keyboard.

"Mukha ba akong nagbibiro ha keyboard warrior?" Aga-aga mauubusan ata ako pasensya.

"Sanaol nalang talaga Sj" pailing-iling na saad ni Iris.

"Sanaol may asukal de mama" isa pa tong Ag na to.

"Manahimik kayo, pagbabasagin ko yang salamin ng mga lambo n'yo" pupulot na sana ako ng bato pero agad nila akong niyakap. Ay takot yarn.

"Babe naman galit agad. Akin na nga susi n'yan e test drive ko lang" sabi ni kb at inagaw ang susi sa kamay ko. Nagmadali na itong pumasok sa sasakyan.

"Hoy! Isama mo ako gaga ka!" Tumakbo naman pasunod kay kb ang mortal enemy n'ya.

Hinayaan nalang namin silang dalawa at pumasok na kami ni Ag sa loob ng bahay. Si mommy at daddy parati nalang talaga wala sa bahay, kung walang trip aalis at gagala tapos gabi na kung uuwi. Gusto ko lang sana matulog buong araw pero paano ko yun magagawa kung bigla nagsulputan tong mga abnormal.

"Kamusta date?" tanong ni Ag,

"Masaya, sobrang enjoy." Nakangiti kong sagot sa kanya.

"Ano na, ramdam no na ba isa sa kanila ang mahal mo?" She smiled, yung ngiti n'ya talaga na may something or baka mali lang ako.

"Yes, I found her. She's still the one." hindi ko na tuloy mapigilan ang ngiti ko.

"Who?" Seryoso lang s'yang nakatingin sa akin.

"It's--"

"Sj!!!!" Napalundag ako sa sigaw ni Iris, kaya napalingon kami agad sa kanya. O bakit parang hinahabol ni satanas to.

Tumayo ako at nilapitan s'ya, naghihingalo amp. "Anong nangyari at bakit para kang hinahabol ni kamatayan ha?" tumakbo ba sya at pinagpapawisan nalang ng todo.

"Gaga! Si Sj!"

"Tanga ako si Sj! Baka si Kb" natawa nalang tuloy si Ag na nasa likod ko.

"Ay ou, tangena ni Kb."

"Bakit ano nga kasi nangyari? Para kang siraulo d'yan" inutusan ko muna si Ag kumuha ng tubig kasi parang kailangan na talaga ni Iris.

"Tanga si Kb, binangga sasakyan mo Hahahahaha" para akong nanigas sa kinatatayuan ko. Hala patay!

"Ha? Okay lang ba si Kb?! Asan si keyboard!?" I asked worriedly.

"Andyan sa labas ayaw pumasok, baka raw pagalitan mo"

Hindi ko na ito sinagot at agad lumabas para tingnan ang kalagayan ni keyboard. Nakita ko sya sa labas ng gate katabi ng sasakyan kong binangga nya.

"Hoy keyboard buhay ka pa?"

"Pisti ka babe, akala ko pa naman mag-aalala ka!" she crossed her arms and rolled her eyes.

"Ano ba ang nangyari at--hala gago ka papatayin ako ni dragon n'yan. Sinong poste ang binangga mo?" Medyo sira yung harapan ng sasakyan.

"Bininyagan mo agad ng damage keyboard halaka. Patay ka kay dragon!" Banta ko sa kanta.

"Wag mo nga ako tinatakot! May tinawagan na ako para ipaayos yan. Gusto ko pa naman mabuhay ng matagal"

Sure sya maaayos yan? Latest pa naman yan at sa tingin ko mas maganda kung palitan nalang pero wala nga pala akong money. "Pumasok ka na nga, ang init dito" sabi ko at hinila sya papasok ng bahay.

"May pagkain ba babe?" Kakapasok lang pagkain agad hanap amp.

"Maghanap ka sa kusin-" hindi pa nga ako tapos magsalita lumayas na agad. Binalikan ko nalang ang dalawa sa living room.

"Pasukan na naman sa susunod na araw!" Si kb na galing kusina at may dalang junk foods. Meron pala kami n'yan?! Bakit di ko alam.

Ang bilis nya makabalik ha.

"Yeah, bilis ng panahon no. Tapos wala pa rin kayong mga jowa" pang-aasar ko sa kanila.

"Luh, meron ka?" nanunuksong tanong ni Iris,

"Wala pero may mahal na" nakangisi kong sagot sa kanya.

"Babe"

"Oh?"

"Willing naman ako maging mistress" ay wow ang keyboard parang tanga.

"Wag na at isa lang kailangan ko" agad kong sagot at inirapan s'ya.

Nagtawanan naman sila Iris at Ag.

"Ano pala balita kay Rochelle? Kailan uwi nya?" Ag asked.

"Bukas, tapos diretso nalang siguro ng PU para maasikaso agad ang kailangan asikasuhin." ilang taon na rin kaming hindi nagkikita ng babaeng yun, curious na tuloy ako masyado kung may pinagbago sa kanya.

"Sama kami!!" sigaw ni keyboard, makasigaw talaga to parang bingi lang kausap e.

"Ano oras s'ya babagsak?" Nakunot naman noo ko sa tanong ni Iris.

"Anong bagsak ba?"

"Arrival kasi babe, bobita" malay ko ba sa mga walang sense nilang sagot. Inirapan ko nalang s'ya.

"8am" tipid kong sagot.

"May plano ako!" lahat kami napatingin sa kanya, tingin na puno ng pagdududa. Anong plano binabalak ng keyboard na to at parang masama ang kutob ko.

"Ano?" tanong ko.

"Basta, ganito." pinalapit nya kami ng mas mabuti para ibahagi ang gusto nyang gawin sa pag welcome namin kay RL bukas, ayaw ko sana sumang-ayon dahil baka ako ang awayin non pero iba na kasi pag si keyboard ang nagdesisyon.

"Sure ka ba jan?" gulat na tanong ni Ag matapos sabihin ni keyboard ang plano.

"Parang tulad lang ng dati ah HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." hagalpak ni Iris,

"Ou, duh, sure na sure." sagot ni kb,

Hmmm mukhang maganda.

-

-

-

"Girls, wear your masks!" utos ko sa kanila.

"Sure na ba to? Nakausap n'yo na ba airline security staff?" Tanong ni Kb na ngayon abala sa pag-aayos ng kanyang mask.

"Gago, ikaw nagplano tapos mukhang hindi pa buo loob mo!" panunumbat ni Iris,

"Yes, okay na lahat." sagot ni Ag.

"Nandito na ba s'ya?" Tanong ni Iris.

"Palabas na yun." sabi ko.

Tumango naman sila kaya mabilis kaming lumabas ng sasakyan. Naka all black clothes kaming lahat, black cap, black facemasks and black shades.

Tangena, para kaming susugod sa burol.

Pinagtinginan kami ng mga tao pagbaba ng sasakyan. Nandito kasi kami ngayon sa airport upang sunduin ang maganda kong pinsan. Ayaw ko talaga sana pumayag pero ang plano ni keyboard ay dukutin si RL, shuta.

Syempre pumayag din kaming tatlo, mukhang masaya e. Para naman memorable ang pagbalik n'ya rito sa pinas.

"Sandali! Balik nalang tayo sa sasakyan. At dito nalang tayo sa labas maghintay." Pigil sa amin ni Kb, ay wow nag-iisip pala s'ya.

"Damputin nalang natin s'ya pagkalabas. Tawagan mo nalang si RL babe, sabihin mo na nasa labas tayo at hinihintay s'ya sa sasakyan" utos ni Kb, kaya bumalik nalang kami sa sasakyan tulad nga ng sinabi n'ya.

Kakabalik lang namin nang bigla naman tumunog ang phone ko, tumatawag na si gaga.

"Guys si RL, manahimik muna kayo." Sabi ko sa kanila bago sagutin ang tawag ng pinsan ko.

"Cous! Punyeta asan ka?!" Tangena mura agad sinalubong sa akin. Tahimik lang na nagtawanan ang mga kaibigan ko.

"Wow, ganda naman ng pasalubong mo sa akin. Hindi mo ba ako namiss?" sagot ko at seninyasan ang tatlong huwag mag ingay.

"Nandito na ako sa labas, asan ka na?" Tanong n'ya.

"Sige wait mo nalang ako, papunta na." Sabi ko at pinatay na ang tawag.

"Tangena Sj! Ang ganda ng pinsan mo, naknampucha!" Singhal ni Iris habang inaalog ako.

Mabilis kong tinignan ang direksyong tinuturo nito at ayun nga siya! Langya, mas lalong gumanda.

Blonde hair hanggang dibdib ang buhok at may suot na specs, naka suot ng white cropped polo shirt at lantaran masyado hanggang sa itaas ng kanyang pusod, tapos naka baggy pants. Shuta, parang dyosa na itinapon ni San Pedro ang kagandahan ng pinsan ko!

"Hoy! Pwede ba ligawan yang pinsan mo? Ang taas n'ya babe! Ang ganda walangya! Parang Hollywood actress!" Segunda naman ni Kb.

Sabi na eh mas gumanda s'ya lalo ngayon. Same height lang ata kaming dalawa ni RL.

"Gaga wala kang pag-asa. Straight yan" sabat naman ni Ag.

"Tigilan mo kakaalog sa akin haypka. Tara na, sa gilid tayo dumaan para hindi tayo makita!" Sabi ko sa kanila at lumabas na ulit ng sasakyan.

Umikot kami sa sasakyan at sa gilid dumaan kung saan hindi niya kami mapapansin. Mabuti nalang maraming tao kaya nakakapagtago kami mula sa kanya. Pero dahil sa mga suot namin a kilos ay nakakakuha kami ng atensyon mula sa mga taong nakakasalubong.

Tinanong pa nga kami kung may nag s-shooting ba rito sa airport dahil may camera na nakasunod sa amin. Tangena kasi nito ni Kb gusto pa ata gawing film.

Malapit na kami sa kanya at nakatalikod s'ya sa amin. Nababagot na ata ang gaga dahil panay tingin ng oras sa kanyang relo.

Sumenyas ako sa mga kaibigan na tumakbo ng sabay palapit kay RL at damputin. Mabilis kaming nag unahan at hinawakan ito sa kanyang mga braso.

"What the fuck?!?!" Singhal ni RL.

"Kaya nga kidnappers, bakit kami magpapakilala gaga ka ba?" Pisti talaga tong si Kb.

"Let me go! Security!" Sigaw n'ya sa malapit na security guard, pero hindi s'ya nito pinansin. Kasabwat namin sila e haha

"My god! Get your dirty hands off me!!" Sigaw ulit n'ya.

"No baby, you'll come with us" sagot naman ni Iris at hinila na nila si RL patungong sasakyan.

Ang mga tao ay wala rin naman pakialam dahil nga ang akala nila ay may shooting lang na nagaganap. Thanks to our camera man.

"Fuck!!!" sigaw nito matapos piringan ang kanyang mga mata pagpasok namin ng sasakyan.

"Sino ba kayo?!" galit na galit wow.

"Your future wives" nakangising sagot ni Iris.

"Yuck!" Langya maka yuck amp.

"Hoy! Maka yuck ka, sa ganda naming to?" Malditang sagot ni Kb, na hurt si gaga.

Kinalabit ko naman si Kb. "Saan natin dadalhin yan?" Bulong ko sa kanya.

"Sa school, para diretso na ma enroll." sagot nya, grabe at may isip pala kaibihgan ko.

"Malaman ko lang kung sino kayo! Ipapatali at torture ko kayo!" Gusto n'ya sana sabunutan si Kb kaso nakatali ang mga kamay n'ya. Tangena kawawa naman tong pinsan ko trauma kalalabasan n'yan.

"Baby, sa kama lang kami papayag matali at ma torture. Kung yan ang gusto mo ay sige ba, go tayo d'yan" sagot ng malanding keyboard.

Itong si Ag naman panay lang selpon langyang babae to. Sino kaya lage n'yang ka chat.

Nagpatuloy lang sa sagutan si keyboard at pinsan ko hanggang sa marating namin ang campus. Pagkababa palang ng sasakyan may mga mata agad nakatingin sa amin.

"Saan n'yo ako dadalhin!" hindi ba pwede manahimik nalang tong pinsan ko kaysa magsisigaw jan.

"Saan tayo?" tanong ko kay Ag dahil hindi ko alam kung ano ang plano nila.

Napansin ko nalang paakyat na kami ng rooftop kaya nagtaka ako. Ang akala ko ba kikidnapin lang at dadalhin dito para e.enroll sya?

"Sa rooftop, basta." Sagot n'ya.

Nasa department building kami, to be exact nasa rooftop. Medyo naguguluhan ako kung bakit kami nandito, kumunot noo ko nang makita sila pinatayo si RL sa pinakadulo.

"Hoy gaga baka mahulog yan!" Sigaw ko sa kanila.

Hindi nila ako pinansin at inalis nila ang tali sa kamay nito at sunod ang piring sa mga mata.

"Ano ang kai--what the fuck?!!" Sigaw ni RL nang makita na nasa rooftop kami at anytime ay pwede s'yang mahulog kung itutulak s'ya nila kb.

Hindi nya pa kami napapansin dahil nakatalikod ito at nakatingin sa ibaba. Hindi nag tagal lumingon ang gaga sa amin at sobrang gulat nang makita kung sino ang mga dumukot sa kanya, surprise madadakah.

"What the hell is this SHARA JANE DE LA FUENTE!? and y-you guys!?" Sigaw n'ya sa akin una at nang makita ang iba pa naming kasama.

"Welcome back RL" nakangising bati ni Kb.

"S-Shit! Bakit nyo ako dinala rito
at punyeta bakit nasa rooftop tayo! Paano kung mahulog ako?!" di naman siya mamamatay jan.

"Mahuhulog ka talaga d'yan kung hindi ka mananatili." banta ni keyboard.

Kami ni AG ay nasa likod lang nila, sinulyapan ko si AG dahil tahimik lang s'ya pero ang gaga! Kumakain ng burger! Bakit s'ya lang meron?

"Hoy bakit ikaw lang meron! Bigyan mo ako!" Sabi ko sa kanya at inagaw ang hawak na pagkain.

"SHARA JANE!!" sigaw ulit ni RL kaya napatingin ako sa kanya.

"Oh hi, cous. Welcome back?" Sagot ko at kumagat sa burger na hawak.

"Fuck you! Tulungan mo ako rito makababa! Natatakot na ako!" Bakas talaga sa boses n'ya ang takot.

"Teka kain lang muna ako. Nandyan naman sila Keyboard" sagot ko.

"Iris! Krystal Bern! Axel Grace!" bulyaw niya sa tatlo at ang mga abnormal nagtawanan pa, may nakakatawa ba ron?

"Wow! Akala namin nakalimutan mo na mga pangalan namin RL!" Nagtatalon na saad ni Kb na parang

bata.

"Mga punyeta kayo! Ganito n'yo ba ako balak salubungin?" patigilin ko na kaya sila? Pero okay lang yan, tuloy lang ang show.

"Ou? Nangyari na nga?" Pilosopang sagot naman ni Iris, sige lang sila jan at kakain lang ako rito sa likod.

"Gusto mo extreme thrill diba RL? tapos naalala ko pa nong nasa mission tayo, sabi mo gusto mo ma experience mahulog sa rooftop. Diba nag promise ako na tutuparin ko ang hiling mo?" bahagyang gumulo ang ekspresyon ng pinsan ko sa tanong ni keyboard, ay gusto pala tumalon edi itulak yan.

Nagsimula humakbang si keyboard, kung kaya'y napaatras si Rochelle, hala anong plano ng gagang to?!

"H-Hoy nagbibiro lang naman ako ke-AHHHH fuck you!"

Pati ako ay nanlaki ang mata at nabulunan dahil sa ginawa ni Kb!

"Keyboard!!!" sigaw ko at tumakbo.

Yawa ang gaga itinulak si RL at nahulog sa rooftop! Kaya mabilis akong tumakbo palapit sa kanila at sinilip si gaga na nahulog sa baba!

Ang keyboard panay lang tawa tangena muntik na akong atakihin sa puso dahil sa ginawa n'ya. Hindi ko alam tong plano nila mga walangya!

"Hala gago tigok na si RL" sambit ni Iris

"Hindi yan, may 8 lives pa sya HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA." tawa nitong keyboard parang demonyo kung makatawa.

"Buhay pa ba?" Tanong naman ni Ag na nakalapita na rin pala sa amin.

"Nag collapse ang gaga, tangena! Hindi n'yo man lang ako sinabihan sa plano n'yo!" Singhal ko at pinaghahampas sila.

"HAHAHAHAHAH hoy gaga nahimatay si RL!! pota HAHAHAHAHAHAH." Isa pa 'tong si Iris!

Si RL? Ayun, bumagsak sa ground floor. Buti nalang at may safety net ng nakaabang sa kanya. Hindi ko alam may ganito palang magaganap, pinaghandaan nga talaga ng mga bruha kong kaibigan. Marami na rin ang mga taong lumapit kay RL. Kahit siguro kung sa akin yan mangyari ay baka ikamatay ko pa lalo na ayaw ko sa matataas! bwesit tong mga kaibigan ko!

"Hehe, tara na at dalhin natin sa clinic si R," ang saya lang ni keyboard, demonyo ampotek.

Nauna akong tumakbo at mabilis bumaba upang suriin ang pinsan ko. Pagdating sa babae ay napapalibutan na ito ng mga estudyante, buti nalang hindi mas malala ginawa ni keyboard shutangenang babae yun.

"Kuya, humihinga pa ba?" agad na tanong ni keyboard sa medic.

"Opo ma'am, nahimatay lang." magalang na sagot nito, sana all magalang.

"Jane," napaigtad ako sa biglang tawag ni dragon sa akin. Ou alam kong sya ang tumawag, sya lang naman tumatawag sa akin ng ganyan kaya mabilis ko itong nilingon, pero bakit nandito sya? wala pa naman pasukan ah.

"Hi Miss, good morning." nakangiting bati ko sa kanya. Hindi nya naman ako pinansin at sinilip lang ang mga tao sa likod ko.

"What happened?" Tanong n'ya.

"Ah eh, mga kalokohan lang po ng mga kaibigan ko. Gusto ata nila patayin si Love" bigla nalang nagbago ang expresyon sa kanyang mukha matapos ko itong sagutin. Mukhang papatay ata e. May nasabi ba akong masama?

"M-Miss?" Halaka bakit na naman galit ang baby na yarn. Hindi na nga ako pinansin dahil bigla nalang itong nag walked-out? Mameeh, why yoww shooo maddd ageeynnn.

"Hoy Babe!" disturbong keyboard, balak ko sana sundan si dragon.

"Bakit?"t.

"Next time ka na lumandi at dalhin na natin pinsan mo sa clinic." tsk, sagabal. Sumunod nalang din ako sa kanila patungong clinic kung saan dadalhin ang nahimatay kong pinsan.

-

-

"Fuck you all!!!!" Si RL na nagwawala at pinagtatapon ang mga gamit na kung ano nalang ang mahawakan.

Kami namang apat nasa likod lang ng pinto at nakasilip lang sa kanya. Nagising na kasi ang gaga.

"H-hoy cous! Gunting yan! Pag yan talaga tumama sa akin!" May hawak na kasi s'yang gunting at ready na n'yang ibato.

"Sorry na RL, sabi mo kasi before diba, gusto mong ma experience ang ganyan. I granted your wish!" Sabat naman ni Keyboard.

"How dare you! Buti nalang at wala akong sakit sa puso! Baka pinaglamayan na ako ngayon!" wala naman talaga akong alam sa plano nila kaya bakit pati ako nagtatago?!

"Buhay ka pa naman RL?" Patanong na sagot ni Iris. Lang kwenta talaga to.

"Sorry na cous, I miss youuuu." ngumuso ako at nag flying kiss.

"Bigyan nyo ako ng pagkain." utos nito.

Bigla naman pumasok si AG at inabutan s'ya ng lumpia. Hala saan galing ang lumpia na yan?! Girl scout yarn?

"Ginagawa n'lyo? Pumasok kayo!" siraulo to, kanina pinalabas kami tapos ngayon magagalit kasi nasa labas kami.

"Bipolar" I mumbled.

"Waaaaa RL, pwede kang ligawan?" nakakakilabot talaga minsan mga pinagsasabi ni keyboard.

"Ang landi mo! Ano? tirador ka ng mag pinsan?" saway ni Iris sa kanya,

"Bakit? Alangan ikaw landiin ko? Ewww." mabilis niya itong sinagot at kunyari nasusuka sa pagmumukha ni Iris,

"Manahimik kayo, sumasakit ulo ko." awat ni Rochelle sa dalawa.

"Gusto mo pinsan ko? Anong nakain mo? Pinagbantaan ka ba ng babaeng to?" My eyes widened in shock at napaturo sa aking sarili. Shuta, bakit naman nito naisip yan?!

"Anong sinasabi mo d'yan RL! Isaksak ko tong lumpia sa bibig mo e" sabat ko sa kanila.

"By the way, diba sabi mo sa akin ipapakilala mo ako sa gf mo? Or ex nalang now" Tanong ko na bigla naman ikinagulat ng tatlo. Ay hindi ko ata nasabi sa kanila na may nagpabaliko sa kanya?

"Hoy RL! Welcome to the gay club!" Napatili pa nga ang keyboard at hinampas sa balikat. Wala talagang preno ang kamay n'ya.

"Hala bakla! Sino ang dahilan at nabaliko ka?" Tanong naman ni Iris at umupo sa gilid ng kama.

Bumuntong hininga ito.

"Ayoko pag-usapan yan." Sagot n'ya sa dalawa.

"Okay ka na ba? Tara labas na tayo, nababagot na ako dito sa clinic." pag-iiba ko ng topic kasi pansin ko ayaw nito pag-usapan tungkol sa ex amp.

"Hindi ko kakalimutan tong ginawa nyo sa akin. Makakaganti rin ako sa inyong mga hayop kayo." inis niya kaming pinitik isa-isa sa mga noo.

"Ge, wait nalang kami kung kailan." sagot ko at kumindat sa kanya.

"Alis na tayo." sabi nito.

Hindi na kami nanatili ng matagal at agad nagpaalam at pasalamat kay nurse. Pagkatapos maasikaso ang lahat ay nagpasya kami mamasyal, bonding dahil nagbalik na isang tropa namin. Sabi ko nga uwi muna para magbihis at mahatid mga gamit niya pero hindi kami pinagbihis nitong gaga at sagarin nalang ang drama, ginawa pa kaming bodyguards shuta. Dumiretso kaming mall para bumili narin ng mga gamit namin.

"Bakit ka umuwing pinas RL?" tanong ni keyboard.

"Bakit, sayo ba ang pinas at hindi ako pwedeng umuwi?" Aw tangena mukhang may bago s'yang ka bardagulan. Hindi na nag-iisa si Iris.

"Ooooo supalpal yarn" nakangising sabat ni Iris na inirapan lang ni keyboard.

"Joke lang, pinauwi na ako ni dad. Kamusta ka, Sj?" sagot ni RL at binalingan ako.

"Sus wag mo na itanong yan si babe, masaya yan. Nakabingwit ba naman ng mga malalaking isda." pwede bang manahimik nalang si keyboard para walang gulo? Sasaksakin ko na to.

"Nangingisda ka pala?" Hala ang tanga di na gets si Kb.

"Sira hindi! Yang pinsan mo pinag-aagawan ng dalawang babae" si iris na ang nagpaliwanag. Bakit ba ako na naman ang topic ng mga to.

"If you want to know the person likes you, fold your arms if you're talking to them. If they fold their arms too, they're interested in you." pinagsasabi nitong pinsan ko?

"Pinag-aagawan na nga! It means may gusto sa kanya. Nakakabobo ba sa states RL?" may point nga naman si keyboard don.

"Di natin sure friend" sabay irap ni Ag kay Kb. Puro nalang ganyan sagot n'ya.

Natigilan kami sa biglang paghinto ni keyboard at inalis ang suot na mask. Langya, anong gagawin niya sa gitna?

INSERT HUMANAP KA NG PANGET BY ANDREW E

"Ayan kasi ang hilig n'yo sa magagandang babae!" Sumigaw ba naman ang gaga kaya napatingin ang mga tao sa amin.

"Keyboard, what the heck!" hihilahin ko sana pero pinigilan ako ni Rochelle,

"Ang hilig sa mga magagandang babae! Anong napala mo? Eh di wala!" Bakit ba nagagalit to at sa akin pa talaga nakatingin? Tinaasan ko agad sya ng isang kilay at middle finger.

"Kaya kung ako sa iyo! Makinig ka nalang sa sasabihin ko! Humanap ka ng keyboard at ibigin mong tunay!"tangena bakit familiar yung sinasabi n'ya.

"Yan ang dapat mong gawin, kaya makinig ka sa akin, annd it goes a little something like this." yung gestures nya talagang mala rapper kuno, langya natatawa na rin ako sa kanya.

Tumikhim muna ito bago ulit magsimula sa kalokohan gagawin na ka abnormalan.

"Kung gusto mong lumigaya ang iyong buhay humanap ka ng Keyboard at ibigin mong tunay! Hey yow yow!" napatakip ako ng mukha kasi ako ang nahihiya para sa kanya, nagsisigaw ba naman sa gitna.

"Nakakahiya gago!" si Iris napapikit nalang din ng mga mata para hindi makita pinaggagawa ng kaibigan namin.

"Rapper pa nga." sambit ni Ag,

Hindi ko talaga alam ang trip n'ya. Imagine guys, nasa mall kami at nasa center of the mall mismo sa ground floor nang bigla nalang s'ya tinopak sa ka abnormalan.

"Isang keyboard, na kaya kang mahalin, at huwag ang babaeng iyong pinapangarap." Nilapitan na ano nito at nagpaikot-ikot sa pwesto ko. Yung mga kaibigan ko naman nagpalakpakan pa nga, mga siraulo.

"Ano ba yan! Hilahin nyo na nga yan." utos ko.

"Nagunit kung bakit ko sina---" hindi na naituloy dahil tinakpan na ni Iris ang bunganga ni kb,

"Walangya kang keyboard ka! Ang aga-aga nagwawala ka na!" sermon ni Iris at mas lalong idiniin ang palad sa bunganga nito shuta.

Tinabig nya ang kamay nito. "Ang kj ninyo!" inis nyang bulyaw sa amin.

"Wag na tayong tumuloy at sa susunod nalang, punta tayo tabing dagat!" di na rin kinaya ni Rochelle at hiyang-hiya na siya.

"Ano gagawin natin dun?" Taas kilay na tanong ni Kb.

"Lulunurin ka, tara." awtomatikong kumapit sila Iris at Ag sa mga braso ni keyboard at kinaladkad palabas ng mall.

*

Nandito na nga kami ngayon sa tabing dapat, mabuti at hindi malalaki ang alon kaya safe lunurin si keyboard.

"Seryoso kayo? Lulunurin n'yo ko?!" kanina pa yan nagpupumilit makawala kina Iris at Ag, kawawa naman at akala nya talaga totohanin namin.

"Ou, doon tayo." turo ni RL sa isang malaking bato na medyo may kalayuan at kailangan pa languyin.

"Sasama kayo sa akin? Lulunurin n'yo rin mga sarili n'yo?" I swear, nakakabobo si KB.

"Sunod kayo." dali-daling hinubad ni Rochelle ang sapatos at pants saka tumakbo at lumangoy patungong malajing bato. Walangya na babae yun, kinabahan ako at mabuti may suot syang short!

"Sugod!" sumunod narin ako at isa-isa narin sumunod ang tatlo. Ang bilis makasisid ng hayop at ang layo na niya!

"Tangena ang lamig!" rinig kong sigaw ni Iris sa aking likuran,

"Dalian nyo naman!" shuta kang Rochelle ka at ang bilis mo narating ang bato! Wow, sexy nya ha at may abs din pinsan ko.

Sumisid na rin ako at mas binilisan ang paglangoy, sunod kong naabot ang bato at nagpatulong kay Rochelle na hilahin ako paakyat ng bato. Ang lamig potek! kung alam ko lang ganito kalamig hindi nalang sana ako sumunod!

"Hoy si Kb! Nalulunod pisti hilahin n'yo!" Langya si kb kasi lumubog na hahaha

"Ugh, hewp!" nayawa na. Agad siya binalikan ni Iris at Ag para tulungan marating kami.

"Bwesit! Bakit nyo kasi ako iniwan!" kaagad ko tinapik ang kanyang likod dahil di na siya natigil sa pag-

ubo, kawawa naman at muntik pa matigok.

"Okay na?" tanong ko at tumango ito.

"Ang ganda rito no?paano mo nakita to?" baling ko kay Rochelle,

"Malamang dahil may mata ako." sabay paikot ng mga mata, kung di ko lang talaga pinsan to ay sinakal ko na rin siguro.

"Waaa, balik na tayo ang sakit ng dibdib ko!" tawag ni keyboard sa amin, nasa may gitna sya ng bato habang kaming apat napalibutan siya.

"Hawakan nyo, revenge timr." biglang salita ni R, nagkatitigan kaming tatlo ni Ag at Iris. Parang gets na namin ang ibig nitong sabihin kaya mabilis namin hinawakan si keyboard. Si Ag sa kanang braso, si Iris sa dalawang paa nya, at ako naman sa kaliwang braso.

"Itapon sa tubig yan BAHAHAHAHAHA."

"Hoy mga hayop kayo! Akala ko ba joke lang yung kanina ha!" Hahaha ang keyboard natataranta na.

"Walang Joke dito keyboard. Sige na girls e--"

"Mga miss!!! Wag nyo po ituloy ang binabalak n'yo!!!" May biglang sumigaw sa dalampasigan kaya napatingin kaming lahat dito.

Hala bakit naman ata ang dami ng mga tao d'yan?

"Anong meron at bakit ata ang daming tao ? Teka, bakit may rescuers?" Taas kilay na tanong ni Iris.

"Aba malay namin, itanong mo gaga!" Sabay ni Kb.

"HAAAA?! ANONG SABI MOOOO?!" sigaw ni iris

"Wag po kayong magpakamatay!!!!" Tangena ano raw? Humagalpak naman sa tawa ang apat.

"Gago, sino magpapakamatay sa atin dito?" tanong ko sa kanila at sabay kaming nagkibit balikat.

"SINOOO POOOO ANG MAGPAPAKAMATAAAY?!"Sigaw ulit ni iris.

Hindi na sumagot ang mga rescuer at nagulat nalang kami nang biglang may mga rescue jet ski rescue board na papalapit sa amin.

"Ginagawa nila? Nag chi-chill lang naman tayo rito" kunot noong saad ni RL.

"Mga miss! Wag n'yo po ituloy at sumakay na kayo." Sabi nong isa sa mga rescuer.

"Kuya" sagot ni Kb.

"Sige na miss sakay na. May tumawag kasi sa amin ang sabi may limang babaeng muntik na malunod" nalunod ba kami? Si Kb lang naman ata yun.

"Kuya naman, nag chi-chill lang naman kami rito?" Sagot ni Iris.

Si RL at AG naman nagsimulang magtawanan na parang mga hibang.

"Ah you misunderstood us haha" tawa-tawang saad ni RL, napailing nalang si Ag dahil sa mga kaganapan.

"Eh bakit po kayo nandito?"

"Chilling?"

"Swimming?"

"Jamming?"

"Bonding?"

Binalingan naman namin si Kb, hinihintay namin ang sasabihin n'ya eh.

"Flirting?" Langyang babae keyboard, yung sya na muntik malunod tapos yun talaga isasagot. Naguguluhan naman ang mga mukha ng rescuers dahil sa panay tawa nalang kaming lima.

Hindi nalang din kami pumalag at sumakay na rin sa mga jet ski para makabalik, daming nangyari kabaliwan sa araw na to. Hindi parin kami matigil sa kakatawa dahil talagang nakakatawa ang nangyari, ni rescue ba naman shuta.

Again, nagpaliwanag kami na wala kaming binabalik na masama at nagkakatuwaan lang kanina. Ayaw pa nga sana maniwala pero wala na silang nagawa dahil yun naman talaga ang totoo. Kahit nasa sasakyan na kami ay para kaming mga baliw na nagtatawanan, walang maka move on sa nangyari kanina eh.

Kinagabihan hindi ko alam sunod balak nilang gawin, pero nag-aya si Rochelle na mag bar dahil miss niya ang pinas. Wala naman sanang konek yun pero pumayag nalang din kami at celebration na rin namin dahil sa pagbabalik nya.

"Mauna na kayo sa table, cr lang ako saglit" paalam ko sa kanila.

Papunta na ako sa cr nang may bigla akong nakabunggo.

"M-miss?"

Nagulat ako dahil si dragon pala ang babaeng yun at anong ginagawa nya rito? sinong kasama ni dragon ko?

"What are you doing here?" Tanong n'ya.

"A-ah I'm with my c-"

"Sj!" Putol sa akin ng pinsan ko kaya napatingin kaming dalawa ni dragon sa kanya.

"Bakit? Diba sabi ko mag-ccr lang ako?" Tanong ko sa kanya pero hindi ito nakatingin sa akin kundi kay dragon.

"P-pixie?!"

Palipat-lipat lang ang tingin ko sa kanila. Bakit gulat na gulat tong pinsan ko nang makita si dragon? Ito naman si dragon ay parang hindi mapakali? She's panicking?

Bigla nalang s'ya nitong hinila ni dragon palayo at naiwan akong mag-isa. Tangena?
.
.
.
.
.
.
.
.
So, anong meron sa kanila? Magkakilala ba sila? . Kunot noo kong tanong sa isipan ko.

*

Kanina pa ako nakakahalata, bakit sobrang dikit nila sa isa't-isa? Hindi ako masyado nagsasalita at umiinom lang sa gilid pero palihim kong pinagmamasdan si ma'am, close ba sila? Parang nasa pinsan ko lang atensyon ni ma'am simula kanina. Mahirap ipaliwanag pero naiirita ako, selos ba tawag dito? Nandito naman ako pero bakit iba gusto nya kasama.

"Kanina ka pa tahimik, may problema ka?" bulong ni Ag, nasa first floor kami ng sekong kung saan ang dance floor.

"Wala, wag mo nalang pansinin." sagot ko habang titig na titig kay dragon, napansin siguro nito na may nakatingin kaya bago pa niya ako mahuli ay itinuon ko na ang atensyon kay Ag,

"Bakit ganyan mukha mo?" inis kong tanong. Wala si keyboard at Iris, andun sa stage at sumasayaw.

"Nagseselos ka ba-"

"Ako?! Hindi no!" bulyaw ko kahit di pa sya tapos sa sinasabi.

"Halata ka masyado, paano kung si Rochelle pala yung tinukoy ni ma'am na ex nya?" mas lalong nagdilim ang ekspresyon ko dahil sa narinig at humigpit ang hawak sa bote.

"Tapos? Ano kinalaman ko?" sarkastiko kong sagot bago lumagok at inubos ang isang bote ng beer, pero yawa, nahilo ako bigla kaya napahawak ako ng ulo.

"Baliw ka, alam mong mahina ka sa beer, akin na nga yan." saway ni Ag at inagaw ang bote.

"San ka pupunta?" tanong nya sa bigla kong pagtayo at napatingin din sa akin ang dalawa na kanina pa nagbubulungan.

"Susunod kina Iris," sagot ko at agad nagtungo sa dance floor. Tangena at kung bakit ang bilis ko malasing sa beer na yan. Mabilis ko lang nahanap ang dalawa dahil nasa taas sila ng stage nagsasayawan, umakyat na rin ako at nakisali sa kanila hanggang sa tumunog ang sexy dance.

Pupwesto sana ako sa gitna nilang dalawa pero hindi ko na nagawa dahil sa may humila nang aking braso, inikutan ko agad ng mga mata nang makita si dragon pala kaharap ko.

"Bakit?"

"You're drunk."

"Oh? Concern ka na nyan? Don ka sa pinsan ko, total mukhang mas close ka sa kanya." marahan kong inalis ang kanyang kamay at babalikan sana sila Iris pero tuluyan na ako nitong kinaladkad pababa ng stage hanggang sa ipinasok niya ako sa loob ng cubicle ng restroom.

"Huh? Don't tell me-"

"Hakdog?" putol ko at lalabas na sana kaso tangena bigla nya ako tinulak ng malakas sa matigas na pader, yung likod ko!

"Ano ba? Bakit ka nananakit? Ikaw pa may gana magalit ma'am?" shit! feeling ko susuka ako sa ginawa niya.

"Tsk, look at your face-gosh! Jane!" sigaw nya matapos ko itulak at lumuhod sa harap ng inidoro para sumuka, tangena naman kasi bakit ako tinulak ng malakas naalog utak ko.

"K-Kasalanan mo to eh, bakit mo kasi ako itinulak ng malakas-" hindi ko na natuloy dahil sumuka ulit, marami akong nailabas at pinasukan ko na talaga ng dalawang daliri lalamunan ko para lang maubos lahat shuta, umiikot m

[Content truncated due to length]

CHAPTER 25

-

Pasukan na ulit, nakakalungkot lang kasi hindi na namin kasama sa block ang Quadruplets. Kung hindi ba naman kami tatanga-tanga, last hour na nakapag-enroll at full na block nila Zi kaya itinapon kami sa last block shuta.

"Anong subject ngayon? May lecture na ba? Wala?" Bunganga ni Kb, tanong n'ya sagot din n'ya.

"Aba malay ko." Sagot ko

"Guys, tara cafeteria." tawag ni Iris mula sa labas ng room, ginawa na talaga naming tambayan ang cafeteria.

"May klase, bobo." sweet talaga ni keyboard.

"Walang pasok sa strategic"

"Ay shuta bakit wala? Ano pa hinihintay natin? Sibat na us." wala naman palang pasok, ano pa ginagawa namin dito. Ano ba to at unang araw ng 2nd sem walang pasok, kailangan na ipasara ang paaralan na to.

"Saan tayo pupunta? Akala ko ba sa cafeteria?" nagtaka si keyboard dahil ibang daan ang tinatahak namin instead na daan patungong cafe.

"Susunduin si RL," sagot ko sa kanya, may chat kasi sa akin yun kanina.

"May pasok yun!" Hampasan ng hampas tong keyboard. Magdadala na talaga ako ng bat sa susunod.

"Di naman nag-aaral yun, sus!" ou at may punto si Iris, di talaga mahilig mag-aral babaeng yun kahit noon pa man.

"Pwede kayo gumawa ng paraan para ma excuse sya." suggestion ni Ag, galing naman ng friend ko na yarn.

"Ay good behavior yan. Tara tara!" Mas nauna pa ang keyboard naglakad sa amin. Excited yarn?

Sumugod kami sa department building nito at umakyat ng 5th floor, nakailang silip na kami ng rooms pero hindi ko makitanl ang pagmumukha nito kahit saan!

"Pumasok ba si R, ha? babe?" pang apat na tanong na rin ni keyboard to sa akin, kada room na madaanan namin tinatanong ako kung pumasok ba, apat na beses narin ako panay ng sagot sa kanya!

"Ou, baka nasa last room." sabi ko at nauna sa kanila.

Sa huling room, pagsilip ko sa loob ay nakita ko ang aking pinsan na nasa pinakadulo at malapit sa bintana. Nandito lang pala at hindi man lang kami sinabihan.

"Ayun si R," bulong ko sa tatlo.

"Gorabels na babe."

Tumikhim ako at kumatok kaya napahinto sa pagtuturo ang guro at ngayon nasa akin ang atensyon nilang lahat.

"Yes?" tanong ng magandang professor na hindi ko kilala, shuta meron pa palang katulad ni dragon na professor sa school na to?

"Miss sunduin lang po namin si RL" si Iris na ang sumagot.

"RL? and why?" Taas kilay nitong sagot. Hala maldita si Miss.

"Ayun po o. Yung magandang babae na malapit sa bintana" turo ni Kb kay Rl na ngayon ay nakangisi na. Alam na ata n'ya reason kung bakit kami nandito.

"Why?" malamig nyang tanong, ooooooof.

"Emergency po, sinugod sa hospital yung kapatid n'ya" reason ni Kb na ikinagulat ko, tangena kailan pa may kapatid ang pinsan ko?

"Vequezo, you may go now" ay wow si Miss naniwala nga.

Mabilis na inayos ng pinsan ko ang mga gamit at lumabas ng classroom. Bago pa magduda ang professor ay nagpasalamat na kami at agad nagpaalam sa kanya.

"Mga kalokohan nyo! Wala kayong pasok? sana all." nakangiting saad nito sa amin.

"Wala, kaya ka nga namin sinundo" sagot ko. Damay-damay na to.

"Wait lang, una na kayo cafeteria mag c-cr lang ako" paalam ko sa kanila at pinauna na sila.

Medyo maraming gumamit ng restroom kaya natagalan ako, nakita ko pa yung nilandi ni Iris at bigla akong inirapan. Wala naman akong kinalaman sa kung ano namagitan sa kanila kaya bakit pati ako damay?

Tapos na akong mag cr at pababa na sana nang bigla kong nakita si RL at Pixie na nag-uusap sa likod ng hagdanan.

Anong pag-uusapan nila? Gusto ko sanang umalis nalang pero hindi ako mapakali kaya't tumigil ako at nagtago upang hindi nila makita.

"I'm sorry pie." salita ni R.

"I'm...trying R..." What the hell?! S-she's crying? Tangena ano to, bigla nalang kumirot puso ko.

"Everything will be fine." sagot naman ng pinsan ko.

My cousin hugs her at niyakap n'ya rin ito pabalik.

Shit! So magkakilala sila? Don't tell me s'ya ang ex ni dragon?. Hindi ko alam pero parang hindi ako makahinga potek! Ano ba tong nararamdaman ko.

"Ja" biglang tawag ni Zi sa likod ko kaya napalingon ako sa kanya.

Nakita ko agad ang pagbabago ng ekspresyon nya sa kanyang mukha. She seems worried?

"Why are you crying?" She asked softly. Wait what, me? Crying?

Kaya agad ko hinawakan ang pisngi ko at naramdaman na may luha nga talaga.

"A-ah napuwing lang Zi, bakit nandito ka?" rason ko sa kanya.

"To monitor something, what are you doing here?" She asked and wiped my tears. Gago bakit hindi tumitigil tong luha ko.

"Sinundo pinsan ko, may pasok kayo?" Nakangiting tanong ko.

"Yes and I need to go. Are you okay?" Tanong n'ya ulit.

Nginitian ko ulit sya, ayoko isipin nya na baka may umaway sa akin kahit wala naman, pero pwede rin isisi ko sa pinsan ko para awayin niya. Ou nga pala, hindi pa alam ni Zi na nandito na ang pinsan ko. Mamaya ko nalang siguro ipapakilala kung magtagpo ulit mga landas namin.

"Yes, napuwing lang ako. Sige, pumasok ka na at baka ma late ka."

Hindi s'ya kumibo, she's just staring at me like she's trying to analyze if i'm really okay.

Bumuntong hininga ito makaraan ang mahabang segundo.

"Okay, see you later" she said and then smiled at me.

Pinauna ko itong umalis bago muling sinilip ang dalawa kanina pero wala na pala sila. Pagpasok ko ng cafeteria mga kaibigan ko kaagad ang nakita ko at nandito na rin si Rochelle, malaking katanungan parin sa akin ang nangyari kanina. Talaga bang walang namamagitan sa kanila ni ma'am? Pero bakit ganun sila kung kumilos daig pa magka relasyon.

"Bakit ang tagal mo? Tumae ka ba?" wala ako sa mood makipagbiruan kay keyboard.

"Ou!" asar na sagot ko saka umupo sa bandang dulo.

"May nangyari sayo? Bakit mukha kang galit?" pang uusisa ni R, hindi ko ito sinagot at inikutan lang ng mga mata.

"Bilhan mo ng pudding yan" sabat ni Iris.

"Pass" I said coldly.

"Luh, anong nangyayari sayo at bigla ka nag pass? Pudding na yan oh!" obvious naman siguro wala ako sa mood, bakit nagtatanong pa tong si Iris? As if hindi alam ugali ko.

"Wala." mas lalo pa kumunot ang mga noo nila sa labis na pagtataka.

"Ayaw mo talaga?" Kb asked.

"No."

"Omg! anong nangyayari sayo?" tanong mo sa pinsan ko.

"Masakit mata ko napuwing, kape nalang kb." sabi ko para matigil na sila sa pangungulit sa akin. Mabilis naman itong nagpaalam saglit para bilhan ako.

"Cous, you okay?" worried na siguro to sa akin, di naman ako ganito kung wala akong problema.

Ay wala nga pala akong problema, hindi ko rin alam bakit bigla akong tinopak.

I smiled at her. "Baka malapit na monthly ko kaya siguro ganito." dahilan ko na ikinangiti nito.

"Hoy, laro tayo!" L

"Babe oh, kape mo." nakabalik na si keyboard at maingat inabot sa akin ang mainit na kape.

"Thanks!"

"Anong laro sinasabi mo, iris?" tanong ko.

"May dala kayong mga pera d'yan?" Ha ano na naman binabalak nito?

Tumango naman kaming lahat at bigla nalang s'ya naglabas ng baraha. Tangena? Magsusugal kami rito? Really?

"Bwesit ka!" hampas ng malakas ni keyboard sa batok nito.

"Baraha bobo!" Sagot n'ya at inirapan ang keyboard.

Buti nalang at hindi pa masyado marami ang mga tao ngayon na nandito sa cafeteria.

"Ano ba lalaruin?" Tanong ko ulit.

"Poker." sugarol talaga, mana kay tita.

Hala ang gaga naglabas ng maraming pera.! Hindi ko alam pero diba bawal mag sugal sa school? At sa cafeteria pa talaga!

"Gago ka! Baka mahuli tayo!" babatukan ko sana pero di ko sya maabot kaya si keyboard na gumawa.

"Hindi naman bawal mag sugal! Basta lang walang klase. Nagbabasa ba kayo ng rules?" meron palang ganun? Bakit wala akong nabasang ganyan!

May kinuha s'ya sa ilalim ng lamesa at nagulat nalang kami na isa pala itong automatic poker cards dealer machine.Ang gaga very well prepared!

"Bet 5k" sabi ni Iris at nilagay sa gitna ang 5k kaya naglagay na rin kami.

Nag distribute na ng cards. Hmm sana maganda makuha ko.

"Tsk, flop." Si Iris, pangit siguro 2 cards.

Nag flop kaming lahat, mga pangit nakuha eh. First 2 cards ko ay King And Ace, sakto naman ace ang nakuha ko sa flop kaya may pair na ako now.

"Raise, 5k" sabi ko at nagdagdag 5k sa gitna. Nag call naman silang lahat, ay mukhang maganda cards nila.

Another turn and it's our 4th cards now. Dahan-dahan kong sinilip ang barahang nabunot ko. Tsk, Lihim nalang akong napangiti nang makita Ace ulit ang nakuha.

"Raise, 10k!" nag angat ako ng ulo upang tignan ang mga reaksyon nila, but nah, mukhang maganda mga baraha dahil kalmado lang sila.

"River na" sambit ni Kb.

Last card, napansin ko may mga estudyante na rin palang mga nakapaligid sa amin. Medyo kabado, feeling ko kasi maganda cards ng mga bruha, since no one decided to drop. Napapikit pa ako ng isang mata habang marahan na nire-reveal ang last card ko...

Patay! Nag call na ako.

"High raise bet. 30k!" Biglang sabi ni kb kaya napatingin kami sa kanya. Gago seryoso s'ya? Yung mga nanonood naman sa amin mga mukhang excited na sino mananalo.

"Ano Iris? Papalag ka ba?" hamon ko, pumalag naman sila sa raise ni keyboard. Hmmm papalag ba ako? ? Pero sige nalang pumalag na rin ako.

"Reveal your cards first, keyboard." sabi ko at nakangisi siyang inilatag ang cards sa gitna.

"Straight, highest cards." laki ng ngiti nya ha, ngiting tagumpay.

"Sorry dear, flush here" Pang-aasar ni Iris kay kb, haha gulat ang keyboard e.

"Wag ka muna mag celebrate Iris" next si Ag. Flush cards rin at dahil may King s'ya mas lamang ang cards n'ya compare kay Iris.

"Shit!" Sambit ni Iris.

"Sorry, I think wala na makakatalo sa akin" Pinakita na rin ni RL card n'ya. Wow sabagay, full house ah. 3 Queens and a pair of 10.

"Ano ba yan!" galit na keyboard namin.

Kukunin na sana ni RL ang pera pero hinawakan ko kamay n'ya.

"Don't you dare steal what's mine!" I smirked.

"Sorry, what's mine is mine my dear cousin. Full house of ace" nakangisi kong sabi at kinindatan s'ya. Gage swerte sa river e. King nakuha ko.

Bigla naman nagpalakpakan tong mga spectators namin kuno.

"Damn Sj, madaya!" Singhal ni Iris. Luh di matanggap talunan amp.

Hindi ko nalang ito sinagot at nagpatuloy lang laro namin, sobrang dami ng mga taong nanonood hmm. Nakailang rounds na rin kami at pag sinuswerte ka nga naman, magaganda cards na bigay sa akin nang machine.

Habang tumatagal ay pataas ng pataas din ang bet namin, tangena nila gusto ata nila ubusin pera. Aw sabagay hindi naman sila mauubusan.

Bigla akong na pressure sa baraha ko! Ang tahimik rin ata ng cafeteria? Tangena ano tutok na tutok lang sa laro namin?

"High raise! 50k! Punyeta! Pag ako hindi pa rin nanalo makakapatay ako ng katabi ko" hala ang keyboard magwawala na ata. Hindi pa kasi s'ya nanalo simula kanina hahaha mukhang mapapaaga ang lamay ni Iris.

"What do you think you're doing?" Yan na s'ya. Biglang sumusulpot, hindi ko na tinignan kung sino. Wala ako sa mood sa kanya, magsama silang dalawa nong kayakap n'ya.

"Ano iris, papalaga ka ba?" Tanong ko kay Iris. I saw in my peripheral vision her heels, standing next to me.

"You're playing this here?" ano naman sayo, hindi naman daw bawal sabi ni Iris,

"Cards" tipid kong sagot, pakialam ko sayo hmp.

"River na." sabi ko.

"And why are you playing this at school?"

Di ko s'ya sinagot. Tanungin mo yung kayakap mo. Nakita ko naman si RL na seryosong nakatingin sa akin kaya tinaasan ko lang ng kilay.

"Ma'am hindi naman po bawal basta lang po walang klase." si Kb na ang nagpaliwanag. Hindi naman sumagot ang dragon at nanatili lang sa gilid ko.

"Cards na" ulit ko.

"Ja" napalingon naman ako sa tumawag. Oh tapos na klase nila?

"Bakit Zi?" Sagot ko, lumapit naman ito sa amin kasabay ang mga kambal.

Pero biglang nagdilim ekspresyon nya nang mapunta sa pinsan ko ang atensyon, hindi ko pa nga pala napapakilala sa kanya pero wag muna ngayon.

"Zi?" pukaw ko sa kanyang malalim na pag-iisip, katako at mukhang balak paulanan ng saksak pinsan ko eh.

"What are you playing?" She asked.

"Poker."

"Zi halika nga, ikaw magbukas nitong last card ko. Baka swerte" sabi ko't pinaupo sa tabi ko.

Yung dragon? Ayun nasa tabi lang naman ng pinsan ko at masamang nakatingin sa akin. I mentally rolled my eyes.

"Sa isang kondisyon." agad ko itong nilingon, anong kondisyon hihingin ni Ziallyn?

"What?"

"Let's have a date. If you win this game" hindi lang ako ang nagulat sa sinabi n'ya kundi lahat ng mga tao na nakarinig. Nasa cafeteria po kami!

"H-ha?" Utal ko sagot sa kanya.

"Hindi ka naman siguro bingi, Ja?" Bigla humagalpak ng tawa sila Iris at keyboard, langya! May nakakatawa?

Hindi ako kaagad nakasagot dahil sa hindi ko alam kung ano ang tamang isasagot sa kanya sa harap ng maraming tao, pero sa tingin ko oras at pagkakataon na ito upang aminin sa kanya kung ano talaga ang totoong nararamdaman ng puso ko.

Nginitian ko sya at marahan pinisil ang pisngi."Okay, sure."

Then I heard a loud bang. Nag angat ako ng ulo at nakita si dragon, titig na titig sa akin at namumula ang mga mata. Kaagad ako nag iwas ng paningin at hindi ito pinansin at inabala ang sarili, bumunot ako ng baraha at ibinigay kay Ziallyn upang silipin.

"Make sure to give me a good card, Zi," bulong ko sa kanya, saglit nya ako sinulyapan at ngumiti ng matamis. Napalunok ako dahil baka pangit nakuhang baraha.

"Here" napangiti ako sa barahang binigay n'ya.

"All In ko na lahat guys. 500k!" At inilagay sa lamesa ang lahat ng mga napanalunan ko.

"Seryoso ka ?!" Singhal ni Kb.

"Mukha ba akong nag j-joke keyboard?" May nag a-all in ba na joke lang. Siraulo.

"De La Fuente" lamig naman makatawag nito. Sinulyapan ko lang s'ya, oh bakit naman ang dilim ng mukhang yan?

Si RL naman parang hindi mapakali. Natatae ka na d'yan my dear cousin?

"Ja" tawag na naman nitong demonyo.

"Yes?"

"Let me see your cards" dumikit ako sa kanya at pinakita ang hawak kong mga baraha. Ang daming tao nanonood gago. Sino ba naman hindi manonood pag nalamang nakisali sa table namin ang magpinsan.

"Ano na? Mag drop na kayo kung hindi kayo papalag" hamon ko sa kanilang apat. Hindi sila umatras at pumalag lahat sa bet ko, ay papanalangin ko nalang manalo sila.

"Reveal cards na" utos ko sa kanila at sabay nilang ipinakita ang mga baraha.

Sa kanilang apat ay si RL ang pinakamataas, four of a kind ang baraha n'ya.

"Shit!" Bigla nalang sinakal ni Kb si Iris tangena.

"Keyboard! Tangenamoka bitawan mo ako!" Reklamo ni Iris. Full house lang kasi baraha ni Keyboard haha.

"What's your card?" Tanong ni RL sa akin kaya napatingin ang lahat.

Nakita ko naman na napalunok ang dragon, oh bakit parang mas kabado ka pa d'yan kaysa pinsan ko?

"Zi, reveal mo na" sabi ko kay demonyo, sinunod naman n'ya agad.

"Ano ba yan! Kanina pa puro magaganda baraha mo babe! Kaya ka pala nag all In. Straight flush highest card hawak mo ugh!" Gigil na saad ni Kb. Kinuha ko agad ang mga perang nasa gitna, panalo ako e pano ba yan. Binalingan ko si Ziallyn na ngayon masaya rin sa pagkapanalo ko.

"Thanks, Zi," swerte nga ata talaga pagdating nya, Ace nakuha eh.

"Welcome" at inilapit ang mukha sa bandang tenga ko. May ibubulong ata.

"Don't forget our date" she said, tumango naman ako at gumanti ng ngiti sa kanya.

Napaungol ako sa malakas na sampal sa aking ulo, pati mga kaibigan at si Zi ay nagulat sa ginawa nito. Pag angat ko ng ulo kay dragon ay kagat na nito ang ibabang labi, nagbabadyang umiyak.

"Bakit mo yun ginawa?" tanong ko ngunit hindi ako sinagot at agad naglakad palabas ng cafe, susundan ko sana pero agad tumayo pinsan ko upang sundan ito. Nagpakawala nalang ako buntong hininga bago muli nilingon si Zi na nakatangin sa exit door ng cafeteria.

"Zi?" tawag ko.

"H-Huh? Are you okay?" ano nangyayari sa kanya?

"Ou, ikaw dapat itanong ko? Okay ka lang ba?" di ko kasi alam kung galit ba siya o ano eh.

"Yes, I'm fine." hmm.

"Pasok na tayo, malapit na mag time." singit ni Ag sa aming usapan, tinignan ko ang relong suot at 5 minutes nalang pala natitira.

"Zi, pasok na kami." sabi ko.

Mabilis namin iniligpit ang mga kalat at nagpaalam saka nagtungo sa department building. Masakit parin yung batok na ginawa ni ma'am sa aking ulo, grabe naman kasi at naalog yata utak ko.

"Ayos ka lang?" lumapit si Ag sa akin at pinauna ang dalawa sa paglalakad.

"Ou, sumakit lang ulo ko."

"Mag desisyon ka na, bago mahuli ang lahat." payo niya at tinapik ako sa balikat. Napahinto ako sa paglalakad habang sya ay tuloy lang sa paghakbang. May alam ba siya na hindi ko alam?

Hays.

*

"Sj hindi ka pa ba lalabas?" tanong ni Ag habang nagliligpit ako ng libro, ou may dala akong libro pero di ko nagagamit shuta.

"Asan ang dalawa?" Tanong ko.

"Nagpunta sa bagong bukas na cake shop, hinintay lang kita." ah, baka yung sa katabi ng restaurant ni dragon.

"May problema ka ba?"

"Ag, sabihin mo nga. May tinatago ba kayo sa akin?" napansin ko agad ang reaksyon ng kanyang katawan, may tinatago talaga to.

"What do you mean?" mabilis niya iniwas ang paningin, halata masyadong iniiwasan mga mata ko.

"Hmm nothing, just asking."

"Wag mo na isipin, at ikaw lang makakasagot nyan. Alis na tayo baka naghihintay na sila." naguguluhan man ay hindi ko na pinilit alamin kung meron man, wala naman ako makukuhang sagot sa kanya.

Umalis ma kami at agad sinundan ang dalawa, pero hindi ko inaasahan ang makikita pagpasok namin ng shop. Kasama nila sila dragon at demonyo, nandito rin pinsan ko.

"Babe!" Tawag ni Kb sa amin.

Hindi ko na sinulyapan si dragon dahil alam kong nakatingin ito sa akin, kaya dumiretso ako sa upuan na katabi ni demonyo.

"Wala ka ng pasok, Zi?" mabilis itong umiling at nakipagpalit sa akin ng upuan, hindi ko alam pero ayaw nya ba katabi pinsan ko?

"Pakilala mo na pinsan mo." sabi ni Iris sa akin,

"Pakilala ka raw tanga." I said coldly.

Nakita ko naman na nakatingin sa akin ang tatlong bruha kaya tinaasan ko lang sila ng kilay. May problema ba tayo mga mare?

"Ah, sorry, my name is Rochelle Love, RL nalang for short." pakilala nito kay Ziallyn at nakipagkamay ngunit tinaasan lang ng demonyeta ng kaliwang kilay. Luh, bakit iba kutob ko? May ginawa ba pinsan ko para maging ganito si Ziallyn sa kanya?

"K." sagot ni Zi, si R biglang binawi ang kamay dahil hindi naman ito tinanggap ni Ziallyn, shuta.

"Ja" tawag ni Zi.

"Hmm?" sagot ko pero focus masyado mga mata ko sa matatamis na pagkain.

"Why are you not eating?" She sounds worried.

"I don't know. Hindi ako gutom?" Kanina ay gutom ako pero ngayon hindi na.

"Baliw tong si Iris, may mapapagalitan na naman mamaya. Ay, pie, sino yung circle of friends mo?" baling ko, oh bakit kumukunot noo nito.

"Why?"

Nakita ko na may sauce sa gilid ng labi n'ya kaya agad kong pinunasan gamit ang daliri ko at dinilaan. Oh tulala na naman si dragon, bawi next time baby.

"Wala ka balak ipakilala sa amin?" Tanong ko at nagsimula na ulit kumain. Sarap naman ng pagkain na niluto nito parang s'ya lang, masarap.

"Gusto mo?"

"Ou." diretso kong sagot.

"Gusto mo, ihampas ko tong hipon sayo?" Malamig n'yang sabi dahilan para mapalingon ako agad sa kanya. Langya, apakaselosa naman nito.

"Pie naman, wala ako balak sa mga kaibigan mo. Amoy redflags." Totoo naman. Gaganda nga pero walking redflags ang awrahan, pero sabagay marami namang colorblind sa panahon ngayon kaya go lang ng go.

"Si Iris kaya nangungulit sa akin, diba isa sa mga kaibigan mo yung kasama nya?" Malas ni Iris, mukhang mapanakit yun.

Hindi naman sya umimik, ay ayaw nya ata. Sige wag na natin ipilit at baka may lumipad na naman na kung anong bagay sa mukha ko. Hilig nya pa naman mang tapon, pero mas bet ko kung sarili nya itatapo sa akin.

"Okay." sambit nya kaya natigilan ako.

"T-Talaga?" nagtaasan mga kilay ko, excited lang ako.

"I'll talk to them first." mas lumawak ang ngiti ko at mabilis ninakawan ng halik ang kanyang labi.

"Thanks pie, sabihan ko sila mamaya." sagot ko sa kanya.

Nagpatuloy kami sa pagkain, sa sobrang daldal ko ay inabot kami ng kalahating oras bago matapos ang pagkain. Ngayon, naghahanda na kami para lumabas at mamasyal.

"Mommy! Anong susuotin ko?"

I called out to her when I walked out of the bathroom, but she was already dressed. She was wearing a one-sleeve white cropped top, high-waisted shorts, and high-cut white Converse shoes. I told her to just wear something casual, but she looked absolutely stunning. She could wear anything and look amazing even with the most casual choice of clothes, she could turn heads.

"Baby!" Sigaw ko sa kanya dahilan para magulat ito.

"What?" Kunot noo nyang tanong.

"Bakit yan ang suot mo!" Medyo nagulat sya dahil sa tono ng pananalita ko.

"Why?"

"You look so sexy! Good job mommy. I like that!" sabi ko at nag thumbs up pa.

She facepalmed, assuming that I'd get angry and berate her, but I just laughed. I took my blazer from the closet and gave it to her, telling her that it would complement her outfit even better.

Well, hindi ko naman s'ya pinapangunahan sa mga suot n'ya. She can wear whatever she wants coz it's her freedom of choice, hanggang tingin lang naman sila sa dragon ko.

Nagsuot lang ako ng oversize long sleeve shirt at high-waisted shorts na rin then white shoes, para matching outfit kami.

"Pie tapos na ako, alis na tayo?" tawag ko.

"Alright, I'm done." sagot nya. Hindi na kami nag aksaya pa ng oras at agad din umalis para mahaba ang bonding namin today.

*

Nasa mall kami kasi may bibilhin daw s'ya pero hindi ko alam kung ano. Nasa chanel po ulit kami pero this time hindi na ako sumama sa loob, nagpaiwan nalang ako rito sa labas since may mga upuan naman na pwede gamitin while waiting.

"Baabe!" Awtomatikong napalingon ako sa tumawag. Bwesit! Sa daming pwede makita si Bern pa!

Langya! Agad akong tumayo at papasok na sana kung nasaan man si dragon pero humarang naman ang shrek. Naku babae ka, wag ka lang talaga dumikit at baka may dragon na lapain tayong dalawa!

"Babe" napatampal nalang ako sa ulo ko. *Mommy! Where are you na!*

"Pwede umalis ka? Dadaan ako" I said coldly.

Hindi nga pala to nakikinig sa kung anong sasabihin ko. Para rin pala tong KB gagawin ang lahat kung ano ang gusto. Hindi nga ako nagkakamali dahil bigla nalang pinulupot nito ang mga kamay sa bewang ko!

"Pwede ba bitawan mo ako?! bago pa ako mamatay ng dahil sayo." Pilit ko inaalis kamay pero para syang linta kung makakapit.

"Hindi ka naman mamatay dahil lang sa yakap ko babe." Nakangising sagot nito.

"Hindi ko sinasabing ikaw ang magiging dahilan. May dragon akong kasama at masama magakit 'yon! Kaya bumitaw ka na hangga-"

"Jane" Ayan na, napalunok nalang ako. Sinasabi ko na nga ba. Lintik kang shrek ka!

"P-Pieeeee,"

"Oh, Fiona," bigla akong natawa habang papalapit si pie sa direksyon namin, anong Fiona? Shrek nga dapat!

"Excuse me?" Taas kilay na sagot ni shrek.

Sige gora at labanan mo kung kaya mo si dragon. Bigla nalang ako hinila ni dragon ng napakalakas kaya napabitaw si shrek at napasubsub ako sa dibdib n'ya. Wow I like this spot, so soft.

"You, again?" Hindi ito sinagot ni dragon, kawawang shrek, kung ako sa kanya alis nalang sya.

"Are you ignoring me?" Tapang naman nito, pag sya pinatulan ni pie.

"I am not ignoring you. I am simply giving you time to reflect on how poorly you're behaving right now." Mukhang kalmado pa naman si pie? Wag lang sana masira araw nya at ayaw ko mag aksaya ng oras dito.

"I don't like you." may saltik yata tong si Bern, bigla nalang susugod tapos gaganyan.

"You don't like me? then, fuck off. Problem solved." She said coldly. I was left stunned at her response. I couldn't believe it. This was too much to handle. The Shrek was at a loss for words. Tatawa pa sana ako kaso mabilis akong hinila ni pie papasok sa store. Si Bern? Naiwan namumula sa inis ang mukha.

"Change your shirt" biglang sabi n'ya kaya napatingin ako sa kanya.

"Ha?" Sagot ko.

"Hakdog." gulat ako sa sagot, bigla ako napahagalpak kasi naman tong si pie kung makatitig sa suot kong damit kulang nalang sunugin nya. She rolled her eyes at kumuha ng damit. Gusto nya magpalit ako dahil ayaw nya may ibang yumakap sa akin, grabe yun.

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHA Pie, hindi ka parin nagbabago, cute mo parin pag nagselos." lumapit ako upang humalik ngunit dinakma nya mukha ko shuta.

Pagkatapos magpalit ng damit ay pinatapon ni Pie suot ko kanina. Sayang! Original at mahal yun no! Kung sana binenta ko yun ay tiyak magkakapera ako. Hindi nalang din ako umimik at mukhang mas mahal naman tong ipinalit nyang damit sa akin.

"J-"

"Pie, akyat tayo sa 4th floor? Gusto ko maglaro sa WOF." di ko na ito pinatapos at kinaladkad palabas. Daming mga mata kung makatitig sa dragon na to, tusukin ko mga mata nyo e.

Malapit na kami sa world of fun nang makita ko nalang ang pinsan ko na may biglang hinawakan at hinalikan sa pisngi. The hell?!

Pero ang mas ikinagulat ko ay nang makita si Ziallyn na sinampal si RL. Oh shit! You meeeeeet her loyal friend! Masakit pa naman manampal yan walangya.

"Pie, kita mo yun?" baling ko sa kanya at itinuro ang direksyon nila Zi, "Siraulong Rochelle, kapal ng mukha at nanghahalik nalang bigla." dagdag ko kasabay ang mahinang pagtawa.

"Are you jealous?" Malamig na tanong nitong dragon kaya napatingin ako ulit sa kanya. Oh bakit na naman ang sama nito makatingin.

"Me? Of course not!" Pinagsasabi ng babaeng to. Tampalin ko pwet n'ya e.

Pansin kong umalis na mga kambals kaya bago pa topakin si Pie mabilis akong tumakbo palapit sa mga tropa, kasunod si Pie at ramdam ko ang malamig nyang titig sa akin.

"Hoy!" tawag ko.

"Omg babe!" Sasalubingin sana ako ni keyboard ng yakap pero hindi ko napansin si Pie, mabilis nya akong hinila at tinago sa kanyang likuran.

"Hi, ma'am," di ko alam kung inosente si keyboard o talagang sinasadya nya lang.

"Tanga, bakit mo hinalikan si Ziallyn? Kamusta sampal? Masarap ba loyal friend nya?" Tanong ko kay R, grabe yung sampal at namumula pisngi nya shuta.

"Hindi ko naman alam sya mahahalikan ko, dare lang nila sa akin." Iritadong sagot nito at itinuro sila keyboard habang hinihimas ang kanyang pisngi.

"Ang daming babae sa mundo, malas mo sa isang demonyo pa bagsak mo" balik ko ulit sa kanya.

"Bakit nandito kayo?" Tanong ni Iris. Ano ba ginagawa sa mall?

"Mag si-swimming"

"May pool ba rito?" Bobong tanong n'ya. Hindi ko nalang sinagot, walang sense.

"Shuta ka Iris, bakit nandito ka? Diba nasa kabilang syudad ka? Nakita ko scandal mo kaninang umaga gago!" bulyaw ko. Napangiwi ako sa kurot na ibinigay ni pie. Bakit ang hilig nya mangurot? Kurutin ko singit nya e.

"Mameeh naman."

"Dami mo tawag kay ma'am," Salita ni Ag, himala at nagsalita. Naalala ko na naman, kaya abala palagi sa cellphone kasi ina-update si pie,

"Opkors!" Nakangiti kong sagot.

"Luh, hindi ko kasalanan yung nangyari kanina at sya una sumugod sa akin. Hindi ko nga alam bakit parang malaki galit non sa akin." depensa ni Iris sa sarili. Baka kasi isa sa mga nilandi nya noon at nakalimutan lang? Ah bahala sya at bakit ko pinoproblema problema nya.

Wala akong plano sumama sa kanila at wala rin akong plano isama sila. Date namin to ni dragon ko kaya magkanya-kanyang buhay muna kami. Hanap sila mga bebe nila para makarelate.

"Alis na kami, bahala na kayo d'yan." Sabi ko at hinila na si dragon pero pinigilan ako ng magaling kong pinsan. Ano? Makiki-third wheel s'ya?

"Ano?" sabi ko.

Nagdadalawang isip pa ata ang gaga kung magsasalita o hindi.

"Pahinging pera" ay pota. Napatampal nalang tuloy akong ng noo, kasi parehas kami. Walang mga perang dala.

"Naiwan ko wallet ko sa bahay tanga" sabi ko.

"Uy, bigyan nyo pera si Rochelle, nakikisabit lang ako kay pie," Sabi ko sa tatlo, mayayaman naman sila kaya maliit na halaga lang yan sa kanila.

"Tanga, kaya nga kami hihingi sayo kasi wala rin kaming mga pera" ay yudeputa. Langyang yan, napapikit nalang talaga ako dahil sa mga kagagahan nila.

"Walangya, umuwi nalang kayo! Ang yayaman nyo tapos wala kayong mga pera?!" paano sila nakalaro sa WOF kung wala silang pambili ng tokens?!

"Here" sambit ni dragon na nasa gilid ko, ay nandito pala s'ya. Litsi kasi tong mga kaibigan ko nakakabobo.

Nanlaki nalang ang mata ko nang may inilabas s'yang apat na credit cards at ibinigay sa kanila. Hooooy! Mameehhh noooo!

The biots were too stunned to speak.

"Buy whatever you want" sabi n'ya at s'ya na mismo ang humila sa akin. Hala dapat ako lang ang sugar baby n'ya! Bakit naman bigla naging lima kami! Chur.

"Pie hindi mo na sana ginawa yun." Kunot noo kong tingin sa kanya, parang wala lang talaga sa kanya yun no?

"They're your friends. It's okay and I don't mind. Money is just a piece of paper, happiness is all that matters." Tangenang drago naman to kung magpakilig! Napakagat labi nalang ako dahil sa sinabi n'ya. Sanaol unlimited money.

Naramdaman ko ang pag vibrate ng phone sa aking bulsa, akala ko cellphone kopero kay pie pala. "Pie,

sandali, tumatawag si tita," sabay kami huminto at pinakita sa kanya ang caller.

Nagpakawala ako ng hininga at tipid ngumiti. "Bakit pie? Nag away kayo ni tita at ganyan ka makatingin sa akin?" tanong ko kasi mukhang nag-aalala sya base sa ekspresyon ng kanyang mukha.

"Just ignore h-" pero hindi ko yun pinakinggan at mabilis sinagot ang tawag.

"Tita?" tawag ko sa kabilang linya at nakita si pie umiling kasunod ang buntong hininga.

"Jane?"

"Opo. Kasama ko si ma'am, may pinuntahan lang saglit at naiwan sa akin phone kaya sinagot ko na po." dahilan ko sa kanyang ina para hindi magtaka.

"Can you let Pixie know that her grandfather is calling and needs her presence at the company immediately? It's urgent." Wala pa akong sinasabi pero magkasalubong na mga kilay ni pie, mukhang alam na nya kasi ang dahilan.

"Pie, kailangan ka raw sa-"

"I know." Amp, langya.

"Sige, hindi mo sinabi may mahalagang lakad ka pala ngayon. Sabi mo kasi wala at bakante buong araw." Sarap mag dabog pero naiintindihan ko, okay lang dahil nakasama ko naman siya ngayon.

"Come along with me. I'm not going anywhere until you're with me. It's best if you join me, otherwise, you may end up collecting more bugs." Mariin nyang salita. Mahina akong natawa kasunod ang sunod-sunod na tango, wala rin naman ako plano humiwalay sa kanya ngayon.

"Okay mameeh, hehe." hagikhik ko at nagtaas-baba ng mga kilay. Bumaba ang tingin nya sa aking labi bago bumalik sa mga mata ko at ngumisi.

"Alright, that's good."

Dumiretso kami sa kompanya ng kanyang lolo, para akong bata at nalula sa sobrang laki! Nadadaanan ko lagi ito pero hindi ko alam pagmamay-ari pala ng lolo ni pie ang malaking building na to. Sunod lang ako ng sunod sa kanya, mukhang kilala si pie ng mga empleyado dahil bawat nakakakita sa kanya ay binabati sya.

"Pie, bakit sinama mo ako hanggang dito? Dito nalang ako sa labas maghihintay sayo." kabadong salita ko at pilit itong pinigilan hilahin ako papasok ng conference room.

"Why? Gusto kita isama sa loob. Don't you want to meet your future in-laws?" Shuta, seryoso sya? Meet the future in-laws pala to?

"Pie naman, shy type ako."

"Shy type your face." enebe nemen et begle neleng nengegeledked. Sige na nga at sasama na ako sa loob.

As we entered the conference room, I noticed an eerie silence that seemed to weigh heavily on the air. The gathering was serious, with everyone's attention fixed on me. Tita's slight smile comforted me, but it

was the older gentleman, whom I believed was Pie's grandfather, whose stoic demeanor made me even more nervous.

"Why are you late? Didn't you get the message?" tanong ng kanyang lolo. Langya, boses lang pero nakakatakot na.

"I didn't plan on coming since I had an important date. If it wasn't for my companion, I wouldn't be here." Shuta, ganyan pala sila mag lambingan ng lolo nya? Bardagulan?

Isang upuan nalang ang meron, uupo sana ano kaso naalala kong sabit lang pala ako. Ayaw ko makisali sa usapan nila kaya marahan ko hinila si pie at pinaupo habang ako nanatiling nakatayo sa kanyang gilid. Mukhang mahalaga talaga pag uusapan nila, akala ko nga sisipain ako palabas ng lolo nya pero hinayaan lang ako nito. Loko si Pie, akala ko talaga ipapakilala na ako, it's a prank pala at kinabahan ako.

Wala akong maintindihan sa mga usapan nila. Kanina pa ako nakatayo rito at ramdam ko na ang gutom. Hindi kami nakakain ng lunch kanina kasi nga dumiretso kami rito. Ramdam siguro nj pie na may nakatitig sa kanya kaya napalingon ito sa akin, saglit akong ngumiti at ngumuso.

"Love, have a seat here." nagtaasan mga kilay ko at mabilis sumulyap sa mga taong kasama namin sa room. Shuta pie, para kasing normal sa kanya at maypa tapik-tapik pa sa lap habang inaakit ako sa harap ng board of directors.

"Could you please get her some pudding and drinks?" salita nya pero sa akin parin nakatutok ang atensyon. Hindi ko na rin kinaya at mag iisang oras na akong nakatayo kaya tuluyan na akong umupo sa kanya.

"Thank you pie, masakit na paa ko. Sorry po, continue na kayo." bulong ko kay pie bago humingi ng paumanhin sa mga nakatatanda. Nahagip ng mga mata ko ang pagngiti ng kanyang lolo pero agad din nawala, o baka namamalikmata lang ako dahil sa gutom?

Okay, balik ulit sila sa discussions at hindi nagtagal dumating ang pudding ko. Payapa akong kumakain, sinusubuan si pie nang biglang lumikot mga kamay nya sa pagitan ng mga hita ko, shuta maharot. Alam ko paano kontrolin ang sarili kaya kahit anong gawin nya hindi ako maaano jan, focus tayo sa pudding ko.

"Shuta!" Kaming lahat gulat sa sigaw ko, kasi naman si pie bigla nangungurot ng singit!

"What?" Malamig na tanong ng kanyang lolo.

"N-Naipit lang paa ko. Sorry, continue po." Kabadong sagot ko bago nilingon si pie at pinaningkitan ng mga mata. Akala nya madadala ako sa ganyan?

"Behave, dito mo talaga ako hinaharot no?" saway ko bago sya subuan ng pudding. She let out soft chuckles and then wrapped her arms around my abdomen before setting her head down on my shoulder and accepting the pudding I offered.

"I love you." Bulong nya. I immediately tilted my head at hinayaan sya sa lahat ng gusto nyang gawin habang tuloy lang ako sa paglantak ng pagkain.

*

Hapon na natapos sila pie, sa sobrang tagal ay nakatulog ako kakahintay. Basta paggising ko kaming dalawa nalang ang natira. Umasa pa naman ako ipapakilala tapos hindi pala nangyari. Hays, sige ako nalang iintindi at may next time pa naman.

"J, why are you sulking?"

"Ha? Ako? Sulking? Di no, sus." Mabilis kong sagot at naglihis ng ulo.

"Really?" Ou nalang amp ka.

"Ou, papalubog na araw pie. Gusto mo?" Tanong ko at mukhang gets naman nya agad dahil tumango ito.

Dinala ko sya sa bandang seaside. malapit na mag sunset kaya gusto ko sabay namin yun makita. Magkahawak kamay kaming naglalakad sa may sidewalk, nagtatanong ng mga random questions sa kanya nang bigla may nakita kaming mga batang nasa 6 to 7 years old lang siguro, nanlilimos.

May naalala tuloy ako sa nakaraan.

"Palimos po." Sabi nong isa sa mga batang nanlimos.

Patay tayo d'yan, wala talaga akong dalang pera jusko Sj! Kung kailan kailangan mo saka ka naman wala.
Bigla nalang bumitaw si Pixie sa kamay ko at hinawakan sa ulo ang mga bata.

"Why are you doing this? Where are your parents?" Bakit ba nag e-english tong si dragon. Napansin kong naguguluhan ang mga bata sa sinabi n'ya.

"Baby wag kang mag dollar, mag tagalog ka para magkaintindihan kayo." Saway ko at mahinang tumawa.

"Where-I mean, nasaan mga magulang mo?" cute ng mameeh ko. Pinagmasdan ko ito, kahit medyo cold personality si pie ay talagang magaan ang loob nya sa mga bata.

"Wala na po kaming mga magulang ate. Maliit palang po ay iniwan na kami." Sagot nong lalaki.

"Wala ba kayong kasama sa bahay?" This time ako na ang nag tanong. Tumango naman sila, so it means...

Kinuha ni Pie ang cellphone n'ya at may tinawagan. Alam ko na kung ano 'yon.

"Wala ba magagalit sa inyo kung hindi na kayo uuwi?" Tanong ko

"Wala po." Sabay nilang sagot na tatlo.

"Gusto nyo tumira sa lugar na masarap ang pagkain, kumportable ang kama at maraming kaibigan?" Dahil sa tanong ko ay lumiwanag ang kanilang mga mukha.

"Meron pong ganun? Opo!" Kulit nong batang maliit at tumatalon pa dahil sa tuwa.

"May tinawagan si ate ganda n'yo. Mamaya may darating dito at isasama kayo sa lugar na sinasabi ko.

Hindi kayo magugutom doon, makakatulog kayo ng mahimbing at walang mang-aapi" nilingon ko si Pie na ngayon ay pabalik na sa amin.

Baet talaga n'ya kaya mas lalo ko s'yang minamahal e.

"They're coming." She smiled at me. Aw, tignan mo ang napakatamis na ngiting yan, it's melting my heart.

"Gutom kayo?" Tanong ni pie sa tatlo.

Buti nalang may bubuyog na malapit. Isinama namin mga bata para pakainin muna bago dalhin sa bahay ampunan. Sabi ko ako na mag o-order pero pinigilan nya ako at bantayan ang mga bata, tapos naalala ko wala nga pala akong pera.

"Ate ang baet po ninyo, lalo na si Ate ganda" sabi ni Kiko at tinuro si Pie. Tinanong ko ilang taon na sila at ano mga pangalan nila. Si Kiko pinakamatanda, 7 years old. Si Kim at Nika naman 6 years old.

Napangiti ako sa sinabi nito.
"Talaga? Bagay ba kami ni ate ganda?" Tanong ko.

Nanlaki ang mga mata nila dahil sa sinabi ko. Akala siguro nila ang babae ay para sa lalaki lang.

"Opo ate bagay kayo. Parehas magaganda at mababaet" sagot ni Nika.

"Papakasal kami ni ate ganda nyo soon." Laki ng ngiti ko habang sinasabi ko yun at taas-baba ng mga kilay.

"Sure." Napaigtad ako dahil sa gulat, bigla nalang susulpot tong si pie. So narinig nya sinabi ko? ba't naman namumula dragon ko n ayarn.

"Here, kain na kayo." sya na rin mismo nag asikaso sa mga bata, sweet naman nito. Siguro magiging perfect mom si pie pag nagka-anak kami isang dosena.

"Happy?" Mahinang bulong nya sa akin habang pinagmamasdan ko ang mga batang masaya kumakain.

"Yes, pwede ka na maging ina ng mga anak ko baby" lumawak ang ngiti ko nang makita ang pamumula nito.

Hindi s'ya sumagot ngunit may ngiti sa kanyang labi. That's the sign.

"Cute mo mameeh, di ka parin nagbabago at mabilis pamulahan." panunukso ko.

"Not here, J,"

"Yeeeeee." Aasarin ko pa sana kaso baka topakin bigla kaya postponed muna.

Sakto pagkatapos kumain dumating ang susundo sa mga bata. Panay iyak pa ang tatlo bago tuluyan umalis dahil malaki ang pasasalamat nila sa ginawa ni pie.

Lakad nang lakad kami ni pie, hawak kamay nang sa di kalayuan may nakita akong street foods! Hala, miss ko na! Nagutom ako bigla langya.

"Baby!" Excited na tawag ko sa kanya.

"Hmm?"

"Kain tayo, try mo yun dali!" Excited kong turo sa kanya at hinatak palapit sa nakita kong pagkain. Kumakain ba sya nito? Kakain kaya sa nito? Feeling ko hindi, high maintenance kasi tong si dragon.

"Kuya isaw po mga sampu, tapos kwek-kwek po apat" hindi naman halatang gutom ako no? Ay hala punyeta wala pala akong pera! Yawa.

Asan na ba 'yon si Mommy at mamamalimos ako sa kanya ng 100, ay nasa gilid ko lang pala. Napansin kong medyo naguguluhan s'ya dahil sa expression n'ya.

"Mameeh," tawag ko.

"Palimos 100" sambit ko. E sa wala talaga akong pera. Babayad nalang ako sa kanya kiss.

"I don't have?" sagot nya. Patay tayo at may nilalantak na akong kwek-kwek oh.

"Hmm, card?" Muntik akong mabulunan sa kinakain, natatawa tuloy ako.

"Cash lang pie" napansin n'ya siguro na gusto ko na tumawa kaya ang sama na naman n'ya kung makatingin sa akin.

"Oh."

"What's this?" Turo n'ya sa isaw na kakaluto lang.

"Ishaaw" sagot ko pero hindi ko alam kung gets n'ya. Puno kasi ng pagkain bunganga ko.

"What's that?" Kunot no nyang tanong, hindi gets. Nilunok ko muna ang pagkain bago sya sagutin.

"Intestine po."

"Is it safe?" Kakainin ko ba kung may lason baby? Charot.

"Yes, masarap yan. Try it" kinuha ko ang isang stick at binigay sa kanya.

"What about that pingpong ball?" Nakunot ang noo ko dahil sa tanong n'ya. Anong pingpong ball.

"Pingpong ball?" Lutang kong tanong.

"Yes, that orange ball you're eating" ampotek pingpong ball. Nabilaukan tuloy ako nang ma realize ko tinutukoy n'ya litsi.

"My god J!" Diko kere, humagalpak na ako BAHAHAHAHAHAHAHAHA.

"Sorry sorry, it's not pingpong ball baby. Kwek-kwek tawag d'yan." Pati tuloy si kuya na nagtitinda natatawa na dahil sa ka inosentehan n'ya.

Bigla nalang namula ang mga pisngi nya my goodness! How cute.

"Sige na baby, try it." Sabi ko. Medyo hesitant sya pero kinain rin naman. Napangiti ako, akala ko kasi mandidiri sya.

Napatango naman s'ya habang ninanamnam ang Isaw. "Hmm not bad" sabi n'ya at kumagat ulit. Awee nakaka-inlove lalo si dragon.

Kumuha ako ng pingpong ball na sinasabi nya at isinubo sa kanya.
"Try this one too." Sabay subo sa kanya.

"Sarap ba?" Nakangiting tanong ko. Tumango ito kaya mas lalo akong ginanahan na pakainin sya.

Naka 15 isaw at 6 pingpong ball din kami which is kwek-kwek. Natatawa parin ako sa hayop na pingpong ball na yan.

Busog sya, pero ako hindi! Nagpatuloy na kami sa sadya namin at nagtungo sa dalampasigan. Hindi kami nagbayad kay manong, binigay ko nalang yung relo ko bilang bayad shuta.

"J, do you remember before your accident?" Putol nya sa katahimikan naming dalawa at isinandal ang ulo sa aking dibdi habang nakatanaw sa magandang tanawin.

"Yes."

"You saw everything?" She mumbled.

"Yes."

"I-I'm sorry."

Ou nasaktan ako that time kasi hindi ko rin naman expected na mahal ni RL si Pixie. Pero naisip ko rin kasi na tama naman ang mga sinabi n'ya. S'ya naman talaga ang nauna, hindi ko rin naman s'ya masisisi kung natutunan n'yang mahalin 'tong si dragon dahil hindi naman s'ya mahirap mahalin at pakisamahan kung talagang kikilalanin mo s'ya ng mabuti.

Her bravery, kindness, and innocence are what make her a beautiful person. Bigla ako nakarinig ng mahinang hikbi kaya mabilis ko syang tinignan sa mukha at pinunasan ang mga luha.

"Don't cry baby. It's okay, I'm not mad at you. Nagulat lang talaga ako that time, hindi ko rin nga alam na tumawid na ako non sa intersection eh. Parang yung mga paa ko na ata mismo nagdala sa 'kin don" paliwanag ko sa kanya at niyakap s'ya.

I moved her to sit on my lap while we watched the sunset. I planted small kisses on her cheeks as she leaned in on me, snuggling close. She interlocked our hands and planted a soft kiss on the back of my palm.

"You are perfect for me, J. You are the one who's the best for me. Together, we complete each other, and I want to spend the rest of my life with you." Langya, puso kalma ka lang at bawal papakin si mameeh dito hays.

Binigyan ko sya ng mahigpit na yakap.

"Thank you for putting me in a space where I feel immense joy. Thank you for making my dreams come true. Thank you for loving me the way you do, pie. I love you so much." I whispered softly at matamis na

ngumiti.

"Mhm, I love you more than I can put into words." Buong pagmamahal nyang sagot at binigyan ako ng mainit na halik sa labi.

Okay na ako.

Ayaw ko na balikan ang masasakit kong nakaraan.

Kontinto ako.

Gusto ko lang maging masaya, kasama ang dragon ko.

CHAPTER 29

-

"Saan kayo nag date kahapon babe?" Pambubulabog ni keyboard sa akin.

Sa dami namin dito sa classroom ako pa talaga pinaayos nitong mga activity papers na to. Sarap lang pagpupunitin, tapos nandito na naman tong keyboard at binubulabog ako.

Dumiretso na kami sa bahay kagabi ni dragon, nagkita na ulit sila ng parents ko. Hindi ko nga alam kung ako ba talaga ang anak nila o si Pixie dahil sa sobrang sweet ng parents ko sa kanya, baka talaga s'ya ang anak at ako ang adopted. Sobrang close n'ya sa parents ko lalo na sa mom ko.

Sabay na kaming lahat nag dinner at nagsimula mag kwento si Mommy sa mga nangyari at inamin din n'ya sa amin na nakipagkita ang mommy ni Pixie sa kanila ni Daddy at humingi ng tawad sa lahat ng mga nagawa nito. Pero hindi ko parin alam ang reason kung bakit n'ya kami inilayo sa isa't-isa.

"Hoy babe!"

Isa pa tong mga kaibigan ko ang kakapal ng mga mukha sinagad na ata nila ang cc na binigay sa kanila ni dragon. Wala na ata sila balak ibalik.

"Babe!!"

"Where are the 3 idiots.?" Simula nag start ang second sem lage nalang nawawala agad ang tatlong bruha. Sino at ano ang mga pinagkakaabalahan nila.

"Alam mo na ba ang balita?" Saklap talaga pag nagtanong ka tapos sasagutin ka rin ng tanong.

Natigilan ako sa ginagawa dahil sa kanyang sinabi, anong chismis dala nya?

"Spill." Sabi ko at huminga ng malalim, konti nalang itatapon ko na tong nga papel.

"Aalis mga kambal." Mabilis nagsalubong ang mga kilay ko. Anong ibig nyang sabihin na aalis ang mga kambal?

Which? Sa daming Ponferrada sino sa apat, syempre hindi kasama si Dragon sa choices for sure.

"Sino?"

"Helari, Cassandra at Annallyn." Lumungkot bigla pagkabanggit ng pangalan ni Annallyn ah. Napaisip ako bigla. Aalis? Saan tutungo? Iiwanan nila ang demonyo? Kakasimula palang ng semester aalis na sila?

"Saan?"

"States" she sounds disappointed. May crush kasi tong si keyboard kay Annallyn kahit ayaw n'ya aminin.

"Ha? Bakit daw?"

"Hindi ko alam, tanong mo nalang sila mamaya. Basta narinig ko lang din yan sa mga ka block nila." Daig pa ata n'ya broken hearted sa hitsura n'ya ngayon.

Naalala ko pala may mga papel pa ako na dapat ihatid sa office. Kaya minadali ko na ang pag-aayos, inutos ba naman sa akin na e separate ang girls and boys na mga papel. Hindi ko alam may gender na pala ang papel charot. Kinailangan ko pa tuloy hingin ang list of students sa block na to.

"Oh lungkot mo naman, wag ka mag-alala wala ka rin naman pag-asa kay Annallyn." Sagot ko sa kanya at nagpatuloy lang sa ginagawa.

"What?!" Nag angat ako ng ulo at nakita ang gulat sa kanyang mukha, tila naguguluhan at ayaw maniwala. This dumb keyboard.

I heaved a sigh.

"She's in relationship. Di mo ba alam?", Taas kilay kong salubong sa tingin n'ya.

Nagulat din ako kagabi nong sabihin ni pie jowa ni Annallyn yung nakita naming kasama nito kagabi. Ang keyboard naging bato na ata sa kinatatayuan at hindi nakasagot. Nakanganga at tulala nalang si ateng.

"Ano na keyboard? Para kang tuod d'yan. Okay lang yan, malay mo nasa paligid lang pala ang para sayo." Sabi ko at tumayo na, finally at after a year ay natapos ko rin ang ginagawa.

Wala na talaga, yatap na. Nilipad na ata kaluluwa nya dahil hindi na sumasagot at tulala lang. "Ano na keyboard? D'yan ka nalang ba? Una na ako sayo bahala ka." sabi ko at iniwanan na syang mag-isa sa classroom. Wala ata plano bumalik kaluluwa nito sa katawan.

Teka saan ko nga to ulit dadalhin ang mga papel?

Tahimik lang akong naglalakad at pansin ko lang din na konti lang mga estudyante sa corridor. May pasok ba si RL ngayon? Ang alam ko free time nya at mamaya pa 10:30 next subject. Kapagod naman umakyat sa hagdanan na to, bakit kasi nasa 4th floor pa. Paakyat na sana ako nang bigla nalang may sumigaw.

"Kitten!" Awtomatiko akong napalingon sa bandang kaliwa ko dahil sa pamilyar na boses.

Dali-dali akong nagtago sa isang poste na malapit lang sa side ko. Kailan pa sila naging close na dalawa? Bakit kitten tawag ng bruhang to kay demonyo Nakamasid lang ako sa kanila, si Ziallyn na naglalakad habang hinahabol ni RL. Anong ginagawa ng demonyong to rito sa building ng pinsan ko?

Stalker ba sya ni R? pero mukhang malabo.

"Kitten" tawag ulit ni pinsan pero syempre mahal ang per word ng demonyong yan at hindi magsasalita.

"Kitten, stop." Mahina akong natawa dahil sa pet name ni Zi,

Para akong paparazzi rito sa gilid habang tahimik lang na nanonood sa kanilang dalawa.

"Kitten!" Malakas na tawag ni RL dahilan kaya napatigil si Zi. Yawa ang kapal ng mukha lakasan ng boses si demonyo. The nerve tho, good luck cousin.

"State your business Donkey" Zi said coldly and raised a brow. I bit my lower lip to suppress my laughter, kasi baka humagalpak na talaga ako sa tawa. Tangena!

She called her what? DONKEY? ahahahaha.

Buti nalang at walang mga estudyante dahil class hour pa. Tangena natatawa parin ako sa donkey!

"Look, I just wanna say sorry about what happened yesterday." My cousin said and scratched her nape. Kahit makapal naman ang mukha nahihiya pa.

Bakit kasi si Ziallyn pa hinalikan mo gaga. Ayan, baka masampal ka na naman n'yan ulit my dear cousin.

The demon didn't answer, instead, she crossed her arms and glared at my cousin with an expression that I'd seen many times before. Her pet name truly suits her well.

"You done?" She said coldly. Halaka wag n'ya talaga ginagalit yan si demonyo at baka lumipad ulit ang loyal friend n'ya sa mukha mo.

"There is something wrong with my cellphone" sagot naman ng magaling kong pinsan. Parang gusto ko ata ng popcorn ngayon.

Ang taas talaga ng confidence nitong Donkey na to.

"So? Do I look like a repair shop?" Malditang sagot ni demonyo. Omg parang kailan lang ako yung ginaganyan n'ya. Ngayon pinsan ko na, ipapanalangin nalang talaga kita R.

"No but, it doesn't have your number in it." Tangena at kailan pa s'ya natuto ng pick up line ha? Ang expensive naman bumanat nito, spokening dollar. ?

"My number?" Bilis naman n'ya, ako nga nag second sem nalang wala parin number ni demonyo. Pero ekis na tayo at baka mapatay tayo ni dragon n'yan.

Hindi n'ya raw gusto pero gusto hingin ang number. Indenial din masyado ang donkey.

"Precisely" tapang naman n'yan, may pa ngiti-ngiti pa s'yang nalalaman.

Hindi sumagot ang demonyo. Tinalikuran na s'ya at naglakad na ulit. Awts saet naman non lods.

"Kitten, do you believe in love at first sight. Or should I walk by again?" Ako ata ang kinakabahan para sa kanya dahil sa mga pinagsasabi n'ya. Huminto si Zi at madilim ang mukha nitong binalingan s'ya.

Patay ka d'yan donkey.

"I believe, but I don't care. Can you leave me alone? Why are you chasing me all of a sudden? What is it now?" sobrang lamig at may bahid na inis ang boses ni Zi, malaki nga yata galit nya dahil sa halik ng pinsan ko.

I'm sorry Zi.

I heaved a sigh.

Medyo nasasaktan at guilty parin ako dahil sa nangyari sa amin. Sinilip ko ulit sila pero nawala na ang

dalawa sa kanilang mga pwesto kanina. Bilis naman ata nila naglaho?

"Don't you know eavesdropping is bad?" I flinched when I heard someones voice behind me.

I turned my head and I was stunned by her beauty. Wait, she looks kinda familiar to me. But I can't pinpoint where and when did I see her. She's also intimidating pero malayo kumpara kay dragon ko.

Tumikhim ako.

"If they speak in public, then it is public. If they speak behind closed doors, thats eavesdropping. Got it?" Her brow arched with my response.

Bigla akong kinabahan dahil naniningkit na ang mga mata n'ya, kaya nagmadali na akong tumakas at umakyat para maihatid ko na tong mga papel na dapat kanina ko pa ginawa.

Sino ba 'yon?
-

Hindi ko talaga mahagilap ang mga kaibigan ko, kung kailan naman gusto kong may maiingay saka naman nawawala ang mga loka. Wala rin reply sa chats ko, ano ba mga ginagawa ng mga yun!

Naglalakad ako ngayon patungo sa office ni dragon dahil sabi nya kanina may sasabihin daw at ngayon ko lang naalala. Ano sasabihin ni mamehh, pwede naman nya sa chat nalang sabihin or miss lang talaga ako? Aw sabagay, the feeling is mutual.

Malapit na ako sa kanyang office nang makita kong nasa labas sya at may kausap na lalaki. Agad tumaas ang kilay ko dahil hindi ko nagugustuhan ang mga nasasaksihan ko. Bakit may pa ngiti-ngiti pa yang lalaki na yan ha?

"Miss" malamig na tawag ko sa kanya. She's kinda shock dahil sa tono ng pananalita ko. At bakit parang s'ya pa ata ang galit dahil sa pagtawag ko sa kanya?

"Why are you here?" Akala ko matutuwa sya na nandito ako pero nakakadismaya...ay teka nga s'ya nagsabi na pumunta ako tapos ngayon tatanungin ako? May topak ba 'to.

I rolled my eyes dahil sa inis. Lakas pa makangiti nitong lalaki na katabi ko. Sapakin kaya kita.

"You told me to come here, but nevermind. Sorry for interrupting your moment. Bye," I throw her a bored look.

The guy was about to say something, but before he could, Pie suddenly pulled me close to her, entwining our hands. Oh, parang kanina lang ayaw akong nandito tapos ngayon pipigilan ako. Abnormal ba s'ya? Pero kinikilig ako tangena.

"See this?" Sabi n'ya sa lalaki at inangat ang magkahawak kamay naming dalawa.

"She's my soon-to-be wife, so stop bugging and wasting my time," She said with a stern tone.

Parang bigla nalang may mga tunog ng kampana sa utak ko. Napanganga nalang ako sa sinabi n'ya sa lalaki. Langya, bigla uminit ang mukha ko't alam kong namumula na ako. Bwesit na dragon to.

"I-I'm sorry ma'am." Paumanhin nitong lalaking kaharap namin at nagmadaling umalis dahil sa kahihiyan.

Tulala lang ako habang si pie tahimik lang.

Binalingan n'ya ako at ngumiti.
"Sorry to keep you waiting" she said.

Naubusan ata ako ng mga salita. Wala akong masabi dahil sa ginawa n'ya, akala ko kasi itatago n'ya ang relasyon namin kaya hindi ko na rin tinanong sa kanya. Whatever decisions she made, I always respect it with all my heart.

She leaned close to me and whispered.
"You are the only one for me. I want you to know that." I bit my lower kip at nagtakip ng mukha, walangya kang dragon ka!

Road to ulol na para kay dragon bwakinangsheyt. The butterflies in my stomach are now filled with joy. I'm speechless. I didn't even realize that we had gone into the office. I'm still way up in the clouds--everything just feels so magical and amazing.

"De La Fuente!" Napukaw ako sa malakas na pagtawag n'ya langya. Lakas naman kasi ng epekto nito! Hindi man lang ako makabanat.

"Y-Yes?" Gulped.

Gusto ko tuloy lantakin ang labi n'ya, nauhaw ako pero mas gusto ko nalang kainin s'ya amp.????
I bit my lower lip when I noticed her staring at my lips.

"Wh-"

Ah, I can't take it anymore. She's too irresistible. I cupped her cheek, pulled her close, and kissed her passionately. I thought she was going to push me, but to my surprise, she responded to my kisses. She immediately wrapped her arms around my nape.

"Hmm"

Mahina syang umungol matapos ko dilaan at kagatin ang kanyang labi, mas lalo akong nag iinit sa kanya shuta. Sa labis na gigil ipinasok ko ang dila sa kanyang bibig habang ang dalawang kamay ay pababa nang pababa sa parte ng kanyang katawan.

"J"

When I sucked her neck, she shrieked my name. I pulled her onto the couch and crawled on top of her. Her eyes were filled with hunger and yearning. I bit her lower lip again, wanting an entrance. As I played with her tongue, I probed my tongue into every inch of her mouth once more. I kissed her down to her neck and sucked hard to leave my imprint.

"Aaahh" She ran her fingers through my hair. I licked her neck and bit on her earlobe. She bit her lower lip to stop herself from moaning.

Dahan-dahan kong ipinasok ang kamay sa loob ng kanyang panty, and she arched her back as I caressed her folds with my two fingers. The more na tinutukso ko sya sa ibaba ay mas lalo lumalalim ang paghinga nya at sunod-sunod ang mga ungol.

"Ahhhhhh d-do it." Hmm mommy's horny.

I was about to enter my finger when suddenly.

Knock knock knock

"Fuck!" She muttered.

I mentally groaned in annoyance. Damn, masakit sa puson! Who the hell knocked on the door? I'm going to smack that person! ?

Mabilis akong umalis sa ibabaw ni dragon dahil panay parin ang katok ng kung sinong mang salot ang nasa labas. Inalalayan ko syang tumayo at ayusin ang magulo nyang buhok saka damit. Kitang-kita sa mukha nya ang inis, ayaw pa naman ni pie yung binibitin sya. Pero bago pa man nya buksan ang pinto ay siniil ko muli ng halik ang kanyang labi at kinagat.

"Go po." sabi ko at kumindat. Hindi parin mawala sa mukha nya ang inis.

Umayos ako ng upo at hinilot ang aking noo. Kainis masyado kung sino man yang lintik na kumatok na yan at ngayon pa talaga.

Binuksan na ni P ang pinto at ang bumungad sa amin ay si Zi. Medyo nagulat pa ito nang makita ako sa loob at nakaupo, nginitian ko naman s'ya. Hindi pala salot ang kumatok, dyosa pala.

Napatingin ito sa leeg ni pie. Ay, hala shit! Ilang chikinini nilagay ko? Dalawa lang naman yata yun? Nag-iba ang ekspresyon ni Zi at malamig akong tinitigan kaya tipid akong ngumiti.

"What do you want?" Tanong ni pie. Hindi naman nito sinagot ang tanong ni pie at umalis kaagad matapos mabigay ang isang sobre?

"Ano yan Mom?" Tanong ko pagkatapos nya isarado ang pino.

"Stop calling me Mom." Sagot n'ya at sinamaan ako ng tingin.

"Diba sugar mommy kita-" Langya, di man lang ako pintapos at sinampal sa mukha ko ang bigay ni Zi. Pinulot ko ito at nakitang isa itong invitational card. Awtomatikong kumunot ang aking noo, farewell party? Aalis si demonyo?

"Sinong aalis pie?" Di uso sagot sa kanya?

"Aalis silang apat?" Tumayo ako at tinungo sya sa kanyang lamesa dahil mukhang sumakit ulo nya? O baka nabitin talaga sya?

"ZB will stay." ako na mismo naghilot sa kanya, mukhang puyat ata kakaisip sa akin char.

"Ha? Bakit aalis? Nag start na second sem ah? saan pupunta?" Dami kong tanong shuta.

"States." Sinabi nga pala ni keyboard kanina, akala ko scam lang. Dami ko pa sanang tanong pero hindi ko nalang ginawa dahil parang wala na sa mood tong si dragon. Nabitin nga kasi, masakit sa puson.

"Too sad, walang makakasama si Zi," naramdaman ng kamay ko ang pag kunot ng noo nito, aw mukhang iba ata iniisip ng dragon na to.

"A-Ay okay lang nandyan ka naman." dagdag ko pa.

"Anong oras klase mo?" Pag-iiba ko ng topic. Umiwas nalang tayo at mahirap na, baka magselos na naman at may lumipad sa mukha ko.

"10:30." tipid nyang sagot. Tinignan ko ang relo at 25 minutes nalang pala bago magsimula klase nya. Inalis nya ang kamay ko at tumayo para mag prepare, siguro pupunta na ng classroom at ayaw nya late pumasok.

"What time is your next subject?" Sa halip na sagutin ay kinuha ko nalang ang schedule card ko at ibinigay sa kanya para wala syang ibang masabi.

"Good." She smirked, hnng.

Hahatid ko sana sya kaso sabi wag na kaya naiwan na naman akong mag-isa hmp. Tumambay nalang ako dito sa cottage malapit sa field, sarap ng hangin e.

GIRLFRIENDS

You added RL to the group chat

SJ
Saan kayo naglalandi mga bruha??

SJ
Ano walang sasagot? Ipapabagsak ko kayo kay dragon.

KB
HOY!!!!

AG
Kapal mo.

IRIS
Ano na naman, disturbo ka sj!

SJ
Kilala n'yo si Donkey?

RL
?

KB
May kasama na si shrek na donkey?

Ang ganda naman ni demonyo kung magiging shrek sya? Pero kung personality din ang pag-uusapan ay hindi rin bagay sa kanya. Expression palang bagsak na, kay bern lang daw nararapat ang shrek na role.

Natatawa na naman ako dahil naisip ko na naman yung ganap sa kanila ni Zi kanina. Kitten+Donkey= Kinkey pwede pwede. Para akong tanga rito na mag-isa't nakangiti amp.

"Don't you have class?" Rereplyan ko pa sana si keyboard kaso may babaeng pamilyar na boses ang nagsalita sa gilid ko. Inangat ko ang paningin at nakita ulit ang babaeng nakasagutan ko kanina.

Ngayon ko lang napansin na medyo kamukha n'ya si dragon, maganda s'ya at sexy ha pero mas lamang parin ang baby ko. Estudyante ba s'ya?

"Done checking?"

"Tatambay ba ako rito kung may klase ako?" Balik ko sa pagmamaldita n'ya. Parang kabute bigla nalang susulpot!

Kinabahan ako nang bigla nalang itong lumapit sa akin. Hindi yung kaba na may feelings okay? Yung kaba na parang feeling ko may gagawin s'ya. Huminto ito sa mismong tapat ko habang nakahalukipkip ang mga kamay.

"What?" Tapang ko shuta.

"What's your name?" She asked coldly. Ganito na ba sa panahon ngayon? Puro maldita ang magaganda.

"Sj" tipid kong sagot at lihim na umirap.

"I was asking your name, not a nickname. Don't tell me you don't know the difference between the two?" Then she slyly smirked, catching me off guard with her counter attack.

I heaved a sigh.

"Don't wanna tell you." Sabi ko at tumalikod na. Makaalis na nga at baka may makakita pa at isumbong ako kay dragon!

"Don't you remember me?" Biglang tanong n'ya kaya napahinto ako at napalingon sa kanya.

Sobrang seryoso ng kanyang mukha. Remember? May dapat bang alalahanin sa kanya? Di ko nga sya kilala.

"Aren't you the woman who told me that eavesdropping is bad?" Kunot noo kong tanong sa kanya. Ngumisi pa nga, may saltik ba sya? Mas lalo akong naguluhan nang bumuntong hininga sya at pilit ngumiti.

"You haven't changed. Still dense and naive." kapal ng mukha nitong sabihan ako ng stupid.

Tinanong n'ya kung anong pangalan ko tapos sasabihin n'yang "Still"? bakit magtatanong pa kung kilala naman pala. Abnormal lang, may saltik ba lahat ng mga magaganda?

"Yeah, thanks." Umalis na ako't iniwan ang babae, baka mag bardagulan pa kaming dalawa dahil sa mga pinagsasabi nyang hindi ko naman gets.

Total malapit na lunchtime ay dumiretso na akong cafeteria pero yung mga bruha kong kaibigan wala parin. Hindi ko alam kung ano ginagawa nila at kung saang lupalop ng mundo sila dinala ng mga paa nila. Wala akong magawa habang hinihintay sila kaya nagpasya nalang ako magbasa ng wattpad. Miss ko na rin at hindi na ako updated sa binabasa kong story.

"Babe!"

Great! Kung kailan magsisimula na akong magbasa saka naman sila magpapakita tangena.

"Hoy babe!" Tawag ulit sa akin at sunod-sunod naman dumating ang iba.

"Luh, bakit parang mananakal ka? kanina lang panay hanap ka sa amin." Sabat ni Iris at umupo sa gilid ko at sumilip sa phone ko.

"Anong story binabasa mo ngayon?" Tanong ni Ag na katabi lang ni Kb sa tapat namin. Wala si RL, baka hinahabol pa kuting n'ya.

"IBE" tipid kong sagot.

"IBE?" Kunot noong tanong ni Kb.

"I've been executed"

"Hindi mo pa tapos yan?" Sagot n'ya.

"Tapos na, babasahin ko lang sana yung special chapter. Kaso na unpublished nong author ang story dahil sa kalasingan. Alak pa more" I heaved sigh. Please lang author sa susunod wag ka na mag wattpad kung maglalasing ka.

"Anong story n'yan?" Tanong ulit ni Kb at may kinuhang pagkain sa bag n'ya.

"Kung gusto mo malaman magbasa ka pag na publish na ulit. Somehow I can relate..." Sagot ko at dumukot muna sa chichirya ni keyboard, pati ako nagutom na.

"Sa?" Sabat ni Ag.

"Sa kamanyakan ni Zj pero joke lang, relatable ako sa situation n'ya. Tanga makairap ka d'yan Ag, tusukin ko eyeballs mo" seryoso naman masyado ng mga to, hindi bagay sa kanila.

"Why?" Singit ulit ni Iris,

"Bawal spoiler at masasakal ako ni author. Pero tumatanggap naman ako ng kiss-charot lang, baka ibitay na talaga ako ni dragon sa ilalim ng tulay." Sabi ko at nginisihan sila.

Pinatay ko nalang ang phone at ibinalik sa bulsa ko. I can't concentrate pag kasama tong mga abnormal dahil bunganga lang nila maririnig ko.

"Uy, sila Ziallyn oh." turo ni Iris sa mga babaeng kakapasok lang ng cafe, kakatapos lang siguro ng klase nila.

Papalapit sila sa table namin ngayon...

Nginitian ko naman si Zi nang magtama ang aming mga mata. Akala ko susungitan n'ya na naman ako pero gumanti s'ya ng ngiti.

"Hi girls, nag lunch na kayo?" Nakangiting bati ni Annallyn pero ang paningin na'kay KB, ang mga mata naman ni KB nakatingin sa akin. Okay, so anong meron?

"Hindi pa, kakarating lang din namin." Si Iris ang sumagot.

Bigla naman iniluwa si RL sa may entrance at dumiretso sa table namin. Bigla ko naalala yung tawagan

nila sa isa't-isa kaya mariin kong kinagat ang ibabang labi upang pigilan ang tawa. Natatawa parin ako kahit anong pilit ko sa sarili na normal lang yun, joker kasi masyado lalo na kay donkey.

"Bakit ngayon ka lang? Saan ka nagpunta ha?" Salubong ni keyboard sa kanya. Mabilis kong kinuha ang inabot nitong libro, bigat shuta.

"Malamang, ngayon lang natapos klase ko." Matamlay na sagot nito. Bakit sad girl ang donkey namin? Dahil ba sa basted sya kanina kay Zi?

"Totoo ba na aalis kayong tatlo?" Baling ko sa tatlong kambal na nakatayo lang sa gilid ng table namin. Si demonyo naman tumabi sa akin kaya umusog na rin ako para makaupo s'ya.

Si donkey uupo rin sana sa kabilang side ni Zi pero malakas itong itinulak nang pusa, sa sobrang lakas muntik pa masubsob sa sahig si donkey mabuti nalang nasalo ni Ag. Akala ko ba wala syang gusto sa demonyang to? Bakit ngayon mukhang naghahabol?

"Ayos ka lang?" Tanong ko sa aking pinsan.

"Ou." Sagot nito at tumabi nalang kay Ag,

Bumuntong hininga ako bago binalingan ang babaeng katabi. "Zi-"

"What?" Di ko na naituloy sasabihin, pagsasabihan ko sana pero nakataas na agad isang kilay. Ano bang nagawa ng pinsan ko at malaki yata galit nya?

"So aalis talaga kayo?" Singit ni Iris,

"Wala kaming magagawa, utos nila mommy." Matamlay na sagot ni Annallyn at tipid ngumiti. Saklap naman, yung kahit ayaw mo pero wala kang ibang choice kundi sumunod nalang.

"Saklap naman nyan. So, doon na rin kayo magtatapos ng pag-aaral?" Tanong ni Iris at sabay tumango ang tatlo.

"Ano ba yan Helari, hindi pa nga kita nililigawan aalis ka na." Napaubo ako sa biglang sinabi ni Iris.

Nanlaki mga mata nila Helari dahil sa confession ni Iris. Langya, tapang naman at sa public pa talaga. Hindi na kami nagulat magkakaibigan kasi alam namin may crush sya kay helari, salute to her bravery.

Pansin ko si Kb kanina pa tahimik simula nong dumating ang mga kambal tapos itong si Annallyn panay ang nakaw ng tingin sa kanya. May something ba na nagaganap at hindi ko alam?

"Hoy keyboard." Tawag ko sa kanya,

"Ikaw ba wala ka aaminin? Sulitin mo na, gayahin mo si Iris," tumaas ang kilay nito dahil sa sinabi ko, ay ayaw aminin? Sige ako na magsasabi.

"Annallyn, crush ka n'yan" diretsong sabi ko at tinuro si Keyboard.

Langya, bakit namumula tong si Anna haha nakita ko pa ang pagpilit ng lunok n'ya.

"Luh, keyboard totoo?!" Bulyaw ni Iris,

Pinabayaan ko nalang sila at binalingan si Zi na nakatingin na pala sa akin kaya nginitian ko s'ya.

"Bakit Zi, may sasabihin ka?" Tanong ko.

She just smiled and shook her head. Oh okay, akala ko may sasabihin e. Nakita ko naman si RL na panay nakaw ng tingin kay Zi kaya napataas ang kilay ko. Hindi raw n'ya gusto pero kung makatingin kay Ziallyn wagas. Indenial pa more donkey.

"Pupunta kayo sa party?" Tanong ni Cassandra. Hays nakakalungkot naman kung kailan naging close na namin sila. Ay hindi pa pala, feeling close lang.

"Ano ba yan, kakasimula pa lang nga natin mag bonding tapos iiwanan nyo na kami?" Reklamo ko. Daya nila tita, bakit kasi hindi nalang sila mag manage sa negosyo nila sa states.

"Kailan kayo aalis?" Tanong ulit ni Iris,

"Saturday."

"Ja, why are you crying?" Napalingon ako kay Zi dahil sa sinabi nito. Pinahid ko naman ang pisngi ko at tama nga s'ya. Hindi ko man lang namalayan.

"Hoy bakit ka umiiyak babe?" Tignan mo tong keyboard, kanina lang ang tahimik. Sarap sakalin eh.

"Nalulungkot lang ako dahil aalis na sila. Mamimiss ko lang yung bondings natin together with them." Itong si keyboard mukhang iiyak na rin ata gage kaya sinamaan ko nalang ng tingin. Gagayahin pa ako e.

Narinig ko ang pagbuntong hininga ni Zi,

"Don't be sad Ja, uuwi rin sila after graduation" bigla umurong luha ko, ay uuwi pa pala sila? Akala ko forever na sila sa states e.

"Ay uuwi pa pala kayo ng pinas?" Baling ko sa kanilang tatlo na ikinatawa nila.

"You're so funny." Hagikhik ni Anna at marahan tumango.

"Gusto nyo sumabay nalang sa amin mag lunch?" Pag-anyaya ni Helari. Sasagot pa sana ako pero umiling si KB, himala at tumanggi si keyboard.

Noodles lang niluto ko sa sarili at para maipagluto ko kaagad si miss Kath, habang nagluluto ay muli kong sinubukan tawagan si pie pero ganun parin at hindi ko ito ma contact. Bakit kung kailan kailangan ko ay wala sya? Anong oras na rin at mukhang pagod yun kanina kaya baka natutulog na.

Matapos magluto at kumain ay bumalik agad ako ng kwarto dala-dala ang niluto kong sopas. Nagulat ako pagpasok dahil gising na si ma'am at nakasandal sa headboard.

"Ma'am," tawag ko, nasa kabiling side kasi sya nakatingin at medyo gulat pa ito nang makita akong palapit sa kanya.

"Mabuti gising ka na, pinagluto kita ng sopas kaya kainin mo na habang mainit pa." Tuloy-tuloy kong lakad hanggang sa tuluyan makalapit sa kanya at itinabi ang tray.

"Bakit nandito ako?" Tumango lang ako at sinuri ang kanyang noo gamit ang palad ko, mainit parin sya.

"Nawalan ka ng malay kanina kaya inuwi na kita sa bahay namin. Hindi ko naman alam kung saan ka nakatira, hindi ko rin ma contact si pie," bahagya syang yumuko. Narinig kong parang may binubulong sya sa sarili pero hindi ko naman maintindihan.

Lumipat ako sa gilid ng kama at hinarap sya, naalala ko yung mga sinabi nya kanina habang tulog sya.

"Miss, who is Ara?" Tanong ko kaya napaangat naman sya ng paningin sa mukha ko. Yung mga mata nya parang may gusto alamin na sagot? May gusto syang itanong pero tila nagdadalawang isip.

"Ma'am-"

"What would you do if someone stole your loved one away from you?" Di agad gumana utak ko sa naging tanong nya. Ibig ba sabihin may umagaw sa taong mahal nya?

"Wait ma'am, di gumana utak ko." Sagot ko.

Umiling siya at tipid ngumiti. "Nevermind. It was just a random question."

"May problema ka ba ma'am? Pero bakit mo ipagpipilitan ang sarili sa taong hindi ikaw ang nakikitang kasama hanggang pagtanda?" Ay, malit ata yung tanong ko at mukhang sapol sya dahil bigla itong hindi nakaimik. But, totoo naman sinabi ko? Kasi kung ipagpipilitan mo lang ang sarili sa taong walang gusto sayo, ikaw lang din naman maghihirap at durusa sa bandang huli.

"Something happened." Mahina nyang bulong at tumingin sa aking mga mata.

"What?"

Kinagat nya ang ibabang labi bago mapait na ngumiti. "Accident." Sambit nya.

"Care to elaborate?" Kung pwede ko lang sabihin sa kanya na diretsuhin ako kaagad para magkaintindihan kaming dalawa.

"She fell from the building" my brow arched. Nagbibiro ba s'ya?

"Buti buhay pa. Ay buhay pa ba?" malakas ata kapit kay lord.

"Yes, and she's happy now being not with me." sakit naman non kung tutuusin.

"Alam mo ma'am, kung kayo talaga itinadhana ay sayo parin ang uwi nyan." Patango-tango kong sagot sa kanya, hindi naman ako expert sa mga ganito at si pie lang naging girlfriend ko.

"I have a question Miss, magkakilala ba tayo before? Kasi nabagok tong ulo ko eh, tapos recently lang bumalik ala-ala ko. Sabi mo kasi kung hindi ba kita naalala" kanina ko pa kasi talaga gusto itanong sa kanya. Nakakamatay kaya ang curiosity

"Yes." Agad nyang sagot.

So magkakilala nga kami? Baka nga nakilala ko na sya before at hindi ko lang matandaan, mahina memorya ko pagdating sa mga tao sa totoo lang.

"Sorry miss, mahina memorya ko." sabi ko at ngumiti.

"I know." sabay ikot ng mga mata, may sakit na nga ay maldita parin.

"Hindi naman siguro kita kabet Miss no? Ay may relasyon ba tayo? Manyak lang po ako pero loyal talaga ako" she bit her lower lip and shook her head while slightly smiling.

"Pero Miss, matagal ka na ba sa PU nagtuturo?" Tanong ko ulit. Yung sopas nya feeling ko malamig na yan, di nya parin nakakain.

Tumango nalang ako kasi parang ayaw nya sagutin tanong ko. Wala na akong masabi, ayaw ko rin naman mag tanong pa dahil baka sawayin ako.

"Kumain ka na po, baka malamig na sopas mo." sabi ko.

Biglang tumunog cellphone ko, sabay kami napatingin ni ma'am dahil nasa tabi lang kasi ito ng kama.

MOMMY DRAGON CALLING

"Answer it, I'll be fine here." sabi nya kaya agad kong kinuha ang cellphone at nag excuse muna saglit upang lumabas.

"Hello" salita ko agad.

"Why did you call? Sorry I had a meeting" she sounds tired.

"Pagod ka ba? Matulog ka na kaya. Puro ka nalang trabaho, after school ay business naman ginagawa mo" sabi ko. Nandito ako sa labas ng kwarto ngayon.

"I'm fine now that I heard your voice. What's the reason why you called me?" Napangiti naman ako sa sinabi n'ya ang sweet lang ni dragon.

I heaved a sigh.

Ayaw ko na sana sabihin para hindi na sya maabala at magpahinga nalang, pero ayow kko naman itago sa kanya.

"Umm baby, nandito sa bahay si Miss Kathl-"

"What!!?" Langya di man lang ako pinatapos. Ang sakit ng tenga ko, awtomatiko kong nailayo ang cellphone sa tenga ko dahil sa sigaw n'ya.

"Nandito si Miss Kathlyn sa bahay nag-" tangena bastos na dragon to hindi man lang ako pinatapos. Binabaan ba naman ako ng tawag.

Bumalik ako sa loob ng kwarto at kitang malapit na maubos ni Kathlyn ang sopas, hindi naman halatang gutom sya.

"Ma'am, gamot mo. Inumin mo after that." sabi ko at inabot ang gamot para mainom agad.

"Matulog ka ulit, may lagnat ka pa." paalala ko matapos nyang kumain.

"Thank you." bahagya akong nagulat sa kanyang pasasalamat kung kaya'y tumango nalang ako at ngumiti pabalik sa kanya bago lumabas ng kwarto.

*

Abala ako sa paghuhugas nang bigla tumunog ang doorbell, kumunot agad ang noo ko dahil hindi naman gawain ni donkey ang ganyan at papasok yung kaagad. Anong oras na? 11PM na, don't tell me lasing ang donkey na yun?

"Sandali!" Sigaw ko kasi hindi pa nakontento at sunod-sunod ang naging katok mula sa labas. Minadali kong tapusin ang trabaho upang pagbuksan ang kung sino man tong tao sa labas, pero laking gulat ko nang makita ang babaeng balisa at basang-basa sa ulan.

"P-Pie?" Nagulat akong makita si Pixie pagbukas ko ng pinto.

Hindi naman ito nagsalita. Bigla nalang n'ya ako niyakap ng napakahigpit.

"Pie, okay ka lang ba?" Tanong ko. Tumango naman ito.

"I missed you." malungkot nyang bulong at mas lalong hinigpitan ang pagkakayakap sa akin.

"Bakit nagpunta ka rito? anong oras na oh, dapat nagpapahinga ka na ngayon. Tignan mo sarili mo at ang basa mo, paano kung pati ikaw magkasakit?" mahinahon kong sermon sa kanya at kukuha sana ng tuwalya kaso ayaw akong pakawalan ni pie,

Umiling naman s'ya.
"I'm home" she then cupped my face and gave me a long deep kiss.

"Pie, pasok na tayo at malamig dito."

"Where's Kath? What happened?" sunod-sunod nyang tanong pagkaupo namin sa sofa. Tinignan ko sya mula ulo hanggang paa, ganda masyado pag wet look si pie,

"Nakita ko sya sa may tulay kanina nong pauwi na sana, akala ko tatalon kaya sinubukan ko kausapin. Hindi ko alam na si ma'am Kath yun, tapos bigla sya nahimatay. Tinawagan kita agad pero di ka naman sumasagot kaya dinala ko na agad rito sa bahay." paliwanag ko at bumalot agad ang pag-aalala sa kanyang hitsura, pero bakit parang may kakaiba sa nakikita ko ngayon sa kanya?

"Where is she?"

"Nasa kwarto ko nakatulog na ulit. Pinakain ko narin at inom ng gamot kaya wag ka na masyado mag-alala pie," Hindi man sya showy at parang walang pakialam sa nangyayari pero deep inside ay worried talaga yan si dragon. Tulad nga ng sinabi ko, she's not the type of person na pinapakita ang emosyon, pro sya pagdating sa taguan ng feelings e.

"Your parents, and Rochelle?" daming tanong ni dragon ko.

"I don't know kung saan sila mommy, feeling teenagers sila ni dad at bigla nawawala tapos lilitaw nalang ulit. Si Rochelle? hindi ko rin alam kung saan ang donkey na yun." paliwanag ko at mahinang natawa.

"Donkey?" confused nyang tanong.

"R baby" langya, natatawa na naman ako.

"Since when did she become a donkey?" Chismosa rin tong dragon.

"I don't know, narinig ko kasi sila ni Zi nag-uusap at yun tawag nya sa pinsan ko, langya donkey amp." bagay naman pusa at donkey, pero ang tanong ay kung may pag-asa ba ang donkey na yun sa demonyong Ziallyn?

Habang nag-iisip ay narinig ko ang mahinang paghikab ni pie, halatang pagod masyado at walang sapat na pahinga. Mabilis ko syang hinila palapit sa akin at ikinulong ang mukha sa aking dibdib.

"Tulog ka na mahal, bihisan kita mamaya." bulong ko kasabay ang pagpikit nya ng mga mata. Binigyan ko sya ng mainit na halik sa labi habang hinahaplos ang kanyang likod.

Ilang minuto palang ang nakalipas pero mahimbing na agad tulog ni pie. Nasa ganitong posisyon kami nang bigla bumukas ang main door, ay may balak pa pala syang umuwi?

"Saan ka galing babae?" tawag ko agad sa kanya.

"Akala ko pinsan kita, ina pala?" sarkastiko nyang sagot at nagulat nang makita si pie, nasa kandungan ko at mahimbing natutulog.

"Ginagawa ni pie rito?"

"Miss ako e, inggit ka?" pang-asar ko at mabilis nya ako pinaikutan ng mga mata.

"Saan ka galing? Hinanap mo si Kitten?" Her eyes widened in shock. Oh hindi n'ya pala alam nandun ako that time.

"Jusko! Paano mo nalaman tungkol-" pinaningkitan ko agad ito ng mga mata dahil lumakas ang boses, baka magising dragon ko dahil sa kanya.

"Hinaan mo boses mo. Natutulog ang mahal ko"

"Pano mo nga nalaman?" Mahinang tanong nito.

"Hindi ko naman narinig na hinabol mo s'ya at tinawag na kitten. Hindi ko rin nakita na kinuha mo ang number n'ya at hindi ka pinansin. Ou wala akong narinig at nakita." Patango-tango kong salita. Sinulyapan ko s'ya at nakitang namumula ang mukha? Nagpakawala naman ako ng nakakalukong ngiti.

"Goodluck." cheer up natin konti.

"Gusto ko lang makipagkaibigan." depensa nya sa sarili pero hindi parin ako naniniwala.

"Okay, sabi mo eh." sagot ko at maingat binuhat si pie,

"Akyat na kami, kailangan ko pa bihisan tong dragon ko." paalam ko at tuloy-tuloy ang lakad paakyat nang hagdan.

Nasa kwarto ko kaibigan nya kaya sa guestroom na kami matutulog. Kaagad ko sya inasikaso at

binihisan, pagod na pagod dragon ko sa buong araw na trabaho tapos idagdag pa natin yung ginawa namin kanina sa opisina nya. Tumabi ako ng higa at tahimik pinagmasdan ang kanyang mukha. Maingat ko inalis ang mga buhok na nakaharang sa maganda nyang mukha, ganda talaga at sarap gapangin pero next time nalang.

Ngumiti ako at yumakap sa kanya. "I love you. Sweet dreams, pie," bulong ko at humalik sa kanyang labi kasunod ang pagpikit ng aking mga mata.

Kinaumagahan nagising akong mag-isa sa kama, wala na si pie at sure akong nasa school na yun. Maaga pasok nya today at pasado 10am na ako nagising, di na nya siguro ako ginising kanina. Pinuntahan ko si ma'am Kath para sana tignan kung okay na sya pero pagpasok ko ng kwarto ay wala narin ito, marahil ay sabay silang umalis ni pie kanina.

May iniwan itong note at sinabing nagpapasalamat sa ginawa kong tulong sa kanya. Grabe ba, tapos si pie wala man lang note iniwan o message sa akin at umalis nalang ng walang paalam, hmp mamaya sa akin yun. Kumilos na rin ako at nag handa para pumasok, wala rin naman ako gagawin dito sa bahay kaya sa school nalang ako tatambay. Hinanap ko si donkey pero wala na rin sya, baka pumasok na.

*

"Are you awake now?" Marahan ko inangat ang ulo at nagulat nang makita ang babaeng kaharap. Nasa library kasi ako, wala pa mga tropa kaya nagpasya ako tumambay muna rito pero nakatulog pala ako sa table.

Napansin kong may binabasa syang libro pero not related sa school.

"Ma'am, kamusta pakiramdam mo?" Tanong ko agad, baka kasi may lagnat pa.

"I'm okay now, thanks." sagot nya pero nasa libro parin ang atensyon.

"Anong binabasa mo, ma'am kath?" Tanong ko, curious ako e.

"A book" alam kong libro! Kagigil to.

"Alam ko po at alam kong hindi naman related sa subjects yang binabasa mo, kaya nga po nagtatanong ako miss." Kung pwede lang kurutin pisngi nya ay kanina ko pa ginawa, bakit nagsusungit sya ngayon?

"Non-fictional." Tipid sumagot ah, pero mahilig din pala sya magbasa ng ganito.

"Same pala tayo." Sagot ko kahit hindi naman ako tinatanong, mahilig din ako pero puro fictional nga lang akin.

"I know" napakunot ang noo ko sa sagot n'ya. Baka narinig n'ya lang kami nila kb sa cafeteria.

"So anong story yan, ma'am?" Tumingon ito saglit sa akin at agad ibinalik ang mga mata sa binabasa.

"A girl who lost her memory" sagot n'ya at sinulyapan ulit ako.

"Ay may amnesia? relatable ako, ano sunod nangyari?" Mas lalo akong na curious dahil sa binabasa nya, baka maganda yan at a recommend mamaya.

"She forgot the person who's important in her life." my brow flinched. Para talagang ako lang e, selective

amnesia tapos si Pixie pa talaga ang nakalimutan.

"Parang ako lang pala yan Miss, pero si Miss Pixie lang ang hindi ko natatandaan" sabi ko pero no comment si Miss Ma'am.

"Ano title nyan?" Di ko kasi makita dahil nahaharangan.

"Favorite Girl" ganda naman ng pamagat tapos tragedy genre amp.

"Nagkatuluyan ba silang dalawa? Bumalik ba sa huli alaala nya?" Gusto ko rin tuloy basahin ang binabasa ni ma'am. Hindi nya ako sinagot at nagkibit-balikat lang, damot.

"Where's Pixie?" Iniba pa nga usapan.

"May klase po." Hindi alam pero ang gaan nya sa loob kausap.

"Your friends?" Hotseat lang Miss?

"Wala pa, nauna lang ako kasi wala naman gagawin sa bahay." Sagot ko.

Ano wala na ba s'yan isasagot? Eh di ako magtatanong.

"Ikaw Miss, walang klase?"

"None." Tipid masyado sumagot, tumango nalang ako at tumahimik.

Kinuha ko ang cellphone at binuksan ang wattpad, gusto ko narin tuloy magbasa dahil nabitin ako sa story nya. Hindi ko na rin sya inabala at baka samaan ulit ako ng tingin, sobrang focus pa naman nya masyado.

Tahimik lang kaming dalawa, walang imikan.

"Reading wattpad again?" Biglang tanong n'ya kaya napaangat ako ng paningin.

"Yes." balik na ulit sa pagbabasa.

"About?" Langya, ako na naman na hotseat.

"It's a girls love story. 2 girls who fell in love at the same time sa isang babae." Agad na sagot ko, nawawala talaga focus ko sa binabasa pag may kumakausap sa akin.

"Then?" Yung panay sya tanong pero wala naman sa akin ang atensyon nya, buti nagagawa nya mag focus sa pagbabasa.

"Who did she end up with?" This time ay nakatingin na sa akin. Ba't parang bigla nalang sya naging interesado.

"Wala pa epilogue Miss, nasa chapter 31 palang po ako." Sagot ko at nginitian s'ya.

"Are you sure there are only two women?" Biglang tanong nya, para bang sinusubukan ako.

"Sure ako ma'am, malapit na rin matapos kaya sa tingin ko hindi na sasakit ulo ko kakabasa. Also, pinili

ng bida professor nya." Paliwanag ko kasabay ang sunod-sunod na pagtango.

"Professor?" Taas kilay nyang tanong at sa pagkakataon na ito at itinigil nya ang pagbabasa.

"Ah, yes, professor at president ng student council kasi yung dalawang babae." Mabilis kong sagot ngunit hindi na ito muling nagsalita at biglang tumayo saka walang paalam umalis nalang. Langya, kung hindi ko lang alam na magkaibigan sila ni pie ay aakalain ko talagang kambal sila. Hawig na nga mukha pati ba naman ugali hmp.

Ipagpapatuloy ko na sana pagbabasa nang bigla ako makatanggap ng mensahe sa group chat namin.

GIRLFRIENDS

IRIS
SJ!!! NAKITA MO NA BA?

SJ
Hindi bobo. Ano meron?

IRIS
May chismis ako.

KB
Nakita daw tapos sasabihin chismis. Stupida madafaka

AG
HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA

RL
Kalmahan ang betlog Kb.?

SJ
oh ba't galit ka?

IRIS
HINDI IKAW KAUSAP KO KEYBOLD!

SJ
Aw upgraded na pala nn mo kb? ?

KB
Shut up?

SJ
Ano chika?

IRIS
Nakita ko bebe mo sa malaking billboard kanina, sabaok lahat all pina billboard. Lakas pa mang ulol ?

KB
ULOL KA NAMAN KAHIT NOON PA. JUST NOW TE?

RL
HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA

IRIS
SHUT UP MONKEY! ?

SJ
Mga yawa tumigil kayo, nasa library ako!

RL
Ulol + Monkey = Lonkey

AG
?

SJ
Kitten + Donkey = Kinkey ??

KB
Ang bubwesit nyo!

SJ
Ano na Iris? Asan na chismis mo?

AG
I can't ?

IRIS

What the fudge! Nasamid pa ako sa sariling laway, shuta. Hoy! Bakit ang sexy ni mommy dragon ko dyan! Grr nakaka-ano naman masyado!

SJ
Saan mo nakuha yan! At bakit hindi ko alam.? Papakin ko nga yan mamaya.

RL
Sanaol nalang talaga cous.

KB
Oh edi ikaw na may ubod ng ganda na sugar mommy!

IRIS
Sa St.Loure street, doon sa malaking building. Yung sikat na clothing line business!

SJ
Bakit sya model dyan? Nauhaw ako bigla ? init naman masyado rito sa Library.

AG
Talaga ba?

KB

Pumunta ka na rito sa ground floor at nandito na kami babe.

Hindi na ako sumagot, mabilis nagligpit ng mga gamit at patakbong lumabas ng library, buti wala yung masungit na librarian ngayon.

"Baaaaabe!" Sigaw na salubong agad ni keyboard sa corridor, laking bunganga yan shuta.

"Tumahimik ka keybold! Lakas ng bunganga mo." saway ni Iris sa kanya

"Talaga ba malandi?" Sumbat nya kay Iris,

"Manahimik kayo Lonkey ano ba nasa corridor tayo." Saway ni Ag. Langyang mga nickname yan parang mga tanga.

"Ay try natin to!" Excited na saad ni Kb at may kinuha sa bag n'ya kaya napatingin kami sa kanya.

Langya mik-mik anong gagawin namin d'yan?!

"Para kang bata keybold!" Sabay irap ni Iris sa kanya.

"Manahimik ka. Sige na kunin n'yo na isa-isa may gagawin tayo" sabi n'ya at binigyan nga kami tag-iisa ng mik-mik.

Nasa may bandang hagdanan kami nakapwesto. Medyo marami kasing tao sa corridor dahil lunch time at labasan na rin ng mga estudyante.

"Oh, anong gagawin natin dito?" Tanong ko.

"Lagay n'yo lahat sa bibig n'yo pero wag n'yong basain ng laway at wag nyo lunukin" paliwanag n'ya pero naguguluhan ako sa sinasabi ng keyboard na to.

"Demonstrate mo nalang keybold. Wala kaming na gets sa explanation mo." sabi ni Iris kaya ginawa agad ni keyboard para ma gets namin. Natulala kami dahil sa kung anong trip ng monkey na to, parang nagyoyosi pala dapat gawin tangena. Ang mga uto-uto kong kaibigan sumunod agad sa kanya. Shuta, mga sabog ba sila?

"Hoy babe dali na! Try mo." Pangungulit ni keyboard.

"Try mo Sj, maganda HAHAHAHAHAHA." Segunda ng pinsan ko, parang kanina lang umubo sya ng malakas matapos hithitin mikmik nya.

"Dali na, di pwedeng kami lang." Pati si Ag nadadamay sa kagaguhan nila eh. Okay lang ba sila? May mga saltik ba sila?

Napabuntong hininga nalang ako dahil sa mga kalokohan na naiisip nila. Kaya ginawa ko nalang din para tigilan na nila ako. Ibinuhos ko ang pulbura sa bibig ko, ibubuga ko na--

"Just what the hell are you doing!" Biglang bumara ang mik-mik sa lalamunan ko kaya nabuga ko lahat ito sa mukha ni Keyboard.

Tangena! Sakit ng dibdib ko yawa, pa ubo-ubo pa ako habang marahan sinusuntok ang dibdib. Si dragon! Bigla ba naman sumigaw sa likuran namin kaya nagulat ako.

"Babe naman!" Yung mukha n'ya napuno ng powder amp.

"Why are you smoking!" Hala gago, bakas sa boses nito na galit s'ya.

May mga estudyante na rin ang mga nakatingin sa amin kaya hinarap na namin sya. Ay gaga hindi pala nag-iisa, kasama rin ang tatlong kaibigan nya.

Si pie na namumula sa galit nakatingin sa akin. Si ma'am Kathlyn na malalim ang tingin sa katabi ko. Yung isa masama tingin kay Iris at kulang nalang balatan nya ng buhay, hindi nga yata maganda last encounter nila base sa kanyang ekspresyon. Tapos yung isa naman tahimik lang sa likod nong tatlo.

"M-Miss...hindi po kami naninigarilyo" paubo-ubo kong sagot sa kanya. Buti nalang at may dalang tubig si AG kaya pinainom agad sa akin.

"Then what?!" Agagalit naman agad yarn.

Kinuha ko ang mik-mik at pinakita sa kanilang apat. Sabay pa talaga sila nagtaas ng mga kilay, ediwow.

"Ito po, si keybold este keyboard po kasi kung ano nalang kalokohan naiisip." paliwanag ko at tinuro si keyboard sa aking tabi.

"Ja" biglang tawag ni Zi sa akin kaya napalingon kami sa kanya, ay kasama rin ang mga kambal.

Ano ba to, bakit feeling ko mga tuta kaming magkakaibigan at napapagitnaan ng mga Demonyo at Dragon. Nasa left side ko kasi sila Zi tapos ang grupo naman ni Pi sa right then of course kami ang nasa gitna!

"Hi, Zi," Bati ko at mabilis nya sinulyapan grupo nila pie,

"What's that, Iris?" Tanong ni Helari,

"Krystal, What happened to your face?" Sunod na tanong ni Annallyn,

"Mik-Mik gusto mo? O baka talaga ako gusto mo?" Mayabang na sagot ni Iris kay Helari, kita ko pag arko nang isang isang kilay nong isa sa kabilang side.

"Well..."

"Si babe kasi, sa mukha ko binuga yung mik-mik." Putol ni keyboard at nagsumbong kay Anna,

"Come here, let me." Hila ni Anna kay keyboard at pinunasan ang mukha.

Shuta, bakit feeling ko bigla bumigat pakiramdam ko? Masama na to, hindi maganda nakikita ko at nababalot na ng dark auras grupo nila pie.

"Helari, stay away from her." Biglang salita nong ka bardagulan ni Riri na friend ni pie,

"Huh? Why?" Confused na tanong ni Helari,

"Wag ka makinig sa kanya, free ka ba mamaya? Libre mo ko date bago ka lumayas ng bansa." Kapal ng mukha ni Riri, sya pa talaga nag suggest e date sya.

"Babe takas na tayo" bulong ni Kb, pati siguro sila ay uncomfortable na sa nagaganap kaya sumenyas ako sa tatlo.

"Are you okay, Ja?" Malamig na tanong ni Zi,

Sasagot pa sana si Keyboard pero mabilis kong hinawakan ang kamay n'ya at kumaripas ng takbo. Hindi ko na nilingon ang mga maldita, bahala sila sa mga buhay nila.

Langya naman kasi tong keyboard na to! Kung anu-ano nalang ang kagagahan na naiisip, ako pa tuloy ngayon ang nagmukhang masama.

"Naknampucha sandali! Tumigil na kayo kakatakbo!" Habol-habol aming hininga ay halos sabay kaming lahat bumagsak sa matigas na semento at napahiga. Kakapusin na ako masyado, malayo-layo rin ang inabot namin at napadpad kami sa engineering shuta.

"Pambihira, bakit pati ako tumakbo? Kalokohan mo keyboard." Sermon ni Rochelle sa monkey na kulang nalang himatayin dahil sa sobrang putla.

"Ano? Mik-mik lang naman duh " sabay paikot ng kanyang mga mata.

"Gutom na ako, dapat inuna muna natin kumain bago kalokohan eh." Itong pinsan ko kanina pa panay reklamo, bakit kasi pati sya tumakbo?

"Cafe tayo? Gutom na rin ako." Aya ni Ag kaya tumango nalang din kami dahil lahat naman gutom.

"Ang mahuli, sya bibili!" Sigaw ko sa kanila at kumaripas ng takbo.

"Babe! Daya mo!"

"BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

*

PIXIE

I know that she has already let go of J, but my heart is still not at ease, especially since I know that she still has feelings for her. We're cousins, but we're not that close, and we didn't grow up together, so there's not a lot of history between us.

"Are you okay?" I woke up from a deep thought as I felt Kathy's touch on my arm.

"Mhm," I nodded.

"Are they a group of crazies? What are they doing and why do they keep running around like that?" Maia asked a question that caught our attention on my big screen monitor in the office.

"What are these, Pie? Don't tell me you have access to all the CCTV on campus? Why? To spy on your beloved student? What the heck? Are you some kind of obsessed and possessive stalker-girlfriend?" The disbelief and confusion filled Leigh's face. Why can I not monitor the woman who will become my wife? I'm just keeping an eye on her and protecting her from the flies.

"Why are you always against the things that I want to do? You can't relate to my situation? If you want to

understand how I feel, why don't you try doing whatever it is with Iris instead? It seems like you're interested in her instead." I answered back in an irritated tone. Well, about her fiancé, it's not like she has romantic feelings for him. Instead, she's caught up in a forced marriage that's pretty messed up.

"Huh? Me? Interested in that girl? No way in hell. Why would I be interested in someone who's only ever caused trouble on campus and who's been flirting with a bunch of girls? Are you even in your right mind, Pie?" She responded quickly to defend herself. I was just asking a question, but why does it seem like she's so affected by what I said?

"Why are you so angry at her, and why do you always mention the fact that she's been hitting on a bunch of girls? Don't tell me you're one of the women she tried to seduce, and that's why you're angry because you're not alone? You found out you weren't the only one she's interested in?" Maia's question seemed to hit Everleigh particularly hard, as she suddenly fell into a state of quiet reflection and was unable to defend herself with words. It appeared that the question struck a chord with her, as it seemed to hit too close to home and took her by surprise.

"What's with the sudden quiet?" I asked in a teasing tone.

"You're wrong about your assumptions. I wasn't one of the girls she hit on. Me? Please, I'm straight and I've never been attracted to another girl. I don't like her- in fact, she's even worse than most guys when it comes to their interactions with women. Do you think she has something that makes her special?" Her response and the attempt to defend herself again. Straight? I used to tell myself that, but here I am now, loving J. Let's see if she's still straight in a few years.

"Yeah, whatever."

"I'm telling the truth."

"Sure."

"Tsk, bullshit."

"Are you done? Can we leave? They're at the cafeteria already." Kath said, and I noticed that J's group was already outside of the cafeteria, looking exhausted from the running they had been doing, even though there was no apparent reason for it. It looked like they had been running for around 20 minutes.

"Sure." I smiled right away and followed her outside of the office, leaving the other two inside.

Well, shall we check on my little pudding?

*

SJ

Halos 20 minutes rin kaming tumakbo, shuta sawakas nandito na kaming cafeteria. Mukha kaming mga tanga sa may entrance at nakaharang sa daan, pinagtitinginan na tuloy kami dahil bakit kasi sa daan sumalampak?

"Keyboard ikaw bibili." Hirap na salita ko, halos wala na ako malunok na laway sa sobrang dry ng lalamunan ko.

"Nakaharang kayo sa daan, bangon na." Saway ng pinsan ko at inalalayan ako makatayo dahil

nanginginig na sa gutom tong mga tuhod ko tapos pagod sa kakatakbo. Hingal at pawisan kaming pumasok sa loob, buti nalang vacant yung usual table namin. Si keyboard diretso na order ng mga pagkain namin, talunan e.

"Balita ko may team building daw?" lakas talaga makichismis nitong si Iris.

"Di nga, when?" Balik ko sa kanya.

"Hindi ko pa alam kung kailan, basta narinig ko lang kanina." Oh okay, mukhang exciting yan.

"Baka this month? o kaya next month?" Sagot ni Ag pero nasa selpon ang atensyon, si pie nanaman ba kausap nya?

"Maganda kung may ibang courses para magulo." Gulo lang yata habol ni Iris don. Sabagay, mas okay din kaya kung may ibang course kasi mas enjoy siguro yun tapos may makikilala pa kaming mga new friends.

"Gulo lang talaga habol mo ri," Sabat ni Ag at sabay kaming tumango ni Rochelle,

"Ayaw nyo gulo? Ako nalang maghahanap mag-isa." Lakas ng amats nito.

"J, did you bring an extra shirt?" Biglang may sumingit sa usapan kaya napatingin kami sa babaeng nakatayo sa gilid ng table

Si pie pala.

"Pie, ou may dala ako." Pero paano nya alam?

"Change your shirt." Utos nito, ay concern na may konting tampo yan? Sinilip ko table nila at nakita ang tatlo pang kaibigan nitong abala sa pag-uusap.

"Gusto mo ikaw nalang magbihis sa akin pie?" I saw her eyebrow flinched at seryoso akong tinitigan.

"Hoy! Baka nakakalimutan mong hindi lang kayong dalawa nandito, naririnig din namin Sj," Saway ni Iris pero wala naman mali sa sinabi ko?

"Pambihira."

"Really?" Hamon ni pie at hindi binigyan pansin ang ibang kasama sa table.

"Joke lang, hehe." Bigla nya akong tinapik sa ulo at awtomatiko akong napahikab, shuta.

"Pie, alam mo naman na mabilis ako makatulog pag ginaganyan mo ako." marahan kong inalis ang kamay nya kasi baka makatulog talaga ako bigla.

"Sorry, magbihis ka na." Malawak ang naging ngiti ko dahil bigla nalang ito pinamulahan ng mukha.

"Yes, yes. Balik ka na sa table at hinihintay ka nila. Kanina pa tingin nang tingin friends mo sa atin." Bulong ko at ngumuso sa direksyon ng mga kaibigan ni pie,

"Alright, I'll see you later." Malambing nyang bulong. Matamis akong nginitian ni pie bago ibinaba ang ulo at humalik sa pisngi ko.

Halos kaming lahat nakakita ay gulat sa ginawa nya. Ngumiti sya sa public? Tapos hinalikan ako kung saan maraming tao? Shuta? Hala si mameeh, gusto ata ipakita sa lahat na may relasyon kami.

"Pie, ano ginagawa mo?" Confused kong tanong.

"Hmm? Securing what's mine?" I tilted my head at bahagyang awang ang labi.

"O-Oh." Tanging naisagot ko.

"Pambihira talaga, alis ka na pie," Bastos na donkey to. Akala ko babanatan ni pie pero umalis nga ito at bumalik sa table nila.

"Happy mah prend?" Biglang lumipat si Riri sa tabi ko at sunod-sunod ang naging tapik sa balikat ko.

"Syempre, ganda ng dragon ko no? Paano ba yan? Edi nagmukha na akong mayaban nyan?" Nakangising sagot ko upang inggitin sya pero mukhang walang talab yun sa katulad nyang babaera.

"Mayabang." Sambit ni Ag amp.

"Saglit lang, bihis muna ako." Paalam ko sa kanila, tagal naman mag order ni keyboard at baka pagbalik ko wala parin pagkain namin!

Pagbukas ng pinto ay sabay pa kaming nagulat ni Miss Kathlyn, gaga sinipa ko kasi ang pinto.

"Ay sorry po, akala ko walang tao. Hi, ma'am?" Bati ko at ngumiti. Hindi pinansin ang tanong ko at pinasadahan lang ako ng tingin mula ulo hanggang paa.

"You have an extra shirt?" Tanong n'ya.

Ay wala Miss, hindi ako pumunta rito para magbihis. Kakain ako.

"Ah yes, magbibihis palang." Agad kong sagot at naghilamos, lagkit ng pawis yawa.

"Avoid cold drinks. They're not good for your health." Paalala nya saka ako tinakasan at lumabas ng restroom. May concern din pala syang nararamdaman sa katawan?

After magbihis bumalik ako sa table, ang mga gaga lumalamon na at hindi man lang ako hinintay. Dami na nilang naubos samantalang ako hindi pa nakakakain!

"May narinig ako kaninang kanta" ano na naman gagawin nito. Ba't hindi nalang s'ya kumain kaysa may gawin na naman na kalokohan.

"Ano?" Sabat ni Iris,

"Pota" langya minura pa nga.

"Nagtatanong ako ng maayos keybold!" Amp, mag babardagulan ulit tong dalawa pustahan.

"Kanta kasi! Gusto n'yo marinig? Na record ko kanina."

"Panget boses mo, pass." Iba talaga mang insulto si Iris, pag yan pinatulan ni keyboard baka may lumipad na mga plato sa mukha nya.

"Ikaw kakanta kb?" Singit ko sa bardagulan nila.

"Ou malamang." Proud na sagot nito. Napangiti ako, may naisip kasi ako.

"Saan mo kakantahin keyboard?" Balik ko sa kanya. Nakataas ang isang kilay nito, siguro namalayan na n'ya binabalak ko.

"Dito san ba dapat?"

"Sige, teka lang." Sabi ko at tumayo, naguguluhan man ay hindi naman nila ako tinanong kung ano gagawin ko.

Umakyat ako sa table nila Zi una.

"Hi kambals." Biglang sulpot ko sa table nila habang nasa kalagitnaan ng pag-uusap.

CHAPTER 32

-

"Good morning babe!" Langya, lakas naman makasigaw kay aga-aha.

"Bakit panay hikab ka?" Niyakap nya ako sa bewang kaya hinayaan ko na, wala ako sa mood at kulang ako sa tulog.

Diba nga sabi ni dragon sleep with me tonight daw, pero nong pagdating ko sa bahay n'ya ay ang gaga binato agad ako ng tsinelas pagpasok ko sa kwarto n'ya.

I asked her kung anong problema pero ang dragon galit na galit at hindi ko alam kung ano ang nagawa ko kung bakit na naman umusok ilong n'ya. Scammer si Miss Ma'am, akala ko pa naman mangyayari 'yong nasa isipan ko hmm.

"Babe!" Hampas ni kb sa balikat ko kaya.

"Ano?!" Naiinis na ako, masakit pa naman ulo ko shuta.

"Bakit ka naninigaw? Puyat ka ba sa ginawa nyo kagabi?" Nagsalubong ang aking mga kilay at pinaningkitan sya ng mga mata.

"Pinagsasabi mo! Sa labas ako ng bahay natulog. At ang daming lamok!" Bwesit naalala ko na naman dahil sa mga lamok.

Nasa may bandang pool ako natulog buti nalang may lounger kaya maayos rin naman ang pagkahiga ko pero wala akong kumot! Tapos bigla nalang may nahulog sa mukha ko na kumot galing sa second floor, tangena talaga ni dragon.

"Bakit sa labas gaga? Under ka ba kay ma'am?" Gandang tanong naman, halatang naghahanap ng gulo.

"Wag mo ako simulan keyboard, masakit ulo ko." Banta ko.

"Tsk, para mawala na sakit ng ulo mo... Ayun oh, si dragon mo." Biglang turo ni keyboard kay pie na papasok nang building.

"Bakit nandito sya? Mukhang busy?"

"Hindi ko knows, pero sabi sa akin last night may announcement sya?" Sagot ko. Anong announcement sasabihin ni dragon? Tsk, nagtatampo parin ako sa kanya, si ako nakatulog ng maayos!

"Talaga?" Sagot nya at hinila ako papasok ng department building.

"Teka lang, may kailangan ako kunin sa office ni pie," Pigil ko sa kanyang kamay at huminto.

"Anong nakalimuta mo? Kiss mo?" Pang-aasar nito sa akin.

"Hindi, pero pwede rin naman kiss." Nakangisi kong sagot kasabay ang pagtaas-baba ng mga kilay.

Mukha ni keyboard nakabusangot na, ano nanaman problema nito?

"Ano nga kukunin mo? Alam mo %1 nalang mauubos na dignidad ko dahil sa mga trip mo babe! Bakit ba ako nalang lage gusto mo pagtripan, kainis!" Nagpapadyak na reklamo nito, bakit ba e mas suitable sa kanya ang pagiging payaso kaysa sa amin.

"Keybold." tawag ko.

"Ano?" Kunot noo nyang sagot.

"May dignidad ka pala?" Gulat kong tanong.

"Hoy bwesit ka! Ang sama mo sa akin babe!" Singhal nya at pinaghahampas ako sa likod. Shutangena, sakit masyado makahampas!

Ginulo-gulo ko nalang ang kanyang buhok at ngumiti. "Ikaw kasi mas bagay maging payaso kb, napapasaya mo naman kami." Ginamit ko ang dalawang kamay upang pisilin sya sa magkabilaang pisngi.

"Tangena, kasayahan n'yo kapalit ang dignidad ko?!" She hissed as she rolled her eyes.

Cute lang ni keyboard eh. "Ou na, next time sila naman gawin nating payaso. Wag ka na nga sumimangot."

"Tsk, lumayas ka na nga. Puntahan mo na dragon mo at baka ma late ka pa. Shoo shooo." Mahina akong natawa dahil sa pagbugaw nya sa akin. Pinauna ko na sya at kaagad umakyat patungong opisina ni dragon, sana nasa office pa sya. Tinakbo ko na para mas mabilis ako makarating at humugot muna ako ng malalim na hininga bago kinatok ang kanyang pintuan.

"Hellooooo! Shapi delivery po! Isang Shara Jane po para kay Miss Pixie! Tao po!! Shapi Miss.... Shapiiii!" Katok ko sa pinto at may kalakasang boses na tawag ko sa kanya.

"TAO!!! SHAPI!!" langya umalis na ba s'ya?

"Shaaaaaapiii-"

At bumukas nga ang pinto. Bakit sa ganito nag la-lock s'ya pero pag nag memeeting kaming dalawa hindi hmp.

I scanned her from head to toe.
"Were you arrested earlier? It must be illegal to look that good, sugar mama." As I saw her standing there, I couldn't believe how stunning she looked. That fitted white collared shirt, pencil skirt above her knees, and those stilletos... she looked incredible. Her long, dark hair fell over her shoulder like a cascading waterfall. I felt my heart skip a beat, drawn in by her sophisticated yet sultry appearance.

"What?" She raised an eyebrow, bakit ba may topak sya? Kagabi pa yan ah!

"Pie, ganda mo po." Langya, nagbihis lang pala sya at unang beses ko sya nakitang may suot na eyeglass. Ganda masyado ng dragon ko, nanghihina puso ko.

"Wala bang bombero rito? Nasusunog puso ko!" Napapalunok tuloy ako ng wala sa oras amp, seryoso kasi masyado si pie. She crossed her arms at titig na titig sa akin, hindi ba pwede diretsuhin ako at

sabihin kung ano problema nya?

"A-ano, kunin ko lang yung panali ko sayo, nakalimutan ko eh." Mabilis umarko ang isang kilay ni pie,

"Panali?" Ou, bungol talaga tong girlfriend ko.

"Yung ginamit ko sayo, hehe." Nanunuksong sagot ko at nakita kaagad ang pamumula sa kanyang mukha, naalala siguro bigla nangyari kahapon. Mabilis syang tumalikod at dali-daling kinuha ang panali ko sa kanya, nakatago lang pala sa may drawer.

"Throw it." Maarte nyang utos kasabay ang pag-abot sa akin nito. Char, throw it daw pero BOTH pinili? Kunyari hindi nya nagustuhan.

"You know..." hindi ko alam kaya sabihin mo.

"Gusto mo ako? Yes, alam ko." Mayabang kong sagot at nagtaas-baba ng mga kilay.

"Gusto kitang sakalin" seryosong sagot nito kaya medyo nagulat ako. Langya,

"Sa sarap?" Oh tameme ka na n'yan dragon? Sisimulan mo 'ko e may pang rebat ako.

Pero mukhang delikado tayo mga lods dahil mukhang pinapatay na ako ni dragon sa kanyang isipan, mga tinginan kasi nakakamatay na.

"J-joke lang baby, syempre trabaho ko 'yon. Bottom ka Miss wag kang an--sorry naaaaa, joke lang wag mo ibato yang libro masakit po yan" sabi ko at agad na niyakap s'ya sa bewang upang lambingin. Langya, aksyon ba naman itapon sa akin ang librong dala.

"Leave, now." Wow, lamig. Tangena may regla ba sya?! Kagabi pa talaga ganyan, naka-on siguro saltik mode nito.

Ngumuso nalang ako dahil nakakatampo, bigla nalang nagbibigay ng cold treatment. Lumayas na nga sya at iniwan akong mag-isa sa labas ng office. Langya talaga si dragon, malakas saltik at hindi ko alam dahilan kung bakit.

Bagsak ang mga balikat kong naglalakad patungong classroom. Mamayang gabi ka talaga sa akin dragon ka, igagapos kita-ay pero parang malabo't sa bahay nalang ako uuwi. 3min nalang at magsisimula na ang klase kaya tumakbo na ako para makahabol.

****

"Ay hala! Miss!"

Mabilis kong hinawakan ang kamay at bewang n'ya, tapos hinila palapit sa akin dahil bigla ko nalang itong nabunggo pagliko ko. Langya muntik pa nga mahulog sa hagdanan, ang lakas kasi nong impact kaya napaatras s'ya. Nayakap ko tuloy si Miss Kath ng wala sa oras.

Buong higpit ko syang hinawakan sa mga balikat at bumaba ang tingin sa kanyang mukha. "Okay ka lang? Sorry po nagmamadali kasi ako." paliwanag ko sa kanya, pero parang hindi ako naririnig? Tulala si ma'am,

"Miss?" Tawag ko ulit.

"A-ah yes I'm fine. Why are you running A-Shara." the dragon.02 version ay nauutal-utal.

"Ano kasi." sabi ko at sinilip ang relo, langya wala late na ako.. "Sorry po tinakbo ko na kasi, pero late na ako sa klase." Wala na ako panahon mag aksaya ng oras.

"Your hands." Banta nya kaya inalis ko agad ang mga kamay sa balikat nya.

"Pasensya na at worried lang, muntik ka na kasi mahulog kaya nahila kita." Paliwanag ko at tipid ngumiti.

"Be careful next time." She said and fixed herself.

"Yes po!" Sagot ko sabay salute sa kaya nagtaasan mga kilay nya. *Shuta ka Sj! May pasok ka at late ka na tanga! Ano pa ginagawa mo rito!*

"Miss una na po ako." Paalam ko at tumakbo ulit paakyat ng 4th floor. Kakasabi lang wag tumakbo pero masarap kasi ang bawal, rule breaker tayo e.

Sumilip ako sa backdoor at nakita na busy sa pagsusulat si Sir Dave, mabilis akong naglakad sa front door. I slowly sneak in and walked backwards at nang mamalayan ko s'ya na paharap na sa amin ay humakbang ako paabanti at kunyari na lalabas ako ng pinto.

"Shara Jane, where are you going?! Go back to your seat! Kakasimula palang ng klase ay may balak ka na lumabas" sermon n'ya sa akin, I mentally smirked and praised myself. *Good Job Sj!*

I shrugged and walked towards my chair. LOL base sa ekspresyon ng mga classmates ko mukhang proud pa sila sa ginawa ko at mga nakangisi lalo na mga kaibigan ko. Alam kong matalino ako pagdating sa mga ganito, kalma ako lang to, si Sj,

"I have an announcement kids, may gaganaping team building ang 3rd-4th year students" ay hala baka ito rin 'yong tinutukoy ni dragon.

"But this time may ibang course tayong kasama." Dagdag pa nito dahilan para mas lalong umingay ang silid.

"Keep quiet kids. Next week na ang team building natin, 3 days ang magaganap na event kaya Wednesday ang alis natin. Angie will distribute the waiver consent after the class, so give it to your parents. Kukunin ko ang mga waiver n'yo sa Monday" paliwanag n'ya sa amin.

Anong course makakasama namin? sayang naman kung hindi mga taga Architecture. Maiiwan na naman si RL na mag-isa, poor donkey.

"Sir anong course po makakasama namin?" Tanong ni Bogart

"Architect students" dahil sa sagot n'ya ay napangiti ako. Buti nalang at makakasama rin ang donkey.

Nag review lang si Sir saglit at nag surprise quiz. Kaloka quiz pa ba to?! 50 items! Itong si keyboard kanina pa ako kinakalabit para mangopya.

"Sir si Krystal po nangongopya ng sagot!" Sumbong ni Iris. Hala ang kapal ng mukha porket tapos na s'ya mangopya kay Ag.

"Miss Krystal!" Tawag nito kay keyboard.

"Naniniwala ka sa kanya sir? E mas may utak ako sa kanya? Tanong mo pa sila." Malamig na sagot ni keyboard sa guro at itinuro kami. Hala ang tapang sumagot, si sir napanganga nalang. Gusto ko tuloy tumawa dahil hindi nakarebat si Sir sa sinabi n'ya. Matalino naman si keyboard, may topak lang talaga sa ulo.

"Ahem, continue answering. You only have 10 minutes left" ay surrender si Sir, malawak ang ngiti ni keyboard dahil nanalo s'ya. Ediwow pero proud ako sa kanya ha.

*

"Kb tama na! Hindi ako makahinga!" Reklamo ni Iris habang pilit na inaalis nito ang nakapulupot na kamay ni Keyboard sa leeg n'ya.

Pag dismissed palang ni sir sa klase ay agad n'ya itong sinugod. Kawawa naman pero okay lang deserve n'ya naman masakal, traydor e.

Papunta na kami sa next subject nang may napansin kami at napatigil sa paglalakad habang sakal-sakal pa rin ni keyboard si Iris. Si Kitten at Donkey! Kaya mabilis kong itinulak ang tatlo sa may gilid upang magtago.

"Why are you always bothering me?" May inis sa kanyang boses, ayaw pa naman ni Zi na may nangugulit sa kanya.

"Kitten, hindi mo parin ako pinapatawad." sagot ni RL, kami naman ay dahan-dahan na sumilip. Para lang kaming mga manyak na nambubuso sa sitwasyon namin. Narinig ko ang hagikghik ni Iris At Kb kaya tinampal ko mga ulo nila at sinamaan ng tingin. Baka kasi marinig kami, hindi pa naman kalayuan pwesto namin sa kanila.

"Kitten amp" pigil tawa na saad ni Iris.

"How many times do I need to remind you to stop bothering me donkey" potangena talaga napatakip nalang tuloy ako sa bibig ko, muntik na naman kasi ako matawa. Langyang donkey yan!

"Punyeta donkey daw, help....I kenat..." Naiiyak na bulong ni Kb. Langya ang hirap pa naman tumawa ng tahimik!

"Kaya pala kitten+donkey." Bulong ni Ag,

"I like you." Nanlaki ang mga mata namin dahil sa sinabi ni donkey, confession?! Yawa, tama ba narinig namin?!

Part time job talaga naming apat ang pagiging paparazzi guys.

"What did you say?" Bungol din tong si Ziallyn eh.

"I-I mean, I want to be friends with you" Sagot naman ni Donkey.

"Bakit ba ang kulit mo?!" This time ay may bahid na ng inis ang boses ni Zi.

"Dahil pabebe ka?" Hala tangena tapang mo cous! Commended!

"Makapal din pala mukha mo?" Naku! Masasampal ka na naman nyan!

"Sabi ko gusto ko makipag kaibigan sayo, gusto mo isigaw ko pa?" kung ako makulit, mas makulit po talaga yan si RL kumpara sa akin guys. Hindi ka n'yan tatan-tanan unless pumayag ka.

"Aweee kaibigan ba talaga?" Bulong ni keyboard.

"Kaibigan muna bago bebe time syempre" sagot naman ni Iris.

"May pag-asa ba?" Singit naman ni AG.

"Meron yan, kung seryoso at gusto nya si Zi, help natin." Wala naman masama kung tulungan namin.

"Paano? kung alam naman nating lahat na ikaw parin ang gusto?" Natigilan ako sa naging tanong ni Iris, ako ba talaga? Base kasi sa nakikita ko may something sa mga kilos ni Ziallyn,

"Hindi ka sure Iris. Also, makakalimutan nya rin ang feelings kay babe. Kailangan lang ng sapat na time." Seryosong sabi ni keyboard, may sense rin pala kausap pag ganito ang pag-uusapan.

"May gamit din pala utak mo keyboard" langya tong si Ag, magsasalita nalang nga mang iinsulto pa amp. Ang keyboard proud pa dahil malaki ang ngiti sa labi.

"I don't need friends" sagot ni Zi kaya nabalik ang atensyon namin sa kanilang dalawa ni Donkey.

"Bahala ka, basta sa ayaw at sa gusto mo ay mag kaibigan na tayo" luh kapal ng mukha nitong donkey na to. Tapang naman mamilit n'yan.

"Suit yourself but don't expect anything from me" sumuko na ata si demonyo dahil siguro ayaw s'ya tigilan ng donkey na to.

Pagkasabi ay tumalikod na ito at iniwang mag-isa pinsan ko. Ang donkey sobrang laki ng ngiti sa labi, hindi nagtagal ay umalis na rin ito. Hindi man lang napansin may mga matang nakamasid sa kanila kanina. *Goodluck cous, kayanin mo ang ka malditahan ng isang demonyo!*

"Hoy langya! Kakachismis natin late na tayo sa next subject!" Paalala ni keyboard.

"Luh gage! Maritis pa mga tanga, patay tayo! Si dragon next subject yawa na this. Tara naaaaa!" Natatarantang kilos, patay talaga kami nito.

Kabado ako habang papalapit kami ng classroom, napatampal ako sa noo dahil hindi ko alam kung ano ang idadahilan namin. Halaka yan na nga ba sinasabi ko! Sarado ang pinto!

"Hoy Ag, ikaw na kumatok" tulak ko sa kanya.

"Ayoko, Iris ikaw na" tulak naman n'ya kay Iris.

"Ano ba! Mga takot kayo parang si dragon lang e! Kb ikaw na nga kumatok." Tapang n'ya tapos ipapasa rin naman pala kay keyboard.

"Ako na naman?!"

"Ou dali na" sagot ko at tinulak s'ya sa tapat ng pinto.

"Ayoko! Ikaw ang kumatok. Dragon mo yan!" Utos ko ako rin pala gagawa langya.

"Hays, alis nga" tabig ko sa kanila.

"Hello, good morning po! Pabukas naman po nitong pinto papasok kami" hindi kalakasang sigaw ko habang kumakatok.

"Ma'am manganganak na po ako! Pabukas po!" Langya ayaw kami pagbuksan. Rinig naman namin ang mga tawanan ng mga k-klase sa loob.

"Babe umayos ka nga! Pag talaga tayo hindi pinapasok!" Edi sana kayo ang kumatok!

"Misssss si keyboard po hinahalikan si Sj!" Sigaw ni Iris kaya napatingin kami sa kanya. Yawa?

"Hoy anong sinasabi m-" at tadaaa wala pang 10 seconds pero bumukas agad ang pinto at ang madilim na mukha agad ni dragon ang bumungad sa amin.

Lintik kang Iris ka! Hindi ko pa nga alam anong rason bakit galit yan! Dadag-dagan mo pa!

"Wag ka po maniwala, joke lang yun." Mabilis kong paliwanag ko amp.

"Mi-" ay yawa bastos na dragon sinarhan kami ng pinto! Ang sakit ng ilong ko dahil tumama pag sarado n'ya.

"10 minutes late na pala tayo kaya hindi na tayo pwede pumasok" kalmadong paliwanag ni Ag. Pag 10min late kasi considered as absent na at kailangan namin tumayo sa labas hanggang matapos ang klase!

"May naisip ako." kunot noo kong pinagmasdan si Kb, ano plano nya?

"Ano?" Sagot ko.

"Total naman hindi tayo pwede umalis at hindi rin tayo makakapasok edi maglaro nalang tayo" wala talagang matino sa grupo namin.

"Ano naman yan keyboard?" Pero exciting din naman dahil wala nga kami gagawin.

"Truth or dare cards." Sagot nya at ipinakita sa amin ang cards na hawak, shuta. Nagkatinginan nalang kaming tatlo dahil sa pakulo ni keyboard.

"Sige, mukhang maganda." Sumang-ayon pa nga si Iris,

"Aside from being chaotic and crazy. What else can you do?"

Awtomatikong napalingon kami sa taong nagsalita. Langya! Kung kailan naman mag eenjoy na kami saka naman to sumingit si dragon.

"Miss, sali ka?" Ay mukhang mali 'yong tanong ko bobo.

"Detention room, now." Shutangena.

*

So ayown nga guys, nasa detention room kami ngayon at kinulong ni Pie.

"Nakakabagot dito, tara na takas tayo" mungkahi ni Iris sa amin. Sana nga madali e.

"Umayos kayo, si dragon yan at malilintikan talaga tayo." Saway ko sa kagagahan ni Iris, kung anu-ano nalang plano sa buhay.

"Okay na nandito tayo kaysa naman tumayo buong klase sa labas." Ganda naman ng sinabi ni Ag, tama nga naman sya at mas maganda pa rito dahil free aircon at comfortable pa.

"Kb may tanong ako sayo, do you like Annallyn ha? Like as in romantically?" Oh, bakit parang gulat pa sya sa tanong ko?

"Yes, I do like her as a friend. Sabi mo may boyfriend na? So bakit pa ako aasa? Thank you next." Tatawa sana ako kaso bigla nya akong sinamaan ng tingin.

Ang dalawa naman ay binigyan s'ya ng tatlong slow clap, ediwow.

"Puntahan natin si RL" suggestion ko sa kanila.

"Sabi mo hindi tayo pwede tumakas!" Hindi ko nalang pinansin si Iris at hinarap si keyboard na ngayon ay naka-kandong kay Ag.

"May dala ka bang make up d'yan KB?" Tanong ko.

"Bakit? Ano balak mo?!" Wala pa nga akong sinasabi nakabusangot na agad ang mukha. Nag pakawala lang ako ng isang pilyang ngiti.

"Kapag ganyang ngiti talaga, alam ko na hindi maganda ang trip mo" singit ni Ag sa usapan.

"Akin na make up mo Kb, halika rito sa tabi ko dali!" Sabi ko sa kanya at hinatak paupo sa tabi ko.

"Ag, Iris hawakan nyo si keybold." Utos ko sa dalawa, napailing nalang sila dahil sa kung anong trip ko sa buhay.

"Babe ano ba! Sabi mo si Iris naman, tapos ngayon ugh...bwesit!" Maktol na saad nito, haha pero bagay talaga kay kb ganito e.

"Close your eyes bebegirl. Don't be maktol maktol na, that is not good sa iyong mukha" tawa-tawang sagot ko sa kanya at hinawakan ang magkabilang pisngi, likot e.

Napabuntong hininga nalang s'ya dahil wala naman na s'yang choice.
Nagsimula na akong hanapin ang make up na kailangan ko para ilagay sa mukha n'ya.

Several Minutes Later...

"HAHAHAHAHAHAHAHAH" mangiyak-iyak na tawa ni Iris, langya.

"Bagay na bagay, pwede ka na mag make up artist S," puri ni Ag sa akin. Ako naman ay nagpipigil nalang din ng tawa dahil hindi ko rin expected mag mukhang makatotohanan ginawa ko.

"Patingin nga!" Singhal ni Kb pero wala namang salamin kaya hindi n'ya nakita ang sarili.

Kb n'yo sinuntok sa mata, may purple eye na.

"Ano guys? Mukha na bang sinuntok?" Tanong ko at tuluyang humagalpak ng tawa.

"Ou, HAHAHAHAHAHAHAHA akin na nga yan, dagdagan natin para sure!" Inagaw naman ni Iris ang make up na hawak ko.

Makalipas ang ilang minuto...

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA."

Puro lang kami tawanan tatlo habang si KB ay hindi na maipinta ang mukha dahil sa sobrang inis, dagdagan pa dahil sa make-up na nilagay namin.

"Okay na yan! Langya sakit na ng tiyan ko yawa." Sumakit na tiyan at panga ko kakatawa jusko.

"Pwede na yan HAHAHAHAHAHAHAH naknampucha! Ayaw ko na!" Si Iris na kulang nalang malagutan ng hininga dahil napaupo na talaga sa sahig kakatawa..

"Saan mo natutunan ang ganito Sj?" Tanon ni Ag habang nagpapahid ng mga luha.

"Sa asobi, BAHAHAHAHAHAHAHAH bigla nalang kasi pumasok sa isipan ko nong sinabi ko na puntahan natin si RL" langya natatawa parin ako sa mukha ni keyboard jusko.

"Tara na, tara na dali!" Excited na hinila ko si Kb patayo, si keyboard iiyak na ata langya.

"I hate you babe!" Sabay irap sa akin. Mabilis ko itong binigyan ng halik sa kanyang pisngi para hindi na magtampo, tignan mo at nakanguso na parang bata, cute cute!

Habang naglalakad ay pinagtitinginan kami ng mga nakakasalubong namin papuntang Architect building. May iba pa nga na kumuha ng mga stolen pics ni keybold.

"Ja" tawag ni Zi sa likod namin kaya napatigil kami at hinarap s'ya kasama ang mga kambal.

Si keyboard naman biglang tinakpan ang mukha haha.

"What's wrong with KB?" Tanong ni Annallyn at nilapitan si keybold. Gusto n'ya sana alisin ang kamay nito na nakaharang sa mukha pero umiwas si kb.

"Sinuntok ni donke-RL" sagot ko na ikinakunot ng mga noo nila.

"What?! Why?" Worried na tanong ni Anna, wag ako be at may jowabels ka.

"Inagaw kasi ni KB ang lollipop ni RL kaya nasuntok n'ya" I bit my inner cheek to suppress my laughter.

Mas lalo pa ata sila naguluhan dahil sa binigay kong rason.

"Just because of lollipop? What is she, a kid?" Malamig na sagot ni Zi.

Ay sorry donkey mukhang mapapasama ka pa ata kay Ziallyn. Si Iris at Ag naman nasa gilid lang din

nagpipigil tawa.

"Let me see your face, Krystal Bern," Pagpupumilit ni Anna,

Kaya dahan-dahan inalis ni Keyboard ang kamay nito sa mukha at inangat ang ulo para makita ito ng mga kambal. Their eyes widened in shock when they saw her face. Kami namang tatlo ay humagalpak na ng tawa, litsing yan.

Ang mga kambal hindi ko alam kung natatawa ba sila o ano dahil sa reaksyon ng mga mukha nila.

"BAHAHAHAHAHAH sorry sorry, joke lang. Make-up lang yan, susunduin kasi namin pinsan ko." paliwanag ko sa mga kambal.

"Bakit may ganyan kung susunduin nyo lang naman?" Tanong ni Cassandra.

"Para makatotohanan at makasama namin s'ya sa detention room" diretso kong sagot. Nanlaki naman ang mga mata nila na parang hindi makapaniwala sa sinabi ko.

"Seriously Ja? Pumasok lang ba kayo rito sa school para sa mga kalokohan n'yo?" Seryosong tanong ni Zi.

Hinawakan ko nalang ang ulo nito at ginulo-gulo ang buhok habang nakangiti.

"Hindi Zi. Kasi naman na late kami kanina at pinakulong kami ni Miss Pixie sa detention room" totoo naman ah, pero hindi ko na sinabi ang rason ay dahil sa cards.

"Bakit nyo idadamay ang isa?" Singit naman ni Helari sa usapan.

"Nag chat s'ya sa akin eh sabi n'ya boring daw ang klase dahil alam na n'ya ang topic at kung pwede may kumidnap sa kanya" totoo yan guys, nag chat talaga s'ya sa akin. Hindi ako sinungaling mabaog paman si Kb.

"Tara na Sj, baka mahuli pa tayo ni Ma'am Pixie dito at maudlot pa ang plano natin" paalala ni Iris sa akin, ou nga pala tumakas lang kami sa detention room.

"Sige mga kambal una na kami. Kitakits nalang later." paalam ko sa kanila. Bakas parin sa mga mukha nila na parang hindi sila makapaniwala sa gagawin namin amp.

Sooooo nandito na nga kami sa deparment building ng pinsan ko, buti nalang wala masyado mga estudyante pagpasok namin hanggang sa makaakyat kami sa classroom ni donkey,

"Babe, ikaw na kumatok." Utos ni keyboard, ay wow parang kanina lang against sya sa gagawin namin.

Nilapitan ko naman si Kb.
"Kb pag kinindatan kita mamaya, umiyak ka okay?" Sabi ko sa kanya.

"Naknampucha, iyak amp." Sabat ni Iris.

"Okay no problem babe" napangiti nalang tuloy ako sa sagot n'ya. Game na game na s'ya sa gagawin namin e.

Tumikhim ako kasunod ang tatlong sunod na katok.

"Good morning Ma'am and excuse me po" magalang na bati ko sa kanya. Agad kong sinulyapan si RL na ngayon ay naguguluhan ang ekspresyon ng mukha.

"Yes?" Sagot ni Ma'am na hindi ko kilala kung sino.

"Ma'am I'm here to report something po sana" seryosong sagot ko.

"About what?"

"About Rochelle Love po" Seninyasan ko si keyboard na wag sila mag ingay dahil panay hagikhik na sa gilid ko. Ako lang kasi ang humarap mag-isa sa klase.

"What is it?"

"Ma'am sinuntok po kasi ni RL kaibigan namin" I bit my lower lip dahil gusto ko na tumawa, nakita ko kasi hitsura ni RL na parang tanga at nag-iisip kung ginagawa nga ba n'ya ang sinabi ko.

"Where is your friend?"

Tanong n'ya kaya binalingan ko na sila Kb. Pag kindat ko ay nagsimula na itong umiyak, nakurot ko nalang tuloy ang sarili ko kasi tangena talaga hindi ko na ata kakayanin. Ang bilis n'ya kasi umiyak.

"Here po." Sagot ko at hinila si keyboard para ipakita sa kanilang lahat.

Nanlaki ang mga mata nila nang makita ang hitsura ni Kb dahil para talagang totoo ang mga pasa nito sa mukha. Si RL naman sobrang pula na ng mukha dahil sa pag pipigil ng tawa amp.

"OH MY GOD! ROCHELLE LOVE! WHAT HAVE YOU DONE!" sigaw ni Ma'am kay RL.

"M-Miss Let me exp-" char explain mo mukha mo donkey.

"GO TO THE DETENTION ROOM NOW!"

"Aye Captain" tangenang RL nag salute pa nga!

Mas lalo ko pang diniinan ang pagpisil sa legs ko dahil alam kong hindi ko na talaga to mapipigilan ang tawa pag nag tagal pa kami rito. Ang tatlo naman ay ganun din ang ginagawa.

"HOW COULD YOU DO THIS TO YOUR OWN FRIEND ROCHELLE LOVE?" Professor nya biglang na stress at hinihilot ang noo habang palabas nang classroom si donkey.

"Miss salamat po, kami nalang ang magdadala sa kanya sa dentention" sabi ko sa kanya at tumango naman s'ya at mabilis namin nilisan ang crime scene, churrr.

Nag takbuhan kaming lima, para na kaming mga baliw na pinagtitinginan dagdag nyo pa ang payaso naming si KB na may make-up sa mukha, hinika ako kakatawa langya.

"Mga hayop kayo! Dinadamay n'yo pa ako langya pero Kb ha. Bagay sayo ang make-up na yan, wag mo na burahin." Bungisngis na wika ni donkey,

"Kasi tong si babe! Ako na naman ginawang payaso!" Sabay irap ni keyboard sa akin. Wala ata balak si keyboard alisin make-up sa mukha. Pabalik na kami sa detention room at sana lang wala pa si dragon

dahil malilintikan tlaga kaming apat!

"Tara tumakbo na tayo baka mahuli tayong tumakas ni babykowww!" Sabi ko sa kanila at nag unahan magtakbuhan.

Pag bukas ko sa pinto ng detention room ay ang mga dragon agad ang bumungad sa amin. Bigla akong nataranta kaya sinarado ko ulit ang pintuan at hinawakang mabuti ang doorknob para hindi nila mabuksan sa loob.

"Tangena mga gaga patay tayo!" Natatarantang sumbong ko sa kanilang apat.

"Bakit?" Kunot noong tanong ni RL

Naramdaman ko na parang may gusto mag bukas ng pinto mula sa loob, langya. Nanuyot lalamunan ko bigla.

"S-si ano...ang mga dragon nasa loob!" It took them awhile bago nila na realize ang ibig kong sabihin.

"Gago pano yan! 15 minutes na pala ang nakalipas tapos na ang klase ni Ma'am sa atin!" Pati si Iris ay natataranta na, patay tayo d'yan.

"Open the god damn door De La Fuente!" Sigaw ni Dragon mula sa loob. Ramdam ko na ang mga pawis sa noo ko.

"H-Hoy mag isip kayo ng reason!" Sabi ko at nagpapadyak ng paa.

"Teka ganito nalang! Total naman may make up na si Kb, sagarin na natin tong kagagahan natin" at anong suggestion ang ibibigay nitong si Iris?

"Sabihin nalang natin na nasuntok ni RL si Kb" walangyang reason yan nakanampotek.

"Gago e di hindi buburahin ni keybold yang make up na yan today?!" Nasamid pa ako sa sarili kong laway dahil sa mga sinasabi nila.

"De La Fuente!" Sigaw ulit ni dragon.

"Dali na! As if naman may choice tayo!" Pati sila ata kinakabahan na ahaha.

"Potangena anong sinasabi n'yo na hindi ko tatanggalin tong make-up!" Singhal ni keyboard kaya natawa ako ng malakas.

"SHARA JANE DE LA FUENTE! OPEN THIS DOOR OR ELSE YOU'LL REGRET THIS!" hala nag banta na nga ang dragon.

"Sige na sige na! Pwesto na kayo, RL guluhin mo nga damit at buhok mo at sayo rin Kb! Yung mukhang nag sabong talaga kayong dalawa" utos ko sa kanila habang nag j-jog sa kinatatayuan ko.

Tinulungan naman sila nila Iris at Ag, langya yung butunis ng sleeve ni RL nasira pa nga, grabe naman sila makapunit amp.

Pero yung kabog ng puso ko talaga sobrang lakas na, kasi si dragon galit na galit at alam kong madadag-dagan na naman ang galit nito sa akin, hindi ko pa nga alam bakit galit 'to sa akin hmp. Nang

makita kong okay na ang mga hitsura nila Kb at Rl ay binitawan ko na ang doorknob at s'ya namang pagbukas ng pinto kasabay ang namumulang mukha ni Dragon at sa likod nito ay ang mga tropa n'ya ring dragon.

Gulped.

"M-Miss wag ka po muna magalit, s-si ano kasi si si.." langyang dila yan, nangangatog na tuhod ko!

"S-Si ano kasi keyboard at rl nag bardagulan ito nga oh" sabi ko at tinulak naman nila Iris at Ag ang dalawa para makita ng mga guro.

Nanlaki ang mga mata ng apat na dragon nang makita ang hitsura nila lalo na si Keyboard na para ng tanga, magulong damit at buhok na may magulong lipstick plus may black eye pa at pasa sa pisngi. Gusto kong tumawa but I did my best not to!

"What happened to the both of you!" Napalunok nalang ako dahil sa pag sigaw ni dragon amp.

"A-ano ma'am, misunderstanding lang po na nauwi sa suntukan." Si donkey na mismo ang sumagot habang kami nila Iris at Ag ay nasa likod lang nang dalawa.

"For what reason?! Look what have you done to krystal bern, Rochelle love!" Aw concern naman masyado ni dragon kay kb yeeet. Lihim nalang akong tumatawa amp.

"Okay lang po Ma'am, it's my fault naman dahil inagaw ko ang lollipop n'ya" punyetang rason yan. Napaubo ako bigla! Yumuko nalang kaming tatlo na nasa likod habang palihin na tinatawanan ang rason na binigay ni keyboard.

"Just because of lollipop!?" She exclaimed.

"Yes po" tangenang kb to. Heeelp!

"Kayong tatlo! Wala man lang kayong ginawa para pigilan ang dalawa?!" At sinilip kaming nasa likuran lang, kulang nalang ata kakatay tong si baby.

"Nag cr kasi kami Ma'am tapos pagbalik namin nag sasabong na silang dalawa" langya sabong amp sarap sapukin ni Iris, God! Hindi ko na kinaya kaya kumawala na ang tawa sa bibig ko, buti nalang napigilan ko agad.

"What's funny De La Fuente!?" Bwesit kasing mga sagot yan! Paano nila napipigilan ang pagtawa!

"S-sorry po" ayun nalang ang nasabi ko at iniyuko ulit ang ulo.

"Bring Krystal to the clinic, and you Rochelle Love! Disciplinary action, now."

"Ma'am okay lang po ako! Wag n'yo na po ako ipadala sa clinic at ipa DA si RL please, hindi na po mauulit" Kb pleaded. Patay talaga kaming lahat pag nagpunta kami sa clinic at nalaman na make up lang pala yang nasa mukha n'ya.

Stress na si dragon at hinihilot ang batok.

"Please Ma'am okay lang po ako. Dito nalang po kami sa Detention room" ulit ni keyboard. *Go kb go!*

Tinignan naman kami nito ng masama, yikes nakakatakot s'ya promise.

"I will not tolerate this kind of action again. I told you to stay here, why are you so stubborn?" Yikes lamig naman nang salitang binitawan nito.

"Sorry po" we said in unison

"Go inside, I will give you your punishments later" utos nito kaya punasok na kami ulit sa kulungan namin churrr.

Ang hilig nila sa make-up tapos hindi nila matukot kung fake o hindi ang nasa mukha ni keyboard. Nakahinga rin kami ng maluwag nang makitang umalis na ang mga dragon at naiwan kaming lima rito sa loob, may mga klase pa ata sila.

"Tangena n'yo muntik pa akong ma Disciplinary dahil sa inyo!" At binatukan kami isa-isa ni donkey.

"Pasalamat ka nga muntik lang! E ako? Whole day ko papasanin tong make up bwesit!" Humagalpak na ng tawa sila Ag at Iris. Gage kasi hindi naman namin expected mangyayari to.

"Tinatawa nyo!" Bulyaw ni kb sa amin Amp.

"Sorry na keyboard. Akala mo naman hindi na enjoy yung drama kanina sa classroom ni RL!" Sagot ko sa kanya.

"Halika keyboard e retouch natin yang mukha mo. I mean make up" natatawa kong saad at hinila s'ya sa tabi ko.

Hindi naman s'ya pumalag at wala naman s'yang magagawa.

"May mask ako rito kb, wear it para hindi ka mukhang payaso pag nakalabas na tayo mamaya" girlscout talaga si Ag guys. Lageng handa ang gaga.

*
Dumating ang lunch break at oras na upang kumain. Bumalik kanina si dragon para sabihin sa amin na pwede kaming lumabas for lunch pero balik din agad sa detention since 3pm pa ang klase namin sa hapon.

So nandito na naman kami sa cafeteria, memorize na nga ata ni aleng pokwang ang mga orders namin. Araw-araw ba naman kami nakatambay sa cafeteria amp.

Natatawa ako kay keyboard dahil ang mask ginawa n'yang blindfold para hindi makita ang black eye n'ya, pero 'yong pasa sa pisngi n'ta kitang kita ?

"Pag nag tanong sayo bukas kb kung bakit nawala ang black eye at pasa mo, sabihin mo nalang nilagyan mo concealer" suggestion ni Ag, ay ou nga pala pwede.

"I know!" Taray yarn.

Kinuha ko ang dalawang canned drinks at inalog-alog ng malakas. Minutes later ay pumasok magkasunod ang mga dragon at grupo nila demonyo. Ediwow kayo na ang center of attraction. Itinuloy ko nalang ang pagkain ko, kanina pa talaga ako gutom dahil sa mga ginawa namin.

Habang nag-uusap kaming magkaibigan ay bigla nalang tumahimik ang cafeteria at nakita nalang namin na ang mga dragon at demonyo ay nasa tapat na pala ng table namin.

Muntik pa akong mabilaukan dahil sa kanila, at ano na naman ang pakay nila ngayon? Gusto nila payaso? Pero next time nalang at pagod kami.

"Hello mga miss at kambal" bati ko sa kanila una at sunod na bumati ang girlfriends.

"What's wrong with you krystal bern? Is that how you wear a mask?" Tanong ni babykoww kay Kb kaya napatingin kami sa kanya.

Langya nakalimutan ko naka blindfold pala sa kanya ang mask, parang tanga tong si keyboard.

"Kb why are you still wea-"

"Annallyn!" Langya sabay pa kaming lima napasigaw kay Annallyn.

Gulat naman sila dahil sa ginawa namin, patay talaga kami nila dragon nito pag nalaman nila na make up lang yan!

"A-ano, kasi nag ano...umm diba sabi ko sa inyo kanina na nag away sila ni RL?" Kabado kong rason na ibinigay sa kanya.

Matalino naman sila! Dapat makuha nila ang ibig kong sabihin! Ang mga dragon naman kung makatingin sa amin parang inuusisa kami e, walangya.

"D-diba sinabi namin sa inyo kanina noong nakasalubong namin kayo?" Isa rin tong si Iris nauutal din. Pressure mga mare.

CHAPTER 33

-

"Hoy! Bakit nyo naman kinuha?! kita nyo kung ano ginawa ko kanina dyan ah!" patay talaga kami nito!

Yung mga mukha nila na parang nagtitimpi nalang ng galit. Pero hala sexy si dragon, kita namin ang bra n'ya kulay red gaga!

"Miss ano ba yan! Magkakasala kami dahil d'yan sa suot mo!" agad akong tumayo para takpan ang hinaharap n'ya gamit ang panyo ko.

"I really want to kill you right now De La Fuente" bakas sa boses nito ang sobrang galit kaya bahagya akong napaatras. Bakit kasalanan ko pa!?

"Hindi naman ako ang may gawa ah?" bakit ako sinisisi? Bago pa lumala init ng kanyang ulo ay bumalik na ako sa pwesto ko.

"Luh, sorry, di namin alam jinoga-joga pala ni Sj to." Anong joga-joga sinasabi ni Iris? Siya lang yata nakaintindi sa salitang yun.

"Sj kung anu-ano nalang naiisip mo!" Si Helari na puno ng coke ang mukha amp.

"Ikaw talaga mastermind sa lahat ng kalokohan Sj" pailing-iling naman na sabi ni Cassandra

"Anong susunod na trip pinaplano mo?" Si Annallyn na medyo asar na rin.

"Ja" si Zi na tinawag lang ako at bumuntong hininga.

Binalingan ko nalang din ang tatlong dragon, baka kasi may sasabihin din sila. Sagarin nalang nila diba?

"Kayo mga Miss? Wala ba kayong sasabihin sa akin?" Ou ako na mismo nagtanong.

"Crazy"

"Insane"

"Mad"

Napatampal nalang ako sa aking noo. One word pero tagos sa ngala-ngala ko.

I heaved a sigh.

"Pero Miss Pixie you are between 0 to 90° angle, but "A" is silent" diretso kong sabi sa kanya at tinignan s'ya ng seryoso sa mga mata.

Nagtaasan mga kilay nya at biglang pinamulahan ng mukha. Ano! Ano?! Sagot?! Sa harapan na ng lahat kita nilalandi! Natameme ata ang dragon, mga kasama naman nya ay nakataas ang kilay samantalang ang mga demonyo seryoso lang nakatingin sa akin. Edi kayo na.

"Ha? 0 to 90°? Ano 'yon" putol ni Iris sa katahimikan.

"Wag mo akong tanungin, bobo ako sa math" agad na sagot ni keyboard.

"When an angle is exactly 90° it's called right angle while an angle is less than 90° it's called acute angle" paliwanag naman ni RL, sanaol magaling mag explain.

"Ha? Di ko gets" sabat na naman ni Keyboard.

"Anong konek nong A?" Ulit na tanong nito.

"Acute, The A is silent so the result will be cute." paglilinaw ni Ag. Bravoooo.

Abala sila sa pagpapaliwanag kina keyboard ng bigla nalang umalis sila pie ng walang paalam. Sinulyapan ko agad ang mga kambal at tumalikod narin saka lumayas kasunod ng mga dragon. Okay?

"Tignan nyo ginawa ninyo Iris! Ako na naman papagalitan ni dragon mamaya." Irap ko sa kanilang dalawa ni donkey,

"Kasalanan mo naman talaga, bakit mo kasi inalog para kang tanga" napatingin naman ako kay RL. Actually hindi ko rin alam bakit ko 'yon ginawa kanina.

"Dahil sa inyo hindi sila nakakain." singit ni Ag habang patuloy ngumunguya.

"Mag order nalang tayo ng pagkain sa labas. Bigay natin sa kanila, peace offering at baka ipatumba nalang tayo bigla mamaya paglabas ng campus" suhestiyon ko sa kanila at sabay naman silang tumango.

Nagpatuloy nalang din kami sa pagkain at bumalik sa detention room after lunch break. Hindi na namin nakita kahit isa sa walong babae kanina hanggang sa dumating ang oras ng mga klase namin. Nag chat narin ako kay dragon pero si mamehhh hindi man lang nag seen sa message ko. Mas lumala ata galit sa akin? Pasalamat at lablab ko sya kahit na sobrang Bipolar nya.

GIRLFRIENDS

IRIS
Girls, after class mag escape room tayo.

RL
Meron ba dito?

IRIS
Meron last week lang nag open sa Clark's street.

KB
Awee?

AG
Seryoso?

IRIS
Mukha ba akong nag jo-joke?

KB
Hind pero yung mukha mo JOKE.????

IRIS
Mag salamin ka muna. Para makita mo rin ang black eye mo. Yan ang literal na JOKE. ?

SJ
Ano ba LONKEY mamaya na kayo mag bardagulan. Pero sige open ba escape room today?

IRIS
Ou. Invite narin natin ang mga kambal! Last bonding na to natin e.?

AG
Yeah, good choice.

KB
Bahala kayo

IRIS
HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA

SJ
Wag ka nga panay tawa Iris! Ang sama na makatingin ni sir bonak sa atin! Hinaan mo tawa mo langya ka ?

IRIS
Sorry may pinapanood kasi akong video.

SJ
Puntahan natin sila after class.

IRIS
Roger!

Kailangan ko magpaalam kay pie, kahit na galit yun ay syempre dapat parin mag update sa kanya at baka ibitay na talaga ako patiwarik ni Dragon.

SJ
Baby mag escape room kami mamaya after class kasama ang mga kambal. Sabi kasi ni Iris last bonding daw before umalis ang tatlo.

Hinintay ko kung sasagot ba sya pero waley. Nag seen nga pero hindi naman sumagot! Edi don't. Matapos ang klase dumiretso kami sa block nila Zi para ayain silang mag escape room. Hindi pa sila nakakalabas kaya hinintay nalang namin sila rito sa labas.

Kita ko agad sila kaya nilapitan ko na.

"Zi sama ba kayo? Mag escape room kami. Baka lang naman gusto n'yo sumama, last bonding narin muna para sa tatlong kambal" diretsong salita ko sa kanya.

"Now?" Ay mukhang hindi ata sila makakasama dahil sa ekspresyon ng mukha niyo.

"Yes"

"Sige na sumama na tayo Zb" si Helari na mismo ang sumagot dahil parang walang plano magsalita ang demonyo.

"Okay" sagot nito at ngumiti sa akin.

"Pero sunduin muna natin pinsan ko Zi, hindi pwedeng wala yun dahil hahabulin ako ng itak." Paliwanag ko at mahinang tumawa. Ano kaya meron sa pinsan ko at palaging badtrip tong si demonyo sa tuwing nababanggit pangalan nya?

"K." Taray pero sige nalang.

Dumiretso kami agad sa building ng donkey nya, buti nalang pagdating namin sa room ay saktong dismissal nila. Nagtataka siguro tong mga estudyante bakit nandito ang mga kambal kasi unang beses nila napadpad dito eh.

"Hoy! Donke-RL!" tawag ko at tumakbo palapit sa kanya, gulat pa ito nang makita kami at ang mga kambal.

"Tara na, may klase ka pa ba? Kung meron kami nalang." feeling ko kasi may next subject pa sya dahil nakabusangot ito.

"Hays ou! Kainis Major subject pa at hindi ako pwede umabsent!" Ay kawawa naman sya at hindi makakasama, kawawang donkey. I shrugged and patted her head. Sayang at chance na sana ito para makasama ang Kitten.

"Okay, kami nalang muna. Next time ka nalang sumama." Kahit malungkot ay tumango nalang ito at kumaway sa mga kaibigan namin sa likuran ko. Nilapitan nya na rin ang iba at nagpaalam dahil hindi sya makakasama.

Mapakla itong nagpakawala ng ngiti.
"Hays okay, snjoy nalang kayo. sagot nito.

Napansin ko si Zi na panay ang nakaw tingin kay donkey hmm. Anong meron sa kanila?

Nasa may registrar area na kami nang makasalubong namin ang mga dragon. May pinag-uusapan ata pero di nagtagal napansin din kami.

"Mga Miss!" Tawag ko sa kanila dahilan upang mapunta sa akin ang atensyon ng mga mata.

"Hello po, gusto ko lang humingi ng tawad tungkol sa nangyari kanina." ako nalang mag so-sorry, nahiya naman ako sa mga kaibigan ko na dinamay ko. Hindi naman sila sumagot at tahimik lang nakamasid, shuta?

"Sige po" buti pang umalis nalang kaysa makipagharap sa kanila na mga bato.

"Tara na guys." Tawag ko sa mga kasama.

"Where are you going?" akailang hakbang palang ako ay biglang nagsalita si dragon kaya humarap ako muli sa kanya.

"Escape room po Miss, just want to remind you that I sent you a message po" sagot ko, baka kasi hindi n'ya lang nakita. Pero ang totoo talaga ay na seen n'ya pft.

"Ja let's go" tawag ni Zi kaya napalingon ako sa kanila bago ulit tignan ang mga dragon.

"With them?" Tanong ulit ni bipolar.

"Yes po. With my friends and kambals" her brow flinched.

"Sama po kayo? Mas maganda po pag marami tayo" I smiled at them.

Enjoy talaga mag escape room pag marami kayo dahil marami ka ring pwede gawing bait.

"Okay" sagot nito bago nilingon ang tatlong dragon. "Sasama kayo?" Tanong n'ya sa mga ito.

Nag-iisip pa ata ang tatlo kung sasama o hindi. May mga klase pa ba sila? Akala ko aabutin pa kami ng isang taon sa kinatatayuan namin bago sila sumagot e.

Wala na kami sinayang na oras at kaagad umalis. Hindi naman aabot ng isang oras ang byahe patungo sa kung saan matatagpuan ang escape room. Langya, para lang kaming nag parade dahil sunod lang kami ng sunod kay Iris and finally, narating din namin ang destinasyon.

Pag labas mula sa kanya-kanyang sasakyan ay nakuha agad namin ang atensyon ng mga tao, akala ata nila may mga artista. Ang gaganda ba naman ng lumabas mula sa sunod-sunod na mg sasakyan, kulang nalang talaga red carpet dito para sa kanila.

"Mga Miss, Kambals tara na po!" Tawag ko para makapasok na kami agad.

They're walking gracefully, beautifully and elegantly. All eyes on them mga mare ang gaganda walangya! Tapos si dragon pa nangunguna sa kanilang walo ugh mamehh step on me! Literal na mapapatulala, nganga at lunok ka nalang talaga ng maraming beses.

"Mga Miss at kambals ginawa n'yo naman atang runway stage ang pedestrian" agad na salita ni Keyboard matapos namin makatawid.

"Muntik pa tuloy mabangga yung sasakyan kanina dahil sa inyo" segunda naman ni Iris

Hindi naman sila sumagot kaya nauna na akong maglakad sa kanilang lahat.

"Hoooooy!" Biglang sigaw mula sa likuran namin. Hala ang donkey! Akala ko ba may pasok sya, umabsent siguro tong si loko.

"Shuta, akala ko ba may pasok ka!?" Tanong ko agad sa kanya nang makalapit sa amin.

"Walang pasok tangek may emergency daw kasing nangyari" humihingal na paliwanag nito.

"Ay goods! Tara!" Emergency daw sus! Sige nalang at wag na natin asarin.

*

"Mga Miss ano pong gusto n'yo? The basement, mortuary haunted, horror escape, hell in a cell or the 13th gate escape?" Baling ko sa kanilang lahat nang makuha ang board.

"By pair ba yan babe?" Tanong ni Keybold.

"Yung the basement at mortuary haunted ay pwede tayong 13 lahat magkasama, yung horror escape 6-7 people, " sagot ko sa kanya.

"Pero kung ako ang papipiliin mas gusto ko yung mortuary. Kasi hindi tayo hiwalay na grupo" dagdag ko pa.

"Let's go with mortuary" sagot ni Pie

"Yes okay na mortuary para safe lahat" singit naman ni Annallyn.

May lumapit naman na staff sa amin at tinanong kung may napili na ba raw kami. Matapos kong sabihin na mortuary ang pipiliin namin ay agad na n'yang ipinaliwanag sa amin ang mga gagawin sa loob at kung paano kami makakalabas. Inilapag n'ya ang isang basket na parang lalagyan ng mga gamit at cellphones, dapat wala kaming dala na makakasagabal sa gagawin namin.

Bigla nalang may nag play sa screen na nasa harapan namin. Isang babae na nasa isang room, a serial killer who captured her and created a sick game. Tapos bigla nalang nito sinakal ang babae hanggang sa maubusan ng hininga. Langya kinilabutan ako bigla dahil sobrang makatotohanan ang palabas.

Soooo sa aming lahat ay ako at pinsan ko ang nauuna, kasunod ang mga dragon at demonyo na nasa gitna samantalang nasa dulo ang tatlo pa naming kaibigan. Pumasok na kami ng elevator para umakyat sa floor ng escape room na napili namin. Pansin ko lang ha, tahimik masyado ang mga dragon at demonyo. Hindi ba sila natatakot? Ako kasi medyo kinakabahan lang slight pero hindi talaga ako takot.

Paglabas ng elevator ay isang room agad ang bumungad sa amin. I quickly stepped out to check the room and find our first task. Buti nalang at may kandila kaya may nakikita parin naman kami.

"Tignan nyo to." Tawag ni keyboard at may itinuro sa aming mga papel na nakadikit sa pader.

First task ata to. Kailangan namin mahanap ang isang box sa kwarto na 'to, dahil nandun nakalagay ang susi.

"Ito babe, basahin mo." kinuha nya ang ikatlong papel.

"Read the second, it's in order" utos naman ni dragon.

Bakit hindi nalang kayo ang magbasa? Pero kinuha ko na ang ikalawa't binasa tapos ang ikatlo. Sa second paper ay pag nahanap na namin ang susi kailangan namin buksan ang cabinet na nasa likod lang namin at sa third paper naman may kailangan kaming e solve pero hindi naman nakalagay kung ano ang dapat namin sagutan.

"Kailangan isa sa atin suongin to?" Tanong ni Iris. May maliit na butas kasi at I'm sure para sa kamay yun, hindi na kailangan suongin.

"It says left and right hand. Nakikinig ka ba kanina?" Malamig na sagot naman ni Miss Everleigh. Langya nagsasalita pala s'ya?

"Bobo kasi yan Ma'am yung ulo n'ya ata ay kamay para sa kanya" langyang Kb to amp.

"Sino ang gagawa? Baka may bigla nalang humila sa kamay d'yan" tense na masyado si Helari.

"Mag bato-bato p-"

"Si keyboard na gagawa" putol ko sa sasabihin n'ya.

"What?!" She exclaimed, langyang keyboard to.

"Ay hala kasama pala ulo keyboard. Basically parang pupugutan ka ng ulo ganern" pananakot ko sa kanya.

"H-hoy! RL ikaw na nga! Matapang ka diba!" Tulak n'ya kay donkey.

"Ang lalakas n'yo gumawa ng kalokohan tapos mga takot naman kayo! Ako na nga!" Si Annallyn na mismo ang nag volunteer char tapang yarn.

Agad naman nito ipinasok ang ulo at ang mga kamay sa butas.

"If she comes out headless, I'm single again girls" putol ni Kb sa katahimikan. Tangena ano raw?

"Tanga, wala ka ngang manliligaw jowa pa kaya. Jokerist ka girl" pambabara naman ni Iris. Hindi na sila nahiya sa bangayan nila, nandito pa naman ang mga dragon at demonyo.

"Manahimik kayo" saway ko sa dalawa.

"Ano Annallyn may nakikita ka ba?" Bobong tanong ko, malamang wala madilim e.

"There's nothing in there, may narinig ako pero hindi ko alam kung ano yun" sagot nito at tumayo mula sa pagkakaluhod.

"Hmm, I see." Nag umpisa na kaming maghanap sa nakakalokang box na yan. Saan ba kasi nilagay at bakit hindi namin makita sa loob ng room!

"Keyboard, feeling ko talaga nandyan ang box, hindi naman siguro nila lalagyan ng butas diba? kung wala silang alagay d'yan?" Bulong ko at hinila sya pabalik sa may bandang butas.

"O tapos? Kapkapin mo dali." Shuta, kaya ko nga hinila para sya kumapkap.

"Miss si keyboard po ayaw n'ya sundin utos mo" tawag ko kay Pie na abala rin sa paghahanap kaya napatigil ito upang tignan kami.

"Do it krystal" buti at na gets n'ya agad amp.

"Pisti ka babe!" Mahina nyang mura sa akin. Walang Choice si keyboard kaya sumunod nalang din, taeng box yan pinapahirapan pa kami.

"Ito naaaaaaa!" Sigaw ni Kb at bigla nalang may kumalabog.

"Ahhhhh!!!" Sigawan nila at nagtatakbo sa gitna para mag kumpulan. Napasigaw halos lahat sa kanila, si keyboard nauntog lang pala amp.

Walangya parang mga bata, napatawa tuloy ako ng malakas.

"De La Fuente! Stop laughing!" Singhal ni dragon kaya napatigil ako agad sa pagtawa at kinagat nalang

ang ibabang labi.

"Ang sakit ng ulo ko!" Reklamo ni keyboard habang hinihimas ang ulo.

"T-the candle!" Utos ni miss Lorelei kay Ag.

"Nakuha ko na po ang Box!" Masayang saad ni keyboard with matching jump kuno na parang bata.

"Akin na keyboard" sabi ko

Kinuha ko ang susi sa box at tinungo ang cabinet. Ang mga babaeng nasa likod ko nakasunod na parang hindi mo na ata maipaghihiwalay dahil nagyayakapan na amp. Ginamit ko ang susi para ma unlock ang cabinet at ang malaking screen agad ang bumungad sa amin..

"Langya! Pati ba naman dito kailangan natin mag solve ng math!" Napatampal nalang si Kb sa kanyang noo, akala mo naman s'ya ang mag so-solve.

"Kapal ng mukha mong mag reklamo wala ka naman iaambag sa solution" kontra ulit ni Iris. Bumuntong hininga nalang ako bago basahin ang nakasulat.

"30+39=?" yan ang nakalagay sa touch screen na nasa harapan namin.

"Mga miss at kambals kayo na sumagot, bobo ako sa math" baling ko sa kanila

"No. You do it, isn't that your favorite number" utos naman ni dragon, bakit ako! Ay hala fav. Number ko pala to?

"Just do it Ja" traydor ka Ziallyn!

I heaved a sigh.

"A answer d'yan babe" singit ni Kb

"Shadap keyboard. B answer d'yan Sj" si Iris din na nanghuhula lang.

"Faster, we only have 5min left" utos ulit ni dragon kaya kinuha ko na ang touch pen at mabilis na ginawa ang solution.

"69. Letter D" sabi ko at pinindot ang D sa screen. Napaubo pa nga ang mga kaibigan ko, langya kasi tong si Pie favorite number ko raw.

Tumunog ang buzzer at bigla nalang bumukas ang pinto kaya sabay kami lahat napalingon doon. Nag unahan silang magtago sa likod namin nila RL at Ag tangena gusto ko na tumawa.

"Labas na po tayo. Ako na mauuna, hawakan n'yo nalang mga laylayan ng damit para hindi kayo mahiwalay sa akin" sabi ko at sabay ba naman nila hinatak ang damit ko kaya napaupo ako bigla sa sahig.

"Ano bayaaaaannnnn sabi ko po laylayan ng damit na sinusundan n'yo, hindi damit ko jusko" napasapo nalang ako sa noo.

Cute ng mga dragon at demonyo, si Pie ang kasunod ko na ngayon at nakapulupot ang mga braso sa

bewang ko. Parang kanina lang ayaw n'ya lumapit sa akin hmp.

Sumilip ako una sa kaliwa at kanan buti nalang at hindi naman sobrang madilim sa labas dahil may konting ilaw na nagbibigay liwanag sa aming dadaanan.

Hahakbang na sana ako nang bigla akong natapilok dahil sa isang kahoy na nakaharang. Napasubsub na naman ako sa sahig at hindi lang ako dahil pati ang nasa likod ko nadaganan ako! Goodness! yung boobs ni Pie ang lambot, heaven!

"Walangya ka babe bakit ka nag si-swimming d'yan at dinamay mo pa si Ma'am!" Sermon ni Kb sa akin at tinulungan kaming makatayo ni Pie. Kaloka maganda na yung posisyon namin kanina e, disturbo.

"Sorry pie, di ko nakita may kahoy pala." Paghingi ko ng paumanhin. Kinuha ko nalang ang kanyang kamay at mahigpit hinawakan para hindi sya mahirapan kakayakap sa akin.

Medyo malayo na rin ang nalakad namin. Huminto ako nang mapansin ang isang bukas na room, walang pagdadalawang isip akong pumasok at sumunod naman ang lahat.

"Waaaaaaaaa!!" Napatakip ako sa tenga dahil sa mga tilian nila, walangya. Yung pinto kasi Bigla nalang kumalabog dahil sa malakas na pagsara.

"Teka lang po sandali tigilan nyo kakatili, mabibingi na ako!" Pilit ko sila pinapakalma pero wala yatang epekto sa kanila. Mga maldita tapos sobrang takot naman pala sa ganito.

"W-Why don't you go check out the door!" Bakit sa akin nagagalit si pie? Pero ang cute nya pag takot sya ha.

"I-I'm sure the door has been locked behind us" isa pa 'tong si Kathlyn takot.

Ako na ang naglakas loob lumapit sa pinto upang e check ito.

"We cant get out, there's this mysterious magnetic lock." I said

"Shit!" I mumbled and quickly sucked my finger.

"W-what happened to you!?" takot man ay naglakas loob talaga s'yang lapitan ako. Awee 99% sama ng loob 1% may concern din pala si dragon.

"Yung lock pie, hindi pwede hawakan at mapapaso tayo!" Shutang escape room to! Bakit may ganito sila, masakit kaya mapaso!

"Seriously?!" Sabay halos nilang sagot.

"Yes po, and I think ito ang kailangan natin e solve." sagot ko.

"Do we have to find a special key or what, to open the door?" Tanong naman ni Miss Everleigh

"I don't think so" sago ni Helari

"Then we have to find a way to escape this room." Singit naman ni Lorelei

"Kaya nga 'yon ang ginagawa natin ngayon" putol ko sa kanila.

"We must look for clues" sagot naman ni Zi at nagsimula na mag-ikot ang paningin sa kwarto at naghanap ng clue.

"Look, a paper has slid under the door" turo ni Annallyn sa ilalim ng pintuan at ou meron nga.

Kinuha ito agad ni RL at binuksan.

"Ang weird." sambit nito kaya inagaw ni Pie ang letter upang tignan.

"What a weird letter" bulong nya. "It's backwards?" Kunot noo nyang tanong, kaya inagaw ko narin ito sa kanya.

"May salamin dito oh." tawag sa amin ni Iris kaya mabilis akong lumapit sa kanya at hinarap ang papel sa salamin upang mabasa.

"The mirror makes it go opposite right?" Tanong ni Pie kaya tumango ako. Binasa ko na agad ang nakasulat sa papel.

"Welcome explorers, it was wonderful of you to come visit my uncle to interview him about his travels around the world but you unknowingly trespassed in this precious treasure room and he's furious about it. He has locked you inside his punishment room, everything you see in this room are valuable artifacts from his voyages around the world and if you do not escape in time, I fear you will become the next additions to his collections....." Pagsasalaysay ko sa kanila.

"But don't worry nakalagay dito na may naka installed na several locks, codes, and secret messages to help us escape." Akala ata nila wala ng ibang paraan, hindi naman challenging pag ganun.

"Also there are drawers with red X's that must not be opened" dagdag ko pa ulit sa sinabi ko.

"Let's start to find clues." Utos ni pie,

"Wait, wait. What kind of key? It's a lever handle doorknob." tanong ni Miss Everleigh kaya napaisip din kami.

"Baka magnetic key din ang kailangan? Baka yung opposite magnet? Sabi mo nga diba hindi mahahawakan. It means kailangan natin ng magnet to push that magnetic thingy para maalis sa lever handle" paliwanag sa amin ni Keyboard.

Napanganga nalang kaming magkakaibigan dahil sa sinabi n'ya. Hala tanga tama nga naman ang sinabi n'ya, napangiti nalang tuloy ako.

"Waaaa keyboooooold! For the first time you usssseeeed yourrrrrr deaddd braiiiinnnnn" si iris na ngayon ay sinakal si Kb kaloka.

"Kalma lang guys, ako lang to si Krystal Bern" yabang amp sige nalang, pagbigyan nalang natin today.

"Proud na talaga ako sayo kb" nakangiti kong hinarap sya at ginulo ang buhok. Bigla na naman may screen na umilaw sa gilid. Tulad nang first task namin kanina, kaya lumapit kami agad. It says na kung masagutan namin ng tama lahat ng mga tanong ay makukuha namin ang kalayaan. Edi wow.

"How many items?" Char how many items pa nga sabi ni Pie.

"5 lang po Miss, pero mukhang mahihirapan tayo. Kb ikaw ang sumagot" paliwanag ko sa kanila at tinawag si Keyboard.

"Ako ako! Ako bahala d'yan!" Si kb na masayang sumingit sa gitna namin.

"Sige ikaw na. Galingan mo okay? hindi talaga natin makukuha ang susi pag hindi perfect score kb. May tiwala naman ako sayo" sabi ko sa kanya at binigay ang touch pen.

Sabi maghahanap daw ng mga clues tapos biglang sinabi sa monitor na kapag nasagutan lahat ng tama ay makukuha namin ang kalayaan, edi it means susi? Gulo rin ng creator nitong game na to e no.

Ang mga kaibigan naman namin ay nakangiti lang, pangarap talaga n'ya mag pulis pero dahil nga sa business nila ay no choice nalang din s'ya.

"Kb goodluck!" Yeee Anna may pa kindat ka pang nalalaman, sumbong kita sa jowa mo.

"First question, Official language used by the interpol" ako taga basa tapos s'ya sasagot.

"SAFE?" Kunot noong tanong ni Cassandra

"Yeah stands for Spanish,Arabic,French and English" seryosong sagot ni keybold at taadaaa tama nga ang sagot n'ya.

"Good yan keyboard!" We praised her at sobrang saya lang n'ya.

"It is a specific manner of commiting a crime" sabi ko.

"Alam ko yan keyboard! Mens rea!" Singit ni Iris.

"Manahimik ka, modus operandi yan" sagot n'ya at tama na naman.

"It is an electric current across the space between two conductors"

"Damper Kb!" Sarap tirisin nitong Iris.

"Sasapukin talaga kita Iris pag 'di ka nagtigil d'yan" banta ko sa kanya. Ang iba naman focus lang kay kb na ngayon ay sumasagot.

"Electric arc 'yon tangek" tama na naman ang sagot n'ya hanggang sa natapos na at naka perfect score ang keyboard!

"Pasalamat kayo may isang keyboard kayong kasama. Paano nalang talaga kung wala ako" she said cockily while shaking her head.

"Good job kb" Annallyn praised her.

"Ou na ou na, ikaw na magaling" pagsang-ayon ko nalang sa kanya. Pero totoo naman sinabi n'ya.

"Ahhhhhskznzjbs!!!" Sigaw ulit nila, ang lalamig ng mga boses pero kung makatili nakakasira sa eardrums.

Tinignan ko naman kung ano ang nahulog, isa itong maliit na box kumpara sa nakuha namin kanina.

"Kalma lang po kayo, box lang yan oh" sabi ko at itinuro ang kahon na nasa sahig.

Agad ko itong dinampot at binuksan, at tama nga si Keyboard. It's a magnetic key to solve our problem.

"Ito na po, nakuha na natin ang sagot" humarap ako sa kanila at ipinakita ang magnet. Ako na rin mismo ang gumawa ng aksyon para maalis ang magnetic lock sa pinto. Matapos ang ilang minuto ay natanggal ito ng tuluyan at malaya na kaming makakalabas.

Nakahing ako ng maluwag don ah.
"Tara na po, labas na tayo." tawag ko sa kanila.

Dahan-dahan kong binuksan ang pinto pero laking gulat nalang namin nang makita ang nakaputing tao sa tapat namin. Duguan ang mukha nito habang may hawak na chainsaw.

"Ahhhh shit shit what the fuck is that!"

Nagsimula na silang magsigawan kaya nataranta na ako. Mabilis kong hinatak ang tatlong kamay na nakahawak sa shirt ko't malakas na itinulak ang lalaki na nakaharang at kumaripas ng takbo.

"Dali dali dali! Mahahabol tayo!" Sabi ko habang kinakaladkad ang kung kaninong kamay man 'tong nahatak ko.

May nakita akong nakabukas na pinto and hopefully it's not a freakin task room again. Agad kaming pumasok at ginamit ko ang lamesa para iharang sa pinto.

"Hoooo tangena okay lang ba ka....yo?" Langya, sa dami naman na pwede kong makaladkad bakit naman sila pa talagang tatlo ang nagsama.

Nakita kong medyo nanginginig sila sa takot. Jusko mukhang hindi ata tama na dinala namin sila rito.

"Pie, Zi, Miss kath" tawag ko sa kanilang tatlo.

"W-where are the others?" Tanong ni Kathlyn

"I don't know po, nahiwalay ata tayo sa kanila nong nag takbuhan tayo" sagot ko sa kanya.

Hindi pwedeng manatili kami sa kwarto na to dahil alam ko na mahahanap din kami anytime soon nong killer.

"Tara na po, labas na tayo. Hindi tayo pwede mag tagal dito" paalala ko sa kanila.

"A-are you crazy?! W-what if we bump into him again?" Hala si Baby iiyak na ata kaya nilapitan ko na s'ya para pakalmahin.

"Can w-we just stay here?" Si Zi naman na parang iiyak na rin yawa.

Napaigtad kami dahil sa biglang pag kalabog nang pintuan, may gusto mag bukas mula sa labas. Seninyasan ko sila na wag lumikha ng ingay. I scanned the entire room at may nakita akong cabinet sa gilid, sementas ako kina Zi at Miss kath na dahan-dahan pumasok doon upang magtago. Kami naman ni Pie sa ilalim ng long table, tangena I kenat imagine this is happening right now.

Sakto at nakatago na kaming apat biglang bumukas ang pinto. Hinila ko si pie palapit sa akin para

yakapin kasi pansin ko ang kanyang panginginig.

I gently caressed her cheek and passionately kissed her, naramdaman ko naman na parang kumalma na si Pie. I bit her lower lip to give me permission to enter hers, I slid my tongue and she sucked it hard. Tangena muntik pa akong mapaungol, naramdaman ko naman na ngumiti s'ya dahil sa pagpigil ko ng ungol amp.

Yung killer nasa room parin at nag-iikot wala ba s'ya planong lumabas! Pero hindi rin nagtagal ay lumabas na rin ito nang makita na walang tao. Bobo hindi n'ya tinignan ang cabinet at ilalim ng lamesa, bonak na killer.

"Mean" I pouted matapos makita ang nakakaloko nyang ngiti. Mabilis akong tumayo at inalalayan sya at nagtungo kung saan ang pinag-taguan nila Zi at Miss Kath. Pagbukas ko sabay pa silang nagulat, shuta talaga at gusto kong tumawa pero baka masapak ako.

"Tara na, lumayas na s'ya. Kailangan na natin mahanap ang iba" sabi ko at tinulungan silang makatayo.

Bubuksan ko na sana ang pinto nang bigla nalang ako niyakap ni Pie mula sa likod, si Zi naman na yumakap sa kaliwang braso ko at si Miss Kath naman sa kanan. Jusko lord! Gusto mo na ba ako kunin ng maaga!

"A-ano bang ginagawa n'yong tatlo. Hindi ako makakilos ng mabuti sa inyo" mahinang sabi ko sa kanila. Pero hindi naman sila sumagot, nimal na yan.

Kinakabahan ako dahil sa kanila. Baka mapatay na talaga ako ni dragon n'yan! Hindi ko naman sila pwede nalang pabayaan dahil mga takot nga sila sa dilim. Alam ko naiintindihan ni Pie yun pero gago, bahala na nga. Sa labas tayo ulit matutulog mamaya!

"Ou na, ou na. Wag n'yo lang higpitan ang paghawak sa braso ko kasi nahihirapan ako" langya bakit kasi kailangin ipitin sa dibdib yung braso ko. Itong si Pie naman sa likod nang aano rin e hmp.

Binuksan ko na ang pinto at lumabas.
Tahimik at dahan-dahan lang namin tinatahak ang madilim na daan hanggang sa oras na kailangan ulit naming lumiko. Pinaalis ko muna ang mga kamay nilang nakapulupot sa akin para sumilip, nahihirapan kasi ako sa kanila.

Sinenyasan ko sila na wag mag ingay dahil parang may naririnig ako na kaluskos. Sisilip na sana ako nang--

"Ahhhdhdibejdbdbdj!! Potangenaa!" Napasigaw ako dahil may ulo na sumilip sa gilid ko at nasuntok ko nalang ito.

"T-takbo na tayo!" Baling ko sa mga kasama ko pero bigla nalang itong nagsalita.

"Punyeta babe!" Awtomatiko akong napalingon. Hala gago si Keyboard pala nasuntok ko!

"K-keyboard!?" Paninigurado kong tawag sa kanya.

"kb are you okay? My god Sj, bakit mo naman sinuntok si krystal" sanaol worried pero ay hala kasama n'ya si Annallyn yeet

"Hoy asan sila? Bakit kayo lang dalawa ha?" Tanong ko sa kanilang dalawa

"Malay ba namin! Hinahanap nga rin namin. Basta nalang kayo tumakbo kanina at iniwan kami!" iritadong sagot ni Kb, langya nasuntok pa nga.

"Bakit ka ba kasi ganun kung makasilip! Dagdag mo pa yang black eye mo kaya mas lalong nakakatakot!" Paano ba naman kasi, alam n'yo yung parang psycho s'ya kung makasilip yung bigla nalang lilitaw ang ulo para gulatin ka.

"Tumayo ka na keyboard, sorry na hindi ko naman kasi alam na ikaw yan" sabi ko at inalalayan s'yang tumayo, napasalampak kasi ito dahil sa suntok ko sa ulo. Medyo malakas pa naman ang suntok na ginawa ko kanina.

"Kainis!"

"Sorry na nga eh! Alis tayo."

Nagpatuloy kami sa paghahanap ng mga kasamahan namin. Medyo malawak ang escape room at hindi namin alam kung saan magsisimula!

"Bakit naman ganyan kayo makahawak kay Sj, buti nakakahinga ka pa babe" salita ni kb nang makita ang sitwasyon ko.

"Buhay pa naman pero kamuntikan na mamatay dahil sayo kanina. Buti at ako naharap mo at hindi si Zi O Pie, tulog ka na siguro ngayon" sagot ko sa kanya.

Tumigil kami sa isang pinto pero it needs code to unlock it.

"I thought it needs a code pero kailangan pala natin masagutan tong riddle para magka access tayo sa pinto" paliwanag ko sa kanila.

"What is seen in the middle of march and april that can't be seen at the beginning or end of either month?. Langya bobo ako sa riddle, alam ba ninyo ang sagot?" Baling ko sa kanila. We need to answer 3 riddles para mabuksan to.

"Press R" sagot ni Pie.

"The middle of March and April is R. Simple right?" dagdag pa nito na may halong nakakalokang ngiti.

Ou nga pala R ang middle nila. Napatango nalang ako at pinindot ang letter R at tama nga ang sagot.

"What disappear as soon as you say its name?"

"Call my name" sagot ni Kathlyn.

"Lagay mo raw call my name babe sabi ni Ma'am" sasagutan ko na sana.

"What comes next after you talk?" Langya tong si kathlyn bakit hindi nalang sabihin ang sagot at gumagawa rin ng sariling riddle.

"The answer is Silence Ja" napansin siguro nilang tulaley kaming dalawa ni Keyboard.

"Tanga mo babe sabi ko naman sayo silence ang sagot" kapal nitong kb na to, sinamaan ko nalang ito ng tingin at nilagay ang sagot.

"Yan tamaaaa! Isa nalang isa nalang!" Ang ingay ni kb! Baka may sumulpot na naman bigla sa likod.

"I have keys, but no locks and space, and no rooms. You can enter, but you can’t go outside. What am I?"

"Answer Keyboard" sambit ni Annallyn na ikinagulat namin.

Kinalabit ko si keyboard at pinalapit sa akin.
"Hoy keyboard ikaw daw sumagot!" Sabi ko sa kanya.

Langya pag talaga hindi alam ni keyboard ang sagot gg na kami.

"Hindi ko alam ang sagot hoy! Sila Ma'am na ipasagot mo." Sagot nito at nilingon namin sila sa likod.

"Answer keyboard" pag-uulit ni Pie

Langya hindi nga n'ya alam ang sagot, bakit na naman nila trip si Kb.

"Ma'am hindi ko nga kasi alam ang sagot, paano kung mali ang mailagay k-"

"The answer is KEYBOARD! gosh krystal bern" sabay napatampal ng noo ang apat dahil sa kabobohan namin ni Kb.

Tumagal din konti bago na process sa utak namin ang mga sinabi nila, shuta nakakahiya!

"Ah so keyboard yung sabitan ng mga susi?" Lutang kong tanong sa kanila.

Hindi ko alam kung nagpipigil ba sila ng mga tawa o ano e, dahil nakakagat labi sila except kay Annallyn.

"Gage kasi babe! Akala ko kasi keyboard na ano sa computer." sabay tampal nito sa balikat ko, napakagat labi nalang din tuloy ako dahil ang bobo naming dalawa!

"Mga Miss at kambal naman kasi, pwede n'yo naman sabihin agad na keyboard ang sagot. Pinagtitripan n'yo pa talaga kami" reklamo ko at nag kamot ng kilay. Nahiya pa silang tumawa e, sanaol.

Nilagay na namin ang sagot at bumukas ang pinto...

"B-babe t-takbo!" Sigaw ni kb at mabilis na pumasok sa pinto at sinarado! Hala potangena iniwan kami sa labas!

Pag lingon ko sa likod ay nakita ko ang isang white lady na may dalang batuta tahimik na naglalakad palapit sa amin. Sana hindi lumingon ang apat! Wtf.

"Keyboard! Hayop ka! Buksan mo ang pinto!" Ang kapal ng mukhang iwanan kami rito at nauna pa s'yang pumasok !

"Keyboaaaaard walangya ka!" Sigaw ko ulit kaya nagtaka na ang mga kasama. Sabay silang lumingon at nag-unahan sumiksik sa gilid ko nang makita si white lady na mukhang payaso.

"Krystal! How dare you left us!" Sigaw ni Pie, patay kang keybold ka!

"Ma'am buksan n'yo po ang pinto!" Sigaw naman n'ya sa kabilang side. Deputa.

"Tangena mo keyboard ha! Ikaw ang nagsara tapos kami ipapabukas mo haypka!" Palapit na ang white lady.

Feeling ko magkakapasa ako dahil sa sobrang higpit nila makakapit sa braso ko shit.

"Hoy buksan n'yo ang pinto! Palabasin n'yo ako heeeeeelp!" Sigaw ulit ni keyboard. Sarap n'ya lang saksakin.

Nasa tapat na namin ang white lady with her batuta chuur. Bigla nalang umabante si Pie at hinarap ang white lady. Wow saan mo nakukuha ang lakas ng loob mo dragon?

"Give me that" she said coldly and pointed the batuta thingy.

Medyo maliwanag kasi dito sa pwesto namin kaya siguro matapang si Dragon, dalhin ko nga ulit sa dilim later charot. Natawa akong makita na kinabahan ang white lady dahil sa utos ni Baby haha. Binigay n'ya naman agad ang batuta.

"Open the door" utos n'ya at isinandal sa balikat nito ang batuta! walangya ka mamehhh why u shooo hawt ugh.?

Hinampas hampas nito ang palad n'ya gamit ang batuta habang hinihintay na mabuksan ni white lady ang pinto.

"Bakit mo ako tinulak babeee! Palabasin n'yo ako!" Sigaw na naman ni keyboard, ang kapal ng black eye n'ya at tinulak ko raw s'ya!

"Ang kapal ng mukha mo KB! Manahimik ka! Iniwan mo kami sa labas siraulo ka! Wag ka mag-alala binubuksan na ni white lady, may batuta narin na nakaabang sayo." Sagot ko sa kanya. Langya pwede pala code d'yan? Maypa riddle pa kasing nalalaman.

Matapos ilagay ang code ni white lady ay bumukas nga ang pinto at iniluwa si keyboard at si dragon agad ang naharap n'ya.

"Ma'am let me explain po, si Sj kasi tinulak ako papasok" nanlaki naman ang maya ko dahil sa sinabi n'ya.

"Saksakin kaya kita nitong batuta na hawak ni Pie keyboard?!" Traydor na babae to.

"Ma'am salamat po" biglang singit ni white lady kaya napa

[Content truncated due to length]

CHAPTER 34

-

Alam n'yo ba saan namin sila dinala, d'yan nalang sa tabi-tabi. Sarado kasi ang dapat na pupuntahan namin kaya nilibot nalang namin ang lugar kung saan may barbecue. Matapos ang 10-15 minutes may nahanap din kami. Hindi ko alam anong pumasok sa utak ko at dinala sila rito, nag crave ako bigla ng isaw e. Ang daming mga taong nakatingin sa amin, iniisip siguro nila anong ginagawa ng mga magagandang dilag na to sa lugar na ganito.

Ang sarap kaya ng barbecue! Kahit nga si Pie ay nagustuhan ang isaw e lalo na 'yong pingpong ball. Para kaming mga bodyguards ng mga 8 bipolars.

Pinalibutan kasi namin sila dahil medyo crowded at maliit lang ang space. Delikado na at baka may mga manyak sa paligid.

"What's this place?" Tanong ni Miss Everleigh

"Kita mo naman na barbecue stall Ma'am, okay pa ba mata mo?" Matapang na pamimilosopa ni Iris. Commended my friend!

Langya, bakit nag babardagulan tong dalawa na to? Palagi nalang talaga sila nagbabangayan na dalawa.

"Pardon?" medyo iritadong tanong ni Everleigh. Lakas naman kasi mamilosopo nitong tanga.

"Tignan mo to, pati tenga may problema." Sagot ni Iris pero sa akin ito bumulong dahil baka marinig nong isa, takot naman pala marinig.

"It's too crowded and smoky" reklamo naman ni Helari.

Gusto ko kasi pumwesto kami sa hindi gaano karamihan na mga tao, kaya gusto ko doon kami sa pinakadulo dahil konti lang ang mga kumakain.

"Doon tayo pupuwesto sa pinakadulo. Konti lang mga tao." turo ko sa kanila ang tinutukoy kong last stall. Ang liit ng mga table nila, good for 3 persons lang ata kaya. Ginawa namin ng mga kaibigan ko ay pinagdikit ang tatlong table para nasa iisang table lang kami lahat.

Pagkatapos ayusin ay pinaupo na namin ang mga kasama at bago mag order ay pinagmasdan ko muna sila. Langya hindi ko talaga akalain na mahahatak namin mga babaeng 'to rito, akala ko pa naman ko-kontra sila kanina nong pagbaba palang namin ng sasakyan. Pero infairness ha, hindi bakas sa mga mukha nila ang pandidiri or baka tinatago lang nila para hindi kami mapahiya?

"How long do you plan to stand there? Ano? Tititigan mo lang kami??" Si Pie, dahilan kaya napatingin narin sa akin ang iba.

"Halika, samahan mo 'ko. Nagustuhan mo naman 'yong isaw diba?" Iniba ko nalang ang topic at ayaw kong mag explain sa kanila kung bakit nakatunganga ako kanina.

Hindi na ito sumagot at tumayo nalang saka ako nilapitan. Naks hindi naman halatang excited s'ya

makakain ulit ng mga ganito no? Ay isaw lang pala at pingpong ball ang natikman n'ya before.

Sumunod na kami sa mga kaibigan ko para mag order. Dami naman na mga mata ang nakatingin kay dragon, tusukin ko ng stick mga matang yan e.

Matapos namin mag order ay sumakabilang buhay na kami---charot lang. Kumuha ako ng betamax dahil sobrang gutom na talaga ako, sinulyapan ko naman si Pie na parang may hinahanap.

"May hinahanap ka?" Tanong ko habang abala sa nilalantak na betamax.

"I want that thing you called wek-wek?" Seryoso n'yang tanong. Langya wek-wek! Naubo ako bigla.

Bwesit na yan, pati siguro si kwek-kwek ay nalilito na kung ano talaga ang true identity n'ya amp. *Pingpong+Wekwek= Pingwek!* Tangena humagikhik na ako dahil sa naisip ko.

"What?" kunot noo na tanong nito.

Hindi ko na tuloy makain ng maayos ang betamax ko dahil sa kagagahan ni dragon. I bit my lower lip dahil ang sama na nito makatingin sa akin.

"I want to eat wek-wek!" Seryosong ulit na naman n'ya kaya humagalpak na ako ng tawa. Tangena heeeeelp!

Ang mga kasama naming nasa table naguguluhan na ang mga mukha. Ang lakas kasi nong tawa ako, bwesit naman kasi tong si dragon! Ang cute at sarap gapusin BAHAHAHAHAHAHAHAHAH.

"Sorry pie, kwek-kwek 'yon. Please lang wag mo na dagdagan ang pangalan n'ya. Litong-lito na si kwek-kwek sa totong pagkatao n'ya" sagot ko sa kanya at tinakpan ang bibig ko dahil ramdam ko na tatawa na naman ako.

Kumunot naman ang noo n'ya nang mapansin ang kinakain ko. Kanina pa ako lumalamon sa harapan n'ya at ngayon lang napansin ang betamax.

"What's that?" Tanong n'ya na mas lalong ikinakunot ng noo nito.

"Betamax Pie" sagot ko.

"Betamax?"

"Dried chicken blood" sabi ko at napangiwi nalang s'ya. Hindi ko alam kung matatawa ba ako sa reaksyon ng mukha n'ya o madidismaya.

"Try it" sinubo ko sa kanya ang isang betamax.

"No, I'd rather eat isaw than that thing you're holding" maka thing naman to sa betamax.

Okay lang, understanding naman tayo. At least she admitted na gusto n'ya rin Isaw. Nag kibit-balikat nalang ako at kinain nalang ito.

"Blackmarbles?" Kunot noong sambit nito. Langya ano na naman tong tinutukoy n'ya.

"Ha?" Tanong ko at nagkamot ng ulo.

Tangena gusto ko nalang umalis dito dahil pinagtitinginan na kami ng mga tao. Tinuro naman nito ang black marbles na bininyagan n'ya, pati tuloy ang owner ay natawa na sa kanya. Bato-bato pala tinutukoy n'ya lintik na dragon to amp bahahaha. Kinurot ko nalang ang likod ko para hindi matawa.

"Ahem, bato-bato tawag d'yan Pie" gawan ko nga s'ya ng powerpoint para next time alam na n'ya mga pangalan.

"It's a grilled chicken spleen" dugtong ko sa sinabi.

"Masarap din to Pie same sa isaw." Pansin kong malalim ang iniisip n'ya, nakikipagtalo pa siguro 'to kay kamatayan at satanas sa isipan
kung kakain ba s'ya o hindi.

"Pie?" Tawag ko ulit na nagpabalik sa kanya sa earth.

She licked her lip and I know she's curious about the taste. Weird siguro para sa kanya tong bato-bato.

Bahagyang nakanganga si Pie at tulaley kaya kumuha ako ng isang piraso sa stick at sinaksak sa bunganga n'ya. Nagulat pa s'ya dahil sa biglaang aksyon ko't iluluwa na sana nito ang bato ng hawakan ko ang baba n'ya para hindi mailuwa, langya amp.

Napalunok nalang ako, siraulo tong kamay ko may sariling utak at hindi man lang nag wawarning sa 'kin.

"C-chew it, masarap yan promise" taas kilay n'yang tinuro ang kamay ko na nasa baba n'ya.

Ay bobo ka Sj, paano n'ya mangunguya kong hindi maigalaw ang bibig. Bobo!

Inalis ko ang kamay at humakbang paatras, baka kasi simuraan ulit ako. Thankfully ay hindi naman at nagsimula sya ngumuya. Hinihintay ko ang kanyang reaksyon, tagal naman nito mag bigay ng kumento. Nagulat ako nang bigla nitong inagaw ang stick ng marbles sa kamay ko, hala gaga nasarapan nga pero mas masarap naman ako d'yan mameeeh!

"Ano? Masarap ba ang blackmarbles?" Nakangisi kong tanong sa kanya. Tumango naman ito na parang bata! *Ack my heart enebe weg ke mene kelegen d'yen!.*

"Kumuha ka pa" nanlaki ang mata ko sa utos n'ya.

"Ano kukunin ko?" Paninigurado ko lang na tanong.

"Blackmarbles" kaloka 'to si Pie, sinabi ko na nga ang pangalan. May sarili talaga s'yang nicknames for foods.

Gaya nga ng utos n'ya ay kumuha na ako. Hindi naman halatang gutom s'ya slight lang. Sakto rin na ready na ang mga orders namin kaya bumalik na rin kami sa table.

"Dami n'yo namang inorder" sabi ko pagbalik namin sa table. Si pie naman left and right na hawak ang blackmarbles.

"What's that you're holding Pie?" Tanong ni Miss Lorelei

"Blackmarbles" sagot nito. Dahilan para mag tawanan ang mga kaibigan ko, tangena talaga amp.

"It's bato-bato Miss, grilled chicken spleen" ako na mismo ang nagtama dahil baka blackmarbles din itawag nila.

"Kumakain ka n'yan?" Kunot noong tanong ni Everleigh.

"Kita mo naman po kinakain na ni Ma'am" sagot ni Iris. Ou nga naman bulag siguro si Miss Ev. Patay na siguro to si Iris kung nakakamatay lang ang tingin.

Hinahanap ko si Keybold kasi wala ito sa upuan n'ya kaya luminga-linga ako.

"Babe" tawag nito sa likuran ko kaya nilingon ko s'ya...

"Inangyan KB!" Napatalon tuloy ako dahil sa gulat, ang lapit kasi ng mukha n'ya tapos black eye agad nakita ko langya.

"Kb naman! Wag ka nga ganyan. Kamusta black eye mo?" Tanong ko sa kanya.

"Gago ka. Literal na black eye na yan!" Sabay hampas nito sa ulo ko, hala gage akala ko ulo 'yong nasuntok ko kanina.

"Hoy anong literal?" Singit naman ni RL

"Si Sj sinuntok si Kb" si Annallyn na bigla nalang ako mamalditahan sabay irap. Okay?

"Tanga amp HAHAHAHAHAHAHAHA natuluyan pa nga" walang kwenta talaga si Iris, tinawanan lang si keybold.

"Saya mo naman Iris, kung e ipakain ko tong ice pack sayo?" At saan n'ya nanakaw ang ice pack na yan?

Pinaupo ko muna si Pie bago ulit hinarap si Keyboard. Kinuha ko ang Ice pack na hawak nito at ako na mismo nag asikaso sa mata n'ya.

"Why did you punch her?" Tanong naman ni Miss Lorelei, chismosa rin e.

"Mukha kasi s'yang manyak na psycho kanina kaya nasuntok ko. Hindi ko naman alam na si keyboard pala 'yon. Just imagine, malaki ang mata tapos parang ulol makangisi dagdag n'yo pa black eye ni kb. Sino ang hindi matataranta" paliwanag ko sa kanila. Para kasing tanga 'tong si Kb. Ito naman si Iris panay tawa.

Sinabihan ko na rin si keyboard na umupo dahil gutom na kaming lahat. Buti nalang at may hanging rice kaya 'yon nalang din ang inorder ko.

"Ano yan?" Tanong ni Miss Kath kaya napatingin sa kanya ang iba.

"Puso po, hanging rice in english" sagot ko, ang mga kaibigan ko naman abala na kakalamon sanaol.

"Tanga heart ang english ng puso" correction ni kb, okay s'ya na matalino today.

"Pangalan n'ya in English okay na?" May rebat naman ako always.

Inasikaso ko narin si Pie na ngayon ay hindi parin nauubos ang blackmarbles n'ya. Ako narin ang nag

balat sa mga hanging rice nila Pie at Miss Kath dahil hindi nila alam mag unwrap!

"Iris unwrap it for me" bigla nalang nabulunan si Iris dahil sa utos ni Miss Ev.

Si Ag naman s'ya na rin ang tumulong kay Miss Lorelei, si Zi secured na dahil ang donkey na ang nag initiate. Sanaol nalang talaga at si Kb? Walang pakialam. May sariling mundo at focus lang sa goal, ang pag lamon habang hawak sa isang kamay ang ice pack na nasa black eye nito.

"May joke ako" sabi ni keyboard.

"Hindi na kailangan mag Joke, black eye mo palang literal ng Joke" tangena talaga nito ni Iris haha.

"Stop messing with your friend, kid" sabat naman ni Miss Everleigh ooof.

"Kid hahaha" sabay na tawa namin ni RL.

"Shut up!" Sabay kami napatigil ni RL dahil sa pagsaway nila Pie at Zi. Ediwow

I fake a cough.

"Okay keyboard, anong Joke yan. Share mo na" baling ko kay Kb na inikutan naman ako ng mata.

"Anong tawag sa maliit na tipaklong?" Seryosong tanong nito.

Pati ang mga demonyo at dragon ay nag loading din ata ang mga utak.

"Grasshopper yan diba? Edi grasshort!" Sagot agad ni Iris, pwede pwede.

"Bobo ka. Edi Tipakshort!" Si Pie na umiinom ng drinks ay bigla nalang nabulunan yawa.

"Meron pa meron pa!" Hala ang dami n'ya atang baon na jokes kuno.

"Sinong pilipino ang tawa ng tawa?" Seryoso n'ya ulit na tanong. Langya sino ba?

"Pinoy? Pilipino tayo gaga" bobo kong sagot na nagpakunot sa mga noo nila.

"Isa ka pa tanga, edi si laughu-laughu!" Sila Annallyn lang ata tumawa sa joke n'ya kuno.

"Yan ba epekto ng suntok ni Sj sayo keyboard?" Tanong ni Ag, siguro nga epekto sa suntok yan.

"Last last! Anong tanong ng baby ulan sa daddy ulan?"

"What?" Ang mga kambal at dragon na mismo nagtanong tangena ahaha.

"Tay, ambon ba ako?" Muntik ko pa tuloy mabugahan si Pie ng tubig na iniinom ko, tangena natawa ako sa sagot hahaha.

"Kb alam mo pwede ka na talaga mag apply full time job as payaso" hindi ko alam kung compliment ba 'yong sinabi ni Cassandra o insulto e.

"Hoy pero muntik na akong maging top1 last sem ha!" Mayabang na saad ni kb. Na ikinataas ng kilay ni Pie at Zi. Hala muntik ba? Di ko nga alam na kasama s'ya sa top20

"Really?" Baling sa kanya ni Helari. Lutang din tong si Helari sumagot e.

"Paano ka naman muntik na maging top1? Hindi mo nga inabot top40" si Iris hindi talaga mauubusan ng pang encounter haha.

"Ou nga, kasi noong nag announce ni Sir kung sinong top1 sa klase. Katabi ako nong top1" humagalpak ng tawa ang mga kaibigan namin samantalang nag kagat labi nalang ang mga dragon dahil sa kagagahan ni Kb. Bakit kasi pipigilan ang tawa!

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA"

Ang lakas ng mga tawanan namin, napatingin na tuloy ang ibang tao. Para kasi kaming mga tanga, pero ang mga dragon at si Zi panay kagat lang sa mga labi at namumula na ang mga mukha. Sige mamatay kayo sa kakapigil tawa d'yan.

"Payaso of the year ka KB" pamumuri ni Annallyn na may halong insulto haha.

"Thanks" bobong sagot ni Kb.

"Teka nga, kumain muna tayo. Lalamig na tong mga BBQ" hindi kami matatapos nito pag puro nalang kami kalokohan.

Bumulong naman si Pie sa akin na gusto n'ya kumain ng kwek-kwek kaya nag excuse muna ako sa kanila para mag order. Sabi ko nalang ihatid sa table namin pag naluto na.

"Where is it?" Kunot noong tanong ni Pie pagbalik ko sa kanila.

"Niluluto pa pie. Hahatid lang nila 'yon dito maya konti" sagot ko.

Pansin ko lang isaw at blackmarbles lang kinain n'ya, mabubusog ba d'yan Hindi katagalan ay dumating din ang kwek-kwek. 10 ang inorder ko para sa mga dragon at demonyo, dalawa kay Pie dahil kawawa naman at daig pa buntis kung mag crave.

"Nandito na po Mga Magagandang Miss" sabi nong owner at inilapag sa table ang kwek-kwek.

"They..they have tangerines here?" Bulaslas ni Miss Everleigh dahilan para humagalpak ng tawa si Iris.

Kami ng mga kaibigan ko ay yumuko nalang para hindi mapansin ang pagtawa. Hindi naman nag react ang mga kambal, hindi rin siguro nila alam ang kwek-kwek amp BAHAHAHAHAHAHAHAHAHAHA.

"Why are you laughing?" Malditang tanong n'ya kay Iris pero hindi s'ya nito sinagot at panay lang ang tawa.

Ito naman si Pie kahit alam na n'ya ang pangalan hindi man lang kinoreksyonan ang kaibigan, tangerine pa nga yawa haha.

"Tangerine pft HAHAHAHAHAHAHA." tangena nito ni Iris, di matigil sa kakatawa kaya sinapok na ni keyboard.

"Miss okay na 'yong sayo tangerine kasi makakain din naman, kaysa naman sa Pingpong ball ni Miss Pixie" hindi ko alam kung saan ko nakuha ang lakas ng loob ko para traydorin si Pie na ngayon ay nanlilisik na ang mga mata. Gulped.

"Jusko pingpongball" sabat ni RL at hindi na nga rin n'ya nakayanan, sumabay na kay Iris kakatawa. Bigla nalang may lumipad na hanging rice sa mukha n'ya, tangena binato ni Pie, wag kasi inaasar ang dragon.

"Aray naman Pie!" Reklamo n'ya at hinimas ang noo, doon kasi nag landing.

"Pingpongball+wekwek+tangerine = Pingwekrine. Pwede pwede!" Sambit ko na may sabay na patango-tango.

Napangiwi ako dahil nakatanggap ako ng isang kurot muna kay dragon.

"Try nyo mga Miss at Kambals. Paborito na nga ata to ni Miss Pixie at 'yong isaw. Masarap yan promise" tumayo ako para ibigay sa kanila isa-isa ang Pingwekrine.

Nakiramdam lang kami ng girlfriends habang kumakain sila ng kwek-kwek.

"Ahh" langyang Miss Everleigh to.

"Ma'am nasa public po tayo, wag kang umungol" saway ni Iris, masarap daw kasi ang kwek-kwek kaya mapapaungol ka haha.

"Shut up. It's an egg" sambit nito.

Bahala sila sa mga buhay nila kung mag bardagulan sila. Si donkey na kinukulit si Zi sanaol kinukulit. Hindi ko na sila pinansin at nagpatuloy nalang sa pag kain. Lumamig na tuloy ang bbq ko.

"May plano pa ba after nito?" Tanong ko sa mga kaibigan ko.

"Punta tayo MOA, ice skating naman" sagot agad ni Ag at sumang-ayon naman ang ibang girlfriends.

Isasama pa ba namin tong mga demonyo at dragon? Wag na siguro no. Pero maaga pa naman para umuwi.

"Kayo Kambals, uuwi na kayo?" Tanong ko sa kanila. Feeling ko kasi gusto rin nitong mga kaibigan ko kasama rin ang 8 bipolars.

"Still early." sagot ni Zi at ngumiti, si donkey naman ngumisi sus.

Nilingon ko ang mga dragon na nasa left side ko. "Ikaw Pie, kayo mga Miss? Baka pagod na kayo" sabi ko.

Sumilip muna si Pie sa kanyang relo bago sumagot. "Sasama ako" sago nito at pumayag na rin ang tatlong dragon. Nginitian ko sila bago nagpatuloy sa pag lamon. Hindi ako matapos-tapos sa pagkain kaya minadali ko na.

*

Nasa MOA na po kami mga kabayan, kasalukuyan na rumarampa ang mga Bipolars na nasa aming unahan at kaming mga girlfriends ay nasa likod lang at pinagmamasdan ang hubog ng kanilang mga katawan charot.

"Hoy, mag bar tayo after nito" suhestiyon ko sa mga kaibigan ko.

"Wala ka ba pasok bukas RL?" Tanong ni Ag kay donkey.

"Hapon pa kaya pwedeng pwede tayo mag lasing tonight" nakangising sagot nito sabay kindat.

"Goods yan, wag na natin isama ang mga yan" sabay turo ko sa mga bipolar na nasa unahan at nag thumbs up naman silang apat.

"Mga miss hindi pa ba kayo pagod?" Tawag ko sa mga bipolar kaya napahinto ito at nilingon kami.

"Why?" Sagot ni Pie.

"Pagod na raw kasi silang apat kakatingin sa kagandahan n'yo" sabay taas ng dalawang kamay ko at itinuro ang mga kaibigan ko.

"Hoy sinasabi mo d'yan!" Tampal ni keyboard sa akin awee tampalan ko black eye n'ya e.

Inikutan lang naman kami ng mata ng mga maldita at nagpatuloy na sa paglalakad.

May nakita akong potato fries kaya hinatak ko muna ang mga kaibigan ko, hindi ata ako nabusog doon sa kinain namin kanina at kumakalam parin 'tong sikmura ko langya.

"Gusto n'yo?" Tanong ko sa kanila nang makalapit na sa stall.

"Sige, nagutom ako ulit" sagot ni RL at tumango naman ang tatlo.

Ang daming nakapila, siguro masarap to dahil marami ang may gusto bumili. Buti nalang at may vacant table kaya umupo na muna kami habang hinihintay ang fries.

Masaya kaming nagtatawanan ng mga kaibigan ko nang bigla nalang may nagsalita.

"Hi" sabi nito kaya napatingin kami sa kung sinong babae man ang nagsalita.

Okay so lima silang mga babae, magaganda at matatangkad din ang mga ito at feeling ko ka edad lang din namin.

"Hi" nakangiting balik ni Iris. Sanaol womanizer

"May kailangan kayo?" Diretso kong tanong.

"Actually gusto lang namin makipag-kilala sa inyo, sorry kung weird kami sa paningin n'yo" ay straightforward si girl.

Bakit feeling ko may nakalimutan kami? Napaisip ako bigla.

"It's okay hindi naman kayo weird, sa ganda n'yo ba namang yan" sagot ulit ni Iris. S'ya spokesperson namin tapos kami spectators lang.

Pinamulahan naman ng mga mukha ang lima. Naku! Kung ako sa kanila ay hindi ako magpapauto kay Iris.

Feeling ko talaga may nakalimutan kami!

"If it's okay, pwede ba kayo maimbitahan mag kape?" Luh sped si ate pero nope.

"Kape? H-" sasagot pa sana si Iris e.

"You left us for this?" Awtomatikong napalingon kaming lima sa nagsalita.

Sabi ko na nga ba may nakalimutan ako e! 'yong fries ko!

Ay hala nandito pala ang mga bipolars at bakit naman ata ang dilim ng mga mukha nilang yan? Kakatay ata sila ng tao. Hala si Pie kung makatingin naman sa akin eeeeee.

"Girlfriends n'yo?" Tanong nong babaeng kausap namin. Hala maka girlfriends n'yo, ako lang may jowa dito!

"No-"

"Yes!" Putol ni Iris kay Miss Everleigh at malawak ang ngiting sinagot ang babae.

Nanlaki nalang ang mga mata namin sa sinabi ni gaga.

"Which?" Sagot ulit ni babae.

"Si-" tangena amp bwesit na Iris to.

"Teka lang sandali!" Bigla akong tumayo kaya napunta sa akin ang atensyon ng lahat.

Naglakad ako at nilampasan sila Pie. Tinungo ko ang stall upang kunin ang fries at sakto naman na ready na kaya kinuha ko agad at bumalik sa table.

"Sige go, continue" sabi ko sa mga babae na gusto ata mag interview pa at sinimulan lantakin ang fries.

Ang mga kaibigan ko naman parang mga buang na nagtawanan, the heck?

"Ano pa tanong n'yo?" Tanong ko sa kanya at binigay ang ibang fries sa girlfriends.

Sila Pie pala nasa likod lang namin at nakatayo, bodyguards muna kayo d'yan mga bipolar.

"Ay tinanong mo kung sino dito ang mga jowa diba Miss?" Ako na mismo ang nag tanong para matapos agad.

Tumango naman s'ya, bilib din ako sa limang to at hindi natatakot sa mga bipolars na nasa likod.

"Ito asawa ko. Pixie Ponferrada" sabi ko't hinila si Pie at pinaupo sa lap ko.

Medyo nagulat s'ya slight, ang sama naman nito makatingin. Nginisihan ko nalang s'ya at niyakap ang bewang.

"Actually, tig dalawa talaga mga jowa nila. Ako lang loyal, this is Kb at girlfriends n'ya si Annally and Kathlyn" Turo ko sa dalawang nasa likod.

Gusto kong matawa dahil sa mga reaksyon ng mga kasama ko lalo na si Pie, pero pinilit ko parin ang mag seryoso.

"This is AG, girlfriends n'ya si Cassandra at Lorelei" turo ko ulit sa likod, feeling ko ata gusto na akong patayin nitong mga nasa likod ko.

"Si Iris naman ay kay Helari at Everleigh" feeling ko paglalamayan ako mamaya.

"And this is donk-RL, ay dalawa pala kaming loyal. This is her gf" binalingan ko si Zi at nag puppy eyes. Sana ma gets n'ya lang naman ang ibig kong sabihin. "Ziallyn Ponferrada" sabi ko at dumukot ulit ng fries.

"Thank you and sorry for ruining your dates" sagot n'ya at nginitian kami. Ang gaan ng aura ng babaeng to sa totoo lang, ginantihan ko naman sila ng ngiti. Nag excuse na sila at nagpaalam.

Tumayo na si Pie at nagsimula na akong kabahan. Ang mga kaibigan ko naman tulaley din dahil sa kagagahang ginawa ko.

Mabilis akong tumayo at humarap sa mga bipolars para mag sorry sa ginawa ko.

I bowed my head while scratching my nape. "Mga Miss and Kambals sorry po"

Medyo nagulat ako dahil tumabi ang mga kaibigan ko at ginaya ang ginawa ko, nag sorry din sila.

Wow naman baet yarn. Para kaming mga bata na pinagalitan ng mga magulang amp.

"Tss." Si miss Everleigh pero si Iris ang kanyang inikutan ng mga mata, yikes!

"Bakit kasi nawala nalang kayo?" Annallyn asked.

"Heads up" utos ni dragon ko kaya nag-angat na kami ng mga ulo. Langya at bakit naman naka halukipkip talaga silang lahat, sexy!

"Si Sj kasi gusto bumili nitong fries kaya sinamahan na namin" sagot naman ni Ag

"Then while waiting sa order namin bigla nalang lumapit 'yong limang magagandang babae" Nag arko naman ang mga kilay nila. Edi wow Iris, bakit pa isasama ang *magaganda!*

"And you're willing to join them for a cup of coffee" Kathlyn's statement, lamig naman po rito masyado.

"Sorry, fries lang po talaga pinunta namin dito" sagot naman ni Kb, sanaol magalang.

"Nakita n'yo naman si Sj, kahit si miss Pixie nilampasan lang n'ya para sa fries n'ya" matapang na saad ni RL.

Ou nga pala focus kasi ako masyado sa fries kanina kaloka. Si pie naman kung makatingin parang sinasagasaan na ako ni truck kun.

"Sorry po" we said in unison. Mga bata yarn?

Narinig ko ang pagbuntong hininga ni pie,

"Let's go" sabi n'ya at hinawakan ako sa kamay kaya napatingin ako sa kanya. *Yeee hawakan mo mamehhh para hindi na ako ulit tumakas! Job well done Sj.*

"S-sandali lang po" pigil ko sa kanya nang hatakin na ako.

"Naiwan sa fries ang lamesa ko" lutang kong salita.

"Ou kunin mo na ang lamesa at lamunin mo babe" bobong sagot naman ni kb. Parehas nga kaming lutang. Hindi ko nalang s'ya sinagot at mabilis na bumalik sa table, buti nalang at walang kumuha.

-

Finally and we're here na sa rink. Pero bakit naman ata walang tao? Ganitong oras kasi marami pa dapat tao sa rink.

"Tayo lang ata nandito?" Tanong ko sa kanila.

"Mas maganda nga wala ibang tao at tayo lang e." sagot ni RL,

"Sabagay."

May pumasok na mga staffs at may dalang mga bagong ice skates, kaya kumunot ang noo ko. Luh?

"Find your size" nagulat pa ako sa taong sumulpot nalang bigla, si Pie lang pala.

"Pinasipa mo ulit ang mga tao?" Tanong ko, malakas talaga kutob ko e.

"Yes" diretso nitong sagot. Hindi na ako nagulat, expected ko na rin naman 'yon.

Naghanap ako ng size ko, buti nalang nahanap ko agad. Ang dami ba naman kasing skates na nakahalira sa harapan namin, pwede na s'ya mag benta. So anong silbi nitong pagsuot ko ng skates kung hindi rin naman ako papasok sa rink? Nakalimutan ko, hindi pala ako marunong mag ice skating bonak. Masaya na ang mga kaibigan kong nag hahabulan sa loob samantalang ako rito sa bench naiwan mag-isa. Nasa rink narin ang mga dragon at demonyo.

"J" tawag ni Pie sa akin, nginitian ko lang s'ya. Seninyasan ko s'yang tumabi sa akin.

"Pie I have a question" I said and intertwined our hands.

"Hmm?" Sagot n'ya habang ang mga mata ko ay nasa rink lang nakatingin.

"Bakit ka galit sa 'kin? Honestly speaking, hindi ko talaga alam ang nagawa ko" I lowered my head at nilaro ang mga daliri nito.

"I-I'm jealous" my brow flinched. I tilted my head and faced her.

Hala saan at kanino s'ya nagselos?
Nakakagulat lang talaga dahil ngayon lang s'ya umamin sa akin na nagseselos s'ya.

"Kanino?"

"To Kathlyn" then she bit her lower lip.

Kumunot ang noo ko sa sagot n'ya, dapat nga kay Ziallyn s'ya magselos diba? Bakit naman kay Miss Kath pa.

"Miss Kath? Why?"

"Hindi ko alam, naramdaman ko nalang bigla" kailan pa s'ya nawalan ng kumpyansa sa sarili.

"You love me right? Ako lang diba?" There's a bit sadness on her voice.

I gently caressed her cheek and smiled genuinely at her.

"Yes po ikaw lang. I'm sorry If I made you jealous. Please don't be jealous of anyone, and don't compete with anyone 'cause you're the only owner of this" I said and placed her hand on my chest.

She bit her lower lip and lowered her head. Nakita ko naman ang tenga n'ya na namumula, cute.

"Babe!" Litsing keybold to panira ng moment!

"Hoy!" Tawag n'ya ulit kaya nilingon ko na ang ?

"Ano?" Walang gana kong sagot.

"Halika na rito!" Sanaol marunong mag skates.

"Teach me how" sagot ko.

"To doggie? Hala Ma'am oh si babe sa akin gusto magpaturo" bwesit na keyboard to.

Hindi ko nalang pinansin ang monkey.

"Pie ikaw nalang magturo sa akin, di ako marunong e" sabi ko sa kanya.

"Okay" she said and smiled. Awee nauulol talaga ako bigla pag ngumiti s'ya. *Delikado ka na Sj*

Tumayo na ito at hinila ako papasok sa rink at agad na lumapit ang mga kaibigan ko.

"Langya bakit naman ata sobrang dulas nito" reklamo ko habang mahigpit na nakahawak sa kamay ni Pie.

"Tanga ka, malamang Ice yan" okay si keyboard na matalino.

"Keep your knees slightly bent J" medyo nahihirapan ako mag balance e.

"Then push from one foot to the other to get moving and try to move slowly" ginawa ko naman ang sinabi n'ya, hirap naman nito hmp.

"lift one foot off the ice for a short period of time before switching feet and pushing off from the other" okay medyo nakukuha ko na.

Patuloy lang kami sa ginagawa hanggang sa isang kamay ko nalang ang hawak n'ya habang hinihila.

"Pie, try mo akong bitawan. Feel ko magagawa ko na" sabi ko sa kanya kaya binitawan na ang kamay ko.

"See kaya ko na" nakangiti kong nilingon s'ya.

"Baaaabbeeee!" Biglang tawag ni keyboard sa likuran namin.

Palapit sila sa amin--no sa akin lang pala! Kasunod ang tatlo, mukha silang ahas sa form nila. Nagulat nalang ako nang bigla akong itulak ni keyboard wtf!

"H-Hoy keyboard!" Ang tinuro lang ni Pie sa akin kung paano mag forward at balance hindi ko pa alam kung paano huminto!

"Go sj go!" Sigaw ni Iris yawa.

"Babe liko ka! Bend your knees then slide mo pa kanan ang left foot" utos ni keybold kaya ginawa ko rin.

"Hoy tangena! Wag n'yo bilisan hindi ako marunong huminto!" Singhal ko sa kanila kasi bumibilis na ang galaw namin.

Nakita ko sa unahan ang mga bipolars, yawa mababangga kami!

"Hoy patigilin n'yo!" Sigaw ko sa likod ko.

Pero instead na tumigil ay mas lalo nilang binilisan, mga hayop!

"Tabi tabi po!" Langya ano nuno sa punso lang ang peg.

"H-Hoy babangga tayo!" Punyetang keyboard to.

"Pieeeeeeeeeee!" Tawag ko kay Pixie pero malayo s'ya sa amin.

"Tabiiiiiiiiiiiiiiiiiii" sigaw ko sa mga bipolars.

Pero huli na ang lahat...

Napapikit nalang ako...

I expected na masakit ang resulta nong bagsak ko pero hindi! Kaya minulat ko ang aking mga mata.

Deja Vu

Kulang nalang ata takasan ako ng kaluluwa nang makita na nasa bandang cleavage ni Pie ang mukha ko tapos ang left hand ko nasa left boob ni Miss Kath at right hand ko naman nasa right boob ni Ziallyn! Potangenaaaaa heeeeeeeeeeeelp!

"Babe! Holy macaroni!" Tangena mo keyboard kaaaaaaaa!

"Sinalo mo ba blessings ni lord Sj?" Sarap lang tapunan ng skates si Iris.

"Ano Sj, wala ka balak gumalaw?" Si Ag

"Naol" donkey said amp.

Pero ang bilis naman ata ni Pie nakaabot dito? Parang kanina lang ang layo pa n'ya sa amin.

Hinila naman ako patayo ng mga kaibigan ko... wtf bakit nila ako inilayo sa dibdib ni babykowww churr.

"A-Ano s-sorry po!" Agad kong paghingi ng tawad sa kanilang tatlo. Jusko makasalanan masyado ang kamay ko.

"Kayong apat! Bakit n'yo tinulak si Sj alam naman ninyong hindi marunong mag stop yan!" Singhal ni Helari sa apat na abnormal

Inalalayan na ng mga bipolars makatayo si Miss Kath at Zi, ako naman ay kay Pie. Masakit siguro 'yong impact nong pag bagsak nila.

"Hoy RL bakit mo naman kasi binilisan ang pagtulak!" Nanisi pa ang keyboard, kapal ng black eye n'ya.

"Zi, Miss Kath sorry. Sila kasi tinulak ako e hindi ko naman alam paano huminto. Saka malayo palang kami sa inyo sumigaw na ako na umalis kayo, bakit n'yo naman kasi ako sinalo ayan tuloy nasaktan pa kayo. Sorry ulit" to be honest wala naman talaga akong kasalanan at sabi ko nga, malayo palang kami ay sumigaw na ako. Hindi ko alam kung ano nasa utak nila at hindi sila umalis.

"May masakit ba sa inyo?" I asked worriedly

"I'm fine Ja, don't worry" Zi said and smiled. Medyo nakahinga naman ako ng maluwag dahil hindi s'ya nasaktan.

"Ikaw Miss Kath okay lang?" Baling ko sa kanya.

"Yes" tipid nitong sagot. Okay at least they're both unharmed.

"Ikaw Pie okay lang?" Tanong ko sa kanya at sinuri ang katawan n'ya kung may sugat ba s'ya o wala.

Hindi ito sumagot pero lumapit lang sa akin at may ibinulong.
"Remember this J. If you fall I'll be there to catch you and if I can't catch you, I'll fall with you".

Tangena, buong system at katawan ko nanlamig sa ibinulong ni pie. Gusto ko nalang maglaho bigla dahil di ko alam kung saan ilulugar tong kilig na nadarama ko ngayong.

"Hoy babe! na grasyahan ka lang tulala ka na!" Pukaw ni Kb sa akin. Langya wala na pala sa harapan ko sila Pie at nasa labas na nitong rink. Gage naman kasi si dragon magpakilig!

"Okay ka lang Sj? Namumula ka" pilyang tanong ni Ag, bwesit.

"O-Ou langya ang init naman!" Reklamo ko na ikinatawa nilang apat.

"Sino inuuto mo, horny ka lang hoy! Nasa rink tayo!" Bastos nitong si Iris, porket naiinitan horny agad! Hindi pwedeng kinilig lang?!

"Sapakin kita e" sasapakin ko talaga to pigilan n'yo ako.

"Tara na tanga mag ba-bar pa tayo" singit ni RL, ay ou nga pala.

Hinila na nila ako palabas ng rink.
Nilapitan ko agad ang mga bipolars

"Mga Miss at Kambals thank you so much sa bonding today. Sana nag enjoy kayo konti kahit na puro lang kalokohan alam namin hehe" pasasalamat ko at nahihiyang kinamot ang kilay ko. *May hiya ka pa*

palang natira sa katawan sj.

"Thank you too, I've experienced many fun things today" Zi said and smiled at me.

"Thank you sa inyo, sobrang nag enjoy ako today lalo na sa escape room" pasalamat ni Annallyn.

"Yeah, thanks for the bonding" nakangiting saad ni Helari,

"Kahit na puro kayo kalokohan, enjoy naman kayo kasama" ang laki ng mga ngiti namin dahil sa sinabi ng kambals.

Nagpasalamat din naman ang mga dragon pero "thanks" lang ang sinabi. Okay na rin 'yon kaysa waley.

"May lakad pa kayo?" Biglang tanong ni Annallyn. Nagpalitan lang kami ng mga tingin ng girlfriends.

"U-uwi narin kami hehe" langya utal pa more Sj. Pansin ko ang tingin nila Pie na parang sinusuri kung nagsasabi ba ako ng totoo o hindi.

"9pm narin pala" kunyaring palusot ni Iris.

"Umuwi na po kayo, late na at may pasok pa tayong lahat bukas" naks naman keyboard sanaol matapang palayasin ang mga bipolars.

Hindi rin nagtagal, we decided to go home na pero 'di nila alam na sila lang pala ang uuwi. Nauna na umalis ang mga kambal dahil hinahanap na sila nila tita. Sunod naman nagpaalam ang tatlong dragon.

"Drive safely baby" paalala ko kay dragon na ngayon ay kakapasok lang ng sasakyan.

"You too, chat me when you get home" sagot nito.

"Yes po! See you tomorrow mameeh!" bulong ko at hinalikan ito sa kanyang labi.

"See you J" she said and smiled. Nakakaadik talaga ang ngiti n'ya.

Bago pa s'ya tuluyang umalis ay kumaway pa ako sa kanya para magpaalam. Alam ko naman nakikita n'ya ako mula sa loob.

"Hoy kanina pa nakaalis si Ma'am! Para kang tanga nakangiti d'yan. Tara na sa bar!" Tawag ni keybold sa akin kaya sumakay na ako sa sasakyan ko at sumunod sa kanila.

*

Several hours later...
Time check and it's already past midnight!

"Hayop ka RL! Vakit d'yan ka shumusukka sa gilid!" Langya napasobra ata inom namin at pa zigzag na mga lakad namin.

"Keyvold shadap pleash!" Saway ni Iris na nagsusuka narin katabi ni RL

Tangena mixed drinks ba naman kasi ininom namin. Hindi ko alam sa mga trip nitong mga bruha.

"Hayop ka kheeeebowwwrd bakit mo naman ako pinashuka!" Tangena ng mga to.

"Saan pala tayo? Hala gagho ashan ang mga kotshe natin?" Si Ag na ngayon nakasalampak sa gilid amp

Yung katawan ko lasing pero medyo nasa tamang pag-iisip pa naman utak ko.

"Hoh! Punta tayong polish sashyon" mag popolish sasyon? Nuraw

"Irisjzhsh talkhs gibberish" tawa-tawang sabi ni RL habang nakapikit ang mata amp.

"I sheyd funta tayong polish stasyown" oh police station yawa.

"Tanhena umayos nga kayo. Tumayo kayo d'yan!" Kulang nalang ata sa gitna ng kalye sila humiga.

"Ashan va tayow? Bakwet tayo naglalakad. Nanakaw va mga kotshe natin?" Tanong ni Kb.

"Bakit ako tinatanong n'yo! Hindi ko rin alam saan tayo hayop ka!" dumayo lang kasi kami sa isang bar at hindi na namin matandaan ang daan yawa.

"Tara tata! Sa pulish!" Mabilis na tumayo si Iris at hinila si RL. Wasted!

Sooo magkaakbay kaming lima habang naglalakad ng pa zigzag, pinag titinginan pa kami ng mga nakakasalubong.

"HEYYU MAMA DONT STRESSH YOUR MIND!" pisti tomg si Iris pasigaw nalang kung kumanta bigla.

"WE AINT CUMMING HOME SHOONIGT!" segunda naman ni Kb, juskolord ako at si ag lang ata medyo nasa tamang pag-iisip.

"HEYYUU MOMMA WE GON BE AWRIGHT!" Ang wasted nilang

[Content truncated due to length]

CHAPTER 35

-

"Waaaaaaaa!" Iyak na tumayo si Kb at tumakbo palapit kay Miss kath, walang pasabing niyakap n'ya ito ng mahigpit at ibinaon ang ulo sa leeg habang umiiyak.

Ang kapal ng mukha ni keyboard lord pinahawakan ko muna kay Ag ang selpon ko dahil napagulong-gulong nalang ako sa kalsada kakatawa yawa.

Si Iris naman ay bumaba sa likod ni kuyang pulis at mabilis na lumapit kay Miss Everleigh. Pero mas nagulat kami sa sunod nitong ginawa. Our eyes widened in shock when she suddenly cupped her face and freakin kissed her on the lips!

"Yaaaaaaaaa!" Sabay na tili namin ni Ag habang pinapanood ang live scandal ni Iris potangena sabaok!

Miss Everleigh pushed her and slapped her face. Omfg! Desurb Iris. Too stunned to speak si Mareng Ev. guys hahaha.

"Naknam, nakakarami ka na ah." Si Iris at dinaganan ng yakap si Miss Everleigh. Langyq, di ko na kinaya kaya humagalpak na kami ng tawa ni Ag.

Grabe ang priceless ng expression nila sa mga mukha. Naging bato na ata tong si Miss Kath at Miss Everleigh habang pinapatay na sila ng yakap hahaha hayop ang kakapal ng mga mukha nila Iris!

Si Miss Lorelei at Pie ay na surprised din sa ginawa nong dalawang buang.
Si RL? yatap na guys, tulog na sa kalsada tangena yawkona hahaha. Kaya ayaw ko ma sobraan sa lasing tong mga kaibigan ko dahil mas malala pa sila sa bata jusko.

"Pieee!" I called her and pouted.

"Jane! What the hell are you doing!" Ano ba yan, pumunta lang ba sila rito para pagalitan kami? Sinimangutan ko nalang s'ya.

"Pie help me" ngumuso ako at itinaas ko ang dalawang kamay para hilahin n'ya ako patayo. Nakahiga na kasi ako sa kalsada.

"Ugh get off me!" Inis na saad ni Miss Ev. Tangena si Iris nakayakap parin sa kanya.

Tinulungan na ako ni Pie makatayo at pinagpag ang likuran ko. Sakit naman nito pumagpag suntok na ata to e.

"Bakit nandito kayo pie at bakit magkasama kayo? Galing kayo praying meeting na apat?" Tanong ko sa kanya.

Hala gago ngayon ko lang napansin naka nightrobe pala silang apat pero si Pie! Kita ko ang ano....Lace nightgown n'ya kaya agad kong inayos ang robe nito, jusko may mga pulis pa naman na nanonood.

Dinukot n'ya ang phone sa robe nito at ipinakita sa akin ang post ni Iris. Gage nakaTAG pala kaming apat nilagay ang location kaya nakita n'ya. Kaloka to si Iris ang pinost pa talaga n'ya ay 'yong mga

nakahiga kami sa kalsada tangena?

"I was worried 'cause you didn't message me! Tapos makikita ko to?" Her voice was very cold.

You're done Sj youre done!

Biglang nagising si RL ampotek.
"Hoy RL tumayo ka d'yan gaga ka" tawag ko sa kanya. Mukhang bata kinukusot ang mata, cute ni donkey

"Waaaaa Pieeeeeeeee!" Yawa bakit umiiyak tong hayop na to

"Inaka isa ka pa! Wag kang umiyak siraulo ka" sigaw ko sa kanya.

"Piiiiiieeeee" nag tantrum langya.

Bigla nalang tumayo si Donkey at dinaganan si Pie sa leeg!

"Rochelle!" Singhal ni bebeko.

"Hoy lintik ka asawa ko yan! Kuyang pulis akina batuta n'yo!" Tawag ko sa mga pulis na...hayok bakit may kape sila? Makahigi nga.

"Pie saglit lang" sabi ko sa kanya at nilapitan ang mga pulis.

"Sir may Kape pa po kayo? Pahingi naman oh" sabi ko.

"Kuha ka lang d'yan, may gatas din kung gusto mo" aw baet yarn.

"Shara Jane!" Tawag ni Pie.

"Saglit lang pie kape muna ako" nauhaw ako bigla e.

"Pieeeeeee, wwersh keeyteen" hala ang donkey hinahanap ang pusa.

"Kitten who!?" Iritadong sagot ni Pie.

Si Miss Lorelei naman nasa tabi lang ni Ag nakaupo narin habang tinitignan ang kaibigan kong nag rerecord. Ay sanaol nakikisakay sa trip.

"Daaatty pabebeyy coushin of yowrs!"tangena nito ni RL jusko po nag lambitin na nga sa leeg ni Pie.

"JANE! ALISIN MO TONG PINSAN MO!" singhal ulit ni Pie

Teka lang! Ubusin ko lang kape ko.

"Sir may pandesal ba kayo d'yan?" Baling ko sa mga pulis na naka cross arm pa, naks naman po.

"Meron, ito oh. Cassava cake yan" turo sa akin ni kuyang pulis sa isang box. Saan kaya nila nakuha to.

"Salamat po"

"Welcome" amp hahaha

"Pieeeeee! Koool keyteeeen!!" Nabuang na si donkey.

"Who the hell is kitten!?" Langya umuusok na ilong ni baby haha.

"Mga kaibigan n'yo?" Chismoso tong si kuyang pulis.

Sumipsip muna ako sa kape ko bago sumagot.

"Mga asawa po namin" agad kong sagot at sabay silang tatlo napalingon sa akin. Shock yarn?

"Asawa n'yo?!" Ay uto-uto rin sila slight.

"Opo"

Bigla nalang kumalas si keyboard at hinatak si Iris palayo kay Miss Ev at may ibinulong, tinuro ni Kb si RL at mabilis nila itong nilapitan at inilayo kay Pie.

"Eeyyy jeeee! Music pleshh" bigla akong nasamid sa sinabi ni Keyboard.

Ang mga dragon naman ay nakakunot ang mga noo habang naka facepalm.

"JANE!" tawag ulit ni Pie kaya napalingon ako sa kanya.

"Baby gusto mo gatas?" At inangat ang tasa na hawak ko.

"Asikasuhin mo mga kaibigan mo!" Singhal nito.

"Hayaan n'yo muna sila mga Miss" sabi ko.

Si Miss Ev. At Miss Kath nakasandal lang sa sasakyan nila habang naka halukipkip na pinapanood ang mga gaga. Sumuko na ata sila sa tatlo.

Nilapitan ko naman si Pie na nasa kabilang side.
"Pie oh gatas" sabi ko at inabot ang tasa. Ang sama naman nito makatingin.

"Eyyyyjeeeeee! Play da mushic!", Sigaw ni Iris langya.

"Deeejeee Ey je. Drop the beeeyt!" Sabay turo ni RL kay Ag

PLAYING PUSSYCAT DOLLS - BUTTONS

bigla nalang hinubad nilang tatlo ang mga suot na blazer at jacket. Hala tangena ang sexy si KB naka tube meanwhile naka cropped top ang dalawa.

"Oh my God!" Si Mis Ev. Bigla atang kinabahan dahil palapit na sa kanya si Iris.

"What are you doing!" Singhal ni Miss Kath, langya.

Si Kb at RL naman nasa magkabilang side ni Miss Kathlyn. Yaaaawa help! Hahahaha

"Jane!" Sampal ni Pie sa likod ko dahil para akong kinikilig sa pwesto ko tangena.

Nagsimula ang intro at bigla nalang gumiling ang tatlo sa harapan ng dalawang dragon.

"Ag ag! Akin na selpon ko! Ihagis mo!" Utos ko sa kanya pero nang makita ko ay lowbat na pala.

"Shit! Pie pahiram selpon mo dali hahaha" baling ko sa kanya at kinuha ang selpon n'ya.

Binuksan ko ang camera at nagsimulang mag record sa scandal ng mga kaibigan ko.

"My gosh!" Pie stomped, cute haha.

Si Miss Lorelei naman nakatakip ang mga kamay sa mata pero tagos parin naman ang paningin nito sa mga kaibigan ko.

Iris wrapped her arms on Miss Eve's nape and slowly grinding. I saw how Miss Eve's bit her lower lip tangena mamamatay na ata ako sa kakatawa.

Si RL at KB nasa magkabilang side ni Miss Kath habang sumasayaw ng sexy dance. Napaupo nalang ako at padyak ng mga paa dahil hindi ko na kinaya talaga ang mga nakikita ko! Baka nakakalimutan nila, mga professors yan hahaha.

"Pie halika, upo ka sa lap ko" tawag ko sa kanya at binigay ang selpong sa kanya. "Hawakan mo saglit lang, kape muna ako" muntik ko pa makalimutan kape ko.

"I don't know what to do with you anymore Jane" she said coldly, surrendered na s'ya e kaya kinuha n'ya ang selpon habang ni rerecord ang mga kaibigan ko.

"P-Pie!" Tawag ni Miss Everleigh kay baby.

Nauutal na si Miss, may maganda ba naman sa harapan mo at sinasayawan ka ng sexy dance. Ganda kaya ni Iris para 'di s'ya ma turn on hahaha.

"What?" Sagot ni pixie.

"H-Help me!" Bakit kinakabahan si Miss, malakas ba epekto ni Iris? Haha

"Continue Iris" utos ni pixie kay Iris dahilan para mabulunan ako at humagalpak ng tawa.

Siraulo tong si baby parang kanina lang galit na galit, gusto rin ata pag tripan mga kaibigan n'ya.

"Lorelei!" Sabay na tawag nila, binalingan ko si Miss Lor. Na ngayon ay nag rerecord narin gamit ang sarili nitong selpon, tangena yawkona.

"Mishj ishtop shawting and pokush on me" Iris said seductively tangena malandi, yung mga paa ko panay stomp na dahil sa excitement.?

Bigla nalang nila hinila ang dalawang dragon at pinagdikit. Pinalibutan nila ito habang nag umiikot sabay grind! Mauubusan na ata ako ng hininga kakatawa, si Pie naman kagat na ang lower lip sa pagpipigil din ng tawa.

"Oh my god! I-I shouldn't have come here!" Bulaslas ni Miss Eve.

Ubo na ako ng ubo yawa hinihika na ako kakatawa sa kanila.

"Police arrest them!" Utos ni Miss Kath sa mga police na masayang nanonood sa labas ng station. Gago nasa tapat lang kasi kami ng Police station nagkakalat haha.

"No" utos ni dragon ko. Tangena kanina lang galit na galit gusto manakit.

"Meysh kaaaathhyyyy ur ateynsyon pleshh" langya ang landi ng boses ni Kb, she pointed kath's chin and flirty smiled at her!

Then pumagitna si keyboard sa dalawang dragon at gumiling-giling pababa sa gitna nilang dalawa! omg help!

"Pie pie pie hahahahaha" tawag ko kay pixie kahit na nasa kandungan ko lang naman ito.

Pie let out a soft laugh. Hindi narin ata n'ya kinaya ang mga kalandian nila keyboard.

Pulang pula na ang mga mukha nila Miss dahil sa kahihiyan dagdag pa na may mga pulis na naonood hanggang sa natapos ang music. ?

"Yaaaay!" Sambit nang tatlong malalandi sabay apir, langya.

"Leshgo na leshgoo naaaaaa!" Biglang sigaw ni keyboard. Saan na naman kami pupunta? Tangena 1am na.

Si Miss Eve at Kath naman tulala lang na parang napako na nga ata sa kinatatayuan nilang dalawa. Landiin ba naman sila nong tatlong manyak gaha.

"Baby, doon nalang natin sila dalhin sa bahay" mungkahi ko kay Pie.

Kasi walang pag-asa na makakauwi tong mga gaga, baka mabangga pa nila si truck kun at hindi namin alam kung saan ang mga kotse namin nakaparada!

"Pie, what are we gonna do with these kids?" Malamig na boses na tanong ni Miss Kath pero sa akin nakatingin.

Sinulyapan ako ni pie at sinamaan ng tingin.

"Axel ipasok mo sa kotse ni Lorelei si Rochelle and you" gulped katakot naman po "ipasok mo sa kotse ni Eve si Iris" I bit my lower lip and nodded. Nakita kong pinasok na ni Miss Kath si kb sa kotse nito.

"Follow me" sabi n'ya sa ibang dragon.

Kasalukuyan na naming tinatahak ang daan patungong kamatayan chur. Lumayas nalang kami bigla ng hindi man lang nag pasalamat sa mga pulis, nakalimutan ko e.

"Pie feeling ko may nakalimutan na naman ako" nasa kotse n'ya ako syempre. Lamig naman masyado, hindi n'ya talaga ako kinikibo simula pa kanina pag alis namin.

"Pie!!" Bigla ako napasigaw, naalala ko kasi ang nakalimutan namin.

Langya napasubsub pa ako sa unahan dahil bigla nalang s'ya nag preno, di ko pala nalagay seatbelt.

"What!?" Inis na sagot nito. Bipolar talaga.

"Hala! Y-Yung mga kotse namin nakalimutan natin" sagot ko sa kanya.

"I don't care, I can buy you a new one" Luh sugar moma.

"Hoy! Wag na nga at bukas na, balikan nalang namin" sagot ko sa kanya, sanaol billionaire. Hek she's glaring at me now.

"Ako nalang mag drive, palit tayo" suhestiyon ko't stress na ata si Pie sa amin.

"Ayokong makita si San Pedro" dahil sa sinabi n'ya ay humalakhak ako.

Bigla nalang ako nito hinampas sa ulo, grabe si Dragon wala talagang awa pag dating sa akin. Nagsimula na s'ya ulit mag maneho, sinilip ko naman ang likod at nakitang nakasunod din ang tatlong kotse.

"Pie kung ikaw lang ay maiintindihan ko pero bakit pati ang tatlo kasama mong sumundo sa amin?" Tanong ko sa kanya.

"They actually saw it first" sagot n'ya pero ang layo naman ata ng sagot nito sa tanong ko? Lutang din siguro s'ya.

"Hmm okay, pero ang tanong ko pie ay bakit kasama mo rin sila?" Ulit ko.

"I called them at nag pasama ako. Dumayo pa talaga kayo sa kabilang city para lang mag bar, enjoy ba?" She said sarcastically and raised a brow. Feeling ko tuloy nawala na 'yong tama nong alak sa katawan ko.

"Ou...I mean enjoy, isa pa..h-hindi kami lumandi ha? Nasa private room kaya kami at nag inuman lang" paliwanag ko sa kanya.

Actually ang apat lang talaga lumandi kanina, ako lang ang nasa table na walang partner. Loyal tayo mga lods!

Pero hala anong sabi n'ya? Dumayo kami sa kabilang city? What the heck, kaya pala hindi kami pamilyar sa lugar. Si Iris kasi dapat sisihin e, bakit dadayo pa! Marami naman bar sa lugar namin.

Biglang may tumawag sa phone ni Miss.

"What?" Malditang sagot nito.

"God!" Sambit nito kaya napakunot ang noo ko. Para kasi any minute ay may sasakalin na s'ya.

"Sino tumawag?" Kalmado kong tanong pero kabado na talaga ako.

"Everleigh"

"Bakit daw?"

Hindi naman s'ya sumagot at hinagis lang ang selpon sa akin. Buti at hindi sa mukha ko tumama.

"Hello Miss?"

"Mommyyy!! Lomiiiiii!!" Sigaw ni Iris ang narinig ko kaya bahagya kong nailayo ang selpon.

"Shut up or I'll throw you out!" Langya nag babardagulan pa nga sila sa sasakyan.

"Lomi lomi lomi!" Sigaw ulit ni Iris.
Langya naghahanap ng lomi ang gaga

"Miss ano pong problema?" Tanong ko kahit alam ko naman na talaga ang problema.

"Your friend ugh!" She groaned, napakagat labi nalang tuloy ako dahil baka matawa na naman kasi ako.

"Stop moving!" Malikot pa naman si Iris pag lasing, binubwesit n'ya siguro si Miss Eve haha.

"Mishhh how washh my keeshh? Did yoww like eyt?" I heard her giggles, lmao lakas mang asar ni bruha.

"Shut up Iris!" She exclaimed, nag mute nalang ako ng call saka tumawa. Daig pa ata nila aso at pusa na dalawa.

"Pie Lomi daw" baling ko kay Pie na ikinataas naman ng kilay nito.

"Where on earth are we going to find that food now!" Ou nga naman saan ba kami maghahamap ng Lomi ngayon the heck.

Nag unmute na ako at kinausap si Miss Eve.

"Miss mag noodles nalang po. Pero kailangan natin maghanap ng convenience store, sunod nalang po kayo sa amin" sabi ko at pinatay na ang tawag.

Wala pang 5 minutes at tumunog ulit ang phone n'ya at ang naka register na caller ay si Miss Kath.

"Answer it" utos ni dragon.

"Hello Mi-"

"Hot dog hor dog hot doggggg! i wantrrt haaatdaaaaaggggg!!" Tangenang keyboard to ang lakas makasigaw.

"Miss!" Tawag ko kay Miss Kath.

"Find a convenience store!" Singhal nito at binabaan ako ng tawag langya bastos na dragon to.

I massage my head. Sumasakit ulo ko dahil sa mga nagaganap ngayon dahil sa mga kaibigan ko.

Then there's this new caller which is Miss Lorelei. Pati ba naman s'ya? Hindi ko na hinintay si Pie at ako na mismo ang sumagot.

"Eyyy jeee! Find the kittteeennn!" Yung dalawa pagkain hanap ito namang si donkey ay ang kuting n'ya hinahanap.

"Sj naiihi ako at si RL susuka na naman!" Sabi ni Ag at narinig ko naman ang ang sigaw ni Miss Lor. Nakakahiya kung susukahan nitong ang sasakyan n'ya!

"Sige sunod lang kayo, mag hahanap tayo convenience store. May bibilhin din na pagkain dahil nagwawala ang dalawa" sabi ko at agad na pinatay ang tawag.

Napabuntong hininga nalang ako.

"Tama ka nga Pie, we're crazy and chaotic" I said and lowered my head.

"I'm sorry lage ka nalang nadadamay" dagdag ko pa at hindi naman ako sinagot.

Nakonsensya tuloy ako, pati kasi sila nadamay at puyat dahil sa amin. Bakit kasi sinundo pa nila kami, e di sana hindi sila magiging babysitters ng mga kaibigan ko.

Naiyak ako bigla, nakakaloka talaga pag nakainom dahil bigla ka nalang magiging emotional.

I sob. Narinig n'ya ata kaya napalingon ito sa akin. Mabilis n'ya ipinarada ang sasakyan sa may gilid ng kalsada.

"Jane" tawag nito sa akin kaya nag angat ako ng ulo.

Her face softens when she sees me crying. "Why are you crying?" That soothing voice.

"Galit ka e tapos hindi mo pa ako pinapansin. I mean, I do get it naman kung ayaw mo akong pansinin at kung galit ka. Kasalanan ko rin naman dahil puro nalang sakit sa ulo ang bigay ko sayo" langya para akong bata na umiiyak. Iba talaga tama ng alak, hindi mapipigilan ang emosyon.

"Okay lang cold treatment Pie at least you still talk and interact with me. Kahit nga sampalin mo pa ako e okay lang sa akin. Wag naman sana silent treatment" sabi ko.

She heaved a sigh.
"I'm not mad, I'm just pissed" sagot nito. Oh okay

"E bakit di mo ko sinasagot?" Tapang yarn.

"Nag-iisip ako"

"May isip ka?" Langya kong tanong.

"I-I mean May iniisip ka ba? Ano naman?" Pagtatama ko dahil aksyon na naman maging dragon.

"Secret, I'm sure you'll love it" then she smirked seductively..Halaaaa ano yan! Ano yaaaan! Ito na ba ang grasya charot. Napangiti na rin ako, excited e.

"Fix yourself" then she kissed me on my lips. Nekeneng nemen telege, naudlot pag d-drama ko.

"Pie feeling ko may gusto tong si donkey kay kitten" open ko ng bagong topic.

"Kitten?"

"Si Ziallyn Pie"

"Malas n'ya, sayo may gusto si ZB. Parang ako lang noon" napaisip ako bigla sa sagot n'ya.

Ay ou nga pala may gusto rin s'ya kay Pie noon. Langya ang malas naman ni donkey pero I know naman na kung gusto n'ya talaga si Ziallyn, ay gagawin nito lahat para sa kanya. Indenial lang masyado ang donkey na 'yon pero halata naman sa mga kilos n'ya.

"Hmm hindi na ako gusto ni Zi. Okay na kaya kami" sabi ko.

"You're too stupid J" langya stupid.

"Hmm alam ko hehe" ayon nalang nasagot ko amp.

Hindi nag tagal ay may nakita na kaming convenience store. Hindi paman ako nakakalabas ng sasakyan ay nag tatakbo na ang mga lasing kong kaibigan papasok!

"H-Hala gago! Pie dito nalang kayo, kami na ni Ag ang susunod sa tatlo" dali-dali kong sabi at agad na lumabas ng sasakyan.

Nakita ko naman ang tatlong dragon na kulang nalang ata sumabog na dahil hindi talaga maipinta ang kanilang mga mukha.

"Hoyyyy!" Tawag ko sa tatlo kasi may nilalantak na silang sausage!

"Beeeyb cumhereeee eat deysh" tapos sinaksak n'ya sa bunganga ko ang Hungarian sausage. Aw infairness masarap ha.

"Hoy Iris! Kunin n'yo na lahat yan. Hindi naman halatang mga gutom kayo" kinuha na nga nila, 18 pieces din lahat 'yon! Ou nabilang ko!

"Uhmm hmmm hmm?" Tangenang iris to hindi nalang muna lunukin ang pagkain.

"Ag ikaw nalang nga kumuha ng noodles at drinks na rin pala. Ako na mag babantay sa mga gagang to" sabi ko sa kanya.

"Magtira ka naman sa amin RL! Patay gutom to, sampalin kita nitong sausage e" isa palang nakakain ko sila naka tatlo na amp.

"Tara na hoy, wala na laman yang ano ba tawag d'yan? Basta lalagyan ng mga siopao at sausages!" Hatak ko sa dalawa dahil wala ata balak umalis.

"Shandale lang! Ishlowly ishlowly sj" lumala ata kalasingan nila.

"EYJEEEEEEEE!" bigla nalang sumigaw si Keyboard at bumukas ang pinto ng CS.

Akala ko kung sinong mga dyosa pumasok mga dragon lang pala.

"Eeee jeeeee?? Wer r yoo? R we pleying hayd n seyk?" Bulag na ata tong si Kb nasa tabi lang naman n'ya si Ag tangena amp.

"Stop shouting Krystal!" My bebegirl said irritatedly.

"Tara na Ag, okay na ba yan lahat?" Tanong ko sa kanya at tinignan ang basket.

"Ou" sabi n'ya.

Nasa counter na ang tatlong buang kaya pinasunod ko una si Ag at nilapitan sila Pie.

"Mga Miss saglit lang po, bayad lang ako. Dito nalang kayo" sabi ko at iniwanan na sila sa may bandang entrance.

"1,669 po lahat"

"Hoy keyboard bayaran n'yo" sabi ko.

"Ghagha beyb! Wala akong fera dala" langya heto na naman po kami.

"Sino ba may dalang pera sa inyo?" Tanong ko sa tatlot.

"May pera akoww pero indi kow na alam shan ko nalagay" sarap lang sampalin ni RL

Hindi ko nalang hinintay ang sagot nila Iris wala rin naman ako mapapala.

"Teka lang po ha kuha lang ako pera" wala rin kasi ako pera e haha.

Agad kong binalikan sila Pie na kanina pa naghihintay. Nababagot na nga ata to sila.

"Mga Miss" tawag ko sa kanila kaya napataas ang mga kilay. Ediwow.

"Palimos po pera" sabi ko sabay lahad ng dalawang palad.

"Ang lakas n'yo mag bar tapos wala kayo dalang pera?" Langya naman to si Miss Eve.

"Naiwan kasi sa kotse ko 'yong wallet ko Miss" sagot ko.

"Wala rin kayo dalang pera?" Their brow flinched.

Walang sumagot...

"So tama ako, wala kayong mga pera?" Tanong ko ulit na may sabay na tango.

Sabagay naiintindihan ko, langya naka robe lang pala sila tapos rumarampa sila rito sa CS.

May tinignan si Pie sa bandang leeg ko at napansin ko na ang necklace na bigay n'ya pala ang tinitignan nito.

"How much?" Tanong n'ya.

"1,669?" Agad kong sagot.

Tapos may dinukot sa bulsa. Gage may dala pala s'yang CC, girlscout din pala tong si baby.

Inabot n'ya sa akin at kinuha ko naman agad. "Thank you Mommy" sambit ko.

Langya nandito pa naman ang tatlong dragon, cute n'ya pag namumula ang mukha ha.

Binalikan ko na ang mga kasama ko at nagbayad, buti at tumatanggap sila ng cc.

Hinatak na namin ang mga kasama pabalik sa mga dragon. Pagbalik namin ay bigla nalang kumunot ang mga noo nito.

"What are you holding?" Malditang tanong ni Miss Eve.

"Whyy yoww owes ask the obyos Missh? Ya want some sosij?" Tangena talaga nito ni Iris kahit lasing trip parin si Miss Eve.

Lumapit ito kay Miss at hinawakan at pinisil ang pisngi kaya bahagya itong napanganga. Tangena sinaksak n'ya ba naman ang isang sausage sa bibig nito kaya naitulak s'ya haha.

"You're so annoying!" Annoying daw pero kinagat at nginuya ang sausage haha amp, ang Iris naman nakangisi lang.

"Misshh can I say sshumting?" Tanong ni Iris kay Miss Eve.

"What?"

"Something" nakangising sagot ni Iris, parang siraulo to.

"Tell me what!" Iritado na si Miss.

"I told ya if I can shay shumting" ulit ni Iris tangena parang alam ko na haha ang mukha naman ni Miss Eve namumula na. Nag titimpi nalang siguro to

"Tell me" Miss eve said coldly.

"Hehe something" sagot na naman ni Iris.

Her jaw clenched.
"Stupid!" Sabay walk out at bumalik na ng sasakyan. Si Iris naman humagalpak ng tawa, bwesit lang e lakas din mang asar.

"Ang dami naman ata n'yan?" Tanong ni Miss Kath sa mga hawak nila.

"Inubos nila lahat e. Pasensya na po, mga patay gutom lang" sagot ko.

"Are you done?" Sabat naman ni Miss Lorelei kaya tumango ako.

Ang tatlo naman sa likod tahimik lang dahil abala sa kakalamon ng sausages nila.

Balik kotse na kami at finally pauwi na sa bahay. Jusko daig pa ata namin ang mga lumayas at sinundo ng mga magulang.

-

So nandito na kami sa bahay namin ni Pie, dito na rin matutulog ang mga dragon.

Nandito ako sa kitchen kasama ang mga dragon, sila na ang nag luto ng mga pagkain. Nag hahanda na ata sila para sa future namin ng mga bebe nila charot. Iniwan namin sa living room ang mga kaibigan ko.

"Sjjjjjj!" Sigaw ni Ag kaya napahinto ang mga dragon sa ginagawa.

"Sj! Walangya ang laki naman kasi nitong bahay! Nawala ako" kahit ako nawawala minsan.

"Why are you shouting?" Tanong ni Miss Lorelei sa kanya.

"Nawawala kasi ang tatlo, nag cr lang ako tapos pag balik ko wala na sila" sumbong ni Ag. What the heck asan na naman 'yong tatlong buang.

"Ako na mag hahanap mga Miss, I mean kami na ni Ag. Balik na kayo sa kitchen at baka sunog na ang niluto n'yo" sabi ko sa kanila

Hinila ko na si Ag at nagsimulang mag hanap sa mga buang. Pinasukan na namin lahat ng kwarto sa buong bahay pero wala parin! Hindi namin mahanap!

"Sj nakita mo na ba?" Tanong ni Ag nang mag salubong kami.

"Hindi, tara check natin sa labas. Kung wala sila rito sa loob it means nasa labas sila" sabi ko sa kanya at tumango naman s'ya.

Pero pag labas namin ay nagulat nalang kami nang makita na nasa pool ang mga bruha at nag hahabulan!

"Hoy!" Tawag ko sa kanila

Pero parang wrong move ata dahil bigla natapilok si keyboard at nahulog sa pool!

"Keyboldddddddd nooooo dun dieeeeee!" Sigaw ni Iris, nimal na yan.

Tapos bigla nalang din tumalon si Iris at Ag! Mga lintik na babae to. Nataranta ma kami ni Ag kaya tumakbo na kami palapit sa kanila.

Hindi ko alam kung maawa ako sa kalagayan ni keyboard o matatawa e.

Para kasi s'yang bata na 1year old, alam n'yo 'yong bata na pilit lumalangoy na tulad nong nasa mga videos.

"Hoy tangena n'yo! Lapitan n'yo si keybold at baka maubusan ng hininga yan!" Sigaw ko kay Iris at Ag. Kasi naman ang mukha ni keyboard nakalubog langya.

Langya tong dalawa sabi ko tulungan hindi sakalin!

"Bakit n'yo sinasakal mas lalong di makakahinga yan!" Sigaw ko

"Mga punyeta kayo alisin n'yo kamay at hindi ako makahinga!" Sigaw ni keybold. Hindi na s'ya lasing mag salita ha, lunod lang pala katapad n'ya.

"Hahahahaha" tawanan lang ang dalawa, mga demonyo ampotek.

Paglapit nila sa gilid ay hinila na namin si keybold para makaahon.

"Tanga mo keyboard bakit ka naman kasi natapilok" hampas ko sa likod n'ya.

"Bakit ka kasi sumisigaw bigla babe bwesit ka" ba't kasalanan ko pa wth.

"Jane!" Biglang sigaw ni pie sa likod namin kaya napatingin kaming lahat sa kanya.

"What happened?" Tanong ni Miss Eve nang makalapit na sila.

Ano ba sasabihin ko?

A. Tinulak ni Iris si Kb at muntik na malunod.
B. Sinakal nila si Kb at muntik na malagutan ng hininga.
C. Sa katangahan ni kb ay nahulog s'ya at lumubog sa pool.
D. Choose letter C.

I fake a cough.

"Si ano kasi Miss, itong si Iris! Itinulak si keyboard sa pool. Mukha ngang palaka si keyboard na pilit lumalangoy tapos sinakal nilang dalawa ni RL kaya muntik na malagutan ng hininga" Oras na ata para sila Iris naman pag tripan ko.

Nanlaki naman ang mga mata nila Iris at RL dahil sa sinabi ko samantalang ang keyboard nakangisi. I got chu keybold, not this time.

"Baliw ka na ba Iris?!" Singhal ni Miss Eve kay Iris.

Hmmmm .

"Sabi rin po ni Iris Miss, hindi ka raw marunong humalik" I said and bit my inner cheek. Ang mukha ni Iris para atang nakaharap si Kamatayan.

Ang mga dragon na shock ata sa sinabi ko. Bahagya pang nakaawang ang bibig ni Miss Eve na parang hindi makapaniwala sa sinabi ko.

"H-Hoy wala akong sinab-"

Pero hindi na natapos ni Iris ang sasabihin dahil may palad na lumipad sa pisngi n'ya. Gago nasampal ni Miss Ma'am, si keyboard naman humagalpak ng tawa yawa haha.

"P-Pervert!" Namumulang singhal ni Miss at mabilis na naglakad pabalik sa loob ng bahay ahaha.

Tawa nalang kami ng mga kaibigan ko nang makita na nakapasok na ang tatlong dragon.

"Tangena mo Sj!" Nahimasmasan ata s'ya sa sampa. ?

Napaupo narin tuloy ako dahil sa kakatawa langya. I didn't expect that to happen.

"Si Keyboard ang nag utos sa akin Iris" sabi ko at tinuro si Keyboard na napatigil sa pagtawa matapos ko s'yang sisihin.

"Gaga ka wala akong sinabi!" Langya ang saya lang sa araw na to.

"J" tawag ni Pie. Ay nandito pa pala ang baby ko

Inangat ko ang ulo ko dahil nakatayo ito sa gilid ko.

"Yes baby?" Sagot ko sa kanya ng nakangiti.

"Go take a shower" sabi n'ya kaya tumango ako.

"Tara na tumayo na kayo d'yan, pasok na tayo at maligo may mga damit naman ako rito" tumayo na rin sila pero si Iris tulala. Hindi pa ata naka recover sa sampal ni Miss haha.

"Ano iris walang plano tumayo? Kamusta naman ang masampal, masarap ba?" Pang iinis ni keyboard. Ang saya lang n'ya dahil hindi s'ya ang napagtripan ko tonight.

"Pie una ka na pumasok, sunod nalang kami" sabi ko sa kanya at pinapasok na s'ya.

Nanatili muna kami sa pool side at pinag-usapan ang mga nangyari sa araw na to. Tawa sila ng tawa dahil puro lang ata kagagahan ang mga ginawa namin sa araw na 'to.

Bonding with 8 bipolars. Una escape room then next bbq tapos itong unexpected event tonight. Ang saya lang sa araw na 'to.

"Sana ganito nalang tayo lage no, parang walang problema. Ito na siguro ang the best bonding na nagawa natin together with our professors and twins" Sabi ni Ag.

"Ou, sana may next time pa" nakangiting sagot ko naman sa kanila.

"Lasing pa ba kayo?" Tanong ko ulit sa tatlo.

"Medyo may tama pa pero okay na ako" sagot ni Iris

"Sampal talaga ni Miss Eve ang gumusing sayo Iris" itong keyboard na to lakas mang asar tapos pag nagantihan mukhang monkey kung magalit.

Pero hindi nalang ito pinatulan ni Iris.
"Speaking of, ano 'yong sinasabi mong hindi s'ya marunong humalik Sj?" Tanong ni Iris sa akin kaya nagkatinginan kami ni Ag.

"Hmm" I smirked.

"Ano nga?"

"Natatandaan n'yo ba ang mga naganap kanina?" Tanong naman ni Ag.

"Meron ba? Ang alam ko lang nandito na tayo sa bahay ni Miss tapos nag-aya tong si Kb na pumunta rito sa pool." Si RL ang sumagot.

Ang natatandaan lang din nila Iris at Kb ay 'yong muntik na s'ya malunod at after nong sampal ni Miss Eve. Napangisi nalang ako dahil sure ako na mababaliw to silang tatlo once pinakita namin ni Ag ang video sa kanila.

"Tara na, mag shower na tayo. Nagluto pa naman sila Miss ng dahil sa mga kagagahan n'yo!" Aya ko sa kanila.

Pumasok na kami ng bahay at tinuro sa kanila ang mga guest rooms. Nag madali narin akong pumasok sa kwarto namin ni Pie upang maligo. Lagkit ng katawan ko eh.

Matapos mag bihis ay bumaba na ako at ang mga dragon palang ang nakita ko na nag-uusap sa living room. Gaganda naman ng mga to plus naka lace gown pa talaga silang apat, pero mas maganda parin ang baby ko!

"Mga Miss" tawag ko sa kanila kaya naputol ang pag-uusap.

"Nasan po ang pagkain mga Mommies?" Agad nag arko ang mga kilay nila lalo na si Pie kaya napakagat nalang ako ng labi.

Napag-usapan kasi namin kanina sa Pool na Mommies tawag namin sa kanila pag magkasama silang apat. Wala lang, feel lang namin inisin sila.

"What did you say?" Striktang tanong ni B4b? Q0#.

"Sabi ko po kung luto na ang pagkain hehe" sabay kamot ng batok ko.

Sakto naman na bumaba na rin ang apat, medyo shock din sila nang makita na naka nightgowns ang mga dragon.

Sexy no? Pero mas sexy parin dragon ko!

"Dining Area" sabi ni Miss Eve at Lorelei.

"Yes Mommies" sabay rin na sambit nitong apat na katabi ko.

Langya hindi ko na mabilang kung ilang beses ko na silang nakitang na shock dahil sa mga trip namin. Agad na kaming lumayas sa harapan nila at dumiretsong DA.

"Langya sinong nagluto nitong pancit canton? Bakit may sabaw? Hahaha" tawa-tawang saad ni Iris.

Tinignan ko naman at may sabaw nga yawa haha bakit may sabaw tong pancit canton na to. Sino kaya nagluto nitong.

"Ano tawag d'yan, soup canton?" Humagalpak na kami ng tawa dahil sa sinabi ni RL bwesit! Pwede pwede soup canton.

"Tignan n'yo tong hotdog parang naubusan ng hangin" kunot noo namang sabi ni KB tangena haha

"Anong nangyari sa fried chicken hoy! Bakit naman ata ang itim nito, charcoal chicken ba to?" Tinignan ko naman ang manok na sinasabi ni Ag. Gago sunog nga amp

"What's wrong?" Biglang lumitaw ang apat na dragon kaya napahinto kami sa tawanan.

Dapat kainin namin to no! Nag effort kaya sila magluto kahit na halatang hindi sila marunong except kay Pie, all rounder dragon ko syempre.

"Miss sino nagluto nitong canton?" Turo ni Iris sa soup canton.

"Me" proud na sagot ni Miss Everleigh na ikinatawa ni Iris, tangena nitong bruhang to salbahi haha.

"Why?" Taas kilay n'yang tanong.

"Masarap po" sagot naming apat except lang kay Iris kasi ang gaga tawa nalang ng tawa.

"Itong hotdog po sino nagluto?" Tanong ni Ag.

"Me" nakahalukipkip na sagot ni Miss Lorelei. Napakagat labi nalang kami, pero okay na 'yong hotdog na niluto n'ya kaysa soup canton.

"What about this po" Turo naman ni Kb sabay hagikhik sa manok na sunog.

Sinamaan naman kami ng tingin ni Miss Kath, syempre s'ya ang nagluto nitong charcoaled chicken.

I let out a soft chuckle.

"Thank you po sa pagkain" pinutol ko na ang pag-uusap nila baka kung ano na naman sabihin nitong mga mongoloid kong kaibigan.

"Kakain po kayo?" Tanong ni Ag

"Nope" tipid na sagot ni pie.

Lumayas na silang apat at bumalik ng living room.

"Ubusin natin to, nag effort sila kahit hindi marunong magluto. Let's appreciate their works" sabi ko sa kanila at kumuha na ng pagkain.

"Masarap din naman siguro ang may sabaw na pancit canton no?" Curious na tanong ni Iris.

"Tikman mo wag kang bobo" sagot ni Kb na ngayon ay nilalantak na ang hotdog.

"Madadala naman siguro sa ketchup tong manok no?" Tanong naman ni RL.

Hindi ko nalang sila pinansin at inasikaso nalang ang sarili ko sa pagkain. Infairness okay naman ang soup canton pero wala nga lang masyadong lasa dahil nga may sabaw.

Matapos kumain nag ligpit na kami at hugas ng mga pinagkainan bago pumuntang living room.

Kumunot ang noo ko nang makita ang mga comforters na nasa sofa kaya agad kong nilapitan si Pie.

"Miss para saan to?" Turo ko sa comforters. Nasa likod ko lang ang mga kaibigan ko.

"Move" sabi n'ya na mas lalong ikinagulo ko.

"Ha?"

"Hakdog" tangena talaga nito ni Pie. Tumawa naman ang mga bruha sa likod ko.

"Ano nga kasi, bakit nandito to?" Tanong ko ulit.

"Get out" langya get out daw.

"Take your comforters and get out of this house" hala don't tell me...

"S-sa labas kami matutulog!?" Medyo napalakas ang boses ko.

Gage naman kasi! Kanina lang okay kami tapos ngayon sisipain kami palabas.

"Yes. Didn't I tell you that you'll love it?" She smirked! This evil dragon!

"Scam ka Miss" sabi ko at dinampot ang isang comforter. Langya sa labas na naman ako matutulog!

"Hala bakit pati kami damay Ma'am?" Bobong Iris tinanong pa.

"Zip your mouth" sabat naman ni Miss Everleigh.

"May katol kayo?" Biglan

[Content truncated due to length]

CHAPTER 36

-

Sabog kaming lahat na pumasok ng school dahil walang tulog. As in literal na wala kaming tulog dahil binantayan namin ang mga dragon habang natutulog. Kami naman ay abala kaka-paypay sa kanila at taboy ng mga lamok! Sanaol nakatulog.

6am na bumalik ang kuryente at nakalimutan namin may pasok pala kami 7am. Major subject pa walangya, literal mga walking zombies kami ngayon habang naglalakad patungong classroom.

"Naknampucha, sakit ng ulo ko!" Reklamo ni Iris habang hinihilot ang ulo.

Si keyboard naman ay naka sampa ang ulo nito sa balikat ko't nakayakap sa bewang ko habang nakapikit na naglalakad. Kawawang keyboard pagod na pagod.

Ang dami ba naman naming ginawa kahapon. First na detention, pangalawa nag escape room, pangatlo nilibot ang lugar para lang mag hanap ng barbecue, fourth nag ice skating then lastly nag bar. Pero sulit din naman dahil enjoy na enjoy kami.

Sobrang bigat ng mga mata ko at gusto na talaga pumikit pero nilalabanan ko lang. Dapat hindi kami papasok today e pero hindi pwede at pagagalitan kami nila pie,

"Sj!" Tawag mula sa likuran namin kaya nilingon ko.

Ay si Bogart lang pala.

"Bakit?" Tanong ko at pilit parin nilalabanan ang antok.

"Grabe kayo, trending na naman kayo sa campus dahil sa post ni Iris kaninang madaling araw" pag uulat nito sa akin at talagang nakangiti pa s'ya?

Napahilot ako sa gilid ng aking mga mata dahil sa sinabi nya, nakalimutan ko ang bagay na yun.

"Para kayong mga patay na apat. Hangover pa more" pang-aasar n'ya, sampalin ko na ba? Masakit pa naman mga ulo namin.

"Bogart shut the fuck up. You're so damn annoying early in the morning" kakaiba ang keyboard pag walang sapat na tulog bigla nalang magsasalita ng dollar.

"Patay talaga kayo n'yan, major pa naman unang subject tod-ano ba!" Hindi na naituloy ni bogart ang sasabihin dahil tinabig ni keyboard ang mukha n'ya amp.

"Lumayas ka na nga! Naiirita ako sa mukha mo" Aga naman manggigil ni keyboard.

"Kung hindi ka lalayas, kami ang aalis" sabi bi Iris ay ou nga no pwede naman kami nalang ang umalis boploks, mga lutang nga.

Kailangan ata namin ng mga kape pero hindi na kakayanin dahil mahuhuli na kami sa klase kung pupunta pa kaming cafeteria. Hindi pa man kami nakakalayo mula kay bogart ay nasalubong namin ang

mga kambal na ngayon ay parang badtrip din ata? Bakit naman ata ang cold ng mga awrahan nila.

"Good morning kambals" Bati ko agad sa kanila noong paakyat na kami ng hagdanan.

"Morning" malamig na sagot ni Zi. Grabe naman balik na ulit s'ya sa pagiging cold.

"Keyboard akyat na tay-"

"Ayshhughh" ang bobo sasabihin ko pa sana na paakyat na ng hadgan hindi na angat ang paa at natapilok na naman kaya napasubsub sa hagdanan.

"Ano ba keyboard! Lage ka nalang ganyan. Lampayatot!" Aga mang asar nitong Iris pero tinulungan na namin agad, kawawa naman ang ?.

"Bwesit ka! Gusto ko na matulog!" Singhal ni keybold at bumalik ulit sa sa akin.

"Kamusta naman ang gimik n'yo kagabi sa kabilang city, masaya ba?" Annallyn said coldly. Hala bakit naman ganito rin 'tong si Anna.

"Luh pano n'yo alam?" Tanong ko.

"Malamang may mata kami!" Iritadong sagot ni Helari at nilampasan na kami. What's with their sudden attitude?

"Sa tapat talaga kayo ng police station nagkalat?" Ano meron sa tanong ni Cassandra? Awtomatikong napalingon kaming apat sa kanila dahil sa sinabi nito. Paano nila nalaman ang nangyari sa police station!? Alam din nilang mga dragon sumundo sa amin?

"Paano nyo alam?" Tanong ni Iris.

Hindi naman sila sumagot at nilampasan narin kami nakakatakot ang tingin ni Zi lalo na kay RL. Kulang nalang balatan n'ya ang donkey, hala may something ba sa kanila?!

Naiwan kaming tulala sa may hagdanan.

"Problema nila?" Kunot noong tanong ko sa mga kaibigan.

"I don't know? Tara na at mahuhuli tayo sa klase nito" sabi ni Ag at naunang maglakad.

During the class ay grabe ang paglaban na ginawa ko para lang hindi tuluyang pumikit ang mga mata, Kulang nalang ata lagyan ko ng tape or tukuran ko ng posporo e.

Sila Kb at Iris naman ilang beses naliparan ng marker dahil mga nakanganga na at tulog, grabeng sermon ang inabot namin. Nakakahiya lang dahil alam din ni Sir Dave ang part sa pinost nitong Iris na 'to.

"Keyboard may tanong ako" biglang nagsalita si Iris at wow ha nakabukas na ang mga mata n'ya, ano kaya itatanong nito.

"Ano?" Sagot ni Keyboard at humikab, laki ng bunganga e. Buti nalang nasa likod kami nakaupo kundi ay malalagot nanaman kami kay Sir,

"May 5 na ibon, binaril ko ang isa. Ilan ang natira?" Tangenang tanong ayan, akala ko pa naman kung gaano ka seryoso.

"Wala bobo" agad na sagot ni keybold. Kumunot mga noo namin ni Iris dahil sa sagot nito, samantalang si Ag nakangisi lang habang umiiling.

"Tanga ka naman pala e, binaril ko ang isa tapos sasabihin mong wala? Bobo ka nga talaga dahil hindi ka marunong mag bilang" pang iinsulto ni Iris. Oh walang aawat ha, talpakan na 'to.

"Ou bobo ako pero ikaw na siguro ang mas pinakabobo Iris. Kapag ba binaril
Ko si Ag na katabi mo steady ka lang d'yan? Edi syempre hindi dahil tatakbo kayo!" Sagot ni Kb sabay irap kay Iris, mga wala talagang kwenta pinag-uusapan nila.

"Hindi ako tatakbo dahil hindi ka naman marunong bumaril at mas lalong alam ko na hindi tatama ang bala sa akin dahil bonak ang accuracy mo!" rebat ni Iris dahilan para humagalpak ako ng tawa, tangena amp hahaha ang keyboard hindi nakasagot.

"De La Fuente!" Ay gage nakalimutan ko nasa klase pala kami. Bwesit kasi tong dalawang to.

"Hindi na nga kayo nakikinig ay nagagawa mo pang tumawa!" May regla na naman si Sir Dave.

"Sorry Sir si KB at Iris kasi nag-aaway" sagot ko.

"Ikaw lang ang kilala ko na tinatawanan ang mga kaibigan pag nag-aaway" agad na sagot nito, amp okay ako na may saltik.

"Abnormal kasi yan si babe Sir" sabat ni Keyboard sabay ngisi, sarap saksakin ang bunganga.

"Makinig kayo o baka gusto n'yo tumayo sa labas para mawala antok n'yo?" Nakikinig naman ako ah!

"Sorry po. Continue na po sir gorabels" sagot ko at buti nalang ay hindi naman kami pinalabas.

Nag survive naman kami ng mga kaibigan ko hanggang matapos ang klase ni Sir Dave. Feeling ko talaga mag co-collapse ako bigla ngayon pag hindi parin ako makakatulog.

"Saan ba tayo pwede matulog!" Itong si Kb balik na naman sa balikat ko.

Pwede kaya sa office ni dragon? Pero may klase ata s'ya e.

"Tara sa library, doon nalang tayo matulog" sabi ko sa kanila habang naghihikab.

"Babe!" Kinilabutan ako sa boses na narinig ko. Anong ginagawa n'ya rito!

"Bilisan nyo maglakad!" Bulong ko sa kanila at mas binilisan ang mga hakbang. Litsing shrek to at ngayon pa talaga lumitaw.

"Bakit nandito Shrek na yan?" Inis na tanong ni Kb

"Don't ask me! Hindi ko alam at pakialam ko sa kanya." Mabilis na sagot ko.

"Babe!"

"Babe wait!"

Langya panay sigaw ampotek! Ang daming tao sa corridor!

"Babe!!"

Yawa.

"Babe, let's have a date!" Sigaw n'ya ulit at hinatak ang braso ko pero mabilis ko itong inalis.

"Don't touch me" malamig kong banta at tinapunan sya ng malamig na ekspresyon.

"Stop pestering me"

"You're so damn annoying" I don't care kung maraming nanonood. Gusto ko lang matulog!

Her eyes widened in disbelief.

"Why the hell are you dreaming of dating someone like me? I have a girlfriend!" Singhal ko sa kanya, bwesit na shrek to.

"I don't buy your words" sanaol consistent.

"Then don't, I don't give a fuck" I said and rolled my eyes. Gusto ko na matulog!

"Stop calling her babe. Ako lang ang pwede tumawag ng ganyan sa kanya" salamat naman at sumingit din si keyboard no.

"Bern!" May tumawag sa kanya, it's ketwee, matagal ko na rin tong hindi nakikita.

"I told you to wait for me, kung saan ka na naman pumunta" sermon n'ya kay shrek saka bumaling sa akin.

"I'm asking Shara for a date" matapang n'yang sabi kaya pati pinsan n'ya nagulat.

"Ja" tawag n'ya sa akin na ngayon ay palapit sa amin. Kakatapos lang ata ng klase nila.

Wala na talaga akong gana, si Iris at Ag ay nakasandal na sa railings habang nakapikit ang mga mata. Mga babaeng to talaga!

"You? Again?" taas kilay na sambit ni shrek, kapal ng mukha at baka nakakalimutan n'ya na paaralan nila demonyo to. Hindi ito binigyan pansin ni Zi at tuloy ang lakad hanggang sa makalapit sa akin.

"What's wrong?" She's worried sa tono palang ng pananalita.

"I want to sleep" sagot ko at sinilip n'ya ang mga kaibigan ko na ngayon ay feeling ko talaga nakatulog na sila sanaol.

"Let's go to my office, you can sleep there" Pag-anyaya n'ya sa amin.

"We are still talking." Sabat ulit ni Shrek kaya sinamaan ko na s'ya ng tingin.

"Who you?" Annallyn asked.

"Yo-"

"Jane" malamig na boses na tawag nito.

Langya!

Nilingon ko s'ya at kasama nito ang ibang dragon, papalapit sa amin. Jusko naman pag minamalas ka nga oh. Wow ha ang sexy nila sa mga suot nila pwede na akong apakan anytime ni mommy, pero awtomatikong tumaas isang kilay nya nang makita si Bern at Ketwee,

I walked towards her and leaned weakly against her shoulder, medyo nagulat pa s'ya sa biglaang ginawa ko.

"Mameeeh I want to sleep" I muttered.

I don't care kung nakikita nilang lahat ang ginagawa ko, gusto ko lang matulog.

"You too?" The audacity of shrek.

"Ma'am ayaw n'ya tigilan si babe at pinipilit pa na makipag date sa kanya" sumbong naman ni keyboard.

I felt her left arm on my waist and the right on my head. It's like she's trying to protect me away from a beast, sweet.

"If you won't stay away from her I'll rearrange that ugly face of yours" oof damn savage, that's my baby.

"Don't test my patience or you'll end up a patient" yikes! that very cold voice of her makes me shiver but in a good way.

She held my hand and dragged me away from them.

"Baby, my friends" malamyos na saad ko sa kanya kaya napahinto ito at tinawag si Kb.

"Krystal, wake up your friends and come to my office" utos n'ya at hinila na ulit ako.

Naiwan ang mga demonyo at dragon kasama sila Bern, langya tong si pie ang hilig talaga mangaladkad. Panay na hikab ko at nakapikit na rin ang mga mata kong naglalakad, safe naman ako dahil hawak ni Pie kamay ko.

"J" tawag n'ya

"Hmm?"

"Open your eyes" utos n'ya kaya minulat ko narin ang mga nata.

My eyes widened in shock. Bakit may kama rito? At kailan pa kami nakarating sa kwartong to, hindi ko man lang namalayan dahil walking zombie nga kasi ako kanina.

"Where are we? Hindi naman 'to clinic" tanong ko sa kanya.

"My secret room" gulat akong napalingon sa kanya dahil sa sinabi nito.

"S-secret room sa office mo?"

Langya meron pala s'yang ganito tapos sa main office pa kami nag meeting, sayang din sana 'yong round 2 tsk.

"Yes, sleep here." malambing na sagot nya at binigyan ako ng napakatamis na ngiti.

Enebe yen keneleg ne nemen eke bweset ke dregen!

"Paano mga kaibigan ko?" Tanong ko sabay nguso.

"They will stay outside."

"You mean sa main office?"

"Yes. Rest here, may klase pa ako." sagot nya kaya agad akong umakyat sa malambot na kama.

Panay na hikab ko at naluluha na ang mga mata, s'ya narin mismo ang nag ayos ng comforter ko kaya napangiti ako. Ang comfortable naman masyado nitong kwarto na to kaya sure ako mapapasarap ang tulog ko.

"Thank you, pie," bulong ko at ipinikit ang mga mata.

"Sleep well love" her voice was soft and warm. She patted my head and gently stroke it hanggang sa makatulog na ako ng tuluyan...

But before that, I heard her say...
"I love you" and kissed my forehead.

-

"J"

Sino tong boses na tumatawag sa akin at pilit akong ginigising. Gusto ko pa matulog.

"J" mahinang tampal nito sa pisngi ko.

"Jane wake up!" Langya si dragon lang pala, bakit ba naninigaw. Minulat ko ang isang mata, nasa tabi ko lang pala ito nakaupo. Bigat naman masyado ng pakiramdam ko at parang mag nakadagan sa akin na mabigat.

"Hmm" ungol ko.

"May lagnat ka" sabi n'ya at hinawakan ang noo ko.

"What time na pie?" Namamaos na tanong ko.

"Quarter to 1" medyo mahaba rin tulog ko.

"Kumain ka na?" Tanong ko at kinuha ang hinawakan ang kamay nya.

"Not yet, hinintay kita magising" sagot n'ya. Ang sweet ata nitong dragon today. Ah kaya siguro ginising ako para sana kumain.

"Asan mga kaibigan ko, tulog parin ba sila?" Tanong ko sa kanya at ipinikit ulit ang mata.

"J, eat first" lambing naman masyado ng boses nito, papakin ko to e.

Inangat ko ang mga kamay ko para tulungan akong bumangon pero ibinaba nito ang ulo kaya pinulupot ko nalang sa leeg n'ya.

"Such a baby J" I giggled, minsan lang naman ako magpa-lambing.

"Help me get up mommy" I said and pouted, ngumiti naman s'ya yee tangena.

"Nasan mga girlfriends ko?" Tanong ko ng makabangon na, sakit naman ata ng buong katawan ko.

"Outside, kumakain" langya hindi man lang ako hinintay. Tumango nalang ako at tumayo habang nakalambitin parin sa leeg ni dragon.

Nasa ganitong posisyon kami hanggang sa makalabas ng kwarto. Nakita ko agad ang mga kaibigan ko at ibang dragon na nasa long table, kumakain. Bakit nandito rin tong mga dragon na 'to? Binibisita mga babies nila? Churrr.

"Babe" tawag ni Kb, mukha talaga s'yang unggoy sa hitsura n'ya kung kumain.

Unang umupo si Pie sa tabi ni Miss.
"Sitdown" sabi n'ya sa akin at tinignan ang katabi nitong upuan.

Nagulat nalang sila at nabulunan ang mga kaibigan ko nang makita na kumandong ako kay dragon na parang bata langya, iba talaga tama pag may lagnat lumalabas ang pagiging clingy.

"Babe nasa harapan tayo ng pagkain" saway ni kb sa akin.

Oh tapos? Ano namang masama sa ginawa ko. Hindi ko nalang s'ya pinansin at binalingan si Pie na ngayon ay gulat parin ang mukha, hindi n'ya ata expected ang ginawa ko?

"Pie" mahinang tawag ko sa kanya at hinimas ang pisngi, tulala na naman kasi si dragon.

"W-what?" Luh ba't naman namumula at nauutal yarn.

"Pudding" I pouted.

"K-krystal go get her pudding" natatawa ako dahil sa salita n'ya. I grinned and kissed her nose, bahala silang lahat d'yan kung makita nila.

Si keyboard parang naiinis dahil halata sa mga mata, iniisip na naman siguro nito kung bakit sya ang inutusan. Hindi sya pwede mag reklamo kasi dragon na ang nag utos.

"Sj bumaba ka nga d'yan, di ka na nahiya." kapal ng mukha ng Iris na to, at least kami may label.

Binalingan ko s'ya.
"Kapal ng mukha mo, dapat nga ikaw ang mahiya. Sa kapal ng mukha mo, hindi mo nga matandaan na

hinalikan mo si Miss Eve kagabi!" I said coldly.

Bigla nalang nabulunan halos lahat sa kanila. Si Iris na kulang nalang ata lumabas ang eyeballs n'ya, shock yarn.

"A-anong sabi mo?" Utal n'yang tanong.

Kita ko pa ang magka-sunod na lunok n'ya. Si Ag umuubo sa gilid ko, kaloka naalala n'ya rin siguro yung mga kagagahan nila Iris kaninang madaling araw.

"Tanong mo si Miss Eve, lakas ng loob n'yo mag strip sa labas ng police station langya" sabi ko at sakto naman na dumating na si keyboard.

"Hoy anong strip sinasabi mo babe?!" Bunganga nito talaga apaka lakas.

"Ag asan selpon mo? Pakita mo sa kanila scandal nila" baling ko kay Ag.

Nasa kwarto kasi selpon ko't nakakatamad na maglakad. Kinuha naman ni Ag agad at pinakita sa dalawa ang kagagahan nilang ginawa.

Habang pinapanood ang video ay parang hindi makapaniwala ang dalawa sa kanilang nakikita. Sobrang pula ng mukha nilang dalawa lmao natatablan pa pala sila ng hiya.

"J" tawag ni pie

"Po?"

"Eat some rice first" Tumango ako at umalis na sa kandungan n'ya para makakain s'ya ng maayos, lumipat na ako sa katabi nitong upuan.

"What else do you want?"

"You" I said and smiled broadly, amp cute cute bilis naman mamula ng dragon na to.

"H-hoy! Kami ba talaga 'to!?" Panira talaga lage ng moment si keyboard.

"Yes" si Miss Kath na mismo sumagot.

"B-bakit hindi n'yo man lang kami pinigilan Sj!?" She raised a voice kaya sinamaan s'ya ng tingin ni baby. Sige awayin mo 'ko, try me Iris.

"I mean bakit hindi n'yo man lang kami inawat ni keyboard?" sabay yuko ng ulo.

"Utos ni Pie e" agad kong sagot, gulat pa silang dalawa dahil sa sinabi ko.

Si Miss Everleigh at Lorelei naman tahimik lang na kumakain at nagbabasa ng magazine. Naks sanaol patay malisya lang sa topic.

"Hala! Gago may mga police din pala!?" Bulaslas ni keyboard.

"Ou bobo, kung alam mo lang ginawa n'yo kaso hindi namin na record ni Ag"

"Kapal ng mukha mo babe, tignan mo o nakuhanan ka rin. You asked for a cup of coffee, langya ma'am payag ka non? Iniwan ka na nga for fries pati ba naman sa kape iiwanan ka rin" bilib na talaga ako kay keyboard dahil ang lakas ng loob n'yang sabihin 'yon harap-harapan sa mga dragon. ?

"I don't care as long as it's not for another woman" rebat ni baby kaya napangisi ako. Ang keyboard na speechless sa sagot ni dragon ko, purr.

"Ehem" may ubo pang nalalaman tong si Ag.

Tinaasan ko ng kilay ang dalawa at seninyasan sila. Wala ata balak mag sorry e.

"Mga Miss sorry po sa ginawa namin kagabi, hindi ko po alam ang mga ginawa ko" baet naman ni keyboard at nag sorry nga.

"Sorry po lalo na sa ano...." Di ata mapakali tong si Iris.

"Sorry for our unprofessional behavior po" ay 'yon ba akala ko magiging direct s'ya at sasabihin na dahil sa kiss.

"What's with all the sighs?" Biglang nagsalita si Pie, ay kay Miss Eve pala s'ya nag tanong.

"Nothing"

Hindi man lang nila pinansin ang pag sorry nila kb, ang bad ng mga ugali nito at nagmana nga kay baby.

"Nga pala hindi siguro ako papasok" baling ko sa mga kaibigan ko. Bahala na yang mga dragon d'yan at may pinag-uusapan sila.

"Ha bakit?" Balik ni kb

"May lagnat ako" sagot ko.

Namuo ang laway sa bibig ko nang makita ang mga paborito ko, meron din pala spaghetti at cake yee.

"May lagnat din kami" diretsong sagot ni Kb kahit wala naman talaga silang mga lagnat, mag rarason pa e.

"Black eye mo may lagnat" sabat ni Iris langya nakalimuta ko meron nga pala s'yang black eye, kawawa naman masyado yong kb namin.

Hindi ko nalang sila pinansin at sinimulan ng kumain.

"Bukas na pala party ng mga kambal" paalala ni Iris.

Itong si keyboard hindi ko na mabilang kung nakailang plato na s'ya ng kanin. Ang mga dragon naman nasa couch na at abala parin sa pinag-uusapan nila.

"Ou nga pala! Sa sunday na alis nila diba?" Sagot ni kb.

"Ou" akala ko wala na plano mag salita tong si Ag.

"Punta tayo mall after class, bili tayo ng regalo para may remembrance naman sila sa atin" pag-aaya ni

Iris, hmm pwede.

Binalingan naman ako ni Kb.
"Malala ba lagnat mo babe?" Tanong nito, halos mapuno na bibig n'ya sa pagkain.

"Hindi naman masyado, nakakain na ako e" sagot ko.

"Sasama ka ba mamaya?"

"Ou" tipid kong sagot at sinimulan na kainin ang pudding.

"J" tawag ni Pie kaya napalingon agad ako.

"Po?" Sagot ko.

May bitbit na s'yang gamot ay wow girlscout si baby ko, s'ya lang siguro 'yong red flag professor na kilala ko na sobrang lambing. I mean kahit na bipolar s'ya at terror sobrang ano n'ya, ay basta *I kenat ekspleen dis peeeling mamehhh.?*

"Here's your med, don't forget to drink it" sabay lapag ng gamot sa lamesa.

"Yes po, ay pie aalis kami mamaya. Punta kami mall para bilhan regalo ang mga kambal" nakangiting paalam ko sa kanya.

"Pero may lagnat ka" malamig n'yang sagot.

"Magiging okay din ako mamaya pie, iinom naman ako ng gamot at matutulog ulit. Don't worry" pangungumbinsi ko sa kanya.

She heaved a sigh.

"Alright" sagot n'ya kaya napangiti na kami ng mga kaibigan ko.

"Anong oras klase mo pie?" Tanong ko at abala nilalantak ang pudding.

"1:30" sagot n'ya, sinilip ko naman ang relo ko at 15 minutes nalang ay 1:30 pm na.

"Hala, sige na mag ayos ka na. Kami na bahala dito. Baka ma late ka pa sa klase" sabi ko

"Don't forget to lock the door" utos n'ya kaya tumango ako.

Tumalikod na ito at tinungo ang desk n'ya para kunin ang mga gamit. Sumabay narin ang tatlong dragon sa kanya, may mga klase rin siguro sila.

"Hoy!"

Bulyaw ni Kb kaya nagulat ako.

"Ano!?" Sarap tirisin nito.

"Hindi kami papasok" sabi n'ya kaya umarko ang isang kilay ko.

"Papasok kayo" utos ko.

Busog na ata ako kaya itinabi ko nalang ang pudding at kinuha ang gamot na binigay ni pie upang inumin.

"Ayaw nga!" Tigas din nitong keyboard na to.

"Papasok kayo kung ayaw n'yo mabagsak kay pie. Pwede ba kb umayos ka nga, matalino ka naman sana pero hindi ko alam bakit sinasadya mong ibagsak mga subjects mo" sermon ko sa kanya.

Matalino naman talaga tong si KB sinasadya n'ya lang talaga maging bobo kasi nga ayaw n'ya sa course na 'to at gusto nitong mag criminology. Pero nga dahil walang mag mamanage ng company nila ay wala na s'yang ibang choice, pumayag nalang din s'ya dahil ito rin ang course na kinuha namin.

"Puro ka tres keybold" isa pa tong iris.

"Mag shift kaya tayo?" Nasamid pa ako dahil sa biglang sinabi n'ya.

"What!?" Sabay naming tatlo na sagot sa kanya.

"Shift course tayo kahit 2 years lang sa criminology" nanlaki ang mga mata namin dahil sa sinabi n'ya.

Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko sa kanya kasi hindi tlaga s'ya nagbibiro.

"Baliw ka na ba keyboard!? Hindi na tayo pwede mag shift course dahil graduating na tayo sa susunod" sagot naman ni Iris.

Nasapo ko nalang ang ulo ko dahil sa kung ano mang plano ni keyboard sa buhay n'ya. I stared at her intently, kita ko sa mga mata n'ya ang lungkot at pagka-dismaya. Ngayon lang din s'ya nag ask ng ganitong favor sa amin.

I heaved a sigh.

"KB" tawag ko sa kanya, feeling ko iiyak na tong si keyboard pinipigilan lang n'ya. Langya ayaw ko pa naman nakikita isa sa kanila umiyak.

"Ganito nalang, after graduation kausapin natin si dad at sabihin gawan ng paraan kahit 2years lang?" Bigla nalang nanlaki ang kanyang mga mata sa naging suhestiyon ko.

"Talaga!?" Malawak ang naging ngiti nya. Kita mo talaga na parang nag e-spark mga mata n'ya dahil sa saya e. Pero bigla nalang ulit tumamlay ang kb, ano na naman problema nito.

"Pero baka hindi pumayag sila Mommy" then she pouted.

"Kami na kakausap kina tita at tito" sabat naman ni Ag kaya napatingin ako sa kanya.

"Wag ka na malungkot keybold, di bagay sayo! Cheer up na. Easy lang yan sila tita at kami na ang bahala" baling ko naman kay Iris.

Hala ang mga gaga.

"Hoy, akala ko ba against ka Iris?" Tawag ko sa kanya.

"Wala akong sinabi na against ako, ang sabi ko lang naman Sj ay hindi na pwede mag shift course." Paliwanag n'ya at bigla akong napangiti, tama nga naman sinabi n'ya.

"Ikaw Ag?" Tanong ko sa kanya.

"Of course, hindi naman pwede na mauna ako diba? Dapat sabay tayong mag t-trabaho" she said and smile at me.

Bigla nalang kami nakarinig ng isang hikbi. Langya si keyboard umiiyak.

"H-Hoy keybold ano ba yan! Bakit ka ba umikyak ha!" Tampal ni Iris sa kanya, kita na nga umiiyak tatampalin pa.

"Masaya lang kasi akala ko magagalit kayo sa suggestion ko at sasabihin n'yo rin na wag akong mag aksaya ng panahon tulad ng mga sinabi nila Mommy" she's sobbing, naiyak narin tuloy ako.

Tumayo kami ng mga kaibigan ko at pinalibutan s'ya, kawawa naman tong payaso namin. Hindi na ata kinaya ang tinatagong sakit kaya nag breakdown na. Niyakap na namin s'ya dahil hindi talaga matigil sa pag-iyak ang keybold.

Kung sino talaga yung sobrang masayahin na tao at akala mo walang problema ay sila talaga ay may madilim na tinatago at labis na nasasaktan.

"Stop crying na keybold" pagpapatahan ko sa kanya.

"Kung wala siguro kayo na nagpapasaya sa akin araw-araw ay sigurong matagal na gumuho ang mundo ko" singhot na ng singhot s'ya.

"Nandito lang kami always keybold, alam mo naman na mahal ka namin" sabi ni Ag at hinagod ang likod ni kb.

"Ou nga Kb kahit na lage tayo nag babardagulan na dalawa ay mahal parin kita. Kahit sila tito pa makalaban ko ay ipaglalaban kita" Gusto kong kiligin sa sinabi ni Iris, ngayon lang kasi s'ya nag bitaw ng mga ganitong salita kay Kb.

I cupped her face and lift her head to face me.
"Kahit na lage ka namin binu-bully o trip keyboard ay hindi ka namin pababayaan. Hindi mo ba alan na ikaw ang backbone ng girlfriends? Ikaw kaya ang happy pill namin" I said and kissed her forehead. Nag kiss din sila Iris at Ag sa noo nito.

"Wag ka na umiyak, kakausapin namin sila tito kaya wag ka mag-alala" sabi ko at pinahid ang mga luha nito sa pisngi.

Kumalas na kami sa kanya.
"Sige na tapusin mo na ang kinakain mo, malapit na mag 2pm oh. Sunduin n'yo nalang ako after class ha? Pa excuse nalang din ako" sabi ko sa kanila.

So ayon na nga ang nangyari, matapos nila kumain ay tinulungan na nila akong mag ligpit kahit na sabi kong ako nalang. Sila nalang daw gagawa at matulog nalang ako, sweet ng mga baliw kong tropa no?

Pumasok na ulit ako sa secret room ni Pie at natulog, susunduin naman nila ako after class.

*

"Hoy ang dami naman atang tao!" Tampal ni Keyboard sa akin. Nandito palang kami sa labas ng gate pero dami ng mga nakaparadang sasakyan.

Ang sabi sa amin 7pm mag start ang party pero late kami ng 30 minutes gage naman kasi nawala kami sa daan. Sobrang amaze nga kami nang makapasok kami sa main gate dahil inabot pa ng 10 minutes ang pag maneho namin bago tuluyang makarating sa bahay--no scratch that, It's a mansion!

"Good evening ladies, pwede po malaman ang mga pangalan n'yo?" Tanong ng security.

Si keybold na mismo ang sumagot sa kanya.

"Ah okay po. Ang bilin sa amin ay dumiretso nalang po kayo sa living room dahil maraming tao. Sa may Pool kasi ginaganap ang party" salaysay ni kuyang security.

Tinawag n'ya naman ang isang kasama n'ya para samahan kaming makapasok. Nasa likod ng mansion ang pool pero rinig na rinig namin ang malakas na music mula rito sa gate.

Napanganga nalang kami ng makita ang living room nila, tumatanggap pa ba sila ng isang maid dito? Charot.

Iniwan na kami ni kuyang security kaya umupo nalang kami, hinihintay ang mga kambal. Tinawagan na raw nila at sabing pupuntahan na kami.

"Hindi ko alam na may ganito palang mansion dito. Gago ang ganda" manghang saad ni Kb at pasalampak umupo.

"Hindi mo talaga malalaman dahil puro malalaking puno makikita sa labas ng main gate nila and it takes 10 minutes gamit ang sasakyan makarating lang dito" sagot naman ni Iris at tumabi kay keyboad.

"Shara?"

Biglang may tumawag sa akin kaya napatingin ako, ay hala ang ganda talaga n'ya.

"Tita Shirley, good evening po" tawag ko at bati sa kanya. Hindi talaga s'ya mapagkakamalan na may apat ng anak.

"Hindi ko alam pupunta kayo, bakit kayo nandito sa living room? Nasa pool side ang party" lumapit ito sa akin at nakipag-beso.

"Sabi daw po dito nalang kami maghintay sa mga kambal" sabi ko at ngumiti, binalingan n'ya naman ang tatlong bruha.

"Good evening po tita" they said in unison and my brow flinched. Ay tita narin tawag nila?

Ngumiti naman si tita at nakipag-beso na rin sa kanilang tatlo.

"Kumain na ba kayo?" Tanong ni tita.

"Hindi pa po, 'yon nga sinadya namin d-" hindi na naituloy ni Iris ang sasabihin daw siniko s'ya ni Kb.

Patay gutom talaga to.

Tita chuckled from her position near them.

"Ja"

Ayan na ang hinihintay namin, ang mga demonyo kasama si tita helen.

"Hi kambals, hello po tita good evening po" bati ko at bumeso na rin kay tita Helen.

"Wala parin ba sila hon?" Tanong ni Tita Helen sa asawa. Sino kaya tinutukoy nito?

"Papunta na." sagot nito at hinawakan sa bewang si tita helen, lalandi nila may mga bata rito. Nag excuse muna sila tita dahil may mga bisita sila na kailangan asikasuhin.

"Kanina pa ba kayo?" Tanong ni Annallyn at tumabi kay kb, ahem.

"Hindi ngayon lang" sagot agad ni kb.

Si Zi naman tumabi rin sa akin. Hindi na ata s'ya bipolar ngayon! Nakangiti na e.

"Hala gago! May nakalimutan na naman tayo!" Langya lage ko nalang nakakalimutan.

"Ha?" Kunot noong tanong ng mga kaibigan ko.

"Tanga, lage nalang talaga natin nakakalimutan si RL!" Langya kaya pala feeling ko may something e. Kahit sila nagulat din sa sinabi ko.

"Halaka! Paano yan? Hahaha" langya tong si iris tatawanan lang.

"Balikan mo babe loka ka iniwanan mo pinsan mo" sabay tampal nito sa balikat ko.

"Wag na ja, ipapasundo ko nalang ang pinsan mo" sabat naman ni Zi kaya tumango nalang ako. Agad naman nitong pinatawag ang driver nila.

"Teka lang tawagan ko lang si cous" excuse ko sa kanila at nag dial na.

"Cou-"

"Sj! Iniwan mo akong mag-isa!" Singhal nito sa kabilang linya.

"Ngayon ko lang naalala cous, sorry na haha. Wag ka aalis ng bahay may susundo sayo d'yan, bye" may sasabihin pa sana s'ya pero pinutol ko na ang tawag.

"Nag dinner na ba kayo?" Tanong ni Zi after ko kausapin si RL.

"Ako tapos na pero hindi ko alam sa mga yan" sabay turo ko sa tatlo. Kahit naman kumain na sila ay alam kong gutom parin ang mga alaga nila sa tiyan.

"Wala bang pagkain Annallyn?" Kapal ng mukha ni kb lord.

"Meron, gutom kayo?"

"Ou, pakain ka naman" dahil sa sinabi ni Kb ay napaubo ako. Langyang babae to, si Annallyn napalunok nalang ng sunod-sunod haha.

"Ang manyak mo kb!" Si iris na binatukan si keybold.

"Ano ba! Anong manyak sa sinabi ko!? Sinabi ko lang naman na pakainin tayo haypka" ay 'yon pala, paano naman kasi parang iba talaga maiisip mo agad dahil sa salita n'ya.

"Girls!" Biglang sulpot ni tita Shirley.

"Why Mom?" Tanong ni Cassandra.

"Nandito na sila, tara na sa dining room" nakunot naman ang mga noo naming mag-kakaibigan.

"Tita kasama po ba kami kumain?" Makapal na mukhang tanong ni Kb dahilan para tumawa si tita.

"Yes of course. Tara na" sagot agad ni tita.

Tumayo na kami at sumunod sa kanya, ang dami namang rooms sa bahay na to. 7 lang silang nakatira pero sobrang laki ng bahay hmp. Huminto si tita sa isang pinto, I guess this is the dining room? Binuksan na n'ya ito at naunang pumasok kasunod ang mga kambals at kami ang pang huli.

Laking gulat nalang namin nang makita ang mga dragon na nakaupo na sa lamesa katabi ang mga ermm parents nila? Since nandito rin ang mommy ni pie.

Hindi lang pala kami ang nagulat dahil sa mga ekspresyon palang ng mukha nitong mga dragon ay alam kong nagulat din sila. Pero diba alam naman nila na pupunta rin kami rito? *Ah baka di nila expected na sasali sila sa lamunan sj. Tama tama!*

Dumapo ang paningin ko kay Tita Irene na ngayon ay gulat din ng makita ako. Ou nga pala, hindi na kami ulit nagkita after no'ng festival.

"Jane" tumayo si Tita Irene at lumapit sa akin.

"Tita" tipid kong sagot at ngumiti, ang awkward naman pero kerebels lang.

"Hindi ko alam nandito ka." nakangiting sagot nito at bumeso.

"Opo, mga palamunin kasi tong mga kaibigan ko kaya wala ng choice si Tita Shirley kundi isama nalang din kami" seryoso kong saad pero tumawa ang iba, may nakakatawa ba?

"Halika umupo na kayo, ah pwede ba tayo mag usap mamaya?" Mahinang tanong nito, tumango nalang ako sa kanya.

"Umupo na kayo girls" sabi ni Tita Helen kaya.

Langya uupo sana ako sa tabi ni Iris pero ang kb inunahan ako! So ano gusto n'ya, umupo ako sa gitna ni Pie at Miss kath? Tapos katabi pa ni Miss Kath si Zi? Yawa.

"J"

"Ja"

Ay hala after so many years ay nagsabay ulit sila sa pag tawag sa akin.

"Sit" utos ni Pie kaya umupo narin ako, as if naman may choice ako no?

"Oh by the way bago ko makalimutan. Kaibigan sila ng mga kambal at students din ni Pixie" pakilala ni tita Shirley sa amin.

Mga hitsura palang nitong parents ng mga dragon nakakatakot na, lalo na ang mga presensya. Pero hala magaganda at gwapo rin parents nila ha, may pinagmanahan talaga ang bipolars.

"Girls kilala n'yo ba sila? Sa PU rin sila nagtuturo" tanong ni Tita Shirley at itinuro ang mga dragon.

"Yes po tita pero sa graduating students lang po sila nagtuturo" si Ag ang sumagot.

"Oohh okay so alam n'yo rin na mga Ponferrada sila?" Tanong ulit ni tita dahilan para manlaki ang mga mata naming apat, si Iris biglang nabulunan sa iniinom na Juice amp.

"W-what?" Sabay naming apat na sambit.

Nakakaloka! Ponferrada rin ang mga dragon? Nananaginip ba ako!? Pero ang sabi ni Pie ay mga kaibigan n'ya lang ito. Binalingan ko naman si Pie na ngayon ay tahimik lang na nag e-slice ng beefsteak n'ya.

CHAPTER 37

-

Nandito kami sa mini bar room ng mansion, tangena meron din silang ganito? Hindi na talaga ako magtataka kung may bigla nalang helicopter ang dadapo sa labas ng bahay nila.

Si Pie hindi parin nakakabalik, siguro kausap pa nito si Tita. The rest of Demogons are here.

"Helari bakit nag pa pool party pa kayo kung hindi n'yo rin naman pala haharapin ang mga bisita n'yo?" Tanong ni Iris sa kanya.

"Wala lang" tipid nitong sagot

"Langyang sagot yan amp" napailing nalang si Iris sa sinagot nito.

Si keybold na abala sa pag kanta ang panget ng boses n'ya sobrang sakit sa tenga.

"Zi hindi mo man lang sinabi na mga pinsan n'yo pala ang mga professors" isa rin to, nakakatampo!

"Did you ask?" Kaloka naman na tanong yan.

"Hindi?"

"Then that's it" tangena amp tinawanan lang ako ng iba.

Nasa iisang round table lang kami kasama ang demogons, lawak ng utak ko no at kung ano-ano nalang ang naiisip kong ipangalan sa kanila. Pero maganda rin naman 'yong naisip kong pangalan DEMOGONS. Diba diba!?

"Mag iinuman ba tayo?" Tanong ko.

"Ou" sagot agad ni Annallyn

Tangena parang pinatulog lang kami ng isang gabi tapos ngayon inuman na naman ulit mga pre.

"Diba mahilig kayo sa billiards?" Singit ni Cassandra sa usapan.

Si Iris naman parang bigla na excite.
"Ou meron ba kayo?" Tanong ni I kay Cassandra.

"Yes meron, may gaming room naman kami" sagot agad nito

"Wow sabaok lahat all" bobong sagot ni Iris.

"Stop talking nonsense Iris" Miss Eve said coldly.

Bakit ba lage nalang to kontra kay Iris, hala crush n'ya friend ko? Ay feeling ko talaga crush n'ya si Iris e pero ang crush naman ni Iris ay si Helari. Awts shot puno para kay Miss E. ?

"Hoy hala mag iinuman tayo!?" Malakas ang boses na tanong ni keyboard.

"Ou, hoy sundan n'yo muna ako saglit"
Tawag ko sa tatlo at nag excuse muna kami sa demogons bago lumabas ng room.

"Bakit babe?" Agad na tanong ni keyboard

"Wag tayo iinom ng marami. Wag kayo mag lasing at baka mangyari na naman 'yong pinag-gagawa n'yo the other night!" Gigil na saad ko sa kanila

Nagpalitan lang sila ng mga tingin kaya tinaasan ko na sila ng kilay. Plano pa nga ata nila mag lasing tonight.

"Sasapakin ko talaga pag may nalasing sa inyo. Promise cross my heart, mamatay pa ako tonight" seryosong sabi ko.

"O-ou na, hindi kami mag lalasing" utal na sagot ni Iris.

"Okay lang naman mag inom kayo pero magtira kayo ng konting sanity, nagkakaintindihan ba tayo?" Sapukin ko talaga sila pag may isa na nalasing sa amin.

"Yes boss" sabay salute pa nilang tatlo.

"Nice nice." I smirked at bumalik na kami ulit sa loob.

Walangya lumabas lang kami saglit ay may mga naubos na silang alak sa lamesa. Ano to? Paunahan silang malasing ganern?

"Bilis n'yo naman mag inom, may balak lang mag lasing demogons?" Gage natawag ko tuloy silang demogons.

"Demogons?" Sabay na sambit ng mga kambals.

"Ah wala lang 'yon" sagot ko at umupo sa tabi ni Kb.

Hmmm.
"Kb gusto mo makaganti kay iris?" Bulong ko sa kanya,

ang laki ng ngiti n'yang binalingan ako.
"Talaga? s'ya ba target mo tonight?" Tanong nito. I wiggle my brows while grinning at her.

"Sige sige!" Sagot nito habang pumapalakpak. Hindi naman halayang excited ang keyboard natin no?

Bumukas ang pinto ng room at iniluwa ang baby ko na namumula ang mga mata.

"Pie" tawag ko sa kanya

Agad itong naglakad patungo sa pwesto ko pero wala ng vacant chair kaya hinatak ko na s'ya at pinaupo sa kandungan ko.
Bahala na ang mga demogons d'yan, hanap na rin sila mga bebe nila.

"You okay?" Tanong ko sa kanya.

She wrapped her arms around my nape at ibinaon ang ulo sa leeg ko. Tinignan ko naman ang mga kasama na ngayon ay sa amin narin nakatingin.

I placed my arm behind her legs and the other on her waist. Binuhat ko s'ya at naglakad sa gilid na may couch. Umupo ako habang hinayaan lang s'ya sa kandungan ko.

"Tapos na kayo mag usap ni tita pie?" Tanong ko ulit at tumango naman ito.

"So alam mo na ang lahat?" Malamang alam na n'ya ang lahat, bobo ko talaga.

She nodded.

"Face me, I wanna see your face" utos ko sa kanya but she just shook her head.

I gently stroke her back.

"You're such a baby Pie, look oh. Gulat sila dahil ang clingy mo kahit hindi ka naman ganito" I giggled at tinampal n'ya ang balikat ko.

Biglang bumukas ulit ang pinto ng room at iniluwa ang donkey, wow naman buti nakaabot pa s'ya. Agad na nag salubong ang aming nga mata, kunot pa ang noo nito nang makita si Pie sa kandungan ko.

"Hoy RL bakit ngayon ka lang?" Tanong ni Kb

"Hampasin ko kayo e, matapos n'yo akong iwanan mag isa" sagot nito at umirap.

"Bobo pinsan mo lang tapos idadamay mo kami. High ka ba?" Bardagulan pa ata to sila dalawa ni Kb.

"J" bulong ni Pie kaya nabalik ang atensyon ko sa kanya.

"Hmm?"

"I love you" her voice is was sweet and soulful, mas hinigpitan ang yakap sa leeg ko.

"I love you" Sagot ko at binigyan s'ya ng isang halik sa pisngi.

"Okay na kayo ni Tita Pie?" Tanong ko ulit sa kanya.

"Mommy"

"Ha?"

"Call her Mommy from now on" Halaka! Pakipulot naman nong puso ko, nahulog na ata.

"Ahem, so dalawa na pala kayong mommy ko. Ay hindi pala 7 pala kayo laha-aw aw joke lang joke lang" hilig n'ya mangurot talaga e.

"Okay na kayo ni Mommy?" Tumango naman s'ya sa tanong ko.

"Hindi mo naman sinabi na kapatid mo pala si Miss Kath baby at pinsan din ang ibang professors. May pa friend ka pang nalalaman, scammer ka talaga" diretso kong reklamo sa kanya pero using my normal voice lang.

"Hindi ka naman nag tanong" okay, mag pinsan nga sila ni Zi. Sige ako na may kasalanan dahil hindi nga naman ako nag tanong.

"nanaginip ako" ano naman ang napanaginipan nito, kinakain ko s'ya? Charot.

"What?"

"May kahalikan kang iba" she said coldly, luh tangena why naman ganyan.

"Hoy pie, hindi mangyayari yan dahil sinabi mo sa akin at good choice" hindi ko ata ma imagine na may hinahalikan akong iba bukod lang sa kanya.

Then she lift her head and faced me, gazing at me intently. Sinilip ko naman ang mga kasama sa likod n'ya na abala sa usapan at inuman.

I smirked.

"Don't worry pie, my saliva belongs to you alone" I said and grinned at her.

Lmao she covered her face. Saksakin n'yo nalang po ako dahil sobrang cute n'ya!

"You and your dirty words" she said.

Natawa ako ng malakas kaya napatingin ang iba sa amin.

"Hoy Babe! Ang laki ng bunganga mo" saway ni ?.

"Manahimik ka kb hindi ikaw ang kausap ko" disturbo lage sa moment namin ni Pie e.

"Balik na kayo dito ni Ma'am, may mga chairs no oh" sarap bigwasan nito.

"Tara na pie, balik na muna tayo sa kanila at baka mag tampo pa sila dahil nagsosolo tayo. Maya nalang kita solohin" nakangisi na sabi ko sa kanya.

Hindi naman ito sumagot at tumayo na, langya iniwan pa nga akong mag-isa. Umupo sa katabi ng mga dragon at ako naman ay balik sa pwesto ko kanina.

"Hey, what's your ambition in life?" Biglang tanong ni Zi sa amin ng mga girlfriends, ang mga dragon ay busy sa sarili nilang mundo at hindi namin alam kung ano ang chismis nila.

"Maging mapa" mabilis na sagot ni RL

"Mapa?" ulit ni Zi

Nakita ko naman na sinulyapan ako ni Pie kaya kinindatan ko s'ya, langya inirapan lang ako. Bilis mag shift mood ng babaeng to.

"Kb paabot nga isang wine glass" utos ko kay keybold.

"What a weird ambition. Bakit mapa?" Sagot ni Zi kay donkey.

"Ano...pangarap ko ano.." langya tong si donkey pabitin din.

"What?" Taas kilay na tanong ni Z.

"Pangarap kong MAPAsayo" nabuga ko tuloy kay iris ang wine, tangena nito ni R. Pati tuloy ang mga dragon napatingin sa amin.

Ano raw!? Ang tapang naman n'ya landiin si Zi sa harapan naming lahat, saan n'ya nakuha ang tapang na yan?

"Shit BAHAHAHAHAHAHA omg sorry. Natawa kasi ako sa sinabi ni R" sabi ko kay Iris.

"Sj naman! Wala akong damit na dala" singhal nito.

"Kamusta ang first experience mo na mabugahan ni Sj? Maganda ba?" Pang aasar ni kb

Di ko na sila pinansin at binalingan nalang si Zi. Wala ata epekto 'yong sinabi ni R? She seems unfazed.

"Bawi next time lods" sabay tapik ko sa balikat ni R at inabutan nalang s'ya ng alak.

"Paano na to? Ang lagkit pa naman nito" reklamo ni Iris kaya napatingin ulit ako sa kanya.

"Dapat mag helmet kayo next time pag may iniinom si Sj" singit ni Helari sa usapan.

"Right" sabat naman ni Zi hmp.

Napansin ko naman si Miss Eve na sinulyapan si Iris awee. Palipat-lipat lang ang paningin ko sa kanilang tatlo ni Helari at Iris hmm.

"Helari pwede mo ba pahiramin ng damit si Iris?" Kinapalan ko na ang mukha ko.

"Okay, let's go" tumayo ito una at sumunod naman ang kaibigan ko.

Pero bago paman sila makalabas ng room ay may sinabi pa ako.
"Helari, make sure the door is open dahil nangangagat yan si Iris" nakangisi kong paalala sa kanya. Akala ko mag rereklamo o gagalit s'ya pero ang gaga nginisihan lang ako pabalik.

"Sure" sabi nito at lumabas na.

Nilingon ko si R na parang lugmok ang mukha babanat nalang nga kasi waley pa.

"R" kalabit ko sa kanya.

"Oh?"

"Ganito bumanat oh" bulong ko sa kanya at tinawag si Pie.

"Miss Ma'am"

Tinaasan lang ako ng kilay ni babykoww.

"Diba 'yong heart nasa kanan?" Seryosong tanong ko pero humagalpak ng tawa ang kb.

"Bobo babe nasa kaliwa" ay ou nga pala, nalilito parin talaga ako minsan sa kaliwa't kanan thingy na

yan.

"Oh bobo" sabi ko sa sarili ko.

"Take 2" sabi ni Kb

I fake a cough.

"Miss diba po ang puso nasa kaliwa?" Seryoso ko ulit na tanong.

"Yes and why?" Taas kilay na sagot nito habang iniinom ang wine.

"Eh bakit po 'yong sakin ay nasayo?" I bit my inner cheek at mabilis na ininom ang alak. Ako ata ang nahiya sa sarili kong banat gago amp.

She hissed at rinig ko 'yon. Hindi tumalab ang kalandian ko sa kanya.

"How did you do that?" Biglang tanong n'ya.

Langya parang kami lang dalawa tao e kahit may mga mata na nakatingin sa amin. Si kb chill lang na umiinom sa tabi ko.

"Do what po?" Balik ko sa kanya at tinungga ulit ang wine glass.

"You"

"Me?" And pointed myself.

"Yes, how'd you make me fall deeper in love everyday" she said straight to my face.

She smirked seductively, as if she's telling me na s'ya ang nanalo sa round na 'to.

Langya napanganga nalang ako dahil sa rebat n'ya. Tangena paano n'ya nasasabi ang mga salitang yan sa harapan nilang lahat. Bigla tuloy uminit ang buong katawan ko! Bwesit na dragon to.

Si keyboard naman na parang bulate na kinikilig sa gilid at hinahampas ako yawa.

"Speechless De La Fuente?" Tawag nito sa akin na may nakakalokang ngiti sa labi.

Gulped.

"Yatap na si Sj Ma'am, hindi kinaya ang rebat mo" tawa-tawang sagot ni kb sa kanya.

"H-Hindi ah!" I averted my gaze at inubos agad ang laman na alak sa glass ko.

"Don't start something you can't finish" dagdag pa ni dragon.

Ang init naman masyado ng tenga ko, feeling ko masusunog na e. Nimal na dragon to. Nawawala angas ko pag s'ya na nag rebat tsk.

"Oh ano na Sj, ikaw pa ata talo sa sinimulan mo" isa pa tong donkey na 'to, nang-aasar din e. Sinamaan ko nalang s'ya ng tingin.

Buti nalang at saktong dumating sila Iris kaya natuon ang atensyon ng lahat sa kanila ni Helari.

"Sj ilan crush mo" biglang tanong ni Iris, gago to.

"Wala" siguro before meron hehe.

"Hala Ma'am hindi ka pala crush ni babe" sumbong ni keyboard, ang baby naman tinaasan ako ng kilay hmp.

"Hindi ko naman talaga crush yan" agad kong sagot.

"Kasi-" tangena hindi man lang ako pinapatapos mag salita! Babatuhin nalang ako bigla ng purse bag!

Saya naman ng mga kaibigan ko, tinatawanan lang ako.

"Saya kayo n'yan? Hampasin ko kaya kayo nitong upuan?" Sabi ko sabay paikot ng mata.

"Bakit pa maghahanap ng crush kung may mahal na, diba?" I simply answered. Ay gage natulala ang dragon, mahina ka pala e.

"Ano, rerebat ka pa Mommy?" Nakangisi kong tanong sa kanya. Bonak si baby, kamatis na ang mga pisngi.

"S-shut up!" I smirked, *panalo ka sj.*

I shrugged at umupo na ulit.
Itong mga kaibigan ko naman panay lang tawa.

Napansin ko lang kanina pa to palihim na tinitignan ni Helari si Iris. Hmm

"Iris halika may sasabihin ako" tawag ko sa kanya.

"Ano 'yon babe?" May tililing na talaga to si Kb kahit hindi naman s'ya ang tinatawag ko.

Bigla naman tinabig ni Iris ang ulo n'ya.
"Ako ba ikaw? Hindi ko alam na isa na pala akong monkey" bardagulan na naman sila.

"Teka nga, tumigil muna kayo. Lapit ka sa 'kin Iris may ibubulong ako" sabi ko sa kanya kaya inilapit nito ang tenga sa akin.

"Gawin mo to" sabi ko at bumulong sa kanya.

"What!?" Kunot noo na tanong nito bago tinignan si Miss Eve.

"Dali na dali!" Tulak ko sa kanya.

Ay ayaw mo ha.
"Miss Ev, may sasabihin daw po si Iris" tawag ko sa kanya kaya napatingin ito kay iris.

"Hoy Sj!" Singhal ni Iris sa akin

"What?" She raised a brow.

"Dali na Ri, dali dali!" Gusto ko kasi tignan kung may reaction si Helari sa gagawin ni Iris.

"Ma'am 18 na ako" seryosong saad nito.

"Huh?" Gulong gulo na ekspresyon ni Miss e.

"18 na po ako, 18-Nadhana para sa'yo!" They made an eye to eye contact.

"Hmmm BAHAHAHAHAHAHAHAHA" amp 'di ko napigilan ang tawa at nahampas nalang s'ya.

Si keyboard at rl na bigla nalang humagalpak ng tawa. Sinulyapan ko si Helari na ngayon ay walang ekspresyon ang mukha. Si Miss Ev naman napakagat labi nalang dahil sa banat ni Iris.

"Hoy Iris! Ang kapal ng mukha mong landian si Miss Eve!" Tampal bi Kb sa kanya.

Hindi na s'ya pinansin ni Iris at inirapan lang, kumuha nalang ito ng drinks. Hmmm

"kb switch tayo" sabi ko sa kanya. Nakipag-palit ako ng upuan kay kb, may naisip kasi ako.

Pabalik na sana si Iris sa upuan n'ya nang bigla ko itong tinisod kaya napaluhod ito sa mismong harapan ni Miss Ev. Napahawak ang kamay nito sa legs ni Miss. I bit my lower lip to suppress my laughter.

"Langya ka babe" ay nakita ata ni kb ginawa ko.

"What are you doing Iris!?" iritadong tanong ni miss sa kanya.

Si Iris nakaluhod parin at nakahawak sa legs nito haha.

"A glass of wine for you M-Miss?" Sagot nito at inabot kay miss E ang wine glass.

Awtomatik na nagtaas ang kanyang isang kilay. Bilis naman makahanap ng rason nitong si Iris kaya mahirap ma bully. Si keyboard lang talaga ata uto-uto sa amin.

Inikutan lang s'ya nito ng mata at kinuha ang wine na bigay kuno ni Iris with matching luhod, naks naman po. Mabilis itong tumayo at bumalik sa upuan.

"Litsi ka Sj!" Bulong nito sa akin na may kasamang siko, nginisihan ko lang ito.

Biglang tumikhim si pie kaya natigil kami sa bardagulan at napatingin sa kanya. May sasabihin ba s'ya? Gusto ba kiss ko s'ya? Charot.

"When are you going to reveal yourself" sabi n'ya at tinignan si Kath.

Kami naman ay tahimik lang na nakatingin sa kanila ng mga tropa ko since nag uusap ang mga kambals part sa business.

"Is it time?" Sagot nito kay Pie.

"Have you finished it yet?" Tanong ulit ni pie, langya sila lang ata nag iintindihan. Okay bahala sila d'yan mag usap.

Tumayo ako at hinatak ang mga kaibigan ko. Mag ka-karaoke nalang muna kami.

"Tara doon, kanta tayo" aya ko sa kanila at nagdala narin ng mga inumin.

"Anong kakantahin Sj?" Sabay na tanong ni Iris at kinuha ang remote.

"Banyo Queen, insert natin 'yong version natin" sagot ko at nag queue na si Iris.

Kinuha ko na ang mic, rapper daw kami tonight.

BANYO QUEEN 3RD VERSE
(Sabayan n'yo ng music para mas dama)

"Kami ay nagtatawanan at nag-kukwentuhan" nagsimula na sila sumayaw habang may hawak-hawak na mga alak.

"At doon sa sofa kami ay naglalampungan. Ang ginaw, para kong nasa Roppongi" Si Iris at Kb nag se-sexy dance, my goodness.

"Pinatay n'ya ang ilaw, din binuksan ang VCD. Doon sa kanyang kama, kami ay nahiga"

"Ako ay nagulat at akoy nabigla
Ako'y nanginginig, pawis na pawis" uh uh the next line, the heck.

"Tinutok ko, pinasok, and boy walang daplis. At ang sabi nya sakin" hindi ko binigkas pero.

"ah, uh, ah, ah" sila ang umungol ng sobrang lakas. WTF, napatingin ako sa likod namin at nakita ko na nakatingin na pala sa amin ang bipolars!

"SJ Sj cge pa cge pa" they changed the name of Andrew to Sj tangena natawa ako bigla. Ang manyak kasi nila nang bigkasin to tapos may ungol pa!

"Tumagilid, tumihaya, lumuhod at dumapa. Nang matapos na kami ang sabi niya....." Seninyasan ko na sila na e insert yung pinalitan namin na lyrics.

Itinapat ko ang mic sa kanila.

"KUNG MAPUNTA MAN ANG EX MO SA IBA, WAG KANG MAG-ALALA!" Sigaw naming lima.

"KASI NGA SABI NI JOLLIBEE, IBIGAY ANG PINAGLUMAAN"

"SA KAWAWANG NANGANGAILANGAN!!" Sigaw naming lima at nag hiyawan, tangena bahala na ang demogons d'yan. I saw some of them smirked and the rest raised their brows.

Nagpatuloy na kami sa kanta.

"When the night has come Ah yeah, at pinatay ang ilaw Umadalas, lumalabas Banyo queen. Oh darling, darling stand by me. Oh- oh stand by me. Umadalas, lumalabas Banyo queen"

4TH VERSE

"Ang puting kumot pilit Hinahabulot
Likod koy namumula sa kakakalmot"
Ako taga kanta silang apat naman sumasayaw sa gitna. lakas tama lang ng girlfriends e.

"Nun sya ay umuongol at umuongos
Sya'y init na init sa aking haplos" siraulo tong Kb bigla nalang umungol, nasapok tuloy ni Iris.

"Pinabigyan ko sya sa kanyang hiling
Ang gusto nya" I stopped.

"YUNG GANITO, YUNG GUMIGILING!" sigaw naming apat sabay giling pababa, tangena mga walang hiya e.

Hanggang sa natapos ang kagagahan naming lima at mabilis nag unahan umupo ulit. Ngayon pa sila natablan ng hiya.

"Tara na nga balik na tayo sa table, ayain nalang kaya natin sila mag bar?" Sabi ko sa kanila.

"Hoy! Speaking of" singit ni Kb at hinila kami palapit sa kanya.

"Ano?"

"Tama ang suggestion mo Babe, ngayon ko lang naalala na may body shots event tonight. Every Friday ang event na yan" nanlaki naman ang mga mata namin dahil sa sinabi ni keyboard.

"Talaga!? Bakit mo alam ha, lage ka siguro doon keybols." Ang Iris excited, pero excited din ako!

"Sampalin kita nitong mic gusto mo?" Aksyon na nga n'ya ihahampas, aguy.

"Same place ba?" Tanong ni Ag at tumango naman agad si Kb.

Nagkatinginan pa kaming lima habang nakangisi. Hmm
"Sige tara, ayain natin sila" sabi ko at tinungo na namin ang table.

Pumalakpak ako to get their attention.

"Mga Miss and Kambals tara bar tayo" sabay naman nag taasan ang mga kilay nila. Edi kayo na.

"Bar?" Striktang tanong ni baby.

"Yes po, saturday naman na bukas e" pag ganito talaga situation ako ang spokesperson ng grupo, mga weak.

Katahimikan...
Nakakaloka silang walo.

"Okay"

I mentally celebrated dahil sa sagot ni baby.

"But.." she smirked! Bakit may BUT yan ha.

"But?"

"Ask our parents permission first" napanganga nalang kami ng girlfriends sa sinabi ni baby.

"H-ha? Bakit naman kailangan pa Monmy" I blurted out which made my friends laugh.

Ay natawag ko na naman s'yang Mommy, habit ko na talaga e.

"Bakit naman po kailangan pa kayo ipagpaalam hindi naman na kayo mga bata" sagot ko.

"Then the answer is no" she crossed a leg. I saw her took a glance at my friends then back at me.

Oh okay, I think I get it now. So it's a test ha.

"Okay" I smirked.

Tumalikod ako upang harapin ang mga kaibigan ko.

"Hoy Iris ikaw mag paalam kay Miss Eve. Sa parents n'ya, ikaw naman Ag kay Miss Lor's then ikaw keyboard kay Mommy Irene ko..." Then you, turo ko kay donkey "sa mga kambal" at kinindatan sila. Nanlaki nalang ang mga mata nila dahil sa sinabi ko.

"B-Bakit naman kami!?" Iris raised a voice.

"Pie oh" sumbong ko.

"Then NO" itong ibang bipolars naman hindi kumukontra sa desisyon ni Pie.

"Sige na, makakapal naman mukha n'yo. Just imagine na mga in laws n'yo sila" nakangisi kong saad.

Wala na sila nagawa kundi ang pumayag nalang.

"Ay nandito pa pala mga parents n'yo miss?" Tanong ko sa kanila.

"Nasa living room" sagot ni Miss Kathlyn. Tumango nalang din ako.

"Sige tara na po" sabi ko sa kanila at binuksan na ang pinto. Ou ako nauna, boss tayo charot.

Pag labas namin ng kwarto ay hinatak agad ako ng mga kaibigan ko.
"What?" Kunot noo kong tanong, bakit naman ata balisa ang mga baliw na to.

"Sj, ano dapat naming sabihin!?" Tanong ni Iris, luh bobo ano ba dapat.

"Sabihin n'yo lang na mag bar tayo. Ganern lang" sagot ko, hindi naman na sila nag tanong muli.

"Girls bakit nandito kayo, may problema ba?" Tanong agad ni Tita Shitley nang makita kami.

Walang sumagot... Hindi rin naman umimik ang bipolars dahil siguro hinihintay nila ang mga kaibigan ko. May telepathy communication ata silang walo.

I heaved a sigh.

"Mga Tito at Tita, itatanan daw po nila mga anak n'yo for a night" walang filter kong bibig na nagsalita sabay turo sa mga kaibigan ko.

Natulala nalang ang mga parents ng bipolars dahil sa sinabi ko.

"Di, joke lang po hehe" bawi ko sa sinabi ko.

"Mga tito at tita" ay inulit pa nga, makapal ang mukha.

"Ay sorry po makapal kasi mukha ko. Mga Ma'am at Sir pala dapat" pagtatama ko at nag kamot ng ulo.

Narinig ko naman humagikhik ang mga kaibigan ko sa likod at ang mga bipolars naman sa gilid na kagat ang mga labi. Sige pigilan n'yo lang baka mautot kayo n'yan.

Bigla nalang humagalpak ng tawa ang mga parents nila. Ay may nakakatawa ba sa sinabi ko?

"Haha I like her" sabi ng Mommy ni Miss Eve.

"Right" sagot naman ni Mommy Irene.

"Haha bilib ako sa tapang nito, hindi natatakot sa atin. Hindi tulad ng iba na hindi magawang harapin tayo" sabat naman ng papa ni Miss Lor. Ay salamat sa makapal kong mukha.

I turned to face my friends and sent them a signal na magsalita.

"I kinda like her. What's your name?" Nakangiting tanong ng Mama ni Miss Lorelei. Nakupo

"Hindi po kayo mga homophobic?" Direct to the point kong tanong, jusko po 'yong bibig ko wala talagang preno!

"Ay Shara Jane po pangalan ko" muntik ko pa makalimutan sumagot amp.

"Walang homophobic dito Iha, our families supported LGBTQ" sagot naman ng papa ni Miss Eve.

Bobo mo talaga Sj.

"Ay ou nga pala" sambit ko.

"Bakit pala nandito kayo?" Tanong ni Mommy Irene.

"Muntik ko na makalimutan, Mommy gusto ko lang ipag-paalam si Pie. Lalabas kami" diretsong paalam ko sa kanya.

Bakit naman shock tong si Mommy, dahil ba sa tinawag ko s'yang Mommy? E 'yon sabi ni Pie e. Good girl ako kaya dapat sundin ang utos ni dragon.

"Sure" nakangiting sagot nito.

Tumalikod ako upang harapin ulit ang mga kaibigan at hinatak sila paabante.

Si Iris ang nauna.
"Hello po, idadamay narin namin si miss Everleigh at Helari." naks himala at hindi s'ya nautal.

"Ako rin po, kung pwede isama si Miss Lorelei at Cassandra" si Ag, ou papayag yan sila sa ganda mong yan.

"Mommy Irene and Mommies" sabay pa kaming lahat napatingin kay keybold dahil sa tinawag nito.

I bit my inner cheek to suppress my laughter dahil sa reactions ng parents ni Annallyn at Mommy Irene haha. Ay ou nga pala, makapal din mukha ni keybold.

"Kidnapin ko rin po si Miss Kath at Annallyn" nakangiting paalam nito, naks naman.

"Good evening po Tita, papaalam ko lang si Ziallyn." Magalang na saad ni donkey, sanaol.

Ang mga parents naman nila ay nagsimulang nagtawanan. Luh?

"See? Diba tama ako, kaya madali silang na close ng Quadruplets ko" humahalakhak na salita ni Tita Helen sa ibang parents. Ay proud si Tita sa amin naks naman +10 points.

Ay meeting the parents pala 'tong nagaganap? hindi kami na inform ni baby. Mga decorations lang namin ang Demogons sa gilid.

"Hahaha hindi ko alam kung bakit isa-isa sila nagpaalam" sagot naman ni Mommy Irene.

"Dapat lang naman po magpaalam kami ng maayos, baka kasi ipa missing n'yo nalang sila--charot lang po" makapal talaga mukha ko.

"Hahaha mabuti yan iha. Dapat lang talaga." saad ng Daddy ni Miss Eve.

"Omg, I really like you Shara. You're too funny" nangingilid na ang luha ni Tita Shirley dahil sa kakatawa.

"Payaso po kasi ako tita pero si keyboard po talaga ang full time payaso namin" sagot ko sa kanya at itinuro si Keyboard.

"Sulitin na rin po namin ang natitirang oras dahil aalis na po ang tatlong kambal sa Sunday" nakangusong sabat ni Iris, hoy bakit naman nakanguso yarn haha.

"Lubusin ko nalang din po ang kakapalan ng mukha ko. Pwede po namin kayo matawag na Tito at Tita?" Mas lalo pa ata lumakas tawanan nila dahil sa sinabi ko langya.

"Mommies and Daddies ayaw n'yo po?" Mas makapal talaga ang mukha ni keyboard guys.

"Joke lang po" bawi nito sa kanyang sinabi at ngumiti hmp.

Bakit naman namumula ang mga mukha nitong demogons? Bakit kasi hindi nalang tumawa.

"Hahaha yes call me Tito" sagot ni Tito Andrew at pumayag na rin ang iba.

"Sige na umalis na kayo, mag iingat kayo okay?" sabi ni Tita Shirley.

"Wait, use the limousine para hindi na kayo mag drive. Ipapatawag ko ang driver" suhestiyon naman ni Tita Helen, ay wow sanaol supportive.

"Sige po Tita salamat po" ngiting pasalamat ko sa kanya.

Nagpaalam na kami at naunang lumabas ng girlfriends. Nandito na kami sa sasakyan, napanganga nalang talaga ako nang makita ang loob ng sasakyan tangena. Pwede na pala kami mag party dito.

Oh diba? Kumpleto na sa lahat.

"Walangya kayong dalawa ang kakapal ng mga mukha n'yo" tampal ni RL sa aming dalawa ni Kb.

"Kalma lang kami lang to" duet pa kami ni keyboard.

Hmm may naisip na naman ako, gusto ko kasi mas marami ma experience ang demogons hanggang 'di pa nakakaalis ang mga kambal.

"May naisip ako" sabi ko sa kanilang apat.

"Ano na naman yan babe! Baka kalokohan na naman mga plano mo" 'tong si kb talaga wala ng tiwala sa akin e.

"Mamaya pag nandito na silang lahat" sagot ko.

"Hoy! Paabot nga isang baso, kayo lang nag iinom d'yan" sabi ko sa kanila, nasa pinakadulo kasi ako umupo.

Hindi rin naman katagalan at bumukas ang pintuan ng sasakyan. Una pumasok si Pie at agad na tumabi sa akin sabay lapag ng kamay n'ya sa legs ko, ay possessive yarn.

Ako-Pie-Miss Kath tapos ang mga kaibigan ko nasa gitnang side katabi ang mga kambals.

"Napapagod na po ako kakatawag sa inyo ng MGA MISS AT KAMBALS. Demogons nalang tawag ko sa inyo" Panimula ko nang makaupo na ang lahat.

"Means?" Tanong ni Miss Lor. Ito na nga ba ang problema ko, bakit pa kasi nila tatanungin.

"Means goddesses po" sige Sj galingan mo lang na hindi nila malaman na dragon at demonyo yan.

"Ay ou nga pala, open pa ba mall n'yo Zi? Quarter to 9 pa lang naman diba" Tanong ko kay Zi na ngayon ay may hawak ng glass drink.

"Yup, why?"

"Basta, punta muna tayo sa mall n'yo. May kailangan tayong gawin" Nakangiti kong sagot.

"Kalokohan na naman ba yan ha Sj?" 'tong si Annallyn puro nalang ata kalokohan ang tingin sa akin.

"Hindi ah" mabilis ko sagot at tinungga ang baso.

Mga tinginan naman nila sa akin parang pinapakita lang nila na they don't buy my words langya.

"Grabe naman kayo makatingin sa akin. Seryoso nga kasi ako" naramdaman ko ang pagpisil ni Pie sa legs ko kaya napalingon ako sa kanya, ay sinong ka text nito at bibitayin ko.

"Wala na naniniwala sayo babe, puro ka kasi kalokohan" nang-iinis ba s'ya?

"Basta hindi nga, punta tayo sa jamas section" sabi ko.

"J" she tapped my lap.

"Hmm?"

"Kathlyn will publish a story" napalingon ako dahil sa sinabi n'ya.

"A story?" Tanong ko kay Miss Kath.

"Yes" tipid sumagot hmp

"What story po?" Tanong ko.

"You and Pie's" Nanlaki naman ang mata ko dahil sa sagot nito.

Medyo loading pa utak ko.
"Hindi ko po gets Miss" balik ko sa kanya.

"Your story" langya bakit naman love story pa namin ni baby.

"I started writing 4 years ago. That time na sumunod ako sa province n'yo" paliwanag n'ya.

"So Miss Kath totoo talaga na magkakilala tayo?" Gusto ko talaga ma klaro tong 'tanong na 'to sa kanya.

"To be honest nope. Hindi mo ako kilala pero ako kilala kita" she smiled pero bakit naman ata pilit ang ngiting yan o ganyan na talaga s'ya ngumiti.

"Talaga? Ay ou nga pala, nasabi ni tita sa akin na pinasunod ka para bantayan ako. So naging stalker kita Miss? Araw-araw mo ba ako ini-stalk?" Prangkang tanong ko sa kanya, naramdaman ko na medyo humigpit ang hawak ni Pie sa leg ko.

"Yes and Yes" my eyes widened in shock.

"S-seryoso ka d'yan?" Hindi makapaniwalang tanong ko sa kanya.

"Yup, since Day 1" she said then averted her gaze. Natulala at napanganga nalang ako sa sagot n'ya. 4 years!?

"J" tawag ni Pie dahilan para mapunta sa kanya ang atensyon ko.

"Po?"

"Is it okay to publish her story?" Tanong nito sa akin, kaya napatingin ako kay Miss Kath.

"H-ha, bakit mo naman ako tinatanong Pie. Gawa naman yan ni Miss Kath" agad kong sagot at uminom ulit ng alak, naka aircon naman sana pero ba't ang init hmp.

"Yes but it's a true to life story. About us" mas lalo akong nagulat sa sinabi nito.

True to life story?

"Miss kath" tawag ko ulit sa kanya.

"Hmm?"

"W-what's the title of your story?"

Don't tell me...

She looks at me with full of sincerity before smiling and say...

"FAVORITE GIRL"

Natutop ko nalang ang bibig at naramdaman na nagtayuan ang mga balahibo ko dahil sa sinabi n'ya. Ito 'yong pinag-usapan namin sa library!

Ang kanina na abala sa mga kanya-kanyang ginagawa ng mga kasama namin ay nasa amin na rin ang atensyon.

"D-Diba libro na 'yan?" mautal na tanong ko sa kanya.

"It was a manuscript" mabilis nitong sagot.

"W-who is Ara?" I want to take this as an opportunity to ask her everything.

I gulped.

"You" seryosong sambit nito.

"Me?" I pointed myself while thinking something...My name is shara so it came from the last 3 letter.

"Yes you" she said and sip her drink.

I'm very engrossed in our discussion. To the point na nakalimutan ko na katabi lang pala namin si Pie. I held her hand and gently pinched it.

"Sorry" I said and gave her an apologetic smile.

"Don't worry, take your time" she said at sinandal ang ulo sa balikat ko. Binalik ko ulit ang atensyon kay Miss Kath.

"So kamusta miss, tapos na story mo or on going parin?"

"Near the end of the story"

"Pwede mabasa pag natapos mo na Miss? Gusto ko ako una makabasa, kung okay lang?" Papayag naman siguro s'ya diba.

"Yes"

"Thank you po. Pero Miss may tanong ako, sino 'yong sinabi mo na nahulog sa building?" Isa rin to sa gusto kong itanong sa kanya.

"Hala!" Napaigtad kami dahil sa biglaang sigaw ni Kb, bwesit to.

"Ano ba keyboard!" Saway ko sa kanya at inikutan ng mata.

"Baka si RL yan, nahulog sa building e" sabay turo n'ya kay RL.

"Anong nahulog! Hindi ako mahuhulog kung hindi n'yo ako kinidnap at dinala sa rooftop! Tinulak n'yo ako mula sa rooftop kaya ako nahulog!" Inis na sagot nito kay Kb, bakit mo kasi pinaalala kay donkey kb.

"Really?" Seryosong tanong ni Pie. Ang iba naman nakikinig lang at nakikiramdam.

"Ah s'ya 'yong tinukoy ko pie nong nag tanong ka sa akin" sabat ko sa kanila.

"Hindi mo lang alam pie kung anong kalokohan ang ginawa nila sa akin paglapag ko palang dito sa pinas" sabay tampal sa noo nito.

"What?" Hala ang Demonyo nag tanong awee.

"Kinidnap nila ako mismo sa airport at nagdala pa talaga sila ng camera man para mag mukha silang nag so-shooting lang" bigla ba naman tumawa ang kb, siraulo talaga s'ya promise.

"Then?" Cassandra asked.

"Dinala nila ako sa rooftop ng BA then tinulak ako ni kb kaya nahulog ako. Patay na siguro ako ngayon kung may sakit lang ako sa puso" she pouted lmao cute donkey.

"Ayan ba 'yong may mga medic na dumating?" Si Helari, mga maritis din pala sila no.

"Yes"

"Sj ano ka ba, ilugar mo naman sa tama ang pranks mo"Bakit ako sinisisi ni Helari?

"Don't judge her, she may be the leader of their pranks but she's not the type of person who will do such things" My drag

[Content truncated due to length]

CHAPTER 38

-

Nasa may pinto parin kami. As in hindi kami makagalaw dahil sa nakikita namin. I'm sure they're all drunk and they don't usually behave like this.

"D-Demogons, bakit naman kayo mga lasing na? Isang oras lang kami nawala mga lasing na kayo?" sabi ko pero parang wala lang silang narinig.

Nakasuot parin sila ng mga jumpsuits ha, akala ko pa naman hinubad na nila yan. Hindi naman sila magulo, with poise and elegance parin syempre pero nga lang, para silang mga bata dahil nga sa mga suot nila.

"Guys alalayan n'yo nga ang mga kambal bumaba sa lamesa baka mahulog" sabi ko sa kanila.

Buti at dim ang lights. Si Zi ay nakaupo lang at inabala lang ang sarili sa pag inom. Ang tatlong kambal kasi ang naabutan namin na sumasayaw sa lamesa kaloka.

Sila pie naman nakaupo lang din na tumatawang nanonood sa mga kambal kanina. Langya talaga at bakit naman ang bilis nila nalasing!

"Walangya sinong hindi malalasing kung ang ininom nila ay Spirytus vodka! Sj tanga ka, ikaw ang nag order nito. 96% alcohol gaga papatayin mo ba sila" salaysay ni Iris.

Ay hala gage ou nga pala nakalimutan ko!. Napatampal nalang ako sa aking ulo. Nasa may pinto parin ako habang sila pinapakalma ang tatlong kambal, jusko naman parang mga bata silang tatlo.

"Helari, stop moving and stay still" si helari kasi ang wild langya, gusto sumayaw sa gitna kaya pinipigilan ni Iris.

Bigla nalang lumapit si Miss Eve sa kanya.
"Aray aray! Masakit!" Langya piningot ba naman ni Miss Eve ang tenga n'ya palayo kay helari wtf.

"Ma'am masakit! Matatanggal na tenga ko!"reklamo nito habang sinusubukan na maalis ang kamay ni miss sa tenga nito.

Wadapak, selos yarn? Check the label miss,

"Wag mo bitawan Ma'am, diinan mo pa po" langya tong si Kb, supportive.

"Don't stop her" malamig na sambit nito.

"Ou na ou na! Patanggal na po 'yong kamay mo, wag mo higpitan ang sakit na poooooooo" pagmamakaawa nito karma amp.

"Keyboard! What's your favorite fruit?" Bigla nalang tumayo si Annallyn at lumapit kay kb na katabi lang ni miss kath.

"My favorite is banana" agad na sagad nito.

"Mahilig ka talaga sa footlong keybold" sabat naman ni Iris na ngayon ay abala sa kanyang tenga, kawawa. Bakit naman binitawan ni Miss E yan.

"Why banana tho?" Tanong ulit ni Anna

Lumapit na ako kay Pie na feeling ko may hinahanap, kakanta s'ya? Luh gage kakanta s'ya aweee. Gusto ko 'yong gigilingan ako.

"I like banana because it symbolize to my favorite color which is blue" awtomatikong napalingon ako kay kb dahil sa bobong sagot nito. Ano sabi n'ya?

"Banana blue?" Kunot noong tanong ni Annallyn.

"Yes banana blue" humagalpak naman ng tawa ang girlfriends, luh sanaol nang-uuto.

"Bobo kb,walang blue na saging" sabay paikot ni Iris ng mata.

"Meron duh" nakahalukipkip na sagot nito chur.

"Bobo wala, sige nga paano nagkaroon ng banana blue?" Taas kilay na tanong ni RL.

"Pag kinulayan mo ng kulay asul ang saging tanga!" she hissed and massaged her temple, as if she's so fucking stressed. Tangenang yan haha

"Ay hala tanga! Ou pwede pwede keybold! Apirrrrrrrr!" Bulaslas ko at nakipag apir sa kanya.

Mukha naman ni Annallyn naguguluhan, kalma lang girlfriends lang to.

"Anna wag mo na isipin at mag ou ka nalang sa kanila" sabat naman ni Ag, ediwow.

"Pie anong title ng kanta na yan? Maganda yan pero di ko tanda title" tanong ko sa kanya.

Ngumisi naman ito.

"Hoy alam nyo ba title n'yan?" Tanong ko sa mga kaibigan ko at umiling naman sila.

"Sige mag hulaan tayo" sabi ko.

"Pie ano premyo pag nahulaan namin?" Baling ko ulit kay Pie.

"A motorbike" nag liwanag naman agad ang mga mukha nitong mga gaga.

"Hala hala ma'am! Sige gora!" Excited na sabi ni Kb.

"Langya kayo, para kayong mga walang pera" saway ko sa kanila.

"Ano ka ba grasya na yan" taas-baba ng kilay na sabat ni Iris.

"Anong klasing motorbike ba yan Mameehh?" Tanong ko.

"Up to you" agad na sagot nito.

"Ducati Ma'aaammmm yung multiv4!" Luh kapal ng mukha nitong Iris gusto pa talaga yung pinaka-mahal.

"Okay. Guess the song title first"

"Ay isa lang mananalo pie?" Sabay nguso ni RL

Itong mga demogons naman ayaw magpapigil, gusto raw uminom edi maglasing sila d'yan. Focus muna tayo sa goal, motorbike!

"Secret"tipid na sagot n'ya at ngumisi.

"Sige gameeeee" sabay naming lima.

So nag start na s'ya kumanta at napanganga nalang ako sa boses n'ya gage! Sobrang ganda at bagay sa kanya 'yong kanta!

Sabi n'ya epo-pause n'ya ang kanta pag oras na para hulaan namin ang tile.

"If our love's insanity why are you my..." She paused the music at binigay sa akin ang mic.

"REMEDY!" Ay tama ba

"TRAGEDY MA'AM!" nagulat ako kay kb langya bigla ba naman tumayo at tinuro sa pie amp haha

"Tangena bakit naging tragedy yan kb yawa haha" sampal ko sa pwet n'ya.

"TANGA KA KB! GRAVITY YAN! DIBA MA'AM TAMA AKO?" Humagalpak ako ng tawa dahil sa sagot ni iris tangena haha.

Ang demogons naman nagtawanan na dahil sa mga sagot namin. Ayaw naman nila kami tulungan sa sagot!

"HUMAN TRAGEDY!" Napalingon kami sa Ag wtf haha

"Gago human tragedy amp" lakas mang-asar ni kb, e tragedy din naman sagot n'ya.

"AY ALAM KO NA SAGOT!" Bulaslas ni rl kaya sa kanya naman kami napatingin.

"Ano?" Tanong ko.

"BIRDIE MA'AM, BIRDIE!" Yawkona ang sakit na ng tiyan at panga ko kakatawa.

"Bobo bakit ka umabot sa birdie bakla!" Singhal ni Iris amp hahaha

Si pie namumula na ang mukha at panay kagat na sa labi gago bakit ayaw nalang kasi tumawa tulad nong ibang demogons.

"CAVITY MA'AM! CAVITY!" tangena umabot pa nga sa cavity bwesit na keyboard.

"CALAMITY PO MA'AM" hinihika na ako kakatawa animal na yan haha. Langya na Ag to.

"RENIDAY YAN BABY NO?" tawa-tawa kong tanong pero umiling lang ito amp.

"My god! I can't take it anymore" biglang singit ni Miss Eve. At humagalpak ng tawa, tangenang yan amp.

"INFINITY MA'AM!" Sigaw ulit ni kb kahit nasa harap lang naman sana si pie.

"Gaga infinity and beyond lang?" Sabay kaltok ni Iris sa kanya amp.

"RABEEDI PIE RABEEDI! TAMA TAMA?" nagpapahid ng mga luha kong sagot sa kanya.

"Bobo babe walang rabeedi sa dictionary" sabat ni Kb.

"Ay wala ba?" Bobo kong sagot

"POVERTY MISS! ANO BA YAN ANG HIRAP NAMAN NG PAMAGAT NA YAN LANGYA" sumuko na ang iris haha

"RARITY?" Isa pa tong si Ag, mga walang kwenta talaga sagot naming lima.

Ang saya naman nitong demongons panay lang tawa, ediwow.

"AY TANGA! ALAM KO NAAAAAA ALAM KO NAAAAAAA!!!!" Yawa tong si kb bigla nalang magtatalon at sisigaw.

"What?" Tanong ni mommy.

"CLARITY CLARITY CLARITYYYY!!" sigaw n'ya at nagtatakbo na parang bata.

"Hoy mali na naman yan kb!" Sabat ni Iris

Tinignan ko si pie at nakangiti, hala so tama si keyboard!

"Tama ba pie?" Tanong ko sa kanya.

"Yes" sagot nito.

Nagtalunan naman kaming lima dahil gaga ang keyboard for the first time may tamang nagawa?

"Chill my friends. Ako lang to, si keyboard" sabay taas pa ng kamay na akala mo nasa pageant.

"Waaaaaa kb gago ka! Akin nalang prize di bagay sayo mag motor!" Sabay kalabit ni rl kay kb luh.

"Hala ay ou tanga! Ano ba yan madaya" sabi ko at ngumuso.

"I will give you your prizes" singit ni pie kaya napatangin kami sa kanya. Hala Prizes daw.

"Kasama kami Ma'am?" Nakangangang tanong ni Iris.

"Mhm the 5 of you" hala gago, sugar mameehh yarn.

"Waaa thank you Mommy" sabay naming lima na pasalamat sa kanya at yayakapin na sana pero tinabig

ko mga mukha ng kaibigan ko.

"Hampasin ko kayo nitong mic e." Sabay irap ko sa kanila. Walang hiyang mga sugar babies to.

"You're spoiling them pie" biglang sabat ni Miss Eve.

"Spoil mo rin kami Mommy" makapal na mukhang sagot ni Iris.

"Shut up kid" ay na shut up pa nga.

"What kind of motorbike?" Tanong ni Pie.

"Ducccaaaatttiiiiiiiii!" we smile and said in unison.

Sarap pala malasing tong dragon, bigla nalang namimigay ng premyo amp. Pero mas masarap kung sa kama siguro no? Charot.

"Gage 5min nalang magsisimula na event" sabi ni Ag.

"JeyJey come here"malambing na tawag ni Pie at hinila ako sa isang nag-iisang upuan na nasa gitna.

Luh shit what is she gonna do?

"Sitdown" utos n'ya kaya agad ko naman sinunod. Kinuha n'ya ang remote at..

Playing Cool of the summer By Demi Lovato

Nanlaki ang mata ko nang makita itong pumwesto sa harapan ko. Langya namang mga tingin yan! Tingin na mapang-akit.

Gulped!

"Tell me what you want, what you like, it's okay. I'm a little curious too" holy shit ang ganda ng boses! Parang ka boses si Ariana, tangena!

Lumapit ito sa akin at kumandong, hoy hoy mamehhh! Para ata akong napako sa kina-uupuan ko.

She caresses my cheek and smiles seductively. Oh snap! What's she doing? She's really heating me up. All I can do is bite my lips after what she did.

Mas inilapit pa nito ng bahagya ang mukha sa mukha ko hanggang sa mag dikit ang aming mga noo, langya naamoy ako ang hininga n'ya na amoy alak pero mabango parin ugh animal na dragon to.

"Tell me if it's wrong, if it's right, I don't care I can keep a secret, can you?" She smirked and stood up. Lakas naman kabog nitong dibdib ko, enebe kelme leng!

My eyes widen when she suddenly unzip the jumpsuit that she's wearing. I bit my lower lip 'cause she's so damn alluring! Kalma lang self!

Jusko ito ba epekto sa mga kagagohan namin at pati si baby nahawa narin.
Mga kaibigan ko naman at ang demogons nag cheer pa nga yawa.

"Goooo Maaaaaa'aaaaaam! Akitin no yan para maulol!" Matagal na akong ulol Iris!

"Ma'am gilingan mo gilingan mo!" si Kb na parang bulate na binuhusan ng asin sa sobrang kilig.

Hala tangena lasing na nga!

"Hoy mamehhh bakit ganyan kaaaaaaa" kinikilig at halos mapunit na ang labi ko sa sobrang laki ng ngiti, tangena n'ya po at ngumisi pa nga.

"Got my mind on your body and your body on my mind" holy shit! Sinayaw n'ya 'yong steps na tulad sa tiktok, sobrang hot punyawa iuuwi ko na to! Maypa kagat labi pa nga s'yang nalalaman ugh bwesit kang dragon ka!

Gumiling nga si baby! Tapos tapos umikot yung pwet n'ya tinampal ko kasi nasa harapan ko lang nga s'ya dibaaaaa!

"Got a taste for the cherry, I just need to take a bite" mapang-akit na boses nang kantahin n'ya ang line na to!. She licked her top lip then bit her lower after!

"Anooooobaaaaaaa waaag kaaaa namang ganyaaaaaaanjxjshhdudh" I said while stomping my foot, wala na ulol na ulol na ako sa sobrang kilig!

"Hahaha Ma'am wala na si Sj, hindi kinaya performance mo" tawa-tawang sabi ni Iris

"Sabaok Lahat All wooo!" Sigaw naman ni Iris.

"You like that?" Biglang sabat ni Miss Eve.

"Just tell me Iris" segunda ni Helari, hala mga malalandi talaga sila guys pag na lasing. Napaka good behavior masyado!

Pero bahala sila d'yan sa likod namin, focus muna tayo kay dragon ko.

Kumandong ito ulit sa akin. Langya live show pa nga ni baby!

"Don't tell your mother, Kiss one another, Die for each other" then she gave me a peck on my lips!

"Ano bayaaaaaannnnnnn! Respeto naman po sa mga singleeeeeee!" Sigaw ng girlfriends sa likod namin.

Tulala akong nakangiti habang pinagmamasdan s'ya, ang naughty ni Mommy! Hindi na nahiya at sa harapan pa talaga nilang lahat. Lakas talaga maka trigger ng alak no.

Hindi na talaga to si baby guys, may sumapi atang stripper sa kanya at sana wag na lumayas sa katawan n'ya, uugh purr.?

Bigla nalang may kumatok sa pinto kaya napatigil si Pie. Langya disturbo!

"Miss magsisimula na ang event, bumaba nalang po kayo" ay si kuyang Manager pala.

"Let's go" baling n'ya sa mga kasama namin.

Agad ko s'yang pinigilan at hinatak pabalik. "Teka lang, hubarin n'yo na mga jumpsuits" sabi ko sa kanila.

"Why?" Taas kilay na tanong ni baby.

I smirked.
"Para maglaway silang lahat sa kagandahan at sexyhan n'yo" sagot ko at nag taas-baba ng mga kilay.

Bigla nalang ngumisi si baby...

"Hehe ge na." sabi ko sa kanila at hinubad una ang suot ko.

Pagbaba namin ay sobrang daming tao, wew buti nalang may table naka reserve for us. Si Ag lang naman ang may gawa, lodi ko na talaga s'ya.

"**Goodmorning guys, nagbabalik na naman tayo. May mga jowa na ba lahat!?**" sabi ni bakla na nasa stage.

"**For couples po ang gaganapin nating event tonight!"**Langya bakit for couples lang.

Binalingan ko ang mga kaibigan ko, napangisi ako nang makita na nakasimangot sila. Kawawang singles hindi makaka-score sa demogons.

"Langya for couples hmp" sabay paikot ng mata ni Iris.

"Manghatak nalang kayo d'yan sa tabi-tabi kung gusto n'yo sumali" sabi ko sa kanila.

Kinalabit ko si Pie na nasa unahan ko.
"Pie sali tayo" nakangisi kong saad. Hindi s'ya sumagot ngunit ngumisi lang ang dragon.

"Helari sumali tayo, pumayag ka na. Lalayas ka na rin naman sa sunday" pangungumbinsi ni Iris.

"Sure" mabilis pa sa kidlat nitong sagot. Sanaol

Ay hindi ko pala na mention sa inyo na gay club tong pinasukan namin at hindi 'yon alam ng demogons gg.

"**Umakyat na kayo ng stage sa mga gustong sumali**" aniya ni bakla.

"Tara na pie tara!" Hinila ko s'ya at nagpatianod naman ito patungong stage.

Kasunod namin si Iris at Helari, hindi ko alam kung sasali ang tatlo bahala sila d'yan.

"Wow naman ang gaganda naman nitong mga unang batch na umakyat sa stage natin!" Manghang saad ni bakla. Kalma ka lang mga Ponferrada lang yarn.

"Omg! They're quadruplets!" bulaslas nito at nagtitili.

Pero laking gulat ko nalang nang makita ang umakyat sa stage. Wtf? Cassandra at Ag, Kb at Annallyn then Donkey and Kitten!?

"Wooooo!" Hiyawan na naman ng mga tao. So naiwan ang tatlong dragon sa table? Kawawa naman

sila.

"Just wow! Ang gaganda naman talaga nitong mga nauna nating couples!" Ou alam namin magaganda kami wag mo na isigaw bakla.

Mga audience naman makatili nakakabasag eardrums.

"Okayyyyy. So ganito ang gagawin, piliin n'yo kung sino ang eba-blindfold at hihiga sa table na to" Tama ba narinig ko? Hihiga sa table?!

Gago dapat ako top! Yawa.
Ou dapat lang talaga ako top! Hindi pwedeng bottom na naman ako sa event na to!

"Simple right? There's no roulette this time and it's your choice kung saan n'yo ibubuhos and wine na ito" dagdag ni bakla at inangat ang red wine na hawak nito. Langya!

"Soooo, sino ang mauuna sa inyo ladies?" Nakangising tanong ni bakla.

Nilapitan ko si Iris at itinulak silang dalawa ni Helari. Sila muna bago kami!

"Ohhh what a perfect couple" panunukso ni bakla sa kanilang dalawa. Sanaol malaki ang ngiti Iris.

"Hoy Iris mag top ka!" Tawag ni kb sa kanya amp haha.

Inabot na ni bakla ang blindfold at bigla nalang itong hinablot ni Helari. Wtf? Gago bottom si tanga haha.

"Hala tanga bottom!" Hagikhik ni rl sa gilid. Baka nga ma bottom din s'ya mamaya bobo

Ang Iris s'ya na mismo nag blindfold sa sarili n'ya, sanaol excited. Sumampa na s'ya sa table at humiga. Nagsimulang maghiyawan ang mga tao nang itinaas ni helari ang shirt ni Iris at binuhusan ng wine ang tiyan nito! Parang d'yan din yung kay Zi before aa.

Anong silbi ng blindfold na yan!?

Sinimulan na ni helari dilaan ang tiyan n'ya. Gage makadila naman to parang na turn on ata ang bottom n'ya dahil napahawak nalang si Iris bigla sa ulo ni Helari. Bwakabangshit haha

Binalingan ko ang table nila Miss Eve. Napangisi ako nang makita na parang badtrip ata s'ya, okay confirmed gusto n'ya si Iris. Saklap talaga dahil si Helari gusto ni I.

"Wooowww that was good" biglang nagsalita si bakla.

Ay gage tapos na? Bilis naman at kung makangiti naman tong si Iris, heaven yarn?

"Pie ako top ha, wag kang ano" bulong ko kay pie ngunit tinaasan lamang ako ng kilay hmp. Basta ako top!

Tatawagin na sana ang susunod pero hinila ni Annallyn si keyboard. Ay hindi halatang excited si Anna no? Napatawa ako nang makita si Kb din bottom tangena, kawawa naman sila. Pinaupo lang ni Annallyn si Kb sa table at ibinuhos ang wine sa balikat nito.

"Wooooooooooo" hiyawan ng mga madla.

"Gage weakness pa naman ni keyboard d'yan hahaha" tawa-tawang sabi ni Iris.

Ang keyboard parang bulate na hindi mapakali habang dinidilaan ni Annallyn gage haha. Umabot pa nga sa bandang chest n'ya ang wine kaya bumaba si Annallyn do'n aguy yatap na si keyboard.

Tulaley si kb na hatak ni Annallyn pabalik sa side namin. Nasa langit pa siguro kaluluwa nito.

Sumunod naman si Ag at Cassandra. Awee hahaha bottom din ang gaga, hindi pumayag si Cassandra s'ya mag top saklap.

Hala hala! Sa collarbone pa nga binuhos ni Cass ang wine gage, bakit alam nila mga weakness nila keyboard? Nag research din sila? Hahahahaha. Napakagat labi nalang si Ag habang abala naman si Cass sa kanyang ginagawa, nakakakiliti pa naman yan!

Hindi rin nagtagal ay natapos na sila at ito na nga! Si Donkey na at Kitten susunod. Ang laki naman ng ngiti nitong donkey na 'to, excited yan?

Natawa kami nang makita na bottom din s'ya tangena, ako lang ata top dito sa amin aa. Mga mahihina hays.

Kinuha agad ni Zi ang wine at...sa pisngi pa nga talaga n'ya binuhos! Halakaaaa ang wild ni Mommy Zi natin aa, bakit naman d'yan pa at hindi nalang sa lips? Charot lang.

Namumula ang tenga ni donkey, ay na turn on yan? Sabagay, sino ba naman ang hindi matuturn-on kay Zi. Ganyan din naman ako before.

She licked her neck up to her chin then up to her cheek. My goodness! That was so hot. Rip kay donkey na tulala rin na nakabalik habang may ngiti sa mga labi. +10 na sa langit!

"Next please" tawag ni bakla.

Ay hala kami na pala susunod! Hinila ko na si pie papunta sa gitna at kinuha ang iba-blindfold ko sa kanya.

"Pie close your eyes" sabi ko.

She raised a brow and smirked.
"Why?"

"Tatakpan ko na mata mo" agad kong sagot.

"No need"

Hoy hoy hoy! Aw sabagay wala naman talagang silbi 'yon. Nakunot noo ko nang hatakin n'ya ako sa isang upuan na nasa gilid lang nitong table.

"Sit"

hala gago, di naman to considered as bottom diba? Tama tama?

"Faster" utos nito.

No choice kaya umupo nalang din ako.

May tinawag s'ya sa gilid na isang lalaki at ganun nalang ang gulat ko dahil sa ginawa nito. Gago ginapos ba naman ang kamay ko sa likod ng upuan! Ano to? Revenge!?

Kinuha n'ya agad ang inabot na wine glass sa kanya. Ininom n'ya agad ito at nakangising hinarap ako. Napangnga nalang ako dahil sa ginawa ni baby.

She wiped her lip and smirked!

"Mameeh what are you planning to do" I mumbled.

Napalunok ako ng magkasunod dahil si Pie! Bigla nalang kumandong sa harap ko hayop na yan!

She's cupping my face while gazing at me intently.

Mabibingi na ata ako dahil sa sobrang lakas ng mga sigawan ng madla.

Gulped.

Ganda naman nitong dragon na to, tagal naman n'ya ipainom sa 'kin ang wine. Ou alam ko na binabalak n'ya di naman ako si KB na slow upang di ma gets 'tong ginagawa ni baby. Pero ayun na nga, kakaisip ko palang nga ay hindi ko na pala namalayang magkalapat na ang mga labi naming dalawa!

I opened my mouth to give her an entrance. Nalasahan ko agad ang alak na dumaloy sa bibig ko. Langya sarap naman talaga pag galing mismo kay Mommy Dragon!

Napaka-daring naman masyado ni baby jusko! Paano nalang pag nahimasmasan na s'ya kinabukasan. Panay lunok ko sa wine na pinainom n'ya then she suddenly slid her freakin tongue in! Bwesit na dragon to at ang lakas manukso.

S'ya na mismo ang tumapos at lumayo. Tignan mo to kung makangisi, nang-aasar na ba s'ya n'yan? I bit my lower lip at tatampalin sana pwet nya kaso nakagapos nga pala ako. Siraulo kang dragon ka ha, makakaganti rin ako sayo. Tumayo na ito kasunod ang pag untie sa akin at hinawakan kamay ko sabay hatak pabalik sa mga kaibigan. Agad din kaming bumalik sa VIP room para magpatuloy sa inuman matapos naming mag live scandal sa stage charot.

*

"Sjjjjjj punyeta tulungan mo akooo heeeelpppppp!", Sigaw ni Iris dahil kanina pa s'ya lagi nahahampas ni Miss Eve.

Sabi namin uuwi na after event pero ang mga demogons tumagay pa nga at ngayon iba na mga tama. Pero feeling ko hindi talaga to lasing si Pie at Miss Kath e.

"Bahala ka d'yan" sabi ko sa kanya at tumabi kay Pie.

"Jeyjeeey" langya talaga pag yan tawag n'ya sa akin ay bumibilis nalang heartbeat ko.

"Pie lasing ka?" Tanong ko sa kanya nang makaupo.

Niyakap nya ako at inangat ang ulo.

"Not really hehe" napatakip nalang ako ng mukha dahil ang cute n'ya! She's like a baby who wants to cuddle.

Binalingan ko ang mga kaibigan na ngayon ay abala sa pagiging babysitter. Si donkey na binubwesit si Ziallyn, si Ag na chill lang sa gitna nila Cass at Miss Lor, si Kb na panay lang lamon sa pagkain langya walang pakialam e then si Iris na kanina pa binibugbug ni Miss Eve.

I shook my head, buti nalang talaga hindi sila chaotic like us pag malasing jusko naiisip ko palang ay sasakit na ulo ko sa kanila.

"Jeyjey" malambing na tawag nito kaya nabalik sa kanya ang atensyon ko.

I bit my lower lip nang makitang kagat-kagat nito ang labi n'ya. Si dragon ko ba talaga to? Lasingin ko nalang kaya s'ya araw-araw no?

"Yes pie?" Sagot ko sa kanya.

"Can you sleep with me tomorrow please?" She pleaded.

"Ayoko, sa labas mo na naman ako papatulugin n'yan." kunyari tatampo ako.

"Noooooooooo!" She shook her head like a kid while pouting. Kaya napatawa ako bigla

"Why are you laughing at me!" She smacked my head, tangena mapanakit talaga to.

"Cute mo kasi Mommy, wag na sana umalis kung sino mang sumapi sa katawan mo" paliwanag ko at pinisil ang ilong nito.

She's glaring at me while pouting and then crossed her legs and arms. Reason for me to burst into laughter. Wala na talaga hindi ko siguro kaya magtampo sa kanya pag ganito s'ya ka cute.

Nauhaw tuloy ako bigla.

"Kb paabot nga n'yang baso please" suyo ko kay kb

"Baby oh" kinuha at ininom ko agad ang bibigay n'ya.

"JeeyyyJeyyyy I want blackmarbles and pingpong baaaalllllllss" she said like a kid kaya nabuga ko na naman ang iniinom yawa talaga.

Nakita ko naman si keyboard na nasa harap ko. Mas natawa ako kasi bago ko paman mabuga sa mukha n'ya ay naharang na nito ang menu board, napaghandaan n'ya ata haha.

"Ano babe galing ko no? Mindset ba mindset" sabay turo sa utak n'ya kaya humagalpak ako ng tawa.

"Ou, talino mo" paubo-ubo kong pamumuri sa kanya amp sige nalang.

"Jeeeeeeeyyy!!" Ay nakalimutan ko tuloy si baby.

"Blackmarbles at Pingpong balls baby?" Pag-uulit ko at tumango naman s'ya.

"Wait ha" sabi ko.

"Hoy Ag may alam ka ba na lugar kung saan may nagbebenta ng bato-bato at kwek-kwek?" Si Ag na tinanong ko total s'ya naman girlscout sa amin.

"Meron" sagot agad nito.

"Tara, si Pie kasi gusto kumain" sabi ko sa kanya.

"Hoy RL! Lasing na yan si Zi wag mo na bigyan ng alak!" Siraulo tong donkey na 'to.

"Sabi ko nga tigil na e pero sinasampal ako pag hindi ko binigay! Naka apat na sampal na yan" ay kawawa naman pala si donkey amp.

Tumayo ako at nilapitan sila.

"Zi, tama na yan. Lasing ka na oh" saway ko sa kanya. Sobrang pula na ng mukha n'ya.

"Jaaa" she smile and held my hand. Langya mukhang mahihirapan kami ngayon sa kanila aa.

"Sige na, aalis tayo. Hanap tayo blackmarbles at pingpong balls" I giggled.

Buti at hindi naman s'ya umangal at nakangiting tumango lang.

"Donkey alalayan mo si Zi" utos ko kay donkey at inikutan lang ako ng mata. Napansin ko rin na namumula pisngi n'ya, kawawa naman masakit pa naman sobra manampal si Zi.

"Tara na, itigil n'yo na ang pag inooooooommmmmmm hoyyyyyy" mas pipiliin ko nalang siguro malasing mga kaibigan ko at least madali kausap unlike demogons na papasakitin pa una ang ulo mo.

"Jeeeeyjeeeeyy! Blackmarbles! Pingpong ball!" Singhal ni Pie.

I gently massage my temple and nape.
Pinasuot ko narin ulit sa kanila ang mga jumpsuits dahil naka dress lang kasi silang lahat.

Ang girlfriends na mismo nagsuot sa kanila.

"Jeeeyy come come and get me" juskopo, gusto n'ya akong buhatin s'ya na parang bata ugh ? .

Gulat pa mga tao nang makita ang mga naka pajamas jumpsuits na bumaba ng hagdan. Cute kasi namin e, lalo na tong si pie na nakapulupot ang legs sa bewang at kamay sa batok ko. Baby yan?

*

Pagbukas palang ng sasakyan ay nag-unahan na bumaba ang mga lasing patungong stall.

"Hoyy wag kayo tumakbo at baka madapa-"

"Sabi ko na nga ba e! Iris walangya ka tulungan mo tumayo si Helari"sabi ko kay Iris.

"Annnaaalllyyyynnnn anooo ba hindi ako makahingaaaa!" Sigaw ni Kb sa likuran ko, tangena sinasakal si Kb.

"Hoy Anna, wag mo muna patayin yan at wala pang jowa yan!" Sabi ko at mabilis na inalis ang kamay

nito sa leeg ni keyboard. Jusko naman

Binalingan ko ang mga dragons at nawala sa pwesto nila!

"Langya asan ang mga Mommies hoy!" Tawag ko kay Ag

"Nandun oh sa balutan" turo n'ya sa akin. Ay hala kakain sila?

Mabilis ko silang nilapitan na apat.
"Mga miss" tawag ko.

"Jeyjeeyyy look! Why there's a bird!" She's pouting and rubbing her eyes at inabot sa akin ang balut, langya bird. Pinilit ko talaga ang sarili ko na hindi humalakhak!

"Pie this is balut, it's safe to eat" sabi ko sa kanya

"Nooooo, I thought it's a boiled egg. I want blackmarbles and pingpongballs please?" Naglilihi ba tong si dragon? Jusko po.

Hinila ko na si Pie at pinasunod ang tatlong dragon. Mabuti nalang at may mga nagtitinda pa ng bbq at kwek-kwek sa lugar na sinabi ni Ag.

Pinaupo ko muna sila sa table bago mag order ng pagkain. Ang mga girlfriends at demonyo ay hindi ko alam kung saan sila napunta, bahala sila d'yan. Buti nalang at mga professors tong kasama ko at hindi masyadong malikot.

Pinabalot ko nalang ang mga pagkain at sa sasakyan nalang namin kakainin.

"Tara na po mga Miss, sa sasakyan n'yo nalang po kainin" sabi ko sa kanila.

"Baaaabeeee ayoko naaaaa mababaliw na ako sa kanila" sumbong agad ni Kb nang makabalik na kami sa sasakyan.

Gage ang lakas sobra ng mga hiyawan nila helari at nagsasayaw sa loob ng sasakyan wtf. May Disco pa ngang nagaganap

"Hayaan mo na sila Keyboard! Mas malala pa nga ginawa n'yo nila Iris!" Sabi ko at pinapasok una ang mga dragon sa sasakyan.

"Sj bumili muna tayo ng mga alak bago umuwi" nataas ang kilay ko sa sinabi ni Annally.

"Hoy wala ba kayo plano matulog haaaaa!?" Sigaw ko kasi ang lakas talaga nong music yawa.

"Sige na! Aalis na kami sa sunday at ngayon lang kami nag enjoy ng ganito!" Sagot naman nito, haynako ano pa ba magagawa ko.

"Mga miss iinom pa ba kayo?" Baling ko naman sa mga professors.

At hindi nga ako nagkakamali, gusto pa nila uminom!

"Jeeeeey let them, let's just enjoy the rest of the night okay?" Malambing na sabi ni baby kaya tumango nalang ako. As if naman may choice kami.

Kawawa si kuyang driver na napuyat dahil sa amin. Bumili muna kami ng mga alak bago tuluyang umuwi sa bahay namin ni Pie. Ou opo! May round 2 na inuman na magaganap! At mag po-pool party daw kami hanggang umaga tangena!

Nang makarating ay pinagbihis muna namin sila ng mga damit. Nandito ako sa labas ng kwarto namin ni Pie, hinihintay sila lumabas.

Bigla nalang bumukas ang pinto at iniluwa si baby.

"JeyJey" mapang.akit na tawag ni pie habang papalapit. Walangya nakaka-turn on naman masyado!

Gulped.

"P-Pie, lasing ka na" reklamo ko sa kanya at pinulupot ang mga kamay ko sa bewang nito.

"I'm not drunk" sige kunyari hindi s'ya lasing, nakainom lang daw.

Lakas naman kumabog nitong puso ko, ang bango masyado ni dragon mas lalong nakaka ano...nakakatakam!

"Yeah sure pie" sagot ko nalang sa kanya.

Hinila n'ya ako palabas ng pinto. Hala saan naman ako dadalhin nito, gagapangin na ba ako ni mommy? Chur.

"JeyJey" ang cute ng pag tawag n'ya sa akin langya nakakabaliw naman malasing to. She sounds clingy.

"Hmm?"

She wrapped her arms around my waist and hugged me.

"I'm jealous" she said it again.

"Kay Miss Kath na naman?" Tanong ko sa kanya.

"Yes" diretso nitong sagot.

"Because she's been with you during the days that I wasn't there. She's been a comfort and a constant in your life, even when I wasn't." Parang kanina ang saya nya masyado tapos ngayon mukhang iiyak siya.

"Nag seselos ako dahil araw-araw ka n'ya nakikita. And I know my sister secretly loves you" Nanlaki ang mga nata ko dahil sa sinabi nito.

Did I just hear it right? Hindi naman siguro ako nagkamali sa narinig ko diba?

"Pie ano ka ba, you're just drunk. Stop saying nonsense" saway ko sa kanya.

Umiling ito at mas lalong hinigpitan ang yakap sa bewang ko.

"No J, I'm being serious and not joking. She found you first before me" mas lalo naman kumunot ang noo

ko dahil sa sinabi nito.

"Are you serious?" I asked in disbelief. Nag-angat sya ng ulo at malungkot na tumango saka ako binigyan ng isang tipid na ngiti.

"Inagaw lang kita sa kanya" then she buried her head again on my chest.

"What do you mean?" Naguguluhan na ako sa kanya.

"Here" inabot n'ya ang kamay ko at ibinigay ang isang kwentas?

Bakit familiar tong kwentas na to?
Teka..

"Aww"

"J, what's wrong?" Pag-aalala nito.

"I-I'm fine, may naalala lang ako"

"It's better if you talk to her. Ayaw kong maging unfair sa kapatid ko. Can you talk to her?" Niyakap ko s'ya ng mahigpit.

"O-Of course" Matamis kong sagot.

"Thank you. I love you J, so much." Bigla nalang tumulo ang mga luha sa kanyang mga mata.

I caressed her cheek and wiped her tears. "You're so clingy pag lasing pie, sobrang layo sa pagiging cold mo" I uttered with smile.

"I'll wait here" sabi ko nang kumalas na ito sa pagyakap sa akin. Tumango at ngumiti ito bago ulit pumasok sa loob. Hindi nag tagal ay bumukas ang pinto at iniluwa si Miss Kath, namumula ang mukha, langya mga lasing na nga tapos balak pa mag round 2.

"Hi" I smiled at her.

She smiled and walked toward me.
"Hey"

FLASHBACK

"Ara wake up! You're late!" Damn disturbo naman to.

"Ara!"

She slapped my head.

"Ugh" ungol ko at nag angat nang ulo.

I see an angel standing right in front of me, crossing an arm while looking at me.

Her name is Kathlyn Jamila, I don't know her surname dahil ayaw n'ya naman sabihin. Nakilala ko lang

s'ya a year ago sa labas ng isang bookstore dahil muntik lang naman n'ya ako masagasaan ng kotse n'ya.

S'ya na nga muntik makasagasa ay s'ya pa talaga ang galit. Ako nalang ang nag sorry,
pero mapaglaro talaga ang tadhanan at lage nalang kami pinagtatagpo na dalawa hanggang sa nasanay na kami at naging magkaibigan.

Nandito ako ngayon sa condo n'ya. Dito ako lage tumatambay pag gusto ko ng katahimikan at ayaw makita ang mukha ng mga kaibigan ko pero s'ya naman 'tong lage nambubulabog sa akin. Speaking of, hindi s'ya kilala ng bestfriends ko dahil ayaw n'ya naman pumayag na ipakilala ko s'ya. Me alone is enough for her daw, sweet maldita.

Actually bukod lang sa name n'ya ay wala na akong ibang alam pa sa kanya. Lage kasi s'ya iwas sa topic pag nagtatanong ako ng mga personal na tanong. Ay meron pala, may kapatid daw s'ya pero nasa manila.

I'm a Senior high student at s'ya naman ay 3rd year college. Same school lang din kami dito sa province namin.

"Athy hindi bagay sa maganda mong mukha ang pagiging sadista" I said and stretched my arms.

"First day of class nandito ka?" daig pa ata nanay ko nito.

"Ikaw nga nandito ka. Miss mo na ako agad?" Panunukso ko sa kanya pero tinaasan lang ako ng kilay.

"May I remind you Shara Jane De La Fuente that this is my condo not yours" I let out a soft chuckle when she hissed and rolled her eyes.

Naging close ko s'ya dahil sa pangungulit ko sa kanya araw-araw. Ang sarap n'ya kasi asarin at feeling ko wala talaga s'yang kaibigan. Hitsura kasi nya hindi approachable at awrahan palang mapapaatras ka na.

"Oh galit ka na naman, porket maganda ka ay araw-arawin mo na ang pagiging galit athy?" Sarap n'ya lang inisin e.

"Pumasok ka na" sagot n'ya at tinungo ang refrigerator.

Tumayo ako upang sundan s'ya.
"Athy naman e, bukas nalang ako papasok please? Wala naman gagawin sa school ngayon" I pleaded.

Tinignan n'ya lang ako ng tahimik.
"Fine" at dahil sa sagot n'ya ay napayakap ako sa kanya.

"Yeee thanks! Tambay muna ako rito" masayang sagot ko at nagtaas-baba ng mga kilay.

"Athyyy birthday ng cousin ko next week luluwas kami kaya hindi kita madadalaw" dagdag ko pa sa kanya.

"Manila?" Tipid nitong sagot.

"Yes, 2days kami mag stay do'n" sagot ko. Kumuha narin ako ng makakain sa ref n'ya, kaya masarap tumambay dito dahil maraming foods e.

"Okay, just don't forget to text me" She said at pinunasan ang gilid ng labi ko na may dumi ng pagkain.

"Athy kung magsusulat ka ng story, anong pipiliin mo?" Tanong ko sa kanya.

"Love story mo" my brow flinched dahil sa sagot nito.

"Seryoso kasi!" Inirapan ko nalang s'ya.

"Love story

[Content truncated due to length]

CHAPTER 39

-

Hindi ko alam kung ano ang mararamdaman ko matapos kung malaman ang totoo. Bakit ganito nalang palagi? Ilang beses pa ba ako dapat may masaktan.

"I-I got my hopes up" she uttered.

"About what?"

"About you actually loving me back" my eyes started to blurry upon hearing that.

"I'm sorry Ath kung hindi ko man nasuklian ang pagmamahal mo" I bit my lower lip as I wiped my tears.

"Don't be sorry A. I choose to love you in silence because, in silence I feel no rejection" she held my hand and smile.

"I want you to be happy even if i'm not the reason behind that happiness. I did everything even if it's killing me. I want you to be happy because you deserve it, and now It makes me happy to see you the way you were meant to be" hindi ko talaga alam ang sasabihin ko, kasi wala naman akong ka alam-alam na minahal n'ya ako na mas higit pa sa kaibigan.

Mas lalo akong naiyak nang maalala ko ang lahat ng mga ginawa n'ya lalo na 'yong panahon na nag tapat ako kay Pixie. S'ya lahat ang gumawa ng paraan para lang maging successful ang proposal ko na 'yon.

"I supposed I got what I wanted for you to be happy and I guess I am just being selfish when I pictured you happy. I pictured you with me" I'm out of words.

"I-I'm sorry, hindi ko alam ang sasabihin ko..." talagang wala akong masabi kundi ang mag sorry nalang. Kasi kung uungkatin ko pa ulit ang nakaraan ay baka masaktan ko na naman ulit s'ya.

"Don't worry A, that's all in the past. Put the past behind you, the present moment is all that matters" she's smiling. A very genuine smile.

"I've moved on. I am just a part of your history but not a part of your destiny" napayuko nalang ako dahil hindi ko na kaya ang mga naririnig ko.

"Who's there with you when you were at your worst?" I whispered.

"You" she said directly.

I lift my head once again. She said me?

"Me?"

She nodded.

"When I'm at my worst. I'm looking at you. You're the only one who can make me smile without trying.

You put me at ease A" akala ko kay Ziallyn lang ako naging gago, hindi ko naman inakala na mas malala pa pala ang nagawa ko kay Athy.

She's cupping my face while wiping my tears.

"Stop crying and smile for me, will you?" Tumango ako at binigyan s'ya ng isang matamis na ngiti.

"Good" she smiled and pinched my cheek.

"Athy gusto kita ipakilala sa parents ko pag nakauwi na sila. Nag dora the explorer pa kasi sila ni Daddy. Alam mo naman na kahit noon pa man ay gusto na kita ipakilala sa kanila diba?" Sabi ko at kinuha ang kamay nito na nasa ulo, baka makatulog ako ng wala sa oras pag pinag-patuloy pa n'ya.

Nakangiti itong tumango kaya niyakap ko s'yang muli. Sakto naman biglang bumukas ang pintuan ng kwarto at iniluwa ang tatlong dragon.

"Are you done?" Tanong ni Pie kay Athy na may matamis na ngiti sa kanyang labi.

"Yes" sagot agad nito kay pie.

Napangiti ako dahil ramdam ko talaga sa mga mata nila na they care for each other. Ang swerte ko sa dalawang 'to, sino nga ba naman ang mag-aakala na mag kapatid pala silang dalawa.

Kath who sacrificed her love for her sister and Pixie who secretly cares about her sister's feelings. ??

"Sjjjjjjjjjjjjj!!" Ilang taon ba kailangan namin hintayin bago kayo makababaaaaaaa" malaking bunganga na sigaw ni Iris. Nakita ko naman ang pag-ikot ng mga mata ni Miss Eve.

"Tara na mga Miss" sabi ko sa kanila. Nauna maglakad ang tatlo kaya nasa likod kaming dalawa ni baby.

"Pie" bulong ko sa kanya pero parang bingi ata si dragon at hindi ako pinansin.

"Piee pst" tawag ko ulit at kinalabit sya.

Binalingan naman ako pero bakit naman ata ang sama n'ya makatingin?. She's just glaring at me, hala anong problema nitong dragon at bakit nagiging ma-attitude na naman?

"Mameeeehhh" tawag ko ulit sa kanya

"Don't talk to me" hala anong sabi n'ya?

Dahil ba kay Athy? Gago e sabi n'ya kausapin ko!

"Sabi mo kausapin ko si Athy?"

"Shut up" yawa bipolar.

Nasa living room palang kami ay dinig na namin ang napakalakas na music mula sa pool area. Langya at hindi nga ako nagkakamali, nag inuman na nga sila and this time ay kasama na ang girlfriends.

"Babe dali, inumin mo to" sabi ni kb at inabot ang isang baso.

"Langya kb beer to e" reklamo ko sa kanya.

"Sige na dali, nandito naman tayo sa bahay ni Ma'am kaya safe ka kahit mag hubad ka pa pag nalasing" sabay taas baba ng mga kilay nito.

Napailing nalang ako at ininom nalang ang alak. Wala rin akong plano mag lasing at baka walang mag aasikaso sa mga babaeng to mamaya.

"Zi" tawag ni rl kay zi na nasa harapan lang namin.

"Zi hoy" kalabit ulit nito. Tahimik ko lang sila pinagmamasdan

"Don't call me zi" she said coldly

"Okay Mine" bigla nalang nasamid si keybold na nasa tabi ko. Buti at kami lang ang nandito sa table dahil nasa labas ng cottage ang iba.

"Langya ka rl" natatawang saad ni kb.

"Kitten they said people who are attracted to you will always try to avoid or ignore you. Ganyan ka na ba ka attracted sa akin?" Matapang na saad nito sa harapan mismo ni Zi kaya humagalpak kami ng tawa ni keyboard. Langya ang kapal ng mukha.

"I simply don't care" ouch sakit naman ni Zi sumagot.

"Zi wag ka na uminom ng marami, tignan mo yang mukha mo sobrang pula na" paalala ko sa kanya.

"Don't worry Ja" she smile at me.

"Naku! Pag si babe talaga kausap mo mas matamis pa sa asukal ang ngiti mo" sabat naman ni kb habang ngumunguya ng pagkain.

Hindi naman ito sinagot ni Zi at nagpatuloy nalang sa pag inom.

-

Ayaw ko man aminin pero sasabihin ko na, para silang mga bata at hindi ko alam kung ano ang magiging reaksyon ko. Pasalamat nalang talaga ako at nandito kami sa bahay.

Si Iris na parang isang damit na kaliwa't kanan na hinihila nina Miss Everleigh at Helari, ou nag tu-tug of war po silang dalawa.

Si Miss Lorelei naman na nasa swimming pool at abala sa paglalangoy dahil ang init daw, sanaol hindi giniginaw sa madaling araw. Pansin ko lang vibes sila ni Ag kasi tahimik lang most of the time.

Si Annallyn na nakikipag bardagulan kay keyboard at si Cassandra na kanina pa panay ang tawa dahil sa mga kwentong barbero ni AG.

Si Ziallyn na kanina pa binibugbug si RL dahil ayaw s'ya nitong tigilan. Ang dalawang maldita naman ay nasa magkabilang side ko, mga lasing na pero sige parin sa tagay.

Syempre kami ng magkakaibigan ay medyo tipsy na rin. Sana lang talaga hindi malasing 'tong girlfriends

at masasakal ko talaga silang apat.

"Ma'am ma'am hindi na po kami ma le-late" bungisngis na tawag ni kb kay Pie.

"Why?" Anong why sinasabi nito.

"Kasi po pag binaliktad 'yong umaga hindi ka na ma le-late" sagot nito, nakunot naman ang mga noo namin dahil sa sagot n'ya.

"Baliktarin mo lang ang umaga diba ang magiging resulta at agamu? Oh diba so hindi talaga kami late n'yan" proud na paliwanag nito.

"Halaaa tama tama hahaha" humagalpak ng tawa ang girlfriends dahil sa may konting sense rin naman sinabi ni kb. Napailing nalang sila

"Shut up" sabi ni Zi kay rl.

"Alam mo Ziallyn tanggal yang angas mo pag binaliktad mo 'yong sikap" nakangising rebat nito kay Zi.

Bumara ata 'yong cake na kinakain ko dahil sa sinabi n'ya kay Zi. Walangya

"Jeez A, drink this" inabot ni Ath ang juice at hinagod ang likod ko.

"Thank you Ath"

"What?" Tanong ni Zi.

"Pakis" diretsong sagot ni rl.

Napaubo nalang ako dahil sa narinig ko. Itong mga kaibigan ko naman at kapatid n'ya todo hiyaw kung maka tukso.

Si baby hindi parin ako pinapansin at seryoso lang na umiinom sa kabilang side ko.

"RL hoy napakalandi mo!" Sabay batok ni iris sa kanya

"Malandi ka rin naman" sabat naman ni Miss Eve sabay taas ng isang kilay.

"Sa akin lang naman" napalingon naman kami kay Helari. Hala bardagulan na naman ba 'to.

Nagpalipat-lipat ang paningin ko sa dalawang nag babardagulan.

"Kalma lang kayo, ako lang to si Iris" sabay taas ng dalawang kamay na parang sumusuko. Sanaol pinag-aagawan.

"Helari baliktarin mo 'yong tapat" siraulo tong Iris, same result parin naman.

"Tapat?" Napaisip pa nga s'ya bago sumagot.

"Oh diba wala namang nagbago? Ikaw parin naman ang gusto ko" sobrang prangka ni Iris. Parang nasampal ata sa katotohanan si Miss Eve do'n ah.

"Omg! Hahahaha" kinilig ang girlfriends jeezz, ano bang mga trip nila.

Hmm makisali nga.

I fake a cough at binalingan ko si Pie.
"Pie ano kabaliktaran ng baliw?" Nakangiting tanong ko sa kanya.

"Spill" ay spill pa nga.

"Edi wilab, wilab each other" sagot ko at niyakap s'ya sa gilid.

"Yeeeeeeeee sanaol wilab each other" panunukso ng girlfriends.

Si baby naman parang walang epekto 'yong banat ko ah, hindi man lang kinilig. Sige mamaya ka sa akin.

"Ako meron din!" Singit ni keyboard.

"Ano?"

"Paano mawala ang stressed?" Tanong nito.

"Tanggalin mo ulo mo" sagot agad ni Iris

"Pukpukin mo ng martilyo" segunda ni donkey

"Untog mo" sabi naman ni Ag

"Hingi ka kiss sa jowa mo pero wala ka naman no'n" sagot ko.

Natawa nalang ang ibang demogons sa mga sagot namin na walang sense.

"Ma'am bakit po ang bobo ng mga students mo?" Tanong ni Kb kay pie.

"Maka bobo ka, parang s'ya hindi!. Ano? sagutin mo sarili mong tanong" excited 'tong Iris na 'to at hindi makapaghintay.

"Tatanga n'yo, baliktarin n'yo lang stressed edi desserts!" Sabay ikot ng kanyang mga mata. Naisip pa kaming apat kung dessert nga ba ang sagot.

"Tanga tama! Pag pagkain talaga usapan bigla nalang gumagana utak mo kb" 50% compliment ni Iris 50% pang iinsulto.

"Kapag binaliktad mo 'yong robin magiging kapitbahay mo na s'ya kasi nga nibor" biglang sabat ni Ag, humagalpak ako ng tawa dahil tama nga naman s'ya.

"Kapag binaliktad mo 'yong lebron may tutunog" singit ni Miss Lorea kaya napatingin kami sa kanya. Hala wtf sumasabay na s'ya? Awee.

"Bakit tutunog ma'am?" Sagot ni Ag.

"Kasi nga Norbel" ang lakas ng mga tawa naming apat dahil sa sagot n'ya. Yawa si keyboard lang ata

ang hindi na gets 'yong sagot haha.

"Grabe ka Miss, pwede pwede" sabay thumbs up namin ng girlfriends.

"May isa pa, rl may pinapasabi nga pala 'yong crush mo" seryosong sabi ni Cassandra.

"Ha? Ano?"

"Baliktarin mo ang balakid" sagot nito agad.

Langya puro nalang kami palaisipan dahil sa larong to. Ay gage gets ko na!

"RLLLLLL DIKALAB NG CRUSH MO HAHAHA" sabay na pang-asar naming apat sa kanya.

"Oooooo" sambit ng mga kambal.

"Alam ko!" Sabay irap ni rl sa amin. Ay aminado naman pala ang donkey.

Bigla naman tinawag ni Iris si Miss Eve. Oh bakit nakangisi yan?

"Ma'am may sasabihin ako, wag ka sana kabahan" seryosong sabi n'ya kaya napatingin kami sa kanya.

"What?" Miss E raised a brow and said it coldly.

"Wag ka sana kabahan" tangena inulit pa nga.

"Just tell me!" She said irritatedly

"Wag ka sana kabahan. 'yon nga" lakas nito pag tripan si Miss langya.

"I don't know if you're crazy or kung may ubo ka lang sa utak" humagalpak ako ng tawa dahil sa pag sagot nito kay Iris at sinampal ang ulo langya.

"Nakakarami ka na po Ma'am ha" reklamo ni I. Aguy inukutan lang s'ya ng mata.

Si kb naman ngayon ay hinarap si Pie at ng may halong nakakaloko na ngiti. Nalapunok ako dahil baka may kalokohan na naman s'yang pinaplano.

"Ma'am may sasabihin ako" panimula ni kb.

Si pie naman na abala sa glass n'ya.
"What?"

"May crush po si babe na taga architect" awtomatikong napataas ang kilay ko dahil sa sinabi n'ya.

"Really?" She said coldly.

Bakit naman ata parang nag-iba nalang bigla ang atmosphere sa cottage na to. Gulped.

"Opo, payag ka no'n?" Kb took a glance at me and I throw her some of my death stare.

"She's too marupok to do that" humagalpak ako ng tawa dahil sa sinabi n'ya at dahil sa accent n'ya na

mala arte.

"Besides, she has only eyes for me" dagdag n'ya pa na mas kalong ikinalakas ng pagtawa ko.

"Pero paano ma'am kung may katulad ni Shrek na naman ang manggulo?" Tanong ni Ag.

Nakunot pa nga nga noo nila dahil di nila kilala si shrek amp.
Tahimik na ulit akong nakikinig lang sa kanila habang umiinom.

"Shrek?" Taas kilay na tanong ni pie.

"That girl na lage humahabol kay babe" sagot ni Kb

"My one and only rival is food" Hindi ko na kinaya at ang lakas ng tawa ko walangya.

"Aw sabagay proven and tested na yan Ma'am" sagot naman ni Ag

Itong mga kasama ko naman kung makatingi. Bakit na naman nakakunot ang mga noo nito.

"Ang saya mo naman Sj" saad ni Cassandra.

"Wala, natawa lang kasi ako kasi tama naman ang sinabi n'ya" pa tawa-tawa kong sagot kay Cassandra.

Ay naisip ko bigla hindi pa pala nila alam na kaibigan ko si Athy. Tumikhim muna ako bago ulit magsalita bago harapin ang girlfriends.

"Ay by the way. Just want to tell y'all that Kathlyn is my Bestfriend" nakangiting sabi ko sa kanila.

Their eyes widened in shock lalo na ang mga kaibigan ko.

"What!? Anong bestfriend sinasabi mo d'yan at bakit hindi namin alam?" Tanong ni Iris.

"Bumalik na lahat ng ala-ala mo?" Tanong naman ni Ag

"Hala gaga hindi nga?" Hindi makapaniwalang tanong ni Kb

"Nag ka amnesia ka Sj!?" Sabay na tanong ng tatlong kambal.

Langya ang dami naman nilang tanong.

"Yes, nong panahon na hindi n'yo ako mahanap ay si Athy kasama ko at ayaw n'ya kayong ma meet kaya hindi ko na pinilit and ou kambals nabagok ulo ko e" paliwanag ko sa kanila. Hindi pala nila alam ang tungkol do'n.

"Also pie is my girlfriend since senior high" mas lalo ata nagulat ang mga kambal dahil nakanganga na sila. Si Zi naman ay may gulat din sa kanyang mukha, akala ko ba alam n'ya?

"Hala hindi nga, totoo Ma'am?" Ayaw talaga maniwala e, kaya nagtanong nalang si kb sa kanya.

"Yes" agad na sagot nito.

"Kaya naman pala nawawala ka nalang bigla babe e. Baka may hindi ka pa naalala at ihahampas ko

tong bote sa ulo mo babe, halika" sabay angat nang hawak n'ya na bote. Tapang naman mag amok ni ?

"Try it" my baby said coldly hala sanaol defender.

Galit pa rin ba ang dragon na 'to? Para talaga s'yan abnormal. Sabi kausapin ko kapatid n'ya tapos ngayon magagalit, pasalamat at mahal ko s'ya.

"Joke lang po Ma'am" sabay peace sign ni monkey.

Nag excuse muna ako sa kanila upang kumuha ng tubig. Daming inumin tapos wala man lang tubig sa table hmp.

"Ay shit!" Napatalon nalang ako nang pagtalikod ko ay si Pie na pala ang kaharap ko, langya naman talaga tong si dragon.

"Pie naman e! Nahulog tuloy ang tubig ko" reklamo ko sa kanya.

Hindi s'ya umiimik at nakatingin lang sa akin. Ano na naman ba problema n'ya? Ay ayaw mo talaga mag salita ha.

"Pie, I need to tell you something" malungkot na sabi ko.

"What" lamig naman masyado.

"I'm sorry" sabi ko at umiyak sa harap n'ya. Her face soften when she see me crying.

Itutuloy ko pa ba trip ko? Baka kasi mapatay ako ng wala sa oras.

"Sorry for what?" Her voice is softer now.

"I think, we should stop this" seryosong sabi ko sa kanya.

Yawa 'yong heartbeat ko nagiging abnormal, kinakabahan ako.

"W-what do you mean?" She asked in confusion.

"Ayaw ko na maging girlfriend ka" bigla nalang tumulo ang mga luha sa kanyang mga mata.

"A-Are you joking? J what are you talking about" ma luha-luha n'yang sabi at hinawakan ang pisngi ko.

I smiled.

"Let's stop this girlfriend relationship" seryosong sagot ko sa kanya.

Her lips parted in disbelief.
"J-Jeeey w-why? May nagawa ba ako? Please stop joking" she's sobbing now. Langya

"I'm serious" sabi ko at tinalikuran s'ya pero mabilis nitong hinawakan ang kamay ko amp cute.

"N-No" she wiped her tears like a kid.

Hala pwede ko na ba s'yang e akyat sa kwarto at lantakin? Charot.

"Baby" malambing na tawag nito habang humihikbi.

"W-why all of a sudden you want to end our relationship. I love you so much JeyJey" then she hugs me tightly. Cute n'ya masyado lord!

"D-Do you love my sister?" She asked while sobbing. Langya nakonsensya ako bigla. Pero hindi ko s'ya sinagot.

"I can't afford to lose you. P-please say you're just joking" humagulgul pa nga si dragon.

"I'm serious, I want to end this girlfriend relationship" Napabuntong hininga nalang tuloy ako.

Wala naman sana akong plano sabihin sa kanya ngayon pero ito nalang talaga ang alas ko para kausapin n'ya ako at effective rin naman.

"W-why!? Y-you broke my heart but I still love you with all the pieces. Don't do this to me" I think she's sober now.

She then cupped my face and make me look at her. Napasobra ata ginawa ko sa kanya dahil halos mamula na mga mata nito kakaiyak wtf.

"Talk to me please" she pleaded while crying.

"I love you" then she kissed my lips.

"Baby stop giving me a fucking silent treatment and talk to me!" She exclaimed and smacked my chest, yawa ang sakit.

Seryoso ko lang s'yang tinitignan pero bwakanang shit, kabado na ako sa totoo lang.

"Believe it or not. I want to end this" I said and smile at her.

"I'm willing to change myself for you J. Please! Just...just don't leave me" nagulat ako dahil napaluhod nalang s'ya bigla sa harapan ko kaya agad ko s'yang pinigilan wtf!

"What are you doing!" Singhal ko sa kanya.

"I won't risk everything if you're not worth it" she mumbled.

"I may be cold and act hard, but at least my heart is warm. I'm not perfect, I make mistakes, I have jealousy issues, I can be moody sometimes. But I promise you that I'm faithful, I'm loyal and I will do everything for you, to keep you. Together we're strong enough to overcome the worst of the worst" gusto ko na tuloy sunggaban s'ya ng halik. Ngayon lang ata naging open ng ganito sa akin.

"Sometimes my mind get angry and even when I'm pissed as hell my heart still cares for you. I can't explain it, I'm so sorry if I never made you feel that way but I swear. I'll try being a better person just for you" napanganga ako dahil sa mga sinabi n'ya. This is the real Pixie.

Napaupo nalang s'ya at pinapahid ang mga luha na parang bata. Napakagat labi ako dahil lahat ata talaga gagawin n'ya kahit pa lumuhod s'ya tangena. Mabilis ko s'yang inalalayan patayo.

"Don't ever change yourself just for me. I appreciate the way you are and you have to become more of

who you are" sabi ko sa kanya at hinawakan ang magkabilang pisngi. Cute naman ni Mommy umiyak.

"I want to end our girlfriend relationship because I wanna ask you be my Fiancee" she lift her head and her eyes widen in shock.

Nginitian ko lang s'ya at pinunasan na naman ulit ang mga luhang ayaw tumigil sa pag bagsak.

"W-what?" Hindi ata s'ya makapaniwala sa narinig.

"I may be not the perfect partner in life but I promise you from now on. I'll be there through your ups and downs. The world is crazy, but so am I for you. I love you" I said and kissed her forehead.

"W-where is it?"my brows raised. Ano hinahanap n'ya.

"What mommy?" Tanong ko.

"Where's my ring?" Ay hala bobo, hinahanap ang singsing.

I scratched my brow when I realized that I don't have a ring. What an epic proposal Sj.

Luminga-linga ako at mabuti nalang ay may nakita ako. Napangiti ako at agad na kinuha ito. Basta part ng pyesa lang, ay bahala na temporary lang naman.

"Your hand please" nakangiting sabi ko sa kanya.

"What's that?" Tanong n'ya sa hawak ko.

"It's a retaining ring Mommy. Sorry wala akong singsing na dala kaya ito nalang muna. Pag tyagaan mo muna saglit" sagot ko.

She suddenly burst into laughter while wiping her tears. I was stunned for a moment. Ang sarap sa tenga pakinggan tawa n'ya at sobrang ganda n'ya talaga pag tumawa. Langya tinatawanan lang proposal ko ah.

"You really amuse me in different ways" sabi n'ya at inilahad ang kamay.

Napangiti ako dahil sa sinabi n'ya. Kinuha ko ang kamay nito at isinuot ang retaining ring na hawak ko. Langya natatawa kaming dalawa habang sinusuot ko sa kanya, ang epic naman kasi masyado. But next time i'll make sure na matino na proposal ko.

I gently placed my hand on her waist and pulled her into a hug. Bango talaga ni Mommy at hindi nakakasawa. "Temporary lang yan Mommy"

"Am I your flashlight?" I whispered.

She shook her head and let out a soft chuckled.

"Nope. You're brighter than that" malambing na sagot nito. Nakakaulol naman masyado si Pie sa mga rebat n'ya! Napakagat labi nalang ako dahil sa kilig tsk.

"Ehem"

Sabay pa kaming napalingon sa tumikhim. Langya tong si Ag at Miss Lorelei mga chismosa.

"Loko ka naman Ag, panira ka ng moment namin ni Mommy" sabi ko at inikutan s'ya ng mata.

Tumawa naman s'ya. Ay may nakakatawa?

"Ang tagal mo kasi kumuha ng tubig, akala namin nalunod ka na kaya sumunod na rin kami" sagot n'ya at tinuro si Miss Lorelei

"Sorry for disturbing your precious moment. But i'm so thirsty and I don't wanna drink alcohol anymore" medyo nagulat ako sa sinabi n'ya ha. Ngayon lang ata s'ya nag salita na medyo may konting kahabaan haha.

Nakaharang kasi kami kaya hindi nila mabuksan ang refrigerator amp. Ako na mismo ang kumuha ng tubig para sa kanila at mabilis itong inabot kay Ag.

"Thanks" Sabi ni Miss Lorelei at bumalik na sila sa labas.

Hindi rin nag tagal ay lumabas na rin kami ni Pie at magkahawak ang mga kamay na pabalik ng cottage. Nagkakantahan na pala at si Kb pa talaga ang pinakanta nila ha, buti hindi sumakit mga tenga nila.

"Pie pie! Anong anong full meaning ng SCHOOL?" tanong ni agad ni RL pagkaupo palang namin.

"Alam ko alam ko!" Singit ni Kb.

"Ano?"

"Seven Cruel Hours Of Our Lives!" Sigaw nito sabay angat ng baso. Tangena proud yan.

"Ou legit yan. Yan talaga ang meaning!" Sabat naman ni Iris.

"Manahimik kayong dalawa! Ano nga full meaning pie?" Baling nito ulit kay baby.

"Why don't you google the answer" malamig na sabat naman ni Zi. Hilig n'ya kumontra kay Donkey e.

Si pie naman hindi nalang sumagot at uminom nalang ulit. Napailing nalang ako e.

"hindi ko na kailangan ng google. Dahil nong nakita kita, the search is over" bigla nalang nasamid si Pie sa ininom n'ya at kami naman ng iba ay humagalpak ng tawa. Langya talaga ni Donkey ang dami n'ya pang rebat.

Pero si keyboard na parang nag-iisip kung ano ang sinabi ni RL, di na gets ni ?
"Anong konek no'n sa school rl? Bobo ka ba?" Alangya mas lalo pa akong natawa sa sobrang ka slowhan n'ya.

Inabutan ko nalang si keyboard ng pagkain. Mas mabuti nalang siguro kumain s'ya.

"Wag ka nalang sumabat kb, kumain ka nalang" sabi ni Iris sa kanya at inabutan din s'ya ng saging amp.

"Ay Ma'am kath, do you know spyxfam?" Biglang tanong ni Kb. Hala alam ko tong manga na to hmm.

"Nope why?" Sagot agad ni Athy.

"My new dream is to be an Assassin" nakakaloka si keyboard jusko.

"Hindi ka nga makatakbo ng hindi natitisod. Tapos gusto mo maging Assassin? Tanga ka ba" pambabara ni Iris. Lakas talaga mambara ng hayop na 'to.

"Shut up. Hindi ikaw kausap ko" sabay irap ni Kb.

"Assassin?" Tanong ni Athy at inabala ang sarili sa pag inom.

"Yes po. So I can be YORs" biglang nabulunan si Ath yawa! Kami naman ng mga kaibigan ko ay napanganga dahil sa banat n'ya.

Kinuha ko ang napkin table at agad na ibinigay kay Ath. Gulat yarn athy girl?

"Hoy gage ka keyboard!" Sabay tapon ko sa kanya ng napkin haha.

Tinaasan lang s'ya ng kilay ni Athy aguy.

"Hala first time bumanat ni monkey" bulaslas ni Iris

"Oh kalmahan mo lang Miss Kath at baka ma in love ka na n'yan" mayabang na saad ni Kb jusko po.

Napansin ko si Annallyn na masama ang tingin kay keyboard. Hala so ano nagseselos yan? May jowa ka Annallyn wag kang ano d'yan.

-

"Hoy ayoko! Ayoko! Ayoko!" Reklamo ko sa mga kaibigan ko.

Nandito kami ngayon sa loob ng bahay habang ang demogons ay naghihintay sa labas. Pinagbihis kami ng bikini!

"Tangena bakit kailangan natin gawin to!" Segunda naman ni Iris at itinapon ang robe sa couch.

"Matulog nalang kaya tayo at hayaan sila maghintay sa labas!" Sabat naman ni RL.

Langya! Girlfriends n'yo dinogshow ng Demogons. Pinag-pageant pa nga.

"Sabaok lahat all!" Siraulong Iris.

"Kasalanan mo talaga to babe! Lage mo kasi sila dinadamay sa mga trip mo. Ayan tuloy tayo naman ang napag-tripan!" Singhal ni keyboard. Oh bakit parang kasalanan ko pa.

"Pa laklak nga dalawang red horse d'yan. Pampalakas ng loob dali dali" sabi ko kay Ag.

Plano ko sana sila pasayawan ngayon e tapos ang resulta kami papasayawin walangya. Agad kong nilaklak ang redhorse na binigay ni Ag ng walang tigil.

"Hoy! Grabe ka makalaklak sa redhorse! Hindi ka man lang nagtira sa amin" hampas ko tong bote sa ulo ni kb e.

"Gage ka sj, ang pula na agad ng mukha mo. Siraulo bakit redhorse pinainom n'yo gaga" sermon ni RL

sa kanila.

Tapos na kaming lahat mag bihis. Binigyan lang kami ng 20min ni Mommy to prepare our dance at mga kasabihan etc. Langya

"Babe ano tiktok mo ha? E post mo ang sayaw natin" tanong ni kb sa akin.

Ang init naman masyado ng katawan ko, nakakaloka talaga ang pulang kabayo na yan pag sinagad nalang bigla ang pag inom.

"Blackmarbles94 follow n'yo ko mga tanga" sagot ko sa kanya.

"Tangena pati tiktok mo pinangalanan mo na rin ng blackmarbles hahaha" singit naman ni Iris. Bakit ba, ganda kaya ng username ko. Si Mommy mismo nag changed name.

"Sj lumabas na kayo!" Tawag ni Annallyn.

Nakakaloka sila. Okay lang, medyo nawala na konti 'yong hiya ko. Sinuot na namin ang mga robe at nauna silang lumabas.

"Sj ikaw una rumampa gaga ka" tulak sa akin ni rl. Sige ako nalang uuna rarampa.

Nag play na ang music. Ang ganda nang tunog ha, 16 shots.

Wala na akong hiya e. Kinuha ko naman ang isang redhorse at nagsimula na rumampa. Mala cat walk ang lakad tulad ni catriona.

Hindi ko pa muna tinanggal robe ko, naglakad ako paikot ng pool side. Kita ko si Mommy, Athy at Zi ngumisi. Aweee kalma lang kayo d'yan. Pa sway-sway pa kuno ng hips ko ang lakad habang 'yong mga kaibigan ko panay na hiyawan.

"She likes spaghetti" sabat naman ni Bernadette.

Bahagya akong napanganga dahil bakit alam nila mga paborito kong pagkain.

"Hoy Sj!" Tawag ni Iris kaya napalingon ako sa kanya. Oh bakit naman ata parang nakakita ng multo yan?

"Oh?" Kunot noo kong tanong sa kanya.

"Tara na Sj!" Tawag ulit ni tekla at hinila ang kamay ko, langya tong babaeng 'to.

"Hoy, bitawan mo nga ako tekla! Baka duma-"

Sasagot pa sana ano kay Tetel nang tumunog phone ko.

Mommy D. Pingpongballs
How many girls have you gained so far? ?

Napaisip ako sa sinabi n'ya, pero mali! bakit ba iniisip ko ang tanong n'ya. Bakit parang ang sama naman ata ng kutob ko sa emoji na yan!

Napatangin ako sa mga kaibigan ko na parang mga tulala. Ano, may multo ba?

"Jane"

I froze when I heard her cold voice. I hastily turn my head at the back to see her but damn!. Her face looks like she's about to murder someone. Yikes!

Tumahimik bigla ang paligid ko ah, parang kanina lang ang ingay ng mga 'to.

"P-po?" utal kong sagot sa kanya.

Ay bakit s'ya lang mag-isa at hindi kasama ang apat bipolars. Saan ba galing 'tong dragon na 'to at bigla nalang nawawala.

She took a glance at Tetel and Bernadette before speaking.

"Come here. Let's eat your FAVORITE food. Pudding"

Malawak ang naging ngiti ko matapos nya idiin ang salitang FAVORITE. I stood up and walk towards her in amusement.
Langya si Mommy ang cute magselos kasi palaban. Kinikilig ako, hays ano ba dragon ko! ?

"Mommy" malambing kong tawag sa kanya.

But instead of answering back, she gave me a death stare.

"Pudding" sambit ko at ngumuso.

Her body is so close to mine and I didn't expect her next move. I felt her arms wrapping around my waist.

My eyes widen and my mouth hang in awe when she suddenly kissed my lips right in front of everyone. Wtf? Hala gago bakit naman po ang PDA masyado ni Mameehhh!

"I know she's too charming but she's mine. Touch her, and you'll see"

That very cold voice gives me so much shiver through my body.

Langya si Tekla bigla nalang namutla, ano tekla takot ka na n'yan? Same tekla, same!

"Mommy wekwek" Sambit ko and she looked at me in disbelief. Tangena talaga nitong bibig ko amp.

"Hehe pudding." Ngayon ko lang napansin suot n'ya gage, kahit naka simple outfit lang s'ya ay angat parin talaga ang ganda at karisma ni Pie.

Nakasuot ng simple white shirt lang s'ya na naka tucked in ang harap, black skinny jeans then white shoes. Tapos naka finger wave ang buhok, sanaol mala chix ang dating!

Gage 'yong spa session namin mukhang hindi matutuloy dahil nandito na si Pie.

"Okay" sabay tapik nya sa aking ulo.

Langya.

"My bad"

Alam naman n'ya hihikab ako agad, nananadya talaga to. Gapusin ko 'to sa kama e makikita mo.

"Let's move." sabi n'ya at hinawakan kamay ko. Saan nga kami ulit pupunta?

"Sa kwarto?" Lutang kong tanong. 'to naman si pie kung makatingin talaga e.

"Ay 'yong friends ko Pie, hindi pwede mahiwalay sila sa akin. Magkakasakit sila" pigil ko sa kanya nong hilahin na n'ya ako palayo.

"No need to call them. Susunod naman sila kahit hindi mo iimbitahan" sagot n'ya sabay iling ng ulo.

Napalingon ako sa likod ko. Ay gaga nakasunod nga silang apat pagkain ba naman usupan, syempre hindi nila palalampasin yan. Laki naman ng mga ngiti nitong mga bruhang 'to.

Akala ko pa naman lalabas kami, hinatak lang pala ako papuntang dining area. Ang dami namang tao at halakaaaa nandito lang pala 'tong mga malditang 'to.

"Good evening Demogons" bati ko sa kanila bago umupo sa tabi ni Pie.

"Good evening Ja" naks naman 'tong si Zi, naka crossed legs tapos may hawak na tasa ng kape habang nagbabasa ng magazine.

"Evening" lamig naman masyado ni Athy, may regla ba s'ya today?. Ay ou nga pala araw-araw naman sila may mga regla.

Si Miss Eve at Lorelei naman tinapunan lang ako ng tingin. Kanina ko pa talaga napansin si Miss E, bigla nalang iirapan si Iris pag nagkatinginan silang dalawa. Hmmm

"Pie" tawag ko sa kanya pero ang gaga tinaasan lang ako ng kilay.

Hindi pa nga nakakalamon ang demogons ay ang mga kaibigan ko halos mapuno na ang mga bunganga sa daming pagkain na sinaksak sa lalamunan nila. Yaman nga mga patay gutom naman jusko. Para lang mga bata na kumakain, tapos ang mga Mommies nasa tapat lang at tahimik na pinagmamasdan ang paglamon nila amp cute.

"Eat and stop staring at them" mahinang salita ni pie kaya napalingon ako sa kanya. Ay selos yan? Nakita n'ya pala mga nakaw tingin ko sa ibang dragon.

"Ma'am naniniwala kayo sa multo?" Tanong ni keybold na abala sa nilalantak nitong lobster.

"No" tipid na sagot ni Athy.

"Pero ako naniniwala ako sa multo"

Kapag si keyboard talaga ang nag open ng topic hindi ako naniniwalang matino ang sasabihin n'ya hmm.

"Hm hmm hmm diva?" Tangena nito ni rl, ayaw nalang muna nguyain ang pagkain bago magsalita.

"Don't talk when your mouth is full donkey" bigla nalang sumabat si zi dahilan para mabilaukan ako. Langya naman kasi nagulat ako sa donkey amp.

"HAHAHAHAHAHAHA" Tawanan ng mga abnormal kong kaibigan.

"Pft" luh si pie pipigilan pa ang tawa e.

Si donkey na namumula ang pisngi sa kahihiyan haha.

"Ahem, diba sabi mo nakakita kayo ng multo." Sabi ni donkey.

Tahimik lang akong kumakain at nakikinig sa kanila.

"Ou nakakita kami ng white lady" seryosong sagot ni keybold.

"White lady, sige nga anong hitsura?" Seryoso naman nila masyado aa usapan nila.

"Naka pula" tangena ano raw?

Langya si dragon napaubo nalang bigla, ay gaga nasamid sa iniinom na tubig. Tangenang keybord 'to, while lady daw na naka pula amp haha.

"HAHAHAHAHAHAHA"

"White lady daw tapos naka pula HAHAHAHAHAHAHAHAHA. " malakas na tawa ni Iris na may kasamang hampas pa sa lamesa.

"White lady na naka pula, meron bang ganon? Hahaha" si Ag na mauubusan na ata ng hininga kakatawa langya.

"Puro ka talaga kalokohan kb" pailing-iling na saad ni rl

"Pag si keyboard na ang nagsabi, meron talagang ganon" ayaw ko nalang kumontra sa kanya. Pero may napanood akong korean horror movie, ghost in red dress.

"E kasi naman kayo masyadong seryoso d'yan" sabi pa ni keybold.

"Sige sige, may tanong ako! Ano ang tawag sa multong nakikita n'yo sa ilog?" Seryosong tanong ni Iris. Pati ako napaisip bigla e, hmmm.

"Meron bang ganon?" Tanong ni Ag.

"Ano?" Tanong ko saka sinubo ang pudding ko.

"Edi, A-ghost" sagot n'ya sabay angat ng dalawang kamay at ni wave-wave pa amp haha.

"HAHAHAHAHAHA" ang babaw talaga ng mga kaligayahan namin jusko ang lakas na naman ng mga tawanan namin.

"Ako ako! Meron din" si Ag naman na mukhang excited pa. Hala ang gaga nag jo-joke na s'ya ngayon? Aweee.

"Ano?" ay si Miss Lorelei hindi halatang excited ha haha.

"Ano ang pinaka-nakakatakot na multo?" Seryoso naman nilang lahat, pati ang demogons nasa kanila narin atensyon e haha.

"Ano ano! Sirit!" Sabat ni keybold.

"Edi 'yong pinaasa ka, hinayaang mahulog ang loob mo, sinanay ka sa piling n'ya tapos ginhost ka lang" langya 'tong si Ag, akala ko pa naman joke sasabihin tapos huhugot lang pala.

"Ang lalim naman ng pina hu-hu-ghost-an mo Ag!" Langya ang witty ng mga gagang 'to.

Si Miss Lorelei na bigla nalang sumeryoso ang mukha matapos nang hugot ni Ag.

"Langya ka naman Ag! Sayahan lang walang hugutan" sabay irap ni Iris sa kanya.

Kapag nagpatuloy talaga 'tong mga bunganga nila ay hindi ko alam kung anong oras kami aabutin bago maubos 'tong mga pagkain namin.

"Ako ulit ako!" Si keyboard na nagtaas pa ng mga kamay. Langya ang dami nilang baon tonight ah.

"Sige go kb" sabi ko

"Bakit parating mahahaba ang buhok ng mga multo at aswang?" Nakangising tanong nito sabay taas-baba ng mga kilay.

"Bakit?" Naks si Miss Eve.

"Kasi kapag kalbo o panot, hindi ka matatakot. Matatawa ka lang"

Hindi ko na ata kakayanin si keyboard today lord. Ang mga dragon na napakagat labi nalang dahil sa kahangalan ni keyboard.

"Multong panot?" Sabat ni Ag

"HAHAHAAHAHAHAHAA"

Tangena 'di ko na kinaya humagalpak na rin ako ng tawa.

"Hoy! What if barilin ko kayo? Panot Daddy ko!" sabat naman ni Iris na mas lalong nagpalakas sa tawanan naming magkakaibigan.

"Pft"

Pati demogons 'di na rin ata kinaya dahil napatakip na sila sa mga bibig nila at nagpipigil ng mga tawa. Tangenang yan amp, si Pie nangingilid na luha walangya kasing panot na multo yan amp bahaha.

"Langya amp bahahaha, bakit ba ang seryoso mo! Multo naman topic natin hindi si Tito" hagalpak na saad ko. Parang siraulo 'tong si Iris e, idadamay si Tito amp.

"Iris I have a question for you" ay hala ano kaya itatanong ni Miss Eve sa kanya.

"Ano po?" Bilis naman sumagot nito.

"May nakapag sabi naba sayo na maganda ka?"

Biglang nabulunan ang gaga dahil sa tanong ni Miss, gage 'tong si Miss E ngingisi nalang bigla.

"Wala pa e pero-"

"Ganon talaga, wala na tayong magagawa" she smirked.

"BAHAHAHAHAAHAHA" hagalpak naming apat. Lakas makabara ni Ma'am kinarma ang Iris.

"May nakakatawa?" Malditang tanong ni I at inikutan kami ng mata. Ay inis yan haha.

"Ahem, ikaw ma'am tatanungin ko. Anong paboritong pagkain ng mga ghost?" Balik na tanong ni I.

"Kumakain pala sila?" Naguguluhang tanong ni Kb.

"Diba kaluluwa rin kinakain nila?" Sabat naman ng bobong si RL jusko po.

"Pft haha"

"My gosh! Hahaha"

Nagulat kami dahil bigla nalang humalakhak si Pie at Zi.
Gage ngayon lang namin sila nakitang tumawang ganito sa public. Sarap sa tenga pakinggan tawa nila langya.

"Gaga ka, ay basta alayan mo lang sila ng mga pagkain. Magiging kaluluwa rin ang mga pagkain at makakain nila" seryosong sagot ko pero mas lumakas ata tawanan nila Zi at Pie, pati nga sila Athy tumawa na. Langyang yan. Achievement unlocked!

"Langya ka babe bwesit hahaha"

"Ako na magpapatuloy. Sige anong paboritong pagkain ng mga ghost?" Seryoso kong tanong pero tawa parin sila ng tawa.

"What is it?" Si pie sumagot habang nagpapahid sa nangingilid na mga luha.

"Pagkain ng mga ghost na kalbo po" sagot ko.

"Ano?"

"Kalbo-hydrates po" agad na sagot ko.

"HAHAAHAAHHAHAAHAHA"

Langya ang lakas ng mga tawa nila. Nakuha na rin namin atensyon ng ibang mga tao na kumakain.

"Teka teka, walangya ang sakit na ng tiyan ko!" Mamamatay na ata 'tong si rl kakatawa ang pula na masyado ng mukha ni donkey amp.

"Ayoko na lord bahahaha bentaaaaa babe!" Sabay thumbs up pa ni keyboard.

Si Pie naman ginawa na nga n'yang pamaypay ang kamay, namumula narin mukha n'ya sa kakatawa tangena amp.

"Anong buwan ang pinakamaraming multo?" Hala gage si Miss Lorelei nag tanong, meron din ata s'yang joke e.

"Ano po Ma'am?" Sagot agad ni Ag.

"Edi O-ghost" simpleng sagot nito pero potangena amp I kenat bahaha.

"HAHAHAAHAHAHAHAH"

"Ma'am grabe ka pwede haha, haveyyy!" Pagpuri ni Ag kay Miss, naks naman.

"Easy" ay na easy pa nga ni Miss amp haha.

"Meron din ako" singit naman ni Athy kaya napatingin kami sa kanya.

"Ano 'yon ath?" Sagot ko

"Ano ang tawag sa nag aaway na mga multo?"

Tanong palang nga n'ya ay natatawa na ako. Kaloka resulta ba 'to sa lagi naming kalokohan at pati sila nahahawa na haha.

"Sige ma'am ano po?" Sabi ni keybold bago ininom ang juice.

"Edi fighting spirit" diretsong sagot ni Athy.

Humagalpak na naman kami ng tawa dahil sa banat n'ya. Ang sakit na nitong t'yan ko kakatawa tangena hahaha.

"Ay ako meron meron!" Tawa-tawang saad ko at nagtaas ng kamay. Parang nag q-quiz lang kami e kaloka.

"Ano?"

"Pie, may itatanong ako sayo. Anong isda ang bullet proof?" Sabi ko sa kanya.

"Hindi ko alam" mangiyak-iyak na sagot ni Miss Everleigh. Hindi naman s'ya tinanong ko pero bakit s'ya sumagot, naloka na.

"What?" Tanong ni pie.

"Edi pating! pating! pating!" Sabi ko at ginamit ang kamay ko na parang baril at tinutok sa kanya tapos kunyaring binabaril ko s'ya.

"Haypka babe hahaha"

"Anong hayop na laging binabalewala?" Langya 'tong si pie may baon din pala s'ya.

"Ano pie?" Nanuyot lalamunan ko kakatawa amp.

"Lion" agad na sagot nito sabay gesture pa nang kamay n'ya na parang wala lang 'yon. Tangena muntik ko pa mabuga ang iniinom na juice sa mukha n'ya yawa.

Napayuko nalang ako at napahawak sa tiyan dahil mamamatay na ata ako sa kakatawa, tangena heelp!

"Ma'am ha, may nalalaman ka na palang ganyan hahahaha" sila keyboard malalagutan narin ata ng hininga amp.

"Ano pa ang hayop na sumasabog?" Singit naman ni donkey.

"Ano?" Hagalpak na tanong ko.

"Pagong! Pagong! Pagong!"

Para na ata kaming mga baliw na lahat dito tumatawa, tangena 'yong mga pagkain namin hindi na nga namin napansin. Si Ziallyn na napaluha na rin dahil sa kakatawa, ang saya lang namin lahat e bwesit amp haha.

"Bwesit ka rl, ayoko na anobaaaa kailangan ko na ata mag oxygen tankkkk!" Hirap na hirap na bumigkas si Kb langya.

"Meron pa meron pa, saan napupunta ang mga panot na ghost?" Tanong ni Ag. Hindi ba sila nauubusan ng mga kagagohan hahaha.

"Tangena hahahahaha" bulaslas ko.

"Alam ko alam ko!" Bigla nalang tumayo si kb at nagtatalon na parang bata.

"Ano?"

"PANORTH!" Sagot nito sabay turo kay Ag.

Nabulabog nalang ang mga tao dahil sa lakas ng mga tawa namin. Tangena hindi ko na kinaya at hinampas ko na ang lamesa kakatawa.

"Oh my gosh! I think I'm gonna die" langya lumuluha narin si Miss Eve.

"Sana lang makalbo rin kayo" sabat naman ni Iris.

Ang pula na ng mga mukha naming lahat dahil sa kakatawa. Nabusog na ata kami sa kalokohan at wala na ang nagbalak sumubo nang pagkain amp haha.

"Meron pa! Meron pa!" Bulaslas naman ni Ag.

"Langya please lang mamamatay na ako kakatawa bahahahaha" sagot ko agad sa kanya.

"Sige share mo yan gaga" sabi ni Iris.

"Ano 'yong puno na hindi pwede akyatin?"

"Ano?"

"Edi 'yong nakatumba" agad na sagot nito. Si Miss Lorelei naubo habang umiinom nang juice.

"HAHAHAHAHAHAHAHA"

"Stop please. It's hard to breathe gosh" pie pleaded, amp hahaha sumuko na s'ya walangya.

"Anong kuko ang lumalangoy?" Sabat na naman ni Ag. Tangena ayaw tumigil ng mga hayop.

"Ano?" Si Miss Lorelei gusto pa talaga eh.

"Edi KUKOdile"

"HAHAHAHAHAHAHA" yawa hinihika na kami kakatawa.

"Huhu ayoko na, mapupunit na labi ko sa kakatawa hahahaha" parang sira 'tong si Iris, naloka na.

"Meron pa a-"

"Stop" langya naman 'tong si Mommy.

So tumigil na nga kami upang tapusin ang pagkain. Dami pa naman sana naming gusto sabihin pero sumuko na talaga sila pie, baka malagutan na talaga sila ng mga hininga pag nagpatuloy pa kami e.

Hindi na rin nga namin natuloy ang spa session kuno dahil pati 'yon nawala na sa mga isipan namin ng girlfriends. Matapos kumain ay nagpaalam na kami sa demogons at bumalik na ng room.

Nag aayos ako sa hihigaan ko nang bigla nalang ako kinalabit ni Iris.

"Hoy" tawag nito.

"Ano?"

Ang iba naman ay nakahiga na sa mga kama nila. Pagod na pagod yan?

"Ano oras curfew?" Bulong ni I. Ano na naman pinaplano nito.

"10pm" tipid kong sagot at nagpatuloy sa pag-aayos.

"Tara bili tayo alak" awtomatikong napalingon ako sa kanya. The heck?

"Hoy alak!? Tara gusto ko yan!" Kahit malayo si rl ay narinig n'ya pa talaga ang sinabi ni I?

"Hala hala! Iinom kayo? Sama kami mga gaga!" Isa pa 'tong si keyboard.

"Tanga bawal!" Sabi ko.

"Bili nga tayo, konti lang naman iinomin natin. Pampatulog lang Sj, sige naaaaa!" Pangungulit ni I at inalog-alog ako, walangya.

"Ano ba! Baka mahuli tayo!" Kulit ng mga 'to, puro nalang alak nasa utak.

Buti pa 'tong si AG chill lang at hindi nangungulit.

"Pumayag ka na Sj. Bili nalang tayo isang litrong softdrinks tapos refill natin do'n ang alak" napanganga nalang ako sa suggestion ni Ag. Tangena akala ko pa naman ay kokontra rin s'ya.

Napabuntong hininga nalang akong pinasadahan sila ng tingin.

"Sige, ano pa nga ba magagawa ko" sumuko na ako, hindi naman nila ako titigilan.

Lawak naman ng ngiti nitong mga babaeng 'to. Uhaw na uhaw sa alak, sarap lang palaklakin ng isang drum e.

Mabuti nalang at 9pm palang kaya makakalabas pa kami. Kaya nagmadali na kaming kumilos para makabalik lang din agad.

May convenience store na malapit lang sa hotel kaya do'n na kami bumili. Ang mga gaga redhorse na naman ang binili! Bahala sila d'yan at sila ang umubos n'yan!

Papasok na sana kami sa hotel entrance nang makita namin ang demogons!

"Hoy! Hindi ba nangangamoy yan?" Tanong ko sa kanila, baka kasi maamoy nila na beer pala laman ng mga plastic bottle na yan amp.

"Hindi. Okay lang naka karton naman e" amp nilagay pa talaga sa karton.

"Jane" hala ayan na nga ba, palapit na sila sa amin.

"Good evening mga miss" bati ko sa kanila.

"San kayo galing?" Tanong n'ya agad at binalingan ang hawak na box ni Iris "what's that?"

Gulped.

"Inutusan kasi kami ni Sir Dave na bumili ng mga softdrinks pie" her brow flinched. Langya hindi ata naniniwala si Mommy sa dahilan ko.

"Really?" Ayan na naman yang malamig na tugon n'ya! Mapapalunok ka nalang talaga.

"Yes po. Sige pasok na kami baka hinihintay na kami ni Sir" sabi ko at nauna na maglakad kasunod ang mga kaibigan ko. Masama ata kutob ko sa gabing 'to.

"Ayan ba sinasabi n'yong panpatulog lang sana? Isang case na redhorse ha?" Sabi ko nang makapasok na kami ng kwarto.

"Sa amin ou, liban nalang sayo" diretsong sagot ni Iris at inilapag ang box sa kama n'ya.

"Hoy! Wala tayong baso" ou ako na nag initiate mag tanong.

"Meron ako rito" I looked at Ag in disbelief. Nakalimutan ko may girlscout pala kaming kasama.

Binuksan na nila ang isang bote at nagsimula na tumagay.

-

KRYSTAL BERN

Mabuti naman at bago mag end ang story ay may POV din ako no. Ako muna kasi si babe sobrang lasing na!

"whosj hus drunk bish?!" Sj exclaimed and slapped Iris.

Sabi n'ya hindi raw s'ya sosobra sa pag inom pero ang resulta lasing na s'ya.

"Wtf sj! Bakit mo naman ako sinampal!" Kanina pa talaga s'ya paulit-ulit nasasampal ni babe.

May mga tama na rin kami pero iba ang tama ni babe kasi redhorse ininom namin.

"Hahahahaha" parang sira talaga at tatawa nalang bigla.

"Sj ano ba! Bitawan mo ang buhok ko hayop ka!" Sigaw ni rl kay babe.

Ang ayaw ko pa naman sa lahat pag nalasing ay si babe dahil iba ang trip n'ya.

"Hoy tangena mo pinaiyak mo pinsan ko!" Singhal ni rl kay Iris.

"Iris wag mo kasing sigawan pag lasing si babe! Alam mo naman na iiyak agad yan!" Turo ko kay I saka binato sa kanya ang baso na hawak ko.

"Ngalit nha kayo shakin?" Aw she's cute when she cries.

Para talaga s'yang bata pag umiiyak lalo na pag nagpapahid ng mga luha.
Tumayo ako upang lapitan s'ya at niyakap. Hindi kasi s'ya titigil sa pag iyak kung walang yayakap sa kanya.

"Iris mag sorry ka o hahampasin kita nitong vase?" Sermon ni Ag sa kanya.

I saw Iris heaved a sigh.
"Sj sorry na. Sige na o kahit sakalin mo pa ako" I nibble my lip and tried my best not to laugh.

"Hehe dun wahna, gib mehy a huggg" tinulak n'ya ako at niyakap si Iris. Sinamaan ko naman agad ng tingin si I, bwesit inagaw pa si babe.

"Oh bakit parang kakatayin mo na ako sa tingin mo keybold?" Taas kilay na tanong n'ya kaya inikutan ko nalang s'ya ng mata.

"Aym hungruu gihb me puuuds" babe said then rub her face on I's chest.

"She's hungry daw hoy. May pagkain kayo d'yan?" Tanong ni I sa akin.

Nilingon ko si Ag, baka lang meron s'ya.

"Ag may pagkain ka?" Tanong ko at umiling lang s'ya.

Napahawak nalang ako sa noo dahil wala kaming pagkain na dala. Sana pala bumili nalang kami kanina.

"Paano 'to? Iiyak na naman yan pag walang pagkain" sabi ko at bumuntong hininga.

"Si pie, ang alam ko nasa ibaba lang ng kwarto na 'to ang room nila" si Pixie nalang talaga pag-asa namin. Pero hindi pwede dahil malalagot kami pag nakita n'ya na lasing si babe.

"Gaga hindi pwede at baka makatay tayo no'n pag nakita ang sitwasyon ni babe" sagot ko sa kanya.

"At isa pa, hindi rin tayo makakalabas dahil may bantay sa labas" sabi naman ni Ag.

"Ahaaaa!" Sabay kaming lahat napatingin kay babe.

"Nasha bhava room nihla finfongbowls? Tsara tsara!" Tumayo s'ya at hinila kaming dalawa ni I. Mabuti nalang at nakakaintindi rin ako ng konti sa salitang lasing kaloka.

"Saan tayo pupunta babe?" Tanong ko sa kanya nang makalabas kami ng terrace.

"Hoy hoy mahuhulog ka!" Nataranta kami ni I dahil bigla nalang dumungaw si babe sa may railings.

"Keeeeybeee khunin nyow lahat ng mga khumot n'yo at bababa tayo" Kumunot ang noo ko sa sinabi n'ya kasi alam kong hindi nagbibiro so babe!

"Hoy baka mahulog tayo. Nasa 4th floor tayo babe" nag panic ako dahil s'ya na mismo ang kumuha ng mga kumot.

"Ish okeeeyy eyf wey feeeelll down, dersh a poohl kaya shafe lanh kaheyt mahulog tayown apat" nakangiting sabi n'ya. Naloko na talaga.

"Aht isha pa terrace rin namahn bavagshakan nateyn keybowrd. Kailangan lahn nateyn itong kumowt para mahy mahawakan pababa" sabi n'ya kaya agad akong dumungaw and yeah she's right.

"Owh make shure nha maheygpit ang pagtali mho vhaka lanngit bhagasak nateyn" natawa ako dahil kahit na lasing na s'ya ay alam n'ya parin ang ginagawa.

"Hoy Iris ikaw na ang gumawa" sabi ko at hinagis sa kanya ang kumot.

Ako 'tong kinakabahan sa kagagahan ni babe eh.

"Lahat tayow okehy? Takhutin nateyn ang vipolarhs" humagakpak kamig ng tawa dahil tinawag n'yang bipolars sila pixie.

"Alam mo babe, ikaw lang ang kilala ko na ganyan sa girlfriend" patawa-tawa kong sabi sa kanya.

"Haaaaa?waaat do yooo meeyyn?" Pft cute.

"Malakas pag tripan ang jowa, hindi puro sweet" sagot ko.

"Alahm moww keybowwrd I prefher hyuumoorrr than shweet toks. Kahya lab na lab akho ni drahgon hehe" well, she's right tho.

"True trrue Sj!" Sabat ni I.

"Divaaa? Hehe galing ko nohh?" She giggles when I pinch her cheek.

"Yes yes" nakangiting sagot ko.

"Stahp pfatting mah heyd keybold, I might fall ashleep" so cute when she's pouting.

"Leshgoo naaaahhhh i'm sho hungry. I'll go persh then shunod kayow okeeeyy?" Nakangiting sabi n'ya, tumango nalang din kami.

"Iris mahigpit ba pagkatali mo?" Tanong ko kay I.

"Yuppy ako pa" sagot n'ya saka kumindat pshh.

Nanlaki ang mata ko nang makita ang ginagawa ni babe.

"Hoy babe, bakit mo tinatali ang paa mo?" Kaloka 'to si babe, sabi n'ya hahawakan tapos ngayon itinali ang sarili. Para lang s'yang timba sa isang balon.

"Langya ka Sj, gusto mo mag patiwarik?" Natatawang sabi ni Ag.

"Ahyy hehe" langya 'tong si babe parang baliw talaga e.

"Para seyf akoh anubaaaaa, shunod kayo okeyy?" Ako kinakabahan sa gagawin n'ya e!

"Hoy hawakan n'yo mabuti 'yong kumot para sure" sabi ko sa kanila.

Si babe na dumantay na sa railings.

"Babe be careful! Listi ka kung ano-ano trip mo!" Inis na saad ko sa kanya.

"Ishokey ishokey, duncha woreyyy" langya nag thumbs up pa nga.

"Babe/Sj!" Sabay na sigaw namin.

Nanlamig nalang ang katawan ko nang biglang nag slide s'ya pababa. Mabilis kaming kumilos para tignan s'ya sa baba.

"Booooolagaaaaaa" natawa ako dahil sa sinabi n'ya.

"Sj anak ng tinapa, hahahaha bwesit okay ka lang ba?" Bobo talaga 'tong si Iris, nakita na nga n'ya na parang tabanog na sumabit si babe magtatanong pa!.

"Tangena babe bakit nakabitay patiwarik ka!Hoy 'yong ulo mo hayop ka!" Sigaw ko sa kanya, ako kinakabahan sa kagagahan ni babe!

"Wooooooooi" para s'yang bata na nagtatawag ng hindi n'ya kilala.

"HAHAHAHAHAAHHAHA" bigla nalang tumawa ang tatlo sa gilid ko.

"Ag capture the momen. Get the camera hahaha" sabi ni Iris.

"Hoy sj tingin ka nga rito sa taas, smile ka dali" ang sarap ihulog ni rl.

Pero ang gaga na si babe sumunod naman at nag posing pa ang gaga! Para talagang wala s'yang problema at konting pagkakamali lang ay swimming pool talaga bagsak n'ya. Nakakaloka.

Ang saya nilang nagtatawanan habang si babe parang isang bulate na pinapaing sa isda.

"Wooooooooi" tawag ulit nito sa baba.

"Hoy babe! Okay pa ba dugo mo? I mean ulo kaloka ka. tawag ko sa kanya.

"Ishokey, mah head ish fayyyyn. Gib me a ishtick. The door ish too far from me and I kenat reach eyttt." Ano plano n'ya?

Kinuha agad ni Ag ang isang walis na nasa labas lang ng terrace at inabot kay babe.

"Hoy ganito siguro hitsura ni Sj kung titignan galing sa loob ng kwarto nila pie" sabi ni rl at pinakita sa amin ang isang litrato.

"HAHAHAHAHAHAHA"

Tawanan naming apat, hindi ko ma imagine ang magiging reaksyon nila pixie kung makita nila si babe ng ganito mula sa loob.

May narinig kaming ingay mula sa baba kaya sinilip namin ulit si babe.
Hala ang gaga kinakatok n'ya ang terrace gamit ang walis since 'di n'ya maabot.

"Mameeeehhhhyyy ooffeeeennn daaaaa teressshhh!" Sigaw ni babe

"Babe! Wag ka masyadong malikot!" Sigaw ko kasi ang likot at baka matanggal ang tali sa paa n'ya!

"Mameeyyyy yohooooooo!"

She's howling my god! Mapapatay talaga kami ni pixie nito!

"Mameeeyyyyyyyhhh helloowwww? Keyvolddd! I think walang tao sha loob! They dun wanna opeyn the kurteysn!" Reklamo na ni babe sa baba. Okay pa kaya ulo n'ya? Baka puno ng dugo utak ni babe eh.

"Hellooo labanoshhh ebrebadii leshgooo. Come on--kb ano nga shunod na lyrics nong dora shong?" Sigaw na tanong ni babe. Mababaliw ata ako sa kanya, parang walang pakialam at chill lang masyado kahit na nakalambitin eh.

"Sh-shit! Pie is calling!" Nataranta na kami dahil hindi namin alam kung sasagutin ang tawag o hindi.

"Answer it!" Sabi ko.

"Weeyyyyy areee daaa shammmmpiooonssss! Shapiii delibery pooooo, opennn da teeeeeraaaccceee.!" Natatawa ako at kinakabahan at the same time sa kanya.

"P-pie" utal na sambit ni rl

"HELP US! T-THERE'S A GHOST AT HINDI KO MA CONTACT SI JANE!" nanginginig na boses ni pixie.

Dinungaw ko agad si babe.
"Babe ghost ka raw" sabi ko.

"Meeeyyyy? A ghossshhht? Hehe Gosh," tinuro pa n'ya sarili ahaha.

"Mameeeeyuuu opheeennn shesam

[Content truncated due to length]

EPILOGUE

-

"Bwakenangshit! Kailangan ko talaga suotin to!?" Kanina pa ako nauumay sa paulit-ulit nilang binabato sa mukha ko.

"Suotin mo na babe, bagay kaya sayo bikini! Maganda katawan mo ta's sexy pa, dagdag mo pa pagiging kapre mo." Basagin ko kaya ngipin ni keyboard

Nakakainis, bakit kailangan pa mag bikini? Pwede naman mag short shorts nalang tapos shirt ah! Si sir Dave nakakaasar, dapat yung nga lalaki pinagtripan nya at hindi kaming may mga kepyas.

"Di nalang ako sasali sa activity?" Tanong ko sa kanila. Sana allnalang talaga masasabi ko sa kanila, mabuti pa sila at sanay sa pagsuot ng ganito, pft.

"Hindi pwede, minus 10 daw sa langit" patawang saad ni Iris.

"Wag ka na kasi mahiya babe! Dali na" kinuha nito ang bikini na hinagis ko sa kama at ibinalik sa akin.

Hays, wala na akong nagawa at kinuha ito at mabilis pumasok sa banyo upang mag bihis. Umay naman nito, volleyball nalang nga lalaruin required pa mag bikini. After namin magbihis ay bumalik na kami sa beach side, nasa unahan ko ang apat samantalang nasa likod ako. Ang dami namang mga tao at sobrang uncomfortable masyado mga tingin nila.

"Shara Jane De la Fuente"

Napahinto ako dahil sa biglang tawag sa akin.

Mapapa-WTF ka nalang talaga pag narinig mo ang sobrang lamig na boses ni dragon. Naloko na, complete name pa nga.

Nang tumalikod ako upang harapin s'ya ay sobrang sama makatingin nito sa akin, ano nagawa kong kasalanan mameeeh!?

"H-Ha?" utal kong sagot.

Ay tinignan pa nga ako mula ulo hanggang paa, bago ulit tumingin sa aking mga mata. Bakit naman ata mukhang kakatay si pie, wala naman akong maalala na ginawa na ikakagalit n'ya?

"Go back and change your attire" she said coldly

"Ha?" Nakanganga kong sagot.

"I SAID CHANGE YOUR ATTIRE"

lamig naman masyado sa paligid namin ni dragon, parang kanina lang ang init ah.

"Are you serious?"

Medyo napalakas ata boses ko kaya nakuha namin ang iilang atensyon ng mga tao. Baka pagalitan pa ako ni Sir Dave pag hindi ako sumunod.

"Lower down your voice De La Fuente, I hate it when people look at you. Especially now, I don't like what I'm seeing" she said irritatedly and used her kimono blazer to cover my body.

"Are you even aware of how sexy you are? Cover your body. I hate when you get everyone's attention" napanganga nalang ako dahil sa sinabi n'ya.

Napakurap ako ng ilang beses para lang masigurong hindi ako namamalik-mata.

"I won't let you gain more witches anymore. It's so damn annoying" I laughed in amusement upon hearing her saying that.

"Dapat ako mag sabi n'yan sayo pie. You're so beautiful, nauulol ako lalo sayo"

"I know you're head over heels in love with me" she cockily said and rolled her eyes that made me burst out laughing.

"Stop attracting girls. I'm so sick of it. I don't trust anyone else aside from CCB" anong sinasabi n'yang attracting girls ba, wala naman akong ginagawa o nilalandi amp.

"Use this towel and cover your face. I don't like them staring at you" I bit my lower lip to suppress my laughter. Damn possessive mommy.

"Sandali pie, what about my activity? Baka magalit si Sir Dave" bulong ko nang hilahin nya ako, pero tinaasan lang ako ng isang kilay.

"Who's your fiancee?" Seryosong tanong nito. Sino nga ba? Charot.

"You"

"What's my surname?" De La Fuente hmp.

"Ponferrada"

"The boss?" Me! Pero joke lang, sa kama lang talaga ako boss.

"You"

"Good" she smirked.

"Of course good girl ako, pero mas super good pag itinali kita sa kama." Bastos nitong bibig ko at pinitik nya ako sa noo. Wadapak! slap me more mommy, ?

Wala na nga nagawa ang isang De La Fuente at nagpatianod nalang kay Ponferrada kung saan man ako balak nito halayin, charot lang dalhin.

"6789 968 637 0946 831" I sweetly whispered.

Nag loading ata utak ni pie dahil nakakunot ang noo at tila nag-iisip.

"I don't need lotto numbers" humagalpak ako ng tawa dahil sa biglang sagot n'ya amp.

"That's a secret code in relationship pie" hagikhik ko.

"Why don't you just tell me directly instead of giving me stupid numbers?" Inis na sabi nito. Ayoko nga sabihin bahala ka d'yan, mag research ka dragon!

"Secret" sabi ko kaya sinamaan ako agad ng tingin.

"Aray, aray!"

Langya piningot ang tenga ko at may mga taong nakatingin din sa amin. Ang sakit n'ya pumingot at ayaw bitawan ang tenga ko!

"Heeelp! may child abuse na na--joke lang, joke lang! Araaaay, masakit na pie" ang higpit masyado tangena.

"Sorry na, joke lang. Bitawan mo na please huhu" para akong bata na binibingot ng ina n'ya habang kinakaladkad pauwi ng bahay amp.

Goodness! feeling ko matatanggal tenga ko dahil sa ginawa n'ya. Kapag talaga ako naasar, sa kama talaga ang bagsak n'ya promise!

So that's it, since the dragon ordered me to change my outfit ay syempre dapat sundin! Mahirap na at baka sakalin na n'ya ako sa susunod pag hindi ako sumunod. Pero okay lang naman kung sasakalin n'ya ako with pleasure. ?

"Pie" tawag ko sa kanya, nasa may bandang terrace s'ya nakatayo.

Her eyes widened in shock when she turned to face me.

"W-What are you doing?! Jane!"

Napangisi ako nang bigla n'ya nalang takpan ang mga mata.

"Naked" diretso kong sagot.

"I-I know! I told you to change. Damn you! Wear your clothes!" cute dragon.

Natawa ako dahil sa reaksyon n'ya. Halaka, ang lakas n'ya akong akitin tapos mahina naman pala.

"Ikaw magsuot sa akin" utos ko sa kanya at nilapitan s'ya bitbit ang damit ko. Haha sarap n'ya asarin.

"A-are you crazy!?" Iritadong saad nito.

Nakatakip daw ang mga palad sa mukha pero tagos naman ang paningin sa katawan ko. Sanaol scammer mameehh.

"Crazy for you" I whispered seductively.

"D-Do want to die?" As if naman kaya n'ya.

"Die for you" sabi ko at dinampian ng halik ang leeg nito.

Napangiwi ako nang bigla n'yang tinabig mukha ko. Langya naman 'tong si mommy

"Stop teasing me" she's glaring at me pero 'yong mukha n'ya namumula na.

Napanguso nalang ako habang sinusuot ang damit sa harapan n'ya. Kita ko pa ang pag lunok n'ya e, sus bakit pa pipigilan kung horny na pero charot lang.

Gets ko naman point n'ya, baka kasi bigla nalang mambulabog mga kaibigan ko. Para pa namang mga kabute 'yon at bigla nalang sumusulpot.

"Mommy ayaw mo?" Nakangising tanong ko. Tulala kasi si gaga sa harapan ko.

"What?" Malditang sagot nito.

"Ayaw mo kainin kit-" langya 'di ko na natapos sasabihin dahil sinampal ako ni dragon!

"Next time. Not today!" Gaga ang moody n'ya, pero anong next time at not today?

"Bakit next time pa?" Tanong ko bago isinuot ang shirt.

"I have an unwanted guest" diretso n'yang sagot pero nag malfunction ata utak ko dahil hindi ko gets.

"Sino?"

"Stop asking and move faster. Gosh! you're so annoying!" napatampal nalang ako ng noo matapos n'ya akong itulak kaya napaupo ako sa kama. Ang gaga nag walked out na naman sa sobrang inis haha.

Paglabas ko ay wala na si pie, saan nag pixie the explorer ang maldita na 'yon? Iwanan ba naman akong mag-isa. Nasa may bandang lobby na ako at hindi ko alam saan pupunta. Ayaw ko rin pumunta kung saan ginagawa ang activity at baka makita ako ni sir Dave. Kasalanan talaga 'tong lahat ni pie e, hahatakin n'ya ako tapos iiwanan lang din.

"Hey move!" Sigaw sa gilid ko pero too late to avoid.

Ang sakit ng pwet ko lintik na babae 'to bakit ba hindi tumitingin sa dinadaanan.

"Omg! I'm sorry. I wasn't able to avoid you" tarantang saad nito at tinulungan akong makatayo.

"Gosh i'm late! I gotta go. I'm sorry again, bye" sabi n'ya at kumaripas na ng takbo.

Hindi ko man lang nakita ang pagmumukha n'ya dahil nakayuko lang ako kanina. Lalabas na sana ako nang tumunog selpon ko, sino 'tong nag chat?

Mommy D. Pingpongballs
Nawala lang ako saglit may bagong babae ka na naman? ?

Medyo nataranta ako sa chat n'ya kaya nilibot ko ang paningin sa paligid pero gaga hindi ko makita! Anong bagong babae ang sinasabi n'ya!

SJ

Pie let me explain. ?

Mommy D. Pingpongballs
I don't need your explanation. You let her touch you. Magsama kayo :)

SJ
Ay gusto mo? Sige hanapin ko muna s'ya.

Mainis nga lalo si dragon. Langya ka ha, bigla ka nalang tinotopak sa ka abnormalan. Asarin natin lalo yan?

Mommy D. Pingpongballs
Fuck you De La Fuente!

Humagalpak ako ng tawa dahil sa reply n'ya tangena. Hindi ko alam kung ako lang ba ang taong kinikilig pag minumura. Para tuloy akong baliw dito sa lobby tumatawa mag-isa.

SJ
Hahanapin ko 'yon babae na nakabangga ko tapos kukunin k-

"Aray!" Tangena nagulat ako sa biglang sumuntok sa likod ko kaya hindi na ako nakasagot kay dragon.

Ay gaga ang dragon pala ang sumuntok at sobrang dilim ng mukha. Hindi ko s'ya pinansin at nilampasan lang. Kunyari galit ako

"Where are you going?" Malamig na tanong nito.

Ignored.

"Jane!" Ay sinundan pala ako.

Ignored.

"De La Fuente!" She exclaimed.

Langya si mommy gusto pa ata humatak ng atensyon e. Pero 'di ko parin s'ya pinansin at nagpatuloy lang sa paglakad.

Hindi na s'ya nagsalita kaya binalingan ko sa likod. Kumunot ang noo ko nang makita ito na may kausap na lalaki kaya mabilis ko s'yang binalikan.

"Pie" tawag ko sa kanya ngunit hindi ako pinansin.

"Your friend?" Tanong ni mukhang boots na tropa ni dora kay pie.

"No" I looked at her in disbelief. Seryoso masyado ang mukha ni dragon.

Bigla nalang namuo ang inis sa dibdib ko dahil sa sinagot n'ya sa lalaki.

"I see, so pwede ka-"

"She's not a friend because she's my fiancee" she said coldly and raised her hand to show him the ring.

Humagalpak ako ng tawa dahil tangena! my God! I really love this woman so much. Proud n'ya kasi pinakita ang pyesa na suot nito. Ang cute at sexy at the same time ni dragon!

Damn that's my woman. Siraulo 'tong si pie kinikilig ako, tapos dagdagan pa na parang may nag kakarera sa puso ko.

"ooo that's my Mommy D. Pingpongballs" ay napalakas ata pag sabi ko. Hitsura ni pie mukhang sasabog na sa inis e.

She held my hand at hinatak ako palayo sa mukhang boots na 'yon. Sorry nalang sa kanila dahil akin lang si dragon ko.

"I swear De La Fuente. I'm gonna slap your face if you won't stop laughing" Yikes, katakot naman si pie. Pero hindi ako magpapa-under sa kanya no! Ano s'ya gold.

"Hahaha--yes po, titigil na" sabi ko nang umaksyon na itong sasampalin ako. Mabaet naman ako kaya dapat sumunod sa mommy.

"Mameeeehh bakit ba ang init ng ulo mo, buntis ka ba? Ay hindi pala ako makakabu-" tangena talaga. Pasalamat s'ya mahal ko s'ya! Kaya okay lang sampalin ako.

Masakit po s'ya sumampal, mas masakit pa sa sampal ni Ziallyn!

"Asan si Athy pie?" Bobo ko naman masyado, alam na nga na selosa si dragon nag tanong pa talaga ako.

Umuusok na naman ilong ni dragon. Kaya mo yan self, tiwala lang.

"Why?" mas malamig pa sa relasyon ng mga na ghost ang boses n'ya.

"Naalala ko lang nong pinagluto n'ya ako ng mga pagkain especially spaghetti. Masarap kasi" sagot ko.

"I can cook for you" agad na sagot nito.

"Tapos-"

"Shut up! I can do everything. Just tell me!" She exclaimed.

Gage, selos na selos sa kapatid.

"Okay, later tonight. I want to eat you--your special menu" feeling ko konti nalang mauubusan na talaga s'ya ng pasensya sa akin.

Kanina n'ya pa ako kinakaladkad pero hindi ko man lang alam kung saan n'ya ako binabalak na dalhin.

"Pie saan tayo pupunta?" Tanong ko.

"Ihuhulog ka" awtomatikong napalingon ang ulo ko sa kanya. Tangena anong sabi n'ya!?

"H-hoy pie, anong ihuhulog ako" napalunok ako dahil seryoso ang mukha nito at hindi talaga nagbibiro Napansin kong paakyat na pala kami. Napatigil ako nang mapagtanto ang tinutukoy n'ya. Tangena seryoso ba talaga s'ya!? Gusto na siguro ako nitong patayin ni dragon.

"P-pie! Ano ba, wag ka nga mag joke!"pigil ko sa kanya paakyat.

"Do I look like joking?" Shit! hindi nga s'ya nagbibiro.

Seryoso nga s'ya na ihuhulog n'ya ako sa lintik na bungee jumping na yan! Gusto ko na tuloy umiyak dahil sa kaba.

"P-pero pwede rin naman tandem tayo diba? P-payag ako basta kasama ka" ang lamig na talaga ng katawan ko habang umaakyat na kami.

Hindi sumagot ang gaga at hinila lang ako uli. Yawa 'yong tuhod ko nangangatog na dahil sa takot. Akala ko pa naman okay na 'tong phobia ko kuno dahil galing na kami sa langit, jusko hindi pa pala.

"Baaaaaaabe!" Rinig kong sigaw ni keyboad mula sa baba.

Langya nasa malapit lang pala sila nag vo-volleyball.

"P-pie" bigla nalang may lalaki na lumapit sa akin para ikabit ang equipment.

"B-bakit ako lang!?" Nanginginig na boses na tanong ko. Ang gaga ayaw sumagot tangena.

"K-kuya, hindi po ba matatanggal yan?" Tanong ko kay kuya.

Aba'y gago 'to at tatawanan lang ang tanong ko. May nakakatawa ba sa tanong ko!? Kung s'ya kaya ihulog ko ha.

"Hindi po ma'am, wag ka mag-alala safe po to" sagot naman nito.

"Pie, sabi mo mag tatandem tayo?" Tanong ko ulit kay dragon na ngayon ay nakatingin lang sa akin.

Those cold, beautiful eyes are always looking only at me.

"Scammer ka naman pie" mangiyak-ngiyak na ako sa pagsasalita.

Tangena talaga, kaya ayaw ko pag tripan si dragon dahil mas malala pa ang parusa n'ya kung s'ya na mismo ang gumanti. Pero kasi, ang sarap n'ya kaya asarin kaya mahirap pigilan huhu.

Dinungaw ko ulit sila keyboard sa baba.

"Keeeeeeyboooooooold, heeelp meeee!" Sigaw ko pero ang mga gaga nag tawanan lang! Ano nga ba naman ang magagawa nila laban kay pie jusko.

"Okay lang yan baaaaabe! ikamusta mo nalang kami sa gate keeper ni san pedro!" Wala talaga s'yang kwenta kausap. Mana talaga sa akin mga kaibigan ko.

"Okay na po ma'am" sabi ni kuyang kaya nabalik sa kanya atensyon ko

"Okay" pie said then walk closer to me.

Muntik pa akong mahulog dahil sa biglaang pag atras ko, jusko po!

"Pieeeeee itulak mo yaaaaan!" Sigaw ni donkey sa baba. Kung s'ya kaya itulak ko no?

"Malalim naman siguro yang pool sa baba no? Just in case lang na maputol tong cable" tanong ko kay kuya

"Hindi po yan mapuputol ma'am, safe ka po d'yan" sagot n'ya.

"Naninigurado lang" sabay lunok ko.

"Jane"

"Y-yes?"

She devilishly smirked

"Goodbye"

Nanlamig ako sa sinabi n'ya at huli na ang lahat bago pa ako makakilos dahil itinulak na n'ya ako pabagsak!

"Maaaaaameeeeeeeeehhhhh aaahhhhhhhhhshiiiiiiitttttttttttt!"

Potangena bumaliktad sikmura ko dahil sa ginawa n'ya. Napapikit nalang ako dahil hindi ko kaya imulat ang mga mata!

"Babeeee! HAHAHAHAHAHAHA" mamaya ka sa 'kin keyboard! Feeling ko namatay ako saglit dahil tinakasan ako ng kaluluwa. Para akong bola na nagpa bounce-bounce sa kalagayan ko hanggang sa tumigil at naging steady na.

"Tulungan n'yo akoooooo! Nasusuka na akoooo!" Sigaw ko sa mga lalaki na papalapit sa akin.

Hindi talaga ako nagbibiro at nasusuka na ako! Ang bagal kumilos ng mga 'to.

"Jane"

Salubong ni pie sa akin pero hindi ko s'ya pinansin at kumaripas ng takbo patungong cr, dahil sukang-suka na ako! Langya kang dragon ka, sarap mong parusahan sa kama!

Lalabas na sana ako nang bigla bumukas ang pinto.

"Baby" malambing na tawag nito palapit at niyakap ako.

May saltik talaga fiancee ko promise. Niyakap ko naman s'ya pabalik, aarte pa ba ako? Hindi pwede no!

"Hmm?"

She lifted her head and pouted.
"I'm sorry" malambing na bulong nito.

Grabe apaka moody ni mommy today, dinaig pa n'ya buntis sa totoo lang. Paano nalang kaya pag nabuntis s'ya? Edi mas malala pa siguro mangyayari diba? Hinawakan ko ang magkabilang pisngi n'ya at ipinagdikit ang mga noo habang nakapikit.

"I'm not mad, alam kong selosa ka." sabi ko at pinisil ang pisngi n'ya. Kumalas s'ya at nginitian ako, bago

hawakan ang kamay ko.

"Let's go" sabi n'ya kaya ngumiti lang ako pabalik saka tumango.

Ay teka.

"Pie, hindi mo naman siguro ako ihuhulog ulit no?" Tanong ko

Baka kasi may plano pa s'yang ihulog ako. Humagikhik ba naman ang dragon, ay hala! Ihuhulog n'ya pa siguro ako.

"No. That's all for today" I looked at her with confusion.

"For today? So may next time pa!?" Tanong ko dahil gusto ko lang naman manigurado! Hindi s'ya sumagot at nginisihan lang ako. Ay hala so may next time pa nga! Baka sa building na talaga ako sunod ihulog nito ni dragon.

"Let's try that" Tinuro n'ya ang isang duck paddle boat.

Ang cute, bagay 'to sa amin. Una akong sumakay saka s'ya inalalayan makapasok. Nagsimula kami agad magpedal, ay ako lang pala dahil ang dragon tamad pumedal amp.

"Baaaaabeeeeee!" Tawag ni keyboard sa may dalampasigan, kumaway lang ako pabalik sa kanya.

"J"

"Yes?" Baling ko sa kanya

She hold my hand. "Are you happy with me?" Loading ata utak ko sa tanong n'ya.

"Of course! Tinatanong pa ba yan? Hindi mo ba alam kung gaano ako kasaya pag kasama ka?" nakangiting sagot ko sa kanya.

"Ay pie, ilang anak gusto mo ha?" Tanong ko.

"5?" Gulat ako sa sagot n'ya, lima!?

"Ayaw mo isang dosena?" Pero mas nagulat s'ya sa tanong ko amp haha.

"ay lima nalang pala, kawawa ka naman kung may mga mini's ako" seryoso kong sabi pero ang gaga tinawanan lang ako.

Talagang kawawa s'ya lalo na pag nakuha ng mga anak namin ugali ko.

"How many girls and boys pie?" Tanong ko. Napaisip ata si mommy do'n sa tanong ko.

"Hmm all girls" napaubo ako dahil sa sinabi n'ya. Hala wala man lang bang lalaki kahit isa!?

"Ayaw mo may lalaki, para may protector sila?" Mas maganda kaya panganay lalaki.

"I can give them psg" nuraw, spg?

"Spg?" Natampal nalang s'ya sa kanyang noo.

"PSG. Personal Security Guards" she said using her usual monotone voice. Langya spg pa nga.

Okay hindi na dapat ako magreklamo at baka sampalin ako nito kung aangal pa ako sa desisyon ni dragon.

"What will be their names. Pwede ako mag pangalan sa tatlo?" Sabay nguso ko, baka lang pumayag s'ya.

"Alright, tell me?"

"Fosse Acre De La Fuente, Tory Hattie De La Fuente and Kaz Rylee De La Fuente. Ano pie, galing ko no at mga unique masyado names naisip ko" pagmamayabang ko sa kanya.

Ngumiti s'ya ngunit saglit lang at sumeryoso ulit ang mukha.

"Not your surname but mine" napanganga ako sa sinabi n'ya. What!?

"Nooooo!" I insisted lmao.

"Yes and that's final" langya so magiging Shara Jane Ponferrada na ako n'yan? ay bagay din naman sa pangalan ko surname ni mommy. Yes tayo d'yan.

"May pangalan ka na ba naisip sa dalawa?" Tanong ko.

"Zaniah Lo and Celeste Wren" ngiting saad ni pie. Hala space theme ang peg ni pie!

"Ang unique pieee!" Malawak ang ngiti kong pinuri s'ya at niyakap. Gage same kasi kami naisip, at puro may mga second name.

"Pero wag muna natin pag usapan yan ngayon kasi baka ma jinx at puro lalaki ang resulta, sige ka" totoo naman kasi yang sinabi ko. Legit na legit yan!

"Pie may sasabihin ako" sabi ko at mas hinigpitan ang hawak sa kamay nito.

"What?"

"After graduation baka mag-aral ulit ako" kumunot naman ang noo n'ya nang marinig ang sinabi ko.

"We decided to study criminology pero 2 years lang naman pie" diretso kong paliwanag sa kanya. Papayag kaya s'ya?

"Why?"

"Gusto lang namin bumawi kay keyboard, lalo na ako. She likes to study criminology pero ayaw nila tita kaya nagpasya kami na mag-aral ulit kahit 2 years lang. Kami narin ang kakausap sa parents n'ya. Patawa-tawa lang yan si kb always pero tinatago lang talaga n'ya sa sarili ang mga problema" paliwanag ko saka inabala ulit ang sarili sa pagpepedal.

"Alam na ba nila mommy?"

Napangiti ako dahil mommy na nga talaga tawag n'ya sa mother ko.

"Hindi pa pero alam ko naman papayag sila sa desisyon ko. Sayo ko palang sinabi" sagot ko at bahagya pa akong nagulat dahil isinandal nito ang ulo sa balikat ko.

"It's fine with me J. I will always support your decisions" aw sweet, akala ko kokontra s'ya.

"Want me to accompany you?"

"H-Ha!?" Langya napalakas pa nga boses ko dahil sa gulat.

"You meant, mag-aaral ka rin kasama namin!?" Bulaslas ko, gage 'tong si mommy.

"Yes" seryoso n'yang sagot. Wadapak?!

"No pie, mahirap ang criminology especially pag dating sa AS subject at ibibilad ka sa araw. No no no! Lalo na sa acceptance ceremony ng mga first year students" anong akala n'ya sa course na 'to madali lang? Kaloka 'tong si mommy at sasama pa nga sa pag-aaral.

"What's wrong? My friends are all licensed criminologist" friends... Langya sinong friends ba tinutukoy nito.

"Friends?" Kunot noo kong tanong.

"Everleigh, Lorelei and Kathy" napanganga nalang ako sa sobrang gulat dahil sa sinabi n'ya.

Tangena so mga criminology professors pala silang tatlo!? Gaga ngayon ko lang nalaman dahil hindi ko rin naman tinanong. Bobo ko talaga at mas lalong sure ako na hindi alam nong mga siraulo kong kaibigan.

"Seryoso!?" Gaganda naman nila masyado at hindi halata.

"Yup" ou seryoso nga s'ya at hindi naman to mahilig magbiro.

"W-wag na pie. 2 years lang naman yan, ayoko mahirapan ka please?" Mahirap pa naman pigilan 'to lalo na pag buo na ang desisyon n'ya.

I pleaded with matching puppy eyes. She just smirked at me, hulog ko 'to sa dagat e.

"I was just kidding" sabi at ngumisi. Napahinga naman ako ng maluwag dahil sa sinabi n'ya.

"Oh so, joke lang din na mga crim. Professor sila athy?" Baka joke lang din 'yon e.

"That's true" gage so totoo nga talaga.

Nakakaloka at mukhang magiging professors pa namin sila soon ah. Pero sabi naman 4th year students lang mga hinahandle nila.

Bigla ko nalang naalala na criminology pala kinuhang course ni Athy before. Naloka na at sobrang hina na talaga nitong memorya ko.

"Eh bakit nandito rin silang tatlo pie?" Tanong ko ulit sa kanya.

"Criminology students are also here" ay nandito rin pala? Nakakaloka at hindi ko man lang napansin.

Napasarap ata kwentuhan namin at napansin ko medyo malayo na pala kami sa dalampasigan.

"Balik tayo pie at medyo malayo na tayo oh, baka bigla nalang lumakas hampas ng mga alon at bumaliktad pa 'tong paddle natin" sabi ko sa kanya at nagsimula na mag pedal palapit sa dalampas.

Nang matapos kami mag paddle boat ay nagpaalam muna saglit si pie dahil may meeting saglit. Hindi ko naman alam kung anong meeting at nakalimutan ko rin itanong.

"Hoy babe!" Tawag ni ?

"Oh?"

"May bonfire tonight. Wag ka uminom okay?" Luh ako pa talaga sinabihan ni keyboard ng ganyan?

"Iinom ako pero hindi beer tanga. Hindi pa ba tapos activity n'yo?" Pansin ko kasi s'ya lang mag-isa at wala ang iba.

"Tapos na gage, lunch time na kaya. Nagbihis lang saglit sila" sagot naman nito

Napatingin ako sa relo at ou nga, lunch time na at hindi ko man lang napansin ang oras kanina dahil kasama ko si pie.

"Saan tayo kakain?"

"Sa hotel na, tara tara! Gutom na ako babeeeee!" Reklamo ni horsey at kinaladkad na ako. Gutom narin naman ako.

"Sj, kb!" Tawag sa amin pero hindi ko naman makita kung nasaan sila ang dami kasing tao!

"Hoy!" Ay gage nasa gilid ko lang pala sila iris gaga.

Hmmm maraming tao ah.

Kb" tawag ko sa kanya.

"Oh?" She's glaring at me, as if alam na n'ya ang reason kaya ko s'ya tinawag.

Hindi ko nalang s'ya sinagot at hinila palapit sa akin upang bumulong.

"Gusto mo makaganti kina I at R?" bulong ko, hitsura ni keyboard daig pa bata sa sobrang excitement e.

"Sige sige! Ano ano yan ha?"sagot ni kb.

"Hoy anong binubulong n'yong dalawa ha?" Tampal ni R sa balikat ko.

Hmm may nakita akong mga lalaki na sumasayaw sa gilid at may bitbit na bluetooth speaker. Hindi ko na sinagot si R at lumapit nalang sa mga lalaki.

"Kuya pwede pahiram saglit? Kailangan lang kasi sa documentary namin" sabi ko sa lalaki na may-ari ata nong speaker.

"Sige miss, ano pala gagawin?" Tanong n'ya.

"Sasayaw po kasi mga kaibigan ko. Hiramin ko muna saglit kuya ha" paalam ko't hindi na s'ya hinintay sumagot at nilayasan na upang balikan ang mga kaibigan ko.

"Tara BAHAHAHAHAHAHA." tawa-tawa kong saad habang palapit sa kanila pero ang mga noo nilang tatlo ay puro nakakunot.

"Anong gagawin mo sa speaker Sj?" Tanong ni Ag. Isali ko nalang din kaya s'ya? Hmm

Inakbayan ko si Kb bago magsalita at seninyasan.

"Mag rock, paper, scissor tayo. Ang dalawa na maiba gagawin ang dare. Game?"

"Game!" Sabay na sambit nilang apat. Naks naman

"Okay game, ready na" sabi ko.

"Bato-bato pi-"

"Jane"

Langya si pie dumating bigla at kasama ang demogons. Jusko, tapos na ba meeting nila?

"Pie, hello demogons" gaga ang sexy nila naka bikini tops tapos short shorts then naka blazer.

"What are you doing?" Tanong ni Zi.

"What's that for A?" Tanong naman ni Athy sa speaker na hawak ko.

"Ah this, may gagawin lang. Bakit nandito kayo?" Balik na tanong ko.

Kaloka nasa kanila na halos lahat mata ng mga tao especially guys. Gaganda ba naman, artista yarn?

"To fetch you. We're going to eat lunch" sagot naman ni pie. Ay sanaol sinusundo

"Okay pero pwede saglit lang? Umupo muna kayo do'n" sagot ko at tinuro ang bench na nasa gilid namin.

Tinaasan lang ako ng kilay ni pie pero ginantihan ko lang s'ya ng isang nakakalokong ngiti. Mabuti at hindi na nangulit at sinunod naman ang sinabi ko.

"Okay game" baling ko sa mga kaibigan ko.

"Ready"

"Bato...bato...pick!"

Tangena, gusto ko nalang magmura dahil sa naging resulta! Papel ang tatlo at kaming dalawa ni Kb ang bato! In short, kami ang talo!

"The heck! Babe!" Singhal ni kb, jusko po napatampal nalang ako sa noo.

"HAHAHAHAHA" tawanan ng mga bruha naming kaibigan.

Binalingan ko naman sila pie at ang gaga, nakangisi pa nga!

"Shit!" Sambit ko.

Tatakbo na sana ako pero mabilis akong nahawakan nila R at I, bwesit ang bilis naman nila makakilos.

"Tatakas ka pa ha! walang ganon S. Wag kang madaya" sabi ni R at tumawa, saya n'ya naman?

"Ou na, bitawan n'yo na ako" sagot ko hmp as if naman may magagawa pa ako.

"Ahem, alam n'yo naman siguro ang jumbo hotdog na kanta diba?" My brow flinched dahil sa sinabi ni Ag.

"What the...don't tell me?" I looked at her in disbelief

"Yes, sayawin n'yo ni kb sa gitna" agad na sagot n'ya at humagalpak naman ng tawa ang dalawa.

I turned to face pie to ask for help.
"Pieeeee" tawag ko at nilapitan sila, sumunod naman ang apat.

"What?"

"They want me to dance jumbo hotdog" sumbong ko sa kanya. Lagot kayo, hindi papayag yan si pie syempre.

"Go"

My eyes widen in shock. Hala gaga! Ano sabi n'ya!? Ang mga kaibigan ko naman mas lalo pa ata lumakas ang tawanan.

"H-ha?" baka kasi mali ako sa narinig ko.

"Go dance" tangena?

"Hahahaha go S and K!" Sarap sampalin ni Iris e.

"Hahahah taste your own game" kantsaw naman ni R.

Napalunok nalang kaming dalawa ni kb sa sobrang hiya. Shit, ang daming tao! as in sobrang dami!

"Game na sj, na connect ko na sa speaker" saad ni Ag.

Nagsimula na ang music. Tangena bahala na 'to, kinapalan ko na ang mukha ko at tumayo sa gitna.

"Sumabay ka na lang, 'wag kang mahihiya" I started to dance, ginaya ko 'yong trend sa tiktok na sayaw bwesit na yan.

"Sige, subukan mo, baka may mapala
Walang mawawala kapag nagtiya-tiyaga" tapos biglang sumulpot sa gilid ko si keyboard na namumula ang mukha.

Shit ang mga tao na nakatambay at dumadaan napapatingin sa aming dalawa. Para ba naman kaning mga sira na bigla nalang sasayaw at gigiling sa gitna!

"Kung gustong-gusto mo, sundan mo lang ako" buti at alam ni keyboard ang steps at nakakasabay.

(One, two, three, four)

"Jumbo hotdog, kaya mo ba 'to?
Kaya mo ba 'to? Kaya mo ba 'to?" I bit my lower lip while performing the steps. Tangena kasi maypa-pump pa kasi 'to.

Sinulyapan ko una ang mga kaibigan ko na nag rerecord pala ang mga walang hiya habang nagtatawanan!

Sunod naman sila pie na feeling ko nagpipigil lang ng mga tawa dahil sa sitwasyon ko namin ni Kb ngayon. Tangena nilang lahat amp.

"Jumbo hotdog, kaya mo ba 'to?
Hindi kami bato para magpatalo" tumalon kami ni keyboard paharap sa isa't-isa saka ginawa ang pump steps. Jusko ang pula na ng mukha ni kb kaya humagalpak ako ng tawa hayop na yan bahahaha.

"Jumbo hotdog, kaya mo ba 'to?" Hinila ko na si kb pabalik sa mga kaibigan namin saka isa-isa sila binatokan.

Kailangan na namin umalis dito dahil nilalamon na ako ng hiya!

"Pie tara na" tawag ko sa kanya na ngayon ay namumula ang mukha. Bakit hindi nalang n'ya itawa kaysa pigilan no!

Bahala sila d'yan hinatak ko na si kb palayo sa crime scene. Shit! Nakakahiya bwesit na yan.

"Bwesit ka babe! Akala ko ba sila I at R tapos ang resulta tayo palang dalawa!" Inis na bulong nito sa akin.

"Aba malay ko ba na alam nila plano natin keybold!" Balik ko sa kanya at inikutan ng mata.

Nang makalayo sa lugar ay huminto rin kami ni kb para hintayin ang mga kasama. Gaga, hindi pala namin alam kung saan kakain amp. Pumasok kami sa isang seafood restaurant pero ang inorder ko lang syempre ay ang mga paborito kong pagkain. Hindi rin kami nagtagal matapos kumain dahil may mga next activities pa and this time ay kailangan ko na sumali.

Sabi nga ni keybold may bonfire daw tonight and of course! May inuman na magaganap! Wala masyadong ganap sa lunch namin dahil pagod na pagod sila at ako rin medyo walang gana makipag bardagulan sa kanila dahil ayokong e open topic na naman nila ang kagagahan na ginawa namin ni kb.

Matapos mag lunch ay nagpaalam na kami sa mga demonyo para makahabol sa susunod na acticity. Gaga, late na kasi kami kumain at 1pm dapat nakabalik na kami sa tent ng BA.

--

"Hooooooo, finally at makakapag relax narin tayo!" Excited masyado 'tong si Iris e.

Nagsimula na pala bonfire gage at ang daming mga estudyante, sama-sama na ata lahat ng mga courses tonight. Maganda to! Iba ang bonfire ng mga estudyante at iba rin sa mga teachers. Kita ko agad ang demogons na nakasalampak sa buhangin habang nag k-kwentuhan sa harap mismo ng cute na bonfire nila.

"Babe oh" kalabit ni kb sa akin at inabot ang isang can ng redhorse.

"Kb alam mo naman na redhorse 'to diba?" Kunot noo kong tanong sa kanya.

"Isang can lang naman yan babe, dali na" s'ya na rin mismo nagbukas saka inabot sa akin. Kinuha ko nalang din at ininom.

"Hoy, tara puntahan natin sila pie" tawag ni R sa amin.

Silang lima lang din ang nag kumpulan. May mga estudyante kaming nakita na tinangkang lapitan sila pero hindi naman sila pinansin ng mga maldita, kawawa naman sila.

"Tara" sabi ko at naunang maglakad.

Hmmmm.

"Mga miss!"

Tawag ko sa kanila at pa zigzag tumakbo. Kunyari natumba ako sa kalasingan sa mismong tapat ni pie at sinubsub ang ulo sa legs n'ya, ugh smooth. ?

"Jane!" Singhal nito at mabilis na inalalayan ako amp bahaha.

"Bakit n'yo na naman pinainom ng beer yan!" Inis na sabi ni Athy sa mga kaibigan ko.

Ay baka mapagalitan pa sila ni pie, kaya agad akong tumayo at inayos ang sarili saka humagalpak ng tawa.

"What's funny?" Pie asked coldly.

"Hindi naman po lasing yan, sinadya n'ya lang talaga 'yon" sagot naman ni Kb.

"Hehe joke lang" sabi ko at nakita ko pa ang pagsabay na ikot ng mata nilang tatlo ni Zi at Athy.

"Ang lonely n'yo naman, pasayahin namin kayo?" Biglang sabat ni Iris.

"Lonely your ass" pambabara naman ni Miss Everleigh sa kanya kaya napatawa ang iba naming kaibigan.

Tumabi na ako kay pie. Magkakatabi lang din kami ng mga kaibigan ko.

Biglang may nilabas si Ag na mga sticks with hotdog at marshmallows, tangena bilib na talaga ako sa Doraemon namin.

"Grabe talaga si Ag, laging handa" tawa-tawang saad ni R at kumuha na ng hotdog at marshmallow.

"Ay may tanong ako. Nag chat kasi pinsan ko, english kasi e" panimula ni kb sa kagagahan.

"Oh tapos?" Sabat naman ni I.

Tahimik lang na nakikinig ang demogons habang umiinom. As usual, kami lang ang tumatalak mga bunganga.

"Anong english ng manigas ka d'yan?" Biglang tanong ni kb.

"You freeze there" sagot agad ni I.

"Freeze right there!" segunda naman ni R.

"Get frozen" singit ni A.

Humagalpak ako ng tawa dahil sa mga sagot nila.

"HAHAHAHAHAHA"

"Tumatawa ka babe, ano sagot mo?" Tanong ni kb.

"Get harder?" Sagot ko at sila naman ang humagalpak ng tawa. Gage, hindi ko rin kasi alam e.

Biglang tumikhim si Miss Everleigh, ay mukhang may sasabihin.

"Iris where do you live?" Sabay pa kaming lima napatingin sa kanya. Hala! Mamamanhikan ba s'ya? Charot!

"With my parents po" nasamid pa ako sa sariling laway dahil sa pamimilosopo ni I. Tangena amp!

"Where do your parents live?" Tanong ulit ni Miss.

"With me po" hindi ko na kinaya kaya napatawa ako ng malakas. Tinaasan naman s'ya ng kilay ni Miss.

"Where do you all live?" Mala

[Content truncated due to length]

SPECIAL I

-

"And that's the end of the story my little angels" malambing kong saad saka isinara ang libro na binasa.

"Mama" tawag ni Kaz sa akin saka kinalabit ang damit ko.

"Yes baby?" Sagot ko't binuhat s'ya at pinaupo sa lap ko.

"I want to have friends like CCB mama" nakangusong sabi ni Kaz at niyakap ako.

"Mama! I want to try pingpongballs" tawag naman ni Tory at umakyat sa couch upang tabihan kami ni Kaz.

Natawa ako dahil pingpongballs narin ang tawag n'ya sa kwek-kwek, jusko mana nga s'ya sa mommy.

"Me me me! I want blackmarbles!" sigaw naman ni Fosse sabay tabi nang laruan at umakyat din sa couch.

Yes guys! Tama kayo sa nabasa n'yo. I have 3 little angels, It's our triplets and they're already 6 years old. Kakatapos ko lang basahin sa kanila ang Favorite Girl which is story namin ni mommy nila.

Swerte ba naman namin at biniyayaan agad ng triplets, pero hindi madali ang pinagdaanan ko habang pinag-bubuntis ni pie ang tatlong 'to jusko.

"Mama mama! Where's the book 2?" ang cute ni Kaz, inaalog-alog ako kahit hindi n'ya naman ako maalog amp.

"There's no book 2 yet baby" nakangiting sagot ko at ginulo-gulo ang buhok n'ya. Ngumuso naman s'ya kaya napatawa ako.

"Gusto n'yo ba malaman ang dinanas ko nong nasa tummy palang kayo ni mommy?" Bungisngis na tanong ko sa kanila at bigla nalang lumawak ang ngiti sa kanilang mga labi.

"Yes yes! More story mama please. Favorite Girl is my favorite book na" excited na sabi ni Kaz at pumalakpak.

"But mama, you're such a chick magnet. No wonder Mom always smacks your head." humahagikhik na salita ni Tory.

"Mama I want to have girlfriends" napaubo ako bigla dahil sa sinabi ni Fosse and my eyes literally widen in shock. Goodness!

"Plural?" Taas kilay na tanong ni Tory.

"Well yeah?"diretsong sagot nito.

"Eww"

"Girlfriends like tita K tita A, tita I and tita R. What else do you think?" Maldita namang rebut ni Fosse sa kanya.

Nagbabardagulan sila samantalang itong si Kaz ay abala sa nilalantak na pudding at palipat-lipat lang ang tingin sa kanila.

Namana ata nilang dalawa ang kamalditahan ni pie tapos si Kaz naman ay sa akin, pero pagdating sa kalokohan ay sa akin silang tatlo nagmana shuta.

"Why are you two always fighting with each other?" saway ni Kaz sa kanilang dalawa.

"I don't know, we just seem to have constant arguments and disagreements." Mabilis na sagot ni Fosse.

"We aren't fighting, Kaz." Sagot naman ni Tory at marahan tinapik sa ulo ang kambal.

"Mama, I want to be like you when I grow up" sabi ni Fosse at niyakap ako.

"You meant, being a chick magnet?" malditang tanong ni Tory.

Sinubuan naman ako ni Kaz nang pudding kaya agad ko 'tong kinain habang tahimik lang kaming dalawa na nakikinig sa bardagulan ng mga kambal n'ya.

"I'm not playing games with you TORkey" Fosse said using her monotone voice. Yikes! pie's mini version.

"So what exactly do you want FOSsy?" Tory fired back with an eye-roll, crossing her arms.

Kaz chuckles softly saka ako sinubuan ulit nang pudding.

"Can you two please stop fighting? And by the way, Tory, have you packed everything?" Tanong ni Kaz sa kanya.

Ay pasukan na pala nila sa susunod na araw, at wala pa kaming nabibili na mga gamit. Nandito kasi kami sa bahay ng grandparents nila at bukas pa uwi namin sa bahay namin. Si pie naman ay nasa business trip at bukas din ang uwi n'ya.

"Umm that's something the maid should worry about, not me" she said then averted her gaze.

"You're such a spoiled brat Tory. Be responsible with your own things" sagot ni Fosse at inirapan ang kapatid.

Jusko mauubos dugo ko sa kanila, spokening dollar masyado mga anak ko at itong si pie naman grabe kung e spoiled ang mga anak namin. Ang daming maids tapos may PSG pa na kinuha para sa kanila.

"Mama, can I ask for permission?" Tanong ni Fosse.

"Permission to what baby?" Agad kong sagot at pinisil ang pisngi. Ang cute kasi ng mga mini version ni pie.

"To slap Tory"

"BAHAHAHAHAHAHA" Naloka 'tong si Kaz bigla nalang tatawa dahil sa sinabi ni Fosse.

"That's an unlawful aggression. It is an act or omission that is punishable by law and the penalty of slight physical injuries is arresto menor, which range from 1 to 30 days of imprisonment. Okay go, slap me Fossy" my mouth hang in awe when I heard Tory's statement. What the heck, at saan n'ya nalaman yan.

"BAHAHAAHAHAHAHA" langya si Kaz ang likot na dahil sa kakatawa.

"Shut up, Torkey. There is no imprisonment for children who are 9 years old and below," Fosse said, rolling her eyes and massaging her temple. Ayaw na ayaw niya kasi 'yung parang ina-outsmart siya.

Humagalpak ako ng tawa. Tangena, mukhang alam ko na kung anong course kukunin nila pag nag college na.

"BAHAHAHAHA mama they look like payaso" mangiyak-ngiyak na si Kaz kakatawa dahil sa kanilang dalawa.

"Excuse me!?" Both of their brows furrowed.

"What is payaso tho?" Naguguluhang tanong ni Tory.

Nakasandal lang ako sa couch at nakangiting pinagmamasdan silang tatlo.

"What a stupid question. Kaz is much better than you," she said in her cute, but cold voice. She was a perfect miniature version of Pixie.

"BAHAAHAHAHAHAHA" confirmed po talaga, may saltik din anak kong si Kaz tulad ko. Tatawanan lang ang sitwasyon pag may nag bardagulan.

"I'm not dumb!" Namumula na pisngi ni Tory sa inis, cute baby.

"I'm just stating the facts Torkey" Fosse raised a brow saka n'ya inikutan ng mata si Tory.

"Stop, stop! That's enough" saway na ni Kaz sa kanilang dalawa. Naks at tumigil nga ang dalawa sa pag babardagulan.

"Continue your story mama please?" Baling ni Kaz sa akin sabay nguso. Hmp cute naman nitong batang 'to.

Nginitian ko s'ya saka pinisil ang pisngi.

"Okay,"

FLASHBACK

"Jane"

Rinig kong tawag ni pie sa akin pero nanatiling nakapikit ang mga mata.

"Jane!"

Tapik n'ya sa pisngi ko pero hindi ko parin pinansin.

"Jane!"

Napabalikwas ako dahil sa malakas na sampal ni dragon! Langya.

"P-pie" sagot ko sa kanya habang hinihimas ang pisngi, sakit yawa.

"I'm craving" sagot nito saka sumandal sa headboard.

It's her first trimester of pregnancy kaya nagsisimula na s'ya mag crave ng mga pagkain. Bakit maghahanap pa ng iba kung pwede naman ako kainin,charot.

I checked my wrist watch at gage, 2am pa talaga s'ya nag crave ng mga kung ano man yang gusto n'ya lantakin.

"Okay, what food mommy?" Tanong ko habang nagkukusot ng mata.

"Whitemarbles" she mumbled.

"Okay blackmarbles"

SLAP

tangena, bakit na naman nananampal 'to!?

"I said white not black!" She exclaimed, bawal ma stress pag buntis.

"Oh oka-"

Sasagot na sana ako nang mapagtanto ang sinabi n'ya. Literal na napanganga ako. Saan ako maghahanap ng whitemarbles!?

"P-pie saan ako hahanap ng mga whitemarbles sa oras na 'to? Isa pa walang whitemarbles na pagkain" paliwanag ko sa kanya.

"Are you saying I'm wrong!?" Singhal niya. Oo mali ka, pero hindi ko naman pwede sabihin huhu.

"Pie naman, walang whitemarbles. Black lang po" sabi ko at ngumuso pero ang gaga sinamaan lang ako ng tingin.

"It's not my problem, go find a solution. Get out at wag kang babalik hanggat wala kang dalang whitemarbles!" Singhal n'ya at binato ang mukha ko nang unan, tangena.

Napakamot nalang ako ng ulo bago tumayo. Langya, saan ako hahanap n'yan!

"Oh and one more thing..." gaga meron pa?

I mentally slapped myself.

"Ano 'yon?"

"Twin grapes" sagot nito habang naka crossed arms pa. Langya, saan ako hahanap n'yan huhu.

"Are you serious?" I asked in disbelief.

"Shut up and leave. Whitemarbles and twin grapes!" sabi n'ya at mabilis na dinampot ang remote nang aircon saka itinapon sa pagmumukha ko. Buti nalang nakailag ako agad!

"W-whitemarbles and twin grapes right? O-okay mommy" kumaripas na ako ng takbo matapos kong sabihin 'yon at baka kung ano na naman ang itapon n'ya.

Tangena saan ako maghahanap ng mga cravings n'ya! Chat ko kaya ang mga bruha kong kaibigan, baka lang may alam sila.

CCB

SJ
Mga yawaaaaaa gumising kayo! Huhu please help!

KB
Gaga, mag sesend pa sana ako kung may gising pa. Hoy! Need ko rin help ?

RL
tangena same same! Kailangan ko rin ng mga tulong n'yo!

IRIS
Saan ako makakahanap nitong mga cravings ni mommy ko. ? Sarap na masyado nang tulog ko tapos bigla nalang ako sinipa sa kama!

AG
***?** Hindi pala ako nag-iisa, at lahat pala tayo nasipa.*

SJ
Ha!? So ginising din kayong apat dahil sa cravings ng mga asawa n'yo!? Tangena buti nga sa inyo sipa! Sa akin literal na sinampal at binato nang remote! ??

KB
Asan ka babe? Ano ba pinabili ni pixie?

SJ
WHITEMARBLES AND TWIN GRAPES! ?

RL
Hayop na whitemarbles yan HAHAHAHAHAHAHAHA.

AG
Meron bang gano'n?

IRIS
Saan ka maghahanap n'yan gaga hahaha.

SJ
Bakit ano ba sa inyo?

RL
Blue strawberry ?

KB
Red orange! ?

IRIS
Golden apple, tangena alam ko namang nag eexist 'yon pero hindi ko alam kung meron 'yon dito sa pinas! ?

AG
Twin pink strawberry ??

SJ
Tangena amp, naiiyak ako na natatawa sa sitwasyon natin. Magkita tayo sa park at sabay natin hanapin yang mga cravings nila, yawa. ??

Nagmadali na akong magmaneho patungong park dahil nga do'n kami magkikita. Sabay kaming mababaliw kakahanap nitong cravings ng mga asawa namin!

Una akong nakarating sa park since malapit lang naman 'to sa lugar ko. Hindi naman katagalan ay halos magkasabay lang din ang pagdating nilang apat.

"Hoy mga gaga!" Sigaw ko nong bumaba na sila ng mga sasakyan.

"Mga paksheeeyt! Nandito na naman po tayo at pinahirapan ng mga asawa hahaha" bunganga agad ni I.

"So, anong plano natin? A, ikaw ang doraemon ng CCB." Baling ko kay A nang mag kumpulan na kaming lima.

"What if we use food colouring? Safe naman 'yon sa mga buntis" Suggestion ni A.

"Tanga, safe for mommies but not to our babies. It can cause hyperactivity" sabay batok ni K kay A. Tangena, so anong gagawin namin!

"Kailan ka pa tumalino keybold?" Pang aasar naman ni I. Kita na nga n'ya problemado mang aasar pa e.

"Shit! Saan ako hahanap ng whitemarbles!" Napasabunot nalang ako ng ulo dahil mapapatay ako nj dragon pag walang whitemarbles!

"Langya naman, buti pa kayo madali lang sa inyo dahil nag eexist naman yang mga cravings ng mga asawa n'yo. E ako? Whitemarbles shit! Saan ko hahanapin yan" reklamo ko sa kanila. Ang mga gaga tinawanan lang ako

"Hmm what about the white boiled egg? Gawin natin 'yong bilog tapos itusok-tusok, diba? Whitemarbles na 'yon" singit na naman ni Kb, ay hala tanga hindi ko 'yon naisip ha.

"Ay hala pwede horsey!" Patalon-talon pa ako sa saya dahil naisip n'ya.

"Pero kailangan ko pa humanap ng mga twin grapes tangena"

"Don't worry, I tinawagan ko si dad, sabi ko sa kanya hanapin 'yong mga cravings ng demogons. Ang problema nalang ay yang whitemarbles mo" sagot ni I.

Hala wow, kailan pa sila tumino ni K? Infairness ha ang bilis nila umaksyon.

"Pero saan maghahanap si tito no'n? Wala naman sa pinas 'yong mga pinapahanap n'yo. Kaloka, golden apple, blue strawberry, pink twin strawberry at red orange. The heck bahahahaha" puro ako tawa akala mo talaga walang problema e, itawa nalang muna natin 'tong problema ko bago ako sakalin ni pie.

"Hindi ko alam, basta sabi ni Dad s'ya na ang bahala. Bigyan lang daw s'ya ng tatlong oras" sagot ni I.

Nagkatinginan nalang kaming lima at patango-tango, so kailangan pa namin mag hintay ng 3hrs.

"Later na natin gawin yang whitemarbles mo pag dumating na 'yong ipapadala ni Daddy" sabi ni I at tinapik ang balikat ko.

"Okay, so anong gagawin natin ngayon? Nganga?" Kunot noo kong tanong.

"Langya, walang laman utak ko. Hindi ko alam kung ano gagawin natin" sagot naman ni Kb at isinandal ang ulo sa braso ko.

Tapos bigla nalang tumalon-talon si Iris na parang tanga.

"Alam ko na! Tara tara, go karting tayo" bulaslas nito. Langya, seryoso ba s'ya?

"Tara tara!" Ang keyboard bigla nalang nabuhayan at nagtatalon na rin na parang bata.

Nagkatinginan nalang kaming tatlo ni R at A. Jusko, pero sabagay wala naman gagawin at 3hrs pa bago namin makukuha ang mga magical fruits na yan!

"Tara" sabi ko.

May tinawagan muna si I bago kami umalis, sabi n'ya sundan lang daw namin s'ya kaya sumunod narin kami at hindi naman ganon katagal ang binyahe namin at narating din kaagad ang lugar.

"Hala hala, dali dali!" Nauna pa nga ang R at K pumasok sa building.

Nagpaiwan muna saglit si I dahil kausap n'ya ata owner, feeling ko nagising 'yon dahil sa tawag ni I sa kanya hahaha, the heck naka pajamas lang kasi si 'yong lalaki.

"Tara karera tayo! Tatalunin ko kayo ha ha ha" naks yabang naman ni horsey namin.

"Sige game! Ang mahuli gagawin ang dare nong first okay?" Nakangising sagot naman ni R.

Natatawa ako dahil nagawa pa talaga namin maglaro sa sitwasyon namin ngayon. Samantalang 'yong mga asawa namin mamamatay na kakahintay ng mga pagkain nila.

Bigla nalang tumayo si R at napasigaw.

"Hala hala! Tumatawag asawa ko!" Natatarantang sabi n'ya at pinakita sa amin ang caller.

"Halaka gaga sagutin mo hahaha on speaker mo dali!" sagot ni I.

Agad naman nitong sinagot ang tawag.

"Rochelle love! Where's my blue strawberry!" Singhal agad ang sumalubong sa kanya.

"Pft" kami naman sa gilid ay nagpipigil ng mga tawa, mukha kasi ni R parang bibitayin na.

"A-ano naghahanap pa, uuwi rin ako agad pag nakahanap na ako okay?" Kabado n'yang sagot saka kami sinamaan ng tingin.

"Make sure it's blue" malamig na boses nito. Langya amp bahaha

"O-Oo blue" sagot ni R.

"Pambihira at binabaan ako ng tawag. Kaloka 'tong misis ko nakakatakot" pailing-iling n'yang sabi saka nagkamot ng ulo. Yikes, mas nakakatakot kaya dragon ko.

"Tara na, game na hoy!" Tawag ni kb sa amin at pumwesto na.

"Ready!"

"3...2...1...Go!"

"Hoy madaya kang unggoy ka! 2 palang nga umandar ka na!" Sigaw ni I.

Nangunguna si keybold kasunod naman si I at Ako, sa likod namin sila A at R.

"3 laps lang!" Sigaw ko sa kanila.

Kaloka 'tong si Iris mukhang lasing kung mag drive.

Last lap nalang at si keyboard parin ang nangunguna at malapit na s'ya sa finish line.

"Keyboooooooooold!" Sigaw ni I at mas binilisan ang takbo.

"Ahhhhh Omg!!"

Langya nagulat nalang kami nang biglang mas binilisan pa ni I ang takbo at binangga ang kart ni Kb. Literal na tumalsik at lumipad ang kart n'ya. Gaga paikot-ikot pa nga hahaha.

"HAHAHAHAHAHAHAA" tawananan naming apat dahil ang gaga, bumaliktad ang sinasakyan n'ya haha.

"Tangena n'yo tulungan n'yo 'ko hoy! Walaaaaa madaya kayo!" Sigaw n'ya nang lampasan lang namin s'ya.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHA" wala talaga pumansin sa kanya tinawanan lang din.

So ang nanalo ay si Iris at syempre ang natalo si keyboard. Kaloka maganda 'yong cheat ni I ha, bilib na talaga ako sa kanya.

"Hoy K, talo ka! Gawin mo ang dare ko" pang-aasar ni I at inakbayan ang monkey.

"Ulol walang dare na magaganap! Dinaya n'yo ako!" Ay galit na galit gusto manakit.

"Ayaw mo kb?" Sabi ni R.

"Ayaw" sabay irap n'ya kay R.

"Sige tawagan ko muna asawa mo, sabihin kong nag g-go karting ka lang instead na hanapin ang red orange n'ya" nakangising pagbabanta ni R. Hahaha nanlaki ang mga mata ni K nang aksyon na mag dial si R.

"Hayop ka! Oo na, gagawin ko na mga bwesit!" singhal nito at nag papadyak ng mga paa.

Ano kaya ipapagawa nito ni I sa kanya? hmmmm ang loka nakangisi ba naman na parang demonyo. Mukhang hindi maganda ang dare na yan ah.

"Okay keybold, pretend to be a dog peeing on a pole" napanganga ako sa dare ni I, wtf?

"HAHAHAHAHAHAHAHA" tawanan naman ng mga gaga.

"What the fuck? Sa daming pwede isipin bakit yan pa!?" Monkey exclaimed.

"Wala ka palang isang salita e, tsk sige na R tawagan mo na si-"

"Oo na, oo na! Punyeta" galit na sagot nito saka lumapit sa isang pole.

"Pwede pambabae na style?" Tanong ni K na ikinatawa ko narin, gage meron palang ganon?

"babae o lalaki same lang naman sila kung umihi hahahahaha" langya 'tong R kung makatawa wagas.

"Babae o lalaki same lang dog style yan" sabat ni A na ikinalakas ng tawa ko, tangena dog style amp bahaha.

"No, pee on the pole with one leg up K" seryosong sagot ni I.

"Omg, fuck you!" Kawawang kb, monkey na naging horsey tapos ngayon magiging doggy haha.

"Go kb! I'm ready" sabat naman ni Ag kaya napatingin kami sa kanya.

Hala ang gaga, oo nga ready na s'ya, ready na mag record sa gagawing kahihiyan ni keyboard.

"Bwesit naman Ag, kailangan pa ba talaga e record!?" Mainit na masyado ang ulo ni K, di halata ha haha.

"Oo, for future purposes only" agad na sagot n'ya.

"BAHAHAHAAHAHHAAHA" tangena natawa ako, gage bilis makarason ni Ag e.

Mukha ni kb namumula na e.
"Para ka namang just now keybold. Dali dali!" Tulak ni I sa kanya haha

So pumwesto na nga s'ya at squat sabay angat nang kaliwang paa n'ya amp bahahaha.

"Hoy lagyan mo tunog!" Utos ni I. Tangena tunog pa nga.

"Let's watch her spirited peeing performance. Amen" sabi ni R na parang nagdasal pa nga, ugh bwesit ang lakas ng tawa ko dahil sa sinabi n'ya.

"HAHAHAHAHAHAHAHA" tangena amp.

Sobrang pula na ni keyboard, pinapatay na nga ata n'ya si Iris sa isipan dahil sa mga tinginan n'ya kay I. Tawa parin kami ng tawa habang nakaangat na ang isang paa nito.

"Psss...psss...psss" sambit ni K.

"HAHAHAHAHAHAHAHAHAHA"

"HAHAHAHAHAHA" si Ag hindi na kinaya at napamura nalang habang ni rerecord si kb.

"Wooooo! Well done, well done!" Puri naman ni I sa kanya at nilapitan si K.

"Good job, good job K" si R na napaupo pa nga dahil sa kakatawa.

"Sayang walang audience BAHAHAHAHAHAHA" singit ko naman kaya sinamaan narin ako ng tingin ni K haha.

"Tangena n'yo!" Singhal nito sa amin at pinag-sasampal kami yawa hahaha.

"Hoy masakit sampal mo ha!" Pinigilan na ni I si K dahil mukhang sasampalin pa s'ya ulit e.

Pero immune na ata ako sa sampal na yan, wala akong naramdamang sakit. Galing kasi mag train ni dragon sa pisngi ko e.

Nagpatuloy lang kami sa pag go-go karting hanggang sa may natanggap ng tawag si I galing kay Tito at pinapapunta kami sa bahay nila. Nagmadali narin kaming umalis dahil anong oras na! Malapit na mag sunrise jusko po.

Sinalubong naman kami ni tito pagdating namin sa bahay nila. Thanks God dahil meron nga s'yang nahanap na mga magical fruits at ang whitemarbles nalang ang problema ko.

"Hoy Sj, halika na rito at gagawa na tayo ng mga whitemarbles" tawag ni I

So nagluto nga kami ng mga boiled egg gaya nong suhestiyon ni keybold, at ginagawang hugis bilog saka tinusok-tusok sa mga stick.

"Malalaman kaya ni Pie na fake whitemarbles yan?" Tanong ni R sa akin habang abala sa kakatusok amp.

"Ipanalangin mo nalang ako" sagot ko.

"Sige"

"Hoy okay na 'to, medyo marami na oh" sabi naman ni kb at tinuro ang mga natapos namin.

Ba't bigla akong kinabahan huhu.

"Oo, okay na yan" sabi ni A.

"Tara na, malapit na mag 6am jusko antok na antok na ako" reklamo ni I.

Inayos na namin ang mga gamit at nagpaalam sa isa't isa. Pinaharorot ko ang sasakyan at mas binilisan ang takbo. Nang makarating sa bahay ay dali-dali akong bumaba. Pipihitin ko na sana ang pinto papasok kaso bigla nalang itong bumukas at ang madilim na mukha ni pie ang bumungad huhu.

"P-pie, good morning?" Pakla kong ngiti, gage nakakatakot si mommy.

"What took you so long?" Malamig na tugon nito. Yikes!

"N-nahirapan kasi ako sa paghahanap" sige galingan mo lang Sj.

Tinaasan lang ako ng kilay.
"Really?" Gulped.

"Y-yes, nandito na nga oh dala ko na" sagot ko at ipinakita ang plastic na pinaglagyan ko.

"Okay good" sabi n'ya at tinalikuran na ako.

Dumiretso ako sa kitchen para hugasan muna ang mga twin grapes n'ya, hays jusko puro nga twin grapes ang nilagay ni tito. Commended!

"Mommy" tawag ko ng makapasok na ako sa kwarto namin.

"Here" sambit ko at inilapag ang bed tray.

Kinabahan ako dahil una n'ya kinuha ang whitemarbles kuno at kinain! Napalunok ako dahil bigla nalang kumunot ang kanyang noo huhu.

"Jane" tangena, tono palang ay alam ko na.

"P-pie?"

"Are you kidding me? I said whitemarbles not an egg!" Shit, napapikit ako dahil sa lakas ng sigaw n'ya tangena.

"Wala talagang whitemarbles pie, iba nalang please?" I pleaded. Saan naman kasing lupalop ng mundo makakahanap n'yan!

Tapos bigla nalang s'ya tumayo at mabilis na pumasok sa banyo. Sinundan ko s'ya at nakitang nagsusuka si mommy kaya marahan kong hinagod ang likod n'ya.

-

Walang araw na hindi tinopak si mommy. May mga gabi na ayaw n'ya akong makita, makasama sa pagtulog at mas lalong naiirita daw s'ya sa tuwing nakikita ang pagmumukha ko.

"Pie, sabi ko naman sayo wag na sumama e" malambing na sabi ko sa kanya.

Dumiretso kasi kami sa mall para mag grocery, malaki na kasi ang tiyan ni mommy at triplets anak namin kaya alam kong medyo hirap s'ya maglakad. Malapit na due date n'ya.

"For what? Para makahanap ka ng malalandi rito?" Langya ayan na naman s'ya, sinasabi ko na nga ba huhu.

"M-mommy naman, worried lang ako sayo at sa triplets natin. Alam mo naman na mahal na mahal ko kayo" paliwanag ko at hinawakan ang bewang n'ya upang alalayan.

"Dito ka nalang sa waiting area pie please?" Sabi ko sa kanya pero ang gaga hindi ako pinansin.

Nagulat ako ng alisin ang kamay ko sa bewang n'ya at may nilapitan na babae.

"Stop looking at my wife" my jaw literally dropped dahil ang gaga bigla nalang inaway ang stranger.

"P-pie" tawag ko at nilapitan s'ya pero tinapunan lang ako ng sobrang sama na tingin, huhu ano na naman nagawa ko.

"Move, don't block my way" utos n'ya sa babae na tulaley sa harapan namin.

Nakakatakot nga naman si pie at kahit ako nga na asawa ay takot parin sa kanya, stranger pa kaya. Kumaripas ba naman ng takbo ang babae na inaway n'ya.

"See? Gusto mo lang pumunta rito to flirt!" Napanganga nalang ako sa sinabi n'ya, tangena ano raw?

"Pie naman, anong flirt sinasabi mo at wala nga akong ginagawa" sabi ko at hinawakan ang kamay n'ya pero ang gaga tinabig lang ito.

"Shut up and wear this!" she said irritatedly at may bigla nalang na tinapon sa mukha ko.

Napatutop nalang ako ng bibig dahil sa gusto n'yang ipagawa sa akin at saan n'ya nakuha ang bonnet mask na 'to?!

"Nabuntis lang ako ay gusto mo na maghanap ulit ng iba" Napatulala nalang talaga ako dahil sa mga false accusations n'ya.

Nataranta ako nang makita na umiiyak na pala si mommy, tangena! Bawal ma stress ang buntis!

"M-mommy don't cry. Hala wag ka nga umiyak, makakasama yan sayo at sa babies natin" sabi ko at pinunasan ang mga luha ni dragon.

"Tara na, uwi nalang tayo okay? utusan nalang natin ang maid mo pag-uwi" malambing kong bulong sa kanya at tumango naman s'ya.

Dinaig pa talaga ni mommy ang switch button dahil sa sobrang bilis n'ya mag switch mood.

-

"SHARA JANEEEE!"

Abala ako sa pagluluto nang bigla nalang sumigaw si mommy mula sa second floor kaya nataranta ako.

"Pieeeeee" tawag ko habang tumatakbo papuntang kwarto.

Kinabahan ako nang makita na nanunubig ang paanan n'ya.

"P-pie, bakit d'yan ka umihi. Teka lang linisi-" Sabi ko at nilapitan s'ya pero sinampal ako.

"Fuck you! Manganganak na ako!" Nanlaki ang mga mata ko dahil sa sigaw n'ya.

Mas lalo akong nanginig at nataranda. Hindi ko alam ang gagawin, na blangko bigla utak ko.

"S-shit shit... What to doo ahhh... Hindi ko alam paano magpaanak mommy" mangiyak-ngiyak na saad ko.

"Oh my gosh! Call my OB doctor and bring me to the hospital. You stupid! Singhal n'ya, tangena ou nga pala bobo ko shit.

Kinuha ko agad ang susi ng sasakyan at marahan na binuhat s'ya. Nang mapasok ko na s'ya sa kotse ay agad kong tinawagan ang doctor n'ya upang sabihin na manganganak na si mommy. I also called our parents and friends.

Napansin ko na nahihirapan na ata si pie. Langya nakakatakot pala mabuntis.

Mabilis kong pinaharorot ang sasakyan, mabuti nalang walang traffic at nakarating din kami agad sa hospital.

Kanina pa ako pabalik-balik ng lakad habang nasa labas ng delivery room. Kinakabahan ako, sana lang ay walang mangyari sa mag-ina ko.

"Babe!"

Napalingon ako sa tumawag, ang mga kaibigan ko pala at kasabay lang nila dumating parents namin ni pie.

"Baby" sabi ni mommy at niyakap ako.

"Nasa delivery room na po si pie mom" sabi ko sa kanya.

"Kinakabahan ako" sabi ko.

"Wag ka kabahan anak, magiging ligtas sila" sabi naman ni Mommy Irene at tinapik ang likod ko.

"I want my wife here now!" Rinig naming sigaw ni pie mula sa loob.

"Call my fucking wife!" Langya nagwawala ang dragon.

"Hala sj hoy, tawag ka ni pie" sabi ni R.

"Are you deaf!? I need my wife!" Frustrated na siguro mga tao sa loob ngayon, feel ko lang.

Bigla bumukas ang pintuan...
"Ma'am kailangan ka po sa loob ngayon na" natatarantang saad ni doc.

Pagpasok ko sa loob ay nakita ko na nahihirapan na si pie kaya agad ko s'yang nilapitan.

"Pie"

Slap

Yawa huhu, sinapak ako sa ulo.

"What took you so long!" galit na galit si mommy, bakit kasalanan ko pa huhu.

Nag instruct na si doc sa gagawin ni pie.

"Pie push...push..." Habang ginagawa n'ya ay sinasabayan ko s'ya.

Bigla n'ya nalang hinablot ang kamay ko at kinagad ng sobrang lakas. Napangiwi ako sa sobrang sakit at feeling ko bumaom ngipin n'ya, yawa sobrang sakit pero okay lang. Wala pa sa kalahati 'tong nararamdaman ko kumpara sa kalagayan n'ya ngayon.

"Baa, baa, black sheep,
Have you any wool?" Idinaan ko nalang sa kanya ang lahat.

"Yes sir, yes sir,
Three bags full.
One for the master,
One for the dame" tinawanan ba naman ako ng mga nurse, siraulo mga 'to.

Habang kumakanta ay abala naman ako sa pagpahid ng mga nangingilid na luha ni pie.

"And one for the little boy
Who lives down the lane"

Slap

Ilang sampal pa ba matatanggap ko today huhu. Pero okay lang, si mommy naman yan.

"Mommy, kaya mo yan. You're a strong woman at magiging mommy na ng mga anak natin" malambing na bulong ko sa kanya.

Napalingon ako nang marinig ang iyak ng isang bata. Shit shit! Finally, our first born baby! Naiyak ako sa sobrang tuwa, mabilis na binalingan si pie at hinalikan sa noo.

"Mommyyyy pieeeee" masayang tawag ko sa kanya.

"Hindi pa po tayo tapos, Mrs. Ponferrada" sabi ni doc. Ay oo nga pala triplets anak namin.

"Aray aray huhu" napangiwi ako dahil sa pagkagat ulit ni pie sa braso ko but this time ay pati na buhok ko sinabunutan n'ya.

"Sige lang pie, patuloy mo lang yan. Don't mind me" sabi ko sa kanya.

Lumabas ang ikalawang anak namin at sinundan agad nang ikatlo. Si pie na sobrang nanghihina ngayon.

"Pwede po ba mahagkan anak ko?" Sabi ko kay doc.

"J" tawag nito sa akin.

"Mommy congratulations, you did well pie at sobrang ganda nilang tatlo. Mana sayo" I said while crying.

"Pie, pwede ba ako magpangalan sa kanila?" Nakangiting tanong ko sa kanya at tumango naman s'ya.

"Ahhh our first born will be Fosse Acre Ponferrada, second is Tory Hattie Ponferrada and lastly, our beloved Kaz Rylee Ponferrada"

"What a beautiful names Mrs. Ponferrada and congratulations"

"Ganda po ma'am ang unique ng mga pangalan"

"Congratulations po ma'am"

Mga nakangiting bati nila doc. Nagpalakpakan naman sila dahil sa naging successful ang panganganak ni mommy.

"Thank you so much po" pasasalamat ko sa kanilang lahat.

Tangena ang saya ko pero wala na atang mas sasaya pa sa akin kundi si pie, na ngayon ay malawak ang ngiting hinahagkan ang dalawa pa naming anak at tahimik na umiiyak.

"Thank you, Mommy. I am incredibly proud of you for overcoming the challenges and successfully bringing our beautiful triplets into this world. I love you." Bulong ko sa kanya at dinampian ng halik ang kanyang labi.

Si Mommy nahimatay nalang bigla...

END OF FLASHBACK

"BAHAHAHAHAHAHA poor mama" oh diba? Tinawanan lang ako nitong anak kong si Kaz.

"What is go karting mama?" Tanong ni Fosse

"It's a four wheeled vehicle. A sports of racing" sagot naman ni Tory sa kanya.

"Did I ask your opinion?" Pagtataray na naman ni Fosse sa kambal n'ya.

"Then why did you listen? No one told you to listen" Rebut naman ni Tory.

"BAHAHAHAAHAHA" sino pa ba tumatawa? syempre si Kaz.

"As far as I know dogs don't ask, they listen" awtomatikong napalingon ako kay Fosse. I'm too stunned sa sinabi nito kay Tory.

P.U

CRAZY CHAOTIC BESTFRIENDS

-

SHARA JANE (S)

ROCHELLE LOVE (R)

KRYSTAL BERN (K)

IRIS (I)

AXEL GRACE (A)

DONITA (D)

HEAVEN (H)

TANVI (T)

LOUIS (L)

MADDYN (M)

NADDYN (N)

CADDIE (C)

FAWN (F)

-

-

-

DEMOGONS

PIXIE PONFERRADA

KATHLYN PONFERRADA

EVERLEIGH PONFERRADA

LORELEI PONFERRADA

ZIALLYN PONFERRADA

(? ³?)?